Komentaryo sa aklat ni

Marcos

2025 Edisyon

Dr. Thomas L. Constable

Pambungad

PAMAGAT

> "Ang pamagat na 'Ayon kay Marcos' (*kata Markon*), ay maaaring idinagdag noong ang tinaguriang mga kanonikal na ebanghelyo ay sama-samang tinipon at kinailangan na makilala at bigyang pagkakaiba sa isa't isa; gaya ang bersyon ni Marcos kumpara sa iba pang aklat ng Ebanghelyo. Pinaniniwalaan na ang pamagat na makikita sa mga aklat ng Ebanghelyo ay inilagay lamang noong ikalawang siglo, bagamat maaring sa mas maaga pang panahon ito ginawa. Gayunpaman, tiyak nating masasabi na sa taong A.D. 125 o sa kalapit na mga taon nito, mayroon ng pananaw sa sinaunang Iglesia na nagsasabing ang may-akda, na ang pangalan ay Marcos, ang siyang sumulat sa ikalawang aklat ng Ebanghelyo."[1]

MANUNULAT

Kapansin-pansin na hindi ipinakilala ni Marcos ang kanyang sarili sa anumang bahagi ng kanyang Ebanghelyong aklat.[2] Ganito rin ang katangiang makikita natin sa iba pang mga aklat ng Ebanghelyo – yun ay, sa apat na aklat ng Ebanghelyo.

Gayunpaman, marami tayong matatagpuan na mga pangungusap mula sa mga tinaguriang sinaunang 'church fathers', na kung saan kanilang tinutukoy si "Juan Marcos" na siyang may-akda ng aklat na ito. Ang taong ito ay madalas na nababanggit sa Bagong

[1]Donald A. Carson at Douglas J. Moo, *An Introduction to the New Testament*, p. 172. Tingnan ang ibid, pp. 726-43 para sa maiksing diskusyon hinggil sa pagkakabuo ng tinatawag na 'canon' ng Bagong Tipan.

[2]Sa komentaryong ito, kapag inilagay ko sa capital na letra ang salitang "Ebanghelyo," ang tinutukoy ko ay ang isang aklat sa Biblia sa Bagong Tipan. Samantala, kapag nasa maliit na letra lamang ang "ebanghelyo," ang aking tinutukoy ay ang mensahe ng ebanghelyo.

Karapatang-ari ©2025 ni Thomas L. Constable

Tipan. Tingnan mo ang mga talatang ito: Gawa 12:12, 25; 13:5, 13; 15:36-39; Col. 4:10; Filemon. 24; 2 Tim. 4:11; 1 Pet. 5:13; atbp.

Ang pinakaunang reperensiya para sa pagiging may-akda ni Marcos ay matatagpuan sa aklat ni Eusebius, na sa Ingles ay pinamagatang *Ecclesiastical History* (ca. A.D. 326).[1] Dito ay sinipi ni Eusebius ang isinulat ni Papius mula sa aklat nito, na sa wikang Ingles ay pinamagatang *Exegesis of the Lord's Oracles* (ca. A.D. 140). Ang aklat na ito ay hindi na natagpuan. Si Papius ay binanggit na "ang Matanda," (o Elder) na maaaring tumutukoy kay Apostol Juan. Ayon kay Papius, sinabi raw ni Apostol Juan na ang aklat na ito ng Ebanghelyo ay isinulat ni Marcos, bagamat hindi siya kabilang sa mga disipulo ni Jesus at hindi nakasaksi sa Kanyang ministeryo. Gayunma'y siya'y naging kasa-kasama ni Apostol Pedro sa ministeryo at nakapakinig sa kanyang mga turo at pangangaral. Ibinatay niya ang pagkakasulat ng kanyang Ebanghelyo ayon sa patotoo ng mga saksi at ayon sa patotoo mismo ni Apostol Pedro.

Hindi isinulat ni Marcos ang kanyang Ebanghelyo sa paraang may pagkakasunod-sunod, yun ay, ito man ay sa paraang kronolohikal,[2] retorikal at artistiko.[3] Gayunpaman, maingat at tumpak niyang itinala ang mga bagay na naalala ni Apostol Pedro tungkol sa mga sinabi at ginawa ni Jesus. Marahil ay itinuring ni Marcos ang kanyang sarili na isang tagapagpaliwanag (interpreter) ng mga alaala at pagbabalik-tanaw ni Apostol Pedro.[4] Maaaring ito ang ibig sabihin ng nabanggit nating "Matanda" (Elder), nang sinabi niya na itinala ni Marcos ang mga katuruan ni Pedro para sa Iglesia; na kung saan ang pagtatala nito ay hindi kinakailangang pagsusulat ng bawat salita.[5] Ang mahalaga, ayon sa "Matanda," ang aklat na isinulat ni Marcos ay ganap na mapagkakatiwalaan.

Ang isa pang mahalagang pinagkukunan ng tradisyon na si Marcos ang siyang sumulat ng Ebanghelyong aklat na ito ay yaong tinatawag na Anti-Marcionite Prologue para sa aklat ng Marcos (A.D. 160-180). Dito ay sinasabi na tinanggap raw ni Marcos ang kanyang impormasyon mula kay Pedro. Dagdag pa rito, nabanggit rin sa aklat na ito na nagsimulang magsulat si Marcos matapos mamatay si Pedro at isinulat niya ang kanyang Ebanghelyong aklat noong siya ay nasa Italya.[6] Gayunpaman, si Irenaeus (ca. A.D. 180-185), isa ring sinaunang church father, ay nagsabi na si Marcos ay nagsimulang magsulat

---

[1]Eusebius, *The Ecclesiastical History of Eusebius Pamphilus*, 2:15:64-65, 3:39:124-27.

[2]Martin Hengel, "Literary, Theological, and Historical Problems in the Gospel of Mark," ito'y mababasa sa aklat na *Studies in the Gospel of Mark*, p. 48.

[3]Robert A. Guelich, *Mark 1—8:26*, p. xxvii.

[4]Eusebius, 3:39:127.

[5]Richard C. H. Lenski, *The Interpretation of St. Mark's Gospel*, p. 12.

[6]Tingnan ang pag-aaral ni F. F. Bruce, *The Spreading Flame*, p. 139, footnote 1..

matapos na sina Pedro at Pablo ay namatay.[1] Samantala, ang iba pang mga sinaunang tradisyong dokumento na nagpapatotoo sa pagiging may-akda ni Marcos ay matatagpuan sa patotoo nina Justin Martyr (ca. A.D. 150-160), Clement ng Alexandria (ca. A.D. 195), Tertullian (ca. A.D. 200), mula sa Muratorian Canon (ca. A.D. 200), at mula kay Origen (ca. A.D. 230). Ang petsa ng mga testimonyang ito ay nagmula sa huling bahagi ng ikalawang siglo. Dagdag pa, ang mga ito ay nagmula sa tatlong magkakaibang sentro ng sinaunang Kristyanismo: mula sa Asia Minor (na sa kasalukuyan ay ang kanlurang Turkey), sa Roma (sa Italya), at sa Alexandria (doon sa Ehipto). Kaya nga, lahat ng eksternal na mga ebidensyang ito ay matibay na nagpapatunay na si Marcos ang sumulat ng Ebanghelyong aklat na ito.

Kapansin-pansin na si Marcos ay kamag-anak ni Barnabas, at siya'y nakasama nina Barnabas at Pablo sa kanilang unang misyonerong paglalakbay. Subalit di nagtagal, iniwan niya ang mga apostol na ito nang sila'y nakarating na sa Perga (Gawa 13:13). Subalit sa paglipas ng panahon, si Marcos ay naging kapakipakinabang kay Pablo noong ito ay ikalawang beses na nabilanggo sa Roma (2 Tim. 4:11). Siya rin ang naging kasama ni Pedro noong ito ay nasa Roma (1 Ped. 5:13). Ang totoo niyan, inilarawan ni Pedro si Marcos bilang kanyang "anak," o ang kanyang 'protégé.'[2] Ayon kay Eusebius, si Marcos ang siyang "unang naging sugo tungo sa Ehipto, ang nangaral ng ebanghelyo roon na kanya mismong isinulat, at ang unang nakapagtatag ng mga simbahan sa lungsod ng Alexandria."[3]

Malabong tanggapin ng sinaunang Iglesia ang Ebanghelyong aklat na ito bilang awtoratibo libang kumbinsado sila na si Marcos ang sumulat nito. Sa aklat ng mga Gawa ay tila may ipinakitang espesyal na interes si Lukas kay Juan Marcos, hindi dahil sa naging dahilan ito ng paghihiwalay nina Pablo at Barnabas (Gawa 15:37-39), kundi dahil sa sumulat rin ito ng isang Ebanghelyong aklat.[4]

> "Mahahalata na si Marcos ay isang karismatikong guro at ebanghelista na may angking husay… Ang maingat na pagbabasa sa kanyang Ebanghelyong aklat ay magpapakita na siya'y isang dalubhasang theologian na hindi nakalimot sa kanyang mahalaga at pangunahing

---

[1]Irenaeus, *Against Heresies*, 3:1:2.

[2]Para sa pagkukumpara ng talumpati ni Pedro sa Gawa 10:36-40 at sa istraktura ng Ebanghelyo ayon kay Marcos, tingnan ang pag-aaral nina Carson at Moo, p. 193.

[3]Eusebius, 2:16:65.

[4]A. E. J. Rawlinson, *The Gospel According to St. Mark*, p. xxxi.

layunin na palakasin ang bayan ng Diyos sa panahon ng matinding pag-uusig."[1]

PETSA

Kung tama ang mga patotoo na nakasaad sa Anti-Marcionite Prologue at sa sinabi ni Irenaeus, isinulat ni Marcos ang kanyang Ebanghelyong aklat matapos ang kamatayan nina Pedro at Pablo. Itinuturing na ang petsa ng kamatayan ni Pedro bilang isang martir sa Roma ay nasa pagitan ng taong A.D. 64 at 67. Samantala, si Pablo naman ay namatay rin sa gayong lugar bilang isang martir sa taong A.D. 67 o kaya'y A.D. 68. Subalit, para kina Clement ng Alexandria at Origen, ang komposition ng aklat na ito ay noong nabubuhay pa si Pedro. Ibig sabihin, maaring nagsimulang magsulat si Marcos sa panahong malapit ng mamatay si Pedro. Marahil, sinimulang sulatin ni Marcos ang kanyang Ebanghelyong aklat sa huling mga taon ng buhay ni Pedro sa Roma at tinapos ito matapos ang kamatayan ni Pedro.

Ang pinakamalapit na petsa na naisulat ni Marcos ang kanyang Ebanghelyong aklat ay maaaring noong A.D. 70, kung saan sinakop ni Tito ang Jerusalem. Subalit para sa mga iskolar, yamang walang nabanggit ang mga may akda ng Ebanghelyong aklat tungkol sa pananakop na iyon, na kung tutuusin ay katuparan ng isang propesiya, lumalabas lang na isinulat nila ang kanilang mga Ebanghelyong aklat bago maganap ang pananakop. Sa madaling salita, kung bubuorin natin ang lahat ng mga ito, maaaring isinulat ni Marcos ang kanyang Ebanghelyong aklat sa pagitan ng taong A.D. 63 at 70.

PINAGMULAN AT DESTINASYON

Karamihan sa mga sinaunang tradisyong Kristyano ay nagsasabi na isinulat ni Marcos ang kanyang Ebanghelyong aklat sa Italya, partikular sa Roma.[2] Ang eksternal na ebidensiyang ito ay pinagtitibay mismo ng internal o panloob na ebidensiya na matatagpuan sa aklat ni Marcos. Maraming mga indikasyon o puntos sa teksto na kung saan ipinapakita na ang Ebanghelyo ni Marcos ay isinulat para sa mga mambabasang Hentil, partikular ang mga Romano. Isang patunay rito ay ang ginawa niyang pagpapaliwanag sa mga kaugaliang Judio na hindi mauunawaan ng mga mambabasang Hentil kung hindi niya binigyang linaw (tingnan ang 7:2-4; 15:42). Isinalin niya rin ang mga salitang Aramaiko na hindi pamilyar sa mga Hentil (3:17; 5:41; 7:11, 34; 15:22). At

[1]William L. Lane, *The Gospel according to Mark*, p. 23.

[2]Sina Irenaeus, at Clement ng Alexandria.

kumpara sa aklat ng Mateo at Lukas, maraming ginamit na mga salitang Latin si Marcos na pahiwatig mismo ng impluwensiyang Romano. Subalit, may ilang mga mag-aaral ng aklat na ito na naniniwala na isinulat ni Marcos ang kanyang aklat mula sa Palestina.[1]

Kapansin-pansin na nagbigay ng espesyal na pansin si Marcos sa paksa ng pag-uusig at pagka martir, na maaaring espesyal na interes rin ng mga mambabasang Romano na kanyang sinulatan (tingnan ang 8:34-38; 13:9-13). Ang mga Kristyano kung gayon na nasa lugar ng Roma at sa iba pang nasasakupan ng emperyo ay dumaraan sa matinding pag-uusig, lalo na noong ipinag-utos ni Nero noong A.D. 65 na ipapatay ang lahat ng mga Kristyano. Para sa mga Romano, ang kamatayan sa krus ay sapat na upang balewalain si Jesus at alisin sa kalagayan bilang isang Tagapagligtas. Ngunit binigyang pansin ni Marcos sa kanyang aklat na hindi nararapat si Jesus sa gayong uri ng parusa at kamatayan.[2] Sa kahuli-hulihan, ang naunang sirkulasyon at malawakang pagtanggap sa Ebanghelyong aklat na ito sa lipunang Kristyano ay nagpapahiwatig na ito ay nagmula at napunta sa isang makapangyarihan at maimpluwensiyang simbahan.[3]

> "Ang Mateo ay isinulat para sa relihiyosong tao. Ang Marcos ay isinulat para sa makapangyarihang tao. Ang Lukas ay isinulat para sa mapag-isip na tao. Ang Juan ay isinulat para sa makasalanang tao na nangangailangan ng kaligtasan."[4]

KATANGIAN

Nakakatawag pansin na gumamit lang si Marcos ng limitadong mga bokabularyo sa pagsusulat niya ng kanyang Ebanghelyong aklat. Halimbawa, gumamit lamang siya ng halos 80 mga salita na hindi matatagpuan sa wikang Griego ng Bagong Tipan, kumpara kay Lukas na gumamit ng 250 mga salita. Dagdag pa rito, isa pang natatanging katangian ng aklat ni Marcos ay ang kanyang pagkahilig sa transliterasyon ng mga katagang Latin tungo sa Griego (gaya ng, *centurio* [15:39], *quadrans* [12:42], *flagellare* [15:15], *speculator* [6:27], *census* [12:42], *sextarius* [7:4], at *praetorium* [15:6]).[5] Subalit naimpluwensiyahan ng wikang Aramaiko ang wikang Griego ni Marcos, marahil ay dahil sa Aramaiko ang karaniwang paraan ng pagsasalita ni Pedro. At dahil rito, kumpara sa iba pang may-akda ng mga aklat ng Ebanghelyo, si Marcos ang siyang kababasahan ng

---

[1]Sa pananaw ni J. Sidlow Baxter, *Explore the Book*, 5:221.

[2]Robert H. Gundry, *Mark*, p. 1045.

[3]Walter W. Wessel, "Mark," in *Matthew-Luke*, vol. 8 of *The Expositor's Bible Commentary*, p. 609.

[4]J. Vernon McGee, *Thru the Bible with J. Vernon McGee*, 4:163.

[5]A. T. Robertson, *Word Pictures in the New Testament*, 1:250.

malimit na paggamit ng Aramaiko (gaya ng, *boanerges* [3:17], *talitha cumi* [5:41], *korban* [7:11], *ephphatha* [7:34], at *abba* [14:36]).[1] Maaaring si Marcos ay katutubong nakapagsasalita ng wikang Aramaiko yamang siya ay lumaki sa Israel. Maaaring isinalin niya sa wikang Griego ang mga kwento at salaysay ni Pedro sa wikang Aramaiko.[2] Ngunit dahil rito, minsan ay mapapansin na ang kanyang pagkakasalin sa wikang Griego ay hindi ganun kapino at alinsunod sa gramatika ng Griego, kumpara sa istilo ng mahusay na pagsusulat ni Lukas. Gayunpaman, ang istilo ng pagsusulat ni Marcos ay kakikitaan at kadadamhan ng kasariwaan, kapangyarihan, at kasiglahan. Ito ay dulot ng kanyang madalas na paggamit ng tinaguriang 'historical present tense,' na kung saan ang mga aksyon ay tila nangyayari ng sabay-sabay.[3] Halata itong makikita sa kanyang madalas (41 na ulit) na paggamit ng salitang pang-abay sa Griego na *euthys*, na karaniwang isinasalin sa Tagalog na "pagkatapos" at sa Ingles ay "immediately"[4] Bunga nito, kapag babasahin mo ang aklat ni Marcos para bang nakikinig ka sa ulat ng isang reporter o tagapagbalita na nakasaksi sa mga naganap na pangyayari.[5]

> "Bagamat ang mangangaral na si D.L Moody ay mas higit na natuon sa pangangaral kaysa sa ministeryo ng pagsusulat, maituturing na siya ang modernong katumbas ni Marcos sa larangan ng pagbabahagi ng ebanghelyo. Ang pananalita ni Moody sa wikang Ingles ay hindi ganun kahusay at may mga pagkakataon na ang kanyang mga pangungusap ay hindi pasado sa gramatikang panlasa ng kanyang mga edukadong tagapakinig. Gayunpaman, ang ganitong kahinaan niya ay hindi kaylanman nakahadlang para maipahayag niya ng mabisa ang ebanghelyo. Sa ganito ring paraan, ang mga literaryong kahinaan ni Marcos ay hindi naging hadlang upang mabisa niyang maipahayag ang ebanghelyo, sa halip naisalaysay niya ng mahusay ang buhay at ministeryo ni Jesus."[6]
>
> "Ipinapakita ng ebidensiya na si Marcos ay hindi isang malikhaing manunulat; hindi siya mabulaklaking mangusap kundi tuwiran at walang

---

[1]Ibid.

[2]Mula sa sinabi ni Baxter, 5:220.

[3]Tingnan ang ibid., 5:202-3, for many examples.

[4]Makikita ito sa pag-aaral ni Rodney J. Decker, "The Use of *euthys* ('immediately') in Mark," *Journal of Ministry and Theology* 1:1 (Spring 1997):90-121.

[5]Tingnan ang pag-aaral ni Vincent Taylor, *The Gospel According to St. Mark*, pp. 44-54, lalo't tungkol bokabularyo, syntax, at istilo ni Marcos.

[6]David K. Lowery, "A Theology of Mark," ito'y matatagpuan sa *A Biblical Theology of the New Testament*, p. 67.

> paligoy-ligoy sa pagkwekwento at napakasigasig sa pag-uugnay ng mga kaganapan."[1]

Tuwiran ang pakikipag-usap ni Marcos sa kanyang mga mambabasa (e.g., 2:10; 7:19), sa pamamagitan ng mga salita ni Jesus (e.g., 13:37), at gamit ang mga retorikong katanungan na direktang ukol sa kanila (e.g., 4:41). Ang ganitong pamamaraan ay nagbibigay sa mga mambabasa ng pakiramdam na sila'y may interaksyon at personal na ugnayan rin sa kwento. Naihahatid nito ang puso at isipan ng mambabasa na tumugon rin sa diwa at tinutumbok ng kwento. At dito sa aklat, partikular na naisin ni Marcos na sumampalataya ang kanyang mga mambabasa na si Jesus ang Messias at ang Anak ng Diyos na Siyang karapat-dapat ng kanilang pagsunod.

Sa historikal na punto, maraming mga naitalang mga tampok na detalye si Marcos na tanging ang mga nakasaksi sa gayong mga pangyayari ang siyang may kakayahan na makapagsalaysay nito, na siyempre kanyang nakuha kay Pedro (gaya ng matatagpuan sa mga talatang ito: 1:27, 41, 43; 2:12; 3:5; 7:34; 9:5-6, 10; 10:24, 32). Sa Ebanghelyong aklat na ito, binigyang diin ni Marcos ang mga kilos at gawa ni Jesus at pinatingkad ang pagbibigay pansin sa kanyang mga ginawang himala. Nagtala si Marcos ng 20 mga himala ni Jesus.[2] Kung ikukumpara ito sa ibang aklat, si Mateo ay nagbigay ng pansin sa mga pangunahing turo ni Jesus, partikular sa paksa ng kaharian ng Diyos. Subalit kaunti lamang ang mga pangungusap na turo ni Jesus na makikita sa aklat ni Marcos, siya ay natuon sa mga naisakatuparan ni Jesus. Gayunpaman, kahit nag anito, dapat makita na binibigyang diin rin ni Marcos ang prayoridad ng ministeryo ng pagtuturo ni Jesus.[3] Sa madaling salita, ang Jesus na matutunghayan natin sa Ebanghelyo ayon kay Marcos ay isang ma-aksyon na Jesus, puno ng kilos, at pagsasakatuparan. At kaugnay rito, binigyang diin rin ni Marcos ang papel o gampanin ni Jesus bilang ang dakilang "Lingkod ni Yahweh."

> "Bilang Lingkod, Siya'y naging Saserdote na Siyang dakilang Tagapamagitan sa Diyos at sa tao; ito mismo ang siyang dakilang mensahe sa Ebanghelyong ito."[4]

---

[1]C. E. B. Cranfield, *The Gospel According to St. Mark*, p. 16.

[2]Tingnan ang Appendix 6 "The Miracles of Jesus" sa aking komentaryo kay Mateo para makita ang tsart ng lahat ng himala na ginawa ni Jesus sa mga aklat ng Ebanghelyo.

[3]Tingnan ang pag-aaral ni Dane C. Ortlund, "Mark's Emphasis on Jesus's Teaching, Part 1: Exploring a Neglected Motif," *Bibliotheca Sacra* 174:695 (July-September 2017):327-42; at ibid., "Mark's Emphasis on Jesus's Teaching, Part 2: Eschatological Significance." *Bibliotheca Sacra* 174:696 (October-December 2017):412-23.

[4]G. Campbell Morgan, *The Unfolding Message of the Bible*, p. 309.

> "Ang kwento ni Marcos tungkol sa buhay ni Jesus ay isang maatikabong aksyon at kaantig-antig na drama. Dalawang beses lang, yun ay sa kabanatang 4 at 13, makikita na si Jesus ay huminto upang mangaral ng isang mahabang sermon."[1]
>
> "Ang Ebanghelyong aklat na ito ang siyang dapat na unang basahin ng mga bata …"[2]

Isang katangian rin na makikita sa aklat na ito ay ang pagiging bukas at totoo, yung hindi pagtatakip ng mga kahinaan. Halimbawa, hindi itinaas ni Marcos ang mga disipulo ni Jesus bilang mga kapuri-puring tao, kundi ipinakita niya silang mga kritiko ni Jesus at madalas makagawa ng mga bagay na hindi kaaya-aya. Ipinakita rin niya na mismong ang pamilya ni Jesus ay walang magandang pakikitungo sa Kanya. At pinatingkad niya sa bawat pahina ng aklat ang reaksyon at emosyon ni Jesus bilang isang tao.

GENRE O URI NG LITERATURA

Sa panitikang punto, ang apat na aklat ng Ebanghelyo ay pangunahing mga naratibo o mga salaysay na literatura. Ang dalubhasa na si C. E. B. Cranfield ay nagbigay ng apat na magkakaibang naratibo sa aklat ni Marcos:

> "(i) Salaysay ay naglalaman ng mga detalye at malilinaw na pangyayari na hango sa patotoo ng isang saksi. … (ii) Salaysay na bagamat walang malinaw na detalye subalit ng dahil sa paulit-ulit na pagsasalaysay ng kwento ay naging buo at pino. … (iii) Salaysay na bagamat itinuturing na hango sa tradisyon, subalit hindi kabilang sa tradisyong-oral kundi binuo ni Marcos mismo … (iv) Isang maiksing buod ng pangungusap na kung saan inilalarawan ang kabuoan o pangkalahatang nangyari sa isang partikular na panahon …"[3]

THEOLOHIYA

Sa theolohikal na punto, ang Ebanghelyo na ito ay may mataas na pananaw sa Kristolohiya (yun ay, isang mataas na pagtingin kay Cristo). Una itong ipinapahiwatig sa pambungad at unang talata ng aklat na kung saan sinasabi na si Jesus ay “Anak ng Diyos”

---

[1]J. D. Kingsbury, *Conflict in Mark: Jesus, Authorities, Disciples*, p. 1.

[2]Robertson, 1:251.

[3]Cranfield, p. 11.

(1:1). Ngunit dagdag pa rito, ipinakita ni Marcos ang paboritong titulo o madalas na bansag ni Jesus para sa Kanyang sarili, walang iba kundi ang katagang “Anak ng Tao.”

> "Sa aking pananaw, ipinapakilala ng ebanghelistang may-akda ng Marcos na si Jesus ay ang tunay na anak ng Diyos, at dulot nito’y inilalagay niya si Jesus na laban at ibang-iba sa pananaw ng mga Romano kung sino ang dapat na maging emperador, tagapagligtas, at panginoon. Kapansin-pansin na lahat ng katangian ng isang emperador na karapat-dapat sambahin at ang lahat ng mga kaugalian na may kaugnayan sa opisina at katatayuan hinggil rito ay matatagpuan sa ekspresyong Kristolohiya ng Bagong Tipan. At karamihan sa mga ekspresyong ito ay matatagpuan mismo sa Ebanghelyo ayon kay Marcos at ang iba ay sa ibang bahagi ng Bagong Tipan."[1]

LAYUNIN

Hindi tuwirang sinabi ni Marcos ang layunin ng pagkakasulat ng kanyang aklat. Gayunpaman hindi niya layunin na magbigay lang ng isang talambuhay na salaysay sa buhay ni Jesus, sa halip, siya ay mayroong praktikal na layunin. Ang mga biograpikong materyales na kanyang tinipon at pinag-ugnay-ugnay at pati na rin ang mga bagay o tagpo na hindi niya isinama sa aklat ay pawang nagpapahiwatig na ang kanyang pangunahing layunin ay ang palakasin at hikayatin ang kanyang mga mambabasa na tiisin ang mga pag-uusig at kahirapan na kanilang nararanasan ng dahil sa kanilang pananampalataya. At para mangyari ito, inilagay niya sa kanyang aklat ang maraming tagpo na may kinalaman sa paghihirap ni Jesus. Halos ‘one-third’ ng aklat na ito ay may kinalaman sa tiniis na kahirapan ni Jesus.

> "Ang Ebanghelyo ayon kay Marcos ay tinaguriang Kwento ng Pagtitiis na mayroong isang mahabang pambungad."[2]

Dagdag pa rito, marami ring mga talata sa aklat na kababasahan ng paksa ng pagtitiis at kahirapan (gaya ng 1:12-13; 3:21-22, 30-35; 8:34-38; 10:30, 33-34, 45; 13:8, 11-13). Maliwanag kung gayon sa aklat na ito ni Marcos na ang pagiging matapat at masunurin na alagad ni Jesus ay tiyak na haharap sa mga hamon, kahirapan, at maaaring kamatayan. At ang pansin na ito ng aklat ay tiyak na nagbigay ng kalakasan at sigla sa mga una at orihinal na mambabasa ng aklat na ito na mismong dumaraan sa pag-uusig

---

[1]Craig. A. Evans, *Mark 8:27—16:20*, p. lxxxix.

[2]*The Nelson Study Bible*, p. 1665.

ng dahil sa kanilang pananampalataya. At ito mismo ang pastoral na panghihikayat na madarama sa aklat. At kapansin-pansin na kung babasahin mo ang unang liham ni Pedro, ang paksa ng kahirapan at pag-uusig ang iyong mababasa. Ito ay nagpapakita lamang na ang paksang ito ang siyang nangingibabaw sa puso ni Pedro.

Sa ibang punto ng usapin, masusuri rin natin sa aklat na ito na nais ni Marcos na maging mabuting lingkod ng Diyos at tagapaglingkdo ng kapwa-tao ang kanyang mga Kristyanong Hentil na mambabasa. Dahil rito, inilaan niya ang kanyang higit na atensyon sa tagpo ng pagsasanay sa Labing-Dalawang Alagad upang sila'y maging mabuting tagapaglingkod.

> "Ang aklat ni Marcos ay aklat ng pagdidisipulo na may natatanging pansin sa mapaglingkod na liderato o pamumuno."[1]

Si Marcos ay mayroong theolohikal at pastoral na layunin sa pagkasulat ng kanyang aklat. Ito ay upang bigyang pansin na tunay ang pagkatao ng Anak ng Diyos. Kung sa punto ni Mateo ay ipinakilala at binigyang diin niya na si Jesus ang Siyang Messias, ang Hari ng mga Judio, ipinakita at binigyang diin naman ni Marcos na si Jesus ang Lingkod ng Diyos na nagkatawang tao at naghirap para sa atin upang tayo ay magkaroon ng kaligtasan mula sa ating mga kasalanan. Malinaw na ipinakita ni Marcos ang ganap at lubos na pagsunod ni Jesus sa kalooban ng Kanyang Ama. At ang pansin na ito ay naglagay kay Jesus bilang halimbawa na dapat tularan ng Kanyang mga tagasunod (10:45). May ilang mag-aaral ng Bagong Tipan na nag-iisip na marahil ang dahilan kung bakit nagbigay si Marcos ng higit na pansin sa pagkatao ni Jesus ay siguro para balansihin o timbangin ang isang pananaw na umiiral na sa panahon pa lang ng sinaunang Iglesia – na hango sa pananaw ng grupong kung tawagin ay Docetist – na si Jesus raw ay ganap ng Diyos ngunit hindi ganap na tao.[2]

> "Ang layunin na maghatid ng lakas ng loob na may kinalaman sa pagdidisipulong Kristyano ay isang munting pagpapaliwanag lamang sa nilalaman ng aklat ni Marcos. At kahit na ito ay lumabas na hindi naman talaga pangunahing layunin, ang apolohetikal (pagtatanggol) na layunin na may kaugnayan sa Krus ang siyang magbibigay ng komprehensibo at malawakang pagpapaliwanag sa lahat ng sangkap at elemento na nasa aklat, lalo't higit sa kung paanong ang mga sangkap na ito ay isinaayos at prinisenta. At ang pag-uugnay ng lahat ng sangkap na ito ay pagbuo ng isang apolohetika o pagtatanggol para sa Krus; na kung saan ang

---

[1]Barry Mershon Jr., "The Gospel According to Mark," matatagpuan ito sa *The Grace New Testament Commentary*, 1:139.

[2]Ang mga Docetist ay naniniwala na si Jesus raw ay 'parang' tao lang.

> pagtatanggol ay hindi lamang para sa awtoridad at pagiging kakaiba ng katuruan ni Jesus kundi pagpapakita rin ng katuparan ng Kanyang mga prediksyon. Hindi lamang ito pagtanggol sa kapangyarihan ng Kanyang mga ginawang himala at pagpapalayas ng mga demonyo kundi pagpapakita rin na ang Kanyang dinanas na kamatayan ay isang supernatural at puno ng mga di-pangkaraniwang mga pangyayari. Hindi lang pinapatibay sa aklat ang nagawa Niyang atraksyon o katanyagan sa maraming tao kundi maging ang Kanyang pagkakalibing ay isinakatuparan ng isang mabuti at matapang na kaanib ng Sanhedrin. At hindi lang pinapatibay sa aklat ang kaluguran ng Ama na inihayag sa Kanyang bautismo at sa pagtanggap ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, kundi maging sa tagumpay at katotohanan ng Kanyang muling pagkabuhay."[1]

ANG KATAYUAN NI MARCOS SA MGA AKLAT NG EBANGHELYO

Karaniwan sa mga iskolar ngayon na panghawakan ang tinaguriang 'Markan priority.' Ang pananaw na ito ay nagsasabi na unang nagsulat si Marcos ng kanyang Ebanghelyong aklat kaysa kina Mateo at Lukas. Ang pananaw na ito ay naging sikat sa simbahan noong ikalabing-siyam na siglo.[2] Ngunit bago ang pananaw na ito, marami sa mga biblikal na iskolar ay naniniwala na si Mateo ang siyang unang nagsulat ng aklat.[3] At simula noon, maraming mga iskolar ang naniniwala na si Marcos ang isa sa dalawang pangunahing 'sources' o pinagmulan ng materyales para maisulat (nina Mateo at Lukas) ang tinaguriang 'Synoptic Gospels.' Ang isa pang 'source' o pinagmulang materyales ay tinatawag na Q.[4] Wala pa ring itinuturing na tumpak na solusyon para sa palaisipang kung sino ang naunang sumulat, bagamat marami sa mga iskolar ang naniniwala na si Marcos ang nauna.[5]

Ang mga iskolar na humahawak sa pagiging una ni Marcos ay bumabatay sa impormasyon na halos 90 porsyento ng nilalamang ng aklat ni Mateo at halos 40

---

[1]Gundry, p. 1026.

[2]Ibid., p. xlv. Tingnan ang kanyang buong diskusyon tungkol sa sinoptikang problema ('synoptic problem,' yun ay, ang problema ng pagbibigay ng harmonya sa lahat ng materyales na matatagpuan at ginamit sa apat ng aklat ng Ebanghelyo) pp. xlv-lviii.

[3]Tingnan ang pagsusuri ni R. A. Cole, *The Gospel According to Mark*, pp. 41-48.

[4]Tingnan ang aking komento sa pambungad kay Mateo para sa higit na pagtalakay sa source na tinatawag na 'Q.'

[5]Tingnan ang pag-aaral ni Taylor, p. 11. Tingnan ang kay Cranfield, pp. 6-7, para sa buod na argumento para sa 'Markan Priority' o si Marcos bilang naunang nagsulat.

porsyento ng nilalaman ni Lukas ay matatagpuan kay Marcos. Karaniwang sinusunod nina Mateo at Lukas ang pagkakaayos ng mga tagpo sa aklat ni Marcos at madalang silang magkaroon ng pagkakaiba sa parehas na paksang tinatalakay ni Marcos. Madalas rin nilang ulitin ang mga ginamit na salita at pangungusap ni Marcos at minsa'y binibigyan nila ng paliwanag at pagpipino ang mga pangungusap ni Marcos. Karaniwan rin na ang salaysay ni Marcos ay mas buo kumpara kina Mateo at Lukas, bagya na nagpapahiwatig na maaaring isinaayos (edit) ng dalawa ang aklat ni Marcos.

Subalit may mga pagkakataon na sina Mateo at Lukas ay may pagkakaiba kay Marcos pagdating sa isang partikular na salaysay. Pagdating kay Lukas, inalis niya ang isang malaking bahagi o seksyon ng materyales na matatagpuan kay Marcos, kabilang na rito ang mababasa sa Marcos 6:45 hanggang 8:26. Gayunpaman, kung isasaalang-alang na si Marcos ay naunang magsulat noong ika-60 na siglo, yun ay kung siya man talaga ang naunang magsulat, sina Mateo at Lukas ay masasabing nagsulat matapos na sakupin ang Jerusalem (A.D. 70). Gayunma'y parang alanganin parin ito, sapagkat kahit na ang pagbagsak ng Jerusalem ay tunay na nangyari at naging katuparan ng propesiya, nakapagtatakang walang nabanggit sina Mateo at Lukas sa kanilang aklat na ito ay nangyari na.[1]

Gamit ang lahat ng mga pananaw na ito, mas pinanghahawakan ko ang prayoridad ni Mateo (Matthean priority). Ang pananaw na ito ang siyang mas pinanghahawakan ng mga iskolar noon bago dumating at sumikat ang mapanirang pananaw ng kritisismong biblikal noong ikalabing-siyam na siglo. Gayunpaman, sa kalusakuyan, ito ay muling tumatanggap ng popularidad. Sa lahat ng mga naniniwala sa 'Prayoridad ni Mateo,' si William Farmer ang siyang nangunguna sa pagsusulong nito.[2] At si Christopher Mann, na siyang may-akda ng 'Anchor Bible Commentary on Mark,' ay nagbigay ng maraming argumento na pumapanig sa pananaw na si Marcos ay kumuha ng kanyang mga materyales mula kay Mateo at Lukas at maging sa personal na patotoo ni Pedro.[3] Gayunpaman, ang debate na ito ay hindi pundemento para sa interpretasyon sa aklat ni Marcos.

---

[1]John D. Grassmick, "Mark," ito ay matatagpuan sa *The Bible Knowledge Commentary: New Testament*, p. 98. Para sa higit na pagtalakay, tingnan ang mga komentaryo at mga pag-aaral sa ginawang pambungad para sa Biblia.

[2]William R. Farmer, *The Synoptic Problem*.

[3]C. S. Mann, *Mark*, pp. 47-71.

BALANGKAS

I. Pambungad 1:1-13

A. Ang pamagat ng aklat 1:1
B. Paghahanda ni Jesus para sa ministeryo 1:2-13

1. Ang ministeryo ni Juan Bautista 1:2-8
2. Ang bautismo ni Jesus 1:9-11
3. Ang pagtukso kay Jesus 1:12-13

II. Ang unang ministeryo ng Lingkod ng Diyos sa Galilea 1:14—3:6

A. Ang pasimula ng ministeryo ni Jesus 1:14-20

1. Ang mensahe ng Lingkod ng Diyos 1:14-15
2. Ang mga unang disipulo ng Lingkod ng Diyost 1:16-20

B. Ang mga naunang kapahayagan ng awtoridad ng Lingkod ng Diyos 1:21-34

1. Ang mga pagtuturo at pagpapagaling ni Jesus sa sinagoga sa Capernaum 1:21-28
2. Ang pagpapagaling sa biyenan ni Pedro 1:29-31
3. Ang pagpapagaling na ginawa ni Jesus sa maraming tao sa Galilea sa paglubog ng araw 1:32-34

C. Ang naunang ministeryo ni Jesus sa buong lupain ng Galilea 1:35-45

1. Ang unang lakbay-pangangaral sa Galilea 1:35-39
2. Ang pagpapagaling sa isang Judio na ketongin 1:40-45

D. Ang unang pakikipagtunggali ni Jesus sa mga relihiyosong pinuno 2:1—3:6

1. Ang pagpapagaling at pagpapatawad sa lalakeng paralitiko 2:1-12
2. Ang pagtawag kay Levi at ang kanyang handaan 2:13-17
3. Ang katanungan ng mga relihiyosong pinuno tungkol sa pag-aayuno 2:18-22
4. Ang kontrobersya tungkol sa pagsasabuhay ng Araw ng Sabbath 2:23—3:6

III. Ang mga sumunod pang ministeryo ng Lingkod ng Diyos sa Galilea 3:7—6:6a

A. Ang paglawak ng ministeryo ni Jesus 3:7-19

1. Ang ministeryo ni Jesus sa Masa 3:7-12

2. Ang pagpili ni Jesus sa Labing-Dalawang disipulo 3:13-19

B. Ang tumitinding pagtanggi kay Jesus at ang naging bunga nito 3:20—4:34

1. Ang tumitinding pagtanggi kay Jesus 3:20-35
2. Ang mga pagtuturo ni Jesus sa pamamagitan ng talinghaga 4:1-34

C. Ang kapahayagan ng kapangyarihan ni Jesus at ang pagtanggi sa Nazareth 4:35—6:6a

1. Ang kapahayagan ng kapangyarihan ni Jesus 4:35—5:43
2. Ang pagtanggi sa Nazareth 6:1-6a

IV. Ang sariling kapahayagan ng Lingkod ng Diyos sa mga alagad 6:6b—8:30

A. Ang misyon ng Labing-Dalawa 6:6b-30

1. Ang pagsusugo sa Labing-dalawa 6:6b-13
2. Ang kabiguan ni Antipas na maunawaan ang katauhan ni Jesus 6:14-29
3. Ang pagbabalik ng Labing-dalawa 6:30

B. Ang unang yugto ng kapahayagan ni Jesus sa mga alagad 6:31—7:37

1. Ang pagpapakain sa 5,000 6:31-44
2. Ang paglakad ni Jesus sa ibabaw ng tubig at ang pagbabalik sa Galilea 6:45-56
3. Ang kontrobersya sa pagitan ng mga Pariseo at eskriba tungkol sa usapin ng karumihan 7:1-23
4. Ang turo ni Jesus tungkol sa tinapay at ang pagpapalayas sa demonyong sumapi sa batang babae na taga-Phoenicia 7:24-30
5. Ang pagpapagaling sa lalaking bingi na may kapansanan sa pagsasalita 7:31-36
6. Ang pundamentong konpesyon ng pananampalataya 7:37

C. Ang ikalawang yugto ng kapahayagan ni Jesus sa mga alagad 8:1-30

1. Ang pagpapakain sa 4,000 8:1-9
2. Ang pagbabalik sa Galilea 8:10
3. Pakikipagtunggali sa mga Pariseo tungkol sa usapin ng mga tanda 8:11-13
4. Ang turo ni Jesus tungkol sa lebadura ng mga Pariseo at ni Herodes 8:14-21

5. Ang pagpapagaling sa lalaking bulag na malapit sa Betsaida 8:22-26
6. Ang konpesyon ng pananampalataya ni Pedro 8:27-30

V. Ang paglalakbay ng Lingkod ng Diyos tungo sa Jerusalem 8:31—10:52

A. Ang unang pagpapahayag ni Jesus tungkol sa Kanyang kamayatan at ang taglay nitong mga aral 8:31—9:29

1. Ang unang propesiya ni Jesus tungkol sa Kanyang kamatayan 8:31-33
2. Ang kinakailangan para sa isang disipulo 8:34—9:1
3. Ang Pagbabagong-anyo 9:2-8
4. Ang pagdating ni Elias 9:9-13
5. Ang pagpapalayas sa masamang espiritu na nasa batang may epilepsiya 9:14-29

B. Ang ikalawang pagpapahayag ni Jesus tungkol sa Kanyang kamatayan at ang taglay nitong mga aral 9:30—10:31

1. Ang ikalawang propesiya ni Jesus tungkol sa Kanyang kamatayan 9:30-32
2. Ang mga maaaring ikabagsak ng mga disipulo 9:33-50
3. Mga aral tungkol sa pagsasakripisyo 10:1-31

C. Ang ikatlong pagpapahayag ni Jesus tungkol sa Kanyang kamatayan at ang taglay nitong mga aral 10:32-52

1. Ang ikatlong propesiya ni Jesus tungkol sa Kanyang kamatayan 10:32-34
2. Ang turo ni Jesus tungkol sa paglilingkod 10:35-45
3. Ang pagpapagaling sa isang bulag na malapit sa Jericho 10:46-52

VI. Ang ministeryo ng Lingkod ng Diyos sa Jerusalem chs. 11—13

A. Ang pormal na pagpapakilala ni Jesus sa Israel 11:1-26

1. Ang matagumpay na pagpasok sa Jerusalem 11:1-11
2. Ang hatol ni Jesus sa mapag-alinlangang Israel 11:12-26

B. Ang pagtuturo ni Jesus sa templo 11:27—12:44

1. Ang kontrobersya tungkol sa awtoridad ni Jesus 11:27—12:12
2. Ang kontrobersya tungkol sa katuruan ni Jesus 12:13-37

3. Ang kahatulan ni Jesus laban sa kapaimbabawan at ang papuri niya sa pagiging totoo 12:38-44

C. Ang turo ni Jesus doon sa Bundok ng Olibo ch. 13

1. Ang kalagayan 13:1-4
2. Babala laban sa panlilinlang 13:5-8
3. Babala tungkol sa personal na panganib na hatid ng panlilinlang 13:9-13
4. Ang darating na krisis 13:14-23
5. Ang ikalawang pagdating ng Anak ng Tao 13:24-27
6. Ang araw ng pagbabalik ni Jesus 13:28-32
7. Ang panapos na pananalita 13:33-37

VII. Ang ministeryo ng pagtitiis na dinanas ng Lingkod ng Diyos chs. 14—15

A. Hinarap ng Lingkod ng Diyos ang Kanyang tatahaking kahirapan 14:1-52

1. Ang paghihirap ni Jesus na dulot ng isang pagtataksil 14:1-11
2. Ang paghihirap ni Jesus na dulot ng paglisan ng Kanyang mga kasama 14:12-52

B. Ang katatagan ng Lingkod ng Diyos sa oras ng pagtitiis at kahirapan 14:53—15:47

1. Ang paglilitis ng mga Judio kay Jesus 14:53—15:1
2. Ang paglilitis ng mga Romano kay Jesus 15:2-20
3. Ang pagpako, kamatayan, at paglilibing kay Jesus 15:21-47

VIII. Ang muling pagkabuhay ng Lingkod ng Diyos ch. 16

A. Ang pagpapahayag sa muling pagkabuhay ni Jesus 16:1-8
B. Ang mga pagpapakita ni Jesus at ang Kanyang pag-akyat sa langit 16:9-20

1. Tatlong ulit na pagpapakita matapos ang muling pagkabuhay 16:9-18
2. Ang pag-akyat ni Jesus sa langit 16:19-20

Binalangkas nina Carson at Moo ang aklat na ito sa ibang paraan:[1]

I. Pambungad sa pasimula ng ministeryo 1:1-13

[1]Tingnang ang pagsusuri nina Carson at Moo, pp. 169-72.

Transisyon 1:14-15

II. Unang bahagi ng ministeryo sa Galilea 1:16—3:6

Transisyon 3:7-12

III. Ikalawang bahagi ng ministeryo sa Galilea 3:13—5:43

Transisyon 6:1-6

IV. Ang pagtatapos na bahagi ng ministeryo sa Galilea 6:7—8:26

Transisyon 8:27-30

V. Ang daan ng kaluwalhatian at pagtitiis 8:31—10:45

Transisyon 10:46-52

VI. Huling ministeryo sa Jerusalem 11:1—13:37

Transisyon 14:1-2

VII. Mga salaysay tungkol sa paghihirap at muling pagkabuhay 14:3—16:8

MENSAHE

Ipinapakita ni Mateo si Jesus sa maharlikang paraan. Ngunit si Marcos, kanyang ipinapakita si Jesus bilang isang lingkod na dumating upang tuparin ang kalooban ng Kanyang Ama.

Ang mensahe ng aklat ay kaparehas sa mensahe na ipinapahayag ni Mateo. Ang pinakabuod ng mensahe ay maaari nating matagpuan sa talatang 1:14 at 15, na kung saan sinasabi: "Nang ibinilanggo si Juan, nagpunta si Jesus sa Galilea at ipinangaral doon ang Magandang Balitang mula sa Diyos. Sinabi niya, “Dumating na ang takdang panahon. Malapit nang maghari ang Diyos! Kaya magsisi na kayo't talikuran ang inyong mga kasalanan. Paniwalaan ninyo ang Magandang Balita!”[1] Ito ang mabuting balita na ipinahayag ni Jesus noong Siya ay nasa lupa pa at nagmiministeryo.

Ang isa pang talata na susi sa pagkakaunawa sa mensahe ng Ebanghelyong ito ay matatagpuan sa talatang 10:45: "Sapagkat ang Anak ng Tao ay naparito hindi upang paglingkuran kundi upang maglingkod at upang mag-alay ng kanyang buhay para sa

[1]Ang mga siniping talata sa komentaryong ito ay nagmula sa *Magandang Balita Biblia* (MBBTAG), 2012, liban lang kung may iba pang salin na ginamit.

ikatutubos ng marami." Ang talatang ito ay nagbibigay ng natatanging pansin ng aklat: yun ay, tungkol sa papel na gagampanan ni Jesus bilang isang lingkod, at maging sa pangkalahatang balangkas ng nilalaman ng aklat.

Una sa lahat, ang Anak ng Tao ay dumating. Ang pagdating na ito ay tumutukoy sa Inkarnasyon o pagkakatawang-tao. Ang Anak ng Tao ay ang Diyos na nagkatawang tao. At ang kanya mismong katauhan ang siyang pangunahing tema sa Ebanghelyong ito, gaya rin naman sa iba pang mga aklat ng Ebanghelyo.

Ikalawa, ang Anak ng Tao ay dumating hindi upang paglingkuran kundi upang maglingkod. Ito ay tumutukoy sa Kanyang serbisyo o paglilingkod. Ang Ebanghelyong ito ay mayaman sa turo pagdating sa paglilingkod ng mga mananampalataya sa Diyos at sa kanyang kapwa.

Ikatlo, ang Anak ng Tao ay dumating upang ibigay ang Kanyang buhay para sa ikatutubos ng marami. Ito ay tumutukoy sa paghihirap na pagdaraanan ni Jesus. Ang Ebanghelyo ni Marcos ay nagbibigay diin sa pagtitiis na daranasin ng Lingkod ng PANGINOON. Sa madaling salita, ang Ebanghelyo ni Marcos ay tungkol sa Lingkod ng Diyos.

Si Jesus sa kanyang kalikasan ay Anak ng Diyos. Siya ay pantay sa Diyos Ama sapagkat parehas sila ng kalikasan ng pagkaDiyos. Subalit sa Inkarnasyon o pagkakatawang-tao, si Jesus ay naging Lingkod ng Diyos Ama.

Ang paghihintay sa pagdating ng banal na Lingkod ng Diyos ay isang pahayag at pag-asang inaasam sa Lumang Tipan. Tungkol rito ay maraming masasabi si Isaias kumpara sa ibang mga propeta sa Lumang Tipan, bagamat pwede nating masabi na marami rin sa kanila ang nagpahayag tungkol sa Kanya.

Sa Bagong Tipan, kumpara sa ibang mga manunulat, si Apostol Pablo ang siyang higit na nagpaliwanag ng kahalagahan ng pagdating ni Jesus bilang Lingkod ng Diyos. Yaong tinaguriang ‘Kenosis’ na talata sa Filipos 2:1 hanggang talatang 11, ay makakatulong sa atin na unawain kung ano ang ibig sabihin para sa Anak ng Diyos na maging Lingkod ng Diyos.[1] Sa Inkarnasyon, nilimitahan mismo ni Jesus ang Kanyang sarili. Syempre, hindi huminto ang Kanyang pagkaDiyos, subalit “ipinanganak siya bilang tao” at nagkaroon ng katawan at kalikasan ng tao. Sa kalagayang ito, nilimitahan Niya ang paggamit ng Kanyang kapangyarihan. Dagdag pa, ipinailalim Niya ang kanyang sarili sa misyon na ibinigay sa Kanya ng Ama at dahil rito’y ipinasakop rin Niya ang Kanyang kalayaan bilang Anak ng Diyos. Gayunpaman, parehas na ipinapakita ni Marcos sa kanyang aklat na si

[1]Ang salitang "kenosis" ay nagmula sa salitang Griego na *kenoo,* na ang ibig sabihin ay "alisin ang laman."

Jesus ay isang tunay na tao at tunay na Diyos na ginampanan ang papel ng pagiging isang lingkod.

Una nating isaalang-alang ang kalikasan ng paglilingkod ni Jesus:

Ang ikalawang persona sa Banal na Trinidad ay naging lingkod upang lumikha ng isang ebanghelyo na maghahatid sa mga tao ng mabuting balita. Ang mabuting balita na ito ay walang iba kundi si Jesus na nagkakaloob ng kaligtasan sa sangkatauhan. At para makapagkaloob ng kaligtasan, ang 'eternal' o walang hanggang Anak ay naging isang lingkod. Kaya sa tuwing ang Biblia ay nangungusap tungkol sa pagiging lingkod ni Jesus, ito ay laging may koneksyon sa Kanyang gawa ng pagkakaloob ng kaligtasan.

Sinimulan ni Marcos ang kanyang aklat ng Ebanghelyo sa pamamagitan ng paghalaw kay Isaias na nagbigay ng propesiya tungkol sa pagdating ng Lingkod ng Diyos (1:3; ikumpara sa Isa. 40:3). Samantala, ang isang sitas ng talata mula aklat ni Malakias, sa talatang dalawa ay isa lamang pambungad. Ito ay napakahalaga sapagkat si Marcos, di-tulad ni Mateo, ay bihirang sumipi ng talata mula sa Lumang Tipan.[1] Inilarawan ni Isaias ang isang Dakila na darating na Siyang tutupad ng panukala ng Diyos tungkol sa pagkakaloob ng kaligtasan mula sa kasalanan. At tulad ng isang pintor, ang kanyang paglalarawan sa Dakilang Lingkod na ito ay higit niyang binigyang linaw at detalye hanggang sa ika-53 na kabanata ng kanyang aklat, na kung saan sa kabanatang ito ay ipinakita ni Isaias ang matinding paghihirap na daranasin ng Dakilang Lingkod ng Diyos. At yun nga, ang kabanatang ito ay napakagandang 'background' o haliging pang-suporta sa nilalaman ng aklat ni Marcos, kung paanong ang Awit 110 ay pang-suporta sa nilalaman ng aklat ni Mateo.

Ang larawan ng isang naghihirap na Lingkod ang siyang huling larawan sa serye ng mga paglalarawan na ibinigay ni Marcos. Dagdag pa, ipinakita niya rin ang paghihirap ng Lingkod na ito laban sa mga kampon ni Satanas at ng mga demonyo. Kaugnay rin rito ang paghihirap ng Lingkod ng Diyos na dulot ng Kanyang pakikipagtunggali sa mga relihiyosong pinuno ng Israel. At nariyan rin ang paghihirap ng Lingkod ng Diyos na dulot ng napakahinang pang-unawa ng Kanyang mga alagad. Lahat ng ito ay mga pangunahing tema na makikita sa Ebanghelyo ni Marcos na kung saan ang paghihirap ng Lingkod ng Diyos ang siyang kanilang nagkakaisang pananaw.

Kung aalamin natin ang theolohikal na pagpapaliwanag ni Apostol Pablo tungkol sa biblikal na tema ng paghihirap ng Lingkod ng Diyos, matutunghayan na iniugnay niya ito

---

[1]Tingnan ang sinasabi ni W. Graham Scroggie, *A Guide to the Gospels*, pp. 190-91, para sa 'table' ng 63 reperensiya ni Marcos sa Lumang Tipan. Dapat unawain na ang reperensiya na ito sa Lumang Tipan ay hindi nangangahulugan ng 'quotation' o paghahalaw

sa isa pang binigyang pansin ni Marcos. Hindi lamang prinisenta ni Marcos ang paghihirap ni Jesus bilang Lingkod ng Diyos na isang interesanteng theolohikal na rebelasyon. Kundi, kanyang ring ipinakita kung ano ang ibig sabihin nito para sa mga tagasunod ng Lingkod na ito. Sa madaling salita, dapat na tularan ng mga Kristyano ang pag-uugali ni Cristo bilang isang lingkod (Fil. 2:5). Ang mga alagad o tagasunod ng Pinahirapang Lingkod ay dapat ring umasa at maghanda na daraan rin sila gayong karanasan. At dapat rin tayong magkaroon ng parehas na ugali ng kagandahang-loob, kapakumbabaan, at pagibig. Binitawan ng Anak ng Diyos ang pagiging kapantay ng Diyos upang maging lingkod ng Diyos at ng tao. At tayo na Kanyang mga tagasunod ay dapat ring italaga ang ating mga sarili para sa gayong layunin.

Ipinahayag ni Isaias na ang sentral na kahulugan ng misyon ng Lingkod ng Diyos ay para makapagkaloob ng kaligtasan sa pamamagitan ng paghahandog ng sarili (Isa. 53). At gayundin naman, ayon kay Pablo, ang Anak ng Diyos ay naging lingcod upang maghatid ng kaligtasan sa pamamagitan ng paghahandog ng Kanyang sarili para sa atin (Fil. 2). Kaya nga, ang punto na ang Anak ng Diyos ay naging Lingkod ng Diyos ay sa punto na Siya ay lumikha ng isang ebanghelyo (mabuting balita) na nagkakaloob ng kaligtasan mula sa pang-aalipin ng kasalanan.

Noong pinasimulan ni Jesus ang Kanyang publikong ministeryo, ipinahayag Niya ang ganito: “Dumating na ang takdang panahon” (1:15). Ibig sabihin, ang persona na prinopesiya ni Isaias at ng iba pang mga propeta ay dumating na. Lumapit ang Diyos sa tao sa pamamagitan ng pagkakatawang-tao. At Siya ay lumapit sa pamamagitan ng katauhan ng isang mapagpakumbabang lingkod. Sa kalagayang ito ay nakatuon ang Kanyang pansin tungo sa Krus. Gagapiin Niya ang mga bagay na sumira sa sangkatauhan at kalikasan. Siya ay maghahatid ng mabuting balita sa sangkatauhan at itinakdang panahon ay muli Siyang magbabalik upang itatag ang makatarungang kaharian sa daigdig na Puspos ng biyaya at kaluwalhatian. Gayunpaman, sa lahat ng ito, ang Krus ang siyang pumapagitnang pokus ng paglilingkod ni Jesus.

"Jesus" ang siyang pangalan ng Lingkod ng Diyos bilang tao. Samantala, ang "Messias" ("Cristo") naman ang titulo na naglalarawan sa gawain na Kanyang gagampanan, bagamat napakaraming tao ang hindi nakakaunawa rito. At ang katagang "Anak ng Diyos " ay isang titulo na tumutukoy sa Kanyang pagkaDiyos. Ang tatlong ito ay primaryong makikita sa aklat ng Ebanghelyo ni Marcos.

Dagdag pa sa kalikasan ng ‘paglilingkod’ ni Jesus, dapat rin nating isaalang-alang kung ano ang itinuturo ni Marcos tungkol naman sa ‘katangian’ ng paglilingkod ni Jesus.

Ang simpatya ni Jesus sa mga makasalanan ay nangingibabaw sa Ebanghelyo na ito. Walang naitala si Marcos na malupit o mapanghusgang salita mula sa labi ni Jesus. Sa halip, inilaan ni Jesus ang Kanyang bagsik para sa mga mapagpaimbabaw, sa kanila na nagkukunwaring matuwid, bagamat ang totoo'y mga masasama. Hindi Niya sila kinalugdan sapagkat sinisira nila ang buhay n mga tao.

Ang kakayahan ni Jesus na makisimpatya sa mga tao ay dulot ng katotohanang nakiramay Siya sa paghihirap na nararanasan nila. Ang salitang "simpatya" ay literal na nangangahulugan ng "pakikiramay sa nararamdaman ng isang tao." Kaya nga mahirap makiramay sa nararamdaman ng ibang tao kung ang kanilang nararanasan ay hindi karaniwan o kaya'y naiiba sa atin.

Ang tunay na pakikisimpatya ay nakikita sa sakripisyo. Kalakip rito ang pagpasan sa pasanin ng bawat isa. Ang simpatya ni Jesus para sa ating mga makasalanan ay nagmula sa Kanyang pakikiramay sa ating mga kahirapan, at ito ay higit na nahayag noong isinakripisyo Niya ang Kanyang sarili upang maibsan ang ating kahirapan sa ilalim ng kasalanan. Kaya nga, kung mayroon man na talagang pumasan ng pasanin ng iba, iyon ay walang iba kundi si Jesus (10:45).

Isaalang-alang mo rin ang resulta ng paglilingkod ni Jesus. Ito ay walang iba kundi ang ebanghelyo. Ang aklat ni Marcos ay nagbukas at nagwakas sa ebanghelyo (1:1; 16:20). Ang ebanghelyo ay ang mabuting balita na si Jesu-Cristo ay namatay para sa ating mga kasalanan, , inilibing, at muling nabuhay sa ikatlong araw ayon sa sinasabi ng Banal na Kasulatan (1 Cor. 15:3-4).

Nang si Jesus ay muling nabuhay, ang Kanyang mga alagad ay natakot at sa umpisa'y hindi makapaniwala na Siya ay talagang nabuhay. Kaya naman nagpahayag siya ng napakatinding kritisismo laban sa kanila na ating mababasa sa talatang 16:14: "Pagkatapos, nagpakita si Jesus sa labing-isang alagad habang kumakain ang mga ito. Sila ay pinagalitan niya dahil sa hindi nila pananalig sa kanya at dahil sa katigasan ng kanilang ulo, dahil ayaw nilang maniwala sa mga nakakita sa kanya pagkatapos na siya'y muling mabuhay." Ito ang klimaktikong bahagi ng tema na may kinalaman sa kawalang pananalig ng mga alagad na matutunghayan sa takbo ng pagsasalaysay sa Ebanghelyo na ito. Ngunit pansinin mo, pagkatapos ng tagpong ito ay mababasa mo sa talatang 16:15 ang ganito: "Humayo kayo sa buong mundo at ipangaral ang Magandang Balita sa lahat ng tao." Sinugo Niy sila upang ipangaral ang mabuting balita ng kaligtasan lahat ng tao. At yun nga, makikita rin natin dito na ang muling pagkabuhay ng Lingkod ng Diyos ay isang dakilang katibayan na ang Kanyang serbisyo ay naging katanggap-tanggap sa Diyos Ama at ito ay humihingi rin ng matapat na paglilingkod mula sa Kanyang mga alagad.

Ang mariing apela sa aklat na ito ay, "Magsisi na kayo't talikuran ang inyong mga kasalanan. Paniwalaan ninyo ang Magandang Balita " (1:15). Ang pagsisisi ay isang panimula. At ang pananampalataya ang siyang mahalagang panawagan.

Hindi nangaral si Jesus na ang mga tao ay dapat na maniwala *papunta* sa ebanghelyo (Gr. *eis*), o kaya'y ang maniwala ng *malapit* sa ebanghelyo (Gr. *apo*). Sa halip, tinawag Niya sila na mamahinga *sa* ebanghelyo (Gr. *en*). Sa madaling salita, ang ebanghelyo mismo ang siyang dapat kalagyan ng kapahingahan. Maaari tayong maging panatag sa ebanghelyo, ang ilagay ang ating tiwala rito, at ang mamahinga rito.

Sa aklat ng Ebanghelyo ni Marcos, ang mga di-mananampalataya ay tumangging mamahinga sa realidad na si Jesus ay hindi lamang isang tao na Messias na dumating upang iligtas ang Israel mula sa kamay ng Roma, kundi Siya mismo ang banal na Anak ng Diyos. At maging ang mga alagad ay hindi rin nagkaroon ng buong pusong pagtitiwala sapagkat hindi pa rin nila maiwan ang kinalakihan nilang limitado, tradisyunal, at maling pananaw tungkol sa gagampanan ng Messias sa kasaysayan, kahit na naniniwala silang si Jesus ay Anak ng Diyos.

Ang aplikasyon ng Ebanghelyo sa buong Iglesia ay ito: "magtiwala sa ebanghelyo." Kung paanong ang mga sinaunang alagad ay hindi lamang sumampalataya, kundi nagsumikap na manampalataya, gayundin naman, ang mga Kristyano sa panahong ito ay dapat na magkaroon ng nagpapatuloy at lumalagong pagtitiwala sa ebanghelyo ni Jesu-Cristo, ang Lingkod ng Diyos.

Ang ebanghelyo ay mensahe ng pagpapatawad at kapangyarihan. Natutunan ni Pedro na ito ay mensahe ng pagpapatawad noong tatlong beses niyang itatwa si Jesus. At natutunan ng lahat ng mga alagad na ito ay mensahe ng kapangyarihan noong tumanggi silang maniwala na binuhay muli ng Diyos si Jesus.

Kapag ang mga Kristyano ay nawawalan ng tiwala sa ebanghelyo, ang kanilang serbisyon ay nagiging mahina. Kung pinag-aalinlangan natin ang kapangyarihan ng ebanghelyo, ano pa ang mensahe na ating maibabahagi sa mga taong inaalipin ng kasalanan? Ang sukat ng ating pagtitiwala sa ebanghelyo ang siya ring magiging sukat ng ating pagiging mabisa at epektibo bilang mga lingkod ng Diyos.

Subalit paano tayo magkakaroon ng higit pang pagtitiwala o konpidensiya sa ebanghelyo? Ito ay hindi primaryong mangyayari sa pamamagitan ng pag-aaral o pagsisikap na maranasan ang isang pangyayari. Ito ay primaryong mangyayari sa pamamagitan ng iluminasyon o pagbibigay liwanag ng Banal na Espiritu sa ating mga puso. Ang puso ng mga disipulo ay nanatiling bulag hanggang sa imulat ng Diyos ang kanilang mga paningin—sa tunay na katauhan o identidad ni Jesus, at pagkatapos nito'y

naunawaan nila ang sentral na kalagayan at gawa ni Jesus sa takbo ng panahon at kasaysayan. Kahit naganap na ang muling pagkabuhay, ang kanilang isipan ay natatalukbungan pa rin ng pag-aalinlangan. Subalit nang liwanagan ng Banal na Espiritu ang kanilang isipan tungkol sa katotohanan at kahalagahan ng muling pagkabuhay, sila'y humayo sa iba't ibang lugar na ipinapangaral ang ebanghelyo (16:20).

Tinatawagan ni Marcos ang bawat indibidwal na tagasunod ni Jesus na manampalataya sa ebanghelyo at ipahinga ang kanilang puso rito para sa kapatawaran ng kanilang mga kasalanan at para sa pagkakaroon ng kapangyarihan sa kanilang paglilingkod. Dito ay isinasalaysay niya ang kwento ng perpektong Lingkod ng Diyos na nagsakatuparan ng isang perpektong paglilingkod at nagtamo para sa atin ng isang perpektong kaligtasan. Ang Anak ng Diyos ay naging isang lingkod upang mapalapit sa atin, upang tayo'y tulungan, at upang tayo'y ibangon at itaas. At iyan mismo ang mabuting balita na kailangang mapakinggan ng mga tao.[1]

[1]Halaw ito mula sa mensahe ni G. Campbell Morgan, *Living Messages of the Books of the Bible*, 2:1:25-39.

Pagpapaliwanag sa mga Talata

I. PAMBUNGAD 1:1-13

Ang pambungad na seksyon na ito ng aklat ay tila naglalatag ng isang entablado para sa pagpri-presenta kay Jesu-Cristo bilang ang natatanging Lingkod ng Diyos (Lingkod ni Yahweh). Mapapansin na walang nabanggit si Marcos tungkol sa kapanganakan at yugto ng pagiging kabataan ni Jesus.[1] Para sa kanya, ang mga ito ay hindi kinakailangan sa pagpri-presenta ng buhay ng isang lingkod.

> "Makikita at madarama ang pagbibigay diin sa pahayag na si Jesus ang Messias, ang bugtong na Anak ng Diyos, na ang misyon ay bigyang-tibay ang Kanyang pagiging Anak doon sa disyerto. Ang Kanyang enkwentro kay Satanas ay nagbibigay ng 'background' o tagpo ng labanan sa pagitan ng Anak ng Diyos at ng buong puwersa ng kadiliman at kampon ni Satanas. Ang tagpo na ito ang siyang elementong nangingibabaw sa pagsasalaysay ni Marcos hinggil sa ministeryo ni Jesus."[2]

A. ANG PAMAGAT NG AKLAT 1:1 (IKUMPARA SA LUKAS 3:1-2)

Maaaring layon ni Marcos sa pangungusap na ito na ipakilala ang ministeryo ni Juan Bautista, yamang ito ang siyang agad na makikita sa kasunod na mga talata (vv. 4-8). Ngunit sa kabilang banda, maaaring ito ay tumutukoy rin sa pasimula ng publikong ministeryo ni Jesus at dahil rito'y maaaring magsilbing pamagat para sa pambungad ng Ebanghelyo (1:1-13). Gayunpaman, higit kong nakikita na ang talatang ito ay pamagat para sa buong aklat. May ilang komentarista na naniniwala na ito ay nagpapahayag ng layunin ng aklat.[3] O kaya'y ito ay nagsisilbing buod para sa buong aklat ng Ebanghelyo ni Marcos. Subalit, wala kang makikita sa Bagong Tipan na kung saan ang salitang "Ebanghelyo" ay ginagamit bilang pamagat. Ito ay naging pamagat na lang sa paglipas ng panahon.

> "Ang salitang 'ebanghelyo' ay hindi orihinal na binuo ng lipunang Kristyano. Ang totoo niyan, ang konsepto ng salitang ito ay parehas na

---

[1]Tingnan ang Appendix 1 "A Harmony of the Gospels" na nasa huling bahagi ng aking komentaryo sa aklat ni Mateo.

[2]Lane, p. 40.

[3]Gaya ni Charles H. Dyer, "The Purpose for the Gospel of Mark," in *Essays in Honor of J. Dwight Pentecost*, pp. 49-62.

> makikita sa kultura ng mga pagano at ng mga Judio. Para sa mga Romano, ang salitang ito ay nangangahulugan ng 'masayang balita' at may kaugnayan sa panambahan sa emperador, na kung saan ang araw ng kanyang kapanganakan, pagdating sa maturidad, at pag-akyat sa kapangyarihan ay ipinagdiriwang bilang pista sa buong mundo. At ang pagbabalita sa gaganaping kapistahang iyon ay tinatawag na 'ebanghelyo' na mababasa at makikita sa mga inskripsyon at papyrus na papel noong panahong iyon. [yun ay, mula 27 B.C. hanggang A.D. 476]."[1]

Maaaring pinasimulan ni Marcos ang kanyang Ebanghelyo sa paraang isinulat niya ("Ito ang simula ") upang ipaalala sa kanyang mga mambabasa ang pambungad na talata sa Genesis. Ibig sabihin, ang mabuting balita tungkol kay Jesu-Cristo ay naghahatid at nagbibigay ng isang dakilang panimula na katulad at kasing-halaga ng paglalang sa sannilikha. Noong si Jesus ay dumating sa daigdig at pinasimulan ang Kanyang ministeryo, ang Diyos ay may nilikhang bago. Ang Ebanghelyo ay nagpapahayag ng isang bagong simula, na kung saan ang Diyos ay naghayag ng isang mabuting balita na tungkol kay Jesu-Cristo. Kaya, ang pamagat na ito ay maaaring pagpapahiwatig sa banal na pinagmulan ng ikalawang aklat ng Ebanghelyo – ang Marcos; na kung saan, kung paanong inihayag ng Diyos ang pinagmulan at simula ng sannilikha sa aklat ng Genesis, gayundin naman, inihayag Niya ang simula ng mabuting balita sa pamamagitan ng aklat ni Marcos.

> "Sa Galacia 4:4-6, tiningnan ni Pablo ang kwento ng ebanghelyo na may dalawang bahagi: ang pagsusugo ng Diyos sa 'Kanyang Anak' at ang pagsusugo sa 'Espiritu ng Kanyang Anak.' Ang unang bahagi ang siyang binigyang pansin sa salaysay ni Marcos. At syempre, sa kabuoang mensahe ng mga Apostol sa Bagong Tipan, kanilang tinalakay rin naman ang pagsusugo sa Banal na Espiritu. Subalit ang kwento ng pagsusugo sa Anak ng Diyos ay historikal na nagsimula sa pagdating ni Juan Bautista na siyang naghanda ng daan para kay Jesus."[2]

Ang Biblia ay mayroong binabanggit na tatlong uri ng panimula: ang (1) ay ang panimula na hindi natin maika-kalendaryo at malalagyan ng petsa sapagkat ito ay nakapaloob sa tinaguriang 'nakaraang walang hanggan,' na kung saan "ang Salita" (si Jesus) ay umiiral na kasama ng Diyos Ama (Juan 1:1). Ang (2) ay ang simula ng mga langit at lupa noong ang mga ito ay nilikha ng Diyos (Gen. 1:1). At ang (3) ay ang pasimula ng mabuting balita

---

[1]Ibid., pp. 42-43. Ang "Papyrus" ay isang sinaunang papel na kinasusulatan ng mga dokumento.

[2]D. Edmond Hiebert, *Mark: A Portrait of the Servant*, p. 27

tungkol kay Jesus na nagsimula noong sina Juan Bautista at si Jesus ay nagpasimula ng kanilang ministeryo sa publiko (Marcos 1:1).

Ang salitang ‘ebanghelyo’ ay katumbas ng sinaunang salita sa Ingles na "god-spel," na ang ibig sabihin sa wikang Tagalog ay “mabuting balita.” Samantala, ang salita sa Griego na isinalin sa Ingles na "gospel" at sa Tagalog ay “ebanghelyo” ay mula sa salitang Griego na *euangelion*. Minsan pa, sa simpleng kahulugan, ang mabuting balita ay tungkol sa pagkakaloob ng Diyos ng hindi nagmamaliw na kaligtasan mula sa kasalanan sa pamamagitan ng ministeryo ni Jesu-Cristo (ikumpara ito sa Isa. 40:9; 41:27; 52:7; 61:1-3; Rom. 1:16). Ang katagang ito ay isang mahalagang theolohikal na pansin at diin na makikita sa pagsasalaysay ni Marcos (ikumpara sa 1:14-15; 8:35; 10:29; 13:9-10; 14:9). Mahalagang pansinin dito, na ang salitang “ebanghelyo” ay tumutukoy sa mensahe ng ebanghelyo, hindi sa Aklat ni Marcos.

> "Ang Ebanghelyo ay hindi isang diskusyon o debate. Ito ay pamamahayag ng balita!"[1]

Ang salitang “ebanghelyo” gaya ng ating nabanggit sa itaas ay mayroong paganong pagkakagamit na nakaugnay sa pagsamba sa emperador ng Roma. Ang pagsilang ng isang tagapagmana ng trono, ang kanyang maturidad, at ang kanyang pag-akyat sa kapangyarihan ay ipinapahayag bilang isang masaya o mabuting balita—ebanghelyo, *euangelion*. Kaya noong ginamit ang salitang ito sa lipunang Kristyano, iniugnay naman nila ito sa ebanghelyo ni Jesu-Cristo na siyang tunay na mabuting balita tungkol sa tunay na hari na maghahari sa kaharian ng Diyos.[2]

Sa kabilang banda, ang salitang “ebanghelyo” ay tumutukoy rin sa isang uri ng literatura o sa Ingles ay ‘literary genre.’ Ang aklat ng Ebanghelyo bilang isang literatura ay hindi lamang salaysay ng kasaysayan o isang biograpiya. Ito ay “isang materyales na naglalaman ng mga pangangaral na dinisenyo upang ipahayag at ibalita ang kwento ng kilos ng pagliligtas ng Diyos sa pamamagitan ng buhay, ministeryo, kamatayan, at muling pagkabuhay ni Jesus ng Nazaret."[3] Ang aklat ng Ebaghelyo ni Marcos ay naglalaman ng mabuting balita na ipinangaral ng sinaunang mga Kristyano (ikumpara sa Gawa 2:36).[4]

> "Si Marcos ay hindi nagsulat na katulad ng isang mananalaysay na walang pakialam sa panig na tinitindigan. Sa halip, siya ay nagsulat bilang isang mangangaral na ipinapahayag ang mabuting balita ng pagliligtas ng Diyos

---

[1]Warren W. Wiersbe, *The Bible Exposition Commentary*, 1:110.

[2]Cranfield, p. 36.

[3]R. P. Martin, *Mark: Evangelist and Theologian*, p. 21.

[4]C. F. D. Moule, *The Gospel According to Mark*, p. 8.

> sa pamamagitan ng ministeryo ni Jesus … Siya ay nagsulat bilang isang theologo na isinaayos at ipinaliwanag ang tradisyon na tumutugon sa pangangailangan ng kanyang mga tagapakinig at mambabasa."[1]

Si "Jesu-Cristo" ang ‘subject’ o pinag-uusapan sa ebanghelyo na ito (objective genitive). O kaya, siya ang ‘source’ o pinagmumulan nito (subjective genitive). Para sa akin, mas nakikita ko ang pagbibigay pansin ni Marcos sa obhektibong punto, yun ay, ang magbigay ng pagsasalaysay sa ministeryo ni Jesus upang ang kanyang mga mambabasa ay magkaroon ng makatotohanang batayan ng pagkakaunawa sa ebanghelyo na kanilang sinampalatayanan. Subalit kung sakali man na ang ibig sabihin ni Marcos ay nasa subhektibo, yun ay, na si Jesus ang pinagmulan ng mabuting balitang ito sa aklat, maituturing ko na ang talatang ito ay hindi magandang pambungad mismo para sa aklat, na naglalahad ng higit pa sa itinuro ni Jesus.[2]

Ang pangalang "Jesus" ay pangalan sa Griego na katumbas ng Hebreong pangalan na "Josue," na ang ibig sabihin ay "Si Yahweh ang Kaligtasan " o kaya’y "Kaligtasang mula kay Yahweh." Samantala, ang titulong pangalan na "Cristo" na isinalin sa Griego na *kristos*, ay nangangahulugan ng "ang pinahiran." At ang salitang Hebreo para sa “ang pinahiran” ay *masiah*, na kung saan nagmula ang titulong “Messias.” Subalit sa panahong isinulat ni Marcos ang kanyang Ebanghelyo, ang “Jesu-Cristo” ay naging isang pantanging pangalan, hindi na isang pangalan (Jesus) at isang titulo (Cristo), na siyang orihinal na kahulugan ng mga ito. Gayunpaman, hangad pa rin ni Marcos na maipahayag ang buong kahulugan ng titulong “Cristo” (tingnan sa 8:29; 12:35; 14:61; 15:32). Dapat mong malaman na ang pangalang "Jesus" noong panahong iyon ay karaniwang pangalan sa lipunang Judio. Subalit ito ay itinigil ng mga Judio na gamiting isang karaniwang pangalan ng dahil sa kanilang pagkamuhi kay Jesus ng Nazaret. Hininto rin ito na gamitin ng mga Hentil, subalit bilang paraan ng pagrespeto kay Jesus.[3]

Higit pang ipinakilala ni Marcos si Jesu-Cristo na “ang Anak ng Diyos.” Ang katagang titulo na ito ay hindi mababasa sa ilang mahahalagang sinaunang manuskripto ng aklat ni Marcos, subalit ito ay maituturing na karaniwang kataga na ginagamit ni Marcos.[4] Ang titulo na ito ay nagpapahayag ng bukod tanging relasyon ni Jesus sa Diyos at ipinapakita dito sa aklat na ito na isang mahalagang tema (ikumpara sa 1:11; 3:11; 5:7; 9:7; 12:6; 13:32; 14:36, 61; 15:39). Gayunpaman, ang titulo na ito ay hindi ganap na nagpapahiwatig ng pagkaDiyos o kaya’y walang hanggang makalangit na pag-iral,

---

[1]Wessel, p. 611.

[2]Lenski, p. 21.

[3]Cranfield, p. 37.

[4]Tingnan ang sinasabi ni Carson and Moo, p. 187.

sapagkat ang titulo na ito ay ginagamit rin para tukuyin ang mga hari sa daigdig (tingnan halimbawa ang 2 Sam. 7:14; Aw. 2:7). Subalit ang paggamit ng titulo na ito kay Jesus ay may kinalaman sa Kanyang messianikong katauhan. At pagdating sa Kanyang relasyon sa Diyos, ang titulo na ito ay nagpapahiwatig ng pagpapasakop yamang prini-presenta ni Marcos si Jesus sa aklat na ito na isang Lingkod ng Diyos. Dagdag pa rito, sa halip na itala ni Marcos ang kwento ng kapanganakan ni Jesus na magpapakita ng Kanyang pagiging Anak ng Diyos, sapat ng sabihin lang ni Marcos ang titulong ito sa isang pangungusap sa pambungad ng kanyang aklat.[1]

> "… sa simula pa lang ay inilahad na ng may-akda sa kanyang mambabasa ang isang katiyakan at konpidensya hinggil sa lihim ng katauhan ni Jesus bilang Anak ng Diyos. Ginawa niya ito bago pa man mahayag ang sikretong ito sa mga tauhan sa kwento ng kanyang aklat. Ang unang talata ay isang pangungusap para sa ating mga bumabasa na kung saan ipinapakilala agad sa atin ng may-akda na si Jesus 'ang pinahiran,' ang 'anak ng Diyos.' Ito ay isang teknik ng pagkwe-kwento na kung saan ang isang mambabasa ay inilalagay ng may-akda sa loob ng kwento na kung saan, siya ay higit na may nalalaman kumpara sa pang-unawa ng mga tauhang nasa drama. Ang teknik na ito ay isang mahalagang pundasyon sa kwentong ito na kung saan ay mayroong isang katotohanang nakatago at sikreto na dapat matuklasan."[2]

> Sa isang banda,

> "Ang Ebanghelyo ay hindi isang kwento ng hiwaga na kung saan ang katauhan ng pangunahing tauhan ay dapat hulaan; sa umpisa pa lang na talata ng aklat ay malinaw na kung sino si Jesus—ang Anak ng Diyos."[3]

Kung pag-uugnayin natin lahat, si "Jesus," ang "Cristo," at ang "Anak ng Diyos" ay nagpapakilala na si Jesus ay isang Tao na siyang bukod tanging lingkod ng Diyos, subalit sa kabilang banda'y isa ring tunay na Diyos.

> "Ang superkripsiyon ay tumutukoy kay Jesus bilang "ang pinahiran, ang anak ng Diyos.' Sa pagtatapos ng unang kalahati na bahagi ng kwento sa

---

[1]Tingnan ang pag-aaral ni Herbert W. Bateman IV, "Defining the Titles 'Christ' and 'Son of God' in Mark's Narrative Presentation of Jesus," *Journal of the Evangelical Theological Society* 50:3 (September 2007):537-59.

[2]David M. Rhoads and Donald M. Michie, *Mark as Story: An Introduction to the Narrative of a Gospel*, p. 41.

[3]E. Best, *The Temptation and the Passion*, p. 168.

aklat, makikita natin na kinilala ni Pedro si Jesus bilang ‘ang pinahiran’ [8:29] at sa pagtatapos ng buhay ni Jesus, ang senturion ay nagpahayag rin na Siya ay ang ‘anak ng Diyos’ [15:39]. Ang unang kalahating bahagi ng kwento ay nagbibigay-diin sa awtoridad ni Jesus na magpamalas ng mga pambihirang gawa ng kapangyarihan. At ang ikalawang bahagi ng kwento ay nakatuon naman sa Kanyang dinanas na kahirapan bilang matapat na nagmamahal sa Diyos. Sa unang bahagi, Siya ay naglingkod na may kapangyarihan. Sa ikalawang bahagi, Siya ay naglingkod sa pamamagitan ng pagtitiis ng kahirapan. Sa kabuoang istilo at istraktura ng mga yugto o ‘episodes’ sa aklat, ang dalawang bahagi na ito ay tumutulong sa mambabasa na maging handa na makita ang punto ng ikalawang bahagi, at na tanggapin ito na may malinaw at eksaktong pagkakaunawa kay Jesus."[1]

"Sa kwento ng ebanghelyo, isinalaysay ni Marcos ang buhay ni Jesus. Subalit kalakip sa kwentong ito ay may dalawa pang kwento na nakasabit: ang kwento tungkol sa mga relihiyosong pinuno at ang kwento tungkol sa mga alagad."[2]

B. Ang paghahanda ni Jesus para sa ministeryo 1:2-13

Nagpatuloy si Marcos sa pamamagitan ng pagtatala ng tatlong kaganapan na kinakailangang maunawaan ng mambabasa upang higit niyang makilala ng tama ang ministeryo ni Jesus. Ang mga ito ay: ang ministeryo ni Juan Bautista, ang pagbabautismo kay Jesus, at ang pagtukso kay Jesus. Dalawang salita ang madalas lumabas sa seksyon na ito, at ang mga ito ay maituturing na sus isa pagkakaunawa ng nais bigyang pansin ni Marcos: "ilang" at "Espiritu."[3]

---

[1]Rhoads and Michie, pp. 48-49.

[2]Kingsbury, p. vii.

[3]Tingnan ang pag-aaral ni Frank J. Matera, "The Prologue as the Interpretive Key to Mark's Gospel," *Journal for the Study of the New Testament* 34 (October 1988):3-20.

1. Ang Ministeryo ni Juan Bautista 1:2-8 (ikumpara Mat. 3:1-6, 11-12; Lukas 3:3-6; 15-18)

Ipinakita ng may-akda na ang ministeryo ng tagapagpakilala kay Jesus ay isang katuparan ng propesiya. Ang ministeryo ni Juan Bautista ay naghatid ng malaking epekto sa kanyang mga nakasalamuha.[1] Itinala rin ni Marcos ang essensya ng mensahe ni Juan.

1:2-3 Ipinakilala ni Marcos ang kanyang Ebanghelyo gamit ang pagsisipi sa sinasabi ng Lumang Tipan. Nais niyang ipaaabot sa atin na ang tamang pagkakaunawa sa ministeryo ni Jesus ay nangangailangan ng pagkakaunawa sa sinasabi ng propesiya ng Lumang Tipan tungkol sa Messias. Ang sabi ni Marcos, "Tulad ng nakasulat" (sa Griego, ito ay nasa 'perfect tense'). Ang mga sinaunang Kristyano ay naniniwala na ang Lumang Tipan ay kinasihan ng Diyos, at ito ang awtoratibong Salita ng Diyos.

Ang sipi na ito ay pinaghalong mga salita na hinalaw mula sa Septuagint na bersyon ng Exodo 23:20, Malakias 3:1, at Isaias 40:3.[2] Kapansin-pansin na pinag-isa ni Marcos ang mga talatang ito upang bigyang diin ang isang messianikong katotohanan na nilalaman sa mga talatang ito ng Lumang Tipan. At marahil ay si Isaias lamang ang kanyang binanggit sapagkat ang talata sa Isaias ang siyang naglalaman ng pangunahing punto na nais niyang sabihin (v. 3). O kaya, siguro, si Isaias kasi ang siyang prominente o kilalang propeta.[3]

"Ang ilang" ang siyang lugar na madalas katagpuin ng Diyos ang kanyang bayan. Ito ay isang tampok na lugar sa Lumang Tipan. Ang maghahanda ng daan ng Messias ay prinopesiyang magmumula sa ilang. At syempre, ang "Panginoon" na tinutukoy sa talata ay walang iba kundi si Jesus. At ang pagbanggit ni Marcos ng salitang "landas" (sa Griego ay *hodos*, ay literal na nangangahulugan ng kalsada) ay pagpapasimula sa isa sa mga tema na kanyang tatalakayin, yun ay, ang landas tungo sa buhay. Ang

---

[1]Para sa 'parallel' o pagkakatugma ng ministeryo sa pagitan ni Juan Bautista at ni Elias, tingnan ang pag-aaral ni Alfred Edersheim, *The Life and Times of Jesus the Messiah*, 1:255-56.

[2]Ang Septuagint, ay minsang dinadaglat o binabanggit na LXX. Ito ang siyang salin sa Griego ng Bibliang Hebreo (ang ating Lumang Tipan) na isinagawa noong ikatlong siglo B.C. Ito ang siyang salin na karaniwang ginagamit noong unang siglo A.D.

[3]Robertson, 1:252.

"daraanan ng Panginoon" ang siyang landas o kalsada na dapat lakaran ng mga tagasunod ni Jesus (ikumpara sa 8:27; 9:33; 10:17, 32, 52; 12:14).

Ito lamang ang pagkakataon sa aklat na ito na si Marcos ay may siniping talata mula sa Lumang Tipan, liban lang kung binabanggit niya si Jesus na may sinisiping talata mula sa Lumang Tipan. (Mahalagang malaman na ang sinipi sa 15:28 ay walang solidong katibayan mula sa mga sinaunang manuskrito.) Ito ay malaking kabaligtaran sa aklat ng Ebanghelyo ni Mateo na kababasahan ng maraming sipi mula sa Lumang Tipan.

> "Ang punto ng buong talatang sinipi ay para ipakita na ang paghahanda ng daan na ginawa ni Juan Bautista ay katuparan ng isang propesiya na nagpapatibay ng messianikong katauhan ni Jesus at isang paghahanda na rin para sa kanyang opisyal na ministeryo bilang Messias."[1]

1:4 Ang "ilang" (o disyerto, sa Griego ay *eremos*) na siyang lugar ng pagmiministeryo ni Juan ay isang tuyong lugar na hindi tinitirhan. Ito ay ang ilang sa Judea na nasa kanluran at hilagang bahagi ng Patay na Dagat (Dead Sea) (Mat. 3:1).

Si Juan ay nagbabautismo ng mga tao kapag nagpapakita sila ng ebidensiya ng "pagsisisi" (Gr. *metanoia*). "Ang bautismo ng pagsisisi" ay bautismong kakikitaan ng diwa ng pagsisisi. Ang mga Judiong binautismuhan ni Juan ay hindi lamang nagkaroon ng pagbabago ng kaisipan, na siyang pangunahing kahulugan ng salitang *metanoia*, sila rin ay nagkaroon ng pagbabago ng ugali. Ito lamang ang talata sa aklat ni Marcos na ang salitang *metanoia* ay lumabas. Ang pagbabago ng kanilang isipan—hinggil sa kanilang kasalanan at ang kanilang pangangailangan na maging matuwid sa harapan ng Diyos—ay naghatid ng kapatawaran sa kanilang mga kasalanan (ikumpara sa Mat. 12:41; Gawa 2:38). Ang pagbabago ng ugali ay hindi bumibili ng ating kapatawaran, subalit ang pagbabago ng ugali ay nagpapatunay na mayroong naganap na tunay na pagbabago ng isipan—yun ay, mula sa paniniwala na ikaw ay matuwid sa ganang sarili tungo sa paniniwala na ikaw pala ay isang makasalanan at nangangailangan ng kaligtasan—na naghahatid ng kapatawaran. Gayundin naman, ang bautismo ay hindi nagbubunga ng kapatawaran, na

[1]Hiebert, p. 29.

gaya ng sinasabi ng iba.[1] Sa halip, ang bautismo ay nagpapahayag ng tunay na pagsisisi na naghahatid ng kapatawaran ng mga kasalanan. Si Josephus na isang mananalaysay na Judio ay tama sa kanyang pagkakaintindi na ang bautismo ni Juan ay hindi nag-resulta ng kapatawaran ng kasalanan.[2]

> "Ang katapusan ng kapalaluan ang simula ng kapatawaran"[3]

Ang kakaibang bagay sa bautismo ni Juan ay noong kanyang panahon ang mga Hentil ay binabautismuhan upang maging kaanib ng Judaismo, at ang mga Judio ay nagbabautismo para sa rituwal na paglilinis—liban lang sa tinutukoy sa Levitico 8:6. Subalit ang pagbabautismo na ginagawa ni Juan ay para sa mga taong lumalapit sa kanya na may pusong nagsisisi.

> "Kung paanong ang Israel noong sinaunang panahon ay nahiwalay sa Ehipto sa pamamagitan ng paglalakbay tungo sa tubig ng Pulang Dagat, ang bansang ito ay minsan pang hinihikayat minsan pa na maranasan ang ikalawang pagkakahiwalay; ang bayan ay tinatawagan tungo sa ikalawang exodo bilang paghahanda sa kanilang bagong tipan sa Diyos."[4]

Ang sermon ni Pedro sa Gawa 10:34 hanggang 43 ay nagsimula sa parehas na panimula sa Ebanghelyo ni Marcos: walang iba kundi sa ministeryo ni Juan Bautista. Pwede nating isipin na ito ang pwedeng naging impluwensya ni Pedro sa aklat ni Marcos, ang ikalawang aklat ng Ebanghelyo.

1:5 Marami sa mga Judio ang masiglang tumugon sa ministeryo ni Juan. Napakalaking bilang ng mga tao mula sa bahaging timog ng Palestina at pati na rin sa Jerusalem ang pumunta sa kanya doon sa Ilog Jordan, bilang tugon sa kanyang panawagan na maghanda sa pagdating ng Messias. Sa talata ay mababasa natin na “halos lahat” ay pumunta kay Juan, ibig sabihin, napakaraming tao talaga ang tumugon sa kanyang panawagan. At silang nagpahayag ng kanilang mga kasalanan ay nagpasakop sa kanyang

---

[1]Yun ay si Lenski, pp. 30-32.

[2]Flavius Josephus, *Antiquities of the Jews*, 18:5:2.

[3]William Barclay, *The Gospel of Mark*, p. 5.

[4]Lane, p. 50.

bautismo. Ang kanilang pagpapasailalim sa bautismo ni Juan ay isang panata na tatanggapin nila ang Messias kapag Siya'y dumating na.

> "… ang pagpapahayag ng kasalanan ay higit pa sa bastang pag-amin na mayroon kang kasalanan sa iyong buhay. Ito ay pagsang-ayon sa sinasabi ng Diyos tungkol sa kasalanan. Ito ay pagtingin sa kasalanan ayon sa pananaw ng Diyos at kumilos ng nararapat hinggil rito ayon sa kalooban ng Diyos. Ito ay nangangahulugan ng pagwawaksi ng kasalanan. Ito ay determinasyon na tapusin na ang pagkakasala."[1]

Ang paraan ng pagbabautismo ni Juan ay pinagtatalunan pa rin, bagamat ang isyu na ito ay 'minor' lamang at hindi dapat palakihin. May ilang naniniwala na inilubog ni Juan sa tubig ang mga nagpabautismo sa kanya. May ibang naniniwala na winisikan lamang niya sila ng tubig.[2] Sa aking palagay, mas malaki ang posibilidad na 'immersion' o paglulubog sa tubig ang ginawa ni Juan sapagkat ang mga Judio ay nagsasagawa ng ganitong paraan ng bautismo. At isa pa, si Juan ay nagbabautismo sa Ilog Jordan na kung saan bagay-na-bagay ang paraan ng paglulubog sa tubig. At isa pa, ang pangunahing kahulugan mismo ng salitang Griego na *baptizo* ay "paglulubog."[3]

1:6 Ang paglalarawan rito kay Juan ay naglalagay sa kanya sa karaniwang pagkilala ng mga tao noong panahong iyon hinggil sa tipikal na banal na madalas ay naninirahan sa ilang. Ayon sa talata, ang kanyang damit ay yari sa balahibo ng kamelyo at balat naman ng hayop ang kanyang sinturon (tingnan sa 2 Hari 1:8; ikumpara sa Mal. 4:5-6). Ito ang karaniwang kasuotan ng isang propeta (tingnan ang Zech. 13:4). Ang kanyang pagkain ay balang at pulot-pukyutan. Ang pagkain na ito ay itinuturing ng mga Judio na malinis (tingnan ang Lev. 11:21-22).

> "Ang balang ay karaniwang pagkain noong panahong iyon at ngayon ay itinuturing naring pagkain sa Silangan na

---

[1]Kenneth S. Wuest, *Word Studies in the Greek New Testament*, 1:1:20.

[2]E.g., Lenski, pp. 34-36.

[3]Thayer, *A Greek-English Lexicon of the New Testament*, s.v. "*baptizo*," p. 94.

> mayaman sa bitamina. Walang batayan para iugnay ito sa tinaguriang 'St. John's bread,' na ang tawag ay 'carob.'"[1]

Si Juan ay maaaring isang Nazarita, o kaya'y nagpasyang mamuhay ng asetiko bilang pagtatalaga ng kanyang sarili sa Diyos (Lukas 1:15). Ang panlabas niyang anyo at pag-uugali, dagdag sa basbas ng Diyos, ay maaaring nakahikayat sa mga Judio na pumunta sa kanya at talikuran ang makasarili at malayaw na pamumuhay—bilang isang paraan ng paghahanda sa pagdating ng Messias.

> "Ang isang maingat na paghahambing sa pagitan ni Juan Bautista at ng tinaguriang 'Qumran Covenanters' ay kakikitaan ng malaking pagkakaiba na anupa't kaagad mong masasabi na walang pagtatagpong naganap sa dalawa."[2]

> "Sa wakas, ang nakabibinging katahimikan ay binasag ng pagdating, ng pamamahayag, ng rituwal, at ng ministeryo na maihahalintulad sa kahanga-hangang ministeryo ni Elias. Maraming puntos ang pagkakatulad ng dalawang sugo na ito at silang dalawa ay kakikitaan ng magkahawig na anyo. Sila ay parehas na dumating sa isang lipunan na sa panlabas ay maunlad, marangya, at panatag, bagamat sa loob ay mayroong nakatago na namumuong malubhang karamdaman. Sila ay parehas na dumating sa isang relihiyosong lipunan na dinaramtan ng hindi na mapipigilang kabuktutan, gayunma'y mayroong binhi ng posibleng muling pagsilang na pwedeng maganap dulot ng pagdating ni Elias at ni Juan. Sila ay parehas na dumating upang ihayag ang babala ng darating na kahatulan, bagamat mayroong bukas na posibilidad para sa pagdating ng kabutihan. At para higit pa nating patibayin ang pagkakatulad ng dalawang dakilang sugo, sila ay parehas na dumating sa paraang hindi inaasahan at lubhang naiiba sa kinaugalian ng mga tao noong panahong iyon. Si Juan ay biglang lumitaw na lang mula sa ilang ng Judea, kung

[1]Mann, p. 196.

[2]Lane, p. 48.

> paanong si Elias ay bigla na lang lumitaw sa ilang ng Gilead. Makikita kay Juan ang asetikong anyo ni Elias at ang kanyang mensahe ay parehas sa diwa ng mensaheng ipinahayag ni Elias. Ang kanyang pagbabautismo ay maihahambing sa rituwal na ginawa ni Elias sa Bundok Carmel. Kaya nga, mayroong malalim na ugnayan sa pagitan nina Juan at Elias. Ito ay pumupukaw ng pag-asa."[1]

1:7 Ang pagbubuod ni Marcos sa mensahe ni Juan ay maikli lamang (ikumpara sa Mat. 3:7-10; Lukas 3:10-14). Dito ay binibigyang diin ang pagdating ng isang Makapangyarihan na magbabautismo sa Banal na Espiritu (v. 8). Ipinakita ni Juan ang kadakilaan ng Makapangyarihang ito sa pamamagitan ng paghahambing na kahit siya ay hindi karapat-dapat sa harapan ng Messias. Hindi kinakailangan ng mga alipin noong panahong iyon na alisin mula sa paa ang tsinelas ng kanilang amo, gayunma'y nadama ni Juan na sa harapan ng Messias, hindi siya karapat-dapat na gawin maging ang napakaliit na bagay na ito. Ang ganitong mapagpakumbabang katangian ng mga lingkod ng Diyos ay madalas na matutunghayan sa mga salaysay ng Ebanghelyong aklat na ito.

1:8 Isa pang kontras na paghahambing ay makikita sa bautismo ng dalawang lingkod na ito. Ipinapakita rito na ang bautismo ng paparating na Makapangyarihan ay dakila at nakahihigit kumpara sa nauna.

> "Malinaw na sinasabi ni Juan Bautista na ang darating na Makapangyarihan ay hindi maghahatid ng bastang paglilinis gamit ang tubig, kundi gaya ng Baha sa panahon ni Noe ihahatid Niya mismo ang naglilinis, dumadalisay, at humahatol na presensya ng Diyos."[2]

Ang bautismo ni Jesus sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu ay maaaring nakaturo sa isang paparating na panahon. Ayon sa salaysay ni Mateo at ni Lukas, si Jesus ay magbabautismo sa Espiritu Santo at sa apoy. Sa grammar ng Griego, ang dalawang pandiwa ay tumutukoy sa isang bautismo sa Espiritu at sa apoy. At bagamat may kahawig na bautismo na naganap noong araw ng Pentecostes (ikumpara sa Gawa 1:5; 2:32-33), hindi lahat ng prinopesiya ng mga propeta—nang maganap ang

---

[1]Edersheim, 1:255.

[2]Moule, p. 10.

bautismong iyon—ay naganap ng araw na iyon (ikumpara sa Isa. 44:3; Joel 2:28-32). At dahil rito, naniniwala ako na dapat tayong maghintay sa isang panghinaharap na bautismo sa Espiritu—at sa apoy (kahatulan)—na kung saan tutuparin nito ang lahat ng propesiya. Ang ganap na pagsasakatuparan ng bautismo na ito ay mangyayari sa pagbabalik ni Jesus sa daigdig.

2. Ang Pagbabautismo kay Jesus 1:9-11 (cf. Mat. 3:13-17; Lukas 3:21-23)

Kasunod na itinala ni Marcos ang dalawang pangyayari bago magsimula ang publikong ministeryo ni Jesus: ang bautismo kay Jesus at ang pagtukso sa Kanya ng diyablo. Ang unang pangyayari sa dalawang ito ang siyang naging hudyat sa Kanyang pagpapakita bilang Messias at ang simula ng pagsasakatuparan ng opisinang ito. Simple lang ang pagkakatala ni Marcos sa kaganapan ng bautismo ni Jesus na kung saan kaugnay rito ay may dalawang pangyayari na nagpapatunay na Siya ang Messias.

1:9 Ang simpleng pagtukoy lang ni Marcos kay Jesus sa pangalang “Jesus” ay maaaring nagpapahiwatig na isinulat niya ang aklat na ito para sa mga taong kilala o pamilyar na kay Jesus. (Kumpara sa ibang bansag at tawag kay Jesus, ang pangalang "Jesus" ay madalas na lumalabas sa Ebanghelyo ni Marcos.) Si Jesus ay hindi dumating kay Juan mula sa Judea o Jerusalem (ikumpara sa v. 5), kundi mula sa Nazareth sa Galilea, na kung saan doon Siya lumaki at namuhay.[1] Ang bayang ito ay maliit lamang at hindi kilala. Hindi man lang ito nabanggit sa Lumang Tipan, o kaya’y binigyang pansin ng mananalaysay na Judio na si Josephus, at hindi mababasa sa Talmud.[2]

Si Jesus ay nagpasailalim ng bautismo upang maibilang Niya ang Kanyang sarili sa kalagayan ng sangkatauhan. Hindi Niya ito ginawa ng para sa ikapagpapatawad ng Kanyang kasalanan. Siya ay walang kasalanan (2 Cor. 5:21; 1 Ped. 2:22; 1 Juan 3:5). Sa halip, Siya ay nagpasailalim ng bautismo sapagkat kailangan Niyang maibilang o maiugnay ang Kanyang sarili sa

[1]Tingnan ang mapa "Places Mentioned in Mark's Gospel" na nasa hulihan ng komentaryo na ito.

[2]Para sa paglalarawan ni Josephus sa lugar ng Galilea, tingnan ang kanyang aklat na *The Wars of the Jews,* 3:3:2-3. Pagkakatapos ng pamamalagi ni Jesus sa lupa, si Josephus ay naging gobernador ng Galilea na nasa ilalim pa rin ng pamamahala ng Roma. Ang Talmud ay kalipunan o aklat ng mga batas sibil at seremonyal ng mga Judio, na kung saan kababasahan rin ng mga alamat. Ito ay binubuo ng Mishnah at Gemara. Ang buong bersyon o anyo nito ay natapos sa pagtatapos rin mismo ng panahon ng Bagong Tipan.

grupo ng mga taong binabautismuhan ni Jesus, walang iba kundi ang mga matuwid sa Israel.

> "Kung hindi nagpabautismo si Jesus, maaaring isipin ng iba na Siya ay nagyayabang [yun ay, na hindi Siya nagpapakumbaba sa harapan ng Diyos]."[1]

Kung susuriin mo, iniugnay ni Jesus ang Kanyang bautismo sa Kanyang kamatayan (10:38; Lukas 12:50). At dahil rito, matuwid isipin na tiningnan ni Jesus ang Kanyang bautismo bilang isang publikong pagtanggap sa Kanyang papel na gagampanan bilang Messias na Lingkod ng Diyos na magtitiis para sa atin. Pinasimulan ni Jesus ang Kanyang publikong ministeryo sa edad na 30 (Lukas 3:23).

1:10 Ito ang unang pagkakagamit ng pang-abay na salita sa Griego na *euthys* (“agad”). Ang salitang ito ay 42 ulit na ginamit ni Marcos sa aklat na ito, na siya mismong nagbibigay ng diwa at pakiramdam ng mabilis at tuloy-tuloy na aksyon. At kahit na pagsama-samahin pa ang lahat ng manunulat ng Ebanghelyo, si Marcos lamang ang gumamit ng salitang ito sa higit at palaging pamamaraan.

> "Habang umuusad ang kwento, ang dalas ng pagkakagamit ng salitang “kaagad” ay nagiging madalang. Subalit sa muling paglabas ng salitang ito, pinaigting nito ang mabilis na pangyayari hinggil sa pagdakip at paglilitis kay Jesus. At pagkatapos nito, ang tempo o daloy ng kwento ay nag-iiba. Kung sa unang bahagi ng salaysay, ang salitang ito ay nagdidikta ng mabilis na aksyon at kaganapan mula sa isang lugar tungo sa isa pang lugar, sa pagtatapos ng salaysay ang daloy ng pangyayari ay makikitang dahan-dahang natutuon sa araw-araw na nangyayari sa isang lugar – sa Jerusalem, at pagkatapos ay makikita natin ang tempo na tumutok sa bawat oras na nagaganap sa araw ng pagpako kay Jesus. Sapagkat ang buong salaysay ng aklat ay nakatuon sa tagpo na magaganap sa Jerusalem at sa krus, ang dahan-dahang pagbabago ng tempo hinggil sa kaganapang iyon ay higit na nagpapatindi sa damdamin ng

[1]Wuest, 1:1:23.

> mambabasa na madama ang karanasang isinasalaysay sa tagpong ito."[1]

Inilarawan ni Marcos si Jesus na nakikitang bukas ang kalangitan, bagamat ito ay nakita ring bukas ni Juan Bautista (Juan 1:32-34).

> "Habang nakikita ni Jesus na bukas ang kalangitan at ang Banal na Espiritu ay bumaba sa Kanya, Siya ay nagkaroon ng kamalayan sa makalangit na kapangyarihang dumating sa Kanya. At ang kamalayan na ito ang maghahatid sa Kanya sa paggamit ng kapangyarihang mahahayag sa buong kaganapang naitala dito sa aklat ni Marcos."[2]

Gumamit rin si Marcos ng isang matingkad at malarawang salita sa Griego na kung tawagin ay *schizomenous*. Ito ay nangangahulugan ng "pagkapunit o pagkabukas," na gaya mismo ng pagkakagamit niya sa kalangitang "nagbubukas." Ang salitang ito ay nagbabalik rin sa talata sa Isaias 64:1, kung saan ang propeta ay nanawagan sa Diyos na "buksan ang langit" at bumaba ang Diyos sa mundong ibabaw (ikumpara ito sa Awit 18:9, 16-19; 144:5-8). At sa tagpong ito, sinagot na ng Diyos ang panalangin ni Isaias. Ang pagbaba ng Banal na Espiritu kay Jesus ay naghahatid at nagtataglay ng basbas para sa Kanyang ministeryo (ikumpara sa Lukas 4:18; Gawa 10:38). Si Jesus ang Siyang Lingkod na pinahiran ng Diyos (ang "Cristo"; ikumpara kay 'David,' na isa ring pinahiran ng Panginoon).

Ang kalapati ay isang ibon na sumasagisag sa mapagpakumbabang sakripisyo. Ito ang ibon na inihahandog ng mga mahihirap na Israelita sa Panginoon. Ito ang siyang diwa na nananahan sa puso ni Jesus na handa ring pakumbabang ialay ang Kanyang sarili para sa atin.

Mahalagang maintindihan na ang pagbaba rito ng Banal na Espiritu kay Jesus ay hindi nangangahulugan na kulang Siya sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Ang pagbaba rito ng Espiritu Santo ay para sa partikular na pagbibigay pansin sa Kanyang messianikong ministeryo. Sa talata ay sinasabi na bumaba "sa" Kanya ang Espiritu (sa teksto sa Griego ang "sa Kanya" ay *eis auton*), hindi 'pumaibabaw' (na sa Griego ay *epi auton*).

---

[1]Si Rhoads at si Michie, p. 45.

[2]Gundry, p. 48.

1:11 Ang tinig ng Diyos Ama mula sa langit ay nagpahayag ng kaluguran kay Jesus at sa Kanyang misyon, na kung saan ang katagang sinabi ng Diyos ay nagpapaalala sa isang pangungusap na mababasa sa Genesis 22:2. Ang sinabi ng tinig na ito ay nagpapakilala na ang nagsasalita ay ang Diyos Ama at si Jesus ang Kanyang pinakamamahal na Anak. Dapat malaman na ang salita ng Diyos na, “Aking pinakamamahal na Anak” ay nakaugnay sa konsepto ng pagiging Hari (Aw. 2:7: "Ikaw ang Aking Anak," ikumpara sa 2 Sam. 7:14) at pagiging Lingkod (Isa. 42:1: "Narito ang Aking Lingkod "). Itong kombinasyon ng pagiging lingkod at hari na tinawag ni Yahweh ang siyang bumubuo sa katauhan ni Jesus bilang ang bukod tanging Anak ng Diyos.

Pansinin mo rin ang presensya ng Banal na Trinidad sa talatang 10 at 11. Ibig sabihin, ang kapuspusan ng Diyos ay aktibong kabahagi sa pagpapakilala at pagpapatibay sa katauhan ni Jesus bilang lingkod-na-hari ni Yahweh.

> "Ang unang kataga sa deklarasyon ng Ama (na kung saan sa Grammar sa Griego, ang pandiwa nito ay nasa ‘present tense’ ng ‘indicative mood’) ay nagpapahayag ng isang ugnayan na walang hanggan at esensiyal. Ang ikalawang kataga naman (na kung saan ang pandiwa ay nasa ‘aorist indicative’) ay nagpapahiwatig ng isang pagpili sa nakaraan para sa pagganap ng isang partikular na tungkulin na isasakatuparan sa kasaysayan."[1]

Kaya mula pa lang sa punto na ito ay alam na ng mga mambabasa ni Marcos ang awtoritatibong pahayag ng Ama tungkol kay Jesus. At ang pahayag na ito ang siyang dapat na gamiting pamantayan sa pagkilatis at paghusga kung ang isang pangungusap ba ng isang tao o tauhan sa kwento tungkol kay Jesus ay tama o mali.

> "Kung hindi agad ipinaalam ni Marcos ang katauhan ni Jesus sa umpisa pa lang o sa gitnang bahagi ng kanyang pagsasalaysay, sino kung gayon ang makakaalam sa tunay na katauhan ni Jesus? Syempre si Marcos bilang

[1]Lane, p. 58.

> tagapagsalaysay, ang mambabasa, ang Diyos, si Satanas, at ang mga demonyo."[1]

Opisyal na nagsimula ang tungkulin ni Jesus bilang Messias noong Siya ay binautismuhan (ikumpara sa 2 Sam. 7:12-16; Aw. 89:26; Heb. 1:5). Sa tagpong iyon ay sinimulan Niya rin ang Kanyang opisyal na gampanin bilang Lingkod ng Diyos na papasanan ng ating mga kasalanan (ikumpara 8:31; 9:30-31; 10:32-34, 45; 15:33-39).

> "Hindi binago ng bautismo ang kalikasan ni Jesus bilang Diyos. Hindi Siya *naging* Anak ng Diyos sa tagpong iyon ng Kanyang bautismo (o kaya't kahit sa sandali ng transpigurasyon o pagbabagong-anyo, 9:7). Sa halip, ang Kanyang bautismo ay nagpapakita ng napakalawak na kahalagahan ng Kanyang pagtanggap sa Kanyang messianikong panawagan bilang Lingkod ng Diyos at bilang Messias na mula sa lahi ni David. Kaya nga, sapagkat Siya ay Anak ng Diyos, ang Kalugod-lugod sa Ama at ang binasbasan ng Banal na Espiritu, Siya ay Messias (iyan ang lohika na hindi dapat baliktarin)."[2]

3. Ang Pagtukso kay Jesus 1:12-13 (ikumpara sa Mat. 4:1-11; Lukas 4:1-13)

Kapansin-pansin na ang pagtukso ni Satanas kay Jesus ay isa pang kaganapan na naghanda sa ating Banal na Lingkod para sa Kanyang ministeryo.[3] Gayunpaman, ang salaysay ni Marcos tungkol rito ay maiksi lamang, ngunit nagbibigay ito ng diin sa matinding espirituwal na labanan na hinahatid ng tukso kay Jesus. Walang sinabi at inilarawan si Marcos tungkol sa damdamin ni Jesus pagdating sa tukso. Para bang gusto ipahiwatig ni Marcos na ang pagtugon ng lingcod ang siyang higit na mahalaga kaysa sa kanyang nararamdaman pagdating sa pagharap sa tukso. At tungkol sa pangyayaring ito, maaaring naibahagi ito ni Jesus sa Kanyang mga alagad at bunga nito'y naisulat.

1:12 Ang salitang "agad" o "pagkatapos" ay nagbibigay ng koneksyon sa pagitan ng bautismo at temptasyon. Kung titingnan mo, parehas na Espiritu mismo na dumating kay Jesus sa Kanyang bautismo ang Siya ring nagdala (sa Griego ay *ekballo*, "itinaboy') sa Kanya tungo sa ilang upang

---

[1]Kingsbury, p. 38.

[2]Grassmick, pp. 105-6.

[3]For comparison of Moses', Elijah's, and Jesus' 40-day periods of temptation, see Edersheim, 1:294.

doon ay subukin.[1] Sa Lumang Tipan, iniuugnay ng mga Israelita ang isang masagana at matabang lupain sa pagpapala ng Diyos, samantalang ang disyerto o ang tuyong lupa ay may kinalaman sa Kanyang sumpa. Kaya nga, mapagpakumbabang ibinilang ni Jesus ang Kanyang sarili sa sangkatauhan, partikular sa bayang Israel, sa pamamagitan ng pagpapabautismo. At bunga ng pakikibilang sa atin, naranasan Niya ang tuksuhin. Dapat nating maunawaan na ang tuksuhin ay hindi indikasyon o pahiwatig na ang isang tao ay nakalabas o lumabag sa kalooban ng Diyos. Sa halip, ito ay madalas na resulta ng pagsunod sa patnubay ng Banal na Espiritu, na gaya mismo ng ating makikita rito.

> "Ang ginamit na ekspresyon ni Marcos ay hindi nangangahulugan na si Jesus ay pinilit na pumunta sa Ilang ng labag sa Kanyang kalooban, kundi Siya ay pumunta roon na taglay ang matinding udyok ng Banal na Espiritu sa Kanyang puso at kalooban. At yamang ang pangunahing layunin ng Kanyang messianikong misyon ay ang 'wasakin at gibain ang mga gawa ng diyablo' (1 Jn 3:8), alam ni Jesus na bahagi ng Kanyang pagtanggap sa tungkulin ng pagiging isang Lingkod ng Diyos ay ang harapin ang Kaaway. Isang pagpapasimula ng Kanyang misyon ang ibagsak ang diyablo. Ang Kanyang ministeryo na may kalakip na mga himala at kababalaghan laban sa mga kampon ng kadiliman ay nakabatay sa Kanyang tagumpay na natampo sa enkwentrong ito."[2]
>
> "Malinaw na ipinapakita ni Marcos sa kanyang kwento na ang disyerto o ilang ay may dalawang pagpapahiwatig: Minsan ito ay katatagpuan ng panganib at galit na hatid ng mga kaaway, ngunit sa isang banda ito ay nagsisilbing lugar ng preparasyon."[3]

1:13 Ang kinikilalang tradisyunal na lugar na pinagganapan ng pagtukso, batay sa ika-12 siglo A.D. na pananaw, ay ang tinaguriang *Mons Quarantania*, o

---

[1]See Sydney H. T. Page, "Satan: God's Servant," *Journal of the Evangelical Theological Society* 50:3 (September 2007):449-65.

[2]Hiebert, p. 39.

[3]B. Dale Ellenburg, "A Review of Selected Narrative-Critical Conventions in Mark's Use of Miracle Material," *Journal of the Evangelical Theological Society* 38:2 (June 1995):175-76.

ang “Burol ng Apatnapung Araw.” Ang burol na ito ay matatagpuan sa kanluran ng Jericho, subalit ang pinaka eksaktong lugar dito ng enkwentro ay hindi natin alam.

Isa sa kahulugan ng salitang Griego na *peirazo* ay ang "maghatid ng masama o udyukang magkasala ang isang tao upang masubukan ang katangian at tibay ng kanyang pananampalataya."[1] Ipinahintulot kung gayon ng Diyos na tuksuhin ni Satanas si Jesus para sa dalawang dahilan: ang una ay upang ipakita na hindi Siya matatangay palayo mula sa kalooban ng Ama, at ang ikalawa ay upang patunayan ang Kanyang kwalipikasyon bilang karapat-dapat sa Kanyang misyon. Ang pangalang “Satanas” ay transliterasyon ng salita sa Hebreo na *satan*, na ang ibig sabihin ay “kalaban” o “kaaway.”

Sa pamamagitan ng hindi pagbanggit sa tatlong uri ng tukso at alok na ibinigay ni Satanas, itinuon ni Marcos ang kanyang mga mambabasa sa isang pansin na si Jesus ay may naranasang pagtitiis at pagsubok sa loob ng 40 mga araw. At dagdag pa rito, ang labanang ito ay nagpatuloy sa iba pang mga yugto na mababasa sa aklat na ito (8:11, 32-33; 10:2; 12:15). Ang natatanging pagbanggit na ginawa ni Marcos tungkol sa mga mababangis na hayop ay nagbibigay ng tingkad at diin sa bagsik ng tuksong naranasan ni Jesus. At para sa mga Judio, ang ilang ay kinauugnayan ng mga mababangis na hayop at ng mapanganib na puwersa ng kadiliman ni Satanas (ikumpara. Isa. 13:20-22; 34:8-15; Aw. 22:11-21; 91:11-13).

> "… sa Kanyang pagkakalantad sa atake ni Satanas, kinatawan ni Jesus ang isang bagong ‘Adan’ at ‘Israel.’ Ang pagiging anak ng Israel ay nakabatay kay Adan, yamang ang Diyos ang Siyang Manlilikha at Ama ng dalawang ito. Ang ilang o disyerto ang siyang nagsilbing ugnayan ng dalawa sapagkat nilalarawan nito ang isang baliktad na imahe, lalo na nang binanggit ni Marcos ang tungkol sa “mababangis na hayop” (1:13). At syempre sa pagitan ng mga hayop na nasa lugar ng paraiso at disyerto, tiyak na mayroong pagkakahiwalay at pagkakaiba. Gayunpaman, dito sa Marcos, ang pagbanggit sa mga mababangis na hayop ay

[1]Thayer, s.v. *peirazo*, p. 498.

> maaaring may dalawang puntos: ito ay bumabalik sa utos kay Adan na pamahalaan ang lupa (Gen. 1:26-28) at ang mga ito ay nakaugnay sa kapangyarihan ng kadiliman (Aw. 22:11-21; Ezek. 34:5, 8, 25; Lukas 10:19) na nagnanais na manaig at maghatid ng kaguluhan sa mundo ng mga tao (e.g., Job 5:22; Ezek. 5:17; 14:21; …)."[1]

Mababasa rin natin na ang mga anghel ng Diyos ay naglingkod kay Jesus sa sandali at oras mismo ng pagsubok sa Kanya (cf. Heb. 1:14). Dito sa aklat ni Marcos, ang salitang "anghel" (literal ay ‘sugo’) ay laging tumutukoy sa mga makalangit na nilalang.[2] Hindi iniwan ng Diyos ang Kanyang Anak na nag-iisa sa ilang, kundi naghatid Siya ng biyaya na tutulong sa Kanya sa oras ng pangangailangan (ikumpara Heb. 4:16).

> "Ang pagdating ng presensya ng mga anghel na umagapay kay Jesus ay nagpapakita lang ng kosmikong dimesyon ng pagtukso: sa madaling salita, ang pakikipaglaban ni Jesus kay Satanas ay isang sagupaan sa pagitan ng kaharian ng Diyos at ng kaharian ng kadiliman. Sa temptasyon kung gayon na nangyari, ang ministeryo ni Jesus na Anak ng Diyos ay magiging tungkol sa paggapos kay Satanas at paghahatid ng isang bagong panahon na naghahandog ng kaligtasan (3:27)."[3]

> "Ang unang Adan ay bumigay sa tukso kahit na siya ay nasa isang paligid o enviromento na napakaganda at walang panganib. Subalit ang huling Adan ay nanatiling matibay at dalisay kahit na Siya ay nasa isang enviromento na mapanganib at walang kabuhay-buhay."[4]

Sa introduksyon ng kanyang Ebanghelyo, binigyang diin ni Marcos ang kapakumbabaan at matapat na paglilingkod ni Jesus sa Diyos sa pagbubukas pa lang ng Kanyang publikong ministeryo. Si Jesus ay totoo at ganap na tao, gayunma’y sa isang banda, Siya rin ay ganap at lubos na kinaluluguran ng Diyos, binasbasan ng Banal na Espiritu, at

---

[1]Makikita ito sa pag-aaral ni Don B. Garlington, "Jesus, the Unique Son of God: Tested and Faithful," *Bibliotheca Sacra* 151:603 (July-September 1994):288-89. Makikita rin kay Guelich, p. 39.

[2]Mann, p. 204.

[3]Kingsbury, p. 35.

[4]Hiebert, p. 40.

inagapayan ng mga anghel. Si Jesus ay totoo at ganap na Diyos. At ang mga mambabasa noong panahong iyon na dumaraan sa pag-uusig ng dahil sa kanilang pananampalataya ay maaaring makatagpo ng lakas ng loob sa seksyong ito ng aklat ni Marcos, lalo't higit sa tagpong si Jesus ay nagtagumpay laban sa mga tukso ni Satanas.

II. ANG UNANG MINISTERYO NG LINGKOD NG DIYOS SA GALILEA 1:14—3:6

Hindi inilagay ni Marcos ang taon ng unang bahagi ng ministeryo ni Jesus sa Juda (Juan 1:15—4:42), na gaya rin mismo ng ginawa ng iba pang Sinoptikong ebanghelista (Mateo at Lukas). Pinasimulan niya ang salaysay ng ministeryo ng paglilingkod ni Jesus doon sa lugar ng Galilea, sa hilagang bahagi ng Israel (1:14—6:6a). At dahil sa dumarami at tumitinding mga alitan at pagtanggi, si Jesus ay nagkaroon ng makailang ulit na paglayo mula sa Galilea at sinundan rin naman ng pagbabalik sa rehiyong iyon. Apat ang naitala ni Marcos tungkol rito (6:6b—8:30). At pagkatapos ay nilisan ni Jesus ang Galilea at pumunta sa Jerusalem. Kaugnay sa transisyon na ito ay may itinala si Marcos na mga aral ni Jesus na patungkol sa apat na mahahalagang paksa na may kinalaman sa pagiging alagad ni Jesus. Itinala ito ni Marcos para sa kapakinabangan ng kanyang mga mambabasa (kab. 10). Kasunod nito ay nagministeryo na si Jesus sa Jerusalem, at sa tagpong iyon ay may pinili si Marcos na tatlong mahahalagang kaganapan bilang inklusyon sa kanyang sinasalaysay na kwento (kab. 11—13).

> "Apat na pangunahing tauhan ang nangingibabaw sa kwento, at may dalawang grupo rin ng mga karaniwang tauhan na nakakatawag-pansin: si Jesus, ang mga relihiyosong pinuno, ang mga alagad, at ang madla. Samantala, ang dalawang grupo ay silang mga tauhan na nagpapamalas ng kanilang pagtitiwala o kaya'y sila na nagsasabuhay ng ibig sabihin ng paglilingkod."[1]

Ang mga halimbawa ng mga karaniwang tauhan na nagpakita ng dakilang pananalig kay Jesus ay ang ketongin na humiling na linisin siya ni Jesus (1:40-45), ang mga kaibigan ng paralitiko (2:3-5), si Jairo (5:21-24, 35-43), ang babaing dinudugo (5:25-34), ang babae taga the Syrophoenicia (7:25-30), ang ama ng batang sinasapian ng demonyo (9:14-29), at ang bulag na si Bartimaeus (10:46-52). Samantala, sila na nagpakita ng paglilingkod ay ang babaeng nagbuhos ng pabangong langis kay Jesus bilang paghahanda sa Kanyang kamatayan (ang babae na ito ay si Maria, ang kapatid nina Lazarus at Martha; 14:3-9), si

[1]Kingsbury, p. 4.

Simon na taga-Cirine (15:21), si Jose na taga Arimathea (15:42-46), at ang mga babaeng bumisita sa libingan ni Jesus para buhusan ng langis ang Kanyang katawan (16:1).

Gaya ng ating nabanggit, binigyang diin ni Marcos sa aklat na ito ang ministeryo ni Jesus bilang isang lingkod. Bawat pahina ng aklat na ito ay nagpapakita kung paano pinaglingkuran ni Jesus ang Diyos at ang mga tao. Sa unang bahagi ng ministeryo ni Jesus, itinalaga Niya ang Kanyang buhay para sa paglilingkod (1:14—13:37). Ang Kanyang pagtitiis at kamatayan ay katibayan ng pag-aalay ng Kanyang buhay (kab. 14—16).

Sinimulan ni Marcos ang kanyang salaysay tungkol sa paglilingkod ni Jesus gamit ang isang pangkalahatang pananaw o 'overview' sa mga piling mga kaganapan sa unang bahagi ng ministeryo ni Jesus sa Galilea. Ang mga kaganapan na ito ay karaniwan sa kabuoang ministeryo ni Jesusy (1:14—3:6). Una niyang itinala ang apat na pangyayari na naganap sa palibot na Capernaum. Nagbibigay ito sa mambabasa ng magandang ideya kung ano ang katangian ng ministeryo ni Jesus (1:14-38). Pagkatapos nito ay inilagay ni Marcos ang isang grupo ng mga pangyayari na nagpapakita kung paanong ang pagkapoot ng mga lumalaban kay Jesus ay lumalago (2:1—3:6).

A. Ang pasimula ng ministeryo ni Jesus 1:14-20

Ipinakilala ni Marcos sa kanyang mga mambabasa sa mensahe ng Lingkod ng Diyos (vv. 14-15) at sa Kanyang unang mga alagad (vv. 16-20).

1. Ang mensahe ng Lingkod ng Diyos 1:14-15 (ikumpara sa Mat. 4:12, 17; Lukas 4:14-15)

Ang mga talatang ito ay bumubuo ng isang paksang pangungusap na nagbubuod sa buong ministeryo ni Jesus sa Galilea. Dito ay ipinapakita kung kaylan ito nagsimula, saan ito naganap, at kung ano ang essensya o pinaka diwa ng ipinahayag ni Jesus na mismong batayan ng Kanyang ministeryo.

1:14 Sinimulan ni Jesus ang Kanyang ministeryo sa Galilea, ang unang pangunahing yugto ng Kanyang *publikong* ministeryo, matapos na ang Kanyang tagapaghanda ng daan ay nagdusa ng isang kapalaran na sumasalamin sa kahirapang Kanya ring pagdaraanan (ikumpara sa 9:31; 14:18). Parehas na salitang ugat sa Griego ang ginamit ni Marcos upang ilarawan ang dalawang lalaking ito. Sa gramatika, ang 'passive voice' ng pandiwang salita na *paradidomi* ("dalhin sa kustodiya," sa literal ay "ibigay ") ay nagpapahiwatig ng soberanyang kontrol ng Diyos sa mga sitwasyon na kalalagyan ng dalawang lalaki na ito. Ibig sabihin, ang Diyos ang siyang

nagbigay kay Juan sa kamay ni Herodes Antipas, bagamat masasabi natin syempre na si Herodes ang siyang umaresto kay Juan.

Pwede rin nating masabi na marahil pinili ni Jesus (sa ilalim ng gabay ng Diyos) ang Galilea bilang pinaka lugar ng Kanyang ministeryo sapagkat ang impluwensya ng mga galit na mga Pariseo at mga punong saserdote ay hindi masyadong malakas sa lugar na ito kumpara sa Judea, na nasa timog. Iilan lang rin ang naninirahang mga Judio sa Samaria, na nasa pagitan ng Judea at Galilea.[1]

> "… Mahigit apatnapung ulit na nagkaroon ng pagbabago si Jesus sa Kanyang mga paglalakbay at ministeryo sa Galilea at maging sa teritoryo ng mga Hentil."[2]

Ipinangaral ni Jesus ang mabuting balita ("ebanghelyo") ng Diyos. Sa gramatika sa Griego, ang konstruksyon ng kataga ay pwedeng isalin sa dalawang paraan: “ang mabuting balita tungkol sa Diyos” at “ang mabuting balita mula sa Diyos.”Marahil, ang mas intensyong kataga ni Marcos ay ang ikalawa, sapagkat sa kasunod na talata ay ipinapaliwanag kung ano ang mabuting balita na ipinahayag ng Diyos sa pamamagitan ni Jesus. Ang pangangaral ng mabuting balita ang siyang katangian ng gawain ni Jesus; ito ang pundasyon ng iba pang aspeto ng Kanyang ministeryo.

> "Bilang ‘mabuting balita’ ang salitang *euangelion* ay karaniwang ginagamit noong unang panahon para sa balita ng tagumpay, at ito ay pinaghahandaan ng mabuti upang mapakinggan ng maigi ang mismong Proklamasyon ng tagumpay. Dagdag pa rito, ang salitang ito ay ginagamit rin sa relihiyosong punto at madalas na mayroong mga paghahandog na ginagawa bilang mainam na pagtanggap sa balita ng tagumpay (ikumpara, Philostratus, *Life of Apollonius* Vol. 8)."[3]

1:15 Ang mensahe ni Jesus ay naglalaman ng dalawang deklarasyon at dalawang utos: Una, ipinahayag Niya na ang panahon na prinopesiya sa Lumang Tipan ay dumating na ("natupad"). Dito ay tinutukoy Niya na

---

[1]Para sa pagsasalarawan ni Josephus sa lugar ng Samaria, tingnan ang kanyang *The Wars …,* 3:3:4.

[2]Rhoads and Michie, p. 68.

[3]Mann, p. 205.

natapos na ang nakaraang panahon at nagsimula na ang panahon ng Messias, bagay na binibigyang linaw Niya sa ikalawang deklasyon (ikumpara Gal. 4:4; Heb. 1:2; 9:6-15).

Ang salitang “kaharian” (sa Griego ay *basileia*), gaya ng sa katagang “kaharian ng Diyos”, ay hindi lamang nangangahulugan ng tungkol sa lahat ng bagay na sinasakop ng soberanong paghahari ng Diyos. Ang katagang “kaharian ng Diyos” ay lumabas ng 14 na ulit sa Marcos: 1:15; 4:11, 26, 30; 9:1, 47; 10:14, 15, 23, 24, 25, 12:34; 14:25; at sa 15:43. Ito ay nangangahulugan ng isang partikular na pandaigdigang kaharian na kung saan ay direktang pinaghaharian ng Messias.[1] Syempre, malinaw naman na ang Diyos ay soberanong naghahari sa lahat, lalo’t partikular sa Kanyang bayan (1 Kron. 29:12; Aw. 103:19-20). Subalit hindi ito ang paghahari ng Diyos na ipinapahayag ng mga propeta sa Lumang Tipan noong prinopesiya nila na may isang binhi sa lahi ni David na maghahari sa hinaharap sa buong Israel at sa lahat ng mga bansa sa buong daigdig.

Maraming mga talata sa Lumang Tipan ay nagpapahayag ng hula o propesiya tungkol sa pagdating ng messianikong kaharian ni David (2 Sam. 7:8-17; Isa. 11:1-9; 24:23; Jer. 23:5-6; Dan. 2:34; Mikas 4:6-7; Zech. 9:9-10; 14:9; cf. Mat. 20:21; Marcos 10:37; 11:10; 12:35-37; 15:43; Lukas 1:31-33; 2:25, 38; Gawa 1:6). Alam ng mga Judiong tagapakinig ni Jesus kung ano ang Kanyang eksaktong ibig sabihin nang sinabi Niya na ang kaharian ng Diyos ay “malapit na”—o kung sakaling hindi man nila alam ay dapat nila itong malaman. Ang presensya ng Hari ang siya mismong argumento na malapit na ang Kanyang kaharian (ikumpara 9:47-48). Maraming mga tagapagliwanag ng Biblia ang naniniwala na ang “malapit na” ay nangangahulugan na ang kaharian ay dumating na, bagamat ang paghahari ng Messias sa daigdig ay hindi pa nagsisimula. Ayon sa propesiya ng mga propeta sa Lumang Tipan, ang pagdating ng kaharian ng Messias ay nakadepende sa ganap na pagsisisi ng mga Judio bilang isang bayan (Zech. 12:10—11:1; Rom. 11:26), bagay na hindi lubusang naganap sa ministeryo ni Jesus noong Siya ay nasa lupa. Dahil rito, bagamat ang kaharian ng Messias—ang paghahari ng Messias—ay ‘malapit na’ noong panahon ni Jesus, ang Kanyang paghahari sa *lupa* ay hindi pa rin nagsimula, sapagkat Siya ay tinanggihan ng mga Judio sa kabuoan bilang isang bansa. Sa madaling salita, ang Kanyang kaharian sa lupa ay hindi

[1]*Theological Dictionary of the New Testament*, s.v. "*basilikos*," by K. L. Schmidt, 1(1964):591.

magsisimula hangga't ang Israel bilang isang bansa ay hindi pa rin nagsisisi. Gayunpaman, ang pagsisisi na ito ay magaganap sa takdang araw na bumalik si Jesus sa daigdig.

> "… ang identipikasyon o pagkakakilanlan sa kaharian ng Diyos na ito ang siyang Iglesia ngayon, ayon mismo sa pananaw ni Agustin at ang naging ugat ng pananaw ng mga Kristyano ngayon, ay hindi alinsunod sa katuruan ni Jesus."[1]

Ang mga Judio ay kailangan na magkaroon ng dalawang pagtugon yamang ang kaharian ng Diyos ay nalalapit ng dumating. Kailangan silang "magsisi at manampalataya." Ang dalawang pagtugon na ito ay tumatawag ng magkasabay na aksyon, na maihahalintulad sa paghakbang ng dalawang paa. Ang pagsisisi ay nangangahulugan ng paglayo mula sa isang bagay at ang pagsampalataya ay nangangahulugan ng pagyakap sa isang bagay. Halimbawa, ang isang taong nasa pagkalunod na kumakapit sa isang pirasong kahoy ay may dalawang bagay na dapat gawin: una ay ang alisin ang kanyang pagkakakapit sa pirasong kahoy at ikalawa ay ang yakapin ang salbabida na inihagis sa kanya ng sumasagip sa kanya.

Noong tinawag ni Juan Bautista ang mga Judio na magsisi, pinakiusapan niya silang talikuran ang kanilang dating inaasahan para sa kaligtasan sapagkat ang "Salbabida" o ang Tagapagligtas ay dumating na upang sagipin sila. At nang sinabi ni Jesus na "Sumampalataya kayo sa ebanghelyo," ang ibig Niyang sabihin ay: sumampalataya kayo sa mabuting balita na ang Messias ay narito na. Ang Messias ang siyang paksa ng ebanghelyo at ang obhekto ng ng pananampalataya.

Ito lamang ang talata sa Bagong Tipan na kung saan mababasa natin ang katagang "sumampalataya sa ebanghelyo." Sa Griego ang "sa" ay "*en.*" Ito ay nangangahulugan na ang ebanghelyo ang batayan ng pananampalataya.

---

[1]Cranfield, p. 67.

2. Ang mga unang disipulo ng Lingkod ng Diyos 1:16-20 (ikumpara sa Mat. 4:18-22; Lukas 5:1-11)

Ang salaysay na ito hinggil sa pagtawag sa unang mga alagad ay malinaw na nagpapakita na ang pagsisisi at pananampalataya sa ebanghelyo (v. 15) ay dapat na maghatid sa isang tao na talikuran ang kanyang dating buhay upang sumunod kay Jesus. Ito ang nararapat na 'tugon' na ipinakita ni Marcos na dapat gawin ng kanyang mambabasa na gamit mismo ang halimbawa ng unang mga alagad.

1:16 Mapapansin rito na ang Dagat o Lawa ng Galilea ay isang maunlad na lugar na pangisdaan noong panahon ni Jesus.[1] Ang hanap-buhay nina Simon at Andres ay pangingisda.

> "Ang pangalan na "Simon" ay lumabas ng pitong beses sa aklat ng Marcos … at ang *Pedro* ay labing-siyam na ulit. Para sa pananaw ni Papias, si Marcos ay naging tagapagpaliwanag ni Pedro. Ito ay makikita natin sa madalas na pagbanggit ni Marcos kay Pedro sa salaysay na ito."[2]

Ang mga mangingisda sa lawa na ito ay hindi nagtamasa ng mataas na katatayuan sa lipunan, gayunpaman, ang kanilang hanap-buhay ay nangangailangan ng husay at kasanayan. Ang salitang Griego na ginamit para sa "lambat" ay naglalarawan sa isang pabilog na lambat na parang kamukha ng isang tolda. Ang ganitong uri ng lambat ay inihahagis ng mga mangingisda sa tubig at hinahayaan itong lumubog. At kapag pinasok ito ng mga isda, may hihilahin silang lubid na nakakabit rito upang makulong sa loob nito ang mga isda.

1:17 Nakilala na nila Simon (Pedro) at Andres si Jesus noong una pa (ikumpara sa Juan 1:35-42). Subalit dito ay binibigyan diin ni Marcos ang agarang pagtawag ni Jesus sa mga alagad at pati na rin ang kanilang agarang pagtugon (ikumpara sa 1 Hari 19:19-21). Karaniwan na ang isang rabbi ay hinahanap ng mga kabataang nais matuto mula sa kanya, subalit sa tagpong ito ay ipinapakita sa atin na si Jesus mismo ang nag-anyaya kina Simon at Andres na makibahagi sa kanya sa isang mahalagang gawain.

---

[1]Para sa paglalarawan ni Josephus sa lawa na ito, tingnan ang *The Wars …,* 3:10:7.

[2]Mann, p. 209.

Ang katagang "Sumunod kayo sa akin” ay nangangahulugan na, “Samahan ninyo ako at matuto kayo sa akin.” Ang salitang ito ni Jesus ay isang paanyaya, subalit taglay ang katotohanan ng Kanyang katauhan bilang Messias, ito ay may diwa ng utos. At marahil, nang marinig ito ng mga alagad, naunawaan nila itong isang panawagan na maging habambuhay na mga alagad ni Jesus.[1]

Ang paglalarawan na pangingisda ng mga tao upang sila’y sagipin mula sa hatol ng Diyos ay isang larawan na mula sa Lumang Tipan (Jer. 16:16; Ezek. 29:4-5, 38:4; Amos 4:2; Hab. 1:14-17). Ang Diyos mismo ay isang mangingisda ng mga tao. Gayundin naman, ang ‘dagat’ ay karaniwang metaporikal na sumasagisag sa kaguluhan, kasalanan, at kamatayan (Isa. 57:20-21). At nang ginamit ni Jesus ang paglalarawang ito sa mga mangingisda, tinatawag Niya ang mga taong ito na tulungan Siya sa pagsagip sa mga taong nasa ilalim ng kahatulan ng Diyos. Ang pagsagip ay sa pamamagitan ng ebanghelyo. Subalit gaya ng pangingisda, ang panawagan na ito ay nangangailangan ng isang matiyaga, masikap, masakripisyo, at mahusay na pagsasakatuparan.

> "Una sa lahat, ang panawagan ay dumating *matapos* ang isang hayag na salungatan mga awtoridad ng relihiyon at pag-uusig na hatid ng mga pinuno nito [Lukas 4:16-30]. Ito kung gayon ay maituturing na panawagan sa pakikisama sa Kanyang natatanging ugnayan sa Sinagoga. Ikalawa, ito ay nangangahulugan ng pagtalikod mula sa kanilang mga dating pinagkakaabalahan sa mundo (Matt. 4:20, 22). Ikatlo, ang panawagan na maging isang disipulo ni Cristo ay sobrang naiiba sa panawagan ng mga tinitingalang guro sa Israel. Ang pagdidisipulo na ito ay hindi para magkaroon ng maraming kaalaman sa doktrina, o kaya’y ang sumunod sa isang landas na karaniwan ng tinatahak ng marami, kundi ang magsimula at maging isang bagong nilalang; isang pagbabago na ibang-iba sa dati nilang buhay at hindi isang sagisag."[2]

[1]Edersheim, 1:474.

[2]Ibid., 1:474-75.

> "Ang mga salitang ito (na ang pagiging orihinal ay tatak ng pananalita ni Jesus) ay nagpapakita na ang dakilang Tagapagtatag ng ating pananampalataya ay hindi lamang nagnanais na magkaroon ng mga disipulo, kundi ang magkaroon ng mga disipulong magdidisipulo rin iba; mga disipulo na maghahagis ng lambat ng Salita ng Diyos sa dagat ng lipunan at magkaroon ng maraming huli ng mga kaluluwa na sumasampalataya at pinaghaharian ng Diyos [ikumpara Juan 17:6]."[1]

> "Hindi inimbento ni ang katagang "mangingisda ng mga tao." Noong panahong iyon, ang katagang ito ay karaniwang tumutukoy sa mga pilosopo at pantas na 'bumibihig ng isipan ng mga tao' sa pamamagitan ng pagtuturo at paghihikayat."[2]

> "Dahil dumating si Jesus, ang pangingisda ng kaluluwa ng mga tao ay naging isang pangangailangan."[3]

1:18 Ang tugon ng mga magkakapatid ay kahanga-hangang agaran (Gr. *euthys*). Nagsimula silang sumunod kay Jesus sa pamamagitan ng pag-iwan sa kanilang mga trabaho bilang mga mangingisda.

> "Halos ang pagsunod na ginagawa ng mga tao kay Jesus ay hindi dahil sa anumang bagay na Kanyang sinabi kundi ng dahil sa Kanyang katauhan, yun ay, kung sino Siya."[4]

Ang komitment o pagtatalaga ng sarili nina Simon at Andres kay Jesus ay lumago sa paglipas ng panahon. Kapansin-pansin na mayroong natatanging pansin ang ibinibigay sa aklat ng Marcos pagdating sa paksa ng pagdidisipulo. Naniniwala ang mga magkakapatid na ito na si Jesus ang Messias, subalit marami pa rin silang dapat matutunan tungkol sa Kanyang lubos na katauhan (ikumpara sa Juan 3:22-30).

1:19 Si Jesus ay nagbigay rin ng parehas na panawagan sa dalawang magkapatid na nagkaroon rin ng positibong tugon. Ang apat na lalaking

---

[1]A. B. Bruce, *The Training of the Twelve*, pp. 12-13.

[2]Wiersbe, 1:112.

[3]Lane, p. 68.

[4]Barclay, p. 20.

ito ay magkakasama sa negosyo ng pangingisda (ikumpara sa Lukas 5:7, 10). Sina Santiago at Juan ay sumampalataya rin na si Jesus ang Messias (Juan 1:35-42). Kapansin-pansin na higit na itinala ni Marcos ang kanilang kapasyahan na sumunod kay Jesus kumpara kina Simon at Andres. Nilisan nina Santiago (‘Jacob’ sa Hebreo) at Juan ang kanilang pamilya upang sumunod kay Jesus.

> "… sa panahon ng Bagong Tipan, ang katagang “sumunod” ay nagpapahiwatig ng etikal na aspeto sapagkat ang nakatataas ang siyang nauunang naglalakad at ang mga tagasunod ang siyang nasa likuran: sa madaling salita, ang katagang ito ay nangangahulugan ng relasyon ng guro at alagad."[1]

1:20 Ang pagkakabanggit ng “mga upang manggawa” ay nagpapahiwatig na si Zebedeo na ama nina Santiago at Juan ay nagmamay-ari ng isang maunlad na negosyo na iniwan ng magkapatid na ito.[2] Ito rin ay nagpapakita na hindi iniwan ng magkapatid ang kanilang ama na walang makakatulong; hindi sila mga iresponsableng anak. Yaong pagkakaroon mismo ng mga upahan na manggagawa ay nagpapahiwatig na “sila ay kabilang sa ‘middle class’ ng lipunan noong panahong iyon."[3] Gayunpaman, ang pinaka punto nan ais ipakita rito ay ang agarang pagtugon ng mga alagad kay Jesus. Ang kanilang agarang tugon ay nagpapahiwatig ng dakilang awtoridad ni Jesus sa buhay ng mga tao. Dapat malaman na sinai Santiago at Juan ay mga pinsan ni Jesus (ikumpara sa Mat. 27:55-56; Marcos 15:40; Juan 19:25). Subalit hindi pa nila nalalaman noon na si Jesus ay isang Diyos.

"Kapansin-pansin na ang paraan ng pagkakatawag sa magkakapatid ay may pagkakatulad: (*a*) habang naglalakad, (*b*) nakita ni Jesus ang magkapatid, (*c*) tinawag Niya sila, at (*d*) agad silang sumunod sa Kanya. Sa pamamagitan ng ‘pattern’ o pagkakahulmang ito, ipinakita ni Marcos kung ano ang katangian at layunin ng pagiging isang disipulo. Ang katangian ng pagiging disipulo ay ang italaga ang sarili kay Jesus ng buong katapatan…Ang layunin ng pagiging isang disipulo ay yaong mismong sinabi ni Jesus sa kanyang panawagan kay Simon at Andres: 'Sumunod

---

[1]Cole, p. 61.

[2]Ikumpara sa sinasabi ni Mann, p. 210.

[3]Darrell L. Bock, *Jesus according to Scripture*, p. 98.

> kayo sa akin at kayo'y gagawin kong mangingisda ng mga tao' (1:17). Maliwanag kung gayon na ang pagdidisipulo ay mayroong 'misyong trabaho' bilang kanyang layunin. Kakaiba ang unibersal na katangian ng misyon na ipinapahayag ni Jesus."[1]
>
> "Kabaligtaran sa mga taong sumusunod sa mga rabbi at nakapagpapatuloy pa rin sa kanilang negosyo at pangangalakal, ang mga bukod tanging pinili ni Jesus na Kanyang maging mga alagad ay iniwan ang lahat upang italaga ang kanilang buhay sa pagtupad ng Kanyang panawagan (Lukas 9:61). Sa rabinikong modelo, pinipili ng mga estudyante ang Rabbi o guro na kanilang susundan, subalit si Jesus ang pumili sa Kanyanng mga tagasunod. Tungkol sa pagsunod sa Kanya, isinapersonal mismo ni Jesus ang modelo ng pagdidisipulo. Ang ibig sabihin, ang Kanyang mga tagasunod ay hindi sumusunod sa isang abstraksyon o isang ideyang prinsipyo o batas, kundi ang matuto na makatulad ng persona na kanilang sinusundan."[2]

Ang mga aklat ng Ebanghelyo ay nagpapakita ng apat na magkakaibang okasyon kung saan tinawag ni Jesus ang Kanyang mga alagad: (1) Sa Jerusalem, kung saan inimbitahan ni Jesus sina Andres, Pedro, Felipe, at Nataniel na sumunod sa Kanya (Juan 1:35-51). (2) Sa tabi ng Lawa ng Galilea, tinawag ni Jesus sina Andres, Simon (Pedro), Santiago, at Juan na sumunod sa Kanya (Mat. 4:18-22; Marcos 1:16-20; Lukas 5:1-11). (3) Sa tabi ng dalampasigan na malapit sa Capernaum, tinawag ni Jesus si Levi (Mateo) na sumunod sa Kanya (Mat. 9:9; Marcos 2:13-14; Lukas 5:27-28). (4) Sa isang bundosa Galilea ay hinirang ni Jesus ang Kanyang labing-dalawang mga apostol (Marcos 3:13-19; Lukas 6:12-16; ikumpara sa Mat. 10:1-4).

> "Maliban siguro kay Judas, wala gaanong impluwensya na naibigay ang mga alagad sa kwento o takbo ng mga pangyayari sa aklat ni Marcos. …Gayunpaman, bilang grupo, ang mga alagad ay malinaw na nakikita sa kwento bilang mga tauhan….Marami sa kanilang mga katangian ay nagmumula sa dalawang magkasalungat na pag-uugali: Yun ay, ang mga alagad ay 'matapat' ngunit sa kabilang banda ay 'hindi makaunawa.' Ang mga alagad ay 'matapat' sa punto na noong sila'y tinawag ni Jesus na sumunod sa Kanya ay kaagad naman silang tumugon at iniwan ang kanilang kinalakihang buhay at hanap-buhay at matapat na sumunod kay

---

[1]Kingsbury, pp. 90, 91. Inalis ang dibisyon ng paragrap.

[2]Bock, p. 99

> Jesus. Sa kabilnag banda, ang mga alagad ay 'hindi makaunawa' sapagkat hindi nila lubos na nauunawaan ang katauhan at patutunguhan ni Jesus; hindi rin nila nauunawaan ang mahalagang kahulugan ng pagiging isang disipulo; iniwan nila si Jesus sa oras ng Kanyang pagtitiis at kamatayan."[1]

B. Ang mga Naunang Kapahayagan ng Awtoridad ng Lingkod ng Diyos sa Capernaum 1:21-34

Ang seksyon na ito sa Ebanghelyo ni Marcos ay nagtatala ng tatlong tagpo ng ministeryo ni Jesus sa Capernaum. Mababasa rito ang pagtuturo at pagpapagaling ni Jesus doon sa sinagoga, ang pagpapagaling Niya sa biyenan ni Pedro, at ang Kanyang pagpapagaling sa marami png may karamdaman. Ang mga pangyayaring ito ay higit pang nagpapatunay sa Kanyang awtoridad. Ang lahat ng ito ay nangyari sa isang araw lang o kung sa pananaw ng mga Judio ay sa dalawang araw sapagkat kanilang itinuturing ang pagsikat ng araw na isa ng bagong araw. Ayon sa paglalarawan ni Marcos, ang ganitong pangyayari ay karaniwan na sa ministeryo ni Jesus sa isang araw.

1. Ang mga Pagtuturo at Pagpapagaling ni Jesus sa Sinagoga doon sa Capernaum 1:21-28 (cf. Luke 4:31-37)

1:21 Ang lugar ng Capernaum ang siyang naging himpilan ng ministeryo ni Jesus sa Galilea (ikumpara sa Lukas 4:16-31). Ito ay matatagpuan sa hilagang-kanluran ng baybayin ng Lawa ng Galilea, at ito ang siyang sentro ng pinakamataong distrito sa Galilea. Ang mga arkeologo ay gumawa ng malawakang proyekto ng restorasyon sa lugar na ito. Sila'y gumawa ng rekonstraksyon o pagpapanumbalik ng sinagoga sa lugar na ito noong ikatlo at ikaapat na siglo A.D.

Nagkaroon ng pagpapatayo ng mga sinagoga noong panahon ng Pagpapatapon sa Babilonya. Ang salitang "sinagoga" ay orihinal na tumutukoy sa grupo ng mga tao, subalit sa paglipas ng panahon, ito ay iniugnay na sa gusali na pinagtitipunan ng mga tao. Ang salitang "Iglesia" ay dumaan rin sa ganitong pagbabago. Nakaugalian ng mga pinuno ng lokal na sinagoga na anyayahan ang mga kilalang mga guro upang makapagturo sa kanilang kongregasyon. Madalas banggitin ni Marcos ang ministeryo ng pagtuturo ni Jesus, subalit wala siya masyadong itinala na mga bagay tungkol sa katuruang iyon. Ang interes ni Marcos ay sa aksyon

[1]Kingsbury, pp. 8, 9. Inalis ang dibisyon sa paragrap.

ni Jesus. Ang pansin na ito ay maaaring sumasalamin sa aktibong pagkatao ni Pedro na maaaring umimpluwensiya sa pagsusulat ni Marcos, at marahil ay pati na rin aktibong katangian ng mga Romano na siyang pinag-ukulan ni Marcos ng aklat na ito.

> "Yaong bagay na *sinasabi* ni Jesus ay naghahayag ng Kanyang kaunawaan sa Kanyang katauhan at mga layunin. Samantala, ang mga bagay na *ginagawa* ni Jesus ay primaryong nagpapakita ng sakop at kalikasan ng Kanyang awtoridad na mula sa Diyos. Kapuwa ang ginagawa at sinasabi ni Jesus ang nagdidikta ng Kanyang halaga at ng dinamiko ng Kanyang pakikitungo sa iba pang mga tauhan. Ang mga ito'y nagpapakita rin ng integridad ni Jesus na mismong namumuhay sa Kanyang mga pinahahalagahan at pinaninindigan."[1]

1:22 Si Marcos ay gumamit ng isang matinding salita sa Griego upang ilarawan ang reaksyon ng mga tagapakinig ni Jesus, bagamat hindi niya itinala ang mga bagay na itinuro ni Jesus. Ang salitang *exeplessonto* ("namangha"), ay nangangahulugan ng pambihirang kapangyarihan sa Kanyang pagtuturo. At dito sa aklat ni Marcos, itinatampok rito ang emosyunal na reaksyon ng mga tao (ikumpara sa v. 27; 2:12; 5:20, 42; 6:2, 51; 7:37; 10:26; 11:18), maging ang damdamin ni Jesus (6:6).[2]

> "Sa pagsasalaysay ni Marcos ay marami siyang inalis, kaya maituturing ang kanyang aklat na isang munting Ebanghelyo. Gayunpaman, siya ay nagbigay ng natatanging ambag o kontribusyon sa kasaysayan ng Ebanghelyo sa pamamagitan ng *pagpapakita ng mga realistikong paglalarawan, at isa na nga rito ay ang pagbibigay pansin sa kakaibang personalidad ni Jesus*."[3]

Ang "awtoridad" o kapamahalaan ni Jesus ang siyang nagpahanga sa mga tao. Siya ay hindi lamang isang karaniwang eskriba (guro ng kautusan), kundi isang propeta, yun ay, ang dakilang Propeta sa lahat. At bilang isang

---

[1]Sina Rhoads at Michie, p. 103.

[2]Tingnan ang sinasabi ni Baxter, 5:208-9, para sa listahan ng 18 talata sa aklat ni Marcos na nagpapakita ng reaksyon ng mga tao kay Jesus.

[3]A. B. Bruce, "The Synoptic Gospels," in *The Expositor's Greek Testament*, 1:345.

propeta, ipinahayag mismo ni Jesus ang direktang sinabi ng Diyos. Hindi Siya yung tipo na tagapagpaliwanag lang ng mga nakaraang kapahayagan ng Diyos sa mga nakaraang propeta o kaya'y inuulit lamang ang mga rabinikong interpretasyon sa kautusan.

> "Nakaugalian ng mga eskriba na patibayin ang kanilang mga pananaw at turo sa pamamagitan ng pagsisitas ng mga edukadong pahayag ng mga rabbi o dalubhasang guro ng Israel. Ang pinaka pinaghuhugutan nila ng awtoridad ay mismong ang kanilang sariling pagkakaunawa sa kautusan. Ang kanilang pagtuturo ay masalimoot, mahaba at walang kabuhay-buhay at ito ay pinupuno nila ng mga detalye na may kinalaman sa regulasyong Levitikal at legalistikong mga tuntunin."[1]

> "Sa pundamentong punto … ipinapakita ni Marcos ang labanan sa pagitan ni Jesus at ng mga pinuno ng relihiyon na may kinalaman sa kung sino ang nagtataglay ng awtoridad: yun ay, isinakatuparan ba ni Jesus ang Kanyang ministeryo na mayroong awtoridad na buhat sa Diyos o wala? At habang ang labanan na ito ay tumitindi, ito ay nauwi sa kamatayan ni Jesus."[2]

> "Patuloy na ipininta ng tagapagsalaysay ang mga relihiyosong pinuno sa negatibong pansin, at ito'y simula pa lang ng banggitin niya sila na mga tagapagturong hindi kararamdaman ng awtoridad. Pinatingkad niya ang kanilang katauhan at katangian bilang mga kontrabida kay Jesus. At kanilang mga salita ay pawang mga katanungan na ang layunin ay akusahan o bitagin si Jesus sa Kanyang sasabihin. Ang kanilang gawain ay ang bumuo ng mga balak na ikamamatay ni Jesus. At dito sa aklat, wala anumang mabuti na nasabi si Marcos at maging si Jesus tungkol sa mga relihiyosong pinuno na ito. Ang damdamin ng tagapagsalaysay ay hindi nalulugod sa mga pinunong ito, bagay na umuudyok rin mismo sa damdamin ng

[1]Hiebert, p. 52.

[2]Kingsbury, p. 67.

> mambabasa na huwag malugod sa mga nasa awtoridad na ito. At kumpara sa kahit papaano'y may kaunting positibong pagtingin sa mga tauhang gaya nina Herodes at Pilato, binigyang diin ng tagapagsalaysay na ang mga relihiyosong pinuno na ito ay hindi kaylanman mapagkakatiwalaan."[1]

1:23 Nagambala ang serbisyo o pagtitipon ng may biglang dumating na isang lalaki na sinasapian ng demonyo. Para sa mga Judio, ang masamang espiritu ay isang maruming demonyo. Salitan na ginamit ni Marcos ang salitang "demonyo" at "maruming espiritu" sa magkatumbas o magkaugnay na paraan.[2] Dito sa aklat, ito ang unang pagbanggit sa impluwensya ng demonyo sa isang tao.[3] Kapansin-pansin na ang lalaki ay sumisigaw at tumitili ng matindi (Gr. *anekraxen*).

> "Ang Bagong Tipan at ang rabinikong literatura ay walang malinaw na binabanggit tungkol sa permanente na pamamalagi ng demonyo; bagamat, ang katagang 'possession' o 'pagsapi ng demonyo' ay halaw sa mga ito."[4]

1:24 Ang lalaki ay sumigaw, bagamat ang talagang nagsasalita ay ang demonyo. At ito ay pinatotohanan mismo ng tugon ni Jesus sa demonyo (v. 25). Ang tanong na "Ano ang pakay mo sa amin?" ay isang idiomatikong pananalita na nagpapahiwatig ng away o tunggalian (ikumpara sa 5:7; Jos. 22:24; Huk. 11:12; 2 Sam. 16:10; 19:22). Sa panahon natin ngayon, pwede natin itong iugnay sa ating pananalitang: "Sino ka ba? Anong pakialam mo sa amin?"

Kapansin-pansin na nakilala ng demonyo si Jesus at alam rin nito ang Kanyang misyon. Noong panahong iyon, karaniwan na para sa mga Judio na kilanlin at tukuyin ang isang tao batay sa lugar na kanyang pinagmulan (ikumpara sa 10:47; 14:67; 16:6). Sa lagay ni Jesus, Siya ay taga Nazaret. At dito sa talata, ang tanong na, "Naparito ka ba upang kami'y puksain?"

---

[1]Rhoads at Michie, p. 117.

[2]Mann, p. 214.

[3]Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa impluwensiya ng mga demonyo, tingnan ang pag-aaral nina William M. Alexander, *Demonic Possession in the New Testament: Its Relations Historical, Medical, and Theological*; Merrill F. Unger, *Biblical Demonology: A Study of the Spiritual Forces Behind the Present World Unrest*, ch. 6; and idem., *Demons in the World Today*, ch. 6.

[4]Edersheim, 1:481.

ay sinasagot ng ‘Oo.’ Ibig sabihin, kahit na patanong ang sinabi ng demonyo, subalit ito ay sinasagot ng direktang pangungusap na, “Dumating ka para puksain kami!” At yun nga, ipinapakita sa atin na si Jesus ay kinikilala ng demonyo na isang Hukom, at dahil rito’y may taglay na dakilang awtoridad laban sa kampon ng kadiliman.

Nang tinawag ng demonyo na si Jesus ay “ang Banal na mula sa Diyos,” pinatotohanan rito na si Jesus ay nagtataglay ng basbas at kapangyarihan ng Banal na Espiritu: ibig sabihin, si Jesus ang Kalaban ng lahat ng maruming espiritu. At marahil, ang titulo na ito ay pahiwatig sa pagkaDiyso ni Jesus. Ang totoo niyan, ang titulong “ang Banal” ay isang popular na katawagan sa Diyos sa Lumang Tipan. Halimbawa, tinawag ni Isaias ang Diyos na “ang Banal” ng Israel ng 30 ulit (Isa. 1:4; 5:19, 24; atbp.). Sa kabilang banda, si Jesus ay tinawag ng mga tao na ‘Panginoon’ (7:8), Guro (9:17), Anak ni David (10:47-48), at Maestro (10:52); samantala, para sa mga demonyo, si Jesus ay kinilala nilang ‘ang Banal na mula sa Diyos’ (1:24), ang Anak ng Diyos (3:11) o kaya’y ‘ang Anak ng Kataas-taasang Diyos’ (5:7).

> "Ang mga ‘kapahayagan’ o ‘konpesyon’ na ito ay tila malabong kusang-loob na testimonya ng demonyo. Mas malamang na ito ay mula sa desperasyong pagtatakangka ng demonyo na kontrolin si Jesus o kaya’y ang palabasin siyang hindi mapaminsala. Isang karaniwang ideya kasi noon na kung magagawa mong sambitin ang eksaktong pangalan ng isang espiritu ay magagawa mo rin siyang kontrolin."[1]

1:25 Kapansin-pansin na hindi kailangan ni Jesus ng mga salangkang pormula upang palayasin ang demonyo, na gaya ng kinakailangang gawin ng mga exorsista ng Kanyang panahon.[2] Simpleng inutusan Niya lamang ito na tumahimik at lisanin ang lalaki. Ang utos ni Jesus ay tila nagsilbing busal o tali sa bibig ng demonyo upang ito ay hindi na mag-ingay pa (Gr. *phimotheti*, "Tumahimik ka at itikom mo yang bunganga mo![3]) sapagkat nais Niyang ipakita kung sino talaga ang nasa kontrol, lalo na ng binubunyag ng demonyo ang Kanyang tunay na katauhan o identidad.

---

[1]Cranfield, p. 77.

[2]Josephus, *Antiquities of …*, 8:2:5.

[3]Wuest, 1:1:34.

Dagdag pa rito, maaaring dinumog ng maraming Judio si Jesus sapagkat pinakain at pinagaling Niya sila. At dahil rito, maaaring isipin ng mga Romano na Siya ay nagpapasimula ng isang pag-aaklas upang ibagsak ang gobyerno at dulot nito'y maaaring siyang dakpin ng wala pa sa itinakdang panahon.

> "Sa oras ng Kanyang paglilitis, natuklasan natin kung bakit itinago ni Jesus ang Kanyang katauhan o pagkakakilanlan. Dapat malaman na noong hayagan Niyang ipinahayag ang Kanyang katauhan, Siya ay agad ring hinatulan ng mga pinuno ng relihiyon ng parusang kamatayan. Ito ay dahil sa para sa kanila, si Jesus ay namumusong o lumalapastangan sa Diyos. Ang palaisipang problema para kay Jesus ay ito: paano Niya maisusulong ang paghahari ng Diyos habang iniiwasan Niya ang walang sawang pagnanais ng Kanyang mga kalaban na bitagin Siya sa Kanyang mga salita? Ang mga elemento ng sekreto sa aklat ni Marcos ay nakaugnay sa ganitong palaisipan."[1]

1:26 Ang masama at mapanakit na katangian ng demonyo ay kitang-kita sa pagtrato nito sa kanyang sinasapiang lalaki.

Ang awtoridad ni Jesus laban sa mga demonyo ay nagpapakita na Siya ay may kapangyarihan bilang Lingkod ng Diyos na sugpuin at lipulin ang diyablo at ang kanyang mga kampon. At dito sa Ebanghelyo ni Marcos, mariing ipinapakita ang pakikipaglaban ni Jesus sa mga kampon ng kadiliman, lalo't ang Kanyang dakilang kapangyarihan laban sa kanila. Marahil ang diin at pansin na ito ay nagbigay sa mga orihinal na mambabasa na dumaraan noon sa matinding kahirapan na isipin na magagawa ni Jesus na daigin ang sinumang kaaway na sasalakay o mang-aapi sa kanila.

> "Karaniwan nating iniisip na ang isang lingcod ay nasa *ilalim ng awtoridad* at *sumusunod lamang* sa anumang ipag-utos sa kanya. Subalit ang Lingkod ng Diyos sa tagpong ito ay *nagpapamalas* ng awtoridad at *nagbibigay*

[1]Rhoads at Michie, p. 84.

> mismo ng utos—maging sa mga demonyo—at ang Kanyang ipinag-utos ay kanilang sinusunod."[1]
>
> "Ang hayaan lamang ang demonyo at hindi sawayin sa kanyang sinabi ay pwedeng makakompromiso sa layunin ng pagdating ni Jesus sa daigdig; ang komprontahin si Satanas at hubaran siya ng kapangyarihan. Kaya ang unang tagpo ng pagpapalayas ng demonyo ay isang tagpo na laging bibigyang pansin at magiging karaniwang bahagi sa programa ng ministeryo ni Jesus, bagay na binibigyang diin dito sa aklat ni Marcos."[2]

1:27 Ang reaksyon ng mga tao sa ginawang pagpapalayas ni Jesus ng demonyo ay isang mahalagang bahagi at paglalarawan sa paraan ng pagsasalaysay ni Marcos. Ang mga saksi ay nakadama ng pagkaalarma na may halong pagkamangha ng dahil sa natatanging demonstrasyon ng awtoridad na nahahayag sa salita at gawa. Ang pangyayaring ito ay isang karaniwang resulta ng "pangingisda" ng kaluluwa na unang binanggit ni Jesus sa kanyang mga alagad.

Ang kapangyarihan o "awtoridad" na tinutukoy ng mga tao ay maaaring tumutukoy sa mga propetikong awtoridad.[3] Ibig sabihin, si Jesus ay nangaral at gumawa ng mga himala na gaya mismo ng mga naunang propeta sa Lumang Tipan. Ang "kakaibang katuruan" na binabanggit ng mga tao ay kakaiba sa punto na ang Kanyang pangangaral at pagtuturo ay hindi katulad ng mga guro at mga dalubhasang rabbi ng Kanyang panahon. Ito ay kakaiba sa kalidad.[4]

> "Ang isang pangyayari na hindi inaasahan na sinundan pa ng mga di-inaasahang kaganapan ay tiyak na nakakatawag ng pansin at pag-uusisa."[5]

1:28 Ang resulta ng himalang napabalita sa lahat ng panig ng Galilea at dahil rito'y si Jesus ay naging tanyag.

---

[1]Wiersbe, 1:111.

[2]Lane, p. 75.

[3]Cranfield, p. 74.

[4]Taylor, p. 176.

[5]Bruce, "The Synoptic …," 1:346.

> "Bagamat ang reaksyon ng Masa sa pagtuturo at pagpapagaling ni Jesus ay pagkamangha, subalit hindi ito nangangahulugan na sila'y mayroong unawa, kundi dahil sa hindi nila maipaliwanag ang mga bagay na nangyari sa harapan nila. Ang katangian ng Masa o ng mga tao dito sa aklat ni Marcos ay may dalawang pagtugon kay Jesus: sila'y may "mabuting pakikitungo" at "walang pananampalataya." Kumpara sa pakikitungo ng mga relihiyosong pinuno, ang mga tao ay mabuti kay Jesus. Subalit kumpara sa mga alagad, ang mga tao ay maituturing na "walang pananampalataya."[1]

Binibigyang pansin sa pangyayaring ito ang awtoridad ni Jesus na unang nasaksihan ng mga mananampalataya sa Capernaum pagdating sa Kanyang pagtuturo at pagpapalayas ng masamang espiritu. Naging konklusyon ng mga tao sa lugar na ito na tanging ang dakilang propeta ni Yahweh ang siyang maaaring magtaglay ng gayong awtoridad. Hindi ganap na inihayag ni Jesus ang Kanyang katauhan sa Masa, subalit nagbigay Siya ng sapat na pahayag sa mga Judio upang sila'y manalig sa Kanya at higit pang lumago sa pagkakilala sa Kanya.[2]

2. Ang Pagpapagaling sa Biyenan ni Pedro 1:29-31 (ikumpara sa Mat. 8:14-15; Lukas 4:38-39)

Ang tagpo na ito, na agad nangyari pagkatapos ng nauna, ay nagpapakita naman ng ibang aspeto ng awtoridad ni Jesus, yun ay, ang Kanyang kapangyarihan sa mga pisikal na karamdaman.

1:29 Ang tagpo rito ay nangyari sa bahay ni Simon Pedro at ni Andres. Sila ay tila nakatira sa isang bahay. Sa tagpong ito ay makikita rin natin sina Santiago at Juan.

1:30 Ang biyenan ni Simon at syempre pati na rin ang kanyang asawa, at marahil ang iba pang miyembro ng pamilya ay nakatira rin sa bahay na ito. Noong panahon ni Jesus, ang lagnat ay hindi itinuturing na malubhang sakit na gaya ng iban karamdaman.[3]

---

[1]Kingsbury, pp. 23, 24. Inalis ang dibisyon sa paragrap. Ikumpara sa 6:51-52.

[2]Tingnan ang pag-aaral ni James R. Edwards, "The Authority of Jesus in the Gospel of Mark," *Journal of the Evangelical Theological Society* 37:2 (June 1994):217-33.

[3]Lane, p. 77.

> "Ang Talmud ay may binabanggit rin tungkol sa lagnat at kakatwang nagbibigay ng panlunas na parang isang mahika. Ang pormula ay ganito: kumuha ng isang kutsilyo at itali ito sa isang tinik na gamit ang tirintas na buhok. Pagkatapos nito, sa mga susunod na araw ay dapat na paulit-ulit sambitin ang Exodo 3:2-5. Pagkatapos nito, ang tinik na pinagsabitan ng kutsiyo ay dapat na putulin habang sinasambit ang isang mahikang pormula. (Shabb. 37a)."[1]

Sa tagpong ito na ipinapakita sa atin na si Pedro ay mayroong pamilya ay nagpapahiwatig na mayroon siyang malaking sakripisyo na ginawa noong nagpasya siyang sumunod kay Jesus.

1:31 Dahil sa kapangyarihang taglay ni Jesus, ang lagnat ng biyenan ni Pedro ay agad at ganap na nawala. At nang siya ay gumaling, siya ay agad na naglingkod sa Panginoon.

> "… ang kaloobang hindi makasarili ay tiyak na may kasabikan at pagkukusang maglingkod sa iba."[2]
>
> "… ang mga taong pinagaling at pinanumbalik ang espirituwal na kalusugan ay dapat na gamitin ang lakas na natanggap para maglingkod kay Cristo at sa kapatiran."[3]
>
> "Serbisyo o paglilingkod ang siyang dapat at laging tugon sa kabutihan ng Diyos."[4]

Ang salaysay sa tagpong ito ay maituturing na detalyado at tiyak na nalaman ni Marcos ang impormasyon sa pamamagitan ni Pedro, na mismong espesyal na kabilang sa pangyayaring iyon.

Ang mga himala ni Jesus ay maaaring hatiin sa apat na grupo: pagpapalayas ng demonyo o exorcismo, pagpapagaling, pagbuhay ng patay, at himala sa kalikasan.[5] Ang aklat ni Marcos ay kakikitaan ng malaking bahagi ng mga himalang nangyari; sa katunayan, 47

---

[1]Edersheim, 1:486.

[2]Charles C. Ryrie, *The Miracles of our Lord*, p. 39.

[3]R. C. Trench, *Notes on the Miracles of Our Lord*, p. 250.

[4]Mershon, 1:145.

[5]Tingnan ang Apendiks 6, sa aking komentaryo sa Mateo, para sa listahan ng mga himala ni Jesus sa itinuturing kong kronolohikal na pagkaka-ayos.

porsiyento ng mga talata mula sa kabanatang 1 hanggang 10 ay may direkta o indirektang may kinalaman sa mga himala.[1]

3. Ang Pagpapagaling na Ginawa ni Jesus sa Maraming Tao sa Galilea sa Paglubog ng Araw 1:32-34 (ikumpara sa Mat. 8:16-17; Lukas 4:40-41)

Ang seksyon na ito ay nagpapakita na ang nagdaang dalawang pagpapagaling ay hindi hiwalay o natatagong mga tagpo.

1:32 Marami pang mga tao ang nakinabang sa kapangyarihan ni Jesus nang sila ay pumunta sa bahay ni Pedro sa paglubog ng araw. Sa tagpong ito ang paglubog ng araw ang siyang naging pagtatapos ng araw ng Sabbath. At ito ang dahilan kung bakit pwede na silang maglakad ng malayo upang makahingi ng tulong kay Jesus (ikumpara sa Exo. 20:10; Marcos 3:1-5).

> "Dito sa aklat ni Marcos, ang 'dalawang-hakbang na progreso' ang siyang namamayaning istilo ng mananalaysay. Ang ganitong istilo ay mababasa mo sa mga kataga, pangungusap, pares na mga pangungusap, at istraktura ng mga episode. Ang pagkakaalam sa istilo na ito ang siyang susi para maunawaan ang maraming mga linya ng mga pangungusap at episode o yugto sa aklat. Ang isang simpleng halimbawa ay dito mismo sa talata, "Pagsapit ng gabi, pagkalubog ng araw…" Ang pagbanggit sa oras na "pagsapit ng gabi" ay inulit sa katagang "pagkalubog ng araw." Subalit ito ay hindi bastang pag-uulit lamang, sapagkat ang ikalawang kataga ay nagdaragdag ng presisyon at paglilinaw para sa unang kataga. Ang dalawang kataga ay parang katulad ng dalawang paa na sabay sa progresong paghakbang. Ang una ay mahalaga, subalit ang ikalawa ang siyang nagbibigay ng diin at naghahatid ng mahalagang elemento. Sa halimbawang ito, ang ikalawang hakbang o kataga, ang 'pagkalubog ng araw' ay tumuturo sa pagtatapos ng araw ng Sabbath na kung saan ang mga tao ay pwede na ulit

[1]Cranfield, p. 82.

maglakbay at hanapin si Jesus upang tumanggap ng kagalingan."[1]

"Hindi ipinipilit ni Jesus ang pagpapagaling sa sinuman. Hindi Siya naghahanap ng mga may karamdaman upang sila'y pagalingin, kundi Siya ay nagpapagaling lamang ng mga taong hinahanap ang Kanyang tulong. Kung Siya man ang nanguna sa pagpapagaling, ito'y kapag may inako Siyang responsibilidad na magpagaling sa araw ng Sabbath. Dagdag pa rito, ang Kanyang pagpapagaling ay libre at walang hinihinging kapalit mula sa mga taong Kanyang pinagaling. Hindi Niya hiningi ang paniniwala ng mga tao na paniwalaan Siya bilang ang kanilang hinihintay na Messias, o kaya'y ang manalig sila sa Diyos. Hindi rin Niya hiningi sa isang tao na maging isang mabait at mataas ang moral upang sila'y Kanyang pagalingin. Hindi rin Siya humingi ng anumang personal na kapakinabangan sa mga taong Kanyang pinagaling; na Siya ay kanilang sundan. Sa katunayan, madalas Niya silang utusan na manahimik at umuwi na lang sa bahay. Ang kanilang pagpapahayag at pagsunod ay bunsod ng kanilang sariling desisyon, at ito ay hindi pa rin itinuturing ni Jesus na kondisyon upang sila'y maging karapat-dapat na tumanggap ng kagalingan."[2]

"Si Cristo ang Siyang katatagpuan ng sagisag na naghahatid ng kaaliwan at pag-asa sa gitna ng mundong ito na puno ng kasakitan! At higit na naging malinaw at matingkad ang Kanyang sagisag ng pag-asa noong gabi sa bahay ni Pedro na pinawi Niya ang napakaraming karamdaman. Mula roon ay dumaloy ang kagalingang para sa kaluluwa at katawan. Mula roo'y dumaloy ang kapangyarihang nagpalayas ng mga kampon ng kadiliman. Mula roo'y dumaloy ang walang hanggang bisa na gagamot sa anumang kalungkutan at kahirapan."[3]

---

[1]Sina Rhoads at Michie, p. 47. Tingnan ang pp. 47-49 para sa iba pang mga halimbawa for several other examples of this narrative device.

[2]Ibid, p. 110.

[3]Edersheim, 1:487.

Ang mga pagpapagaling ni Jesus ay demontrasyon ng Kanyang habag sa mga tao.

> "Ang tagpo ng gabing iyon sa Capernaum ay kakikitaan ng karaniwang gagawin ni Cristo para sa mga taong nangangailangan."[1]

Ayon sa pag-aaral ni Dane Ortlund, ginamit ni Marcos at inilagay ang katagang 'umaga at gabi' upang ipakilala si Jesus na tagapaghatid ng bagong yugto at panahon.[2]

1:33 Ang pangungusap na nagsasabing, "Halos lahat ng mga tagaroon ay nagkatipon sa harap ng bahay" ay maaaring isang 'hyperbole' o eksaheradong paraan ng paglalarawan. Subalit ang punto lang na gustong sabihin rito ay: Lahat ng tao sa Capernaum ay nakabalita sa ginawa ni Jesus.

1:34 Marahil ang dahilan kung bakit hindi pinahintulutan ni Jesus ang mga demonyo na ihayag kung sino talaga Siya ay sapagkat ang mga sinasabi nito ay maaaring magbigay ng ibang pananaw sa mga taong nakakarinig hinggil sa Kanyang pagiging Messias. Yun ay, hindi nila buong ipinapakilala ang Kanyang pagka-Messias ayon sa Kanyang naisin. Pansin mor in dito sa talata ang pagkakaiba ng karaniwang karamdaman sa demonikong impluwensya. (ikumpara sa 6:13).

Sa seksyon na ito ng Ebanghelyo (1:21-34) makikita naman natin si Jesus na gumagawa ng mga himala upang ipakilala ang Kanyang Sarili bilang Lingkod ng Diyos at upang bigyang tibay ang Kanyang mensahe (v. 15).

C. Ang Naunang Ministeryo ni Jesus sa Buong Lupain ng Galilea 1:35-45

Si Jesus ay maraming ginawang mga paglalakbay para sa pangangaral sa buong lupain ng Galilea. Binuod ni Marcos ang mga naunang paglalakbay na ito (vv. 35-39), at pagkatapos ay mayroon siyang iniulat na partikular na kaganapan sa paglalakbay na iyon (vv. 40-45). Patuloy na ipinapakilala sa seksyon na ito na si Jesus ay ang Lingkod ng Diyos na isinasakatuparan ang gawain at misyon na ibinigay sa Kanya ng Ama bilang Messias.

---

[1]Ibid., 1:486.

[2]Makikita sap ag-aaral ni Dane C. Ortlund, "History's Dawning Light: 'Morning' and 'Evening' in Mark's Gospel and Their Eschatological Significance," *Journal of the Evangelical Theological Society* 61:3 (September 2018):493-511.

1. Ang Unang Lakbay Pangangaral sa Galilea 1:35-39 (ikumpara sa Lukas 4:42-44)

Bagamat sa mga talatang ito ay nakatala ang mga lakbay-pangangaral sa ministeryo ni Jesus, ang nais bigyang diin dito ni Marcos ay ang espirituwal na paghahanda ni Jesus para sa ministeryong ito. Nais ituon ni Marcos ang ating pansin sa pananangan o pagdepende ni Jesus sa Kanyang Ama.

1:35 Ayon kay Marcos, ang mga kaganapang ito ay nangyari ng sumunod na araw, yun ay, “madaling araw.” Maraming mga tao ang matutulog ng mahaba matapos ang isang nakakapagod na araw, subalit si Jesus ay bumangon ng maaga, yun ay “madaling araw” pa lang upang pumunta sa isang “lugar na walang tao” (Gr. *eremon*, v. 4, ‘ilang,’ ikumpara sa v. 12) upang doon ay manalangin (Gr. *proseucho*, ang karaniwang salita para sa panalangin). Ito ay kilos ng pagtitiyaga at pagsasakripisyo na kung saan ay nagpapakita na si Jesus ay kusang umaasa sa Ama upang magkaroon Siya ng lakas at direksyon para sa mga bagay na dapat Niyang gawin bilang Lingkod (ikumpara sa Isa. 50:4). Ang “lugar na walang tao” na kung saan nanalangin si Jesus ay nagpapahiwatig rin ng pakikipagtunggali kay Satanas, yamang sa umpisa ng kwento ay dito unang nagharap sina Jesus at Satanas. Nais ituro sa atin rito na ang kawalan o kakulangan ng panalangin ay nagpapakita ng ating pagtitiwala sa sarili, samantalang ang pagsasagawa nito ay nagpapakita ng ating pagpapakumbaba at pagdepende sa Panginoon.

> "Mayroong tatlong mahahalagang okasyon na kung saan ipinakita ni Marcos si Jesus na nasa pananalangin; bawat isa sa mga ito ay nasa tagpo ng dilim at pag-iisa: ang una ay sa pasimula ng aklat (v. 35), ang ikalawa ay sa kalagitnaan (6:46), at ang ikatlo ay sa katapusan (14:32-42). Lahat ng ito ay nasa okasyon na kung saan si Jesus ay humaharap sa isang matinding tukso na isakatuparan ang Kanyang messianikong misyon sa madali at komportableng paraan at hindi sa madugong paraan. Subalit sa bawat okasyong ito, nagtamo Siya ng lakas na paglaban ito sa pamamagitan ng panalangin."[1]

[1]Grassmick, p. 110.

Sa tagpong ito, tinanggihan ni Jesus ang popular na suporta ng mga taong nagnanais na ihatid Siya sa isang mataas na pulitikal na liderato upang hindi mahadlangan ang pagsasakatuparan Niya ng sakripisyo sa Krus ng Kalbaryo.

1:36-37 Dito ay makikita natin na sina Simon at ang kanyang mga kasama ay tila hindi nauunawaan ang pangangailangan ni Jesus na manalangin. Tulad ng ibang mga tao, sila ay yung tipo rin na kapag ang lahat ng bagay ay maayos ay hindi na tumatawag sa Diyos sa pamamagitan ng pananalangin. Tila ang kanilang pananalita rito ay may pagkayamot kay Jesus. Naaasar sila sapagkat hindi sinasamantala ni Jesus ang Kanyang popularidad upang isulong ang Kanyang misyon. Dito ay itinala ni Marcos para sa ating pagkatuto ang mapusok na katangian ng liderato ni Pedro.

> "Hindi pangunahing layunin ni Jesus na pagalingin ang lahat ng tao sapagkat ang manipestasyon ng kaharian ng Diyos ay sa pagkakalapit ng tao tungo sa Kanyang persona. Layunin ni Jesus na ipabatid sa mga tao na kailangan nilang magpasya sa ilalim ng kataastaasang katotohanang hawak ng Diyos ang kanilang buhay."[1]

1:38 Marahil ay tiningnan ni Pedro ang ministeryo ng pagpapagaling ni Jesus bilang primary, na gaya rin mismo ng pag-aakala ng kanyang mga kasama. Subalit para kay Jesus, ito ay maliit na bahagi lamang ng Kanyang buo at malawakang misyon.

> "Ang primaryong misyon ng Panginoon ay ang ipahayag ang Kaharian ng Diyos (i. 14); ang palayasin at supilin ang mga kampon ng kadiliman at ang pagalingin ang mga may karamdaman ay sekondaryo lamang, at minsan pa nga'y sa paraang hinihingi ng pagkakataon sa Kanyang ministeryo."[2]

Hinikayat ni Pedro na manatili si Jesus sa isang lugar na na hindi Niya maiiwasan ang 'pressure' o udyok na gumawa ng mga himala (ikumpara sa Juan 7:3-5). Subalit pinili ni Jesus na pumunta sa iba pang mga bahagi ng Galilea upang maipangaral Niya ang ebanghelyo (v. 14) at maipahayag

---

[1]Lane, p. 82.

[2]Henry B. Swete, *The Gospel According to St. Mark*, p. 27.

ang Kanyang mga nais iparating (v. 15), yamang ito ang dahilan kung bakit Siya dumating sa mundo.

1:39 Ang talatang ito ay pagbubuod sa mga lakbay-pangangaral na ginawa ni Jesus sa buong Galilea. Ito ay maaaring nagtagal ng ilang mga linggo o dili kaya'y ng ilang mga buwan (ikumpara sa Mat. 4:23-25). Itinuon ni Jesus ang sentro ng Kanyang ministeryo sa mga sinagoga sapagkat ang Kanyang misyon ay primaryong espirituwal sa halip an pulitikal o ekonomiko. Ang Kanyang pangunahing gawain ay pangangaral (Gr. *kerysso*) ng ebanghelyo, na Kanya rin namang pinagtibay sa pamamagitan ng mga himala, na kung saan ang pinaka dramatiko sa mga ito ay ang pagpapalayas ng mga demonyo.

Ayon kay Josephus, ang lupain ng Galilea ay nagtataglay ng isang mayamang agrikultura; ito ay puno ng mga lungsod at ng mga nayon, na anupa't kahit ang pinakamaliit na lungsod nito ay nagtataglay ng 15,000 mga naninirahan.[1] Gayunpaman, ang bilang na ito ay maaaring tumutukoy sa mga lungsod at sa mga nakapaligid na mga nayon. Subalit mayroong ebidensiya na ang mga bayan na gaya ng Capernaum at Bethsaida, na kapuwa nasa tabi ng Lawa ng Galilea, ay mayroon lamang 2,000 hanggang 3,000 mga naninirahan, yun ay, bawat isa sa kanila.[2] At itong si Herodes Felipe II ("ang tetrarka") ay nagpasyang i-deklara ang Bethsaida bilang isang lungsod ng dahil sa lumalago nitong populasyon; ito ay tinawag niyang 'Bethsaida Julius,' bilang pagkilala sa anak na babae ni Tiberius Caesar.[3] Bawat nayon nito ay mayroong pinuno at may mga itinayong mga sinagoga sa mga kapital o kilalang lugar nito.[4]

2. Ang Pagpapagaling sa Isang Judio na Ketongin 1:40-45 (ikumpara sa Mat. 8:1-4; Lukas 5:12-16)

Sa bahaging ito ay ipinapakita ang isang pangyayari noong si Jesus ay naglalakbay at nangangaral sa Galilea ayon mismo sa pagbubuod ni Marcos. Ito ay nagpapakita ng kahanga-hangang halimbawa ng supernatural na kapangyarihan ni Jesus. Ang pagpapagaling rito ay isa sa dalawang pagpapagaling ng mga ketongin na naitala sa Ebanghelyo, bagamat may iba pang mga ketongin na pinagaling si Jesus liban rito

---

[1]Josephus, *The Wars …*, 3:3:2.

[2]Lane, p. 232.

[3]Josephus, *Antiquities of …*, 18:2:1.

[4]Lane, p. 83.

(ikumpara sa Mat. 11:5). Ang isa pang naitalang pagpapagaling ay yaong 10 ketongin na taga-Samaria (ikumpara sa Lukas 17:11-19). Samantala, ang tanging halimbawa ng kagalingan sa ketong na matatagpuan sa Lumang Tipan ay yaong sa kalagayan ni Miriam (Blg. 12:10-15) at ni Naaman na taga-Sirya (2 Hari 5). Ang pangyayari na ito na itinala ni Marcos ay napakahalaga sapagkat inihatid nito ang mga relihiyosong pinuno na mula sa Jerusalem patungo sa Galilea upang kanilang imbestigahan si Jesus. Bunga nito, dito nagsimulang mamuo ang tagpo ng tunggalian na unti-unting madarama sa pagsasalaysay ni Marcos.

1:40

> "Ang mga ketongin ay pinahihintulutang mamuhay na hindi hinahadlangan, liban lang sa Jerusalem at sa mga napaderan na lungsod. Sa katunayan, maaari pa nga silang makadalo sa mga panambahan hangga't mayroong tabing na ilalagay sa kanila upang maihiwalay sila mula sa kongregasyon. Gayunpaman, kahit na may ganitong dalawang probisyon, ang sakit na ketong ay naghatid naman ng malalim na pagkakalayo sa pagitan ng isang ketongin at ng kanyang komunidad."[1]
>
> "Ang sakit na tinaguriang 'ketong' (sa Griego ay *lepra*) ay binubuo ng iba't ibang sakit sa balat—psoriasis, vitiligo, elephantiasis—ngunit hindi dapat ituring na ang tinaguriang 'sakit ni Hansen' (na ang natuklasang sanhi nito ang siyang dahilan ng ginawang isolasyon noong 1871) ang siyang tinutukoy rito."[2]

Ang katagang "Kung nais po ninyo" ay nagpapahiwatig na ang ketongin ay may pagtitiwala kay Jesus. Hindi ito nangangahulugan na nag-aalinlangan siya sa kakayahan at pagkukusa ng Panginoon na siya'y mapagaling.[3]

1:41-42

Kapansin-pansin na si Marcos lamang ang ebanghelista na nagtala ng paglalarawan na si Jesus ay nagpagaling na udyok ng habag. Subalit sa bersyong ito ng salaysay ni Marcos, binigyang diin niya ang ginawa ng ketongin matapos na siya'y pagalingin ni Jesus.

> "… Hindi hinipo ng Panginoon ang ketongin upang siya'y pagalingin, kundi upang ipakita sa mga taong nasa paligid

[1]Ibid., p. 85. Tingnan rin ang sinasabi ni Ryrie, pp. 43-44.

[2]Mann, p. 219.

[3]Cranfield, p. 91.

> na siya'y malinis na mula sa kanyang sakit na ketong. Hindi ipinapahintulot ayon sa Levitikal na tuntunin na hipuin ang taong may ketong [ikumpara sa Lev. 13:46]. Ang ating Panginoon ay namuhay sa ilalim ng Kautusan at sinunod ito. Gayunma'y ipinapakita sa tagpong ito ang mahabaging paghipo ng Anak ng Diyos na siyang kauna-unahang paghipo na kanyang naranasan."[1]

1:43-44 "Pinagsabihan" (Gr. *embrimaomai*) ni Jesus ang pinagaling na ketongin na huwag sasabihin sa kahit kanino ang ginawa Niya sa kanya (ikumpara ang salitang ito vv. 25, 34; 3:12; 5:43; 7:36; 9:9). Si Marcos lamang ang gumamit ng salitang ito na matindi sa wikang Griego. Ito ay nangangahulugan na ang 'bilin' ni Jesus sa pinagaling na ketongin na pumunta sa pari upang magpasuri ay nasa diwa ng puwersa at awtoridad.[2]

1:45 Iniiwasan ni Jesus na Siya'y makilala ng mga tao bilang manggagawa lamang ng himala, na kung saan maaaring magdagdag na hadlang upang hindi Niya marating ang Krus. Subalit mababasa natin na sinuway ng lalaking ito ang bilin ni Jesus, bagamat mayroon siyang magandang dahilan kung bakit niya ginawa iyon, gaya siguro ng mabigyan ng papuri si Jesus. Subalit ang kanyang pagsuway s autos ni Jesus ay hindi nakabuti sa gawain ni Jesus kundi nakahadlang pa sa pagsulong nito. Nais ni Jesus na makapagministeryo sa mga tao, subalit ang ginawa ng dating ketongin na iyon ay naglagay kay Jesus sa "mga hindi mataong lugar" (Gr. *eremon*, vv. 4, 35).

Marahil, binigyang pansin ni Marcos ang isinakilos ng lalaking ito upang hikayatin ang kanyang mga mambabasa na maingat na sundin ang Salita ng Diyos. Minsan kasi, sinusuway ng isang mananampalataya ang Salita ng Diyos sapagkat iniisip niya na mas mahusay ang kanyang pamamaraan kaysa sa Panginoon. Subalit hindi kaylanman. Madalas pa ng ana ang resulta ng ating mga pagmamagaling ay katulad ng sa ginawa ng ketongin: pinipabagal nito ang pagsulong ng misyon ng Diyos. Ang lalaking ketongin ay sumasalamin sa mga mananampalataya, yamang ang ketong ay

---

[1]Wuest, 1:1:41.

[2]Gundry, p. 96.

sumasagisag sa kasalanan, ang mga mananampalataya ay sila na pinagaling at hinugasan mula sa karamdamang ito.

Si J. Vernon McGee ay may sinipi na komento mula sa isang mangangaral tungkol sa tugon ng ketongin. Ganito ang sinasabi:

> "Pinagbilinan siya ng Panginoon na huwag sasabihin sa kahit kaninuman ang ginawa sa kanya, samantala, tayo naman ngayon ay sinasabihan ng Panginoon na ipabatid sa lahat ang bagay na ginawa Niya sa atin, subalit hindi natin ito ibinibahagi sa iba."[1]

Syempre, hindi tuluyang ginuho ng pagsuway ng ketongin ang plano ng Diyos, subalit ito'y naghatid ng mga komplikasyon. Si Jesus ay hinahanap pa rin ng mga taga-Galilea "mula sa iba't ibang dako" nito.[2]

"Mayroon tayong ilang mahahalagang espirituwal na aral na matutunan sa kabanatang ito. Una, kung ang Anak ng Diyos ay dumating bilang isang lingkod, ang pagiging isang lingcod kung gayon ang siyang pinakamataas na panawagan sa buhay. Hindi tayo kaylanman makakamukha ng ating Panginoon kung hindi tayo maglilingkod sa iba. Ikalawa, ibinabahagi ng Diyos ang Kanyang awtoridad sa Kanyang mga lingcod. At tanging sila lamang na nasa *ilalim* ng Kanyang awtoridad ang siyang may karapatan na *gamitin* ito. Ikatlo, kung nais mo na ikaw ay maging isang lingkod, tiyakin mo na ikaw ay may habag sapagkat lalapitan ka ng mga tao upang humingi ng tulong, at madalang sa kanila ang magtatanong kung ayos lang ba na madisturbo ka!"[3]

D. Ang Unang Pakikipagtunggali ni Jesus sa mga Relihiyosong Pinuno 2:1—3:6

Kasunod naman na itinala ni Marcos ang limang tagpo ng tunggalian sa pagitan ni Jesus at ng mga lider ng Israel. Ang mga ito ay naganap sa panahon ng ministeryo ni Jesus sa Galilea. Ang mga tagpong ito ay hindi isinaayos ng kronolohikal. Sa halip, isinaayos ito ni Marcos sa paraang makikita ng kanyang mga mambabasa ang mga oposisyong galing sa mga pinuno, lalo't mula sa mga relihiyosong pinuno ng Israel, na kung saan ang mga pagsalungat na ito ay dapat na pagtagumpayan ni Jesus. Siguro ay humaharap rin ang

---

[1]McGee, 4:166.

[2]Makikita ito kay Joel F. Williams, "Discipleship and Minor Characters in Mark's Gospel," *Bibliotheca Sacra* 153:611 (July-September 1996):332-43; Kingsbury, pp. 24-27.

[3]Wiersbe, 1:114.

kanyang mga mambabasang Kristyano sa parehas na sitwasyon na dulot ng kanilang pagtupad sa misyon ng Diyos para sa kanilang buhay. Ang seksyon na ito kung gayon ay makakatulong para lumakas ang kanilang loob at magpatuloy sa misyon ng Diyos.

Ang popularidad sa Masa ay maghahatid ng problema na mula sa mga pinuno ng pamahalaan. At yun nga, ang pagsalungat at pikikipaglaban kay Jesus ay makikitang patindi ng patindi sa seksyon na ito.

> "Ang limang tagpo ng tunggalin sa pagitan ni Jesus at ng mga pinuno sa Galilea ay nagpapakita ng isang konsentrikong relasyon ng A, B, C, B^1, at A^1. … At yaong sentral na tagpo o episode [ang katuruan ni Jesus tungkol sa pag-aayuno, 2:18-22] ay nakapokus sa tugon ni Jesus sa halip na sa tunggalian o mga aksyon. Ang tugon ni Jesus ang siyang nagpapaliwanag sa limang tagpo na bumubuo ng isang konsentrikong pagkaka-ayos."[1]
>
> "Ang kwento at pagsasalaysay ni Marcos ay may kinalaman sa tunggalian, at ang tunggalian na ito ang siyang puwersa na nagpapatakbo sa istorya. Ang pangunahing tunggalian ay sa pagitan ni Jesus at ng Israel, na binubuo ng mga lider ng relihiyon at ng Masang Judio. Gayunpaman, yamang ang Masa ay sumalungat lamang ng matindi kay Jesus noong Siya inaresto, ang pangunahing kontrabida sa kwento ang mga relihiyosong pinuno. … At ang grupo ng mga taong nasa kapangyarihan at awtoridad ay ang mga Pariseo, Saduceo, Herodeo, mga punong saserdote, at ang mga matatanda."[2]

1. Ang Pagpapagaling at Pagpatawad sa lalakeng Paralitiko 2:1-12 (cf. Matt. 9:1-8; Luke 5:17-26)

> "… ang Rabinismo [ang mga paniniwala at praktis ng mga rabbi o tagapagturong pinuno ng Israel] ay walang nagawa sa paglunas ng nakamamatay na sakit ng ketong; wala itong mensahe ng pag-anyaya at pagpapatawad sa budhi ng mga taong pinapahirapan ng kasalanan. Subalit ito mismo ang pinaka kahulugan ng dalawang kaganapan na nangyari matapos ang pagpapagaling sa ketongin: ang pagpapatawad ng kasalanan ng lalaking paralitiko at ang pagtanggap sa isang taong

[1]Sina Rhoads at Michie, p. 52. Inais ang dibisyon sa paragrap. Tingnan sa pp. 52-53 para sa buong deskripyo ng istraktura ng salaysay na ito.

[2]Kingsbury, p. 63. Inalis ang dibisyon sa paragrap.

itinuturing na may napakalaking kasalanan, si Levi na tinatawag ring Mateo."[1]

2:1-2 Ang dalawang talatang ito ang siyang pambungad sa mga susunod na pangyayari. Madalas gumamit si Marcos ng mga pagbubuod na gaya nito (ikumpara 1:14-15, 39; 2:13; 3:7-12, 23; 4:1, 33-34; 8:21-26, 31; 9:31; 10:1; 12:1). Ito ang katangian ng kanyang literaryong istilo o paraan ng pagsusulat ng kwento. Ang katagang “pagkalipas ng ilang araw” sa pananaw ng mga Judio ay hindi lamang isa o dalawang araw."[2]

Nang si Jesus ay bumalik sa Capernaum matapos ang isa sa Kanyang lakbay-pangangaral, ang balita tungkol sa Kanyang pagdating ay mabilis na kumalat. Siya ay dinumog ng napakaraming mga tao sa lugar na iyon (ikumpara sa 2: 3), anupat hindi man lang makapagpahinga si Jesus sa kanyang himpilang-tahanan sa Capernaum. Gayunpaman, hindi Niya pinalampas ang pagkakataong ito na makipag-usap sa kanila (Gr. *laleo*). Dito sa Marcos ay madalas bigyang pansin ni Marcos ang popularidad ni Jesus.

2:3-4

> "Upang higit na maunawaan ang aksyon na ipinapakita sa mga talatang ito, kinakailangan na makita natin kahit papano ang anyo ng isang karaniwang bahay sa Palestina noong panahong iyon. Kadalasan na ito ay isang maliit at isang-kwartong istraktura lamang at may patag na bubong. Para makapunta sa bubong ay mayroong hagdan na nasa labas ng bahay. Ang bubong ay karaniwang gawa sa kahoy na binalutan ng luwad na lupa upang ito ay hindi mapasukan ng ulan."[3]
>
> "Ang bubong na binalutan ng luwad at pinatungan ng ilang mga bato ay kailangang isaayos pagkatapos ng isang malakas na ulan upang hindi ito maging matubig …"[4]

Isa ring posibilidad ay, ang bubong na ito ay yaong nasa balkonahe n bahay.[5] Madetalye ang pagkakalarawan ni Marcos sa apat na lalaki na

---

[1]Edersheim, 1:499.

[2]Ibid., 1:501.

[3]Wessel, p. 632. See also Taylor, p. 194.

[4]W. F. Albright, *The Archaeology of Palestine*, p. 215.

[5]Edersheim, 1:504.

napakasigasig na dalhin ang kanilang kaibigang paralitiko sa harapan ni Jesus upang siya'y pagalingin. Wala silang pakialam sa pinsala na nagagawa nila sa bahay at maging sa mga alikabok at dumi na nahuhulog mula sa bubong habang ito ay kanilang binabakbak. Ang "higaan" (Gr. *krabattos*) na kinararatayan ng paralitiko ay isang "makapal na banig" o yaong tinatawag na "kubrekama."[1]

2:5 Ang pagod at hirap na pinagdaanan ng mga kalalakihang ito ay nagpapatunay ng kanilang pananalig sa kakayahan at pagmamalasakit ni Jesus na magpagalin (ikumpara sa Santiago 2:26). At syempre, tinugon ni Jesus ang kanilang pananampalataya sa napakainam na paraan na hindi nila inaasahan. Ang kasalanan ang siyang ugat ng lahat ng karamdaman, bagamat magandang linawin na hindi lahat ng pinagdaraanang karamdaman ay dulot ng pagkakasala (ikumpara sa Lukas 13:1-3; Juan 9:2-3). Dito ay makikita na buong awtoridad na pinatawad ni Jesus ang kasalanan ng paralitiko, bagay na Diyos lamang ang may karapatang gumawa. Sa pamamagitan ng pagpapatawad ng kasalanan ay tinugunan ni Jesus ang pinakaugat na dahilan ng karamdaman. May iba na pwedeng mag-isip na ang sinabing pagpapatawad rito ni Jesus ay pagpapahayag lamang ng kapatawaran ng Diyos sang-ayon sa kanilang ipinakitang pananalig, na gaya mismo ng ginawa ni Nathan noong ipinahayag niya ang kapatawaran ng Diyos kay David (2 Sam. 12:13). Subalit para sa mga eskribang nakarinig ng pangungusap, ang sinabi ni Jesus ay isang pamumusong o kalapastangan (v. 7). Alam nila na ang pangungusap na iyon ni Jesus ay pagpapahayag na Siya ay may awtoridad na mapagtawad ng mga kasalanan.

> "Dapat nating hangaan ang magandang katangian ng mga kalalakihang ito, na dapat taglayin at maging tanda ng mga taong "nangingisda ng mga kaluluwa." Maliwanag na sila ay may pagmamalasakit sa kanilang kaibigan at nais nilang mapabuti siya. Mayroon rin silang pananampalataya na matutugunan ni Jesus ang kanilang idinudulog na pangangailangan. Hindi lamang nila ito ipinanalangin, kundi nagkaroon sila ng aksyon. Hindi nila hinayaan na manghina ang kanilang loob na dulot ng mga sitwasyon. Sa halip, sama-sama silang kumilos at gumawa ng isang bagay

[1]Wuest, 1:1:46.

> na hindi inaasahan, at ito naman ay ginantimpalaan ng Panginoon. Napakadali lang sana para sa kanila na sabihin, “Wala tayong mapapala kung susubukan nating lumapit ngayon kay Jesus. Napakaraming tao! Siguro’y bumalik na lang tayo bukas!”[1]
>
> "Ang kailangan natin ngayon sa Iglesia ay mga taong tagapag-akay—mga kalalakihan at kababaihan na hahayo at aakay ng mga taong wala pang pagkakilala sa Panginoon upang mapakinggan nila ang ebanghelyo. Napakaramign tao ngayon na pinaparalisa ng kasalanan, ng kawalang pagmamalasakit at pagpapahalaga sa kapwa. At maraming tao ngayon ang hindi makakapunta ng simbahan hangga’t walang aakay sa kanila tungo rito."[2]

2:6-7 Ang pahayag ni Jesus hinggil sa Kanyang awtoridad ng magpatawad ng kasalanan ay ikinayamot at ikinagalit ng mga tagapagturo ng kautusan. Yung paglalarawan sa salaysay na sila’y “nakaupo” habang nasa karamihan ng mga taong nakikinig kay Jesus ay nagpapakita lamang ng napakalaking paggalang ng mga Judio para sa kanila. Dapat nating malaman na walang sinumang propeta sa Lumang Tipan ang nagpahayag na mayroon silang personal na awtoridad na magpatawad ng kasalanan, bagamat si Nathan ay naghatid ng balita ng kapatawaran ng Diyos para kay David (2 Sam. 12:13). Sa katunayan, naniniwala rin ang mga Judio na kahit na ang Messias ay walang karapatan at awtoridad na magpatawad ng kasalanan sapagkat wala namang nababanggit sa Lumang Tipan tungkol rito. Sa halip, ang malinaw na sinasabi ay ito: ang Diyos lamang ang may kakayahang magpatawad ng kasalanan (ikumpara sa Exod. 34:6-9; Aw. 103:3; 130:4; Isa. 43:25; 44:22; 48:11; Dan. 9:9; Mic. 7:18).[3] At dahil nga rito, itinuring ng mga eskriba na ang sinabi ni Jesus ay isang kalapastangan.[4] At hindi nga naglaon ay hinatulan nila si Jesus gamit ang akusasyong nagpapahayag raw si Jesus ng kalapastangan (14:61-64).

---

[1]Wiersbe, 1:115.

[2]McGee, 4:168.

[3]Ikumpara sa sinasabi ni Edwards, p. 222.

[4]Tingnan ang sinasabi ni Darrell L. Bock at Mikel Del Rosario, "The Table Briefing: Did the Historical Jesus Claim to Be Divine?" *Bibliotheca Sacra* 173:691 (July-September 2016):352-61.

> "Sa simula pa lang ng kwento, si Jesus ay nasa alanganin ng kalagayan—yun ay, lagi Siyang nasa panganib ng pagbabanta—at dapat Niya itong iwasan hanggang sa pagdating ng itinakdang oras. Gayunma'y ang Kanyang madalas na kamuntikang pagkakahuli sa kamay ng Kanyang mga kaaway ang siyang nagpapalakas ng tensyon at kaba sa takbo ng kwento ng labanang ito."[1]
>
> "Ang pangunahing layunin ng mga himala ay ang magturo at magpahayag. Ginamit ni Jesus ang mga himala upang ipakita ang Kanyang pagkaDiyos (Marcos 2:7), ang patibayin ang Kanyang pahayag bilang Messias (Mateo 9:27), at upang magsilbing espirituwal na ilustrasyon para sa malalim na espirituwal na katotohanan (tingnan ang Juan 6:32-35). Subalit sa kabilang banda, ang mga himala ay nagpapaalala rin ng mga naidulot o konsekwensya ng kasalanan—karamdaman, pagkabulag, kamatayan—at ng kapangyarihan ng Panginoon na tugunan ang gayong mga konsekwensya. Ito ang dahilan kung bakit marami sa mga pisikal na pagpapagaling ni Jesus ay nagsisilbing paglalarawan sa espirituwal na kaligtasan na Kanyang tinamo para sa atin noong Siya ay namatay at muling nabuhay."[2]

2:8 Ang persepsyon o pagkakabatid dito ni Jesus ay isang simpleng disyermento o pagkakaunawa (ikumpara sa 5:30; 8:12), sa halip na isang propetikong pagkakakita (o supernatural na pagkakabatid).[3]

2:9 Diyos lamang ang may kakayahang magpagaling at magpatawad ng mga kasalanan. Hindi magagawa ng sinumang tao na patunayan na may kakayahan at karapatan siyang magpatawad ng mga kasalanan. Subalit ang pagsasabing may kakayahan siyang magpagaling ay pwedeng hanapan ng katibayan. At para sa mga eskriba ang pagalingin ang paralitiko sa kanyang karamdaman ang siyang mas hihingi ng mabigat na pagpapatunay. At si Jesus, madalas Niyang gamitin ang isang rabinikong paraan ng pagtugon at pagkontra sa isang katanungan, lalo't kapag ang

---

[1]Rhoads and Michie, p. 87.

[2]Ryrie, pp. 10-11.

[3]Mann, p. 224. Cf. Trench, p. 219.

mga nagtatanong ay ang Kanyang mga kalaban (ikumpara sa 3:4; 11:30; 12:37).

2:10 Ipinamalas ni Jesus na gawin ang sa tingin ng Kanyang mga kritiko ay imposibleng gawin, upang patunayan Niya sa kanila na kaya Niya ring gawin ang bagay na itinuturing nilang madali lang.

> "Ginawa Niya ang himala na kanilang nakikita upang patunayan na kaya Niya ring gawin ang bagay na hindi nila nakikita."[1]

Dito mababasa ang unang paggamit ni Marcos sa titulong "Anak ng Tao." Ito ay 14 na beses niyang ginamit dito sa kanyang aklat (ikumpara sa v. 28; 8:31, 38; 9:9, 12, 31; 10:33, 45; 13:26; 14:21 [dalawang beses], 41, 62).[2] Madalas na pagtalunan ng mga iskolar ang kahulugan ng titulong ito, subalit ang pinaka malakas na argumento ay nakaugnay mismo sa kahulugan ni Jesus, yun ay, na Siya ang banal na Messias—ang representatibong Tao para sa sangkatauhan na Siyang magiging Hukom ng sangkatauhan (ikumpara sa Dan. 7:13-14).[3]

> "Masasabi natin na ginamit ni Jesus ang titulo na ito sapagkat ang paggamit nito ay maglalayo sa Kanya mula sa karaniwang maling pananaw ng mga tao tungkol sa *Messias*. Kaya kung tutuusin, ang paggamit Niya ng titulong ito ay parehas na nagtatago at nagpapahayag ng Kanyang buong katauhan bilang ang tunay na Messias. Gayunpaman, bagamat ang termino ay pinaniniwalaang may kaugnayan sa Messias, dahilan sa kapos na pang-unawa ng mga tao, hindi nila ito madaling maiugnay sa katauhan ni Jesus. At yun nga, gamit ang katagang ito, maaaring ipakilala ni Jesus ang Kanyang sarili alinsunod sa mga pananaw na may harmonya sa Kanyang Persona at katuruan."[4]

---

[1]A. M. Hunter, *The Gospel According to Saint Mark*, p. 38.

[2]Tingnan ang sinasabi ni George E. Ladd, *A Theology of the New Testament*, pp. 149-51, para sa isang katalog ng lahat ng pinaglabasan ng katagang "Anak ng Tao" sa mga Sinoptikong Ebanghelyo.

[3]Tingnan ang sinasabi ni F. W. Grant, *The Crowned Christ*, pp. 43-55; at ni Taylor, pp. 197-98, 199-200, na nagbigay rin ng iba pang mga pananaw hinggil sa bagay na ito.

[4]Hiebert, p. 67.

Ginamit ni Jesus ang titulong “Anak ng Tao” kapag nagsasalita Siya na may kinalaman sa Kanyang daranasing paghihirap at kamatayan (8:31; 9:9-13, 31; 10:33, 45; 14:21, 41) at gayundin naman kapag nagasalita Siya ng tungkol sa Kanyang muling pagbabalik na may taglay na dakilang kaluwalhatian (8:38; 13:26, 32; 14:62). Dahil rito, masasabi natin kung gayon na pinag-ugnay Niya ang konsepto ng Kahirapan at Kaluwalhatian ng Messias sa isipan ng Kanyang mga tagapakinig. At sa kabilang banda, iniuugnay rin Siya ng titulong ito sa sangkatauhan bilang “ang Anak ng Tao,” yun ay, binibigyang pansin rito ang Kanyang kalikasan bilang nagkatawang-tao. Gayunpaman, Siya ay Tao na “may awtoridad at kapangyarihan dito sa lupa na magpatawad ng mga kasalanan”: Siya ang Hukom ng sangkatauhan.

> "Ang binitiwang pahayag sa v. 10 ay nangangahulugan na ang Diyos na nasa langit na may awtoridad na magpatawad ng kasalanan ay nasa katauhan ng Anak ng Tao na nagpapatawad ng kasalanan dito sa lupa.'"[1]

Ang talatang ito ay nagsimula sa pangungusap na tugon ni Jesus sa mga eskriba. Hindi Niya pa natatapos ang Kanyang sinasabi sa mga kritiko ay kaagad na Siyang lumingon sa paralitiko ay nagsalita sa kanya (v. 11). Subalit may ilang komentarista na nagsasabi na hindi raw sinabi ni Jesus ang unang bahagi dito sa talatang 10, gayunma’y inilagay ito ni Marcos bilang paraan ng pakikipag-usap sa kanyang mga mambabasa.[2] Yaong mga humahawak sa pananaw na ito ay karaniwang naniniwala na hindi raw itinala ni Marcos ang pagpapakilala ni Jesus ng sarili sa harapan ng mga Di-mananampalataya; na Siya ang Anak ng Tao hangga’t hindi pa nagaganap ang Kanyang Muling Pagkabuhay.[3] Gayundin naman, ang mga naniniwala sa ganitong pananaw ay naniniwala rin na ang sinasabi sa talatang 28 ay isa na namang pangungusap ni Marcos para sa kanyang mga mambabasa.

> "Ang layunin ng komentaryo ni Marcos na isinisingit dito sa kanyang aklat ay para pukawin ang komunidad ng mga

---

[1]Edwards, p. 223.

[2]Cranfield, p. 100; Wessel, p. 633; Grassmick, pp. 112-13.

[3]Yun ay sina Lane, pp. 96-98; atG. H. Boobyer, "Mark II, 10a and the Interpretation of the Healing of the Paralytic," *Harvard Theological Review* 47 (1954):115.

> mananampalataya hinggil sa naranasang nilang bisa ng messianikong pagpapatawad ng Anak ng Tao."[1]

Subalit ang ganitong uri ng editorial na pagsisingit ng komento ay hindi karaniwan sa mga Sinoptiko. Siguro, sa tagpong ito, tinugon ni Jesus ang mga eskriba at hinayaang ang Kanyang komento sa paralitiko ang maging konklusyong pananalita sa kanila.[2]

2:11 Tatlong utos ang ibinigay ni Jesus sa paralitiko. Una ay ang “Tumayo ka,” ito’y pagsusuri kung mayroon siyang pananalig. Ikalawa ay “bitbitin mo ang iyong higaan,” isang responsibilidad na dati ay pinapasan ng iba para sa kanya. Ikatlo ay “lumakad at umuwi,” isang pagbibigay ng direksyon.

2:12 Ang lalaking paralitiko ay agad at masunuring tumugon sa tatlong utos na ito.

Ang kagalingan na ginawa ni Jesus ay lubos at agaran. Lahat ng nasa bahay na iyon ay nakasaksi sa himalang nangyari pati na rin ang mga relihiyosong pinuno na naroroon. Silang lahat ay “namangha” (Gr. *existasthai*, sa literal ay "hindi nila lubos maisip at akalain," cf. 3:21; 5:42; 6:51). Nasaksihan nila ang isang bagay na hindi pa kaylanman nasaksihan ng sinuman. At nakita rin nila ang isang malinaw na katibayan para sa pagpapatawad ng kasalanan. Ang gawa ni Jesus sa tagpong ay isang napakatibay na testimonya para sa Kanyang pagkaDiyos. Subalit, kung susuriin ang reaksyon ng mga taong nakasaksi, marami sa kanila ang nanggilalas sa pisikal na himala (na may pagpupuri sa Diyos), gayunma’y hindi natin mababasa na sinamba nila si Jesus bilang Diyos.

> "Ang bahaging ito ng salaysay ay nagtapos sa tagpo na ang mga tao ay kumilala sa kapangyarihang ipinamalas ni Jesus bilang galing sa Diyos. At dahil rito, ang mga mambabasa ni Marcos ay pinapag-isip na ang mangyayaring pagpapako sa Krus ay isang hindi makatuwirang hatol kay Jesus."[3]

---

[1]Lane, p. 98.

[2]Taylor, p. 197; Hiebert, p. 67.

[3]Gundry, p. 115.

Si Marcos ay nagtala ng 13 magkakahiwalay na pangyayari na kung saan si Jesus ay nakipagtunggali sa mga pinunong Judio t (2:1-12, 13-17, 18-22, 23-28; 3:1-6, 20-34; 6:1-6; 7:1-23; 8:1-10; 10:1-12; 11:15-19; 12:1-12; 13-27).[1]

2. Ang Pagtawag kay Levi at ang kanyang Handaan 2:13-17 (ikumpara sa Mat. 9:9-13; Lukas 5:27-32)

Sa seksyon na ito, ang pagtawag kay Levi na maging isa sa mga alagad ni Jesus ang siyang naging mitsa at tagpo para sa ikalawang pakikipagtunggali ni Jesus laban sa mga relihiyosong pinuno.

> "Yamang naipakilala na ni Marcos si Jesus bilang may awtoridad na magpatawad ng mga kasalanan (vv 1-12), maaari na niyang simulan ang kwento ng pagtawag ni Jesus sa mga taong makasalanan."[2]

2:13 Ang salitang "Muli" (Gr. *palin*) ay nagpapahiwatig na ang isang pangyayaring ito ay naganap sa ibang okasyon (ikumpara sa 1:16). Si Jesus ay nasa Capernaum, isang lugar na napakalapit sa Lawa ng Galilea. At sa tagpong ito ay makikita natin na Siya ay pumunta sa baybayin ng Lawa upang doon ay maturuan Niya ang napakaraming tao na sumusunod sa Kanya (ikumpara sa 1:45; 2:13; 3:7, 13; 4:1; 5:21).

> "Ang aksyon na ito ay nagiging makabuluhan kung titingnan ito bilang bahagi ng isang buong balangkas o ng isang pagkakaayos dito sa aklat ni Marcos. Matapos na maipamalas Niya ang mapagpalayang kapangyarihan ng Diyos, si Jesus ay umaalis at pumupunta sa isang lugar na hindi matao, ito man ay sa ilang, sa bundok, o sa tabi ng dagat. Gaya ng ginawa Niya noong pagbabalik sa ilang, ang Kanyang pagpunta sa tabi ng dagat ay isang pagpapahiwatig na mayroong puwersa ng kadiliman na kumakalaban sa Diyos."[3]

2:14 "Levi" ang talagang pangalan ng taong ito na tinatawag ni Jesus. Samantala, ang pangalang "Mateo" (na ang ibig sabihin ay "Kaloob ng Diyos," na siyang kahulugan rin ng pangalan nina "Nathaniel" at

---

[1]Kenneth G. Hanna, *From Gospels to Glory*, pp. 45-46.

[2]Gundry, p. 123.

[3]Lane, p. 100.

"Teodoro") ay isang palayaw. Ginamit ni Mateo ang kanyang palayaw sa kanyang aklat na Ebanghelyo (Mat. 9:9; cf. Marcos 3:18), subalit sina Marcos at Lukas ay tinawag siya sa kanyang pormal na pangalan na Levi.

> "Sa Galilea, karaniwan at nakaugalian na magkaroon ng dalawang pangalan—maka-Judio at maka-Galilea. (Talmudic tractate *Gittin* 34 b)"[1]

> "Karaniwan para sa isang tao na tumanggap ng bagong pangalan kapag napasok siya sa isang bagong trabaho."[2]

Hinahamak ng mga Judio ang mga maniningil ng buwis sapagkat sila ay nagtratrabaho para sa mga Romano at dahil sa madalas silang mangikil ng pera para sa Roma mula bulsa ng kanilang mga kababayang Judio.[3] Si Levi ay maaaring naglingkod para kay Herod Antipas, yamang siya'y nakatira sa Capernaum, na nasa ilalim ng hurisdiksyon ni Herodes. Sa lugar na ito ay mayroong pangunahing kalsada na kumukonekta patungo sa Damasco at sa baybayin ng Mediterranean.

> "Ang Capernaum ang siyang unang mahalagang lugar sa teritoryo ni Herodes Antipas. Dito dumaraan ang mga manlalakbay na mula sa teritoryo ni Herodes Felipe, o mula sa lugar ng Decapolis. Ang mga manlalakbay na ito ay nagmula sa hilagang bahagi ng lawa ng Galilea."[4]

Ang mga salapi na kinokolekta ni Levi mula sa kanyang opisina ay kinabibilangan ng mga 'export,' 'import,' at 'toll fee' na bayad at iba pang mahahalagang pagbubuwis.[5] Sa madaling salita, tinalikuran ni Levi ang isang napakayamang negosyo upang sumunod kay Jesus. Ang isang mangingisda ay maaari pa ring makabalik sa kanyang hanap-buhay ng pangingisda kahit na ito ay kanyang iwan, subalit ang lisanin ang trabaho bilang isang maningil ng buwis ay hindi na maaaring balikan pa sapagkat napakaraming mga tao ang naghahangad sa ganitong uri ng trabaho—kahit na ito ay hinahamak ng marami sa lipunan.[6] Gayunpaman, makikita

---

[1]Edersheim, 1:514.

[2]Hiebert, p. 69.

[3]See. A. W. F. Blunt, *The Gospel According to Saint Mark*, pp. 155-56.

[4]Cranfield, p. 102.

[5]Guelich, p. 101.

[6]Swete, p. 40.

natin na agad na tumugon si Levi sa mapagbiyaya at awtoritatibong panawagan ni Jesus na sumunod sa Kanya. Ang katagang “sumunod ka sa akin” ay isinalin sa ibang bersyon na ganito ang ideya: "Magsimula kang sumunod sa akin at patuloy mo itong gawin hanggang sa maging kaugalian ito ng iyong buhay."[1]

> "Sa simpleng pananalita, ang pagiging isang disipulo ni Cristo ay pagsunod sa Kanya."[2]
>
> "Kapag ang isang Judio ay pumasok sa trabaho ng paniningil ng buwis, siya ay itinuturing na taksil sa bayan: siya rin ay diskwalipikado na maging isang hukom o saksi sa korte, itiniwalag sa sinagoga, at ang kanyang pamilya ay nadadamay sa kanyang kahihiyan."[3]
>
> "Kung tinanggihan ni Mateo ang panawagan, siya ay magkakaroon ng isang kinamumuhiang kasikatan bilang tagasunod ng isang masamang kalakalan. Subalit dahil tumugon siya sa panawagan, siya ay naging tanyag sa buong mundo bilang isang taong tagapagbahagi ng salita ni Jesus. Tunay nga na hindi tatalikuran at ipapahiya ng Diyos ang taong ibinigay ang lahat para maglingkod sa Kanya."[4]

Kung mapapansin, ang ama nina Levi at Santiago ay may parehas na pangalan, "Alfeo." Subalit hindi ito nangangahulugan na sila’y magkapatid. Walang sinumang manunulat ng Ebanghelyo na nagsabing sila’y magkapatid na gaya ng pagbanggit kina Simon at Andres at kina Santiago at Juan. Mahalagang malaman na ang ‘Alfeo’ ay isang karaniwang pangalan noong panahong iyon.

2:15 Noong panahong iyon, ang pakikisalo sa hapag kainan ay isang napakahalagang tagpo. Ang pagpapatuloy sa isang panauhin ay itinuturing na isang sagradong tungkulin ayon sa kaugalian ng mga taga-Silangan noon. Kapag ang isang tao ay inanyayahan ng isang tao tungo sa kanyang bahay, kalakip sa imbitasyong iyon ang panata ng katapatan at pangangalaga sa taong inimbita. At syempre, ang pagtanggap sa

---

[1]Wuest, 1:1:53.

[2]Mershon, 1:148.

[3]Lane, pp. 101-2.

[4]Barclay, p. 49.

imbitasyon ay nagpapahiwatig rin na ang isang tao ay bukas sa pagkakataon na maging isang malapit na kaibigan ng umimbita. Kaya nga, ang pagtanggap ni Jesus sa paanyaya ng “mga makasalanan” (yun ay, ng mga taong itiniwalag) ay nagpapakita rin ng Kanyang aksyon ng pagpapatawad, na Kanya na ring ipinadama at ipinahayag sa tagpo ng 2:5.[1]

> "Iyon ay alok ng kapayapaan, pagkakapatiran, at pagpapatawad; sa madaling salita, ang pakikisalo sa hapag kainan ay pakikisalo sa buhay."[2]

Ang pagsasalong ito ay naganap sa bahay ni Levi (Lukas 5:29). At syempre, para mapatuloy niya ang ganoong karaming panauhin, ang bahay niya ay dapat na malaki, bagay na nagpapahiwatig na siya ay nakalikom ng malaking kayamanan mula sa kanyang trabaho.

Karaniwan na ang mga Judio noong panahon ni Jesus ay nakaupo lamang kapag sila ay kumakain. Nakahiga lamang sila sa mga unan o kaya’y sa mga alpombra lalo’t kapag mayroong espesyal na panauhin silang kasalo sa hapag o kaya’y kapag mayroong pista.[3] At sa tagpong ito, itinuring ni Levi na isang napaka espesyal na okasyon ang makasalo si Jesus sa hapag kainan ng kanyang tahanan.

Pansinin mo na ang “mga makasalanan” na sumusunod kay Jesus na sinasabi sa talata ay maaaring tumutukoy sa “mga maniningil ng buwis” o kaya’y sa mga alagad mismo. Iyan ang bansag sa kanila.

> " Ang salitang ‘disipulo’ ay hindi agad nangangahulugan na mayroong ideya ng kaligtasan o kaya’y nagbibigay ng garantiya na ang taong tinatawag na ‘disipulo’ ay ligtas."[4]

2:16 Ang katagang naglalarawan na, “ilang tagapagturo ng Kautusan na kabilang sa pangkat ng mga Pariseo” ay hindi matatagpuan sa iba pang aklat ng Ebanghelyo. Nais sabihin rito na may mga tagapagturo ng Kautusan na kabilang sa sekta ng mga Pariseo.

---

[1]Guelich, p. 105.

[2]Joachim Jeremias, *New Testament Theology*, p. 115.

[3]Idem, *The Eucharistic Words of Jesus*, pp. 48-49.

[4]Wuest, 1:1:54.

> "Ang mga Pariseo ay mga progresibo sa pananaw; sila'y partido na natatangi at hindi sunud-sunuran sa mga tao. Ang layunin nila ay gawing matuwid ang Israel alinsunod sa tipan. At dahil rito ay tinuturuan nila ang mga Israelita na sumunod sa 'tradisyon ng mga matatanda,'isang 'oral code' na naglalaman ng mga tuntunin kung paano nila maisasabuhay ang Kautusan ni Moises sa napapanahong paraan at kalagayan."[1]

Ang mga maniningil ng buwis ay may masamang reputasyon sapagkat madalas silang magsinungaling.[2] Ang katagang "makasalanan" ay tumutukoy kung gayon sa mga Judio na hindi sumusunod sa tradisyon ng mga Pariseo, na gaya ng mga masahol na makasalanan. Sa mata ng mga Pariseo, ang mga Judio na hindi relihiyoso ay matatawag ring mga "makasalanan." At para sa mga kritiko ni Jesus, hindi Siya dapat nakikisalo sa mga gayong uri ng mga tao kung talagang mayroon Siyang pagpapahalaga sa Lumang Tipan ayon sa paraan ng kanilang pagpapahalaga rito. Para sa kanila, ang makisalo sa piling ng mga makasalanan ay naghahatid ng seremonyal na karumihan.

> "… Ang Talmud ay nagbibigay ng dalawang uri ng 'publikano': karaniwang itong tumutukoy sa mga maniningil ng buwis na tinatawag na *Gabbai*. Ang ikalawa ay tinatawag na *Mokhes* o *Mokhsa*, sila yung uri ng mga maniningil ng buwis na nakapuwesto mismo sa tanggapan ng paniningil. Ang dalawang ito ay mainit sa paningin n gmga Pariseo; ayaw na ayaw nila ang mga taong ito, lalo na yung pinaka masahol uri ng maniningil ng buwis na kung tawagin nila ay *douanier* na nasa tanggapan rin ng paningilan ng buwis. At ito mismo ang katatayuan ni Mateo, siya'y isang *douanier*—ang tinaguriang pinakasmasahol sa lahat ng mga makasalanan."[3]

2:17 Ang mga taong mapagmatuwid sa sarili, na gaya mismo ng mga Pariseo, ay hindi nag-iisip na sila man ay nangangailangan na hugasan at ituwid

---

[1]Kingsbury, p. 63.

[2]J. R. Donahue, "Tax Collectors and Sinners: An Attempt at Identification," *Catholic Biblical Quarterly* 33 (1971):39-61.

[3]Edersheim, 1:515.

sapagkat tinitingnan nila ang kanilang mga sarili na mga matuwid na sa Diyos. Subalit ang mga taong binansagan ng mga Pariseo na “makasalanan” ay talagang masasabing tunay na makasalanan. At ayon kay Jesus, nakikisalo at nagbibigay Siya ng panahon at pansin sa mga makasalanan sapagkat sila yung tipo ng mga taong nangangailangan sa Kanyang iniaalok, walang iba kundi ang espirituwal na kagalingan. Ang ideyang ito ay maaaring halaw sa isang sikat na kasabihan noong panahong iyon. At dagdag pa, ang katagang “makasalanan” at “matuwid” dito sa talata ay ginamit ni Jesus sa ‘ironical’ na paraan; yun ay, kunyari ang mga Pariseo ang siyang ‘matuwid’ bagamat kung tutuusi’y kabilang rin sila sa ‘makasalanan.’

> "Ang pangungusap rito ni Jesus ang siyang pinakabuod at tinatampok ng Ebanghelyo. Ang bagay na bago sa Kristyanismo ay hindi ang katotohanang ang Diyos ay nagliligtas. Walang sinumang Judio na tatanggi sa doktrina at katotohanang iyan. Ang doktrinang bago at kakaiba ay ito: na bagamat ang tao ay makasalanan, ang Diyos ay nagmamahal pa rin sa kanila at nagnanais na sila’y maligtas. Ito ang autentiko, namumukod-tangi, at maluwalhating doktrina ng Kristyano sa bawat panahon."[1]

> "Ang partikular na sinasabi sa talatang 17 ay panawagan mismo ni Jesus sa mga makasalanan na hayaan nilang sila’y pagharian ng Diyos. At sa tagpong iyon, ang pagsasalo-salo sa hapag kainan ay nakabatay mismo sa *messianikong pagpapatawad* na hatid ni Jesus; ito’y isang anino ng isang darating na dakilang salo-salo sa hinaharap sa piling mismo ng Messias."[2]

Ang talatang ito ay isang napakagandang pagbubuod tungkol sa misyon ni Jesus noong Siya ay naririto sa lupa. Isa ito sa dalawang kasabihan na mababasa sa aklat ni Marcos na kung saan ay ipinahayag ni Jesus ang layunin ng Kanyang pagkakatawang-tao (ikumpara sa 10:45). Dito ay ipinakilala ni Jesus ang Kanyang sarili bilang isang Manggagamot, isang banal na titulo ng Diyos na ginamit sa Lumang Tipan (Exo. 15:26).

---

[1]Hunter, pp. 40-41.

[2]Lane, p. 106. Cf. Matt. 8:10-11; and Rev. 3:20; 19:6-9.

"Ang pinaka natatanging tugon ni Jesus ay yaong mula sa sitwasyon na Siya ay pinupuna ng dahil sa Kanyang pakikisalo sa mga publikano at makasalanan. Tatlong mahusay na tugon ang ating matatagpuan na mula iba't ibang okasyon: Ang una ay kinalaman sa handaan sa bahay ni Mateo [Mat. 9:12-13; Marcos 2:17; Lukas 5:31-32]; ang ikalawa ay sa bahay ni Simon na Pariseo [Lukas 7:36]; at ang ikatlo ay sa tagpong ang mga eskriba at Pariseo ay nakikinig kay Jesus subalit pabulong na sinasabi sa isa't isa ang ganito: "Ang taong ito ay nakikisama at nakikisalo sa mga makasalanan" [Lukas 15:2]. … Sa tatlong tagpo na ito, pwede nating masabi na sa unang tagpo ang tugon ni Jesus ay isang *propesyunal* na argumento. Ang ibig sabihin, trabaho ni Jesus bilang isang manggagamot na hanapin ang mga makasalanan upang sila'y bigyan ng kagalingan. Sa ikalawang tagpo, ang tugon ni Jesus ay pwede nating masabi na *pulitikal* na argumento. Sa madaling salita, isang matalinong polisiya na mayroon kang pakikitungo sa mga makasalanan na nangangailangan ng maraming kapatawaran. Sapagkat kung sila ay maakay mo sa landas ng katuwiran, ang kanilang pagbabagong buhay ay kakikitaan ng malaking pagmamahal sa iba ring makasalanan. At sa ikatlong tagpo, ang tugon ni Jesus ay masasabi nating *pintig* ng puso. Parang ganito ang gusto Niyang sabihin, "Hindi ko itinataboy ang mga makasalanan kundi nakikisalo pa nga sa kanila sapagkat hangad ko silang akayin sa katuwiran. Kung paanong hinahanap ng pastol ang nawawala niyang tupa; na handa niyang iwan ang kawan upang hanapin ang naliligaw, gayundin naman, hinahanap ko rin ang mga makasalanan. Isang naturalesa na hanapin natin ang nawawala at ang magkaroon ng kaligayan sa pagkakatagpo ng isang nawawalang bagay kumpara sa mga bagay na hindi nawala sa ating pansin."[1]

"Si Jesus ay walang magagawa sa taong nag-aakala na siya ay matuwid at hindi nangangailangan ng kapatawaran ng

[1]Bruce, *The Training …,* pp. 26-27.

> Panginoon. Subalit si Jesus ay may dakilang magagawa sa taong makasalanan; sa isang taong itinuturing ang sarili na isang talunan at lubos na naghahangad ng kagalingan. Kung ang isang tao ay makakaramdam ng pangangailagan sa Panginoon, ito ay gagawa ng malaking pader upang mahadlangang kumilos si Jesus sa kanyang buhay. Subalit kung iiyak tayo sa pangangailangan sa Panginoon, tayo ay ihahatid Niya sa Kanyang presensya"[1]

3. Ang Katanungan ng mga Relihiyosong Pinuno tungkol sa Pag-aayuno 2:18-22 (ikumpara sa Mat. 9:14-17; Lukas 5:33-39)

Ang ikatlong puna at reklamo na ibinato ng mga relihiyosong pinuno laban kay Jesus ay tungkol sa diumano'y kabiguan ng Kanyang mga alagad na sundin ang sinasabi ng kanilang tradisyon tungkol sa pag-aayuno. Ito'y sinasabi nilang alinsunod sa Kautusan bagamat kung tutuusi'y tradisyunal lang naman (ikumpara sa Lev. 16:29). At para sa kanila, ang pakikisama at pakikisalo ni Jesus sa mga maniningil ng buwis at sa mga makasalanan ay magreresulta ng isang pamumuhay na walang pakialam sa kabanalan na gaya ng disiplina ng pag-aayuno.[2] Subalit sa tagpong ito ay makikita natin na si Jesus ay mayroong awtoridad na baligtarin ang namamayaning gawi ng pagpapakabanal at gawin ang karaniwang malungkot na gawi ng pag-aayuno tungo sa isang masayang pista ng kabanalan.[3]

2:18 Hindi natin alam kung bakit ang mga disipulo ni Juan Bautista ay nag-aayuno. Marahil dahil sa si Juan ay nasa bilangguan o kaya'y ekspresyon ito ng pagsisisi upang hilingin sa Diyos na padaliin ang pagtatatag ng Kanyang kaharian dito sa lupa. Ang mga Pariseo ay nag-aayuno ng dalawang beses sa isang lingo, yun tuwing Lunes at Huwebes (ikumpara sa Lukas 18:12).[4] At maaring ang handaan sa bahay ni Levi ay naganap sa isa sa mga araw na ito. Syempre, hindi pinagbabawalan ni Jesus ang

---

[1]Barclay, p. 51.

[2]Tingnan ang sinasaib ni Bill Thrasher, *A Journey to Victorious Praying*, pp. 141-60, para sa isang mainam na pagtalakay sa paksa ng pag-aayuno.

[3]Gundry, p. 131.

[4]Wessel, p. 636.

Kanyang mga alagad na mag-ayuno (cf. Matt. 6:16-18), subalit ito'y tiyak na naiiba sa madalas nap ag-aayuno ng mga Pariseo.[1]

2:19-20 Si Jesus ay tumugon sa batikos na ito sa pamamagitan ng isang talinghaga na kung saan ay inihalintulad Niya ang Kanyang sarili bilang ang lalaking ikakasal at ang Kanyang mga alagad ay ang mga panauhing kaibigan (ikumpara sa Juan 3:29). Si Jesus ay dumating upang upang makipag-isa sa Israel, sa Kanyang kabiyak bilang Messias. Sa panahong ito, maaaring ang larawan ng Messias bilang lalaking ikakasal ay hindi pa pumapasok sa pananaw ng mga Judio.[2] Sinabi ng mga propeta na ang piging sa kasal ay magaganap matapos ang kamatayan at muling pagkabuhay ng Messias, at matapos ang panahon ng Matinding Kapighatian. Dapat munang iwan ng lalaking ikakasal ang Kanyang mga kaibigan at kabiyak bago ang piging. At habang sila ay magkakasama, sila ay nagsasaya—hindi nagdadalamhati na sinasagisag mismo ng pag-aayuno. Sa kaugalian ng mga Judio, hindi isinasali ang mga kaibigan ng lalaking ikakasal sa isang obligasyon ng lingguhang pag-aayuno para sa mga Judio.[3] Dito sa aklat ni Marcos, ito ang paunang pahiwatig ni Jesus sa Kanyang nalalapit na kamatayan.[4]

2:21 Dalawa pang talinghaga ay nagbigay ng paliwanag kung bakit hindi nararapat para sa mga alagad ni Jesus na mag-ayuno sa panahong iyon.[5] Hindi lamang dahil sa wala sa tamang panahon ang hinihinging pag-aayuno, kundi ang messianikong panahon na inihatid ni Jesus ay magpapaluma at magpapalaos sa mga tradisyunal ng anyo ng Judaismo, kasama na ang sekta ng mga Pariseo. Ang Judaismo ay matanda na at ang pagdating ni Jesus ay naghatid ng isang bago anyo ng kaharian ng Diyos dito sa lupa na maihahalintulad sa isang bagong damit (ikumpara sa Heb. 8:13), yun ay, ang kaharian ng Messias.

Sa kataga ng Lumang Tipan, ang 'kasuotan' ay sumasagisag bilang panakip sa makasalanang kondisyon ng tao (tingnan sa Gen. 3:21; Isa. 61:10). Dapat na iwaksi ng mga Judio ang 'lumang kasuotan' ng Mosaikong

---

[1]Tingnan ang pag-aaral ni George C. Gianoulis, "Did Jesus' Disciples Fast?" *Bibliotheca Sacra* 168:672 (October-December 2011):413-25.

[2]Ito'y sinabi ni Lane, p. 110.

[3]Hiebert, p. 74.

[4]Cranfield, p. 111.

[5]See Appendix 4 "The Parables of Jesus" at the end of my notes on Matthew for a full list of them.

dispensasyon at magsimulang isuot ang bagong kasuotan na hatid ng messianikong panahon.

2:22 Ang Judaismo ay naging matigas rin na sisidlan ng dahilan sa mga tradisyon o kaugalian na nilalaman nito. Ito'y naging katulad ng isang 'lumang sisidlang balat.' At syempre, ang kaharian ni Jesus ay hindi pwedeng kumilos at sumulong gamit ang ganitong mga limitasyon at hadlang. Sa halip ito ay isang bago, magaan, at malambot na daluyan ng kagalakan ("isang bagong alak") para sa sangkatauhan.

Ang una sa tatlong talinghaga na ito (vv. 19-20) ay maaaring napapanahon at nababagay para sa mga disipulo ni Juan yamang sila'y naghihintay ng isang paparating pagbabago. Samantala, maaaring idinirekta ni Jesus ang ikalawa at ikatlong talinghaga (vv. 21 and 22) para sa mga Pariseo, yamang sila ang nagnanais na manatiling legalistiko gamit ang sekta ng Judaismo na isa ng matigas at pabigat na kasuotan.

4. Ang Kontrobersya tungkol sa Pangingilin ng Araw ng Sabbath 2:23—3:6

Sa dalawang natitirang tagpo ng pagbatikos at paglaban kay Jesus mula sa oposisyon ng mga relihiyosong pinuno, lumabas at naibulalas nila ang isyu tungkol sa pangingilin ng araw ng Sabbath. Sa unang kaso, sinalungat ng mga Pariseo si Jesus sapagkat anila'y pinapahintulutan Niya ang Kanyang mga alagad na gumawa ng mga bagay na kanilang itinuturing na masama. Sa ikalawang kaso, kanilang binatikos at sinalungat si Jesus ng dahil sa paggawa Niya mismo ng isang bagay na kanilang tinututulan.

Pagpitas ng Trigo sa Araw ng Sabbath 2:23-28 (ikumpara sa Mat. 12:1-8; Lukas 6:1-5)

2:23-24 Ang ginawang pagpitas ng mga alagad ng mga butil ng trigo mula sa palayan nito ay pinapahintulutan naman ng Kautusan ni Moises (Deut. 23:25). Subalit ang isyu, ang gawin ito sa araw ng Sabbath ay labag sa tradisyunal na interpretasyon ng mga Pariseo. Para sa kanila ang ginawa ng mga alagad ni Jesus sa araw ng Sabbath ay katumbas na raw sa gawa ng pag-aani at paggigiik na ipinagbabawal mismo na trabaho sa araw ng Sabbath (ikumpara sa Exo. 20:10).[1]

> "Ang pagbanggit rito sa pagtatanim ng mga mais at trigo ay isang malinaw na indikasyon sa Sinoptikong Ebanghelyo (cf.

[1]Mishnah *Shabbath* 7:2.

> vi. 39) na ang Ministeryo ay umabot ng isang taon. Ang tagpong ito ay maaaring nangyari ilang linggo pagkatapos ng Paskuwa, yun ay mula Abril tungo sa pagbubukas ng buwan ng Hunyo."[1]

2:25-26 Ang insidente na hinalaw ni Jesus ay matatagpuan sa 1 Samuel 21:1-6. Si Marcos lamang ang mananalaysay na bumanggit kay "Abiatar" na punong saserdote noong panahong iyon. Tila kontradikto ito sa Lumang Tipan yaman si Ahimelek, na ama ni Abiatar, ang siyang punong saserdote noon, ayon na rin sa sinasabi ng may akda ng 1 Samuel. Sa tingin ko, ang pinaka mainam na solusyon sa problemang ito ay, binanggit ni Jesus si Abiatar sapagkat siya ang mas kilalang pari noong panahon ng paghahari ni David. Ang katagang “noong panahong si Abiatar” ay maaaring tumutukoy sa ‘panahon na nabubuhay si Abiatar’ sa halip na sa ‘panahon ng kanyang paglilingkod’ bilang punong pari."[2]

> "Posible na ang ama at anak ay parehas na nagdadala ng parehas na pangalan (tingnan ang I Sam. 22:20; II Sam. 8:17; I Kron. 18:16). Si Abiatar ang binanggit subalit ang pangalang ito ay tumutukoy sa kanilang dalawa."[3]

Subalit ito ang punto ni Jesus: Nilabag ni David ang Kautusan, sapagkat ayon sa maling paliwanag ng mga Pariseo, ang tinapay sa bahay ng Diyos ay para lamang sa mga pari. Gayunpaman, pwede itong gawin ni David sapagkat ang pagtugon sa mahalagang pangangailangan ng tao ay higit na mahalaga kaysa sa rituwal ng relihiyon. Minsan pa, ang paglabag ay nakaugnay lamang sa maling paliwanag ng mga Pariseo. Ngunit sa tunay na diwa ng Kautusan, ang ginawa ni David ay hindi isang paglabag. Dagdag pa rito, ang isa pang halimbawa ng paglabag sa titik ng Kautusan upang maisabuhay ang diwa nito ay matatagpuan sa ginawa ni Haring Hezekias. Salungat sa rituwal na tuntunin ng Kautusan, pinahintulutan ni Hezekias na kumain ng Paskuwa ang mga Israelitang hindi rituwal na malinis (2 Chron. 30:18-20). Gayunpaman, pinahintulutan ito ng Diyos at hindi Niya hinatulan.

---

[1]Taylor, p. 216.

[2]James Morison, *A Practical Commentary on the Gospel According to St. Mark*, pp. 60-63, gave 10 possible solutions to this problem.

[3]Robertson, 1:273.

> "Ang pinaka punto ng argumento ay ito: yamang hindi hinatulan ng Kasulatan si David sa kanyang aksyon, nagpapahiwatig ito na ang interpretasyon ng mga Pariseo tungkol sa rituwal ay hindi talaga tama at hindi maayos na pagkakaunawa sa katangian ng Kautusan."[1]

Ang isa pang maaaring paliwanag kung bakit pinahintulutan ng Diyos ang ginawa ni David ay dahil sa sadyang hinihingi ito ng sitwasyon. At kaugnay rito, gusto ring sabihin ni Jesus na ang Kanyang misyon ay may agarang hinihingi sa sitwasyon.[2] Samantala, ang ikatlong paliwanag na pwede rin nating pag-isipan ay: pwedeng labagin ni David ang Kautusan sapagkat siya mismo ang pinahiran o hinirang ng Panginoon at dahil rito'y nakatataas siya sa Kautusan. Gayundin naman, maaari ring labagin ni Jesus ang Kautusan sapagkat Siya ang Pinahiran ng Panginoon.

Ang mga Pariseo ay nabigo sa dalawang kaparaanan: Una, hindi nila naunawaan at binigyan ng pagkakaiba kung anong mg autos ang higit na mahalaga. Syempre, ang pagtugon sa talagang pangangailangan ng tao ang siyang higit na mahalaga kaysa umiwas na gumawa ng anumang trabaho tuwing araw ng Sabbath.

> "Ang pangangailangan ng tao ay higit na mataas kaysa sa anumang rituwal na relihiyon."[3]

Ikalawa, hindi kinilala ng mga Pariseo si Jesus bilang ang hinirang na Lingkod ng Diyos na Siyang prinopesiya sa Lumang Tipan na darating – ang Anak ni David. Sa tagpong ito, hindi nabanggit ni Marcos ang bagay na binanggit ni Mateo sa kanyang salaysay, yun ay, na sinabi ni Jesus sa harapan ng mga Pariseo na nasa kanilang kalagitnaan ang higit na dakila kaysa sa templo (Mat. 12:6). Marahil ang dahilan ay, ang binibigyang diin at pansin kasi ni Marcos ay ang pagiging hinirang na Lingkod ni Jesus, kaysa sa Kanyang pagiging Hari. At yun nga, bilang hinirang na Lingkod ng Diyos, si Jesus ay may karapatan na magkaloob ng pisikal na pangangailangan sa Kanyang mga alagad—bagamat ito ay nangangahulugan pa na baliin Niya ang nakagisnang tradisyon na siyang namamayani sa rituwal na panambahan ng mga Judio.

---

[1]Cranfield, p. 115.

[2]Mark L. Bailey, "Mark," in *The New Testament Explorer*, p. 72.

[3]Ralph Earle, *The Gospel According to Mark*, p. 49.

2:27 Ginawa ng mga Pariseo ang araw ng Sabbath bilang panggapos sa mga Judio, bagamat may mga rabbi o dalubhasang tagapagturo ng Kautusan na nagsasabi at pumapayag na ang pangingilin ng araw ng Sabbath ay pwedeng higitan at labagin ng mga gawaing nagliligtas ng buhay.[1] Ipinunto ni Jesus na ang Sabbath ay ibinigay ng Diyos sa tao bilang isang mabuting kaloob—partikular sa mga Israelita. Dinisenyo ito ng Diyos upang pigilan ang tao sa walang sawa at walang tigil na pagtratrabaho upang sila ay bigyan Niya na kapahingahan. Sa madaling salita, sangkap sa Araw ng Sabbath ang pagsasaalang-alang sa kapakanan ng tao. Ito ang punto ni Jesus:

> "Sinuman ay maaaring lumabag sa araw ng Sabbath hangga't ang dahilan ng pagsasagawa nito ay para sa pagtugon sa pangangailangan ng tao, kaysa naman sa ipinangilin mo ang araw na ito ngunit tinalikuran mo ang isang mahalagang pangangailangan tao."[2]
>
> "Ang simpleng prinsipyo ay, ang Sabbath ay isang paraan lamang sa pagtugon sa isang layunin, yun ay, ang ikabubuti ng tao."[3]
>
> "Ang konsepto ay ito, yamang ang Sabbath ay ginawa para sa kapakanan ng tao, ang Panginoon mismo na Siyang ating kinatawan ay may awtoridad na diktahan ang mga tuntunin nito at pagkakagamit."[4]

Si Marcos lamang ang nagtala nito: "Itinakda ang Araw ng Pamamahinga para sa tao; hindi nilikha ang tao para sa Araw ng Pamamahinga." At isa ito sa nais bigyang pansin ni Marcos dito sa kanyang Ebanghelyo, yun ay kung ano ang makakabuti para sa tao.

> "Ang prinsipyo sa likod ng lahat ng mga kautusan ng Diyos, lalo't pati sa Sabbath ay laging may kinalaman sa ikapagpapala ng tao."[5]

---

[1]Edersheim, 2:57, 60-61; Gundry, p. 142.

[2]Ibid., p. 144.

[3]Wuest, 1:1:61.

[4]Taylor, p. 219.

[5]Lenski, p. 129.

> "Ang pinaka magdidikta ng pagkakagamit ay ang pagibig hindi ang batas."[1]

2:28 Yamang sa Lumang Tipan ang Sabbath ay isang espesyal na araw para kay Yahweh, ang pangungusap o komento rito ni Marcos ay isa na namang pagpapakilala na si Jesus ay hindi bastang tao, kundi Siya ay Diyos.[2] Ibig saibhin, si Jesus ay may karapatan na diktahan ang mga tao kung paano nila gagamitin ang Sabbath. At yun nga, gaya ng ating natunghayan, mayroong tanong kung ang pangungusap ba sa talatang ito ay kay Jesus o kay Marcos (ikumpara mo sa v. 10).

> "… ang *exousia* [o awtoridad] ni Jesus ay tahasang nakahihigit sa tradisyon ng mga rabbi, sa mga taong nasa mataas na katungkulan sa relihiyon, at maging sa maka-templong tradisyon. Isinaad rito ang pagbibigay ni Jesus ng Kanyang sarili at panibagong interpretasyon sa Sabbath …"[3]

> "Hindi iginigiit ni Cristo ang Kanyang kalayaan na labagin ang utos tungkol sa Sabbath, kundi ipinapahayag Niya ang Kanyang kwalipikasyon na ipaliwanag ito sa tunay nitong diwa."[4]

> "Gamit ang pangungusap na ito, tinumbok ni Marcos ang pinaka theolohikal na punto ng bahaging ito sa kanyang salaysay. Ang mga bagay na ito ay naitala upang makilala ng kanyang mga mambabasa ang tunay na katauhan at dignidad ni Jesus – ang Panginoon ng Sabbath."[5]

May isang manunulat na sinikap na patunayan na ang Bagong Tipan raw ay nagtuturo na dapat ipangilin ng mga Kristyano ang araw ng Sabbath.[6] Subalit hindi ako naniniwala sa pananaw na ito (ikumpara sa Rom. 7:4; 10:4; 14:5; Gal. 4:10-11).

---

[1]Barclay, p. 61.

[2]Tingnan ang pag-aaral ni Daniel Doriani, "The Deity of Christ in the Synoptic Gospels," *Journal of the Evangelical Theological Society* 37:3 (September 1994):333-50.

[3]Edwards, p. 224.

[4]Donald W. Burdick, "The Gospel According to Mark," in *The Wycliffe Bible Commentary*, p. 993.

[5]Lane, p. 120.

[6]Walter J. Chantry, "Does the New Testament Teach the Fourth Commandment?" *The Banner of Truth* 325 (October 1990):18-23.

Narito ang unang pitong tagpo na kung saan itinala ng mga may-akda ng Ebanghelyo ang salungatan sa pagitan ni Jesus at ng mga relihiyosong pinuno tungkol sa isyu ng pangingilin ng araw ng Sabbath. Ang tsart sa ibaba ay kakikitaan ng maaaring kronolohikal na tagpo tungkol sa kontrobersyang ito.

Mga Kontrobersya tungkol sa Araw ng Sabbath				
Kaganapan	**Mateo**	**Marcos**	**Lukas**	**Juan**
Ang mga alagad ay pumipitas ng trigo sa Galilea.	12:1-8	2:23-28	6:1-5	
Pinagaling ni Jesus ang isang paralitiko doon sa Betesda sa Jerusalem.				5:1-18
Pinagaling ni Jesus ang patay na kamay ng isang lalaki doon sa Galilea.	12:9-14	3:1-6	6:6-11	
Doon sa Galilea ay binanggit ni Jesus ang pagtutuli na ginagawa ng mga Judio sa Araw ng Sabbath.				7:22-23
Pinagaling ni Jesus ang isang lalaking ipinanganak na bulag doon sa Jerusalem.				9:1-34
Pinagaling ni Jesus ang babaeng kuba doon sa Judea.			13:10-17	
Pinagaling ni Jesus ang lalaking namamanas doon sa Perea.			14:1-6	

Maari nating maitanong, bakit inilagay ng mga manunulat ng Ebanghelyo ang mga kaganapang ito tungkol sa Sabbath o sa Araw ng Pamamahinga? Isa sa pwedeng maging paliwanag ay marahil nais nilang matulungan ang mga sinaunang Kristyano na patibayin ang kanilang pagdiriwang sa araw ng Linggo bilang araw ng pagkabuhay ni Cristo kabaligtaran sa pagdiriwang ng mga Judio sa Araw ng Sabbath.[1] Ngunit maaaring ang mas pinaka dahilan ay upang ipakita na ang pananaw ni Jesus sa Araw ng Sabbath ang siyang pinaka dahilan kung bakit Siya sinalungat at pinapatay ng mga relihiyosong pinuno ng Israel.

[1]Taylor, pp. 214-15.

Pagpapagaling sa Araw ng Sabbath 3:1-6 (cf. Mat. 12:9-14; Lukas 6:6-11)

Ang tagpo na makikita rito ay nagpapakita ng soberanong kapangyarihan ni Jesus at ng Kanyang awtoridad sa Araw ng Sabbath. Ito ang siyang tagpo ng salungatan na mababasa sa bahaging ito ng Ebanghelyo (ikumpara sa kabanatang 12). Ito ay nagbibigay ng klimaktikong sandali sa seksyong ito ng salaysay ni Marcos.

3:1 Ang tagpong ito ay nangyari sa ibang araw ng Sabbath, kumpara sa ating natunghayan sa 2:23- 28 (ikumpara sa Lukas 6:6). Hindi binigyang pansin rito ang lokasyon ng sinagoga. Ang salitang Griego na *xeraino* (isinalin na "paralisado") ay nagpapahiwatig na hindi na nagagamit ng lalaki ang kanyang kamay (ikumpara sa 4:6; 5:29; 9:18; 11:20-21).

3:2 Patuloy na pinanood lamang ng mga Pariseo si Jesus upang may mahanap silang maisusumbat sa kanila (2:23; 3:6). Sa halip na bukas-isip at matapat na suriin ang Kanyang ipinahayag, marami sa kanila ang naghahanap ng butas upang Siya'y siraan at paratangan. Para sa kanila ito ang tagpo na kung saan magagawa nila Siyang hatulan ng parusang kamatayan, yun ay ng dahil sa paglabag sa Araw ng Sabbath (Exo. 31:14-17).

3:3 Subalit sa halip na iwasan ang salungatan, mismong si Jesus ang nag-umpisa ng probokasyon. Ginawa Niya ito upang turuan ang Kanyang mga kritiko ng leksyon.

3:4 Inilagay ni Jesus ang usapin ng pangingilin sa Araw ng Sabbath mula sa isyung legal tungo sa isyung moral. At syempre, ang moral ay yaong makatao.[1] Kung hindi pagagalingin ni Jesus ang lalaking maysakit, iyon ay magiging paglabag mismo sa layunin ng Diyos para sa Araw ng Sabbath, yun ay, ang maghatid sa tao ng pagpapala (ikumpara sa Santiago 4:17). Dagdag pa rito, ang pagalingin ang taong maysakit sa Araw ng Sabbath ay isang mabuting bagay. Ngunit ang mga Pariseo sa tagpong iyon ay nagkakasala sapagkat naghahanap sila ng maipaparatang kay Jesus; nais nila Siyang bitagin sa Kanyang mabuting ginagawa.

> " Ang iniisip *Niya* ay kung ano ang makakabuti sa buhay ng sawing-palad na lumapit sa Kanya, ngunit ang iniisip *nila* ay mga kaparaanan kung paano Siya mapapatay."[2]

---

[1]Tingnan ang sinabi ni Bruce, "The Synoptic …," 1:357.

[2]Barclay, p. 63.

> "Subalit hindi ba pwedeng maghintay na lang si Jesus sa kinabukasan na tapos na ang Sabbath bago Siya magpagaling? Ngunit kung gagawin Niya ito, magbibigay ito ng impresyon sa mga tao na isang kamalian at labag sa Kautusan ang magpagaling sa Araw ng Sabbath. Ito ang siyang malaking kamalian na nais burahin ni Jesus sa kanilang puso at isipan."[1]

Si Marcos lamang ang nagtala na ang mga kritiko ay napatahimik. Marahil ay ginawa niya ito upang bigyang pansin ang kanilang pagkakamali at kasalanan.

3:5 Bigo si Jesus na makakita ng mga taong maayos na tutugon sa Kanyang tanong (ikumpara. v. 34; 5:32; 9:8; 10:23; 11:11). Ang paglalarawan na tumitingin si Jesus sa paligid ay madalas na mababasa sa Ebanghelyo ni Marcos; ito ay isang beses na matatagpuan sa Lukas 6:10. Minsan pa, nasaksihan at naalala ni Pedro ang pangyayaring ito at kanyang isinalaysay rin kay Marcos bilang isang nakatatawag pansin na tagpo, na kung saan naghahanap at naghihintay si Jesus ng isang maayos na tugon mula sa mga tao.

Ito lamang ang tagpo sa Bagong Tipan kung saan ang isang manunulat sa Bagong Tipan ay maliwanag na nagsabi na si Jesus ay nagalit (sa Griego ay *orge*, na kung saan naglalarawan ng isang nananatili at nakagawiang takbo ng pag-iisip). Dito natin matatagpuan ang halimbawa ng isang banal na pagkagalit sa harapan ng mga taong hindi nagsisisi sa kanilang kasamaan. Ang "katigasan [Gr. *porosei*] ng puso " ay nangangahulugan ng espirituwal na pagkabulag (ikumpara sa Rom. 11:25; Efeso 4:18).[2] Ngunit kapansin-pansin na dito lamang din matatagpuan ang pagkahabag ni Jesus sa obhekto ng Kanyang galit. Sa grammar sa Griego, yung ‘tenses’ ay nagpapahiwatig na saglit na bumugso ang galit ni Jesus (aorist tense), subalit napalitan at pinangibabawan ito ng pagkahabag (present tense). Minsan pa, ang pagbanggit at paglalarawan sa emosyon ni Jesus ay madalas at natatanging tampok sa Ebanghelyo ni Marcos. Ipinapakita ng mga ito ang Kanyang pagkatao.

---

[1]Lenski, p. 135.

[2]Cranfield, p. 121.

> "Ang kilos rito ni Jesus ay perpektong nakaugnay sa Kanyang pagibig at habag. Bilang isang tunay na tao, naranasan rin ni Jesus ang karaniwang damdamin ng isang tao, at ilan sa mga ito ay ang magalit at malungkot sa katigasan ng ulo ng tao pagdating sa pananatili sa kanilang mga kasalanan. Sa Kanyang naging reaksyon sa pagtanggi ng manhid na puso ng mga Pariseo, ipinakita lamang ni Cristo ang banal na katangian ng Diyos."[1]

> "Ang kasalanan ng mga makasalanan ay sobrang hindi nakalulugod kay Jesu-Cristo; at ang tanging paraan na magalit na hindi nagkakasala ay ang magalit na tulad ng pagkagalit ni Cristo, isang pagkagalit na galit lamang sa kasalanan."[2]

> "Ang pagsalungat ng mga Pariseo ay nakabatay lamang isang pundamental na di pagkakaunawa—ito'y ang kanilang kawalang kakayahan o pagtanggi na tingnan si Jesus bilang sugo ng Diyos sa huling panahon, at dahil rito ay mayroon Siyang soberanong kalayaan pagdating sa kautusan at mga kaugalian ng Kanyang mga kababayan."[3]

Dapat nating mapansin na yamang si Jesus ay hindi gumamit ng anuman sa Kanyang pagpapagaling kundi sa pamamagitan lamang Kanyang salita, ang Kanyang mga kaaway ay walang anumang maiaakusa sa Kanya hinggil sa paglabag sa Sabbath. Ang mabuti at malikhaing gawa ni Jesus na ipinamalas sa okasyong ito ay bumabalik sa Kanyang gawa ng paglikha sa sansinukob (Gen. 1). Kaya kung tutuusin, dapat sana ay napag-ugnay ito ng mga Pariseo at bunga nito'y sasambahin nila si Jesus bilang Diyos.

> "Kaya nang ipinahayag ni Jesus bilang Anak ng Tao ang Kanyang sarili bilang Panginoon ng Sabbath, Kanya ring sinasabi na Siya ang Manlilikha na nagtatag at may awtoridad sa Sabbath. Itong soberanong awtoridad sa Sabbath ang tipikal na hamon ni Jesus sa kabuoang tradisyon ng mga rabbi at relihiyosong pinuno. At ang

---

[1]Hiebert, p. 81.

[2]Matthew Henry, *Commentary on the Whole Bible*, p. 1369.

[3]D. E. Nineham, *Saint Mark*, p. 110.

> hamon na ito ay primaryong matatagpuan sa pambungad at konklusyon ng aklat ng Marcos, na para bang ipinapahiwatig na sa simula at katapusan ang gamot sa tinaguriang "lebadura ng mga Pariseo" (8:15) ay walang iba kundi ang *exousia* [awtoridad] ni Jesus. Isipin mo: nilabag Niya ang nakaugalian tungkol sa paghawak at paglilinis sa isang ketongin (1:40-45) at Siya mismo ay natagpuang nakikisama sa mga makasalanan at maniningil ng buwis (2:13-17). Kanya ring kwinestyon ang isyu tungkol sa hindi pagkain sa araw ng pag-aayuno (2:18-22) at maging ang rituwal ng paghuhugas ng kamay bago kumain (7:1-23). Sinalungat Niya rin ang nakaugaliang pananaw sa kasal nang hinarap Niya ang isyu sa diborsyo (10:1-12), at dagdag pa sa mga ito, hayagan Niya ring tinutuligsa ang mga dalubhasang eskriba (12:38-40). At hinggil sa isyu ng katauhan ng anak ni David, Kanyang maliwanag na ipinahiwatig na ito ay higit pa kay David, ayon na rin sa sinasabi ng 2 Sam 7:14, (ikumpara sa 12:35-37)."[1]

3:6 Dito sa talatang ito ang klimaktiko o rurok ng pagtatalo sa buong seksyon ng konprontasyon (2:1—3:6). At sa harap ng mga hindi mapapasubaliang mga argumento at pagsasakatuparan na naghahayag ng pagkaDiyos ni Jesus, pinili pa rin ng mga Pariseo na tanggihan Siya at ang Kanyang mga katibayan. Dagdag pa rito, sa halip na iwan at hayaan na lamang nila si Jesus, nagsabwatan sila kung paano nila Siya mapapatay. At habang umuusad ang kwento, lalo ring nagiging malinaw na ang mahigpit na pagsalungat ng mga kaaway ni Jesus ay ng dahil sa naging banta Siya sa kanilang katungkulan at kapangyarihan sa lipunan. Ang motibasyong ito ay halatado rin dito sat alata sapagkat ang mga Herodiano ay malakas na taga-suporta ng Roma pagdating sa pamamahala sa Israel. Sa madaling salita, ang mga grupo ng mga Pariseo at ang mga Herodiano ay "kapuwa natatakot na si Jesus ay maging isang makapangyarihang pulitikal na impluwensiya sa Palestina."[2] Malaki ang pagkakaiba ng dalawang grupo na ito, subalit nagkaroon sila ng pagkakaisa pagdating sa isang kaaway: Jesus.

---

[1]Edwards, p. 225. Inalis ang dibisyon sa paragrap.

[2]Wessel, p. 640.

> Dito rin unang malinaw na ipinahiwatig ni Marcos ang tungkol sa kamatayan ni Jesus. Nagsimula na rito ang balak ng mga kaaway ni Jesus kung paano Siya mapapatay. Ang kailangan lang nila ay isang mabisang plano. Hindi na sapat para sa kanila ang tumutol lang sa mga gawa ni Jesus sa Araw ng Sabbath, gusto na rin nilang planuhin ang Kanyang kamatayan, at pinasimulan nila ito mismong sa araw na iyon. Para sa kanila, ang katuruan ni Jesus ay panira sa kanilang kabuoang pananaw at pagpapaliwanag sa Kautusan; ito'y laban sa kanilang panlabas na kilos ng kabanalan.

Ang desisyon ng mga kaaway ni Jesus na Siya'y patayin ang siyang naging mahalagang punto at yugto sa pagsasalaysay ni Marcos. Ang tagpong ito ang siyang bumago sa takbo ng ministeryo ni Jesus mula noon.

III. ANG MGA SUMUNOD PANG MINISTERYO NG LINGKOD NG DIYOS SA GALILEA 3:7—6:6A

Sa salaysay ni Marcos, mayroong pagkakatulad ng istraktura sa pagitan ng mga talatang ito: 1:14 hanggang 3:6 at 3:7 hanggang 6:6a. Ang simula at katapusan ng dalawang seksyon na ito ay magkatulad. Ang unang seksyon ay naglalarawan sa ministeryo ni Jesus sa Galilea bago nagpasya ang mga relihiyosong pinuno na patayin Siya. Samantala, ang ikalawa ay nakatuon sa pagpapakita ng lagay ng ministeryo ni Jesus matapos na buohin ang pagbabalak na iyon. Ang desisyon na iyon kung gayon ang siyang naging batayan para makita natin na sa ministeryo ni Jesus ay mayroong dalawang dibisyon: ang unang kalagayan ng ministeryo at ang huling kalagayan ng ministeryo.

A. ANG PAGLAWAK NG MINISTERYO NI JESUS 3:7-19

Ang seksyon na ito ay nakakatulad sa 1:14 hanggang 20 sa punto na ipinapakita rito ang kabuoang paglalarawan sa ministeryo ni Jesus (vv. 7-12) at ang pagtawag pa Niya ng maraming mga alagad (vv. 13-19).

1. Ang Ministeryo ni Jesus sa Masa 3:7-12 (ikumpara sa Mat. 12:15-21)

Sa bahaging ito ay makikita ang patuloy na ministeryo ni Jesus sa Galilea matapos ang desisyon ng mga relihiyosong pinuno na Siya'y patayin. (ikumpara sa 1:14-15; 2:13). Ito ay nagbibigay ng higit pang detalye na higit pa sa salaysay na ibinigay ni Mateo.

3:7-8 "Sa tabi ng lawa" ay tumutukoy sa Lawa ng Galilea. Dito Siya pumunta sa halip na sa timog na bahagi na kung saan ay mas madali Siya roon na harasin at pagtangkaang patayin ng Kanyang mga kaaway. Lumalayo-layo si Jesus ng dahil balak ng mga relihiyosong pinuno na Siya'y patayin (Mat. 12:15).

Sa wikang Griego, mababasa mo na unang binanggit ni Marcos "ang mga alagad" upang magbigay ng empatikong punto sa talatang 7. Sa madaling salita, maging ang mga alagad man ay nakaranas ng mainit na tunggalian laban sa mga relihiyosong pinuno. At dahil rito, kinakailangan silang sanayin ni Jesus bilang paghahanda sa Kanyang paparating na kamatayan.

Inilarawan rito ni Marcos na maraming mga tao ang naghahanap at pumupunta kay Jesus na nagmula sa iba't ibang panig ng Canaan. Ang Jerusalem ay nasa Judea sa timog na bahagi ng Galilea.[1] Ang salitang 'Idumea,' na sa Bagong Tipan ay dito lamang nabanggit, ay tumutukoy sa lumang teritoryo ng mga Edomita sa timog-silangan ng Judea. May mga tao rin na nagmula sa silangang bahagi ng Ilog Jordan (yunay sa Perea at sa Decapolis[2]), at mula rin sa baybayin ng Dagat Mediteraneo sa hilagang-kanluran: ang sinasabing "sa palibot ng Tiro at Sidon." Dagdag pa rito, kapansin-pansin na ang mga lokasyon na ito ay bumubuo ng isang uri ng balangkas para sa Ebanghelyong ito. Si Jesus ay unang nagministeryo sa Galilea (kab. 1—6), pagkatapos ay sa Tiro, Sidon, at Decapolis (kab. 7), at sa bandang huli ay sa Jerusalem (kabanatang 10—16).[3] Mapapaisip ka na wala sa mga lugar na ito ang Samaria, ang lupain ng mga Judio na naghimagsik at humiwalay sa kanilang mga kababayan. Gayunpaman, alam natin na may ilan sa mga Samaritano na naging mga mananampalataya ni Jesus (Juan4:39-42), gayunpaman, tila wala sa kanila ang Kanyang naging mga alagad.

3:9 Si Jesus ay nagsalita sa mga tao mula sa isang maliit na bangka (sa Griego ay *ploiarion*, hindi isang bangkang pangisda kundi isang maliit na bangka) upang maiwasan niya na dagsain at ipitin ng napakaraming tao na naghahanap sa Kanya. Ang ganitong uri ng bangka ay kapakipakinabang kay Jesus sa tuwing Siya ay dinaragsa ng napakaraming tao. Kung nais Niyang saglit na umiwas sa kanila, madali Niya itong magagawa gamit ang

---

[1]Para sa deskripsyon ni Josephus sa Judea, tingnan ang kanyang aklat na *The Wars …,* 3:3:5.

[2]Tingnan ang sinasabi ni Jack Finegan, *Light from the Ancient Past*, pp. 307-9, 312.

[3]Eduard Schweizer, *The Good News According to Mark*, p. 79.

bangka upang makapunta sa ibang ibayo ng lawa. Siguro ay binanggit ni Marcos ang ganitong detalye upang ipakita ni Marcos na sadyang napakaraming tao ang pumunta kay Jesus. Sa kabilang banda, ito rin ay nagpapakita ng pagiging bukas ni Jesus na iakma ang Kanyang presentasyon ayon sa pangangailangan ng Kanyang mga tagapakinig. Marahil ang detalye na ito na isinulat ni Marcos ay hango sa “batikanong mangingisda” na si Pedro.

3:10 Tila wala gaanong interes ang mga tao na kilanlin at sambahin si Jesus bilang Diyos, subalit interesado nama sila na makatanggap ng pisikal na benepisyo mula sa Kanyang ministeryo. At ang mga benepisyo na ito ay kusang ipinagkaloob naman ni Jesus sa kanila.

3:11-12 Gaya ng Kanya ng ginagawa (1:23-27, 34, 39), nagpatuloy si Jesus sa gawain ng pagpapalayas ng mga demonyo. Patuloy rin ang Kanyang pagbabawal sa kanila na ihayag ang Kanyang identidad o katauhan. Pansinin mo, alam ng mga demonyo ang tungkol sa Banal na Trinidad.[1] Ang mga ginawa ni Jesus ay maaaring makahikayat sa mga tao na iugnay ang titulong “Anak ng Diyos” na halos eksklusibo sa mga pisikal na aspeto ng Kanyang ministeryo (ikumpara. 1:34). Gayunpaman, kontrol pa rin ni Jesus ang antas ng Kanyang pagpapakilala at ang progreso ng Kanyang misyon. Marahil ay ayaw rin Niya na maiugnay Siya ng mga tao sa mga demonyong ito.

Yung ideya na nagsasabi na pinatahimik ni Jesus ang nag-iingay ng mga demonyo sapagkat nais nilang kontrolohin Siya at manaig sa Kanya sa pamamagitan ng paggamit sa Kanyang pangalan ay para sa akin ay walang batayan.[2] Bagamat ang pakikipaglaban sa puwersa at kampon ng kadiliman ay maliwanag na tema sa Ebanghelyo ni Marcos, hindi kaylanman makapapanaig ang mga demonyo kay Jesus sapagkat alam nila ang Kanyang pangalan. Ang ganitong pananaw ay walang batayan at isang pamahiin lamang.

> "Ang pinakaunang konpesyon hinggil sa pagkaDiyos ng
> Anak ay tila nagmula sa mga masasamang espiritu na may

[1]Wuest, 1:1:69.

[2]Ikumpara sa sinasabi ni Lane, p. 130.

higit pang pagkakilala sa katauhan ni Jesus kumpara sa pagkakilala ng Kanyang mga alagad"[1]

2. Ang Pagpili ni Jesus sa 12 mga Alagad 3:13-19 (ikumpara sa Lukas 6:12-16)

Ang pagpili ni Jesus ng 12 mga alagad mula sa napakarami Niyang mga tagasunod ay isang napakahalagang hakbang at pagsulong sa Kanyang ministeryo. Ang mga kalalakihang ito ang siyang magiging primaryong benepisyaryo ng Kanyang pagsasanay upang maging mga lider sila na mangunguna sa pagsulong ng Kanyang misyon. Ang pagsasanay sa mga kalalakihang ito ay naging napakahalaga mula ng magkaroon ng plano ang mga relihiyosong pinuno na Siya'y patayin.

3:13 Hindi natin tiyak ang eksaktong lokasyon ng tagpong ito. Malamang ay sa Galilea ito nangyari sapagkat ang buong seksyon na ito ay naglalarawan ng ministeryo ni Jesus sa lugar na iyon (1:14—6:6a). Una munang tinawag ni Jesus ang Kanyang mga tagasunod na sumama sa Kanya. Pagkatapos nito ay mula sa karamihan ng mga tao ay pumili Siya ng 12 mga kalalakihan bilang Kanyang magiging mga apostol (Lukas 6:13). Maliwanag na 12 mga apostol ang Kanyang pinili sapagkat sila rin ang uupong pinuno sa 12 tribo ng Israel sa panahon na itatatag Niya ang Kanyang messianikong kaharian sa daigdig (Mat. 19:28). At dahil sa tinanggihan ng Israel ni Jesus, ang mga disipulong ito—liban lang kay Judas Iscariote—ay naging mga haligi ng Iglesia. Kaugnay nito, mahalagang tandaan na ang Iglesia ay hindi kaylanman binabanggit sa Bagong Tipan na "bagong Israel."[2] Ang terminong iyan ay nilikha ng mga theologo na kung tawagin ay 'covenant theologians.' Nilikha nila ang bansag na iyan para sa Iglesia, ngunit ito ay naghatid ng seryosong kalituhan sa isipan ng maraming mag-aaral ng Biblia.[3]

"Mula sa tuktok ng bundok ay isang imaheng kahawig ng pagtawag ni Yahweh kay Moises doon sa Sinai ang ating

---

[1]Swete, p. 57.

[2]Tingnan ang sinasabi ni Mann, p. 579.

[3]Covenant theologians interpret Scripture through the grid of three theological covenants that they believe govern all of God's dealings with humankind. They also believe that God will fulfill His promises to Israel with the church, not with ethnic Israel. See Charles Hodge, *Systematic Theology*, 2:117, 359, 362. For an explanation of the differences between covenant and dispensational theology, see Renald E. Showers, *There Really Is a Difference!*

> makikita (Exo. 19:20). Soberanong tinawag rin ni Jesus ang Labing-Dalawa tungo sa isang bagong komunidad (Mark 3:13-19) at sa misyong nakapundasyon sa pakikipag-relasyon sa Kanya ('upang makasama niya,' v. 14). Pinagkalooban Niya ang Labing-Dalawa ng kapamahalaan na magpalayas ng mga demonyo (6:7-13) at ng kalayaan mula sa tradisyon ng mga matatandang pinuno ng relihiyon (7:5-13)."[1]
>
> "Sa mundong sinasalaysay ni Marcos, ang 'bundok' ay nagpapahiwatig ng kalapitan sa Diyos at dahil rito'y isang lugar ugnayan at pagtatagpo ng Diyos at ng tao. Sa tuktok ng bundok ay nanalangin si Jesus (6:46), nagbagong-anyo (9:2-8), at nagpahayag ng mga bagay na mangyayari sa hinaharap (13:3-5)."[2]

Binigyang diin ni Marcos na si Jesus mismo ang Siyang nagpasimula ng pagtawag na ito at ang Labindalawa ay kusang-loob naman na tumugon (Ikumpara. Exo. 19:20). Marahil ay nais paalalahanan ni Marcos ang mga Kristyanong mambabasa na sila ay pinili ng Diyos upang Kanyang maging mga alagad; hindi nila hinanap ang pribilehiyong ito. At syempre ang kanilang pagtugon isang magandang halimbawa para sa mga darating pang tagasunod ni Jesus.

> "Silang mga *nais* Niyang tawagin, Kanyang *pinaging kusa* na tumugon."[3]

3:14-15 Ang katagang "Labingdalawa " ay naging teknikal na kataga para sa grupong ito ng mga alagad. Sa ibang sinaunang manuskrito, mababasa mo sa talata ang ganitong mga salita, "na tinawag niyang mga apostol." Marahil ay hindi ito nakasulat sa orihinal na aklat ni Marcos. Maaaring idinagdag ito ng isang iskolar na manunulat upang iugnay sa sinasabi ng isang kahalintulad na talata sa Lukas 6:13—bagamat may iba na hindi sumasang-ayon rito.[4]

---

[1]Edwards, p. 224.

[2]Kingsbury, p. 93.

[3]Henry, p. 1370.

[4]Yun ay, kay Christopher W. Skinner, "'Whom He Also Named Apostles': A Textual Problem in Mark 3:14," *Bibliotheca Sacra* 161:643 (July-September 2004):322-29.

Dalawang layunin ang dahilan kung bakit itinalaga ni Jesus ang mga alagad na ito: upang makasama Niya at upang mangaral. Ang 'order' o ayos na ito ay mahalagang tandaan.

> "Ang ugnayan sa Kanya ay dapat na mauna bago maisakatuparan ang pangangaral tungkol sa Kanya."[1]

Binigyan ni Jesus ang mga alagad na ito ng kakayahan o abilidad (ipinagkatiwalang "awtoridad," sa Griego ay *exousia*) na magpalayas ng mga demonyo kaalisanbay ng kanilang pangangaral. Ang mga himala na kanilang maisasakatuparan ay katibayan para sa mga makikinig sa kanila na sila ay mga sugo ng Diyos. Maaaring binanggit ni Marcos ang abilidad ng pagpapalayas ng mga masasamang Espiritu sapagkat ito ang siyang pinakamalaking demonstrasyon ng awtoridad na tinanggap ng mga alagad—bagamat hindi lamang ito ang isang katibayan na kanilang maipapakita. Minsan pa, sa Ebanghelyong ito ay matutunghayan ang pagsasanay ni Jesus sa Labingdalawa na nakatuon sa dalawang partikular na bagay: ang makasama Siya at pangangaral.

3:16-19 Ang 'table' o talahanayan sa ibaba ay kakikitaan mo ng apat na tala kung saan ang 12 alagad ay binabanggit. Ang apat na tala na ito sa Biblia ay kaloob sa atin ng Banal na Espiritu. Mahalagang bigyan natin ito ng pansin.

	Mateo 10:2-4	**Marcos 3:16-19**	**Lukas6:14-16**	**Gawa 1:13**
1.	Simon Pedro	Simon Pedro	Simon Pedro	Pedro
2.	Andres	Santiago	Andres	Juan
3.	Santiago	Juan	Santiago	Santiago
4.	Juan	Andres	Juan	Andres
5.	Felipe	Felipe	Felipe	Felipe
6.	Bartolome	Bartolome	Bartolome	Tomas
7.	Tomas	Mateo	Matthew	Bartolomeo

[1]George Williams, *The Student's Commentary on the Holy Scriptures*, p. 734.

8.	Mateo	Tomas	Tomas	Mateo
9.	Santiago, anak ni Alfeo	Santiago, anak ni Alfeo	Santiago, anak ni Alfeo	Santiago, anak ni Alfeo
10.	Tadeo	Tadeo	Judas, na kapatid ni Santiago	Judas, na kapatid ni Santiago
11.	Simon na Cananeo	Simon na Cananeo	Simon na Makabayan	Simon na Makabayan
12.	Judas Iscariote	Judas Iscariote	Judas Iscariote	

Ang apat na talaan na ito ay naglalaman ng tatlong grupo na bawat grupo ay naglalaman ng apat na pangalan. May mga parehong indibidwal na tumatayong nangunguna sa bawat grupo, bagamat may kaunting pagkakaiba sa pagkakahanay ng mga miyembro sa bawat grupo. Siguro, ang mga grupong ito ang siyang pagkakahati na ginawa ni Jesus noong sinugo Niya silang mangaral (6:7).

> "Kumpara sa tala ng ibang aklat, ang tala ni Marcos pagdating sa pangalan ng mga apostol ay naglalaman ng mga nakalulugod na bansag, na karaniwang Aramaiko ang pagkakapalayaw."[1]

Kapansin-pansin na hindi ginamit ni Marcos ang dalawang pangalang na “Simon Pedro.” Ang pangalang “Pedro” (kahulugan ay "Bato" mula sa salitang Griego na *petra*) ay palayaw na ibinigay kay Pedro. Kung iyong mapapansin, si Pedro ang nangunguna sa bawat tala, samantalang si Judas Iscariote ay nasa hulihan, maliban lang sa aklat ng Mga Gawa na kung saan ay inalis mismo ang kanyang pangalan.

> "*Binigyan* ni Jesus ng bagong *pangalan* si Pedro sapagkat nakaugalian na sa mga Judio na bigyan ng bagong pangalan ang isang taong nakaranas ng isang pangyayaring hindi niya malilimutan at bumago ng kanyang buhay. Ang pagbibigay ng bagong pangalan sa mga alagad ay

[1]Cole, p. 80.

> maihahalintulad natin sa pagbibigay ng bagong pangalan kay Abram (Gen. 17:3-5) at kay Saulo (Gawa 9[; 13:9])."[1]

Ang salitang "Boanerges" (v. 17) ay salitang Hebreo na ang kahulugan ay “mga anak ng kulog.” Ang dahilan kung bakit pinalayawan Niya sina Santiago at Juan ng pangalang ito ay hindi natin alam. Marahil ay dahil sa sila ay mapupusok (cf. 9:38; Lukas 9:54). Kapansin-pansin na ang pangalang "Andres" ay nangangahulugan ng "Lalaking-lalake," at ang “Felipe” naman ay nangangahulugan ng “Mahilig sa mga Kabayo."

> "Ayon sa alamat na pinasikat ng simbahan, si Felipe ay pinaniniwalaang mahusay na mangangabayo at magaling sa pagmamanobela ng karwahe."[2]

Ang pangalang "Bartolomeo" ay hindi talaga pangalan kundi isang patronimiko, yun ay, ang kanyang pangalan ay nagmula sa pangalan ng kanyang ama o ng kanyang ninuno. Sa madaling salita, ang ‘Bartolomeo’ ay literal na nangangahulugan ng ‘anak ni Talmai [Ptolemy].’ Maaaring mayroon talaga siyang pangalan, subalit madalas siyang tawagin ng mga alagad na ‘Bartolomeo.’ Kaugnay rito, kung inyong matatandaan, si Mateo ay may talagang pangalan, yun ay, ‘Levi.’

Si "Santiago na anak ni Alfeo " ay kilala rin sa bansag na ‘Santiagong bata’ (15:40). Sina "Tadeo" at "Judas," anak o kapatid ni Santiago, ay maaaring iisang tao lamang. Gayundin naman, si "Simon na Canananeo "ay mismong si "Simon na Makabayan." Ang salitang "Canananeo” ay salitang Aramaiko para sa “Makabayan.” At nung panahong iyon, ang mga Makabayan ay isang pulitikal na partido na nagnanais na iguho at paalisin ang gobyerno ng mga Romano. Maaaring si Simon ay miyembro ng partidong ito. O kaya naman, ang bansag na “makabayan” ay tumutukoy sa kanyang personalidad, hindi sa kanyang pulitikal na kinabibilangan.[3]

Ang "Iscariote" ay pangalan ng pinagmulan, subalit hindi natin alam ang eksaktong lokasyon ng bayan ni Judas, bagamat marami ang naniniwala na ito ay matatagpuan sa isang bayan sa Judea na ang pangalan ay "Kerioth" (ikumpara sa Josh. 15:25). Sa madaling salita, ang "Iscariote" ay

---

[1]*The Nelson …*, p. 1645.

[2]Wuest, 1:1:73.

[3]Swete, p. 62. Tingnan ang sinasabi ni Mann, p. 250; M. Smith, "Zealots and Sicarri, Their Origin and Relation," *Harvard Theological Review* 64 (1971):1-19.

maaaring nangangahulugan ng "Taga Kerioth."[1] Ngunit isa ring posibilidad na sinasabi ay, ang "Iscariote" ay maaaring nangangahulugan ng "lalaki ng punyal" o "lalaki ng tabak," ito'y mula sa tambalang salita ng Griego at Latin na *sikariotes*.[2] At kung ito nga ang kahulugan, pwede nating masabi na si Judas ay isa sa mga makabayang Judio na nagnanais na buwagin ang pamamahala ng Roma sa pamamagitan ng asasinasyon sa mga pangunahing pinunong Romano at yaong mga Judiong masigasig na sumusuporta sa kanila (ikumpara sa Gawa 21:38). Gayunpaman, mayroon pa ring isang teorya na nagsasabi na ang "Iscariote" ay nagmula sa Arabikong salita na *sqr*, na nangangahulugan ng "mapulang-kayumanggi o dili kaya'y mapula."[3]

> "Isang kakaibang grupo ng mga kalalakihan ang pinili ng Panginoon upang Kanyang maging mga alagad. Apat sa kanila ay mga mangingisda, ang isa ay maniningil ng buwis, ang isa naman ay miyembro ng isang radikal at mapusok na pulitikal na partido. Samantala, wala tayong kaalaman sa katauhan ng anim sa kanila. Bawat isa sa kanila ay mga karaniwang tao. Walang sinuman sa kanila ang eksperto sa Kasulatan at batikanong mangangaral. Subalit sila ang uri ng mga tao na ginamit ng Panginoon upang itatag ang Kanyang Iglesia at upang palaganapin ang Kanyang Ebanghelyo sa iba't ibang panig ng mundo."[4]
>
> "Nagsimula ang Kristyanismo sa pagsasama-sama ng mga magkakaibang tao na sama-samang may kaugnayan kay Jesus."[5]
>
> "Ang kaalaman, ranggo, kayamanan, at maayos na kalagayan na kusang ihahandog para sa paglilingkod sa Panginoon ay hindi Niya tatanggihan. Gayunpaman, mas ibig Niyang gamitin ang mga taong hindi nagtataglay ng mga bagay ito subalit itinalaga naman ng buo ang kanilang sarili para Kanya. Hindi mahalaga kung ano ang

---

[1]Tingnan ang *The New Bible Dictionary*, s.v. "Judas Iscariot," by R. P. Martin, pp. 673-75.

[2]Cole, p. 80.

[3]Mann, p. 251.

[4]Wessel, p. 643.

[5]Barclay, p. 69.

> pinagmulan, panlipunang katatayuan, at karanasang pinagdaanan ng Labingdalawa; ang mahalaga ay ang kanilang espirituwal na kahandaan na isakatuparan ang kanilang panawagan. Sa madaling salita, hindi mahalaga ang panlabas na anyo kundi ang panloob na katangian."[1]

B. Ang Tumitinding Pagtanggi kay Jesus at ang naging Bunga nito 3:20—4:34

Habang lumalawak ang ministeryo ni Jesus, lumalakas rin ang mga pagtanggi sa Kanya bilang ang hinirang na Lingkod ng Diyos. Dito nga ay isinalaysay para sa atin ni Marcos ang tumitinding pagsalungat na naranasan ni Jesus (3:20-35), at pagkatapos nito ay isinalaysay niya ang mga talinghaga ni Jesus bilang resulta ng mga pagtanggi sa Kanya (4:1-34).

1. Ang Tumitinding Pagtanggi kay Jesus 3:20-35

Muling bumalik si Marcos sa tema ng oposisyon o sa tagpong may mga kumakalaban kay Jesus (ikumpara 2:1—3:6). Pabalik-balik niyang ibinaling ang pansin ng kanyang mga mambabasa sa mababaw na pananaw ng madla, sa lumalagong komitment ng Kanyang mga alagad, at sa tumitinding pagiging kontrabida sa Kanya ng mga relihiyosong pinuno. Ang istrakturang ayos na ito ay nagbibigay sa atin ng pansin na makita ang pagkakaiba ng tatlong grupo.

Sa seksyong ito, ginamit ni Marcos ang tinatawag na ‘chiastic’ na istraktura upang ipakita ang dalawang uri ng oposisyon na kinaharap ni Jesus, na kung saan ay hinarap rin ng Kanyang mga alagad.[2] Dagdag pa, para rin siyang gumamit ng tila "sandwich" na uri ng istraktura sa ibang bahagi ng aklat (ikumpara. 5:21-43; 6:7-31; 11:12-26; 14:1-11, 27-52). Nakapokus ang pansin nito sa sentral na seksyon ng ‘chiasmus,’ na kung saan may kinalaman sa paratang na si Jesus raw ay kinokontrol ni Satanas.

A Ang oposisyong mula sa pamilya 3:20-21

B Ang oposisyong mula sa mga kaaway 3:22-30

A' Ang oposisyong mula sa pamilya 3:31-35

---

[1]Bruce, *The Training …*, p. 38.

[2]Ang ‘chiasmus’ ay isang retorikal o literaturang pamamaraan na kung saan ang mga salita, gramatikong kontruksyon, o ang mga konsepto ay inuulit ng pabaliktad ngunit sa parehas o medyo binagong anyo.

Ang plano ng pamilya ni Jesus 3:20-21

3:20 Ang paglalarawan na binuo ng mananalaysay ay sa isang bahay sa Capernaum na siyang himpilan ni Jesus at ng Kanyang mga alagad. Ang salitang “pag-uwi” ay literal na nangangahulugan na “pagdating sa bahay.” May ilang mga Judio na nagnanais ng kagalingan o anumang pabor na mula kay Jesus ay kaagad na pumasok sa bahay ng wala man lang paalam. Napakarami nila na anupa’t hindi nagawa ni Jesus na makakuha ng makakain at upang makapagpahinga. Napuno ng napakaraming tao ang bahay. At siguro ay may mga tao pa rin na nasa labas na nagsusumikap at nagsisiksikan na pumasok sa pinto at mga bintana bahay. Sa tagpong ito ay patuloy nating makikita ang Lingkod ng Panginoon ay patuloy na nagtratrabaho at naglilingkod.

3:21 Nabalitaan ng pamilya ni Jesus ang Kanyang matinding kaabalahan. Ang katagang “mga kamag-anak” dito ay tumutukoy sa miyembro ng kanyang pamilya, hindi sa Kanyang mga kaibigan.[1] Nag-aalala sila sa lagay ng Kanyang kalusugan. Marahil ay nag-aalala sila sapagkat hindi Siya kumakain ng maayos o sa tamang oras. At dahil rito, kaagad nilang naging konklusyon na ang Kanyang labis na kaabalahan ay nakaapekto sa Kanyang katinuan; sa madaling salita, siya raw ay “nasisiraan ng bait.”

Nagpasya ang pamilya ni Jesus na pumunta ng Capernaum galing sa Nazareth upang kunin siya. Ang salitang Griego na *kratesai* ("ilagay sa kustodiya”) ay ginagamit sa pag-aresto sa isang tao (ikumpara sa 6:17; 12:12; 14:1, 44, 46, 49, 51). Ibig sabihin, tila mabuti naman ang intensyon ng pamilya ni Jesus kung bakit nais nila Siyang kunin. Gayunpaman, mali ang kanilang pagkakaintindi sa Kanyang kalagayan. Si Jesus ay hindi nasisiraan ng bait (ikumpara sa Gawa 26:24; 2 Cor. 5:13), ginagawa Niya lamang ang kalooban ng Kanyang Ama.

Minsan, may mga taong nagpapadama ng pagmamalasakit sa kapakanan ng isang tagasunod ni Cristo, gayunpaman, kung hindi sila maingat at hindi nila alam ang tunay na kalagayan, ang kanilang iniisip na pagmamalasakit ay maaaring maging hadlang sa kalooban ng Diyos. Sila ay naghahatid ng oposisyon sa halip na pagtulong. At sa lagay ng mga sinaunang mambabasa ni Marcos na dumaraan sa pag-uusig na dulot ng kanilang pamilya, maaari rin nilang makita ang sarili sa karanasan at sitwasyon ni Jesus.

---

[1]J. H. Moulton and G. Milligan, *The Vocabulary of the Greek Testament*, pp. 478-79.

Ang Kawalang-Pananalig ng mga Kaaway ni Jesus 3:22-30 (ikumpara sa Mat. 12:22-37; Lukas 11:14-26)

Ang tagpo na ito ay naganap sa pagitan ng panahon na umalis ang pamilya ni Jesus mula sa Nazareth at noong sila ay dumating sa Capernaum upang kunin Siya (v. 31). Ang salaysay ni Marcos sa pangyayaring ito ay maikli kumpara kay Mateo. Dito ay ipinapakita ang katangian ng lumalaking galit ng mga relihiyosong pinuno laban kay Jesus.

3:22 Habang paparating mula sa kanluran ang mga hindi nakakaunawang pamilya na galing sa Nazareth, ang mga mapupusok na kaaway naman ay paparating rin mula sa Jerusalem. Ang sabi sa talata, “mga tagapagturo ng Kautusan na galing sa Jerusalem.” Sa topograpiya, ang Jerusalem ay nasa mas mataas na lugar na kinalalagyan kumpara sa Capernaum. Ang mga eskriba (na siyang mga dalubhasa sa Kautusan) na siyang mga opisyal na relihiyon ay nagbigay ng konklusyon na Satanas ("Beelzebul," "pinuno ng mga demonyo ") ang nagbigay kay Jesus ng kapangyarihan na magpalayas ng mga demonyo. Sa madaling salita, konklusyon nil ana si Jesus ay kakampi ni Satanas.

> "Sa Griego, ang pangalan ay laging *Beelzeboul*. Ang nakasanayan na bansag na 'Beelzebub' ay galing sa salin ng Latin Vulgate. May ibang naniniwala na nagmula raw ang salita titulo ng diyus-diyusan ng Ekron, na kung tawagin ay ‘Baal-zebub,’ ang ibig sabihin, 'ang panginoon ng mga langaw,' na nagpapahiwatig ng pagiging pinuno at pangulo ng karumihan, na siyang lugar na tinitirhan ng mga masasamang espiritu. Ito ay nakaugnay sa “taong malakas” na sinasabi sa talatang 27, at maging sa komento ni Cristo sa Mateo 10:25, na kung saan ang ‘puno ng sambahayan’ ay tinawag na Beelzebub."[1]

3:23 Sinagot ni Jesus ang paratang laban sa Kanya gamit ang lohika, at inilarawan Niya ang Kanyang lohika gamit ang talinghaga tungkol sa isang kaharian at tungkol sa isang bahay (ikumpara sa Mat. 12:29; Lukas 11:21-22). Gumamit si Jesus ng mga pagkukumpara. Sinimulan Niyang ipaliwanag na isang kahangalan para kay Satanas, na pinuno ng mga demonyo, na palayasin ang kanyang sarili at ang kanyang mga kampon. Kaya ilohikal at hindi matuwid isipin na nagpapalayas si Jesus gamit ang

[1]Hiebert, p. 92. See also Cranfield, p. 136.

kapangyarihan ni Satanas. Walang kabuluhan para kay Satanas na durugin ang kanyang sarili.

3:24-25 Gayundin naman, kung ang isang kaharian ay nahahati, ito ay tiyak na walang mabuting maidudulot sa sarili at kapagdaka'y tiyak na babagsak. Ganito rin ang pwede nating masabi sa isang bahay (o sambahayan) na walang pagkakaisa—na kung saan ang miyembro ng mga pamilya ay nagkakanya-kanya. Wala itong patutunguhan.

3:26 Parehong lohika ang masasabi natin pagdating kay Satanas. Kung pinapalayas niya ang mga demonyong gumagambala sa ating buhay, winawasak niya ang kanyang sarili. Dahil rito, ang pagpapalayas ng mga demonyo na ginawa ni Jesus ay hindi dapat na sabihing mula sa kapangyarihan ni Satanas.

3:27 Yamang ginigiba ni Jesus ang mga gawain ni Satanas, madali nating masabi na higit Siyang makapangyarihan kaysa sa Diyablo. Minsan pa, gaya ng ating nabanggit, "ang taong malakas" na tinutukoy ni Jesus ay maaaring pantukoy Niya kay Satanas (Beelzebub) na siyang 'amo ng isang tahanan.' Si Jesus ang Siyang gagapos sa "taong malakas" (Satanas) upang pagnakawan ang kanyang tahanan (o iguho ang kanyang kaharian).

> "Ang talatang 3:22-27 ay nagpapakita ng ministeryo ni Jesus na nakatuon sa pagpapalayas ng demonyo. Hindi rito binabanggit ang tanong na 'kaylan' upang sumalamin ito sa magaganap na pagkagapi ni Satanas sa huling mga araw."[1]

3:28-30 Nakakatawag pansin rito na sinundan ni Jesus ang Kanyang pagpapaliwanag at pagtutol gamit ang isang seryosong babala, na sa salin sa Tagalog ay isinaling "Tandaan ninyo ito." Subalit ayon dalubhasang mag-aaral ang katagang ito raw ay "katumbas na ng isang panata."[2] At ang diwa ng panata na ito ay mababasa natin sa iba't ibang salin sa Ingles gaya ng sa mga sumusunod 'versions': NASB, RSV, ESV, NIV, NET2, NEB, AV, NKJV, at HCSB. Dagdag pa, ang ganitong pananalita ay 13 beses na mababasa sa Ebanghelyo na ito, na laging namumutawi sa bibig ni Jesus.[3]

---

[1]Guelich, p. 177.

[2]Mann, p. 255.

[3]Narito ang mge bersyon sa Ingles: RSV ay *The Holy Bible: Revised Standard Version*, ESV ay *The Holy Bible: English Standard Version*, NIV ay *The Holy Bible: New International Version*, NET2 ay *The NET2 (New English Translation) Bible*, 2019 ed., NEB ay *The New English Bible with the Apocrypha*, AV ay *The Holy*

At heto pa, ang parehas na diwa ng salita ay lumabas rin ng 30 beses sa aklat ni Mateo, anim beses kay Lukas, at 25 na beses kay Juan (na kung saan ang katagang “tandaan Ninyo” ay mababasa natin sa ibang salin sa Tagalog na, “katotohanang, katotohanan”). Ang katagang ganito ay nagpapakita na si Jesus ang nagsasalita taglay ang Kanyang sariling awtoridad. Isang kaparehas na ekspresyon ang ating mababasa sa Lumang Tipan sa pamamagitan ng pahayag na, "Akong si Yahweh na buhay na Diyos ay nagsasabi."

> "Ang paggamit Niya ng 'Amen' [o "Katotohanan"] ay nagpapakilala at nagpapatunay na ang Kanyang sariling salita ay walang kapantay sa buong literatura ng mga Judio at maging sa iba pang bahagi ng Bagong Tipan. Ang salitang 'Amen' ay nagpapahayag na ang Kanyang mga salita ay mapagkakatiwalaan at totoo sapagkat Siya ay ganap at lubos na nakatalaga na ihayag at isakatuparan ang kalooban ng Diyos. Ang katagang ‘Amen’ ay hindi lamang napakahalagang katangian sa pananalita ni Jesus, ito rin ay isang Kristolohikal na apirmasyon o pagpapatunay: si Jesus ang tunay na saksi para sa Diyos."[1]
>
> "Kung pagbabatayan ang konteksto, ang kasalanang ito ay tumutukoy sa asal o ugali (hindi ito minsanang kilos lang o pananalita) ng isang kaloobang may mapaghimagsik na galit sa Diyos; isang asal na tumatanggi sa Kanyang kapangyarihang nagliligtas, na Kanyang inihayag sa persona at gawa ni Jesus na kinasihan ng Espiritu ng Diyos. Ang kaluguran ng pag-uugaling ito ay ang manatili sa kadiliman kahit na nailantad na siya ng liwanag (ikumpara sa Juan 3:19). Ang ganitong napakatigas na kalooban ng pusong ayaw maniwala at manalagi ay nagpapabigat sa isang kalagayan na kung saan ang pagbabalik-loob at pagtanggap ng kapatawaran – na hatid ng Espiritu ng Diyos – ay imposible ng maranasan. Ang ganitong uri ng tao na may ganitong matigas na kalooban ay ‘guilty’ o walang

---

Bible: Authorized King James Version, NKJV ay *The Holy Bible: New King James Version*, at HCSB ay *The Holy Bible: Holman Christian Standard Bible*.

[1]Lane, p. 144.

> maidadahilan (*enochos*, 'mananagot, walang lusot') sa pagsasagawa ng isang kasalanan na maituturing na 'eternal' o 'walang hanggan' (ito ay singular, maituturing na ultimato o ganap na kasalanan sapagkat ito ay mananatiling walang kapatawaran magpakailanman; ikumpara ito sa Mat. 12:32). Si Judas Iscariote (ikumpara sa Marcos 3:29; 14:43-46) ay patunay sa realidad ng bagay na ito."[1]

Gayunpaman, hindi tayo dapat mapokus sa punto ng 'walang hanggang kasalanan' na hindi na mapapatawad na anupa't mabibigo tayong makita at ikagalak ang katotohanan ng mayamang kapatawaran na inihahandog ni Jesus. Ngunit dapat unawain na ang sinasabing 'lahat ng kasalanan' (v. 28) ay tungkol sa lahat ng uri o klase ng kasalanan, hindi tungkol sa wala ng eksempsyon. Si Jesus ay hindi nagtuturo rito ng unibersalismo: ang teorya na nagsasabing sa bandang huli ang lahat raw ay mapupunta pa rin sa langit. Ang kalapastanganan ay isang uri ng kasalanan; isa itong pananalita na galit na galit, mapanira, mapanakit, at mapanlait sa Diyos. At ito mismo ang uri ng kasalanan na ginawa ng mga eskriba.

Ang mga eskriba ay nakagawa ng hindi mapapatawad ng kasalanan sapagkat kanilang itinuring at inilagay ang kapangyarihan ni Jesus na magpalayas ng mga demonyo na mula raw kay Satanas sa halip na mula sa Banal na Espiritu (ikumpara sa 1:11-12).

> "Matapos nilang tanggihan ang patotoo ng Ama, ng Anak, at ang mahimalang pagpapatotoo ng Banal na Espiritu, wala ng magagawa pa para sa kaligtasan ng mga relihiyosong pinuno."[2]

> "Sa kasalukuyan, ang pinaka dapat na makinig at mag-ingat sa babalang ito ay ang mga guro ng theolohiya at mga opisyal na pinuno ng mga simbahan."[3]

Ang pananalitang ito ni Jesus ay nagdulot ng malaking pagkabahala sa maraming tao sa buong kasaysayan ng Iglesia. Marami ang nababahala kung sila ba ay nakagawa ng kasalanang hindi mapapatawad.

---

[1]Grassmick, p. 117.

[2]Bailey, p. 74.

[3]Cranfield, p. 148.

Gayunpaman, ang pagkabahala ng isang tao tungkol rito ay magandang indikasyon na maaaring hindi niya ito nagawa. Syempre, ang paraan upang maiwasan na magawa ang kasalanang hindi mapapatawad ay ang manampalataya sa biblikal na testimonya ng Banal na Espiritu tungkol kay Jesus, yun ay, na Siya ang Cristo (ang banal na Messias, ikumpara sa 1 Juan 5:1).

> "Imposibleng makagawa ngayon ng kasalanang hindi mapapatawad—yun ay, kung ang ibig mong sabihin ay mayroon kang nagawang kasalanan ngayon, subalit sa kinabukasan ay napagtanto mo ang kahangalan nito at tuloy ay lumapit ka sa Diyos sa diwa ng pagsisisi. Sa ganyang lagay, sa tingin mo ay hindi ka patatawarin ng Diyos? Alam natin na si Cristo ay namatay para sa *lahat* ng kasalanan, hindi lang para sa ilang mga kasalanan. Subalit may *isang* kasalanan na binabalewala ang Kanyang kamatayan, yaong tinatawag na kasalanang hindi mapapatawad. Gayunpaman, walang pagkakasala na nagawa ngayon na hindi Niya mapapatawad. Ang mapaghimagsik na ugali at kalagayan ng mga di-mananampalataya ang siyang walang kapatawaran—hindi ang kanilang kilos. Kapag ang isang tao ay nagsasalita ng paglapastangan sa Diyos gamit ang kanyang labi, hindi ang iyon ang kilos o sambit ng kanyang labi ang ganap na humahatol sa kanya, kundi ang asal o ugali ng kanyang puso, na isang permanenteng kalagayan—liban nga lang kung titigil siya sa kanyang paghihimagsik at paglapastangan. Sa madaling salita, ang kasalanan laban sa Banal na Espiritu ay ang desidido at taus-pusong tanggihan ang Kanyang hinahandog na kaligtasan."[1]

Kaya nga, ang kasalanang hindi mapapatawad ay hindi lang yung hindi mo naunawaan ang motibo ng isang tao o mali ang hatol mo sapagkat di mo alam ang kanyang tunay na motibo; ito ang siyang paniniwala ng iba tungkol rito.[2] Sa halip, ang kasalanang hindi mapapatawad ay yaong nagpapatuloy at walang patid na kawalang-pananampalataya sa persona

---

[1]McGee, 4:174.

[2]Yun ay, si G. Campbell Morgan, *The Gospel According to Mark*, p. 81.

ta gawa ni Jesu-Cristo. Ito ang tangi at nag-iisang kasalanan na hindi napatawad noong Kanyang panahon, at ang hindi pa rin mapapatawad sa panahon natin ngayon.

Ang Pagdating ng Pamilya ni Jesus 3:31-35 (ikumpara sa Mat. 12:46-50; Lukas 8:19-21)

3:31 Sa wakas ay dumating na ang ina ni Jesus kasama ang kanyang mga kapatid na lalaki; sila'y galing pa sa Nazareth (ikumpara sa vv. 20-21). Unawain natin na ng ipasok ni Marcos sa kanyang salaysay ang tagpo ng pakikipagtunggali ni Jesus laban sa mga eskriba, kanyang pinaigting pa ng labis ang tensyon ('suspense') gamit ang tagpo ng tila hindi pagkakaunawaan o hidwaan na mayroon sa pagitan ni Jesus at ng Kanyang pamilya. Siguro, ang bahay na kinaroroonan ni Jesus (v.20) ay puno ng mga tao na anupa't hindi makapasok sa loob ang Kanyang ina at mga kapatid. At dahil rito, nagpasabi na lang sila para sa Kanya na sila'y dumating na at naghihintay sa labas. Syempre, alam natin ito ay karaniwan sa relasyon sa pamilya. Hindi naging makapal ang mukha ng ina at mga kapatid ni Jesus sa pagnanais na makausap Siya. Gayunma'y inaasahan nila na igagalang Niya ang kanilang presensya at lalabasin upang makausap sila. Nais nilang makausap Siya ng sarilinan upang kumbinsihin Siya na maging maingat o kaya'y itigil na ang Kanyang mga ginagawa.

Mayroong tatlong pangunahing teorya tungkol sa kaugnayan ng mga "kapatid" ni Jesus na binabanggit dito sa talata: (1) Una, ang Helvidian na pananaw (mula kay Helvidius, c. 380 A.D.) ay nagsasabing sila'y mga tunay na kadugo ni Jesus o Kanya mismong mga kapatid sa inang si Maria. Ito ang pananaw na pinaniniwalaan ng mga Protestante. (2) Ikalawa, ang Epiphanian na pananaw (mula kay Epiphanius, c. 382 A.D.) ay nagsasabi na ang mga kapatid na ito ay mga anak ni Jose mula sa kanyang unang asawa. Ito ang pananaw na gustong paniwalaan ng mga Romano Katoliko sapagkat napapanatili nito ang tinaguriang habambuhay na pagka-birhen ni Maria. (3) At ikatlo, ang Hieronymian na pananaw (mula kay Jerome, c. 383 A.D.) ay nagsasabi na ang mga kapatid na ito ay mga pinsan ni Jesus; sila'y mga anak ng babaeng kapatid ni Maria na ang pangalan rin raw ay Maria.[1]

[1]Taylor, p. 247; Mann, p. 258.

3:32 Ang ‘maraming taong nakaupo sa palibot ni Jesus’ ay tumutukoy syempre sa grupo ng Kanyang mga disipulo (v. 34). Ang mga nakapalibot na taong ito ang nagsabi kay Jesus na ang Kanyang ina at mga kapatid ay nasa labas ng bahay at hinahanap Siya.

3:33 Ang tanong rito ni Jesus ay nakatuon sa kalidad ng pakikipag-relasyon sa Kanya. Ang gusto Niyang iparating ay: ‘Sino ang uri ng mga tao na maituturing kong aking pamilya?’

3:34 Minsan pa, si Jesus ay muling tumingin sa mga nakaupo sa paligid Niya, ngunit sa pagkakataong ito ang Kanyang tingin ay magiliw (cf. v. 5). Ayon sa Kanya, ang mga sumusunod sa Kanya ang maituturing Niyang malapit sa Kanyang puso. Ang sinabi Niyang ito ay nakakagulat na pananalita sapagkat gaya natin, karaniwan sa mga Judio ang unahin at pahalagahan ang pamilya. Ngunit mahalagang maunawaan na hindi minamaliit at binabalewala ni Jesus ang relasyon natin sa ating pamilya (cf. 7:10-13). Gayunpaman, Kanyang itinuturo rito ang prayoridad ng espiritual kaysa sa natural na ugnayan.

3:35 Yaong mga sumusunod sa kalooban ng Diyos, hindi yaong bahagi lang ng isang pamilya, ang siyang bumubuo sa espirituwal na pamilya ni Jesus. Ang katagang “aking ina at mga kapatid” dito sa talata ay ‘figurative,’ o hindi dapat ituring na literal o pisikal. Kapansin-pansin na ang salitang “ama” ay hindi nabanggit sapagkat si Jesus ay may isa lamang na espirituwal na ‘Ama.’ At ang Kanyang mga espirituwal na kapatid at mga ina ay silang sumusunod at nagmamahal sa Kanya. Dito ay makikita natin na si Jesus ay may kapamahalaan na bigyang kahulugan o magbigay ng panibagong kahulugan sa kung ano ang pagiging isang ina at kapatid na nakaugnay sa ating pagsunod sa kalooban ng Diyos, sa halip na nakaugnay lang sa dugo at lahi (ikumpara. 6:1-6).[1]

Ang bahaging ito sa aklat ni Marcos (vv. 20-35) ay isang malaking kaaliwan para sa sinumang disipulo na dumaraan sa pag-uusig ng dahil sa kanyang pananampalataya. Ito ang kalagayan na pinagdaraanan ng mga orihinal na mambabasa ni Marcos noong panahong iyon. May iba sa mga disipulo na nahiwalay sa pamilya o kaya’y itinukuwil mismo ng kanilang pamilya ng dahil sa kanilang pagsunod sa kalooban ng Diyos. May iba naman na dumaranas ng matinding pagsalungat mula sa mga di-mananampalataya na mapanlait sa kanilang mabubuting gawa. Subalit yun nga, isa sa gantimpala para sa

[1]Edwards, p. 224.

sakripisyo ng gayong mga disipulo ay ang malapit at matamis na relasyon ni Jesu-Cristo sa kanila. Itinuturing ni Jesus ang gayong uri ng mga tao na Kanyang malalapit na kaibigan—sa katunayan, higit pa sa isang miyembro ng pamilya (ikumpara. Rom. 8:17).

2. Ang mga Pagtuturo ni Jesus sa pamamagitan ng Talinghaga 4:1-34

Ito ang una sa tatlong pinalawig na sesyon ng pagtuturo ni Jesus na itinala para sa atin ni Marcos (ikumpara. 7:1-23; 13:3-37). Ang tatlong talinghaga ni Jesus sa seksyon na ito ay naglalarawan sa kasalukuyang kalagayan ng kaharian ng Messias sa panahon ng Iglesia.

> "Ang buong katangian ng banal na Gawain na pinasimulan sa sandaling iyon hanggang sa pagdating ng Panginoon ay inilalarawan sa atin sa ikaapat na kabanata ng aklat ni Marcos."[1]

Ang mga talinghaga rito ay mga ilustrasyon o paglalarawan na nagtuturo ng katotohanan sa pamamagitan ng pagkukumpara (Gr. *parabole*, sa literal ay "bagay na itinapat o inilagay na katabi," yun ay, kamukha). May ilang mga talinghaga na mahaba, may ilan na maikling pagkukumpara, metapora, analohiya o salawikain (cf. 2:19-20, 21, 22; 3:24-25, 27). Maganda at tama ang popular na kahulugan ng talinghaga bilang isang makalupang kwento na nagtataglay ng makalangit na kahulugan. Ang paggamit ng talinghaga sa pagtuturo ay karaniwang ginagamit ng mga rabbi o dalubhasang tagapagturo. Si Jesus mismo ay napakahusay sa paggamit nito.

> "Ang isang talinghaga ay nagsisimula sa isang tila walang malay na *larawan* na kumukuha ng ating pansin at pumupukaw ng ating interes. Subalit kapag ating sinuri at inaral ang ibinigay na larawan, ito ay magiging *salamin* na magpapakita ng ating tunay na sarili. At kung patuloy nating titingnan ang larawan na ito na may pananampalataya, ang salamin na ito ay magiging isang *bintana* na kung saan madudungaw natin ang Diyos at ang Kanyang katotohanan. At ang uri ng pagtugon natin sa ipinaparating na katotohanan ang siyang magdidikta sa patuloy pang katotohanan na ituturo sa atin ng Diyos."[2]

Ang Tagpo 4:1-2 (ikumpara sa Mat. 13:1-3a; Lukas 8:4)

Maaaring naituro agad ni Jesus ang mga talinghagang ito pagkatapos ng kaganapan na naitala ni Marcos (3:20-35; cf. Matt. 13:1). Kung ganito nga, maitituturing natin na sobrang

---

[1]J. N. Darby, *Synopsis of the Books of the Bible*, 3:221.

[2]Wiersbe, 1:121.

naging abala si Jesus sa pagmiministeryo sa araw na iyon. Maaaring kasama rin sa araw na iyon ang mga kaganapang nakatala sa 3:19 hanggang 4:41 (ikumpara sa Mat. 12:22—13:53; Lukas 8:4-25). Magandang malaman na ayon kay Howard Hendricks, ang mga aklat ng Ebanghelyo ay nagtala lamang ng 52 mga araw sa buhay ni Jesus sa lupa.[1]

4:1 Ang salitang "Muling" (v. 1) ay bumabalik sa 3:7 at marahil pati na rin sa 2:13. Ang “bangka” (Gr. *ploion*) na sinakyan ni Jesus ay mas malaki kaysa sa karaniwang sinasagwang bangka (Gr. *ploiarion*, ikumpara. 3:7). Ang bangka na ito ay maaaring ang bangka na ginagamit sa pangingisda.

4:2 Si Mateo ay nagtala ng dalawang grupo ng mga talinghaga na ibinigay ni Jesus sa ganitong okasyon: ang apat rito ay sa pakinig ng maraming tao (Mat. 13:3b-35), at ang dagdag pang apat ay sa pakinig naman ng Kanyang mga disipulo (Mat. 13:36-52). Subalit kay Marcos, ang itinala lamang niya ay ang talinghaga ni Jesus sa pakinig ng maraming tao. Gayunpaman, parehas na itinala ng dalawang may-akda ang paliwanag ni Jesus sa mga talinghaga – bagamat ang pagkakasulat ng pangungusap ay hindi magkatulad. Ibinigay ni Jesus ang paliwanag sa Kanyang mga disipulo.

Ang Talinghaga tungkol sa Manghahasik 4:3-9 (cf. Matt. 13:3b-9; Luke 8:5-8)

4:3 Sinimulan at tinapos ni Jesus ang talinghagang ito sa pamamagitan ng mga tagubilin na dapat pag-isipang mabuti ng Kanyang mga tagapakinig: Ang sabi Niya, “Makinig kayo!” at “Makinig ang may pandinig” (vv. 3, 9, ikumpara. v. 23).

> "Ang sinabi rito ni Jesus ay katulad ng karatula sa kalye na nagsasabing, 'Stop—Look—Listen.' Sa madaling salita, makinig ng mabuti."[2]

4:4-9 Ang salaysay ni Marcos sa talinghagang ito ay halos parehas ng kay Mateo. Ito ang tanging talinghaga na naikwento ni Jesus sa isang araw at sa tagpong ito na naitala rin ng tatlong may-akda ng Ebanghelyo o ng Sinoptiko. Marahil ay makailang ulit na nai-kwento ni Jesus ang talinghaga ito sa Kanyang mga paglalakbay at pagtuturo at dahil rito’y pamilyar rito ang Kanyang mga alagad. Ito rin ay maituturing na susing-talinghaga

[1]Howard G. Hendricks, *Standing Together*, p. 61.

[2]McGee, 4:176.

sapagkat may mga sangkap sa talinghagang ito,, gaya ng “binhi,” na patuloy na makikita sa iba pang mga talinghaga na nai-kwento Niya.

Kakatwa ang mungkahi na ibinigay nina Rhoads at Michie na nagsasabing ang “interpretasyon para sa binhing nahulog sa batuhan ay tumutukoy raw kay Pedro (na ang ibig sabihin ay “Bato”) at sa mga alagad."[1] Subalit malabo ang pananaw na ito sapagkat sinasabi sa talatang 1 at 2 na ang pinatutungkulan ng talinghaga ay ang “napakaraming tao.”

Ang Paliwanag ni Jesus na Ibinigay Niya sa mga Alagad 4:10-29

Ito ang bahagi sa salaysay ni Marcos na kung saan ay itinala niya ang mga pangungusap ni Jesus sa pandinig lamang ng Kanyang mga alagad; hindi ito napakinggan ng maraming tao.

Ang Layunin ng Talinghaga 4:10-12 (ikumpara. Mat. 13:10-17; Lukas 8:9-10)

4:10 Si Marcos lamang ang nagtala na ang mga humiling kay Jesus na ipaliwanag ang mga talinghaga ay ang Labindalawa at ang ilan sa mga disipulo. Syempre, maliwanag na ang kanilang tanong ay tungkol sa bakit gumagamit si Jesus ng mga talinghaga sa pagtuturo; hiniling rin nilang ipaliwanag ni Jesus ang ibig sabihin ng mga ito. Ngunit sa halip na sagutin ni Jesus ang kanilang mga tanong sa malinaw at tuwirng paraan, Siya’y nagbigay ng tila palaisipang tugon; yun ay, sa katagang kailangan mong pagmuni-munihan.

4:11 Si Jesus ay naglagay ng pagkakaiba sa pagitan ng mga taong tumanggap ng Kanyang turo – na gaya ng Labindalawa (“sa inyo”) –at sa mga taong tumanggi rito, na gaya ng mga eskriba at Pariseo (o yaong “sa iba na nasa labas”). Syempre, silang mga “nasa labas” ay silang hindi kabilang at nakapaloob sa Kanyang mga dinidisipulo. Ayon kay Jesus, ang Diyos ang nagbibigay ng bagong kapahayagan para sa mga taong bukas ang puso kay Jesus – yun ay, pagbibigay ng “hiwaga” – tungkol sa kaharian at paghahari ng Messias. Hindi ipinagkakaloob ng Diyos ang kapahayagang ito sa mga taong sarado ang puso kay Jesus. Ang mga talinghaga ang siyang behikulo o daluyan ng mga kapahayagan na iyon. Sa mga taong bukas ang puso kay Jesus, sila’y nililiwanagan ng Banal na Espiritu upang maunawaan ang hiwaga; subalit sa kanilang sarado ang puso kay Jesus, ang talinghaga ay napakahirap unawain. Sa madaling salita, ang paggamit ng talinghaga ay

[1]Sina Rhoads at Michie, p. 128.

nagsisilbing panala o salaan upang bigyan ng malaking pagkakaiba ang dalawang uri ng taong ito.

> "Mayroong uri ng tila aritmetikang pag-unlad sa mga bagay na espirituwal; at sa kanya na mayroon ng natanggap, mayroon pang higit na ibibigay (Mat. 25:29). Ang kaunawaan sa isang talinghaga ay maghahatid pa ng espirituwal na kaliwanagan tungkol sa iba pang mga talinghaga. Sa kabaligtaran, ang kabiguan na hindi maunawaan ang kahulugan ng talinghaga o ng pahayag ay higit na maghahatid sa isang tao tungo sa makapal na hamog ng pagkalito hanggang sa tuluyang bumulusok siya sa yungib ng kadiliman at doon ay nangangapang parang bulag."[1]

> "Kung paanong ipinagpauna ng sabihin ni Jesus ang Kanyang darating na kamatayan noong nagpasya Siyang magpagaling sa araw ng Sabbath, yun ay, sa kabila na mayroong mga Pariseo na nagmamasid sa Kanya na taglay ang pagnanasang Siya'y mapatay (balikan ang 3:1-6 at ang komento); at kung paanong niloob Niyang piliin ang isang taong sa paglaon ay magtataksil sa Kanya (tingnan ang 3:16-19 at ang komento), gayundin naman, sa pamamagitan ng pagsasalita sa mga talinghaga, prinopesiya Niya ang Kanyang darating na kamatayan."[2]

Ang mga guro ng relihiyon noong panahon ni Jesus ay madalas na gumamit ng mga talinghanga, kaya pamilyar ang mga tagapakinig Niya sa pamamaraang ito ng pagtuturo. Subalit ang pagkakaiba ni Jesus sa mga rabbi o dalubhasang guro ng relihiyon noong Kanyang panahon, ay ang Kanyang paggamit ng talinghaga ay hindi para magbigay ng ilustrasyon o kaya'y magbigay ng paglilinaw, kundi upang magtago ng isang bagay.[3]

> "… ang tatlong talinghaga tungkol sa binhi [vv. 3-9, 26-29, at sa 30-32] ay nagbibigay ng ilustrayon tungkol sa iba't ibang aspeto ng Kaharian ng Diyos; ito'y sa pamamagitan

[1]Cole, p. 88.

[2]Gundry, p. 196.

[3]Edersheim, 1:580-81.

> ng pagpapakita sa soberanong paghahari ng Diyos na kumikilos sa kasalukuyan bagamat hindi sa paraang inaasahan ng relihiyong Judaismo."[1]

4:12 Ipinapakita sa talata na ginagawa ng Diyos sa pamamagitan ng gawain ni Jesus ang bagay na Kanyang ginawa noon sa pamamagitan ni Isaias ilang siglo na ang nakalipas. Ang talatang sinipi rito ni Jesus ay mula sa Isaias 6:9-10 na kung saan ay may ipinapakita Siyang pagkukumpara. Tungkol rito ay may isang manunulat na nagsabi na para raw kay Jesus, marami pa rin sa mga Judio noong panahong iyon ang maituturing na nasa espirituwal na pagkakatapon.[2] At siguro nga ay gayon. Marahil ay pwede rin nating sabihin na ang pangangaral ng banal na rebelasyon ay laging may 'dobleng epekto' sa mga tao (ikumpara. 1 Cor. 2:6-16). Sa madaling salita, laging ginagamit ng Diyos ang talinghaga upang liwanagan ang mga bukas ang puso at sa kabilang banda'y upang lituhin ang mga sarado ang isipan. At syempre, ang kanilang inabilidad o kabiguang maunawaan ang talinghaga ay mismong hatol ng Diyos sa kanilang hindi pagsampalataya (ikumpara. Rom. 11:25-32). Subalit yun nga, ang kaliwanagan at kaunawaan ay nangangailangan ng isang pusong bukas o positibo sa pagtanggap ng bagong pahayag na mula sa Diyos. At yun nga, ang malaman na ganito pala ang nangyayari sa tuwing may pangangaral ng Salita ay lubhang makakatulong sa mga alagad ni Jesus na papasok rin sa ministeryo ng pangangaral. At tiyak na ito'y nagbigay rin ng kalakasang loob sa mga orhinal na mambabasa ni Marcos habang kanilang ibinabahagi ang ebanghelyo sa iba. Naunawaan rin nila na laging mayroong dalawang uri ng tugon sa salita ng Diyos, at Oo, ito rin mismo ng nangyayari ngayon sa modernong panahon.

> "Ang hatol sa anyo ng talinghaga ay mahabagin. Kung papansining mabuti, ang talinghaga ay madali paring matandaan kahit ng mga sarado ang pag-iisip ng dahil sa ang kwento o pagkukumpara ay kakaiba at nakatatawag ng pansin. At kung sakali man na ang kanilang matigas na puso ay maging bukas sa sinasabi ng talinghaga, ang kahulugan nito ay magiging malinaw sa kanila at masasagip

---

[1]Guelich, p. 206.

[2]Douglas S. McComiskey, "Exile and the Purpose of Jesus' Parables (Mark 4:10-12; Matt 13:10-17; Luke 8:9-10)," *Journal of the Evangelical Theological Society* 51:1 (March 2008):59-85.

sila nito mula sa kahangalan ng pagtanggi sa maliwanag na katotohanang ipinapamukha na sa kanila."[1]

"Sa buong panahon ng ministeryo ni Jesus, madalas nating makikita ang paglabas ng dalawang motibo: yun ay, 'paghahayag' at 'pagtatago.' Sa isang banda, tinatawag at tinitipon ni Jesus ang mga tao tungo sa Kanya at sila'y Kanyang tinuturuan. Kaugnay nito, sinugo Niya ring humayo ang Labindalawa at ipinadama sa mga tao ang habag at kapangyarihan ng Diyos sa pamamagitan ng mga himala. Sa madaling salita, ang rebelasyon ng Diyos ay hindi dapat na gawin sa isang sulok lang; ito'y dapat na ipagsigawan sa madla. Gayunpaman, sa kabilang banda, sa pamamagitan ng talinghaga ay indirekta ang pagtuturo ni Jesus sa mga tao; hindi Niya ipinagkaingay ang Kanyang mga himala, at pinagbawalan pa nga ang mga demonyo na ipagsigawan ang Kanyang katauhan. Ang dalawang motibo na ito, na kinakailangan sa panukala ng Diyos, ay laging nasa tensyon – ang dahilan kung bakit may makikita tayong ilang salungatan (yun ay, sa pagitan ng utos na *egeire eis to meson* ["Halika rito!"] sa 3:3 at sa utos na manahimik o huwag ipagkaingay ang Kanyang ginawa)."[2]

"Ang rebelasyon ng Diyos ay tinatalukbungan upang ang tao ay magkaroon ng personal na pananagutan na magpasya. Ang tunay na pagbabalik-loob sa Diyos o ang tunay na pagsisisi (*epistrephein*) ay nangyayari sa pamamagitan ng banal na pagkilos ng Espiritu ng Diyos sa puso ng tao (*dedotai*). Subalit ito ay hindi mangyayari kung ang kadakilaan ng Diyos ay patuloy na may talukbong sa kanilang mga paningin. Kaya sa kabalintunaan na punto, ang pahayag ay tinatalukbungan para sa kapakananan na maisagawa ng tao ang kanyang kalayaan na sumampalataya."[3]

---

[1]Alfred Plummer, "The Gospel According to St. Mark," in *The Cambridge Greek Testament*, p. 124.

[2]Tingnan ang sinasabi ni Cranfield, p. 157.

[3]Ibid., p. 158.

Ang Paliwanag sa Talinghaga ng Manghahasik 4:13-20 (ikumpara. Mat. 13:18-23; Lukas 8:11-15)

4:13 Para kay Jesus, dapat sanang naunawaan ng mga alagad ang talinghaga tungkol sa manghahasik, sapagkat kung tutuusin, ito'y madaling lang naman maunawaan.

4:14 Hindi nagbigay si Jesus sa Kanyang mga alagad ng ilang mga prinsipyo ng interpretasyon para maipaliwanag ang mga talinghaga. Sa halip, nagbigay Siya ng isang halimbawang interpretasyon na kung saan ay pwede nilang gawing batayan o hulmahan para maunawaan ang iba pang mga talinghaga.

Ang "Salita" na inihahasik ni Jesus ay walang iba kundi ang mabuting balita tungkol sa kaharian ng Messias.

4:15-19 Ang mga tao ay may dalawang uri ng tugon – yun ay, negatibo o positibo – kapag napapakinggan nila ang mabuting balita. Nagkakaroon ng negatibong tugon kapag may isa sa tatlong dahilan ang nangyayari sa puso ng tao. At syempre, anuman ang dahilan, ang isang negatibong tugon ay hindi kapakipakinabang sa buhay ng tao.

> "Sa talinghaga, ang tatlong puso na hindi namunga ay yaong impluwensyado ng mga magkakaibang hadlang o kaaway: yun ay, *ang matigas na puso*—ninakaw ng diyablo ang binhi; *ang mababaw na puso*—ningas-kugon lang ang relihiyosong damdamin; *ang masikip na puso*—yun ay, pinasakip ng mga bagay ng mundo ang puso ng tao, at dahil rito'y hindi ito lumalago at namumunga tungkol sa mga bagay na para sa Panginoon. Ito kung gayon ang tatlong pangunahing mga kaaway ng Kristyano: pita ng laman, kamunduhan, at ang diyablo (Ef. 2:1-3)."[1]

4:20 Kabaligtaran sa mga ito, ang isang positibong tugon ay magbubunga ng mga bungang espirituwal. Subalit pansinin na ang mga bungang ito ay may magkakaibang dami at uri na nakadepende sa iba't ibang mga salik o dahilan.

---

[1]Wiersbe, 1:123.

May ilang mga mag-aaral ng Biblia na nais malaman kung aling lupa sa talinghaga ang tumutukoy sa mga Mananampalataya at Di-mananampalataya. Subalit hindi ito ang punto o nais iparating ni Jesus sa talinghaga na ito. Sapagkat, mananampalataya man o hindi, ang dapat at marapat na tugon sa Salita ng Diyos ay taus pusong pagtanggap. Hindi natin dapat hayaan ang mga balakid o mga kaaway ng ating puso na gawing walang bunga ang mensahe ng Diyos sa ating buhay. Kaya nga sa simula't sapul ng kasaysayan ng pangangaral ng Salita ng Diyos, ang mga tugon na makikita sa talinghaga ang siyang karaniwang mga pagtugon ng puso ng tao.

> "Ang mga salita at mga pangungusap ay maaaring malinaw, masigla, at nakakatawag pansin. Subalit nakasalalay pa rin sa tagapakinig kung ito ay titimo sa kanilang puso at mamumunga. Kung ang isang tao ay ang tipo ng tagapakinig na hanggang tenga lang—na siya'y walang mabuting tugon at walang pagpapasyang isabuhay ang kabuluhan nito—ang mga salita ng Diyos na kanyang narinig ay tiyak na mauuwi lamang sa wala. Sa madaling salita, ang kwento ng talinghaga ay tungkol sa responsibilidad ng tagapakinig na isabuhay ang kanyang napakinggan sa taus-pusong paraan. Dapat na may tugong-pagsunod at hindi pakikinig na labas-pasok lang sa tenga."[1]

Tiyak na ang mga orihinal na mambabasa ni Marcos noong panahong iyon ay nakadama ng malaking kaaliwan sa kwentong ito; na kung saan naaralan silang mabuti tungkol sa taus-pusong pagtanggap sa Salita ng Diyos—yun ay, na gaya ng sa matabang lupa. Sila ay naaralan na dapat pala silang mag-ingat sa mga kaaway at balakid na hahadlang sa kanilang puso na lumago at mamunga sa Salita ng Diyos.

"Ang buod na aral ng talinghaga ay ito: ang isang mabuting tagapakinig ay taus pusong nakikinig ng Salita ng Diyos at tinatanggap ito ng kanyang puso at kalooban. Kapag ganito, ang salita ng Diyos na kanyang napakinggan ay hindi kayang agawin ni Satanas. Ito'y dahil sa tumagos ito ng malalim sa kanyang puso at isipan, na anupa't maging ang pag-uusig ay walang kakayahan upang siya'y panghinain at ilayo sa pananampalataya.

---

[1]Moule, p. 36.

> At higit sa lahat, dahil ang kanyang pagtanggap ay eksklusibo o nakatalaga lamang para sa salita ng Diyos, hindi siya apektado ng kabalisahan sa mundo o ng kamunduhan. Dagdag pa, ang kaunawaan na dulot ng ganitong uri ng pagtanggap ay higit sa intelektuwal o utak na pagkakaunawa lang; ito'y nanunuot sa kaibuturan ng pagkatao, nakikita sa kanyang asal, komitment, at debosyon sa buhay. Kaya nga, ang hiwaga o usapin ng misteryo ay matutunghayan natin na may kinalaman pala sa pagtatatag ng Kaharian ng Diyos, hindi sa pamamagitan ng puwersa ng pulitikal na pananakop, kundi sa pamamagitan ng Salita, yun ay, sa pamamagitan ng pagtuturo at pangangaral. At syempre, ang isang tao ay maaaring makibahagi sa paghahari ng Diyos, hindi sa pamamagitan ng dahas, kundi sa pamamagitan ng tamang pagtugon sa mensahe ng Panginoon"[1]

Ang Talinghaga ng Ilawan 4:21-25 (ikumpara. Lukas 8:16-18)

Ang mga salita at pangungusap ni Jesus sa bahagi ng aklat na ito ni Marcos ay makikita rin sa ibang bahagi ng Sinoptiko o mga aklat ng Ebanghelyo. Pansinin mo, ang talatang 21 ay mababasa rin sa Mateo 5:15 at sa Lukas 11:33. Ang talatang 22 ay mababasa rin sa Mateo 10:26 at sa Lukas 12:2. Ang talatang 24 ay mababasa rin sa Mateo 7:2 at sa Lukas 6:38. Ang talatang 25 ay mababasa rin sa Mateo 13:12 at 25:29, dagdag na rin sa Lukas 19:26. Syempre, ang ganitong bagay ay hindi nangangahulugan na ang aklat ni Marcos ay walang orihinalidad. Sa halip, ipinapakita ng talang ito na ang mga pangungusap at turong ito ay madalas palang gamitin ni Jesus sa Kanyang lakbay-pagtuturo. Tandaan natin na si Jesus ay isang itineraryong mangangaral na naglalakbay sa iba't ibang dako; at karaniwan sa isang mangangaral na gamitin ang parehas na mensahe at ilustrasyon sa magkaibang lugar at mga tagapakinig.

4:21 Ipinagpatuloy ni Jesus ang Kanyang pagtuturo sa mga disipulong nais pang matuto (ikumpara. vv. 10-20). Ang "ilawan" na tinutukoy Niya rito ay isang maliit na lampara na ang hugis ay parang isang mangkok na may hawakan; ito ay gawa sa luwad. Sa loob nito ay may piraso ng tela na nagsisilbing mitsa. Karaniwan na isang kutsarita lamang ng langis ang kailangan para sa pagpapailaw ng lamparang ito. Ito ay madalas na isinasabit sa isang lagayan o "takalan" na nakadikit sa pader. Ang "takalan" rito ay parang isang basket na dinisenyo para gayong ilawan.

[1]Gundry, pp. 206-7.

Tila ang ilawan rito ay tumutukoy sa iluminasyon o kapaliwanagan na ibinigay ni Jesus hinggil sa layunin ng mga talinghaga – at pati na rin syempre maging sa kahulugan ng talinghaga ng manghahasik. Sa madaling salita, hindi Niya nais na itago ng Kanyang mga disipulo ang paliwanag na kanilang napakinggan. Gusto Niya na ito'y kanilang ibahagi at ihayag – yun ay, ang ihayag ang mensahe tungkol sa Kaharian ng Messias. Sa kasalukuyan, sa ating mga Kristyano, tayo ay hinihikayat na ibahagi ang mga bagay na ipinahayag ng Diyos sa Kanyang Salita, ang Biblia (ikumpara. Awit 119:105).

Ngunit, may isang interpretasyon na naniniwala na si Jesus mismo raw ang 'Ilaw' na hindi dapat itago ng Kanyang mga alagad.[1] Sa ibang dako ng Kasulatan ay sinabi ni Jesus na Siya ang Ilaw ng sanlibutan (Juan 8:12). Gayunpaman, sa kontekstong ito, tila ang 'liwanag' ay tumutukoy sa banal na kapahayagan ng Diyos. Sa Biblia, ang "liwanag" ay mayroong metaporikal na kahulugan na naglalaro sa dalawang punto: 'pahayag ng Diyos' at si 'Jesus.'

4:22 Ang nakaraang talata ay naglalaman ng talinghaga, subalit ang talatang ito ay nagpapahayag ng literal na realidad. Syempre, hindi karaniwan sa mga tao na itago magpakaylanman ang mga bagay na mahalaga. Pansamantala lamang ang pagtatago ng mga ito, sapagkat kung itatago ang mga ito magpakaylanman, ito'y parang magiging walang kabuluhan at maaaring maglaho. Isa pa, kung ang mga ito man ay itinatago, ito'y para sa layunin na protektahan ang mga ito mula sa pagnanakaw o pag-aabuso ng ibang tao. Halimbawa, kapag may isang tao na nagmamay-ari ng isang mamahaling alahas o isang napakahalagang sining, ito ay karaniwang ilalagay niya sa isang ligtas na lugar na hindi mananakaw o masisira. Subalit may mga pagkakataon na ito ay kanyang gagamitin o ipapakita sa publiko. Kung itatago ng may-ari ang mga mahahalagang bagay na gaya nito magpakaylanman, hindi nito naisasakatuparan ang kanyang layunin, yun ay, ang magbigay ng lugod sa mga makakakita nito.

Kaya nga, hindi dapat isipin ng mga disipulo na dahil sa ang Diyos ay may itinagong mga bagay tungkol sa kaharian ng Messias – na ngayon ay inihahayag na ni Jesus – ay para bang habambuhay na Niya itong itatago.

---

[1]Yun ay, gaya ni Wessel, p. 652.

Nais ng Diyos na ito ay kanilang ipahayag at ito na nga ang itinakdang panahon na dapat ihayag ang mga iyon sa publiko.

> "Ang kaharian ng Diyos, na ngayon ay kinakatawan ng Persona at ministeryo ni Jesus, ay isa ng nahayag na katotohanan sa mga taong nasa labas. At hangad Niya na ang kapahayagan nito ay higit na makita at madama sa ministeryo ng Kanyang mga alagad."[1]

4:23 Ang bagay na sinabi ni Jesus sa maraming taong nakikinig sa Kanya tungkol sa pakikinig na may unawa (v. 9) ay Kanya na ngayong inuulit, at partikular na sinasabi sa Kanyang mga alagad. Oo, kaya nilang makinig, subalit kailangan nilang husayan ang pakikinig sa Kanyang sinasabi.

4:24 Kailangan na magkaroon ang mga disipulo ng sapat na antas ng pagsusuri sa mga bagay na kanilang napapakinggan. Ang sukat ng pag-iingat at pagsusuri na kanilang ibinibigay ang siya ring sukat ng pakinabang na kanilang matatanggap mula sa banal na pahayag. Higit na pagpapalain ng Diyos ang mga disipulong taus-pusong nakikinig sa Kanyang mga salita. Ang pagpapalang ito ay lubhang napakalaki, sapagkat “ang mayroon ay bibigyan pa.”

4:25 Kapag ang isang tao ay nagsumikap na gumawa ng isang mabuti at mahusay na bagay, may higit pa siyang nakakamit na pakinabang. Halimbawa, ang mga empleyado na nagtratrabaho ng husto ay madalas na nakatatanggap ng bonus mula sa kanilang mabuting boss, dagdag sa kanilang regular na kita. Gayundin naman, kapag ang isang disipulo ng Panginoon ay nagbibigay ng higit pang pansin at panahon sa pagkakaunawa ng pahayag o mensahe na ibinigay ng Diyos, pinapalago rin ng Diyos ang kanyang kakayahan na makakalap pa at makaunawa ng banal na mensahe. Subalit, dapat nating maunawaan na ang prinsipyong ito ay totoo rin sa kanyang kabaligtaran. Ibig sabihin, ang isang tao na hindi ginagamit ang kanyang kakayahan na umunawa at tumugon sa mensahe ng Diyos ay tiyak at tuluyan na mawawalan ng gayong kakayahan. Kailangan ng mga alagad na gamitin ang kanilang pagkakaunawa kay Jesus at sa Kanyang kaharian—sa pamamagitan na rin ng pamamahayag ng ebanghelyo—sapagkat kung hindi, mawawala nila ang kanilang kakayahan at kaunawaan. Sa madaling salita, ito ay

[1]Hiebert, p. 107.

panawagan sa mga disipulo ni Cristo na patuloy at patuloy pang lumago sa Panginoon (ikumpara sa. 2 Ped. 3:18, na para sa akin ay ang susing talata ng liham).

Ang Talinghaga ng Binhing Tumutubo 4:26-29

Dahil ang talinghaga na ito ay lumalabas na karagdagan at nakaugnay sa talinghaga ng manghahasik, maaaring ito ay ipinahayag rin ni Jesus sa maraming tao (ikumpara. vv. 1-9). Kapansin-pansin na si Marcos lamang ang nagtala ng ganitong talinghaga. Bawat talinghaga na ipinangusap ni Jesus sa mga tao ay nagbibigay ng tanglaw sa katotohanan ng kaharian ng Messias. Ang talinghagang ito ay nahahalintulad sa talinghaga ng lebadura na nakatago sa tatlong takal na harina (ikumpara. Mat. 13:33; Lukas 13:20-21).

4:26 Ang katauhan ng taong naghasik sa talinghaga ay hindi mahalagang malaman, bagamat kung iuugnay natin ito sa naunang talinghaga, maaaring ang taong ito ay tumutukoy kay Jesus o sa Kanyang mga alagad.

4:27 Ang mahalaga at kapansin-pansing elemento sa kwento ay kung paanong ang binhi ay tumutubo. Sa naunang talinghaga, ang binhi ay tumutukoy sa mabuting balita tungkol sa paghahari ng Diyos. Parehas rin ang tinutukoy sa talinghagang ito. Ang pangunahing pansin sa talinghaga ay ang binhi.[1]

Ang binhi ay naitanim sa lupa at kahangahangang tumubo mula rito na hindi nangangailangan ng tulong mula sa naghasik. Ang Diyos ang siyang nagpapatubo nito. Syempre, alam ng mga magsasaka ang mga kondisyon na nakakatulong o nakakahadlang sa paglago ng binhi, subalit hindi nila alam ang proseso kung paano ito tumutubo at lumalago. Diyos lamang ang gumagawa nito.

4:28 Ang lupa mismo ang siyang nagpapatubo sa binhi sa awtomatikong pamamaraan habang dinadaanan ng binhi ang mga yugto ng pagtubo mula sa pagsibol hanggang sa paglago. Kapansin-pansin na sa wikang Griego, ginamit ni Jesus ang salitang *'automate'* ("sa kanyang sarili" na may kinalaman sa 'binhi') na nasa empatikong kalagayan sa pangungusap. Ibig sabihin, binibigyan Niya ito ng pansin at diin. Sa 'Ang Biblia' na salin sa Tagalog ay makikita mo ang salitang ito.

> "Ang Salita ng Diyos, kapag naitanim ng maayos, ang siyang sapat at tanging kailangan sa paglago. Kaya nitong

[1]Guelich, p. 240.

> patubuin ang kanyang sarili; ito ay puno ng buhay at kapangyarihan (Heb. 4:12)."[1]

4:29 Sa bandang huli, ang manghahasik na wala namang ginawa para patubuin ang binhi sa lupa ay bumalik sa kanyang taniman bilang isang tagapag-ani. Dito ay tila ipinapahiwatig na si Jesus na nagtanim ang Siya ring tagapag-ani.

> "Si Cristo ay dumating upang maghasik, at Siya'y magbabalik upang umani. Ngunit sa kasalukuyan, nasa mahiwagang kamay muna ng Banal na Espiritu nakasalalay ang pagpapalago sa Iglesia at sa kaluluwa ng mga mananampalataya."[2]

Ang talinghaga na ito ay nagbigay sa mga disipulo ng kaaliwan at lakas ng loob sapagkat ipinapaunawa nito na ang pangangaral ni Jesus at maging ang kanilang pangangaral ay tutubo sa tamang panahon. Papatubuin ng Diyos ang binhi na kanilang itinanim sa pandinig at puso ng mga tao tungo sa isang bagong buhay at malagong kalagayan. Nangangahulugan ito na ang paglago ng komunidad ng mga mananampalataya ay darami, bagamat walang sinuman ang makapagpapaliwanag kung bakit ito lumalago; maliban sa ito'y gawa mismo ng kamay ng Diyos (ikumpara. Mat. 16:18). At sa bandang huli, magkakaroon ng isang malaking pag-aani, ayon sa itinakdang panahon ng Diyos.

Marahil, ang talinghaga na ito ay isa ring tulay sa kasaysayan, yun ay, mula pa lang sa araw na isinagawa ni Jesus ang unang paghahasik ng mga binhi ng Salita ng Diyos, hanggang sa ito'y malubos at humantong sa isang dakilang pag-aani na magaganap sa katapusan ng tinaguriang 'milenyal,' o 1,000 taon na paghahari ni Jesus sa daigdig.

Mayroong isang interpretasyon sa talinghaga na nagsasabi na ito ay tumutukoy raw sa panloob na paglago sa buhay ng mga indibidwal na mananampalataya.[3] Subalit ang problema sa interpretasyon na ito ay may kinalaman sa katangian ng kaharian ng Diyos. Ang kaharian ng Diyos ay hindi limitado sa internal o panloob na palago, kundi ito rin ay mayroong external o panlabas na paglago.

Samantalata, may ilang tagapagturo na nagbibigay ng interpretasyon na ang talinghaga ay naglalarawan sa mahiwagang pagdating ng kaharian ng Messias sa panahon ng pag-

---

[1]Lenski, pp. 186-87. Tingnan rin sa p. 189.

[2]Swete, p. 85.

[3]Yun ay gaya nina Cole, p. 94; R. C. Trench, *Notes on the Parables of Our Lord*, p. 291.

aani.[1] Subalit ang binibigyang diin sa talinghaga ay ang paglago ng binhi, hindi ang pag-aani. Dagdag pa, ang ilang mga pahayag tungkol sa kaharian ng Messias ay nagpapakita na ito ay maitatatag bago maganap ang dakila at huling pag-aani sa katapusan ng panahon (yun ay, Araw ng Paghuhukom).

Ngunit dagdag pa sa mga interpretasyong ito, may isa pang paniniwala na nagsasabi na ang yugto ng paglago ay tumutukoy sa tinaguriang 'inter-advent' na panahon, yun ay, ang panahon sa pagitan ng una at ikalawang pagdating ni Cristo. Ang pag-aani ay magaganap sa pagbabalik ni Jesus upang itatag ang Kanyang kaharian sa daigdig.[2] May ilan sa mga humahawak sa pananaw na ito na tinitingnan ang "kaharian" dito sa talinghaga bilang tinaguriang "misteryong anyo" ng kaharian—na iba sa milenyal na kaharian. Samantala, may iba na naniniwala na ang 'inter-advent' ay hindi naiiba sa messianikong kaharian, kundi ito ang unang anyo o ang 'unang yugto' nito—ibig sabihin, ang milenyal na kaharian (millennial kingdom) sa lupa ay ang ikalawang anyo o ikalawang yugto. Ito ang interpretasyon na nagugustuhan ko.[3]

Ang Talinghaga ng Butil ng Mustasa 4:30-32 (ikumpara. Mat. 13:31-32; Lukas 13:18-19)

Ang ikatlo at ang huling talinghaga na ibinigay ni Jesus sa mga tao, na itinala ni Marcos para sa atin, ay nagbibigay ng diin sa pagkakaiba ng napakaliit na simula ng kaharian ng Messias at sa kahangahangang paglago at dakilang paglawak nito.

4:30 Pinasimulan ni Jesus ang talinghagang ito sa pamamagitan ng dalawang retorikal na tanong (yun ay, mga tanong na halatado na ang sagot). Marahil ay ginamit Niya ang mga tanong na ito upang kunin ang atensyon ng mga nakikinig.

4:31-32 Nang dumating si Jesus na nangangaral tungkol sa "malapit" ng pagdating ng kaharian ng Langit, Siya'y nagsimula rin ng mga paghahanda para sa pagdating ng kahariang iyon: yun ay, itinanim Niya ang binhi. At ang pasimulang iyon sa panlabas na anyo ay hindi natin maituturing na ganap na kahangahanga at dakila. Bagamat si Jesus ay nagkaroon ng maraming mga tagasunod, ngunit iilan lamang talaga ang naging matapat na alagad Niya. Gayunpaman, tinitiyak sa talinghagang ito na sa itinakdang panahon, ang kaharian ng Messias ay magiging kahangahanga at ito ay gagawa ng dakilang pananakop sa buong daigdig. Ayon sa propesiya ng

[1]Yun ay sina Cranfield, p. 168; J. Jeremias, *The Parables of Jesus*, pp. 152-53; at Wessel, pp. 652-53.

[2]Yun ay sina J. Dwight Pentecost, *The Parables of Jesus*, pp. 49, 53; at Grassmick, p. 121.

[3]Tingnan ang Appendix 1: The Kingdoms of God, at Appendix 2: Views of the Messianic Kingdom, sa huling bahagi ng komentaryong ito.

Banal na Kasulatan ng mga Hebreo, ang sakop at lawak ng kahariang iyon ay sa buong daigdig, na kung saan ang mga Judio at Hentil ay kapwa kabilang (Aw. 2; Ezek. 17:22-24; 31:6; Dan. 4:12; atbp.). Kaya nga, sa pagitan ng panahon ng pinasimulang ministeryo ni Jesus sa lupa at sa Kanyang pagbabalik upang maghari bilang tagapagmana ng trono ni David sa Israel, ang Kanyang messianikong kaharian ay makakaranas ng malawakan at pandaigdigang paglago.

Ang naging pasimula ng kaharian ng Messias ay napakaliit at minsa'y nakapanghihina ng loob sa panlabas na tingin. Isipin mo: Dumanas si Jesus ng mga matinding pagtanggi ng mga tao at iniwan Niya ang mundong ito na parang isang talunan. Subalit sa itinakdang panahon ay itatatag ng Diyos ang kaharian ng Messias—ayon mismo sa propesiya ng mga propeta sa Lumang Tipan at ayon sa sinabi ni Jesus—ito ay magiging isang pandaigdigang organisayon na mangingibabaw sa lahat ng aspeto ng buhay. Ang pag-asang ito ang siyang nagbibigay ng lakas sa mga mananampalaya noon, lalo sa kanilang dumaraan sa pag-uusig. At tayo rin naman sa panahong ito ay magkakaroon rin ng sigla na magpatuloy sa ating mga pagsusumikap na palaganapin ang ebanghelyo yamang alam natin na ang ating mga pagpapagal ay hindi mawawalan ng kabuluhan.

> "Bagamat karaniwang ginagamit sa Palestina ang buto ng musta bilang halimbawa ng pinakamaliit na buto, may mas maliit pa rito. Ngunit ito'y ginamit sapagkat ang pagtubo tungo sa pagiging isang puno ay kahangahanga."[1]

> "Ang halimbawa ng buto ng mustasa ay dapat na magpaalala sa atin na hindi natin dapat hatulan ang pakinabang at halaga ng isang resulta batay sa laki o sukat ng kanyang simula o pinagmulan."[2]

Ang Buod ng Konklusyon 4:33-34 (cf. Mat. 13:34-35)

Tinapos ni Marcos ang salaysay ni Jesus tungkol sa mga talinghaga ng Kaharian ng Langit sa pamamagitan ng pagpapaliwanag ng layunin at pamamaraan kung bakit ito ginamit ni Jesus.

---

[1]Mann, p. 271.

[2]Nineham, p. 144.

Ang mga ito ay ilan lamang sa mga talinghagang ginamit ni Jesus upang ituwid ang mga karaniwan at popular na ideya tungkol sa kaharian ng Messias. Ang ilan sa mga talinghaga na itinuro ni Jesus ay itinala rin ni Mateo sa kanyang aklat: ang mga ito ay, ang talinghaga tungkol sa mga damo sa triguhan (Mat. 13:24-30, 36-43) at ang talinghaga ng lebadura na nakatago sa takal ng harina (Mat. 13:33) na itinuro Niya sa mga tao. Samantala, itinuro naman Niya sa mga disipulo ang talinghaga tungkol sa nakatagong kayamanan (Mat. 13:44), ang perlas na mahalaga (Mat. 13:45-46), ang lambat (Mat. 13:47-50), at ang kayamanang bago at luma (Mat. 13:52).

Ang mga talinghaga ay maihahalintulad sa isang pain na tumatawag ng pansin sa mga tao ("sila," tingnan sa. vv. 1-2). Ito ang nagpapanatili ng kanilang pansin upang hanapin ang kaloob na inaalok ni Jesus; syempre, kabilang na rito ang kapahayagan ng Kanyang katauhan bilang Diyos na nagkatawang-tao. At kapag ang isang tao ay sumusunod kay Jesus bilang isang disipulo, ipinapaliwanag ni Jesus sa kanya ang tunay na katangian ng Kanyang kaharian upang mas higit pa niya itong maunawaan at maging handa para rito.

Nang sinabi ni Marcos na si Jesus ay laging nagsasalita sa mga tao sa pamamagitan ng talinghaga (v. 34), ito ay nangangahulugan na ginagawa ito ni Jesus sa indirektang paraan, o kaya'y sa pamamagitan ng pananalitang mapapaisip ka.[1]

Ang tatlong talinghaga na pinili ni Marcos na itala sa kanyang aklat ay nagpapakita ng tatlong mahahalagang katotohanan tungkol sa kaharian ng Messias. Ang talinghaga ng manghahasik ay nagpapakita na mayroong iba't ibang pagtugon sa mabuting balita ng kaharian ng Messias. Ang talinghaga ng binhing tumutubo ay nagtuturo na ang mabuting balita ay may kakayahang patubuin ang kanyang sarili. Ang talinghaga ng buto ng mustasa ay nagpapakita na bagamat ang salita ay munti lamang, ito ay may kakayahang lumago tungo sa isang napakalaki, napakayabong, at kapakipakinabang na puno.

Kapag tayo ay nagpapahayag ngayon ng ebanghelyo, ating ipinapangaral ang mabuting balita tungkol sa kaharian ng Messias. Subalit hindi ko tinutukoy na na ang ebanghelyo ng kaharian ng Messias na ipinangaral ni Juan Bautista, ng Panginoong Jesus, at ng Kanyang mga alagad ay parehas sa 'ebanghelyo ng biyaya' ng Diyos na ating ipinapangaral ngayon. Ang kanilang partikular na pokus ay sa iminente o sa nalalapit na pagdating ng kaharian ng Messias; yun ay, ang kaharian ng Messias ay maaaring dumating anumang oras noong panahong iyon—yun ay, kung tinanggap lang sana ng mga Judio ang kanilang Messias. Subalit tayo sa panahong ito, ang ating pokus ay sa pagtitiwala sa Messias. Gayunpaman, kung paanong ang kanilang ebanghelyo ay kinasasangkapan ng pagtitiwala sa Messias, ang ating mabuting balita ay may sangkap

[1]Cranfield, pp. 171-72.

rin ng paghahanda sa pagdating ng paghahari ng Messias. Sa madaling salita, ang paparating na kaharian ng Messias sa lupa ay dapat na maging isang mahalagang bagay sa kaisipan, motibasyon, at pangangaral ng mga disipulo ni Cristo sa modernong panahon (ikumpara. Mat. 6:10).

C. Ang Kapahayagan ng Kapangyarihan ni Jesus at ang Pagtanggi sa Nazareth 4:35—6:6a

Nakatatawag pansin na sa kabila ng mga ipinakitang demontrasyon ng supernatural na kapangyarihan, bigo pa rin ang mga tao na makita si Jesus sa Kanyang tunay na katauhan. Bakit? Sapagkat ang iluminasyon o kaliwanagan ay nagmumula lamang sa Diyos bilang isang kaloob (Mat. 16:17). Ang seksyon na ito sa aklat ni Marcos ay higit na nagpapakita ng mga katibayan tungkol sa katauhan ni Jesus (4:35—5:43) at maging ng kabiguan ng Kanyang mga kababayan na maunawaan kung sino talaga Siya (6:1-6a).

1. Ang Kapahayagan ng Kapangyarihan ni Jesus 4:35—5:43

May apat na himala sa seksyong ito. Pinatunayan ni Jesus ang Kanyang mga salita (vv. 1-34) sa pamamagitan ng Kanyang mga gawa (4:35—5:43). Nagpamalas Siya ng kapangyarihan sa kalikasan, laban sa mga demonyo, sa karamdaman, at sa kamatayan. Ang layunin ng mga himalang ito ay upang ipakita na si Jesus ay may abilidad at awtoridad laban sa anumang kapangyarihan na lumalaban sa Diyos.[1]

Ang Pagpapatahimik sa Bagyo 4:35-41 (cf. Mat. 8:18, 23-27; Lukas 8:22-25)

Marami sa mga katangian ng salaysay ni Marcos ay nagpapakita na ang mga ito ay nagmula sa mga nakasaksi ng pangyayari: marahil ay si Pedro. Ilan sa mga kataga na nagpapahiwatig ng mga ito ay ang mga sumusunod: “Kinagabihan” o “Nang gabing iyon” (v. 35), "iba pang mga bangka " (v. 36), “hulihan ng bangka” “nakahilig sa unan” (v. 38), at maging ang pagkatakot at pagkamangha ng mga disipulo (vv. 38, 41).

4:35-36 Si Jesus at ang Kanyang mga alagad ay tumawid mula sa kanluran tungo sa silangang bahagi ng Lawa ng Galilea (ikumpara. 5:1). Kakaunti lamang ang taong nakatira sa silangang bahagi. Halatado sa scenaryong ito na nais ni Jesus na makaalis na mula sa napakaraming mga tao na nagbibigay sa Kanya ng kapaguran sa buong araw (3:20—4:34)—at pati na rin sa nakaraan pang mga araw. Hindi karaniwan kay Marcos na maglagay ng tumpak na oras sa isang pangyayari. Ngunit rito, inilagay niya ang

[1]Lane, p. 173.

katagang “kinagabihan” (v. 35) upang ipaalam sa kanyang mga mambabasa ang labis na kaabalahan ni Jesus sa araw na iyon na anupa’t kinailangan Niya munang lumayo sa mga tao upang makapagpahinga.

4:37 Ang Lawa ng Galilea ay madaling puntahan ng mga biglaang matinding bagyo na dulot ng heograpikal na kalagayan ng lawa.

> "Ang klima ay agad-agad na nagbabago ng dahil sa pagbabanggaan ng mainit at malamig na hangin na mula sa silangan at kanluran, na nagsasalubong sa isang makipot na bahagi ng Lawa, at pagkatapos ay bumubuo ng isang biglaan at napakalakas na bagyo. Ang lawa ay kilalang-kilala sa pangyayaring ito."[1]

4:38 Si Jesus ay maaaring natulog sa isang upuan na nasa hulihang bahagi ng bangka sapagkat doon ay may unan. Si Jesus ay talagang pagod na pagod sa tagpong ito sapagkat kahit na may biglang dumating na napakalakas ng bagyo, Siya ay tulog pa rin. At yun nga, pinapatunayan ng pisikal na kapaguran na ito na si Jesus ay tunay na tao – Anak ng Diyos na nagkatawang tao. Kapansin-pansin na ito ang tagpo na kung saan sina Mateo, Marcos, at Lukas ay parehas na nagtala na si Jesus ay natutulog, bagamat syempre may iba pang tagpo na si Jesus ay itinala nilang natutulog.

> "Dito ay makikita natin na si Jesus ay napakalaking kabaligtaran kay Jonas. Sa Lumang Tipan, si Jonas ang lumayas na propeta na nagawa ring matulog sa gitna ng napakalakas na bagyo sa dagat. Subalit kumpara kay Jesus, ang puso ni Jonas ay sumuway sa Diyos. Ang masuwaying presensya ni Jonas ang naghatid ng matinding bagyo sa karagatan. Subalit si Jesus ay natutulog sa bangka na may pusong masunurin sa Diyos; ang Kanyang presensya ay naghatid ng katiyakan ng kaligtasan mula sa matinding unos."[2]

Si Marcos lamang ang nagtala ng hindi magandang pangungusap na nasabi ng mga alagad nang ginigising nila si Jesus. Syempre, ang mga pananalitang iyon ay hindi magandang sabihin sa Anak ng Diyos, bagamat

---

[1]G. A. Smith, *The Historical Geography of the Holy Land*, pp. 441-42.

[2]Trench, *Notes on the Miracles …,* p. 153.

masasabi natin na wala pa rin talaga kasi silang ganap na pagkakilala kung sino si Jesus. Hindi nila nagustuhan na si Jesus ay tila walang malasakit sa kanilang mapanganib na kalagayan. Pansinin mo rito ang pagkakaiba sa pagitan ng napakatinding kabalisahan ng mga alagad at ng payapang tulog ni Jesus sa bangka – na itinuring ng mga alagad na para bang wala Siyang pakialam sa kanilang nararanasan.

> "Ang tinig ng mga alagad ay tinig ng kawalang-pagtitiwala, na karaniwang sumasalamin rin sa kasalukuyang karanasan ng mga mananampalataya ngayon na dumaraan sa matinding pagsubok ng buhay, at nag-iisip at nakakaramdam na tila sila'y iniwan at pinabayaan ng Panginoon."[1]

May mga matitibay na dahilan upang ang mga alagad ay hindi dapat sanang matakot sa gayong kalagayan: Una, sinabi ni Jesus na sila'y tatawid sa kabilang ibayo; nagpapahiwatig ito na sila'y makakarating roon (v. 35). Ikalawa, kasama nila si Jesus. Hindi sila pwedeng mamatay sa tagpong iyon, lalo na si Jesus, sapagkat hindi roon at sa oras na iyon ang tagpo ng kamatayan ni Jesus. Ikatlo, si Jesus ay payapang natutulog sa bangka at hindi natatakot sa bagyo. Ikaapat, napakaraming beses ng ipinakita ni Jesus ang Kanyang habag sa kanilang buhay at maging sa buhay ng napakaraming mga tao.

> "Makailang beses mo na bang mabilis na nalilimutan sa oras ng pagsubok ang mga bagay natutunan mo sa oras ng masaganang pagtuturo?"[2]

4:39 Si Marcos lamang ang ebanghelista na nagtala ng pangungusap na sinabi ni Jesus. Kung titingnan ang pangungusap Niya sa wikang Griego, para Niyang kinausap ang nagwawalang bagyo na tulad ng pagpapatahan sa isang umiiyak at maingay na bata ('Tahan na, tumahimik na at huwag ka ng maingay'). At ang elementong ito ng kalikasan ay tumugon naman sa Kanya. Ang hangin ay tumahimik at ang mga alon ay pumayapa.

> "Sa ginawa Niyang pagpapatahimik ng bagyo (4:35-41), ang "saway" Niya sa hangin at sa tila "pagpapatikom sa bibig" ng rumaragasang alon ng dagat ay nasa wika ng 'exorcism'

[1]Hiebert, p. 115.

[2]Charles R. Swindoll, *The Swindoll Study Bible*, p. 1195.

> o pagpapalayas ng masamang espiritu. Ito ay nagpapaalala sa kapangyarihan ng salita ng Diyos noong nilikha Niya ang lahat ng bagay mula sa kawalan at mula sa kalagayang walang kaayusan."[1]
>
> "Sa paraan ng pagsasalaysay ni Marcos, ang dagat ay lumalarawan sa lugar ng kaguluhan at kawasakan; ngunit lumalarawan rin ito sa lugar ng pagtuturo at ugnayan o 'fellowship'."[2]

4:40 Hindi nalugod si Jesus sa ipinakita at ipinadamang mababaw o napakaliit na pananampalataya ng Kanyang mga alagad (ikumpara. 7:18; 8:17-18, 21, 32-33; 9:19). Ang tanong na "Wala ba kayong pananampalataya? " ay nangangahulugan mismo na wala silang pagtitiwala sa Kanya sa partikular na okasyong ito. Syempre, nakapagpakita na rin sila ng pananampalataya sa Kanya sa ibang mga okasyon. Gayunma'y hindi pa rin nila nauunawaan na si Jesus ay Diyos—ang Anak ng Diyos na may kapangyarihan at humahawak sa takbo ng kalikasan (ikumpara. Aw. 89:8-9; 104:5-9; 106:8-9; 107:23-32).

> "Umaasa si Jesus na sana'y may malalim at malapit ng pagkakaunawa ang Kanyang mga alagad. Subalit ang ipinakita nila'y isang kakulangan. Tuloy, ang kinalabasan ay hindi magandang ugnayan sa pagitan nila. Subalit kapansin-pansin na ang mga pangyayaring gaya nito ay madalas maganap kapag sila'y nasa bangka at noong may pinakain si Jesus na libo-libong mga tao. Gayunma'y ang nakatatawag ng pansin sa mga tagpong ito ay ang pagdating at kaganapan ng mga himala."[3]

4:41 Sa talatang ito ay makikita natin na ang mga alagad ay mas lalong natakot at nanginig kumpara sa kanilang naramdamang takot nang hinahampas ng hangin at binabangga ng alon ang kanilang bangka. Ang salitang Griego na ginamit ni Marcos ay, *ephobethesan phobon* (na kuha rin sa salin sa Tagalog na "sinidlan ng malaking takot "). Ang katagang ito ay karaniwang ginagamit kapag ang isang tao ay nakadarama ng isang hindi

---

[1]Edwards, p. 223.

[2]Ellenburg, p. 175.

[3]Kingsbury, p. 97.

> maipaliwanag na pagkamangha sa presensya ng isang supernatural na kapangyarihan (ikumpara. 16:8). Nasaksihan na nila si Jesus na gumawa ng maraming mga himala ng pagpapagaling at pagpapalayas ng mga demonyo. Subalit ang pangyayaring ito na kanilang nasaksihan ay bago sa kanilang paningin at kaalaman. Dito nila nasaksihan ang sakop ng awtoridad ni Jesus (ikumpara. Awit 107:23-30). Gayunpaman, sinasabi sa talata na hindi pa rin nila naunawaan o nakilala ang katauhan ni Jesus. Ito ay maliwanag na ipinapahiwatig sa kanilang tanong.

Ang kwentong ito ay dapat na magbigay ng lakas ng loob at kaaliwan sa bawat indibidwal at sa lahat ng mga tagasunod ni Jesus, na Siya'y may kapangyarihan at kontrol sa kalikasan at sa anumang kaganapan sa buhay. At syempre, Siya'y mayroong habag at pagmamalasakit na sila'y ingatan at pangalagaan. Ito ay tiyak na napakalaking kaaliwan sa mga orihinal na mambabasa ni Marcos na unang nakabasa ng aklat na ito at dumaan sa matinding pag-uusig.

> "Hindi nakapagtataka na sa panahon at kasaysayan ng sinaunang Iglesia, may makikita na mga sining at larawan na kung saan ang Iglesia ay inihalintulad sa isang bangka na naglalakbay sa isang maalon at binabagyong dagat. Ngunit si Jesus ay nasa gitna ng bangka, at dahil rito'y ang mga mananampalataya ay hindi nababahala."[1]

> "Tiyak na wala ng iba pang salaysay sa Ebanghelyo na nagpapakitang matibay na si Jesus ay Diyos na nagkatawang tao kundi sa tagpong ito."[2]

Ang Pagpapalaya sa taong Sinasapian ng Demonyo doon sa Gadara 5:1-20 (ikumpara. Mat. 8:28-34; Lukas 8:26-39)

Bagamat nakapagtala na si Marcos ng maraming kaso ng pagpapalayas ng demonyo na ginawa ni Jesus, subalit ang kaso sa tagpong ito ay naiiba.

> "Si Cristo na pinaratangan ng mga Pariseo na anila'y sinasapian at sugo ni Satanas [Mat. 12:24; Marcos 3:22; Lukas 11:15], ay kumakaharap ngayon sa isang napakatinding manipestasyon ng kapangyarihan at impluwensiya ng demonyo. Ang isyu at tanong na ibinigay ng Kanyang mga kaaway ay sasagutin ngayon sa pamamagitan ng isang praktikal na demontrasyon."[3]

---

[1]Lane, p. 178.

[2]Edersheim, 1:600.

[3]Ibid., 1:609.

"Ang ulat na ito ay napakayaman sa grapiko kumpara sa salaysay ng ibang aklat ng Ebanghelyo. Dito ay malinaw na ipinapakita na ang gawain at layunin ng mga demonyong sumasapi sa tao ay para sirain at wasakin ang imahe ng Diyos sa kanilang buhay."[1]

5:1 Tinawag ni Marcos at Lukas ang lugar na ito na rehiyon (lupain) ng mga “Geraseno.” Subalit tinawag ito ni Mateo na lupain ng mga “Gadareno.” Ang “Gergesa” (na tinatawag ring Gersa at Kersa) ay isang maliit na nayon na nasa gitna ng kahabaan ng silangang baybayin ng lawa. Samantala, ang Gadara ay mas malaking bayan na may anim ang milya doon sa timog-silangang bahagi ng lawa. Ang insidenteng ito ay tila nangyari sa isang lugar sa pagitan ng dalawang bayan sa bandang timog-silangang baybayin ng lawa. Ang isa pang bayan na katulad sa pangalan ay ang “Gerasa” (Jarash). Ito ay matatagpuan sa 37 na milya sa timog-silangang bahagi ng lawa. Subalit ito ay masyadong malayo upang maging kwalipikado sa pinagganapan ng himala.

> "Sa lugar ng Kersa, ang baybayin ay patag at walang mga libingan. Ngunit isang milya patimog ay mayroong medyo matarik na daanan na nasa apatnapung yarda mula dalampasigan; at dalawang milya mula roon ay matatagpuan ang mga libingan na tila ginamit para maging tirahan."[2]

5:2 Si Marcos ay nagbigay ng maraming detalye para ilarawan ang taong sinasapian ng demonyo kumpara sa naitala nila Mateo at Lukas. Ito ay nagpapahiwatig na ang salaysay ay mula sa mga nakasaksi at si Marcos ay may partikular na interes sa paksa at tagpong may kinalaman sa gawa ng mga demonyo. Ayon sa pagkakatala ni Mateo, mayroong dalawang lalaki, subalit si Marcos at si Lukas ay nagbigay lang ng pansin sa mas malala at kakaiba sa dalawa.

5:3 Binigyang pansin ni Marcos rito ang pambihirang lakas pisikal ng lalaki. Ang lakas na ito ay napakatindi, na syempre dulot ng pagsapi sa kanya ng masamang espiritu. Walang sinuman ang makapigil sa kanya.

---

[1]Lane, p. 180.

[2]Ibid., p. 181.

5:4-5 Ang taong ito ay kaawa-awa sa kanyang kalagayan, sinasaktan niya ang kanyang sarili.

"Siya'y pagala-gala ng gaya ng leon sa kagubatan."[1]

5:6 Ang paraan ng pakikipag-usap ng taong ito kay Jesus ay nagpapakita na nakilala ng mga sumaping demonyo si Jesus bilang isang dakila at makapangyarihan kaysa sa kanila. Mapapansin rin na kontrolado ng mga demonyong ito ang pisikal na galaw at pananalita ng lalaki.[2]

5:7 Kapansin-pansin na tinawag ng lalaki si Jesus na "Anak ng Kataas-taasang Diyos." Isa itong pagkilala o pag-amin sa pagkaDiyos ni Cristo (Gen. 14:18-24; Blg. 24:16; Isa. 14:14; Dan. 3:26; 4:2; cf. Marcos 1:23-24). Ang "Kataas-taasang Diyos" ay titulo na ginagamit sa Lumang Tipan bilang pantukoy sa Diyos ng Israel.[3] Ang nagpapahirap sa lalaki (yun ay, ang mga demonyong sumapi sa kanya) ay nakiusap ("Ipinapakiusap ko sa iyo ") na huwag silang "pahirapan."[4] Natatakot ang mga demonyo na sila'y palalayasin ni Jesus at agad na papupuntahin sa walang hanggang kahatulan; bagay na tanging ang Diyos lamang ang makagagawa (Pah. 20:1-3; ikumpara. Mat. 8:29; Lukas 8:31). At nakapagtataka, na ang demonyo ay nagmakaawa kay Jesus sa ngalan ng Diyos ("alang-alang sa Diyos"). Marahil ay ginawa niya ito sapagkat alam niya na si Jesus ay nagpapasakop sa Kanyang Ama.

5:8 Siguradong ang kinakausap rito ni Jesus ay ang nangingibabaw o pinunong demonyo sa karamihan. Kapag titingnan ang pangungusap na ito sa gramatikang Griego at maging sa ibang salin sa Ingles, gaya ng sa NASB at NIV, pwedeng isipin na ang pagpapalayas na ginagawa ni Jesus sa demonyo o mga demonyo ay paulit-ulit. O kaya, siguro ay may hinihintay o hinihiling na mangyari ang mga demonyo; ito'y ayon sa pagkakasalin sa Ingles ng AV. Gayunpaman, ipinakita sa atin ni Marcos ang dahilan ng kahilingan ng mga demonyo sa v. 7, bagamat pwedeng isipin na pinahintulutan lamang ni Jesus na lumayas ang mga demonyo sa v. 13.

5:9 Ang talatang ito at ang mga sumusunod na talata (vv. 10-13) ay pagpapatuloy ng nasimulang pag-uusap sa talatang 7. Ang 'legion' o

---

[1]Robertson, 1:295.

[2]Tingnan ang pag-aaral ni Unger, *Demons in …,* pp. 101-21.

[3]Cranfield, p. 177.

[4]Robert Jamieson, A. R. Fausset, at David Brown, *Commentary Practical and Explanatory on the Whole Bible*, p. 958.

‘batalyong’ Romano ay binubuo ng 6,000 mga kawal.[1] At siguro, ginamit ng demonyo ang bilang o salitang ito upang ilarawan ang libo-libong mga demonyo na sumapi sa lalaki (ikumpara. v. 13).[2] Dagdag pa, ang salitang ‘batalyon’ ay pwede ring nagpapahiwatig ng pangalan ng kanilang organisasyon, lakas, at awtoridad sa taong kanilang sinapian.[3] At siguro, itinanong ni Jesus ang tanong na ito para sa kapakanan ng Kanyang mga alagad.

5:10 Ang talatang ito ay nagpapakita ng superioridad ng kapangyarihan at dakilang awtoridad ni Jesus na mismong batid at kinikilala ng mga demonyo. Hindi sinabi kung bakit ninanis ng mga demonyo na manatili sa dakong iyon; siguro ay naging pugad ng mga demonyo ang lugar na iyon.

5:11 Ang malaking kawan ng mga baboy sa lugar na iyon ay higit na nagpapalakas sa pananaw na ang himala na ito ay nangyari sa rehiyon ng mga Hentil, yamang itinuturing ng mga Judio ang mga baboy na maruruming hayop.

5:12 Hiniling ng mga demonyo na pumasok sa mga baboy upang ito na lang ang kanilang pinsalain.

5:13 Hindi malinaw na sinasabi ng mga manunulat ng Ebanghelyo kung ang mga demonyo ba ang dahilan kung bakit nagsipagtakbuhan ang mga baboy, o kaya’y kung ang mga baboy mismo ang siyang naghatid sa mga demonyo na magpatihulog sa bangin. Gayunpaman, makikita natin na ang pahintulot ni Jesus sa mga demonyo na pumunta sa mga baboy ay nagbukas ng pagkakataon sa mga tao na makita ang napakalaking pinsala na hatid ng mga demonyo, at maging ang pambihirang kalayaan na tinanggap ng taong dating sinapian ng mga ito. Makikita rin na ang hiling ng mga demonyo na sumapi sa mga baboy ay nauwi rin lang sa kanilang kapahamakan.

> "Sila nga ay pinahintulutan na pumasok sa malaking kawan ng mga baboy subalit ito’y nauwi rin lang sa matinding kapahamakan. Yaong bagay na kanilang kinatatakutan ang siya mismong kanilang kinahantungan; sapagkat ngayong wala na silang sinasapian na pwede nilang gamitin at

[1]*The New Bible Dictionary*, s.v. "Legion," by J. A. Balchin, p. 728.

[2]Mann, p. 279.

[3]Hiebert, p. 120.

> paglaruan, sila ngayon ay nahulog na tungo sa lugar na kanilang kinasisindakan."[1]

Tanging si Marcos ang nagtala ng bilang ng mga baboy ("mga nasa 2,000 na baboy"). Syempre, nagpapakita ito na nais niyang itutok ang pansin ng kanyang mga mambabasa sa hindi mapapantayang kapangyarihan ni Jesus.

> "Iilang mga hayop ang siyang masasabi nating matitigas ang ulo, na gaya ng baboy. Subalit sa tagpong ito, ang sabay-sabay at nagmamadaling takbuhan ng mga baboy tungo sa matarik na bangin ay talagang kapansin-pansin."[2]

> "Ang kwento tungkol sa natanggap na kaligtasan at kalayaan ng lalaking sinapian ang siyang nangibabaw at lumaganap na kwento sa buong bayan."[3]

Subalit maaring may magtanong: anong karapatan ni Jesus upang ihatid ang napakalaking pinsalang ito sa negosyo ng mga may-ari ng kawan ng mga baboy (ikumpara. Mat. 21:19)?

> "Marahil, sapat ng sabihin na hindi sinugo ni Jesus ang mga demonyo tungo sa baboy; sila'y Kanyang pinalayas lamang mula sa lalaki, at anumang pangyayari matapos ito ay nasasailalim na sa usapin ng pagpapahintulot. Gayunman, ipagpalagay natin na Kanya ngang pinagbigyan ang hiling ng mga demonyo; kung gayon ay nagpapakita lang ito na ang buhay ng isang tao ay higit na mahalaga kumpara sa libo-libong mga baboy. At kung sakaling ang pagbibigay sa hinihiling ng mga demonyo ang siyang mabilis na paraan upang umalis sila sa lalaki na hindi ito sasaktan (ikumpara. Mark 9. 26), ito mismo ay sapat ng dahilan upang pagbigyan silang pumunta sa mga baboy at mapahamak ang mga ito. Marahil, iyon rin ang siyang kinakailangan upang hindi na sila makabalik sa lalaking kanilang sinapian at upang magsilbing malaking katibayan na natapos na ng

---

[1]Trench, *Notes on the Miracles …,* pp. 183-84.

[2]Matthew B. Riddle, "The Gospel According to Mark," sa aklat na *International Revision Commentary on the New Testament*, p. 60.

[3]Guelich, p. 283.

> tuluyan ang kanilang paghahari sa buhay ng abang lalaki na kanilang sinapian at inalipin. Kung paaong kinailangan ng mga Israelita na makita ang mga nalunod na Ehipcio – na sa matagal na panahon ay umalipin sa kanila (Exo. 14:30) – gayundin naman ang makikita natin sa tagpong ito ng pagpapalayas sa mga demonyo mula sa kaawa-awang lalaking kanilang inalipin at pinahirapan."[1]

Ito ay isa lamang sa mga pagkakataon na kung saan ay pinahintulutan ng Diyos na mamatay ang mga hayop upang maihatid ang isang malaki at higit na mahalagang layunin (ikumpara ito sa mga salot na dumating sa Ehipto, sa pagkamatay ng mga baka o mga alagang hayop sa Lupang Pangako, at sa maraming mga hayop na namatay noong sinakop ng Babilonya ang Jerusalem). Sa madaling salita, ang buhay ng tao ay higit na mahalaga kaysa sa buhay ng hayop (Mat. 10:31; Lukas 12:7), bagamat ang Diyos ay alam nating nagmamalasakit rin sa mga hayop (ikumpara. Jonas 4:11; Mat. 10:29; Lukas 12:6).

5:14 May ilang mga kometarista na naniniwala na ang mga 'tagapag-alaga ng kawan ng baboy' na sinasabi rito ay mga Judio na hindi sumusunod sa utos ni Moises tungkol sa mga bawal na pagkain gaya ng baboy (Lev. 11:7). O siguro, sila'y mga Judio na nagbibenta ng karne ng baboy sa mga Hentil. At kung ganito nga, itinuturing na dapat lang sila na parusahan ni Jesus sa pamamagitan ng kapahamakang darating sa kanilang mga baboy.[2] Subalit ang paliwanag na ito ay kwestyunable ng dahil sa demograpikong lagay ng Decapolis—na karaniwang tinitirhan ng mga Hentil—ito'y sakop ng rehiyon ng Decapolis (ikumpara. Mat. 8:31). Dagdag pa,

> "Malabong gawin ni Jesus ang gayong mabagsik na parusa bilang hatol sa paglabag sa seremonyal na tuntunin. Tandaan natin na Siya rin mismo ay madalas na humarap sa gayong batikos na binabali raw Niya ang kautusan ni Moises (Marcos 7:5)."[3]

---

[1]Trench, *Notes on the Miracles …,* p. 184.

[2]Morgan, *The Gospel …*, p. 118.

[3]Cole, p. 99.

"Ang ‘lupain’ na tinutukoy rito ay maaaring ang lugar ng Gergesa (ikumpara. v. 1).”

5:15 Ang lalaking dating sinasapian ng demonyo at hindi mapakali, na gaya ng isang baliw, ay nakaupo na ngayong payapa at matino ang pag-iisip. Dati siyang palaboy-laboy na hubad (Lukas 8:27), ngunit ngayon ay may damit na. Dati’y wala siyang kontrol sa sarili, subalit ngayon ay naibalik na ang kanyang hinahon at katinuan. At mula sa pangyayaring ito, ang pagkatakot ng mga tao ay maaaring dulot na rin ng kanilang pag-aakala na maaaring gamitin ni Jesus ang Kanyang ipinamalas na matinding kapangyarihan laban sa kanila.

5:16-17 Ipinapahiwatig sa salaysay ni Marcos na ang nangyari sa mga kawan ng baboy ay labis na ikinabahala ng mga taong nakatira roon sapagkat ito’y malaking kawalan sa kanilang hanap-buhay at ekonomiya. Marahil ang pakikiusap ng mga tao kay Jesus na umalis sa lugar na iyon ay dulot ng pangangatuwiran at pag-aakala na kung nagawa Niyang parusahan ng mabagsik ang mga demonyo, gaano pa kaya sila. Kaya nga, sa halip na sila’y lumapit sa Kanya sa diwa ng paghanga at pagsamba, mas minatamis pa nilang itaboy Siya at manatili sa madilim na buhay na kanilang kinasanayan (ikumpara sa Juan 1:11; 3:19).

5:18 Ang lalaking dating sinasapian ng demonyo ay nagnais na sumunod kay Jesus at maging isa sa Kanyang mga alagad.

5:19 Maaaring itanong: bakit inutusan ni Jesus ang lalaking ito na manatili sa lugar na iyon at ibahagi ang dakilang gawa ng Panginoon sa kanyang buhay, samantalang sa ibang pagkakataon ay pinagbawalan Niya ang ketongin na ipagsabi ang Kanyang himala (1:44; ikumpara. 5:43; 7:36)? Siguro ay hindi gaanong lilikha ng problema sa misyon ni Jesus ang pagbabahagi sa lugar na ito kumpara sa teritoryo ng mga Judio. O kaya, posible rin na hinahanda ni Jesus ang ilang mga tao sa lugar na ito para sa Kanyang muling pagbisita (ikumpara. 7:31).[1]

Sa kabilang banda, huwag nating isipin na ang utos ni Jesus sa lalaking ito na manatili sa lugar na iyon ay permanente at habambuhay. Maaaring ang taong ito ay muling nakasama ni Jesus matapos ang kanyang pagpapatotoo sa lugar na iyon.

---

[1]Swete, p. 99.

Pansinin mo rin na ang pangalang “Panginoon” (v. 19) at "Jesus" (v. 20) ay nagpapakita na kinikilala ng lalaking ito si Jesus bilang Diyos (ikumpara. v. 7; Lukas 8:39).

Dagdag pa, ang utos ni Jesus sa lalaking ito na magpatotoo sa lupaing iyon ng mga Hentil ay magsisilbing halimbawa sa mga orihinal na mambabasang Hentil ni Marcos, yun ay, sa kung anong dapat nilang maging tugon sa kaligtasang hatid ng Panginoon.

> "Bagamat hindi tayo nakaranas ng parehas na pagpapahirap na gaya ng pinagdaanan ng lalaking sinapian ng demonyo, tayo naman ay tiyak na naging mga alipin ng diyablo. Nakalaya lamang tayo sa kuko ng kanyang tiranong pang-aalipin noong sinagip tayo ng Anak ng Diyos. Noong wala pa si Jesus sa ating buhay, tayo ay katulad ng isang alipin na pagala-galang hubad, sugatan, at baliw."[1]

5:20 Ang "Decapolis" ay binubuo ng 10 lungsod ng mga Griego. Siyam sa mga ito ay matatagpuan sa silangang bahagi ng Dagat Galilea. Isa sa mga lungsod na kabilang rito ay ang Gergesa. Ang iba ay tinatawag na Damascus, Kanatha, Scythopolis, Hippos, Raphana, Pella, Dion, Philadelphia, at Gadara.[2]

“Namangha” ang mga taong nakarinig sa patotoo ng lalaking dating sinasapian. Gayunma’y ang pagkamangha na ito ay tila hanggang doon lang, hindi natin masasabi na lahat ng nakarinig sa patotoo ay naghanap kay Jesus. Siguro ay may ilan, ngunit hindi lahat.

> "Hindi punto rito ang ginawang kahanga-hangang paraan ng pagbabahagi o ebanghelismo; ang punto pa rin ay Kristolohikal, yun ay, ang kapangyarihan ni Jesus ang nagbigay ng inspirasyon sa lalaking dating sinasapian na ibahagi ang ginawa ni Jesus sa higit at malawakan pang pamamaraan."[3]

Minsan pa, binibigyang diin ni Marcos sa salaysay na ito ang banal na kapangyarihan at awtoridad ni Jesus. Ang mga kaganapan rito ay nagbibigay ng higit pang rebelasyon

---

[1]John Calvin, *Commentary on a Harmony of the Evangelists*, 2:436.

[2]J. McKee Adams, *Biblical Backgrounds*, pp. 150-160.

[3]Gundry, p. 255.

tungkol sa Kanyang katauhan na dapat ay isapuso ng mga alagad, syempre, kaugnay na rin sa mga dati nilang nasaksihan. Dagdag pa, ito ay nagbibigay rin ng modelo o batayan at pamamaraan kung paano ipapahayag ng mga disipulo ang kanilang pasasalamat sa Diyos ng dahil sa Kanyang handog na kaligtasan.

> "Kapag isasaalang-alang ang daloy ng salaysay ni Marcos, ang kwento ay dapat na basahin at unawain gamit ang tagpo ng salungatan sa pagitan ni Jesus at ng mga eskriba hinggil sa isyu ng pagpapalayas ng mga demonyo (3:22-27). At dito nga'y malinaw na ipinapakita na si Jesus ang Siyang binasbasan ng Kataas-taasang Diyos na gagapos sa 'malakas na tao' (3:27) na atin ngang natunghayan sa tagpo ng Kanyang matagumpay na engkwentro kay 'Legion' o 'Batalyon' (5:3-5)."[1]

Ang Anak ni Jairo at ang Babaing Dinudugo 5:21-43 (ikumpara. Mat. 9:18-26; Lukas 8:40-56)

Ito ay isa sa mga seksyon sa Ebanghelyo ni Marcos na mayroong tinaguriang 'chiastic' na istraktura (ikumpara. 3:22-30; 6:14-29; 11:15-19). Pansinin mo ang balangkas na ito:

A Ang pakiusap ni Jairo para sa kanyang anak na babae 5:21-24

B Ang pagpapagaling sa babaing dinudugo 5:25-34

A' Ang pagbuhay sa anak ni Jairo 5:35-43

Sa kasong ito, ang pagkaantala ni Jesus ay nagdulot ng malaking problema sa anak ni Jairo. Ito ay dahil sa mayroong biglang naganap na hindi inaasahang kagalingan sa buhay ng babaing dinudugo. Gayunpaman, ang malaking problema na ito ay madaling nalutas si Jesus sa kamangha-manghang paraan. Ang salaysay na ito ay kakikitaan ng dobleng pambihirang himala. Dito ay makikita minsan pa ang kapahayagan ng kamangha-manghang katauhan ni Jesus na nasaksihan ng Kanyang mga alagad. Gayundin naman, madarama rin dito ang sensitibidad o pagmamalasakit ni Jesus sa kalungkutan ng mga tao.[2]

> "Ang pagpapagaling sa anak na babae ni Jairo ay nagpapahayag na si Jesus ay Panginoon ng buhay. At ang pagpapagaling Niya sa babaing dinudugo ay nagpapahayag na Siya ay Panginoon ng kalusugan."[3]

---

[1]Guelich, p. 289.

[2]Campbell, *The Gospel …*, p. 121.

[3]Bailey, p. 76.

May ilang mga komentarista na nagsasabi na hindi sinunod ni Marcos ang isang kronolohikal na ayos sa pagsasalaysay ng kwentong ito. Ang layunin raw ni Marcos ay nakatuon sa pagbibigay ng theolohikal na punto.[1] Subalit, ang mga manunulat na Sinoptiko ay kakikitaan ng parehas na ayos ng pagsasalaysay, at dahil rito'y malaki ang posibilidad na ang kwentong ito ay naganap sa gayong kronolohikal na ayos.[2] Gayunpaman, ang salaysay ni Marcos ang may mayamang pagsasalaysay kumpara sa dalawa pang may akda – Mateo at Lukas.

> "Ang pagpapatahimik sa bagyo at ang pagpapagaling sa lalaking sinasapian ng demonyo ay mga manipestasyon ng dakilang kapangyarihang likas kay Cristo. Samantala, ang kagalingan ng babaing dinudugo at ang muling pagbuhay sa anak na babae ni Jairo ay nagpapakita na ang pananampalataya ay talagang mabisa."[3]

5:21 Pag-alis sa Galilea tungo sa timog-silangang bahagi ng lupain ng Decapolis (4:35—5:20), si Jesus at Kanyang mga disipulo ay nagbabalik na ngayon sa hilagang-kanlurang bahagi ng lawa ng Galilea. At yun nga, nasa baybayin pa lamang Siya ay dinumog na Siya ng maraming tao.

5:22 Ang (mga) "tagapamahala" ng sinagoga ay hindi mga saserdote kundi mga karaniwang tao na naging tagapamuno. Sila'y responsable sa pagsasa-ayos ng panambahan at kalagayang pisikal at pasilidad ng sinagoga. Ang katagang "tagapamahala ng sinagoga" ay isang honoraryong titulo na nagpapahiwatig na si Jairo ay isang mahalaga at iginagalang na miyembro ng sinagoga.[4] Dahil rito, masasabi natin na si "Jairo" (pangalan ito sa Griego para Hebreo na "Jair," na ang ibig sabihin ay "Siya'y magbibigay ng liwanag" o "Maghahatid Siya ng pagkagising " o "Siya na magpapaliwanag"; ikumpara. Blg. 32:41; Huk. 10:3) ay may tinatamasang respetadong reputasyon sa kanyang komunidad. Madalas na hindi binabanggit ang mga pangalan ng taong sangkot sa kwento ng pagpapagaling. Ngunit dito, binanggit ni Marcos ang pangalan ni Jairo sapagkat siguro'y konektado ito sa magaganap na dakilang himala ng pagbuhay muli sa batang babae (ikumpara. v. 39).

---

[1]Yun ay gaya nina Hugh Anderson, *The Gospel of Mark*, p. 151; Lane, p. 189; Wessel, p. 660.

[2]Ikumpara ka Cranfield, p. 182; Hiebert, p. 125.

[3]Edersheim, 1:616.

[4]Cranfield, p. 183.

5:23 Ang pagpatong ng kamay sa isang maysakit ay pagsasalarawan sa kapangyarihang taglay ng manggagamot upang ihatid ang kagalingan (ikumpara. 6:5; 7:32; 8:23, 25).

5:24 Sa Kanya pa lang na pagdating sa Galilea, si Jesus ay kaagad ng nagsimula sa paglilingkod bilang tugon sa madamdamin ngunit apurahang pagsusumamo ni Jairo. Subalit pinabagal ng napakaraming tao ang Kanyang pagpunta sa bahay nito. Tiyak na kilala ni Jesus si Jairo yamang ang himpilan ng Kanyang ministeryo ay nasa rehiyong ito at nangaral Siya sa mga sinagoga na naririto (ikumpara. 1:21; 3:1; Mat. 4:23).

5:25-26 Binigyang pansin ni Marcos ang desperadong kalagayan ng babaing dinudugo sa pamamagitan ng paglalahad ng kaawa-awang kasaysayan ng babae. Hindi makikita ang mga detalyeng ito sa ibang may akdang ebanghelista. Binigyang diin ni Marcos ang aba at walang lunas na kalagayan ng babae noong hindi pa niya nakakatagpo si Jesus.

5:27-28 Gayunpaman, makikita natin na ang babae ay nagtitiwala na makakasumpong siya ng kagalingan sa pamamagitan lamang ng paghipo sa damit ni Jesus (ikumpara. 3:10; 6:56). Tiyak na sinikap niya na ang kanyang paglapit kay Jesus ay hindi nakakairita sa iba sapagkat ituturing na marumi ang sinumang mapadikit sa kanya (Lev. 15:25-27). Marahil ay nag-aabang siya sa malayo at naghintay ng pagkakataon na makalapit kay Jesus. Gayunpaman, sinasabi sa talata na siya'y nakipagsiksikan rin sa maraming tao (v. 24).

5:29 At yun nga, "agad" (Gr. *euthys*) gumaling ang babae matapos niyang hipuin ang damit ni Jesus. Ang kagalingan na kanyang naranasan ay agaran, ngunit ito'y nangyari na hindi inaasahan ni Jesus. At dito nga ay makikita natin na si Jesus ay may taglay na dakilang kapangyarihan—Oo, kapangyarihan na tumutugon sa mga taong sumasampalataya sa Kanya.

5:30 At yun nga, minsan pa, sinasabi dito sa talata na "agad" (Gr. *euthys*) ring naramdaman ni Jesus na may biglang lumabas na kapangyarihan sa Kanya.

"Nadama Niya ang lumabas na supernatural na kapangyarihan [Gr. *dunamis*] na nagsakatuparan ng himala ng pagpapagaling."[1]

"Agad na namalayan ni Jesus, bagamat walang nagsabi sa Kanya, na may kapangyarihang awtomatikong lumabas sa Kanya bilang tugon sa pananampalataya ng babae na humipo sa Kanyang damit. Ang Kanyang likas na kapangyarihan ay mapapansin na nakaugnay sa Kanyang kamalayan at kalooban. At ang 'kamalayan' na ito ay nagpapahiwatig na ang Kanyang ministeryo ng pagpapagaling ay naglalabas sa Kanya ng malaking espirituwal na enerhiya. At ito ang dahilan kung bakit minsa'y kinakailangan Niyang mapag-isa sa piling ng Ama upang makasumpong muli ng kapuspusan."[2]

"Ang agarang pagkakaalam ni Jesus sa lumabas na kapangyarihan sa Kanya – na siyang bahagi ng pagbibigay pansin ni Marcos sa 'omniscience' na katangian ni Jesus – ay nagpapakita na si Jesus ay mayroong supernatural na kaalaman."[3]

"Maihahambing ang tanong ni Jesus sa isang ama na nagtatanong sa kanyang mga anak kung sino sa kanila ang nakagawa ng isang paglabag. Syempre, alam ng ama kung sino sa mga anak ang lumabag, gayunma'y nagbibigay siya ng pagkakataon sa nagkasala na aminin ang kanyang pagkakamali. Ganito rin ang mapapansin sa tanong na ibinigay ni Elisha sa kanyang lingkod na si Gehazi, "Saan ka napunta?" (2 Hari 5:25), bagamat alam na alam niya kung saang lupalop napunta ang lingkod niya. Ganito rin ang diwa ng tanong ng Diyos kay Adan, 'Nasaan ka?' (Gen. 3:9), at gayundin kay Cain, 'Nasaan ang kapatid mong si Abel?' (Gen. 4:9). Ang ganitong uri ng tanong ay may moral na layunin – yun ay, ang magbigay ng pagkakataon sa nagkasala na aminin ang kanyang nagawa, upang kahit

[1]Wuest, 1:1:111.

[2]Hiebert, pp. 129-30. Ikumpara sa sinasabi ni Cranfield, p. 185.

[3]Gundry, p. 270.

> papaano'y makapagsisi siya at maituwid ang kanyang pagkakamali. Ang tanong kung gayon ni Jesus ay hindi nangangahulugan na wala Siyang alam, kundi nais Niyang bigyan ng pagkakataon ang babae na magpatotoo sa natanggap Niyang biyaya."[1]

5:31 Ang mala-salbaheng tugon ng Kanyang mga alagad ay natatangi sa paraan ng pagsasalaysay ni Marcos. Sa salaysay ni Lukas, sinabi niya na si Pedro ang nagtanong (Lukas 8:45). Marahil ay nais ng mga alagad na agad na makarating si Jesus sa bahay ni Jairo habang hindi pa patay ang batang babae. Subalit ninais ni Jesus sa tagpong ito na makipag-usap muna sa gumaling na babae upang linawin at tiyakin na ang natanggap niyang kagalingan ay dulot ng kanyang pananampalataya—hindi ito dulot ng paghipo lang sa laylayan ng damit ni Jesus.

5:32 Tumingin tingin si Jesus sa paligid upang hanapin ang babaing nagtataglay ng malaking pananampalataya.

> "Sa gramatika ng Griego, yaong tinatawag na 'article' at 'participle' ay nasa pambabae na kasarian. Ibig sabihin, sa gitna ng maraming tao ay may hinahanap si Jesus na babae, hindi lalaki. At syempre, tiyak na alam ni Jesus ang pagkakaiba sa pagitan ng pang-iipit na ginagawa sa Kanya ng maraming tao sa banayad na haplos ng kamay ng babae. Kung lalaki ang humawak sa Kanya, siguradong napunit ang Kanyang damit."[2]

5:33 Hindi pinagalitan ni Jesus ang babae, bagamat ang pananampalataya nito ay tila may halong pamihiin—na kumbaga ay, kinakailangan niya munang mahawakan ang laylayan ng damit ni Jesus bago siya gumaling. Gayunpaman, nais ni Jesus na kausapin siya upang linawin na ang kanyang natanggap na kagalingan ay dulot ng pananampalataya, hindi pamahiin. Siguro ay natakot rin ang babae sapagkat natanggap niya ang kagalingan sa patagong pamamaraan. Siguro ay inisip niya na narumihan niya si Jesus ayon sa rituwal na tuntunin ng Kautusan, ng dahil sa kanyang ginawang paghipo.[3] Ngunit minsan pa, mapapansin natin rito na ang

---

[1]Trench, *Notes on the Miracles …,* pp. 204-5.

[2]Wuest, 1:1:112.

[3]Mann, p. 286.

karaniwang tugon ng tao sa nahayag na kapangyarihan ni Jesus ay ang matakot (ikumpara. 4:41; 5:15).

5:34 Ang mga salita rito ni Jesus ay puspos ng habag at espirituwal na sensitibidad. Walang dapat ikatakot ang babae. Sa katunayan, dito lamang ang tagpo na kung saan si Jesus ay may tinawag sa katagang “Anak” – yun ay, babaeng anak. Ang pananampalataya ng babae ay hindi lamang nagdulot sa kanya ng kagalingan kundi siya’y napabilang sa espirituwal na pamilya ni Jesus (ikumpara. Isa. 53:10; Marcos 3:35; 7:26; 10:52). Ang pananampalataya niya ang naging paraan upang makamit niya ang tulong ni Jesus. Siya’y nanalig na mapapagaling siya ng Panginoon at gayon nga ang nangyari sa kanya.

Sa mga Judio, ang katagang “umuwi ka na at ipanatag mo ang iyong kalooban” (Heb. *shalom*) ay katumbas ng "good-bye" sa wikang Ingles o sa atin pa ay, “Paalam na, ingat ka” (ikumpara. Huk. 18:6; 1 Sam. 1:17).

> Ang ‘Shalom’ ay hindi lamang nangangahulugan ng kalayaan mula sa kabalisahan, kundi yaong kalagayan na wala ka ng hinahanap-hanap pa; yung pakiramdam na ‘buo ka’ sapagkat mayroon kang matuwid na relasyon sa Diyos."[1]

Kalooban ng Diyos na tuluyan at ganap na gumaling ang babaeng ito. At tiniyak ni Jesus na ang kagalingang ito ay kumpleto sa pamamagitan ng ganitong salita: “Ikaw ay magaling na.” Sa madaling salita, maaari na niyang malasap ngayon ang ligaya ng interaksyon sa ibang tao at ang makibahagi sa buhay ng lipunan na hindi nangangamba at ikinakahiya ang kanyang pisikal na kapansanan.

> "Sa perspektiba ni Marcos, ang buong pangyayaring ito ay tumatawag o humahamon sa atin na magkaroon ng isang radikal o malakas na pananalig sa Diyos."[2]

5:35 Pansinin lang dito: kung ang mga disipulo ay naubusan na ng pasensya (v. 31), gaano pa kaya si Jairo? Siguradong nalusaw ang kanyang puso nang matanggap niya ang balita na pumanaw na ang kanyang anak.

---

[1]Anderson, p. 154.

[2]Lane, p. 194.

> "Laging mayroong dahilan at kahulugan ang pagkaantala ng Panginoon. At mula sa Kanyang pagkaantala ay may lalabas na tulong, mula sa kadiliman ay may sisilang na liwanag."[1]

Ang mga taong naghatid ng balita kay Jairo – tungkol sa pagkamatay ng kanyang anak – ay tinitingnan si Jesus na isang pangkaraniwang "guro" (rabbi). Para sa kanila, wala ng magagawa si Jesus, patay na ang bata. Huli na ang lahat.

> "Walang anumang pahiwatig na may mga taong nagsalita ng laban kay Jesus kung bakit hindi Siya nag-apura na pumunta sa bahay ni Jairo. Pwede naman sana Niyang isunod na pagalingin ang babaing dinudugo matapos Niyang pagalingin ang anak na babae ni Jairo. Madali lang naman sanang alamin sa sitwasyon kung ano ang agaran at kung ano ang pwede pang ipagpabukas o ang pwedeng makapaghintay."[2]

5:36 Naniwala si Jairo na mayroon pa ring magagawa si Jesus, at kasasaksi pa lamang niya sa isang mahimalang pangyayari na dulot mismo ng pananampalataya kay Jesus (vv. 25-34). Dagdag pa, hinikayat siya ni Jesus na patuloy na magtiwala; huwag sumuko. Literal na sinasabi rito ni Jesus, "Itigil mo ang pagkatakot, patuloy kang manalig."

5:37 Makikita dito na ang hinayaan lamang ni Jesus na makasaksi sa Kanyang gagawing matinding himala ay ang Kanyang malalapit na mga alagad (ikumpara. Deut. 17:6; Marcos 9:2; 14:33). Ang dahilan Niya siguro ay para limitahan ang reaksyon ng mga tao sa Kanyang napakatinding gagawin. Isipin mo, kung si Jesus ay pinagkakaguluhan na ng mga tao ng dahil sa Kanyang ginawang pagpapagaling, gaano pa kaya kung mabalitaan nila na bumubuhay Siya ng patay? Sa kabilang banda, siguro ang dahilan kung bakit malalapit na alagad lamang ni Jesus ang kasama Niya sa loob ng bahay ay dahil sa ang bahay na ito ay maliit lang.[3]

> "Bagamat maari nating iturin ang pagbuhay sa mga patay na pinaka kamangha-manghang himala, dapat isaalang-

---

[1]Campbell, *The Gospel* …, p. 127.

[2]Eric F. F. Bishop, *Jesus of Palestine: The Local Background to the Gospel Documents*, p. 137.

[3]Bruce, "The Synoptic …," 1:376; Robertson, 1:302.

> alang na ang himala na ito ay nagmula sa serye ng mga himala na kinapapalooban ng mga nakapanlulumong sitwasyon; mga kalagayang tila wala ng pag-asa."[1]

Pwedeng itanong: bakit pinili ni Jesus sina Pedro, Santiago, at Juan kaysa sa ibang mga alagad (ikumpara. 9:2)? Siguro ay dahil sila ang mas nakakaunawa o ang may mabuti at malagong tugon sa mga turo ni Jesus (ikumpara. Mat. 25:19). O kaya, siguro ay nakikita na ni Jesus na gagampanan nila ang mahalagang pamumuno bilang mga apostol kapag Siya'y umalis na.

5:38 Nagawa ni Jesus na makaiwas sa isang pulutong ng napakaraming tao, subalit ngayo'y natagpuan na naman Niya ang Kanyang sarili na hinihintay ng isa pang pulutong ng napakaraming tao doon sa bahay ni Jairo.[2] Naging kaugalian noong panahong iyon na mayroong babayarang mga tagapagtangis upang umiyak at managhoy sa burol ng isang patay, o kaya'y ang umawit at pumalakpak sa isang pagdiriwang (ikumpara. Jer. 9:17; Amos 5:16).[3] Ayon sa katuruan ng Mishnah, maging ang pinaka mahirap na asawang lalaki sa kulturang Judio ay dapat na umupa ng kahit dalawang manunugtog ng plauta at ng isang babae na iiyak kapag ang asawang babae ay namatay.[4] Ngunit sa kasong ito, tila inaasahan na, na ang batang babae ay tiyak na mamamatay na anupa't ang mga inupahang mga tagapagtangis ay nakaabang lang at naghihintay sa oras ng kanyang kamatayan.

5:39 Dito ay nais ipahiwatig ni Jesus na ang batang babae ay "natutulog" sa kanyang kamatayan. Ginamit Niya ang salitang "natutulog" sa 'figurative' o talinghagang paraan (ikumpara. Mat. 9:24; Juan 11:11-14). Nais Niyang ipahiwatig na bagamat ang batang babae ay patay na, hindi naman ito magiging permanente; ito'y parang natutulog lang sapagkat sa ilang saglit lang ay muli siyang bubuhayin.[5]

5:40 Syempre, inintindi ng mga nakikinig roon ang sinabi ni Jesus sa literal na paraan. At dahil rito ay hinamak at pinagtawanan Siya ng mga tao – Oo,

---

[1]Guelich, p. 301.

[2]Swete, p. 107.

[3]Ikumpara. H. Van der Loos, *The Miracles of Jesus*, p. 568.

[4]Mishnah *Ketuboth* 4:4. Cf. Babylonian Talmud *Chethuboth* 46b.

[5]Cranfield, p. 189.

pinagtawanan nila ang Dakilang Manggagamot sa Kanyang mali raw na diagnosis. At batay sa reaksyon ng mga tao, talagang ang bata ay patay na. Gayunpaman, pinalabas sila ni Jesus at pinapasok lamang sa loob ng bahay ang mga taong makasasaksi sa Kanyang gagawing himala.

Prinopesiya ni Daniel na ibabangon ng Diyos ang mga “natutulog” sa kamatayan (Dan. 12:2). At ito mismo ang ginawa ni Jesus sa tagpong ito. Ginamit Niya ang kataga ni Daniel para sa kamatayan. Ipinakita Niya na isinakatuparan Niya ang propesiya ni Daniel tungkol sa gagawin ng Diyos.

5:41 Hinawakan ni Jesus ang kamay ng patay na bata upang ipakita sa mga saksi roon na ang kagalingan na magaganap ay galing sa Kanyang taglay na kapangyarihan.Syempre, hindi Niya kinakailangan na hawakan ang kamay ng bata upang ito’y mabuhay. Sina Elias (1 Hari 17:17-23) at Eliseo (2 Hari 4:18-37) ay kapuwa nakapagpabangon ng patay na bata, subalit kinailangan nilang gumawa ng matinding pakiusap sa panalangin upang ito’y mangyari. Subalit si Jesus ay hindi nangailangan ng gayong pagsusumikap at pagmamakaawa. Dagdag pa, maaaring ang pagpapagaling na ito ang siyang naghatid sa isipan ng marami doon na nakaugnay si Jesus kay Elias sa diwa nito (6:15). Ayon rin sa seremonyal na tuntunin, ang paghipo sa patay ay isang karumihan, subalit hindi ito naganap kay Jesus ng dahil sa Kanyang kapangyarihan na naghahatid ng kagalingan at kalinisan.

Si Marcos lamang ang nagtala ng pangungusap ni Jesus sa wikang Aramaiko ("Talitha, kum!"), at isinalin ang ibig sabihin nito para sa kapakanan ng kanyang mga mambabasang Romano.

> "Ibinigay ni Marcos ang pagsasalin upang ilayo ang kanyang mga mambabasa sa pag-iisip na ang sinabi rito ni Jesus ay isang mahikang pormula."[1]

Sa mga aklat ng Ebanghelyo, sa bawat pagkakataon na si Jesus ay bumubuhay ng patay, direkta Niyang kinakausap ang patay (ikumpara. Lukas 7:14; Juan 11:43).

---

[1]Gundry, p. 274.

> "May mga naniniwala na ang salitang Kanyang ginamit ay yaong mismong ginagamit ng mga ina kapag ginigising nila sa umaga ang kanilang mga anak."[1]

Kapansin-pansin na may isang letra lang na pagkakaiba sa sinabi ni Jesus at sa sinabi ni Pedro; yun ay noong binuhay ulit ni Pedro si Dorcas mula sa pagkamatay nito (Gawa 9:40). Ang sabi ni Pedro, "*Tabitha kum!*" Kaya nga, ito ay nagpapakita na kahit na matapos na Siya'y umakyat sa langit, patuloy pa rin na ipinalamas ni Jesus ang Kanyang kapangyarihan sa pamamagitan ng ministeryo ni Pedro (ikumpara. Gawa 1:1-2).

5:42 Nang maibalik ni Jesus ang buhay ng bata, ang lakas at kagalingan nito ay agad ring bumalik (Gr. *euthys*, "noon di'y," sa Griego ay dalawang beses na makikita ang salitang ito sa talatang ito). Hindi unti-unti ang pagbabalik ng lakas at kalusugan na nangyari sa bata, ito ay agaran, hindi tulad ng sa paraan ng kagalingan na naihatid ng mga nakaraang propeta sa Lumang Tipan (ikumpara. 1 Hari 17:19-20; 2 Hari 4:33). Binanggit rin ni Marcos ang edad ng bata na "labindalawang taong gulang." Samantala, ang babaing dinudugo na pinagaling ni Jesus ay dumanas pala ng kahirapan "sa loob ng labindalawang taon" (v. 25). Isipin mo, sa tagal ng panahon ng paghihirap ng babae ay dapat na sana siyang namatay, subalit natamo pa rin niya ang kagalingan ni Jesus at nakapag-umpisa pa rin siya sa isang maayos na buhay. Samantala, ang batang babae ay namatay sa yugto na kung saan ay magsisimula pa lang siya sa kanyang buhay. Ngunit sa dalawang kalagayan na ito, parehas silang sinagip ni Jesus. At syempre sa tagpong iyon, bawat isang nakasaksi ay talagang labis na namangha sa kapangyarihang taglay ni Jesus (ikumpara. 4:41). Ang salitang Griego para sa salitang "namangha" ay *existemi*. Ang salitang ito ay literal na nangangahulugang, "halos mabaliw sila sa pagkamangha."[2]

5:43 Nagbigay si Jesus ng dalawang utos sa mga nakasaksi ng himalang ito: Una, sinabi Niya na huwag ipagsabi ang Kanyang ginawa sa sinumang hindi nangangailangan na ito'y malaman. Syempre, tiyak na malalaman ng mga taong nasa labas ang nangyari, subalit nais munang iwasan ni Jesus ang mga di kinakailangang publisidad (publicity) upang maipagpatuloy Niya ang Kanyang ministeryo ng malaya at walang hadlang (ikumpara.

---

[1]Hiebert, p. 136.

[2]Grassmick, p. 126.

1:43-45). Nais Niya na panatiling pribado muna ng mga tagaroon ang nangyaring kababalaghan.[1]

Samantala, ang Kanyang ikalawang utos ay kadadamhan ng Kanyang mayamang habag sa babae. Ito rin ay nagsisilbing katibayan na ibinalik Niya ang normal na kalusugan ng babae, na ngayon ay kailangan na uling pangalagaan sa pamamagitan ng masustansyang pagkain. Syempre, hindi Niya binuhay ang batang babae sa paraang nagkaroon ito ng immortal na katawan, na gaya ng ating tataglayin sa muling pagkabuhay (ikumpara. 1 Cor. 15:35-57).

> "Ang pagkamangha at sobrang tuwa sa mga sandaling iyon ay maaring magdulot na makalimutan ang mahalagang pananagutan na pangalagaan ang bagong bigay na buhay."[2]

Ang dobleng himala na ito (yun ay, ang pagbuhay sa anak ni Jairo at ang pagpapagaling sa babaing dinudugo) ay nagturo sa mga alagad na si Jesus ay hindi lamang may kapangyarihan na utusan ang inang 'Kalikasan' (4:35-41), at ang 'kampon ng kadiliman' (5:1-20), kundi pati na rin mismo ang 'kamatayan.' Ang mga bagay na ito ay napakahalagang rebelasyon para sa mga taong naghandog ng kanilang pananalig sa Kanya. Natunghayan nila na si Jesus ay hindi karaniwang tao; na Siya'y higit pa sa mga dakilang propeta sa Lumang Tipan. At walang duda na ang lahat ng ito ay ginamit ng Diyos upang maghatid ng pananalig sa puso ng mga alagad, yun ay, na si Jesus nga ang Banal na Messias ng Diyos, at ito nga mismo ang kanilang ipapahayag sa mga susunod na kabanata (8:29).

> "Ang pananampalataya ay hindi lang bastang paniniwala na kaya ni Jesus na gumawa ng mga himala. Hindi iyan naging isyu sa Nazareth. Sa halip, ang kanilang isyu at tanong ay may kinalaman sa paano Niya nagawa ang mga himala, yamang para sa kanila'y karaniwang tao lamang si Jesus na gaya nila. Kaya nga sa perspektiba ni Marcos, ang 'mabisang pananampalataya,' alinsunod sa takbo ng mga kwentong ito, ay higit pa sa paniniwala lang kay Jesus na nakagagawa ng mga himala. Sa halip, ginamit mismo ni Marcos ang mga kwentong ito (tungkol kay Jairo at sa babaing dinudugo) upang bigyang diin at pansin ang papel na ginagampanan ng

[1]Cranfield, p. 191; Gundry, p. 277.

[2]Swete, p. 110.

> pananampalataya na nakaugnay kay Jesus, at si Jesus na tumitingin mismo sa halaga at magagawa ng ating pananampalataya sa Kanya."[1]

2. Ang Pagtanggi sa Nazareth 6:1-6a (ikumpara. Mat. 13:54-58)

Bagamat si Jesus ay nagbigay ng mga sapat na katibayan upang patunayan na Siya'y hindi pangkaraniwang tao (4:35—5:43), ang mga tao naman na nakakakilala sa Kanya sapul pa sa Kanyang pagkabata ay tumangging maniwala sa Kanya (6:1-6a). At ang pagtangging ito ay unti-unting naghatid kay Jesus na lumayo sa maraming tao at matuon sa pagsasanay sa Kanyang mga alagad (6:6b—8:30).

6:1 Binanggit dito ni Marcos ang presensya ng mga alagad na kasama ni Jesus, subalit hindi ito binanggit ni Mateo. Itinala ni Marcos ang tagpong ito sapagkat ito ay minsan pang okasyon para sa pagsasanay sa mga alagad – bagay na partikular na tampok sa kanyang aklat. Dito nga ay binisita ni Jesus ang Nazareth na gaya ng isang rabbi na inihahanda ang Kanyang mga alagad para sa ministeryo. Ngunit matutunghayan natin dito ang ikalawang pagtanggi sa Kanyang sariling bayan; binanggit rin ito ng iba pang may-akda ng Sinoptiko. Kung matatandaan, ang unang pagtanggi ay naganap noong nilisan ni Jesus ang Nazareth at itinatag ang himpilan ng Kanyang ministeryo sa Capernaum (Mat. 4:13; Lukas 4:16-31).

6:2-3 Ang reaksyon ng mga tao sa sinagogang ito ay ibang-iba sa reaksyon ng mga tao sa sinagoga na kinabibilangan ni Jairo (5:22). Tatlong tanong ang itinala ni Marcos na mula mismo sa bibig ng mga taga-Nazareth: Nagtataka sila kung saan nakuha ni Jesus ang Kanyang doktrina, sino ang nagbigay sa Kanya ng karunungan, at paano Siya nagkaroon ng kakayahan na gumawa ng mga himala. At syempre, gaya ng inaasahan, hindi nila naging konklusyon na ang turo, karunungan, at mga himala ni Jesus ay mula sa Diyos.

> "Sa ganitong paraan, hindi naiiba ang ating moderno at siyentipikong panahon na higit na nakatitig sa mekanikal na tanong na 'Paano,' sa halip na sa theolohikal na tanong na, 'Bakit'."[2]

---

[1]Guelich, p. 305.

[2]Cole, p. 107.

Ang tanong ng mga tao sa Nazareth ay nagpapakita ng kawalang-pananampalataya at galit. Ang kanilang personal na pamilyaridad sa pamilya ni Jesus at maging sa paraan ng Kanyang dating pamumuhay sa gitna nila ang siyang nagpahirap sa kanila na maniwala na Siya ay hindi pangkaraniwang tao. Dapat malaman na ito lang ang lugar sa Bagong Tipan na tinawag si Jesus na "karpentero." Ang salitang Griego na ginamit ay *tekton,* husay sa gawaing may kinalaman sa bato, bakal, at kahoy.[1] Tila gustong palabasin ng mga kritiko ni Jesus na Siya'y karaniwang karpentero lamang.

> "Isang karaniwang pananaw ngunit madalas ring pagkakamali na ang salitang "karpentero" ay tumutukoy sa isang pobreng trabaho. Sa katunayan, maging sa panahon ngayon ay may ganyan tayong pananaw. Subalit ang salitang ito sa wikang Griego ay may malawak na kahulugan. Pwede itong tumukoy sa gumagawa ng barko o kaya'y sa isang manlililok o iskultor, o sa isang manggagamot o doktor. Ang salitang ito ay nakaugnay sa isang taong may taglay na kasanayan at husay. Kaya nga, maling isipin na ang salitang "karpentero" (Mat 13:55) ay tumutukoy sa isang pipitsuging manggagawa na nakatira sa isang hindi kilalang probinsya at doo'y manggagawa ng araro at pamatok (bagay na kayang gawin mismo ng sinumang mangsasaka roon). Si Jose ay maaaring isang karpentero na kilala sa kanyang husay at madalas ipatawag sa iba't ibang lugar. Kaya nga, ang tawagin si Jesus na "karpentero" ay hindi isang pangmamaliit.[2]
>
> "Ang salitang Aramaiko para sa salitang "karpentero" ay *naggara.* Ito ay mayaman sa kahulugan na mula sa pagiging isang manggagawa ng mga gamit sa bahay tungo sa pagiging isang tagapagtayo ng magarang gusali. Dahil rito, ang pagiging isang *naggara* ay nangangahulugan ng iba't ibang kasanayan at husay. Sa simula pa lang ng kasaysayan at maging sa panahon ni Jesus, ang ganitong mga manggagawa ay madalas na napupunta sa iba't ibang

[1]Guelich, p. 310.

[2]Mann, p. 289, tingnan ang footnote 3. Tingnan rin ang sinasabi ni Barclay, p. 138.

> lugar. At kung titingnan ang ipinapahiwatig sa Lukas 4:22 at Juan 6:42, kasama na rin ang talatang ating inaaral ngayon, pwede nating isipin na si Jesus, bilang isang karpentero, ay madalas ring wala sa Kanyang sariling bayan sa Nazareth. At dahil rito, Siya ay hindi masyadong kilala ng mga taong tagaroon. Dagdag pa, ang lungsod ng Nazareth ay mainam na lokasyon para sa mga manlalakbay na manggagawa. Ito ang lugar na kanilang tinitirhan sapagkat mula rito ay pwede silang makapaglakbay ng mabilis at madali tungo sa mga lungsod at bayan na malapit sa baybayin ng Lawa ng Galilea."[1]

Kapansin-pansin na pag-isipan na hindi pinili ni Jesus na maging: sundalo, maniningil ng buwis, mangingisda, isang akademiko, atbp. Ang bokasyon o panawagan sa buhay na Kanyang pinili—yun ay, ipagpalagay nating may kalayaan Siya sa pagpili nito—ay yaong bokasyon o hanap-buhay na magkakaroon ng positibong kontribusyon sa Kanyang mga kababayan. Iniwasan Niya ang mga problematikong mga hanap-buhay na maaaring i-kompromiso ang Kanyang panawagan.

> "Nakaugalian ng gamitin ng mga Judio ang pangalan ng kanilang ama, ito man ay patay na o buhay pa. Ang isang tao ay tatawagin lamang na anak ng kanyang ina kung ang kanyang ama ay hindi kilala."[2]

Sa una, tinatawag pa ng mga taga-Nazareth si Jesus bilang anak ni Jose (Lukas 4:22). Ngunit ngayon ay tinatawag na Siyang “anak ni Maria,” na mismong sinasadyang pang-iinsulto o kaya’y pagpapahiwatig na Siya’y anak sa labas o isang bastardo (ikumpara. Huk. 11:1-2; Juan 8:41; 9:29). Gayunpaman, ang mga Judio ay hindi magsasalita ng pang-i-insulto sa gayong uri ng tao kung nakikita nila na ang taong iyon ay namumuhay naman ng kalugod-lugod sa Diyos. Subalit, kung ang gayong uri ng tao ay nakikita nilang namumuhay ng masama at tumalikod sa pananampalataya, hayagan nilang sinasabi sa publiko na ang taong iyon ay isang bastardo.[3] Kaya nga, nang ginamit ng mga taga-Nazareth ang

---

[1]Mann, p. 289, tingnan ang footnote 3.

[2]Hiebert, p. 139.

[3]Tingnan ang aklat ni Ethelbert Stauffer, *Jesus and His Story*, pp. 207-8, cf. pp. 16-17. Ang isang ‘apostate’ o ‘tumalikod’ ay siyang itinakuwil ang kanyang mga paniniwala at prinsipyo.

katagang ito laban kay Jesus, gusto nilang ipahiwatig na hindi sila naniniwala na si Jesus ay isinilang ng birheng Maria, sa halip, sila'y naniniwala na Siya'y isang bastardo na pasaway sa Diyos.[1]

> "Minsan, ang pagiging sobrang lapit natin sa isang tao ang nagiging hadlang at dahilan upang mabigo tayong makita ang kanyang kadakilaan."[2]

6:4 Sa talatang ito, ang sagot ni Jesus ay maaaring kawikaan na katha Niya o kaya'y kasabihang umiiral na noong panahong iyon. Ito ang Kanyang naging sagot sa kanilang pagtanggi. Ito ay nagpapahayag ng isang prinsipyo; yun ay, 'ang pamilyaridad ay nanganganak ng paghamak.' Ngunit gamit ang kasabihang ito, ipinahiwatig ni Jesus na Siya'y isang propeta. Gayunpaman, kaylungkot na hindi man lamang ikinatuwa ng mga taga-Nazareth ang Kanyang panawagan sapagkat itinuring nila Siyang katulad lang nila; yun ay, karaniwan at walang pinagkaiba.

> "Maaaring ang kasabihang ito ni Jesus ay nakaugnay sa karaniwang kasabihan sa kalye noong panahong iyon: yun ay, 'Ang isang dalubhasa ay pangkaraniwang tao lamang sa bayan na kanyang pinagmulan.'"[3]

6:5-6a Minsan pa, binigyang diin at pansin ni Marcos sa kanyang salaysay na ang mga himalang ginawa ni Jesus ay nakaugnay sa pagtugon Niya sa pananalig ng mga tao. Subalit sa tagpong ito, makikita natin ang isang malaking pagkakaiba. Ang pagtanggi at kawalang-pananampalataya ng mga taga-Nazareth ay nag-resulta na hindi nakagawa si Jesus ng mga himala sa kanila. Sa madaling salita, ang kawalang pananampalataya ay humahadlang sa pagkilos ng Diyos (ikumpara. Gawa 14:9-10).

> "Ang punto ng 'ouk edunato' [literal ay, "walang himala "] ay hindi dahil sa si Jesus ay walang magagawa kung ang tao ay hindi mananampalataya sa Kanya. Sa halip, kapag ang tao ay hindi sumasampalataya, hindi Niya pwedeng gawin ang mga kamangha-manghang himala; yun ay, yaong mga bagay na *naaayon sa layunin ng Kanyang ministeryo*. Ang himala kapag hindi tinanggap sa pamamagitan ng

---

[1]Cf. Cranfield, p. 195.

[2]Barclay, p. 140.

[3]McGee, 4:184.

> pananampalataya ay magpapalala lamang sa kasalanan ng tao at higit na magpapatigas ng kanilang puso laban sa Diyos."[1]
>
> Kapansin-pansin ang itinala ni Marcos na reaksyon ni Jesus sa kawalang-pananampalataya ng Kanyang mga kababayan sa Nazareth. Si Jesus ay inilarawan niyang "namangha" sa tigas ng puso at lakas ng pag-aalinlangan ng kanyang mga kababayan sa Nazareth. At syempre, ang kanilang desisyon na hindi maniwala sa mga katibayan na nahayag sa kanilang harapan ay patunay lamang na sila ang dapat sisihin sa kanilang katigasan at kahatulan.
>
> "Ang mga mamamayan ng Nazareth ay kumakatawan sa bulag na kalagayan ng bansang Israel sa kabuoan. Ang matigas na pagtanggi nila kay Jesus ay larawan ng panghinaharap na daranasin ng mga alagad (ikumpara. 6:7-13), at maging ng mga mambabasa ni Marcos (noon at ngayon) habang isinusulong natin ang ebanghelyo."[2]

IV. ANG SARILING KAPAHAYAGAN NG LINGKOD NG DIYOS SA MGA ALAGAD 6:6B—8:30

Ang tumitinding galit ng mga relihiyosong pinuno ng Israel at maging ang pagtanggi na maririnig sa Masa (3:7—6:6a) ang naghatid kay Jesus sa punto na matuon sa pagsasanay sa Kanyang mga alagad. Sa seksyon na ito natin makikita kung paano ito ginawa ni Jesus. At bagamat binigyan ni Jesus ang Kanyang mga alagad ng dagdag na mga responsibilidad sa ministeryo (6:6b-30), ang pokus pa rin ng Kanyang mga pagtuturo ay nakatuon sa Kanyang katauhan, na hindi pa rin masyadong maunawaan ng mga alagad (6:31—8:30).

> "Matapos ang katagang nagsasabi na 'Ito ang simula ng Magandang Balita' sa 1:1-15, ang unang kalahating bahagi ng Ebanghelyo ni Marcos ay inilatag sa tatlong pangunahing seksyon (1:16—3:12; 3:13—6:6; 6:7—8:26). Bawat seksyon na ito ay nagbubukas sa kwento na tungkol sa mga alagad (1:16-20; 3:1-19; at 6:7-13). Ngunit bawat seksyon rin ay humahantong sa kwento na nagpapakita ng negatibong tugon ng mga tao sa ministeryo ni Jesus (3:1-6; 6:1-6a; 8:14-21). Gayunpaman, ang bawat seksyon ay tinatapos sa pamamagitan ng pangungusap na binubuod sa

[1]Cranfield, p. 197.

[2]Grassmick, p. 127.

gunita ng mga mambabasa ang katangian ng ministeryo ni Jesus (3:7-12; 6:6b; 8:22-26)."[1]

A. Ang Misyon ng Labing-Dalawa 6:6b-30

Narito minsan pa ang mga seksyon sa aklat ni Marcos na kumbaga ay 'pala-palaman' ang dating (chiastic). Ang pangunahing kaganapan rito ay ang pagsusugo ni Jesus sa Labing-Dalawa upang mangaral at magpagaling ng mga maysakit. Ang misyong ito ay pagpapalawak mismo ng Kanyang ministeryo sa pamamagitan nila. Sa loob ng kwento, sa pagitan ng kanilang pag-alis at pagbabalik, isiningit ng may-akda ang kwento ng kamatayan ni Juan Bautista. Sa kwentong ito, ang interes ni Marcos ay nabaling sa pananaw ni Herodes Antipas tungkol sa katauhan ni Jesus, kung sino nga ba Siya. At minsan pa, ang katauhan ni Jesus, na siyang sentral sa seksyon na ito, ang siyang magiging sentral na paksa rin sa mga susunod na seksyon (6:31—8:30).

1. Ang Pagsusugo sa Labing-Dalawa 6:6b-13 (ikumpara. Mat. 9:35—11:1; Lukas 9:1-6)

Si Jesus ay nagpatuloy sa Kanyang ministeryo sa Galilea kahit na tinanggihan Siya sa Nazareth. Ang Kanyang ministeryo sa Labing-Dalawa ay napakahalagang bahagi ng Kanyang ministeryo sa lupa. Ito ang naghanda at sumanay sa mga alagad upang gampanan ang panghinaharap na ministeryo. Ito rin ay nagsilbing antisipasyon o anino ng Kanyang patuloy na ministeryo na gagawin matapos na Siya'y umakyat sa langit. Sa seksyon na ito natin makikita ang ikatlong paglalakbay sa mga nayon ng Galilea na iniulat ni Marcos (ikumpara. 1:14, 39).

> "Ang klaymaks (climax) ng ministeryo sa Galilea ay naganap sa pagsugo at sa misyon ng Labing-Dalawa (6:7-13)."[2]

6:6b Sa talatang ito ay mayroong maiksing pangungusap na nagsisilbing 'transition' o paglilipat ng tagpo sa kwento. Dito ay makikita ang dalawang bahagi ng ministeryo ni Jesus: personal at sa pamamagitan ng Kanyang mga alagad. At gaya ng ating nasabi, ang interes ni Marcos ay nasa pagsasanay sa mga alagad. Kaugnay rito, si Mateo ay medyo natuon sa personal na ministeryo ni Jesus (Mat. 9:35).

---

[1]Guelich, p. 316.

[2]Taylor, p. 225.

> "Isipin mo: nilibot ni Jesus ang mga nayon at nagturo roon. Napakagandang halimbawa ang makikita natin rito, na lalong kapaki-pakinabang sa mga manggagawa ng simbahan. Hindi natin maipagkakaila na may mga manggagawa sa Ubasan ng Panginoon na hindi ibig na pumunta sa mga maliliit at hindi kilalang mga lugar. Sa aking karanasan, ako ay madalas na masabihan kung bakit ako raw ay pumupunta sa mga maliliit na simbahan upang doon ay magturo. Ngunit para kasi sa akin, mismong ang ating Panginoon ang nagbigay sa atin ng halimbawang dapat tularan. Siya'y pumunta sa mga hindi kilalang lugar. Oo, pwede naman sana Siyang magpatawag ng mga taong ihahanda ang Kanyang pagdating sa mga sikat na lugar na gaya ng sa tanghalan at Colosseum sa Roma. Subalit pinili Niyang pumunta sa mga maliliit na lugar at hindi kilala!"[1]

6:7 Tinawag ni Jesus ang Kanyang Labing-Dalawang alagad at sinugo sila upang Kanyang maging opisyal na kinatawan sa mga lugar na kanilang pagmiministeryuhan (ikumpara. 3:14). Sa kultura na kinalakihan ni Jesus, itinuturing ng mga tao ang sinugo (lingkod) na para mismong ang nagsugo (amo).[2] Sinunod rin ni Jesus ang dunong na matatagpuan sa kaugalian ng mga Judio nang sinugo Niya ang Kanyang mga alagad na magkapares o 'dala-dalawa.' Si Marcos lamang ang bumanggit nito (ikumpara. Deut. 17:6; 19:15; Eccles. 4:9-12). Ang 'dala-dalawang' paraan ng pagsusugo ay para bigyang tibay ang katotohanan ng mensahe na kanilang ipapangaral; ito ay ayon mismo sa kaugaling Judio tungkol sa patotoo ng dalawang saksi (ikumpara. Blg. 35:30; Deut. 17:6).

Ang ipapangaral ng Labing-Dalawa ay tungkol sa 'kaharian ng Messias' (Lukas 9:2). Sila ay gagawa ng mga himala na magsisilbing katibayan para sa mensaheng kanilang ipapangaral sa mga Judio (Mat. 10:1; Lukas 9:1-2). Si Marcos lang ang may binanggit hinggil sa kanilang kapamahalaan sa mga demonyo (o "masasamang espiritu "). Ang pagpapalayas nila sa mga demonyo ang siyang pinakamabisang demonstrasyon ng kapangyarihan ni Jesus na kumikilos sa pamamagitan nila. Ito ang misyon na

---

[1]McGee, 4:184-85.

[2]Lane, pp. 206-7.

(sekondaryong) naghanda sa kanila para sa higit pang responsibilidad na tatanggapin nila kay Jesus sa hinaharap.

> "Binasbasan ni Jesus ang Kanyang mga alagad ng awtoridad na mahahayag sa salita at gawa ng kapangyarihan. Ang kanilang mensahe at kilos ay naging daluyan ng Kanyang kapamahalaan."[1]

6:8-9 Dito ay makikita na ang Labing-Dalawa ay hindi dapat magdala ng anumang pagkain, balutan, o ng pera.

> "Nakaugalian na ng mga tao sa Silangan at Kanluran na kahit papaano ay may baon kang barya sa iyong bulsa."[2]

Subalit kapansin-pansin na kahit ekstrang damit ay hindi pinagdala ni Jesus ang Kanyang mga alagad, na kung tutuusin ay kailangan nilang balabal sa gabi. Sa madaling salita, ang Labing-Dalawa ay kailangang umasa lang sa Diyos na tutugon sa kanilang mga pangangailangan. At yun nga, kabilang na sa probisyon ng Diyos ang mapunta sila bahay na may mapagpatuloy at maasikasong may-ari. Dagdag pa, ipinapakita sa utos na ang kanilang misyon ay mahalaga at kailangang apurahin, kaya kailangan na hindi marami ang kanilang bitbit sa paglalakbay at hindi nangangailangan ng matagal na preparasyon. Ang kailangan lang nila ay yaong gaya ng sandalyas at tungkod. Hindi nila kailangang magdala ng mga hindi kailangan o pabigat lang. At syempre, tinuturuan rin ni Jesus ang Kanyang mga alagad na magtiwala sa Diyos at hindi sa kanilang sarili.[3] Ang Diyos ang gagabay at magpapakain sa kanila.

Sa salaysay ni Mateo, mababasa na ipinagbawal ni Jesus na magdala ng sandalyas at tungkod (Mat. 10:9-10), ngunit sa tala ni Marcos ay pinapayagan Niya na magdala ng mga ito. Samantala, sa salaysay ni Lukas, ipinagbabawal ni Jesus na magdala ng tungkod (Lukas 9:3). May kontradiksyon ba? Syempre wala. Isang solusyon sa tila kontradiksyong ito ay ang punto na maaaring ang utos na ito ay sinabi ni Jesus ng hindi lang sa isang okasyon.[4] O kaya, marahil, ang ipinagbawal ni Jesus ay ang

---

[1]Ibid., p. 206.

[2]Cranfield, p. 199.

[3]Guelich, p. 322.

[4]Tingnan ang pag-aaral ni Monte A. Shanks, "An Alternative Solution to an Alleged Contradiction in the Gospels," *Bibliotheca Sacra* 169:675 (July-September 2012):317-27.

‘pampalit na sandalyas’ at ekstrang tungkod.[1] Sa salaysay ni Mateo ay mababasa ang ganito, “Sa inyong paglalakbay, huwag din kayong magbaon ng…pampalit na sandalyas, o tungkod." Sa lahat ng ito, ang gusto lang ituro ni Jesus ay ito: ang mga alagad ay dapat na umasa sa Diyos at sila ay dapat na maglingkod. Hindi sila dapat umasta na mga amo o hari-harian sa buhay ng iba.

> "Dapat isaalang-alang na ang partikular na mga tuntuning ito ay literal lamang na kinakailangan sa gayong saglit na misyon na bigay ni Jesus noong Siya ay nasa lupa pa. Subalit sa prinsipyong punto – na syempre ay isinasaalang-alang ang mga kinakailangang modipikasyon at klima ng lugar na pupuntahan – ang prinsipyo ng mga sinabi rito ni Jesus ay napapanahon pa rin ngayon (yun ay, pagtitiwala sa Diyos at paglilingkod). At syempre higit sa lahat, ang pangangaral ng Salita ng Diyos ang nagpapatuloy na ministeryo ng Iglesia, at ito pa rin ay lubhang napapanahon, napakahalaga, at tumatawag ng ganap na dedikasyon mula sa atin."[2]

6:10 Ang Labing-Dalawa ay kailangan na manatili sa bahay ng taong magmamagandang loob na patuluyin sila; ito’y hanggang sa matapos nila ang misyon sa isang partikular na nayon. Mas mabuti ang manatili sa isang bahay kaysa sa palipat-lipat. Mas maiiwasan nila ang anumang distraksyon at mapapangalagaan nila ang kanilang reputasyon. Yun ay, kapag kasi palipat-lipat sila ng bahay, maaaring sabihin ng mga tao na sila’y gahaman at matakaw. Gayundin naman, kung palipat-lipat sila ng bahay at nakatagpo sila ng mas mainam at mayaman na bahay kumpara sa una, ito ay maghahatid ng pagkukumpara at kahihiyan sa unang nagpatuloy sa kanila.

6:11 Kinaugalian ng mga Judio na ipagpag ang alikabok ng kanilang mga sandalyas kapag papasok na sila sa teritoryo ng kanilang bayan galing sa lupain ng mga Hentil.[3]

---

[1]Gleason L. Archer, *Encyclopedia of Bible Difficulties*, p. 326.

[2]Cranfield, p. 200.

[3]Wessel, p. 667.

> "Sa kultura ng panahon na naisulat ang mga aklat ng Ebanghelyo, ang mga Judio ay naglagay ng matinding pagkakaiba sa pagitan ng kanilang teritoryo at ng mga Hentil na teritoryo. Itinuturing ng mga Judio na ang kanilang lupain ay banal at ang lupain ng mga Hentil ay marumi."[1]

Ang pag-pagpag ng alikabok mula sa kanilang mga sandalyas ay sumisimbolo sa maruming epekto ng lugar ng mga pagano sa kanilang buhay. Kaya nang pinagpag ng Labing-Dalawa ang kanilang mga sandalyas sa harapan o sa lugar ng mga taong tumanggi sa kanilang mensahe, kanilang nais iparating na ang mga taong iyon ay ayaw maniwala, sila'y marumi, at nasa ilalim ng hatol ng Diyos (ikumpara. Gawa 13:51; 18:6).

> "Ang pag-pagpag ng alikabok ay hindi dapat ituring na isang paraan ng pagsumpa, kundi pagsaksi – na ang hangarin sana ay maghatid ng pagbabago. Ito ay pangungusap na babala *para* sa kanila, hindi pangungusap ng hatol *laban* sa kanila. Ikumpara Gawa 13:51; 18:6."[2]

> "Ang pag-pagpag ay isang nakikitang tanda na sumasagisag sa ginawang pagtanggi. Gayunpaman, ito'y umaasang magbabago ng isip ang tumanggi at tatanggapin ang mensahe ng Panginoon (Mat. 10:40, Lukas 10: 16). Sa madaling salita, ang pag-pagpag ng alikabok ng sandalyas ay tandang nagpapakita ng kalagayan ng isang bayan sa harapan ng Diyos."[3]

Ang ganitong tanda at kilos ay umaasang pag-iisipang mabuti ng mga taong tumanggi ang kanilang desisyon at babaguhin ang kanilang pasya.

6:12-13 Sa talatang ito, mababasa na ang Labing-Dalawa ay may gagawing tatlong bagay na ginawa rin Jesus sa Kanyang ministeryo: (1) pangangaral ng mabuting balita tungkol sa nalalapit na pagdating ng kaharian ng Messias, (2) pagpapalayas ng mga demonyo, at (3) pagpapagaling ng mga maysakit (ikumpara. 1:4, 14-15, 32-34, 39; 3:10). Ang kanilang gagawing misyon ay nakaugnay at pagpapalawak ng misyon ni Jesus (ikumpara. 16:15-20).

---

[1]Rhoads at Michie, p. 70.

[2]Mann, p. 293.

[3]Plummer, p. 144.

Hindi binanggit ni Marcos na sinugo lamang sila ni Jesus sa mga Judio. Marahil ginawa niya ito upang iugnay ang kanyang mga mambabasa na sila man ay dapat na maging daluyan at kabahagi sa pagpapalaganap ng ministeryo ni Jesus – na gaya mismo ng ginawa ng Labing-Dalawa (ikumpara. Mat. 10:5-6). Sa ministeryong ito, natutunan ng Labing-Dalawa na ang sakop at pagkilos ng kapangyarihan ni Jesus ay kumikilos kahit na hindi nila kasama ang Kanyang personal na presensya; yun ay, na ang Diyos ay kumikilos pa rin pala sa pamamagitan nila kung paanong Siya'y kumilos sa pamamagitan ni Jesus.

> "Ang kanilang pagpunta sa isang nayon ay naghatid ng kagalingan at kaligtasan sa pambihirang pamamaraan *sapagkat sila'y mga kinatawan o sugo ng Panginoon*. Inatasan sila ng Panginoon at sila'y humayo sa diwa at kapangyarihan ng Kanyang pangalan. Ang bagay na ginawa ng kapangyarihan ni Jesus bilang Sugo ng Diyos ay gagawin rin naman ng mga alagad sa diwa ng kapangyarihan ni Jesus."[1]

Si Marcos lamang ang nagsabi sa kanyang salaysay na ang Labing-Dalawa ay gumamit ng langis sa pagpapagaling. Noong panahong iyon, karaniwang gumagamit ang mga tao ng langis bilang paraan ng lunas (ikumpara. Lukas 10:34; Santiago 5:14).[2] Sa isang banda, ang rituwal ng pagpahid ng langis ay sumisimbolo sa pagdating ng Diyos sa buhay ng isang tao; na ang taong iyon ay binibigyan ng Panginoon lakas at kakayahan upang Siya'y paglingkuran. Ito rin ay sagisag na ang isang tao ay itinalaga para sa paglilingkod sa Diyos. At syempre, ang simbolismong ito ay naghatid rin ng espesyal na pansin sa mga mambabasang disipulo na nakaranas ng parehas na basbas ng Diyos sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. Ito ay kapaki-pakinabang sa pagsasakatuparan ng kanilang ministeryo at maging sa atin sa ngayon.

Ang talatang 13, kasama ang sinasabi sa Santiago 5:14 at 15, ang siyang naging basehan ng paniniwala ng Romano Katoliko sa tinagurian sa Ingles na "extreme unction." Ito ay yung "pagpahid ng langis sa maysakit." Dito ay pinapahiran ng langis at ipinapanalangin ng isang pari ang taong may

---

[1]Lane, p. 209.

[2]Merrill F. Unger, "Divine Healing," *Bibliotheca Sacra* 128:511 (July-September 1971):236.

> malubhang sakit o pinsala, na nawa'y gumaling ang taong ito at iligtas ng Diyos.[1]

Ipinapakita sa bahaging ito ng aklat ni Marcos (vv. 6b-13) na si Jesus ay nagpatuloy sa pagsasanay sa Kanyang mga alagad upang ihanda sila sa paparating na ministeryong laan para sa kanila. Sa pamamagitan nila ay Kanyang ipagpapatuloy at palalaganapin ang sinimulan Niyang ministeryo ng pangangaral at paglilingkod. Sa kanilang mga tungkulin na gagawin, sa paraan ng paglilingkod na kanilang ipapakita, at maging sa magiging tugon nila sa mga reaksyon ng mga tao, ipapakita nilang sila'y mga lingkod ng Punong Lingkod – si Jesus.

> "Noong una, sila'y parang mga bata na nasa ilalim ng pangangalaga ng kanilang magulang. Sila'y katulad ng mga inakay na ibon, na ibukas lang ang kanilang mga bibig ay isusubo na sa kanila ang pagkain. Subalit ngayon, sila'y katulad na ng isang batang umalis ng tahanan upang magsanay sa isang eskwelan, o kaya'y tulad ng isang ibong pipit na sinasanay ng kanyang ina sa paglipad at sa paghahanap ng kanyang makakain."[2]

> "Ang partisipasyon ng Labing-Dalawa sa ministeryo ni Jesus at ang kanilang tinamasang tagumpay ay higit na nagbibigay ng tingkad sa 'irony' o kakatwa o kakaibang kabaligtaran na madalas na makikita sa salaysay ni Marcos – lalo't sa bahaging ito (6:7—8:26). Sa isang banda, ang bahaging ito ay nagbubukas sa tagpo ng isang espesyal na misyon, na kung saan ang tagumpay na naitala sa 6:30 ay nakaabot sa pandinig ng palasyo ni Herodes (6:14). Ito rin ay naghatid ng walang tigil na paghahanap ng mga tao kay Jesus (6:31-33). Subalit sa kabilang banda, ang Labing-Dalawa mismo na nakaranas ng espesyal na panawagan at relasyon kay Jesus at ganap na nakabahagi sa Kanyang ministeryo ay makikita rin na minsan ay kulang sa unawa (6:52; 7:18; 8:14-21) at minsan nga'y parang kararamdaman ng "katigasan ng puso" (6:52; 8:17-18). Ang lumalagong 'kakaibang kabaligtaran' na ito tungkol sa espesyal na pagkakataong bigay sa Labing-Dalawa at sa kanilang kakulangan sa pag-unawa ay nagsimula na gaya ng isang 'binhi' sa mga nakaraang seksyon (yun ay, sa 4:11; cf. 4:13; 4:33-34; ikumpara. 4:41)."[3]

---

[1]Tingnan ang sinabi ni Kenneth Scott Latourette, *a History of Christianity*, pp. 532-33.

[2]Bruce, *The Training …,* p. 113.

[3]Guelich, p. 324.

2. Ang Kabiguan ni Antipas na Maunawaan ang Katauhan ni Jesus 6:14-29

Isiningit ni Marcos ang salaysay na ito sa kanyang naratibo – na tungkol lang sana sa misyon ng Labing-Dalawa. Ang talang ito na isiningit ay maihahalintulad sa palaman ng tinapay o sandwich (ikumpara. v. 30). Marahil ang insidenteng ito ay nangyari sa panahong ang mga alagad ay inatasan na ni Jesus sa isang misyon. Dito ay inilalarawan ang nangyayaring tumitinding oposisyon laban kay Jesus, ngunit nagbibigay rin ito ng gabay para sa Kanyang mga tagasunod. Kumpara sa ibang Sinoptiko, si Marcos ang siyang maituturing na mayaman sa pagtatala ng tagpong ito.

Magkakaibang Opinyon tungkol sa Katauhan ni Jesus 6:14-16 (ikumpara. Mat. 14:1-3; Lukas 9:7-9)

6:14 Si Herodes Antipas ay hindi naman talaga maituturing na hari. Ang katagang "hari" na ginamit rito ay popular lamang na katawagan para sa kanya, subalit hindi niya ito opisyal na titulo. Sa halip, siya ay 'tetrarka' (yun ay, ang tagapamahala ng isa sa apat na pulitikal na dibisyon na nasasakupan ng Emperyong Romano). Siya ay ipinanganak noong 20 B.C., at naging tagapamahala sa Galilea at Perea mula 4 B.C. hanggang A.D. 39, noong ipinatapon siya sa Gaul.[1] Ang Perea ay matatagpuan sa silangang bahagi ng Ilog Jordan at sa timog na bahagi ng Decapolis. Ang hilagang hangganan nito ay halos kalahati sa pagitan ng Lawa ng Galilea at ng Patay na Dagat (Dead Sea). Ang timog na hangganan nito ay halos kalahati sa pagitan ng hilaga at timog na dulong bahagi ng Dead Sea. Ang teritoryo ni Ammon ay nasa silangan ng Perea. Tinawag ni Marcos si Antipas na 'hari' ng dahil siguro ay ito ang popular na katawagan sa kanya ng mga tao.[2] At syempre, kinakailangan para kay Marcos, na nagsulat para sa mga mambabasang Romano, na gamitin ang titulong ito, sapagkat ito rin ang titulo na ginagamit ng gobyernong Romano para sa lahat ng mga tagapamahala sa silangan.[3]

Ang napakinggang 'balita' ni Herodes ay 'tungkol kay Jesus' (vv. 7-13). At sa buong seksyon na ito, dapat pansinin na ang ministeryo ng mga alagad

---

[1]Para sa medyo ibang petsa ng paghahari ni Antipas, tingnan ang sinasabi nina Andrew E. Steinmann and Rodger C. Young, "Dating the Death of Herod and the Reigns of His Sons," *Bibliotheca Sacra* 178:712 (October-December 2021):448-50.

[2]Taylor, p. 308.

[3]Bruce, "The Synoptic …," 1:380.

ay nakapokus sa katauhan ni Jesus; ito ang kanilang paksa. Dagdag pa, ang Labing-Dalawa ay sinugo ni Jesus sa misyong ito kahit na ang kanilang unawa sa Kanya ay hindi pa gayon kabuo. Isipin mo: ninais pa rin ni Jesus na ibahagi nila ang kanilang kaunting nalalaman tungkol sa Kanya, bagamat tatanggap pa sila ng higit na kaunawaan paglaon.

Sa tala ni Mateo, mababasa natin ang agad na pagbibigay diin na “ang balita tungkol kay Jesus ay nakarating kay Herodes” (Mat. 14:1). At sa tala ni Lukas, mababasa ang ganito, “nabalitaan ni Herodes…ang lahat ng nangyayari” (Lukas 9:7). Dapat malaman na ang lahat ng mga pagtatalang ito ay komplementaryo at hindi ekslusibo na mga pag-uulat. Ang ibig sabihin, bawat paglalarawan ay nagbibigay ng tingkad sa kabuoan. Gusto lang ipakita rito na talagang narinig ni Herodes ang lahat ng balita tungkol sa ministeryo na isinasagawa ni Jesus.

Iba’t iba ang paliwanag o pananaw ng mga tao tungkol sa mahimalang kapangyarihan ni Jesus. Tatlong bagay ang ibinigay ni Marcos. May ilan na nagsasabi na si Juan Bautista ay nabuhay muli mula sa mga patay, at siya ang gumagawa ng mga himalang ito. Subalit walang anumang ginawang himala si Juan Bautista bago ang kanyang kamatayan (Juan 10:41); kaya possible na ang pananaw na ito ay nagmula sa mga sabi-sabi, pamahiin, at maling balita.

> "Si Juan ang tinaguriang ‘tagapaghanda’ o ang laging mauuna upang ihanda ang daan ni Jesus sa Kanyang kapanganakan, ministeryo, at kamatayan. Gaya kay Jesus, mayroon ring iba’t ibang pananaw ang mga tao tungkol kay Juan Bautista."[1]

6:15 Marahil ang pananaw na si Jesus ay si Elias ay nagmula sa ipinahayag na paglalarawan noon ni Juan, na si Jesus ang Ipinangakong Darating (Mal. 3:1; 4:5; ikumpara. Deut. 18:15-19). At siguro dahil rito, may ilang mga tao na nag-akala na si Jesus ay si Elias, sapagkat tingin nila ay may pagkakatulad sa mensahe at ministeryo ng dalawa.

Para naman sa konklusyon ng ilan, si Jesus daw ay isang propeta na gaya ng mga propeta sa Lumang Tipan; ito’y bunsod ng katangian ng Kanyang pangangaral at pambihirang mga himala.

---

[1]Bailey, p. 77.

6:16 Sa talatang ito, ang pananaw ni Herodes na si Jesus ay si Juan Bautista na muling nabuhay ay maaaring personal na pananaw na dulot ng kanyang balisang konsensya. Tandaan na si Herodes mismo ang dahilan ng kamatayan ni Juan. Dagdag pa, ipinapahiwatig rin dito na wala palang kaalaman si Herodes tungkol kay Jesus bago niya ipinapatay si Juan.

Ang Kamatayan ng Tagapaghanda ng Daan ni Jesus 6:17-29 (ikumpara. Mat. 14:4-12)

Ang sinasaad sa talatang 17 hanggang 29 ay pagbabalik-tanaw o 'flashback.' Dito ay sinasalysay ni Marcos kung paano namatay si Juan. Ito lamang ang pagkakataon sa salaysay ni Marcos na hindi si Jesus ang tinutukan ng pansin.[1] Kaya ang tanong: bakit ito isiningit ni Marcos? Ano ang dahilan? Marahil ang sagot ay dahil sa ang kamatayan ni Juan ay sumasalamin sa magaganap na malupit na kamatayan ni Jesus. Pansinin mo na naglaan si Marcos ng 14 na mga talata para sa pagsasaad ng kamatayan ni Juan Bautista; ngunit tatlong talata lamang ang ibinigay niya para sabihin ang naging ministeryo nito. Kaya nga, tila may dalawang karanasan ng paghihirap (passion) ang isinalaysay ni Marcos sa aklat na ito: Ang paghihirap ni Jesus at ang paghihirap ni Juan.[2]

> "Ang salaysay ng kamatayan ni Juan bagamat walang direktang kinalaman kay Jesus, ay kailangan pa rin at nakaugnay sa kasaysayan ni Jesus; yun ay, ang paghihirap at kamatayan na dinanas ng Tagapaghanda ng Daan ay tumuturo sa paparating na pagtitiis ng Messias (ikumpara. 2:19 at sa mga sumusunod na talata.) Ang pagkakahawig sa pagitan ng 4:17-29 at ng 15:1-47 ay nakatatawag ng pansin. Pansinin mo ang mga ito: (1) ang takot ni Herodes kay Juan bilang '*aner dikaios kai hagios'* [yun ay, "taong matuwid at banal"] (*v*. 20) at sa naging asal ni Pilato kay Jesus (15:5, 14); (2) ang hindi mapapawing poot ni Herodias kay Juan at ang walang sawang galit ng mga tagapamuno ng relihiyong Judaismo kay Jesus; (3) ang pagpapatangay nina Herodes at Pilato sa pamimilit ng mga tao at ang detalye ng pagkakalibing kina Juan at Jesus."[3]

Nagbigay si Marcos ng partikular na interes sa ginawa ni Antipas, lalo na ni Herodias, kay Juan.[4] Sa paglaon ay mahahayag (9:13) ang pangunahing dahilan kung bakit isiningit ni Marcos ang bahaging ito sa kanyang salaysay.

---

[1]Taylor, p. 310.

[2]Lane, p. 215.

[3]Cranfield, pp. 208-9.

[4]Para sa diskusyon ng pagkakaiba sa pagitan ng salaysay nina Marcos at Josephus pagdating sa kamatayan ni Juan, tingnan ang mga ito ibid., pp. 208-9; Taylor, pp. 310-11; o kaya'y ni Lane, pp. 215-16.

6:17 Ang totoo niyan, si Herodes Felipe I ay kapatid sa ama (o sa ina) ni Herodes Antipas.[1] Samantala, si Herodias ay anak na babae ni Aristobulus. Si Aristobulus ang anak ng tinaguriang 'Dakilang Herodes' (Herod the Great) at ni Mariamne. Si Herodias kung gayon ay pamangkin ni Herodes Antipas.[2] Labag sa batas na pakasalan ni Herodes si Herodias sapagkat ang kanilang relasyon ay maituturing na 'incest' – yun ay, isang sekwal na gawain sa pagitan ng magkapamilya o malapit na kamag-anak. Dagdag pa, ito rin ay maituturing na pangangalunya sapagkat si Felipe ay buhay pa (ikumpara. Lev. 18:16; 20:21). At dahil sa si Antipas ay naakay sa Judaismo, inilagay niya ang kanyang sarili sa ilalim ng Kautusan ni Moises at syempre sa kahatulan nito.[3]

6:18

> "Matutunghayan natin kay Juan ang isang kahanga-hangang halimbawa ng moral na katapangan na dapat tularan ng lahat ng mga mangangaral. Hindi tayo dapat matakot sa galit na ibabato sa atin ng mga makapangyarihang tao sa lipunan o ng sinumang may itinatangi at hindi tapat na naglilingkod sa Diyos."[4]

> "Kahit na ang mga maharlika o nasa palasyo ay hindi dapat palusutin mula sa panawagan ng pagsisisi."[5]

6:19-20 Ang pita ng laman ni Antipas para kay Herodias ay nagsisilbing kontra at hadlang sa nadarama niyang respeto at pagpapahalaga kay Juan. Gusto niya sanang panatilihin o pagsabayin ang dalawang ugnayan na ito, subalit ang naging resulta ay matinding tensyon at banggaan.

> "Ang hari ay pabago-bago ng pananaw at gusto: dito'y hindi kinatakutan ng isang nasasakupan ang namumuno; ang namumuno ang natakot sa isang nasasakupan."[6]

Nakatatawag pansin na nakaya ni Antipas na mamuhay o pasanin ang banggan na ito sa kanyang kalooban; subalit hindi ito kayang tiisin ni Herodias; ninasa niyang patayin ang kanyang kaaway. Gayunma'y tila

---

[1]Tingnan ibid., p. 218, para sa diagram ng 'family tree' ng mga Herodes.

[2]Cranfield, p. 209.

[3]Hiebert, p. 149.

[4]Calvin, 2:222.

[5]Lane, p. 219.

[6]Morison, p. 152.

prinotektahan ni Antipas si Juan mula sa anumang posibleng pagtatangka ni Herodias—ang babaeng ito ay katulad ni Jezebel. Si Juan ay matuwid pagdating sa kanyang kaugnayan sa mga tao at siya'y banal pagdating sa kanyang kaugnayan sa Diyos. Maliwanag na ang tensyon o banggaan sa damdamin na naramdaman ng hari ay dulot mismo ng kanyang pagnanais na pagsabayin ang kanyang damdamin para kay Herodias at para kay Juan. Minsan, ang mga taong ayaw magbalik loob sa Diyos ay tila gustong malaman rin kung ano ang mayroon sa mga espirituwal na bagay at sa mga taong nagpapahalaga rito. Ito ang makikita natin kay Antipas. Marahil ay nakakausap niya si Juan kapag napapabisita siya sa Kuta ni Macaerus na nasa silangan ng Ilog Jordan na kung saan doon ay nakakulong si Juan. Ang lugar na ito ay nasa bahaging timog ng Perea, na kung saan ay matatanaw ang Dead Sea. Sa lugar na ito marahil naganap ang mga pangyayaring ito.[1]

> "Namangha si Herodes sa kadalisayan ng katangian ni Juan. Siya ay natulad sa isang masama na nanginginig sa harapan ng mabuti. "[2]

6:21-22 Sa wakas, sa tagpong ito ay nagawa na rin ni Herodias na linlangin ang kanyang asawa na alisin sa scenario at sa buhay niya ang taong kanyang kinamumuhian. Si Salome ang anak ni Herodias kay Felipe. Hindi tiyak kung ilang taon na ang babaeng ito nang sumayaw sa harapan ni Antipas. May ilang iskolar na naniniwala na siya ay maaaring nasa kalagitnaan ng edad ng isang tinedyer.[3] Samantala, may iba na naniniwala na siya ay nasa edad na 20.[4] Ang kanyang ginawang sayaw rito ay maaaring magaslaw o hindi disente, yamang ang pamilya ng mga Herodes ay walang pagpapahalaga sa moral. Ngunit walang nababanggit si Marcos tungkol sa bagay na ito (ikumpara. Mat. 14:6-8).[5]

> "Ang mga solong sayaw noong panahong iyon at sa gayong lipunan ay mga malalaswa. Isipin mo lang na mismong ang isang prinsesa na mula sa dugo ng mga maharlika ay nagnais na iharap ang kanyang sarili sa pamamagitan ng

---

[1]Lane, p. 216; Harold W. Hoehner, *Herod Antipas*, pp. 146-48.

[2]Swete, p. 123.

[3]Ang sabi ni Lane, p. 221.

[4]Ang sabi ni Taylor, p. 314; Mann, p. 297.

[5]Lane, p. 221; Mann, p. 297.

> gayong uri ng sayaw ay talagang hindi kapani-paniwala. Ang mga sumasayaw lamang ng gayon ay ang mga propesyunal na bayarang babae. Ngunit ang makita mismo na gawin ito ng isang prinsesa sa palasyo ay maliwanag na patunay at pangungusap sa uri ng ugali at pagkatao na mayroon si Salome, at gayundin ang kanyang ina na pinayagan siya na gawin ang pagsayaw ng gayon."[1]

6:23 Ang katagang “kahit ang kalahati ng aking kaharian” ay isang figuratibo; ito ay nangangahulugan ng isang pagbibigay na lubhang napakalaki at nangangailangan ng “matinding sakripisyo” (ikumpara. 1 Hari 13:8; Ester 5:3; 7:2). Ang totoo niyan, wala naman talagang kakayahan si Antipas na ibigay ang kalahati ng kanyang kaharian, sapagkat wala siyang awtoridad na gawin iyon.[2]

> "Silang ang katinuan ay nilamon ng matinding pagnanasa at kalayawan ay makikitang kaawa-awa ang sarili sa sandali na bumalik ang kanilang ulira at kamalayan."[3]

> "May pagkakahawig na matatagpuan sa pagitan ng naisakatuparan ni Ester na paraan upang mahatulan si Haman at sa ginawa ni Salome para mapatay si Juan. Siguro ay naalala ni Marcos sa pamamagitan ni Salome ang kwento ng buhay ni Ester, na anupa’t napagamit siya ng ilang mga salita sa aklat ni Esther sa wika ng LXX [salin sa Septuagint]."[4]

6:24 Ang mga kababaihan ay hindi kasama sa gayong salo-salo bilang mga manonood. Kaya ating mababasa na lumabas si Salome mula roon upang humingi ng payo sa kanyang ina.

6:25 Marahil ay kaisa ni Herodias ang kanyang anak na si Salome sa pagkapoot kay Juan Bautista. Wala siyang paghanga rito na gaya ni Herodes. At yun nga, kaagad siyang bumalik kay Herodes matapos niyang marinig ang sinabi ng kanyang ina, at baka magbago pa ang isip ng hari tungkol sa napakalaki nitong alok sa dalaga. At siguro, ang babae ring ito ang

---

[1]Barclay, p. 153.

[2]Tingnan ang sinasabi ni Lenski, p. 255.

[3]Jamieson, et al., p. 961.

[4]Cranfield, p. 212.

humingi kay Herodes na dalhin ang ulo ni Juan “sa isang pinggan,” upang mas lalo pa niyang maipahiya at maitulad si Juan sa isang hayop—yun ay, na parang hinuli, kinatay at hinanda para sa isang handaan.

6:26 Ang tangi at isa pang pagkakataon na ginamit ni Marcos ang salitang Griego na *perilupos* – na isinalin na “labis na nalungkot” – ay sa 14:34. Dito ay kanyang inilarawan ang matinding paghihirap ng kalooban ni Jesus sa Gethsemane. Ang ganitong madalang na paggamit ng salita ay nagpapakita lamang ng ‘dilemma’ o napakahirap na sitwasyon na kinalagyan ni Antipas. Ang hiling ng dalagang si Salome ay nagdulot sa kanya ng napakatinding kabalisahan. Ang kayabangan niya ang naglagay sa kanya sa napakahirap na sitwasyon, gaya rin mismo ng nangyari kay Pilato. Ang dalawang pinuno na ito ay parehas na isinakripisyo ang matuwid at banal na tao, para sa kapakanan at ikapupuri ng kanilang personal na popularidad. Alam ni Antipas na kapag binawi niya ang kanyang sinabi, malalagay siya sa kahihiyan at hindi igagalang.

> "Gaya ng kalagayan ng mga tao noong panahong iyon, ang kanyang konsensya ay pinatigas ng kanyang kapaligiran."[1]
>
> "Sayaw lamang ang naging katumbas ng buhay ng propeta ng Diyos. Ganyan ang hinatid ng katangian ng hari ng Israel – si Antipas."[2]

6:27 Ang salitang “kawal” ay galing sa wikang Griego na *spekoulatora*. Ito ay hango sa wikang Latin, bagay na nagpapahiwatig na ang aklat talaga ni Marcos ay impluwensyado at nangungusap para sa mga Romano. Ang salitang “kawal” rito ay tumutukoy sa isang ‘bodyguard’ o ‘tagapagbantay na sundalo’ ni Herodes.

6:28 Ang babaeng si Herodias ang dahilan kung bakit pinapugutan ng ulo si Juan. Gayunpaman, si haring Herodes pa rin ang nagbigay ng utos na mangyari ito. Sa lagay ni Jesus, ang mga relihiyosong pinuno ang siyang naghangad at nagplano ng Kanyang kamatayan – na tulad mismo sa hangad at plano ni Herodias. Gayunpaman, si Pilato pa rin ang nagbigay ng utos na ipako si Jesus, parehas mismo sa ginawa ni haring Herodes kay Juan.

---

[1]Robertson, 1:314.

[2]Darby, 3:229.

6:29 Ang pagkakahawig na makikita sa pagitan ng kamatayan ni Juan at Jesus ay marapat pansinin (ikumpara. 15:42-47). Si Juan Bautista ay namatay ng mag-isa; hindi niya kasama ang kanyang mga disipulo. Ganyan ang nangyari kay Jesus, hindi Niya nakasama ang Kanyang mga alagad, liban lang kay Juan at sa ilang mga kababaihang disipulo. Dagdag pa, binigyan ni Herodes ng pahintulot ang mga disipulo ni Juan na kunin ang kanyang bangkay. At gayundin naman ang ginawa ni Pilato. Pinahintulutan niya si Jose na taga-Arimatea na kunin at ilibing ang bangkay ni Jesus. Sa madaling salita, ang mga disipulo ng dalawang guro na ito ay nagsagawa ng kagalang-galang na libing at puntod para sa kanilang maestro.

Kaya nga, makikita natin na sa tagpo at bahaging ito (vv. 17-29), itinuturo sa atin na ang mga taong nangangaral ng mensahe ng pagsisisi at nagpapahayag na si Jesus ang Messias ay tiyak na daraan sa oposisyon, pag-uusig, pagkabilanggo, at maging kamatayan. Ang tagpong ito ay nagsisilbing kaaliwan sa mga disipulong dumaraan sa kahirapan ng dahil sa kanilang pagpapatotoo kay Jesus. Syempre, ang kaaliwang ito ay hindi nangangahulugan na pwede silang makatakas sa paghihirap at pag-uusig, kundi nagbibigay ito ng katiyakan na sila'y nasa tamang daan. At sa karanasan ng mga mananampalataya sa kasaysayan, ang mga martir ay nakatagpo ng lakas sa pananaw at pag-alala na sila ay kabilang pala sa napakalaking lipunan ng mga mananampalataya na nakikibahagi sa paghihirap ng kanilang Panginoon at Tagapagligtas.

3. Ang Pagbabalik ng Labing-Dalawa 6:30 (ikumpara. Lukas 9:10)

Ang talatang ito ang siyang nagma-marka ng konklusyon para sa apostolikong misyon ng Labing-Dalawa. Ito ay pinasimulang isalaysay ng may-akda sa talatang 7 hanggang 13. At yun nga, matapos na maisalaysay ni Marcos ang tagpo ng pagsasanay ni Jesus sa Labing-Dalawa, pumunta naman siya sa kasunod na yugto nito.

Ito ang nag-iisang pagkakataon na tinawag ni Marcos ang Labing-Dalawa na "mga apostol" (sa Griego ay *apostoloi*, mga sugo). (Walang matibay na ebidensiya na ang salitang ito ay ipinapahiwatig sa 3:14.) Makikita natin rito na sila'y bumalik kay Jesus na nagsugo sa kanila at iniulat ang mga bagay na kanilang ginawa at naranasan sa misyon. Ang pagkakagamit ni Marcos sa salitang "mga apostol" ay nasa pangkalahatang punto, yun ay, sa punto ng 'awtoritatibong kinatawan' ng nagsugo (ikumpara. Gawa 14:14; et al.). Hindi ito teknikal na titulo (ikumpara. Ef. 2:20; et al.).

> "Ang kinatawan o 'agent' [ang isang apostol] ay kumikilos at nagsasakatuparan ng isang bagay sa ngalan ng nagsugo sa kanya at sa nagbigay sa kanya ng awtorisasyon. Ang pagbabalik at pag-uulat ng mga

> apostol kay Jesus ay nagpapakita na ang Labing-Dalawa ay nakadepende sa Kanya. Ang kanilang misyon ay daluyan at pagpapalawak ng misyon ni Jesus."[1]

Ang mga kalalakihang ito, liban lang kay Judas Iscariote, ang naging mga opisyal na kinatawan o apostol ng sinaunang Iglesia. Iniulat nila kay Jesus ang mga naging bunga ng kanilang misyon sa isang lugar sa Galilea, maaaring doon sa Capernaum.

B. Ang Unang Yugto ng Kapahayagan ni Jesus sa mga Alagad 6:31—7:37

Isinaayos ni Marcos ang mga kaganapan hinggil sa ginawang pagsasanay ni Jesus sa mga alagad. Ang mga pagsasanay na ito ay upang ihatid sila sa (1) lumalalim na pagkakaunawa sa Kanya, at ang (2) magkaroon sila ng malalim na komitment sa Kanya. Inihatid sila ni Jesus sa dalawang magkaparehas na serye ng karanasan upang ituro sa kanila ang dalawang ito. Dalawang beses itong ginawa ni Jesus para sa kanila sapagkat sila'y napakabagal matuto.

1. Ang Pagpapakain sa 5,000 6:31-44 (ikumpara. Mat. 14:13-21; Lukas 9:11-17; Juan 6:1-13)

Ang salaysay ni Marcos tungkol sa himalang ito ay may mahalagang ginagampanan sa kanyang Ebanghelyo. Ito ay nilatagan niya ng isang mahabang introduksyon na kung saan ay nagbibigay ng tagpo, pansin, at diin sa pagkatao ni Jesus at sa Kanyang pagkaDiyos. Dalawang beses na binalikan ni Marcos ang himalang ito sa kanyang salaysay (6:52; 8:17-21); ito'y dahil sa nabigo ang mga alagad na matutunan ang bagay na dapat sana nilang matutunan sa himalang ito. Ang pagpapakain rito ay naganap sa gilid ng mga kabundukan. Ito ay ibang-iba sa napakasarap na handaan na matatagpuan sa palasyo ni Antipas (vv. 17-29). Ang pagpapakain na ginawa ni Jesus para sa napakaraming tao rito ay kakikitaan ng simplisidad kumpara sa makasariling piging na inihanda ni Herodes, na kung saan ay naghatid ng kamatayan sa matuwid at banal na lingkod ng Diyos.[2] Dagdag pa, makikita rin sa tagpong ito ang pagmamalasakit at pangangalaga ni Jesus para sa Kanyang mga tagasunod.

6:31-32 Ang detalye sa talatang 31 ay hindi mababasa sa ibang aklat ng Ebanghelyo. Ngunit dito ay makikita natin na si Jesus ay nagbigay ng kapahingahan para sa Kanyang pagod at abalang mga alagad. Inihatid Niya sila sa ilang (Gr. *eremos*); yun ay, sa 'hindi mataong lugar,' walang

---

[1]Guelich, pp. 338-39.

[2]Ikumpara sa ibid., p. 227.

ingay, at walang disturbo.[1] Ito ang lugar na hindi sila mapupuntahan o susundan ng mga tao (ikumpara. 1:35). Ang lugar na ito ay malapit sa tinatawag na Bethsaida Julius, na nasa hilagang-silangan ng Lawa ng Galilea (ikumpara. Lukas 9:10; Juan 6:1).

Kapansin-pansin na hindi itinala ni Marcos ang naging pagsusuri (evaluation) ni Jesus sa ginawang misyon ng Kanyang mga alagad (vv. 7-13). Binanggit lamang niya ang naging pagmamalasakit ni Jesus para sa Kanyang mga manggagawa.

> "Upang patuloy na maging mabisa, bawat manggagawa ay nangangailangan ng pahinga."[2]

6:33 Kakatuwa, ngunit inaasahan na ng mga tao kung saan pupunta si Jesus kasama ng Kanyang mga alagad. Sila'y sumakay sa isang 'bangka' na ginagamit sa pangingisda (Gr. *ploion*), ngunit dahil alam na ng mga tao kung saan sila pupunta ay nauna na sila sa hilagang bahagi ng Lawa.

6:34 Sa halip na maasar o mawalan ng pasensya, si Jesus ay nahabag sa napakaraming tao. Nakita Niya sila na parang mga tupang walang pastol na nag-aalaga at nagpapakain sa kanila (ikumpara. Blg. 27:17; 1 Hari 22:17; 2 Kro. 18:16; Ezek. 34:5). Kaya gaya ni David, si Jesus ay naghatid rin ng pagpapala sa Kanyang mga gutom na tupa na nasa sa ilang (Juan 10:1-21; ikumpara. Ezek. 34:23-25). Dito'y sinimulan Niya silang turuan na umabot rin ng ilang oras (v. 35). Sa madaling salita, ang 'Turo' ang kanilang pinakamatinding pangangailangan, bagamat ang kagalingang pisikal ang inaasam nilang makamtan.

> "Ang anim na salaysay sa Ebanghelyo na may kinalaman sa pagpapakain ni Jesus sa napakaraming mga tao (2 kay Marcos, 2 kay Mateo, 1 kay Lukas, at 1 kay Juan) ay nagpapahiwatig na ang sinaunang Iglesia ay may malaking pagpapahalaga sa pangyayaring ito na hatid ng dakilang kapangyarihan ni Jesus. Ito ang siyang naghahatid ng pinakamalaking kaaliwan at kalakasan sa mga taong nananalig kay Jesus."[3]

---

[1]Wuest, 1:1:132.

[2]Hiebert, p. 156.

[3]Cranfield, p. 216.

6:35-36 Dito ay ipinagpalagay ng mga alagad na ang mga tao na ang siyang bahala sa kanilang makakain. Kaya naman, pinaalalahanan nila si Jesus na oras na upang maghapunan ang mga tao—sa katunayan ay medyo huli na sila sa oras ng hapunan. Dapat ng huminto si Jesus sa pagtuturo sapagkat kailangan na ng mga taong umalis upang bumili o maghanda ng kanilang makakain. Gayunpaman, mayroong ibang balak si Jesus. Ituturo Niya rito sa mga alagad at sa mga taong sumusunod sa Kanya na dapat silang tumingin sa Kanya kapag sila'y may pangangailangan. Siya ang tutugon sa lahat ng kanilang pangangailangan.

> "Ang madetalyeng pakikipag-usap ni Jesus sa Kanyang mga alagad tungkol sa tinapay o pagkain ay isang natatanging katangian ng salaysay ni Marcos pagdating sa tagpo ng pagpapakain sa libo-libong mga tao."[1]

"Tinapay" ang siyang nangingibabaw na sangkap at paksa sa 6:14 hanggang 8:30.[2]

6:37 Iminungkahi ni Jesus na ang mga alagad mismo ang magpakain sa mga tao. Sinabi Niya ito upang maunawaan nila ang kanilang kahinaan at limitasyon; hindi nila ito kayang gawin. Ang punto ni Jesus ay ipinapahiwatig ng salitang "ninyo" na empatiko sa wikang Griego. At yun nga, nang makita ng mga alagad na hindi nila ito kayang gawin, ang abilidad ni Jesus ay higit na tumingkad sa kanilang paningin. Ito ay magtuturo sa kanila na si Jesus ay ganap na naiiba sa kanila; Siya ay hindi pangkaraniwan.

Ang tugon ng mga alagad rito ay nagpapakita na hindi pa rin nila natutunan na tumingin kay Jesus para sa lahat ng kanilang pangangailangan. Sa halip na hilingin nila kay Jesus na ipagkaloob ang kanilang mga pangangailangan, gumawa sila ng masusing kalkulasyon tungkol sa halaga at dami ng pagkaing kakailanganin para lamang mapakain ang mga tao. At yun nga, nakita nila sa kanilang kalkulasyon na imposible pala itong mangyari. Ang "dalawandaang salaping pilak" ay katumbas ng isang taon na kita ng isang manggagawa para sa araw-araw na pagtratrabaho (ikumpara. Mat. 20:2).

---

[1]Lane, p. 228.

[2]Ibid., p. 210. A motif is a distinctive feature or dominant idea in an artistic or literary composition.

6:38 Tinanong ni Jesus kung ilang tinapay ang mayroon sila sapagkat gagamitin Niya ang anumang mayroon sila upang pakainin ang napakaraming tao. Karaniwan na kay Jesus na gamitin ang anumang taglay ng Kanyang mga alagad upang tugunan ang pangangailangan ng mga tao. Bagamat iilan lamang ang mga tinapay, ito'y kinakailangang sangkap para sa gagawin Niyang himala. Dagdag pa, kailangan ring maunawaan ng mga alagad na limitado ang kanilang taglay na pag-aari, ngunit ang limitadong pag-aari na ito ang siya mismong gagamitin ni Jesus upang gumawa ng himala. Si Jesus ay dakilang pambihira!

Ang tinapay na tinutukoy rito ay maliit at patag lang (flat) (ikumpara. Juan 6:9). Ang isang tao ay pwedeng makakain ng ilang piraso nito sa isang kainan lang.[1] Samantala, ang isda (Gr. *opsaria*) rito ay maaaring parang tuyo at inasinan. Kung sa Pilipinas ay mayroon tayong sardinas, noong panahon ni Jesus, ang mga Israelita ay mayroong isda na ulam na pati tinik ay pwede mong makain. Pwede mo rin itong sabayan ng tinapay.[2]

6:39 Si Marcos lamang ang may binanggit na "damuhan," sa tagpong ito. Kaya pwede nating masabi na ang pangyayaring ito ay naganap sa pagtatapos ng taglamig o sa simula ng tagsibol.[3] Samantala, ang petsa ni Juan para rito ay halos malapit na sa pista ng Pentecostes, na nasa huling bahagi ng Marso o unang linggo ng Abril (Juan 6:4). Kaugnay rito, ang iskolar na si Hoehner ay naglagay ng petsa para sa Pentecostes na nasa Abril 13-14, A.D. 32.[4] Tuwing panahon ng Tag-init sa Israel, ang mga damo ay natutuyo, bagamat may mga luntiang damo pa rin na makikita sa mga lugar na hindi masyadong nasisikatan ng init ng araw, lalo na kung ang mga damo na ito ay malapit sa ilog o lawa.[5]

6:40 Ang maayos na pagkaka-pangkat-pangkat sa mga tao ay nakatulong sa maayos na pagbabahagi ng mga pagkain. Sa wikang Griego ay maganda ang salitang ginamit: *symposia symposia* ("pangkat-pangkat," v. 39) at *prasiai prasiai* ("bawat grupo," v. 40). Kung ilalarawan ko ito, ang mga Israelita ay parang katulad ng isang hardin sa burol. Maayos silang nakahilera. May iba na nagsasabi na ang kanilang pagkaka-pangkat-

---

[1]Wessel, p. 673.

[2]Edersheim, 1:682.

[3]Barclay, p. 159.

[4]Harold W. Hoehner, *Chronological Aspects of the Life of Christ*, p. 143.

[5]Mann, p. 302.

pangkat ay tulad ng mga estudyanteng nakaupo ayon sa kanilang hanay.[1] Ngunit para sa akin ay parang malabo ang klasrom na itsura ng kanilang pagkakaayos. Samantala, may iba naman na nagsasabi na isinaayos mismo ni Jesus ang pagkaka-pangkat-pangkat ayon kaayusan ng kampo ng Israel ng sila'y nasa ilang (ikumpara. Exo. 18:21).[2] Kung ganito nga, maaaring isipin at tingnan ng mambabasa na si Jesus ang ikalawang Moises, at ang mga taong sumusunod sa Kanya ang bagong bayan ng Diyos.[3] Ang ganitong pananaw ay nakakatawag ng pansin, subalit hindi lahat ng sumusunod kay Jesus sa tagpong ito ay mga mananampalataya. Sa aking palagay, ang pagkaka-pangkat-pangkat sa mga tao ay walang ibang kahulugan kundi para lamang mapabilis at maging maayos ang pagbabahagi ng pagkain.

6:41 Sa pamamagitan ng pananalangin at pasasalamat sa Diyos, ipinaalala ni Jesus sa mga tao na ang pagkain na kanilang kakainin ay nagmula sa Diyos. Ang pananalangin bago kumain ay kaugalian ng mga Judio at ng sinaunang Kristyano. At dito nga ay makikita natin na pinasalamatan o pinagpala ("blessed") ni Jesus ang Diyos, hindi mismo ang pagkain. Bagamat pwede naman siyang manalangin ng nakayuko, si Jesus ay 'tumingala sa langit' upang higit na ipakita na Siya ay nananalangin sa Kanyang Ama. Ang 'mga tinapay' rito ay maaaring kasingkapal ng daliri at sinlaki at kasinghugis ng isang plato.'[4]

Hindi itinala ni Marcos kung paano ginawa ni Jesus ang himala, bagamat siguradong nangyari ang multiplikasyon sa Kanyang kamay. Maliwanag lang na ipinakita ni Marcos na ang gumawa ng multiplikasyon ng tinapay ay si Jesus. Ito ang mahalaga sa pansin ni Marcos. Ilang beses ng tinugunan ni Jesus ang pangangailangan ng mga tao sa malikhaing pamamaraan. At sa tagpong ito, mahalaga para sa mga disipulo na i-pokus ang kanilang pansin sa Diyos na 'pinagmumulan' ng kanilang probisyon. Hindi rito binibigyang pansin ang 'paraan' na ginagamit ng Diyos para sa pagkakaloob ng ating pangangailangan. Dagdag pa rito, nang si Jesus ay nagpasalamat sa Diyos para sa pagkaing ibibigay at nang ito'y mahimalang naibigay sa mga tao, pinatunayan Niya sa pangyayaring ito na Siya'y Diyos.

---

[1]P. Carrington, *According to Mark*, p. 136.

[2]Guelich, p. 341.

[3]Lane, pp. 229-30.

[4]Guelich, p. 342.

Ito ay ebidensya ng Kanyang pagkaDiyos. At sa pangyayaring iyon, ang mga taong may malagong kaunawaan ay madaling makaalala sa ginawang mahimalang probisyon ng Diyos sa Israel sa pamamagitan ng manna doon sa ilang (Juan 6:14). Ang pangyayaring ito ay dapat na magbigay sa kanila ng isang matibay na konklusyon na si Jesus ang Banal na Lingkod ng Diyos na naghahatid ng kaloob ng Diyos – Siya ang ikalawang Moises.

Tingnan rin sa talata na si Jesus ay naglingkod sa mga tao sa pamamagitan ng Kanyang mga alagad. Ang mga alagad ay parang naging mga 'waiters' o tagapaglingkod. At yun nga, ito ang siyang larawan ng isang lingkod; ito ang trabaho ng isang disipulong-lingkod. Ipinapakita rito ang isang aral tungkol sa diwa ng pagiging isang disipulo ni Jesus.

> "Gayundin naman, gaya ng mga pinagpira-pirasong tinapay, maaari ring gamitin, pagpalain, at ibahagi ng Panginoon ang ating buhay upang tayo ay maging espirituwal na pagpapala sa lipunang ating ginagalawan (ikumpara sa Marcos 14: 22, ang Huling Hapunan)."[1]

6:42-43 Ang kasapatan at kasaganahan ng probisyon ni Jesus ay makikita sa mga sumubrong pagkain. Ang 'kaing' rito ay tumutukoy sa "basket" (Gr. *kophinoi*). Labingdalawang kaing ang napuno, at ang mga basket na ito ay malalaki – bagamat may ibang naniniwala na ang mga basket raw na ito ay maliliit lamang. Subalit mas higit na marami ang naniniwala na ang mga ito ay malaking mga basket. Gusto lang ipakita rito na si Jesus ay masagana magbigay, bagamat hindi naman natin masasabing sobrang rangya na anupa't marami ang masasayang.

> "Walang sinuman na lumalapit kay Cristo na ipinagtatabuyan at pinagkukulang Niya. Subalit silang mataas ang tingin sa sarili ay tiyak na walang matatanggap na kaloob mula sa Kanya."[2]

> "Posible na ang mga natirang pagkain ay nauwi para sa pangangailangan ng mga alagad. Nagpapakita ito na kapag inuna natin ang kalooban ng Diyos, Siya ang bahala sa ating

[1]Cole, pp. 114-15.

[2]Henry, p. 1378.

mga pangangailangan (Mat. 6:33) at Siya ang bahala sa ating pang-araw-araw na pagkain."[1]

6:44 Itinala ni Marcos na mayroong 5,000 na mga kalalakihan ang nakakain. Subalit si Mateo ay nagdagdag ng katagalang “bukod pa sa mga babae at bata” (Mat. 14:21). Ibig sabihin, ang “pagpapakain sa 5,000" ay maituturing na higit pa sa naitalang bilang nito na 5,000.

Kaya nga, kung ating susumahin, ang himala na ito ay naghayag ng persona ni Jesus sa napakaraming mga tao. Gayunpaman, ang epekto nito sa mga alagad ang siyang pinagtuunan ni Marcos. Maraming bagay na tungkol sa diwa ng pagiging isang disipulo ang matututunan natin sa himalang ito, at kasama na rin dito ang kapahayagan ng dakilang persona ni Jesus.

2. Ang Paglakad ni Jesus sa Ibabaw ng Tubig at ang Pagbabalik sa Galilea 6:45-56

Mula sa hilagang-silangan ng Lawa ng Galilea ay bumalik na si Jesus tungo hilagang-kanlurang baybayin ng Lawa.

Ang Paglakad sa Ibabaw ng Tubig 6:45-52 (ikumpara. Mat. 14:22-33; Juan 6:14-21)

Kapansin-pansin na ang himalang ito ay nangyari ilang oras matapos ang himala ng pagpapakain sa 5,000 mga tao. Bawat himala ay mahalaga sa pagsasanay ni Jesus sa Labing-Dalawang alagad. Kakatapos lang maranasan ng mga alagad ang himala na ginawa ni Jesus sa pagpapatahimik sa dagat. Nasaksihan nilang sumunod sa utos ni Jesus ang isang bagyo (4:35-41). At ngayon naman sa tagpong ito ay masasaksihan nila ang kababalaghang gagawin ni Jesus, yun ay, ang paglakad sa ibabaw ng tubig.

6:45 Ang pagpapakain sa 5,000 mga tao ay naganap sa hilagang-silangang bahagi ng Lawa ng Galilea, sa timog ng Bethsaida Julius. Ang bayan na ito ay malapit sa silangang bahagi na kung saan ang Ilog Jordan ay umaagos tungo sa hilagang baybayin ng lawa. Ang ilan sa mga bayan ay maaaring nasa kanlurang bahagi ng Jordan.[2]

Sinugo ni Jesus ang Kanyang mga alagad tungo sa Bethsaida sakay sa bangka, subalit napunta sila sa Gennesaret, na malapit sa Capernaum (v. 53; ikumpara. Juan 6:17). Dapat malaman na sina Pedro, Andres, at Felipe

[1]*The Nelson …,* p. 1654.

[2]Hiebert, p. 164.

ay nagmula sa Bethsaida (ikumpara. Juan 1:44; 12:21-22), subalit ang tahanan nila Pedro at Andres ay sa Capernaum (Marcos 1:29). Para kay Edersheim, naniniwala siya na mayroong ikalawang lugar na tinatawag ring Bethsaida na malapit sa Capernaum.[1] Subalit tila malabo ito. Mayroon lamang isang Bethsaida (Julius) at yun ay nasa hilagang-silangan na baybayin ng Lawa ng Galilea.[2] Ang malaking bangka sa pangingisda na ginamit ng mga alagad patungo sa lugar na iyon ay maaaring ang parehas na bangka na ginamit nila sa kanilang naunang paglalakbay sa araw na iyon (v. 32). Sa Lumang Tipan, ang Diyos ay nagpakita sa mga Israelita mula sa isang kahanga-hangang kapahayagan sa isang bundok (Deut. 33:2; Hab. 3:3). Si Moises ay bumaba mula sa bundok na iyon matapos siyang gumugol ng panahon ng pakikipag-usap sa Diyos. At ngayon sa tagpong ito, makikita naman natin si Jesus na nasa isang bundok at nananalangin.[3] Pagkatapos nito ay nagpakita Siya sa Kanyang mga alagad sa kahanga-hangang paraan.

6:46 Ito ang ikalawa sa tatlong krisis – lahat ay naganap sa gabi – na nagtulak kay Jesus upang manalangin. Ang mga ito ay itinala ni Marcos (ikumpara. 1:35; 14:32-36). Dito ay nais Siyang puwersahang kunin ng mga tao upang gawing isang hari. At dahil rito, kinailangan Niya na 'manalangin' (Gr. *proseuchomai*, ikumpara. Juan 6:15). At kapag si Jesus ay ipinapakitang nananalangin, binibigyang pansin rito ang Kanyang pagkatao at pananangan sa Kanyang Ama. Samantala, ang 'bundok' ay kabaligtaran sa baybayin na kung saan ay iniwan ni Jesus ang Kanyang mga alagad.

> "Tulad ng binigyang pansin sa 1:35, ang pananalangin ni Jesus ay sumasalamin sa Kanyang kabanalan at pagkaMakaDiyos. Hindi Siya isang kriminal na dapat ipako sa krus. Ngunit dapat isaisip na walang anumang indikasyon na ipinapakita sa salaysay ng Ebanghelyo na si Jesus ay nanalangin upang magkaroon ng kapangyarihan na makagawa ng mga himala. Ayon kay Marcos, ang kapangyarihang iyon ay likas na nananahan at dumadaloy sa Kanya."[4]

---

[1]Edersheim, 2:3-4.

[2]Tingnan ang sinasabi ni Samuel J. Andrews, *The Life of Our Lord Upon the Earth*, p. 235.

[3]Guelich, p. 349.

[4]Gundry, p. 335.

6:47 Dito ay mababasa natin na narating na ng mga alagad ang lugar ng Bethsaida Julius, subalit hindi pa rin nila kasama si Jesus (Juan 6:17). Tuloy, ipinasya na nilang pumunta sa Capernaum (ikumpara. Juan 6:17). Dito sa talata, ang katagang “nasa laot na ang bangka” ay nangangahulugan na malapit lang sila sa baybayin, hindi mismo sa gitna ng lawa.

> "Hindi na kailangan pang ipalagay na ang bangka ay malayo sa baybayin."[1]

6:48 Bagamat si Jesus ay nananalangin, hindi naman Niya kinalimutan ang lagay ng Kanyang mga alagad. Marahil ay nanalangin Siya para sa kanila.

Tila nagpahiwatig si Marcos sa kanyang pangungusap rito na si Jesus may supernatural na paningin, yun ay, na kaya Niyang makita ng napakalinaw ang anumang nasa malayo.[2] Subalit may iba na naniniwala na madali lang daw kay Jesus na makita ang Kanyang mga alagad mula sa bundok na Kanyang kinaroroonan, sapagkat hindi naman ganun kalayuan ang pinuntahan ng mga alagad. Marahil, nakatulong rin ang liwanag ng buwan sa lawa para makita Niya sila mula sa bundok.

> "Ito ang napakagandang makita sa talata, nakita ni Jesus ang kanilang paghihirap (‘sa pagsasagwan’ v. 48). At tulad nila, nakikita rin ni Jesus ang iyong kalagayan. Nakikita Niya ang iyong paghihirap. Hindi mo na kailangan pang magpatunog ng kampana upang ipaalam sa Kanya ang iyong kahirapan. Alam Niya."[3]

Sa salin sa Tagalog, ang katagang “madaling araw” ay literal na nangangahulugan na “ika-apat na pagbabantay sa gabi” o ‘fourth watch.’ At dahil ang kulturang Romano ang sinusunod ni Marcos, ang ‘madaling araw’ rito ay tumutukoy sa pagitan ng alas 3:00 a.m. at 6:00 a.m. (Samantala, para sa mga Judio, hinahati nila ang gabi sa tatlong bahagi o pagbabantay.[4]) Kakatwa na nais sanang lampasan ni Jesus ang Kanyang

---

[1]Taylor, p. 328.

[2]Ibid., p. 336.

[3]McGee, 4:188.

[4]Cranfield, p. 226.

mga alagad; siguro'y upang pasiglahin lalo ang kanilang pagtitiwala sa Kanya (ikumpara. Exod. 33:19, 22; 34:6; 1 Hari 19:11; Marcos 6:50).[1]

> "Sa salaysay ni Marcos, sinabi niya na 'lalampasan' sana sila ni Jesus. At ito sana ang gustong mangyari ni Jesus sapagkat ayaw Niya silang magulat at matakot. Hindi pa rin ganun kalakas ang pananalig ng mga alagad. Ang balak sana ni Jesus ay kapag malapit na Siya sa kanila at madali na Siyang makita at makilala, doon lang Niya sila tatawagin."[2]

Samantala, may iba naman na naniniwala na nilampasan sila ni Jesus sapagkat gusto Niya na tumawag sila ng tulong sa Kanya (ikumpara sa Lukas 24:28-29).[3]

6:49-50a Ayon sa salaysay ni Marcos, inakala ng mga alagad na si Jesus ay isang "multo" (sa Griego ay *phantasma*, multo o aparisyon, ngunit hindi tungkol sa kaluluwa ng taong namatay[4]).

> "Sa tuwing si Jesus ay hindi kasama ng Kanyang mga alagad *(o nagmumukhang parang hindi nila kasama, gaya ng mababasa sa 4:35-41)*, lagi silang nalalagay sa alanganin at kahirapan. At sa tuwing nakakaranas sila ng takot at kalungkutan, ito'y dahil sa kulang ang kanilang pananampalataya (tingnan sa 4:35ff.; 6:45ff.; 9:14ff.)."[5]

6:50b Sinabihan ni Jesus ang Kanyang mga alagad na huwag matakot, kundi lakasan ang loob (cf. Isa. 41:10, 13-14; 43:1; 44:2). May ilang komentarista na naniniwala na ang 'paglampas' ni Jesus sa kanila (v. 48) at ang pagsasabi Niya ng katagang: "Ako ito" ay nagpapahiwatig ng 'theophany.' Ang theophany ay ang nakikita at malinaw na manipestasyon o pagpapakita ng Diyos. Ilang halimbawa ay makikita sa mga talatang ito: Exod. 3:14; 33:19, 22; 1 Hari 19:11; Isa. 41:4; 43:10; 51:12; 52:6.

---

[1]Tingnan ang sinasabi ni Wuest, 1:1:137.

[2]Bruce, *The Training …,* p. 133.

[3]Trench, *Notes on the Miracles …,* p. 299; Ryrie, p. 111; Cole, p. 116.

[4]Wuest, 1:1:137.

[5]Lane, p. 235.

> "Sa halip na ang tagpong ito ay maging istorya ng pagtulong ni Jesus sa Kanyang nahihirapang mga alagad – na kung tutuusin ay wala naman sa matinding panganib (ikumpara. 4:35-41) – ang tagpong ito ay naging istorya ng 'epipanya' (epiphany) o kapahayagan ng sarili ni Jesus sa Kanyang mga alagad."[1]

> "Bunga nito, ang naging konklusyon ng kwentong ito –gaya ng sa mga naunang kwento ng himala – ay ang sagot sa tanong na: 'Sino Siya?' Ito ang tanong na ipinahayag ng mga alagad matapos na patahimikin ni Jesus sa dagat ang isang bagyo. Ang unos sa dagat ang pambungad na istorya sa kwento ng mga himala (4:41)."[2]

Walang duda na ang katagang "Ako ito" ay nagpapahiwatig ng pagpapakilala sa sarili o 'self-identification.'

> "Ang paglakad ni Jesus sa ibabaw ng tubig (6:45-52) ay nagpapakita lamang na kaya Niyang lakaran ang mga lugar at kalagayan na Diyos lamang ang makakagawa [Job 9:8; ikumpara sa. Awit 77:19; Isa. 43:16]. Ito rin ay karagdagan na pagpapatingkad sa Kanyang sinabi na: "Ako ito" (*ego eime*) na mismong ginamit ng Diyos nang Siya ay nagpahayag ng Sarili kay Moises (Exod 3:14)."[3]

6:51 Kapansin-pansin na hindi isinama ni Marcos ang tala na si Pedro ay lumakad o pinalakad rin sa ibabaw ng tubig (Mat. 14:28-31). Ito'y nakapagtataka yamang pinaniniwalaan natin na si Pedro ay may impluwensya kay Marcos sa pagsusulat ng aklat na ito. Ang dahilan siguro ay, "alangan si Pedro na maipakita ang kanyang sarili sa gayong karanasan at pangyayari."[4]

Pansinin rin sa talata na isa pang himala ang nangyari (ikumpara. 4:35-41). Ang hangin ay tumigil nang si Jesus ay "sumakay" sa bangka. Kaya

---

[1]Guelich, p. 350.

[2]Ibid., p. 351.

[3]Edwards, p. 223.

[4]Hiebert, p. 167.

naman “lubhang namangha” (Gr. *existanto*, ikumpara. 2:12; 5:42) ang mga alagad.

6:52 Sa talatang ito ibinigay ni Marcos ang dahilan kung bakit lubhang namangha ang mga alagad sa mga sunod-sunod na himala na kanilang nasaksihan. Minsan pa, si Marcos lamang ang nagtala ng pagsusuri na ito, na maaaring nakuha niya sa isang sermon na ipinangaral ni Pedro. Sinasabi sa talata na ‘hindi pa nila nauunawaan’ ang tungkol sa nangyaring pagpapakain sa 5,000 mga tao. Sa himalang ito ay nahayag na si Jesus ay Diyos. Gayunpaman, ang isipan ng mga alagad ay tila ay hindi pa handa o bukas sa gayong posibilidad, na ang kanilang maestro ay Diyos.

> "Para kay Marcos, lalo’t sa paraan ng kanyang pagsasalaysay, ang pangyayaring ito ay isa na namang pagsubok (test) para sa mga alagad. Minsan pa, ito ay natatanging tampok sa kanyang Ebanghelyo. Ang tagpong iyon ay isang pagsubok sapagkat nang si Jesus ay nakasampa na sa bangka, agad namang tumigil ang hangin at agad silang nakarating sa baybayin [Juan 6:21]."[1]

Pagpapagaling ng mga Maysakit sa Genesaret 6:53-56 (ikumpara. Mat. 14:34-36)

Bumalik si Jesus sa hilagang-kanlurang bahagi ng Lawa ng Galilea, mula sa lugar ng mga Hentil na kamakailan lamang Niyang pinuntahan.

> "Ang literal na bagyo sa dagat ay agad na sinundan ng espirituwal na bagyo na parehas rin sa lakas at rahas laban sa buhay ng mga alagad at ng ibang tao."[2]

6:53 Ang "Genesaret" ay parehas na pangalan ng bayan at kapatagan na kinalalagyan nito.[3] Ang rehiyon na ito ay nasa hilagang-kanluran ng baybayin ng Lawa ng Galilea. Ang lugar na ito ay kilala ng dahil sa kanyang agrikultural na yaman at pag-asenso, na anupa’t may karapatan silang sabihin na ang Lawa ng Galilea ay ‘Lawa ng Genesaret’ (Lukas 5:1).[4] Matao ang lugar na ito.

---

[1]Bock, p. 218.

[2]Bruce, *The Training …,* p. 130.

[3]Para sa paglalarawan ni Josephus sa lugar na ito, tingnan ang kanyang aklat na *The Wars …,* 3:10:8.

[4]Cf. ibid., 3:10:8.

6:54-56 Sa mga talatang ito binuod ang ministeryong ginawa ni Jesus sa mga bayan-bayan sa loob ng maraming araw. Ito'y bago Niya gawin ang Kanyang minsan pang pag-alis sa Galilea upang pumunta sa Phoenicia. Binigyang diin rito ni Marcos ang katanyagan ni Jesus at ang Kanyang napaka mapagbiyayang pagpapagaling sa maraming maysakit. Ang salitang "gumagaling" (v. 56) ay literal na nangangahulugan na "naliligtas" (Gr. *sozo*). Ang mga maysakit ay nakaranas ng kalayaan o pagkasagip mula sa kanilang mga karamdaman. Naibalik ang kanilang pisikal na kalusugan. Iyan ang kaligtasang tinutukoy na nangyari sa kanila.

3. Hinarap na Kontrobersya sa mga Pariseo at Eskriba tungkol sa Usapin ng Karumihan 7:1-23 (ikumpara. Mat. 15:1-20)

Ang paghaharap na ito ay nagdulot kay Jesus na magpasyang umalis muli sa Galilea (v. 24; cf. 2:1—3:6). Kaalinsabay ng lumalaking popularidad (6:53-56) ay ang tumitinding oposisyon mula sa mga pinuno ng relihiyong Judaismo. Ang seksyon na ito ay isa na namang mahalagang paksa ng katuruan ni Jesus. Higit na namang nahayag rito ang katauhan ni Jesus. Dito ay patuloy na makikita ang Kanyang paghahanda sa mga alagad para sa kanilang misyon sa hinaharap. Sa salaysay ni Marcos, ang katagang "marumi" (ayon sa tuntuning rituwal) (vv. 2, 5, 15, 18, 20, 23) at "kaugalian" (vv. 3, 5, 8, 9, 13) ay mahahalagang salita. Susi ang mga ito sa pagkakaunawa sa isyung isasalaysay.

Ang Pagsalungat ng mga Pinuno ng Relihiyon 7:1-5

7:1 Sa ikalawang pagkakataon, itinala muli ni Marcos ang pagpunta ng mga pinuno ng relihiyon ("mga Pariseo at Eskriba) kay Jesus. Sila'y nagmula pa sa Jerusalem upang imbestigahan ang ginagawa ni Jesus (ikumpara. 3:22).

7:2 Nilinaw ni Marcos kung ano ang kamay na hindi malinis—yun ay, kamay na "hindi nahugasan." Ang paglilinaw na ito ay para sa kaunawaan ng kanyang mga mambabasang Hentil. Hindi sinisita ng mga eskriba at Pariseo ang mga alagad ng dahil lang sa marumi ang kanilang kamay. Sa halip, ang kanilang paninita ay dahil sa hindi sila naghuhugas ng kamay ayon sa tuntuning hinihingi ng kanilang kaugalian o tradisyon.

7:3-4 Ang mga talatang ito ay hindi makikita sa salaysay ni Mateo. Dito ay mababasa ang isang pagpapaliwanag ni Marcos tungkol sa tradisyon ng mga Pariseo. Ginawa niya ito para sa kaunawaan ng kanyang mga mambabasang Hentil na hindi pamilyar sa kaugaliang ito. Noong panahon ni Jesus, 'oral' na pagtuturo o 'pagsasabi' ang paraan ng mga Judio sa

pagpapamana ng kanilang tradisyon. Ito'y ginagawa nila sa bawat henerasyon. Subalit noong A.D. 200, natapos na tipunin ng mga 'rabbis' o mga dalubhasang tagapagturo ang mga 'oral' na tradisyon. Ang mga natipon na pamanang kaugalian na ito ang siyang tinawag na 'Mishnah,' at ang Mishnah ang siyang naging basehan para sa tinatawag na 'Talmud' (ca. A.D. 425).

Nakaugalian na ng mga Pariseo na maghugas o maglinis ng kanilang mga sarili kapag sila'y napunta sa isang palengke na kung saan ay naroon ang mga bagay-bagay ng mga Hentil na itinuturing nilang marumi ayon sa seremonyal na tuntunin. Itinuturing ng maraming Judio na ang paglabag sa ganitong tradisyon ng paglilinis ay isang kasalanan.[1]

> "Ang isang Rabbi (dalubhasang guro) na lalabag sa tuntuning ito ay karapat-dapat itiwalag."[2]

7:5 Mababasa rito na hiningan si Jesus ng Kanyang mga kritiko ng paliwanag para sa asal na ipinapakita ng Kanyang mga alagad tungkol sa tuntuning seremonya ng paghuhugas ng kamay. At syempre, bilang kanilang guro, responsable Siya sa kanilang mga ikinikilos. Naging hinala at pag-aakala ng mga kritiko na dahil sa walang pakundangan ang mga alagad ni Jesus sa tradisyon ay nangangahulugan na rin na walang pakialam si Jesus sa kanilang minanang turo o kaugalian. Dito sa talata, ang salitang "sumusunod" ay nangangahulugan ng 'habitual' o nakasanayan o nakaugalian na ugali at asal (Gen. 5:24; Aw. 1:1). Ang ganitong salita o kahulugan ay madalas na lumabas sa Ebanghelyo ni Juan at maging sa mga liham ni Apostol Pablo.

Ang Turo ni Jesus tungkol sa Pinagmumulan ng Awtoridad 7:6-13

Bilang tugon, kapansin-pansin na hindi ipinaliwanag o binigyan ng pangangatuwiran ni Jesus ang ikinilos ng Kanyang mga alagad. Sa halip, ang ginawa Niya ay itinuro Niya ang isyu sa kung ano ba talaga ang tunay na pinagmumulan ng awtoridad sa relihiyon (vv. 6-13) at kung ano ang tunay na katangian ng karumihan (vv. 14-23).

7:6-7 Kapansin-pansin na lakas-loob na tinawag ni Jesus ang Kanyang mga kritiko na 'hipokrito' o "mapagkunwari." Ipinagsisigawan nila na

---

[1]Tingnan ang sinasabi ni Barclay, pp. 166-69, para sa magandang pagpapaliwanag tungkol sa isyu ng seremonyal na karumihan.

[2]Edersheim, 2:10.

pinararangalan nila ang Diyos sa pamamagitan ng kanilang mga rituwalistikong kilos, subalit ang totoo ang kanilang puso ay napakalayo sa Panginoon. Kaya naman, sa tagpong ito, ang pahayag ni Isaias sa mga mapagkunwari ng kanyang panahon ay nababagay ring sabihin sa mga mapagkunwaring kritiko ni Jesus. Pinahahalagahan nila ang utos at kaugalian ng mga tao (minanang turo), ngunit winawalang bahala nila ang mga bagay na talagang mahalaga.

> "Tinawag ni Jesus ang Kanyang mga kalaban na 'hipokrito' (*hupokriton*). Sa klasikong Griego, ang salitang ito ay nangangahulugan ng isang 'artista' o 'taong may papel na ginagampanan sa isang dula-dulaan.' Ngunit sa Ingles, ang salitang ito ay mayroong pangit na kahulugan na nakatuon sa pandaraya. Subalit sa paggamit ni Jesus, ang salitang ito ay tumutukoy sa isang taong nag-aakala na matuwid pa rin siya sa harapan ng Diyos, kahit na ang totoo'y hindi na siya nakalulugod sa paningin ng Panginoon."[1]

7:8 Binigyan ni Jesus ng malaking pagkakaiba ang tradisyon ng mga tao sa utos ng Diyos. Ang mga dalubhasang guro ng Judaismo ay parang nagtayo ng bakod sa paligid ng Kautusan ni Moises. Ginawa nila ito sa pamamagitan ng mga utos tungkol sa 'dapat gawin' at 'di dapat gawin.' Layunin nila na sa pamamagitan ng mga ito ay mapigilan nila ang mga Judio na labagin ang Kautusan ni Moises. Gayunpaman, sa halip na maprotektahan ang Kautusan, naging hadlang ang kanilang legalistikong mga tuntunin at ito'y naging kontradiksyon mismo sa diwa ng Kautusan ng Diyos. At yun nga, ito ang siyang laging nagiging problema kapag ang pagsunod sa Diyos ay ginawang legalistiko. Ang legalismo ay yaong pagbuo ng mga tuntunin na hindi naman ginawa ng Diyos, at ituring ang mga ito na para bang kapantay ng awtoritatibong sinabi ng Diyos.

7:9 At yun nga, minatamis pang sundin at pahalagahan ng mga Pariseo ang kanilang mga kinathang mga tuntunin kaysa sa Kautusan ng Diyos. Tinangkilik nila ang kanilang minanang turo na galing lang naman sa bibig ng mga tao. At sa tagpong ito, sinalungat ni Jesus ang kanilang minanang turo sapagkat ito ay salungat sa sinasabi ng Banal na Kasulatan. Sa

---

[1]Guelich, p. 366.

madaling salita, sinasalungat ni Jesus ang isang tradisyon kung ito ay salungat sa sinasabi ng Diyos.

7:10 Sa talatang ito ay mababasa natin na si Jesus ay nagpatuloy sa Kanyang pangangatuwiran sa pamamagitan ng pagsitas ng isang halimbawa; yun ay, kung paano ginagamit ng Kanyang mga kritiko ang kanilang minanang tradisyon na higit pa sa Nasusulat na utos ng Diyos. Tingin nila ay pinaparangalan nila si Moises sa pamamagitan nito. Nasusulat sa Kautusan ng Diyos ang tungkol sa paggalang sa magulang at ang parusang kamatayan sa mga pasaway sa magulang (Exo. 20:12; 21:17). Makikita rin na ang paggalang sa magulang ay pwedeng ipadama at ipakita sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng pinansiyal na suporta at mga kinakailangang praktikal na pagkalinga.

7:11 Sa gramatikang Griego, ang salitang “ninyo” sa talatang ito ay empatiko. Yun ay, makikita agad ang salitang ito sa unahan ng pangungusap. Ibig sabihin, binibigyang pansin at diin rito ang pagkakaiba ng pananaw ng Diyos sa pananaw ng mga kritiko ni Jesus.

Ngayon, pinaliwanag ni Marcos ang salitang Griego na *corban*, na ang ibig sabihin ay "handog sa Diyos.” Minsan pa, ang pagpapaliwanag na ito ay para sa kapakanan ng kanyang mga Hentil na mambabasa.[1] Ang *corban* ay salitang Griego ngunit ginamit itong transliterasyon ng mga Judio para sa isang bagay na itinalaga nila para sa Diyos. Sa tradisyong Judio, pwede mong italaga ang isang bagay na pagmamay-ari mo at sabihing ito’y para na sa Diyos.[2] Ang ganitong pangungusap ng pagtatalaga ay hindi nangangahulugan na ibibigay mo na sa pari ang iyong itinalaga para sa Panginoon. Hindi rin ito nangangahulugan na hindi mo na rin ito pwedeng gamitin. Sa halip, ganito ang ibig sabihin: dahil ito ay itinalaga mo na para sa Diyos, nagkakaroon ka ng dahilan at kalayaan na tumanggi sa mga taong nagnanais na ito’y hiramin o gamitin – Oo, kahit na ang iyong magulang pa ang nangangailangan.[3]

> "Mababasa sa kasaysayan na ang mga relihiyosong pinuno mismo ng Judaismo ang nagbibigay ng higit na parangal sa kanilang minanang turo kaysa sa sinasabi ng Salita ng

[1]Tingnan ang sinasabi ni Flavius Josephus, *Against Apion*, 1:22.

[2]Para sa halimbawa, tingnan ang sinasabi ni Guelich, p. 369.

[3]Cranfield, p. 237.

> Diyos. Wika mismo ni Rabbi Eleazer, 'Siya na nagpapaliwanag ng Banal na Kasulatan na salungat sa sinasabi ng ating minanang turo ay tiyak na walang puwang at mamanahin sa paparating na dakilang panahon.' Dagdag pa, nasusulat sa *Mishna*, sa koleksyon ng mga tradisyong Judio sa *Talmud*, 'Higit na pagkakasala ang magturo ng anumang bagay na kontradikto sa sinasabi ng isang Rabbi kaysa sa itinuturo mismo ng Banal na Kasulatan.' Subalit teka muna, bago natin husgahan ang mga Judio sa kanilang kahangalan, makabubuti munang suriin natin ang impluwensiya ng mga tinagurian nating 'church fathers' sa ating mga simbahan. Siguradong higit na pagpapahalaga rin ang ibinibigay natin sa kanilang tradisyong turo kaysa sa talagang sinasabi ng Diyos sa Kanyang Banal na Kasulatan."[1]

Sa pagsusuri ni J. C. Macaulay, nakita niya na ang simbahang Romano Katoliko ay gumagawa mismo ng ganitong bagay. Higit na mataas ang pagpapahalaga ng mga Katoliko sa pananaw ng simbahan kaysa sa sinasabi ng Banal na Kasulatan.[2]

7:12 Dito ay ipinakita ni Jesus ang Kanyang awtoridad na isaayos ang kalagayan ng mga relasyon sa lipunan. Halimbawa, ipinahiwatig Niya rito na responsibilidad ng isang anak na sumuporta sa pangangailangan ng Kanyang mga magulang. Ito ay higit na mataas kaysa sa tradisyunal na pananaw tungkol sa *corban*.[3]

Pagisipan mo ito: masasabi ko na sobra na ang pagbibigay mo sa Gawain ng Panginoon kung nakakalimutan mo na mismong gampanan ang iyong personal na pananagutan sa iyong pamilya. Huwag mo idahilan na para sa Gawain ng Panginoon ang inilaan mong pera kung nakakalimutan mo namang pangalagaan ang iyong pamilya.

> "Isang araw ay may nagsabi sa akin na ang kanyang ang ama ay nasa hospital at ang kanyang ina naman ay maysakit. Subalit hindi niya magamit ang pera na mayroon

---

[1]Wiersbe, 1:134.

[2]J. C. Macaulay, *The Bible and the Roman Church*, p. 72.

[3]Edwards, p. 224.

> siya sapagkat ito raw ay inilaan na niya para sa Gawain ng Panginoon. At nang tinanong ko pa siya tungkol lagay ng kanyang mga magulang, sinabi niya na sila ay talagang nasa matinding pangangailangan. Handa pa nga silang tumanggap ng tulong sa labas at sa anumang kawang-gawa para lamang maibsan ang kanilang problema. Subalit sinabi ko sa kanya na ang kanyang unang responsibilidad ay sa kanyang mga magulang. Dapat niyang gamitin ang hawak niyang pera para sa kanila. Kaibigan, isa ito sa mga kakatwa at kakaibang pananaw ng mga tao ngayon tungkol sa kabanalan at espirituwalidad. Hindi mo ito dapat tularan."[1]

7:13 Dapat mong makita rito na iniugnay ni Jesus ang sinabi ni Moises (v. 10) sa Salita ng Diyos. At Kanya ring kinilala na si Moises ang may akda ng Torah (ang unang limang-aklat sa Lumang Tipan), bagay na itinatanggi ngayon ng mga kritikong mag-aaral ng Biblia. Dito ay gustong ipakita na nabigo ang mga kaaway ni Jesus na makita ang kaibhan ng inspirado at di-inspiradong mga tuntunin. Hindi lamang nila tinanggihan ang sinasabi ng Salita ng Diyos (v. 9), kundi pinasubalian o ibinaba nila ito. Tinanggalan nila ito ng awtoridad.

Idinagdag pa dito ni Marcos na isa lamang ito sa maraming halimbawa na kung saan ay winawalang-halaga ng mga Pariseo at ng mga eskriba – ng dahil sa kanilang minanang turo – ang awtoridad ng sinasabi ng Salita ng Diyos.

> "Hindi natin dapat hayaan ang ating mga gawang tuntunin at regulasyon na paralisahin at pilayin ang diwa ng pagmamalasakit at pagibig."[2]

Ang Turo ni Jesus tungkol sa Tunay na Katangian ng Karumihan 7:14-23

Ipinagpatuloy pa ni Jesus ang Kanyang tugon at pangangatuwiran laban sa Kanyang mga kritiko sa pamamagitan ng pagbibigay pansin sa isang partikular na praktis na inaangalan nila: yun ay, ang pagkain na hindi muna naghuhugas ng kamay (v. 5). Ang tanong tungkol sa kung ano ang nagpaparumi sa isang tao ay napakahalagang usapin sa mga Judio. Gayunpaman, ang mga relihiyosong pinuno mismo ay nagpakalayo-layo mula sa

---

[1]McGee, 4:213.

[2]Barclay, p. 174.

kalooban ng Diyos tungkol sa bagay na ito. Ang kanilang pagkakalayo ay dulot mismo ng kanilang pagyakap sa kanilang mga tradisyon.

7:14 Ang sasabihin ni Jesus ay napakahalaga na anupa't pinakiusapan Niya ang mga tao na makinig ng mabuti (ikumpara. 4:3). Gayunpaman, ang Kanyang tugon rito ay primaryong nakapatungkol sa Kanyang mga kritiko.

7:15 Sa talatang ito ay mababasa ang kabuoan o pangkahalatang prinsipyo (general principle) ng Kanyang sasabihin. Binibigyang linaw rito kung ano ang nagpaparumi at kung ano ang hindi nagpaparumi. At yun nga, hindi pagkain ang nagpaparumi sa tao, kundi ang laman ng kanyang isipan (ikumpara. Isa. 29:13). Syempre, ang pananalita rito ni Jesus ay sa puntong moral at espirituwal; hindi ito sa puntong medikal at pisikal. Nilinaw rin ni Jesus ang intensiyon ng Kautusan ni Moises tungkol sa mga malinis at marumi na mga pagkain (Lev. 11; Deut. 14). Ibig sabihin, ang isang Judio na kumakain ng isang pagkain na itinuturing ng Kautusan na marumi ay nagiging marumi sapagkat sinusuway niya ang Salita ng Diyos. Hindi siya naging marumi ng dahil sa pagkain na itinuturing na marumi, kundi dahil sa sinuway niya ang pagbabawal ng Diyos tungkol rito.

> "Ang buod at prinsipyo ng sinabi ni Jesus ay: tanging ang *tao* ang nagiging marumi, hindi ang *bagay*."[1]

[7:16] Ang pangungusap na ito (yun ay, "Makinig ang may pandinig ") ay hindi natin tiyak kung bahagi ng orihinal na teksto. Maaaring idinagdag na lang ito ng mga dalubhasang 'copyists' bilang resulta ng kanilang pagbabasa sa 4:9 at 4:23. Gayunpaman, ito ay matatagpuan sa ilang mga kopya ng manuskrito. Subalit marami sa mga modernong iskolar ay naniniwala na ito raw ay idinagdag na lang sa teksto ng orihinal.

7:17 Dito ay natapos na si Jesus sa pagtugon sa Kanyang mga kritiko at sa Kanyang pagtuturo sa mga tao. Siya ngayon ay pumunta na isang malapit na bahay at kasama Niya roon ang Kanyang mga alagad. At dito nga ay tinanong Siya nila, bagay na nagpapahiwatig na hindi pa rin nila nauunawaan ang Kanyang mga sinasabi. Marahil ay dahil sa ang Kanyang sinabi sa pagkakataong iyon ay isang rebolusyunaryong pangungusap. Sa katunayan, ang sabihin Niya mismo ang gayong pangungusap ay isang hindi kapani-paniwalang bagay. At minsan pa, dito sa Ebanghelyo ni

[1]Mann, p. 316. Cf. Barclay, pp. 175-76.

Marcos, ang ‘bahay’ ay isang karaniwang tagpuan na kung saan ay pribadong tinuturuan ni Jesus ang Kanyang mga alagad (ikumpara. 9:28, 33; 10:10).

7:18-19a Marami ng napakinggan at nasaksihan ang mga alagad na anupa’t madali na lang sana nilang maunawaan ang sinasabi ng kanilang maestro. Subalit hindi pa rin. Ang katigasan ng kanilang puso ang nangingibabaw na tema sa 6:31 hanggang 8:26 (ikumpara. 6:52; 8:14-21).

7:19b Minsan pang ipinaliwanag ni Marcos ang kahalagahan ng sinabi ni Jesus para sa kanyang mga Hentil na mambabasa. Gustong sabihin ni Marcos na hindi na kailangan pang sundin ng mga tagasunod ni Jesus ang mga tuntunin tungkol sa pagkain na sinasabi sa Kautusan ni Moises (ikumpara. Rom. 14:14; Gal. 2:11-17; Col. 2:20-22). Sila’y malaya na sa mga ito. Gayunpaman, ito ang uri ng kalayaan na naghatid ng matinding hamon sa mga Kristyanong Judio sa loob ng maraming panahon noong ang Iglesia ay bata pa lang (ikumpara. Gawa 10; 11; 15). Subalit malinaw na sinasaad sa mga sumunod na pahayag o bagong rebelasyon na binuwag o pinawalang-bisa na ni Jesus ang Kautusan ni Moises bilang isang ‘code’ o batas (Rom. 10:4; Heb. 7:12; et al.).

> "Sa talatang 6-13, ipinantay mismo ni Jesus ang Kautusan ni Moises sa Salita ng Diyos at pagkatapos ay sinaway Niya ang mga Pariseo sa kanilang hindi pagpapahalaga at pagbalewala sa mga ito. Higit nilang niyakap ang minanang tradisyon. Subalit dito rin ay makikita na pinawalang-bisa na ni Jesus ang isang sinasabi ng Salita ng Diyos tungkol sa isyu ng pagkain. Syempre, prerogatibo o karapatan Niya itong gawin bilang Anak ng Diyos; kaya Niyang baguhin ang isang nasasaad sa Kautusan. At ang pagbabago na ito ay hindi maituturing na tradisyon sapagkat ang mga salita ni Jesus ay banal – salita mismo ng Diyos."[1]
>
> "Ang pangungusap rito ["Sa ganitong paraan ay ipinahayag ni Jesus na ang lahat ng pagkain ay maaaring kainin "] ay malaking tulong para linawin ang isang isyu na lilitaw sa hinaharap, partikular mismo sa misyon ni Apostol Pablo sa lugar ng mga Hentil. Ang mga simbahan na kanyang

[1]Gundry, p. 356.

> naitatag ay humarap sa isyu at katanungan na may kinalaman sa kung ano ang marumi at malinis na mga pagkain (ikumpara. Gawa 10:9-16; 11:5-10, tingnan rin ang Rom 14:13ff.). Ang isyu ay may kaugnayan rin sa mga pagkaing inialay sa mga diyus-diyusan. Ito ay naging mainit na isyu noong panahon ni Pablo (batay mismo sa I Cor 8:10). Kaya nga, itong ika-7 na kabanata sa aklat ni Marcos ay maituturing kong napakalinaw na deklarasyon tungkol sa pamumuhay ng isang Kristyano sa Graeco-Romanong lipunan. Tila nais niyang isapubliko sa kabanatang ito ang kalayaan ng mga Kristyanong Hentil mula sa mga maka-Judio na seremonya at tuntuning alinsunod sa Kautusan ni Moises. At yun nga, pinawalang bisa mismo ni Jesus ang mga seremonya na ito. At ito ang nais bigyang diin ni Marcos sa kanyang mga mambabasang Hentil sa kabanatang ito."[1]

Kung si Pedro man ang umimpluwensiya sa pagsusulat ni Marcos, nakatatawag pansin na hinayaan niya si Marcos na isalaysay at itala ang ganitong napakatinding pangungusap tungkol sa pagpapawalang-bisa sa batas sa pagkain. Si Pedro ang tipo ng alagad ni Jesus na alangan lumayo sa nakasanayan niyang Mosaikong tuntunin tungkol sa pagkain. Gayunpaman, gaya ng ating nasabi na sa umpisa, malaki ang katibayan na nakuha mismo ni Marcos ang mga materyales na kinakailangan niya sa pagsusulat ng Ebanghelyong ito mula mismo kay Pedro. Dahil rito, maituturing natin na natutunan na rin sa wakas ni Pedro ang katuruang ito.

> "Ang mga seremonyal na regulasyong ito sa Kautusan ay may tungkuling ginagampanan bilang simbolo na nagtuturo ng realidad at kahalagahan ng *moral* na kalinisan. Sila ay humihingi ng eksternal na pagkakahiwalay sa mundo upang ipakita ang pangangailangan ng puso na maitalaga sa Diyos. Gayunpaman, itong mga eksternal na regulasyong ito ay hindi nagtataglay at magbibigay ng kadalisayan ng puso. Sila ay mga anino lamang, hindi ang substansiya (Heb. 10:1). Kaya nang matagpuan ng mga

[1]Martin, p. 220.

seremonyang anino na ito ang kanilang katuparan kay Cristo, sila'y natupad na at hindi na kailangan pa."[1]

7:20 Inulit rito ni Jesus ang prinsipyo ng Kanyang sinabi at mas naging espisipiko o malinaw Siya sa pagsasabi nito upang higit na maunawaan ng Kanyang mga alagad.

7:21-23 Ang talaan ng mga kasalanan na nabanggit rito ay yaong mula sa anim na masasamang gawa (plural nouns) tungo sa anim na masasamang pag-uugali (singular nouns; ikumpara. Rom 1:29-31; Gal. 5:19-23). Anim lamang sa mga ito ang itinala ni Mateo. Dito ay ipinapakita na ang masamang kaisipan ang siyang bukal na pinagmumulan ng masamang pag-uugali at tinutubuan at pinaglalaguan ng masasamang gawa. Ang pagkakasalansan ng mga kasalanang ito ayon sa ipinapakita ng teksto ay totoo rin sa nangyayari sa buhay: Ang kasalanan ay nagmumula sa puso (kalikasan ng tao) at dumadaloy tungo sa isip (mentalidad) at naipapakita sa kilos (aksyon).

Ang kontrobersyang ito na kinaharap ni Jesus laban sa mga Pariseo at eskriba ang siyang nag-udyok sa Kanya na umalis mula sa Galilea sa ikatlong pagkakataon. (ikumpara. 4:35-36; 6:31-32).

4. Ang Turo ni Jesus tungkol sa Tinapay at ang Pagpapalayas sa Demonyong Sumapi sa Batang Babae na Taga-Phoenicia 7:24-30 (ikumpara. Mat. 15:21-28)

Habang si Jesus ay nakakaranas ng tumitinding pambabatikos at pang-uusig mula sa mga Judio, pinapalawak naman Niya ang Kanyang ministeryo sa mga Hentil. At dito nga sa bahaging ito, ang Kanyang ikatlong pag-alis sa Galilea ang naghatid sa Kanya sa kauna-unahang pagkakataon na umalis sa lupain ng Israel.[2] Dagdag pa, kumpara sa ibang may-akda ng Ebanghelyo, mapapansin sa pagsasalaysay ni Marcos na si Jesus ay mas maraming ginagawa sa labas ng Galilea kumpara sa loob ng Galilea. Sa pamamagitan ng ganitong pansin, tinutulungan ni Marcos ang kanyang mga mambabasang Hentil na makita na ang ministeryo sa mga Hentil ay kalooban mismo ng Diyos. Ito ay nakaugnay sa ginawang pagtanggi ng Israel kay Jesus hanggang sa huling sandali ng Kanyang

[1]Hiebert, p. 181.

[2]Para sa pagtatanggol ng autentisidad ng salaysay na ito, tingnan ang pag-aaral ni Keldie Paroschi, "Following the Crumbs: Revisiting the Authenticity of Jesus's Encounter with the Syrophoenician Woman," *Journal of the Evangelical Theological Society* 64:3 (September 2021):509-25.

ministeryo. Ngunit may isang komentarista na nagsabi na ang punto lang daw ng salaysay na ito ay may kinalaman sa kakayahan ni Jesus na magpagaling.[1] Subalit medyo mababaw ang ganyang pananaw. Dapat ring malaman na may itinala si Marcos na tatlong kaganapan na nangyari sa labas ng Israel at may isa pa na nangyari matapos bumalik si Jesus.

Maganda ring makita na mayroong lohikal na koneksyon sa pagitan ng seksyon na ito at sa nagdaang mga talata (7:1-23). Ipinaliwanag ni Jesus kung bakit hindi Niya sinusunod ang mga tradisyunal na utos pagdating sa usapin ng karumihan. At ngayon sa tagpong ito, binibigyan Niya ng ilustrasyon ang pananaw na ito sa pamamagitan ng pagpunta sa teritoryo ng mga Hentil – yun ay, sa lugar na itinuturing ng mga Judio na marumi. At syempre, ang pagpunta Niya sa lugar na ito at ang pakikipag-ugnayan sa mga tao rito ay itituring ng mga Judio na marumi ayon sa kanilang seremonyal na tuntunin at tradisyon.

> "Sa nagdaang tagpo, malinaw na inalis ni Jesus ang pagkakaibang inilagay sa pagitan ng malinis at maruming mga pagkain. At ngayon sa tagpong ito ng Kanyang pagpunta sa mga Hentil, ipinapakita sa atin ni Jesus sa pamamagitan ng pagsasagisag, na Kanya ring inaalis ang pagkakaibang inilagay sa pagitan ng mga malinis (Judio) at maruming (Hentil) uri ng mga tao."[2]

7:24 Karaniwang pinasisimulan ni Marcos ang isang ‘paragraph’ ng kanyang salaysay gamit ang salitang Griego na *kai* ("at"). Ngunit dito ay gumamit siya ng salitang *de* ("ngayon"). Ang pagkakaibang ito ay nagpapakita ng mahalagang pagbabago sa takbo ng kanyang kwento. Gayunpaman, sa salin sa Tagalog, maaaring hindi natin makita ang salitang ito. Subalit, nais lang ipakita dito na ang galit na naramdaman ng mga relihiyosong pinuno laban kay Jesus ang siyang dahilan kung bakit Siya umalis sa Galilea at nagministeryo sa mga Hentil.

Madalas tukuyin ng mga manunulat sa Bagong Tipan ang lugar ng Phoenicia bilang “lugar na malapit sa Tiro at ng Sidon,” sapagkat ang dalawang ito ay mga kilalang lungsod sa rehiyong iyon. Ang Tiro ay matatagpuan sa baybayin ng Mediterranea, mga 40 milya sa hilagang kanluran ng Capernaum. Ito ang lugar na pinuntahan ni Jesus kasama ang Kanyang mga alagad. Gayunpaman, ng dahil sa Kanyang kasikatan,

---

[1]R. S. Sugirtharajah, "The Syrophoenician Woman," *The Expository Times* 98:1 (October 1986):13-15.

[2]Barclay, p. 180.

nakilala pa rin Siya ng mga tao roon. At sa pagsisiyasat ni Josephus, inilarawan niya ang mga tao sa rehiyong iyon sa ganitong paraan:

> "Sila'y kilala bilang mga taong may napakatinding pagkamuhi sa ating mga Judio"[1]

7:25-26 Ang babaeng nakabalita sa pagdating ni Jesus ay isang Hentil. Hinahanap niya si Jesus sapagkat may isang demonyo na nagpapahirap sa kanyang anak (cf. v. 30). Ang kanyang masigasig na paghingi ng tulong kay Jesus ay nagpapakita mismo ng kanyang pananampalataya. Naniniwala siya na magagawa ni Jesus na pagalingin ang kanyang anak kung ibig Niya.

Ang salitang "Sirofenicia" ay tambalang salita ng "Siria" at "Phoenicia" (o fenicia). Ang Phoenicia ay bahagi ng isang malaking Romanong probinsya ng Siria. Ito ngayon ay kilala sa tawag na Palestina: Galilea, Samaria, Perea, Judea, Idumea, at iba pang rehiyon.[2] May ibang mga taga-Phoenicia na nanirahan sa ibang lugar sapagkat sila'y mga mandaragat at mga mangangalakal. Halimbawa, ang mga Libyo-Phoeniciano ay nanirahan sa North Africa.[3] Sa katunayan ang pangalang "Sirofenicia" ay partikular na nagbibigay ng pagkakaiba sa pagitan ng Phoeniciano sa Siria mula sa mga tinatawag na 'Carthaginian.'[4]

7:27 Marahil ay nakipag-usap si Jesus sa babae sa wikang Griego, ang pamilyar na lenggwahe sa lugar na iyon. Gamit ang tipikal na sitwasyon sa isang tahanan, ikinumpara ni Jesus ang mga Israelita sa mga anak, samantalang ang mga Hentil ay sa mga aso.

> "Ang mga Hentil ay hindi tinawag na mga 'asong-kalye' kundi mga 'alagang-aso' na nasa loob ng bahay."[5]

Gayunpaman, hindi parin maitatanggi na ang pagkukumpara ni Jesus ay nakakasakit ng damdamin ng mga Hentil.

7:28 Subalit kapansin-pansin na hindi dinamdam ng babae ang sakit ng pagkukumparang ito. Ang kanyang pangangailangan ng tulong kay Jesus ang siyang higit na mahalaga sa kanya; hindi niya kailangang maging balat-

---

[1]Josephus, *Against Apion*, 1:13.

[2]*The Nelson …,* pp. 1656-57.

[3]Wessel, p. 682.

[4]Cranfield, p. 247.

[5]Plummer, p. 189.

sibuyas sa sandaling ito. Sa katunayan, napakatalino ng kanyang sagot rito. Inamin niya na ang mga Judio ang may primaryong karapatan sa ministeryo ni Jesus. Gayunpaman, kung paanong ang mga tuta o 'alagang-aso' (Gr. *kynarion*) ay nakakakuha ng mga tira-tira at nalalaglag na pagkain mula sa hapag kainan ng mga bata, gayundin naman, nadarama niyang mayroon din siyang karapatan sa tira-tirang pagkain na mula sa hapag kainan ni Jesus. Sa madaling salita, ipinahiwatig niya rito na ang mga Hentil ay hindi na dapat pang maghintay sa pagpapalang mangyayari sa hinaharap. Ngayon pa lang ay pwede na silang makatikim ng ilang pirasong pagpapala ni Jesus para sa mga Hentil, kung paanong nararanasan na rin ng mga Judio ang Kanyang pagpapala. Ang kaunting piraso ng pagpapala sa mga Hentil ay hindi makakabawas o kalugihan sa pagpapalang hatid ng Diyos sa mga Judio.

> "Ang titulong salita na 'Panginoon' ay madalas na namumutawi sa bibig ng mga 'mananampalataya' sa aklat ni Mateo. Subalit ito ay isang beses lamang na lumabas dito sa aklat ni Marcos; at ito ay nasa diwa ng konpesyon, bagay na nag-udyok kay Jesus na sabihin ang Kanyang sinabi at tulungan ang babae."[1]

7:29 Minsan pa, mababasa natin na ang sagot ng babae ay kakikitaan ng talino at kapakumbabaan. Gayunpaman, ang kanyang masigasig at hindi sumusukong pananampalataya ang siyang ginantimpalaan ni Jesus (ikumpara. Mat. 15:28). At kapansin-pansin na dito pa lang ay sinabi na sa kanya ni Jesus na ang masamang espiritu ay umalis na mula sa kanyang anak na babae. Minsan pa, ipinapakita rito ang dakilang awtoridad ni Jesus laban sa mga demonyo.

> "Kabaligtaran sa tradisyon ng mga Judio, niyakap ni Jesus sa diwa ng Kanyang awtoridad ang mga itinuturing ng tradisyong Mosaiko at rabiniko na marumi at makasalanan: yun ay, ang mga ketongin (1:40-45), ang mga maniningil ng buwis (2:13-17), at maging ang mga 'maruruming' Hentil, na kung saan kabilang na rito ang babaeng taga-Sirofenicia (7:24-30)."[2]

---

[1]Guelich, p. 588.

[2]Edwards, p. 224.

7:30 Dapat ring pansinin na ang pag-uwi ng babae patungo sa kanyang bahay ay nagpapakita ng kanyang pananalig. At isa pa, ito lamang ang pagkakataon ayon sa tala ni Marcos na si Jesus ay nagpagaling mula sa napakalayong distansya, at hindi siya gumamit ng anumang sambit na utos. Maliwanag lang na ang kapangyarihan ni Jesus ay napakadakila sa buhay at pangangailangan ng babae. At syempre, gaya ng inaasahan, ang kagalingan ay agaran; mismong sa oras na ito'y sinabi ni Jesus. Dagdag pa, pwede nating isipin na may isa sa mga alagad na sinabayan ang babae sa kanyang pag-uwi at iniulat nito ang nangyaring kagalingan.

Ang insidenteng ito ay tiyak na tumawag ng napakalaking interes sa mga mambabasang Hentil. Ipinapakita rito na ginantimpalan ni Jesus ang pananampalataya ng isang Hentil, kung paanong ginantimpalan Niya ang pananampalataya ng mga Judio. Sa madaling salita, ipinapakita sa salaysay ni Marcos na si Jesus ay dumating hindi lamang para iligtas ang mga Judio kundi maging ang mga Hentil (10:45).

5. Ang Pagpapagaling sa Lalaking Bingi na may Kapansanan sa Pagsasalita 7:31-36

Si Marcos lamang ang ebanghelista na nagsalaysay ng himalang ito. Isinama niya rito ang salaysay na ito sapagkat ito ay isa pang halimbawa ng ginawang pagpapagaling ni Jesus sa isang Hentil. Mahalaga rin ang partikular na himalang ito sapagkat ito ay nagsisilbing larawan sa nais Niyang pagbubukas ng espirituwal na pandinig ng Kanyang mga alagad. Mula sa 6:31 (na kung saan matutunghayan ang umpisa ng Kanyang ikalawang paglayo sa Israel at pagbabalik) tungo sa 7:37, si Jesus ay madalas na nagpapahayag ng Kanyang sarili sa mga alagad; subalit madalas na ang kanilang tugon ay hindi ganoon kalalim. At sa patuloy na pagsasalaysay ni Marcos, matutunghayan ang pag-uulit ng mga aral na ito, hanggang sa marating nito ang sukdulan na kung saan ipapahayag ng mga alagad na si Jesus ang banal na Messias ng Diyos (8:1-30).

7:31 Si Jesus ay dumaan sa isang paikot na ruta. Una muna Siyang naglakbay sa hilaga papunta sa Sidon; ito'y 20 milya ang layo sa hilaga ng Tiro. Pagkatapos ay bumalik Siya tungo sa silangang bahagi ng Lawa ng Galilea. Ibig sabihin, pinasok ni Jesus ang teritoryo ng mga Hentil. Ang Decapolis ay rehiyon rin ng mga Hentil. Kung iyong matatandaan, may ilan sa mga mamamayan rito ay nakarinig na sa patotoo ng lalaking dating sinasapian ng masamang espiritu; ito yung lalaking pinagaling ni Jesus malapit sa lugar ng Gadara (ikumpara. 5:1-20). At sa paglalakbay na ito, makikita na umikot si Jesus sa hilagang Israel at bumalik sa Lawa ng Galilea mula sa

hilaga o sa silangan. Ang ganitong paglalakbay ay nangangailangan ng ilang mga linggo o kaya ay mga buwan.[1]

7:32 Ang salitang Griego na ginamit rito para sa kapansanan sa pagsasalita ay *mogilalos.* Ang sakit na ito ay bihira. Sa Bagong Tipan, dito lamang sa talatang ito lumabas ang salitang ito at pati na rin sa Septuagint na bersyon ng Isaias 35:6. Kapansin-pansin ang paglabas ng salitang ito sa Isaias sapagkat doo'y prinopesiya na paaawitin ng Messias sa galak ang mga pipi kapag Siya'y dumating (ikumpara. v. 37).

> "Ang depekto sa pagsasalita ay karaniwang dulot ng depekto sa pandinig; ito ay parehas na totoo sa pisikal at espirituwal na kalagayan."[2]

> "Sa salaysay ni Marcos, kapag ang dakilang presensya ni Jesus ay nahahayag, ito'y tumatawag ng napakaraming bilang ng mga tao."[3]

7:33 Dito'y makikita na napaka-personal ng ginawang pagpapagaling ni Jesus sa lalaki—gaya rin mismo ng Kanyang ginawa sa iba pang maysakit. Ang ganitong tagpo ay madalas pansinin at bigyang diin ni Marcos. Ang mga ginawa rito ni Jesus ay para tulungan ang maysakit na ilagak ang tiwala sa Kanya.[4] Marahil, ang dahilan kung bakit inilayo muna ni Jesus ang lalaki mula sa karamihan ay para tulungan itong i-pokus ang pansin sa Kanya at para maitanim sa alaala nito ang napakagandang gagawin sa kanya ni Jesus.[5]

> "Sapat na sanang ipatong lang ni Jesus ang Kanyang kamay sa lalaki at ito'y agad na gagaling. Sa katunayan, pwede Niyang pagalingin ang lalaking ito sa pamamagitan lamang ng salita. Subalit, marami Siyang ginawang pagkilos rito na nakatatawag ng pansin at may hatid na aral. Ang paghipo Niya sa dila at tenga ay nagpapahiwatig na sa Kanya

---

[1]Blunt, p. 192.

[2]Grassmick, p. 136.

[3]Guelich, p. 397.

[4]Taylor, p. 354.

[5]Trench, *Notes on the Miracles …,* p. 375.

> nagmumula ang kakayahan na makapagsalita at makarinig."[1]
>
> "Ang mga simbolikong pagkilos na ito, na karaniwang makikita sa mga manggagamot na Judio at Griego, ay nagpapalakas ng loob ng maysakit na maaari siyang gumaling."[2]
>
> "Marahil ay nagpapasigla ang mga pagkilos at paghawak na ito sa puso at pananampalataya ng isang taong may sakit."[3]

Maaaring dumura muna si Jesus sa lupa at pagkatapos nito ay hinipo Niya ang dila ng lalaki sa pamamagitan ng Kanyang daliri. Ang mga pagkilos na ito ay magpapakita sa lalaki na si Jesus may gagawin para sa kanyang kapansanan sa dila at tenga.

> "Maaaring ang pagdura ay bahagi ng isang terapeutiko o kilos ng pagpapagaling na karaniwang makikita sa Greko-Romanong mundo (yun ay, gaya ng mababasa kina Pliny, *Nat. Hist.* 28.4.7; Tacitus, *Hist.* 6.18; Suetonius, *Vesp.* 7) at sa kultura ng mga Judio (Str-B, 2:15-17)"[4]

7:34 Syempre, pati na rin ang kilos ng pagtingala sa langit at pagbuntong-hininga ay pawang paraan ng pagtuturo sa lalaking maysakit. Ang pagtingala ni Jesus sa langit ay nagpapahiwatig na ang kagalingan ay nagmumula sa Diyos. Samantala, ang Kanyang pagbuntong hininga ay isang paran ng pagpapadama ng malasakit at habag sa kalagayan ng lalaki. Sa katunayan, ito ay maaaring nagpapahiwatig ng isang espirituwal na digmaan (ikumpara. Juan 11:33).[5] Minsan pa, ang himalang ito ay kakaiba sapagkat gumamit si Jesus ng mga kilos at pamamaraan upang maituon ang pansin ng lalaking maysakit sa Kanya bilang isang Manggagamot.

> "Ang pagpapagaling sa lalaking bingi at pipi ay isang halimbawa na nagpapakita na ang ating Panginoon ay

---

[1]Calvin, 2:271-72. Cf. Swete, p. 161; Gundry, p. 383.

[2]Mann, p. 323.

[3]Bruce, "The Synoptic …," 1:392.

[4]Sinasabi ito nina Guelich, p. 395. Str-B is H. L. Strack at P. Billerbeck, *Kommentar zum Neuen Testament aus Talmud und Midrasch*.

[5]Cranfield, p. 252.

> malaya o hindi nakakulong sa anumang nakagawian na pamamaraan. Siguro kung malalaman lang natin ang kondisyon ng lalaki at sa nais gawin ng Panginoon sa puso niya, tiyak na mauunawaan natin ang lahat ng kilos at proseso na ginawa rito ni Jesus para gumaling ang lalaki."[1]
>
> "Walang ibang mananalaysay na higit na nagpapakita ng emosyon ni Jesus kundi si Marcos."[2]

Si Jesus ay nagsalita sa wikang Aramaiko sapagkat ito ang lenggwahe na karaniwang ginagamit sa rehiyong ito (ikumpara. 5:41). Marahil ay nabasa o naintindihan ng lalaki ang sinabi ng labi ni Jesus.

7:35 Minsan pa, ang kagalingan na ginawa ni Jesus ay agaran. Sa sandaling iyon, ang lalaki ay nakapagsalita na ng maayos.

7:36 Minsan pa, ang utos na huwag ipamalita ang nangyaring himala ay hindi na naman nasunod (ikumpara. 1:44; 5:43). Ang salitang "nila" ay tumutukoy sa lalaking pinagaling at sa mga taong naghatid sa kanya kay Jesus (v. 32)

> "Ang ipinakitang tugon ng mga tao rito ay isang magandang halimbawa ng madalas na trato ng mga tao kay Jesus – may paghanga subalit walang pagsunod."[3]
>
> "Ang mahirap na pakikipaglaban ay hindi matatagpuan sa mga demonyo sapagkat si Jesus ay may awtoridad na sila'y lipulin. Hindi rin Siya nahihirapan sa pagpapasunod sa Inang Kalikasan sapagkat mayroon rin Siyang awtoridad rito. Ang mahirap na pakikipaglaban ay matatagpuan sa mga tao sapagkat si Jesus ay walang kontrol sa kanila. Ang mga tao ay dapat na magpasya at hindi sila dapat na pilitin na sumunod sa Kanya. Nagawa Niyang utusan ang isang pipi na magsalita at makarinig, subalit hindi Niya nagawang pigilan o patigilin ang iba na makinig sa patotoo niya. Dagdag pa, hindi Niya rin kayang utusan ang Kanyang mga alagad na maging maunawain at marunong sa Kanyang

---

[1]G. Campbell Morgan, *An Exposition of the Whole Bible*, p. 427.

[2]Barclay, p. xix.

[3]Ezra P. Gould, *A Critical and Exegetical Commentary on the Gospel According to St. Mark*, p. 139.

> mga turo; at hindi Niya rin kayang pigilan ang mga nasa awtoridad na ihinto na ang pakikipaglaban sa Kanya."[1]

6. Ang Pundamentong Konpesyon ng Pananampalataya 7:37 (ikumpara. Mat. 15:29-31)

Sa talatang ito ay maliwanag na isinalaysay ni Marcos ang paghanga ng mga tao. Ginamit niya ang isang napakatinding salita sa Griego para ilarawan ito. Sa buong Bagong Tipan, ang salitang ito ay dito lamang mababasa: *hyperperissos*. Sa Tagalog, ang pagkakasalin ay "buong paghanga" o kaya ay "sobrang paghanga." (ikumpara. 1:22; 6:2; 10:26; 11:18). At dito, ang kanilang pangungusap ng paghanga sa lahat ng mga ginawa ni Jesus ay pwedeng ihambing sa diwa ng Genesis 1:31; na kung saan, nagustuhan ng Diyos ang kagandahan ng Kanyang gawa. Sa madaling salita, gustong palabasin sa tagpong ito na ang kagalingan ng lalaking bingi at pipi ay mismong gawa ng Diyos (ikumpara. Isa. 35:3-6). Samantala, kung titingnan natin ang tagpong ito batay sa salaysay ni Mateo, mababasa natin sa kanyang tala na marami pang mga maysakit ang pinagaling ni Jesus (Mat. 15:29-31).

C. Ang Ikalawang Yugto ng Kapahayagan ni Jesus sa mga Alagad 8:1-30

Hindi pa rin nauunawaan ng mga alagad ang napakahalagang mga aral na nais ituro at ipaunawa sa kanila ni Jesus. Ito ang siyang konstraksyon o pagkakaayos na hinubog ni Marcos sa paraan ng kanyang pagsasalaysay hinggil sa pagsasanay sa mga alagad. At yun nga, pagdating sa tema na ito, inulit ni Jesus ang Kanyang mga aral at pagsasanay upang talagang maitanim ito sa puso at isipan ng mga alagad. Isang komentarista ang nakapansin ng ganitong paulit-ulit na istraktura ng pagkakahawig sa bahaging ito ng aklat ni Marcos:[2]

6:31-44	Ang Pagpapakain sa Napakaraming Tao	8:1-9
6:45-56	Pagtawid sa kabilang ibayo ng Lawa	8:10
7:1-23	Ang Pakikipagtalo sa mga Pariseo	8:11-13
7:24-30	Ang Usapin tungkol sa Tinapay	8:14-21
7:31-36	Ang Pagpapagaling	8:22-26

[1]Rhoads and Michie, p. 78.

[2]Lane, p. 269.

7:37	Ang Konpesyon ng Pananampalataya	8:27-30

1. Ang Pagpapakain sa 4,000; 8:1-9 (ikumpara. Mat. 15:32-38)

Kung papansinin, inulit sa himalang ito ang aral na natutunan sa pagpapakain sa 5,000. Ang pag-uulit na ito ay para sa kapakanan at kaunawaan ng mga alagad, at syempre para tugunan na rin ang pangangailangan ng mga tao. Hindi pa rin kasi natutunan ng mga alagad ang bagay na dapat sana nilang natutunan sa naunang himala (vv. 17-21).[1]

> "Maliwanag na ipinapakita sa atin ni Marcos na may dalawang okasyon ng mahimalang pagpapakain sa napakaraming tao."[2]

ANG DALAWANG MAHIMALANG PAGPAPAKAIN NI JESUS

Pagpapakain sa 5,000		**Pagpapakain sa 4,000**	
5 tinapay at 2 isda	Mat. 14:17, 19; Marcos 6:38, 41; Lukas 9:13, 16; Juan 6:9	7 pirasong tinapay at ilang isda	Mat. 15:34, 36; Marcos 8:5-7
12 na basket ng mga natirang pagkain	Mat. 14:20; Marcos 6:43; Lukas 9:17; Juan 6:13	7 na basket ng mga natirang pagkain	Mat. 15:37; Marcos 8:8
5,000 mga lalaki, di pa kasama sa bilang ang mga babae at bata	Mat. 14:21; Marcos 6:44; Lukas 9:14; Juan 6:10	4,000 na mga lalaki, di pa kasama sa bilang ang mga babae at bata	Mat. 15:38; Marcos 8:9

8:1 Si Jesus at ang Kanyang mga alagad ay nasa rehiyon pa rin ng Decapolis doon sa silangang bahagi ng Dagat ng Galilea nang mangyari ang himalang ito (ikumpara. 7:31).

---

[1]Tingnan ito kay E. Schuyler English, "A Neglected Miracle," *Bibliotheca Sacra* 126:504 (October-December 1969):300-5.

[2]Lane, p. 272.

8:2 Tatlong araw na ang lumipas at ang mga taong sumusunod kay Jesus ay nagugutom na. Naubos na ang kanilang mga baong pagkain. At siguro ay hinintay ni Jesus ang ikatlong araw upang tingnan kung hihiling ba sa Kanya ang mga alagad na ulitin muli ang ginawa Niyang pagpapakain sa napakaraming mga tao (6:31-44). Subalit wala tayong mababasa na naging hiling o inaasahan nila ito.

8:3 Ang habag ni Jesus sa mga tao ang nag-udyok sa Kanya na ihayag ang kanilang hindi kaaya-ayang kalagayan. Sa katunayan, ang mga pananalita Niya rito ay dapat sanang magsilbing paalala sa mga alagad tungkol sa Kanyang ginawang himala ng pagpapakain noong una.

8:4 Sa tingin ko, mayroong tatlong paliwanag para maunawaan ang tanong ng mga alagad rito: Una, talagang nakalimutan nila ang himala ng pagpapakain ni Jesus sa 5,000 mga tao. Marahil ay ilang buwan na rin ang lumipas kaya nalimutan na nila ang dakilang himalang iyon. Subalit ang ganitong pananaw ay malabong mangyari. Imposibleng mawaglit agad sa gunita nila ang gayong kadakilang himala. Ikalawa, pwedeng hindi nila nakalimutan ang himala, subalit itinanong nila ang tanong na ito upang indirektang hikayatin si Jesus na muling gawin ang pagpapakain sa napakaraming tao.[1] Ikatlo, naalala ng mga alagad ang himala, gayunpaman, hindi pa rin nila ganap na nauunawaan ang katotohanang si Jesus ay may kapangyarihang tugunan ang anumang presenteng pangangailangan. Sa tingin ko, ang ikatlo ang mas tamang paliwanag sa tanong nila, gawa na rin mismo ng mga susunod na mangyayari.

Bakit hindi nagawang matutunan ng mga alagad na si Jesus ay may kakayahang magpakain ng libo-libong mga tao? Isa sa pangunahing dahilan ay: ang pananangan at pagtitiwala kay Jesus sa halip na sa sarili ay isang napakahirap na bagay na matutunan nating mga tao. Napakahirap itong gawin lalo na kung tayo ay may napakalimitadong pagkakakilala kay Jesus. Dagdag pa rito, marahil ang okasyunal na pag-aalangan na ipinapakita ni Jesus para gumawa ng isang himala ang siyang nagpapahina sa loob ng mga alagad na humingi ng himala sa Kanya.[2] Gayunpaman, ang kanilang tanong ay maliwanag na naghahayag ng kanilang espirituwal na pagkabulag. At heto pa, sa halip na pauwiin na lang ang mga tao, pinilit

[1]Lenski, p. 316.

[2]Cranfield, p. 205.

nilang tugunan ang pangangailangan sa pamamagitan ng paghahanap ng pagkain sa “isang ilang na dako” (sa Griego, *eremon*, ikumpara. 6:32). Gayunpaman, kung may maganda man sa tagpo na ito, yun ay, ang tanong nila ay dinirekta nila kay Jesus (ikumpara. 6:37).

8:5 Ang tanong rito ni Jesus ay parehas sa tanong na ibinigay Niya sa kanila noong pinakain Niya ang 5,000 mga tao (6:38). Gayunpaman, tila hindi pa rin ito nagpaalala sa kanila na magtiwala kay Jesus; na Siya ay may kapangyarihang tumugon sa kanilang pangangailangan.

8:6-7 Ang pagpapaliwanag at salaysay ni Marcos sa talatang ito ay higit na maliwanag at detalyado kumpara kay Mateo (Mat. 15:36). Sinasalamin sa kanyang pagsasalaysay ang kanyang interes sa nangyari, na marahil ay bigay ni Pedro ang mga detalye.

> "Kung pagkukumparahin ang panalanging ginawa ni Jesus sa dalawang himala ng pagpapakain sa napakaraming tao; ang una ay kakikitaan ng kaugaliang Judio na titingala sa langit upang magpasalamat sa Diyos (6:41). Ngunit ang ikalawa ay simpleng panalangin lamang ng pasasalamat (8:6)."[1]

Maaaring ang isang paliwanag sa pagkakaibang makikita sa kilos ng panalangin ay dahil sa nabanggit na kasi ni Marcos sa detalyadong paraan ang naunang kilos ng pananalangin ni Jesus. Kaya dito sa ikalawang tagpo ay hindi na niya ito binigyan ng makulay na paglalarawan at pansin.

8:8 Minsan pa, ang ibinigay na probisyon ni Jesus ay higit sa sapat, subalit hindi naman maluho. Ang uri ng basket o “bakol” (Gr. *spuris*) na ginamit rito ay isang malaking basket na magkakasya ang isang tao (ikumpara. Gawa 9:25).

8:9 Sa tagpong ito, ang pinakain ay "may 4,000” mga kalalakihan, ngunit hindi pa rito kasama ang bilang ng mga bata at kababaihan (Mat. 15:38).

May ilang mga kritiko na nangangatuwiran na sina Mateo at Marcos raw ay parehas na nagkwento ng isang pangyayari lang – yun ay, tungkol sa isang mahimalang pagpapakain sa libo-libong mga tao. Ayon sa mga kritiko, dalawang paraan ng pagki-kwento ang ginawa nila para sa isang naganap na himala. At dahil rito, nakapagsulat tuloy sila ng

[1]Bailey, p. 80.

magkaibang detalye.[1] Subalit sa isang maingat na mambabasa, mahahalata niya ang isang malinaw at malaking pagkakaiba sa dalawang kwento, na anupa't napakadaling sabihin na si Jesus ay gumawa ng dalawang beses na pagpapakain sa libo-libong mga tao – yun ay, dalawang beses sa magkaibang okasyon at ibang grupo ng mga tao.

Ang isa pang punto ng debate ay kung ang grupo ba ng mga tao na pinakain rito ay mga Hentil, yamang ang lokasyon ay nasa teritoryo ng mga Hentil. Ang naunang pagpapakain ay syempre nasa teritoryo ng mga Judio. Marahil, mas marami ang Hentil na matatagpuan sa ikalawang ito, at mas maraming Judio ang matatagpuan naman sa nauna. At kung ganito nga, sumasalamin ang himala at tagpong ito sa magiging komposisyon ng Iglesia at ng messianikong kaharian ng Messias na parehas na binubuo ng mga Judio at Hentil.

2. Ang Pagbabalik sa Galilea, 8:10 (ikumpara. Mat. 15:39)

Kung iyong matatandaan, si Jesus at ang Kanyang mga alagad ay bumalik sa Galilea sakay ng isang bangka matapos na kanilang mapakain ang 5,000 (6:45-56). Ganito rin mismo ang ginawa nila matapos mapakain ang 4,000. Ang eksaktong lokasyon ng "Dalmanutha" ay hindi natin alam, ngunit maaaring malapit ito sa lugar na tinatawag na Magadan (o sa isang bansag ay 'Magdala') na nasa kanlurang bahagi ng Lawa (Mat. 15:39).

> "Ang 'Magadan' ay pangalan ng isang bayan. Sa wikang Aramaiko, ang 'Dalmanutha' ay nangangahulugan ng 'daungan." Sa madaling salita, ang Dalmanutha ang siyang daungan ng mga bangka sa Magadan, at ito'y malapit na matatagpuan sa Capernaum."[2]

3. Ang Pakikipagtunggali sa mga Pariseo tungkol sa Usapin ng mga Tanda 8:11-13 (ikumpara. Mat. 16:1-4)

Ang salaysay ni Mateo sa pangyayaring ito ay higit na mayaman kumpara kay Marcos. Siguro ay binuod lamang ni Marcos ang nangyari sa tagpong ito upang ihawig ito sa usaping matatagpuan sa 7:1—23. Bunga nito, mabibigyang diin niya ang tema ng pagsasanay sa mga alagad na ipinapakita niya.

> "Ang layunin ng salaysay na ito ay upang ipakita kung ano ang tugon at pananaw ni Jesus pagdating sa usapin ng mga tanda."[3]

---

[1]Yun ay kay Gould, p. 142.

[2]J. Dwight Pentecost, *The Words and Works of Jesus Christ*, pp. 246-47.

[3]Taylor, p. 361.

8:11 Sa salaysay ni Mateo ay makikita na sinamahan ng mga Saduceo ang mga Pariseo (Mat. 15:1). Muli silang lumabas mula sa Jerusalem at nagsimulang makipagtalo kay Jesus; hindi nila layunin na matuto sa Kanya. Hiniling nila kay Jesus na magpakita ng ilang supernatural na kababalaghan upang mapatunayan Niya na Siya nga ay may banal na awtoridad at kanilang mapagkakatiwalaan. Nais nilang makakita ng agarang patunay, yung mismong masasaksihan agad ng publiko at talagang maituturing na kahanga-hangang katibayan ng pagkilos ng Diyos sa pamamagitan Niya (ikumpara. 11:30). Dapat nating alalahanin na sa una pa lang ay nagkaroon na sila ng konklusyon na ang Kanyang kapangyarihan ay nagmula raw kay Satanas (3:22).

Para sa kanila, ang mga ginawang himala ni Jesus ay hindi nakakakumbinsi. Ang kanilang hinahanap na himala ngayon ay yaong naiiba; yung katulad ng mga himalang ibinigay ng Diyos upang patunayan na si Moises ay Kanyang lingkod. Ito ang hamon ng mga kritiko upang kanilang mailagay si Jesus sa ilalim ng kanilang “pagsusuri” (Gr. *peirazo*); pagsusuri na maglalabas ng Kanyang tunay na kulay. Hangad nilang patunayan at ipakita na si Jesus ay isang huwad na messias.

> "'Ang ‘tanda’ (*semeion*) na mababasa sa aklat ni Marcos ay naiiba sa salitang “kababalaghan” at “himala” (*dunameis*). Sa katunayan, walang mababasa sa Sinoptiko na ang ‘tanda’ ay tumutukoy sa ‘himala,’ o kaya’y ang isang mahimalang pangyayari ay itinuturing na ‘tanda.’ Sa madaling salita, ang ‘tanda’ na hinahanap nila ay yaong ‘tanda’ sa punto ng paglalarawan sa Lumang Tipan. Ibig sabihin, ito yung katibayan o konpirmasyon na ang ministeryo ni Jesus ay galing sa Diyos."[1]
>
> "Ang mga Sinoptikong manunulat ay gumamit ng salitang ‘tanda’ upang tukuyin ang isang panlabas na katibayan na hindi mo talaga mapapasubalian. Ang tanda ay isang napakalinaw at hayag na patunay na ito’y galing at gawa talaga sa Diyos"[2]

---

[1]Guelich, p. 413.

[2]Cranfield, p. 257.

Ang hinahanap na katibayan ng mga Pariseo ay yaong hindi mapapasubalian; yung talagang ganap na magpapatunay sa kredibilidad ni Jesus bilang sugo ng Diyos.[1]

> "Ang mga Pariseo ay progresibo sa pananaw; isang natatanging partido na hindi sunod-sunuran sa Masa. Masidhi nilang layunin na maging matuwid na bansa ang Israel sa pamamagitan ng masugid na pagsunod sa 'tradisyon ng kanilang mga magulang.' Ang kanilang oral na mga tuntunin pagdating sa Kautusan ni Moises ay mabisa at laging nakakasabay sa pabago-pabagong kalagayan at panahon."[2]

8:12 Ang salitang Griego na ginamit para sa "napabuntong-hininga" ay *anastenazo*.

> "Ang salitang ito ay sumasalamin sa dalamhati at pagkadismaya ni Jesus nang makita at madama Niya ang malalim na pag-aalinlangan ng mga taong dapat sana'y higit na makakaunawa at dapat sanang positibong tutugon sa Kanya."[3]

> "Ang pisikal na buntong hininga ay dulot ng espirituwal. Dito'y madarama na hindi na pwedeng magkaroon ng pagkakasundo sapagkat ang pag-aalinlangan ng kaaway ay napakatindi at hinog na sa kahatulan."[4]

Sa Ingles, may mababasa na ang buntong-hininga ay nagmula sa espiritu. Ngunit sa Tagalog, ang ginamit ay "malalim" yun ay, "napabuntong hininga ng malalim." At ganito ang naging pakiramdam ni Jesus sa mga pasaway na Judio na laging kumakalaban sa Kanya. Sila ang Kanyang tinutukoy rito nang ginamit Niya ang salitang "lahi." Ayaw Niyang magbigay ng tandang hinihingi nila sapagkat sapat na ang napakaraming mga katibayan na Kanyang ipinamalas. Sa isipang-bukas, ang mga ito ay malakas na pangkumbinsi na Siya nga ay Diyos. Ang salitang Griego rito na ginamit ni Jesus pagdating sa tanda ay *'semeion'* at hindi *'dynamis'*

---

[1]Guelich, p. 414.

[2]Kingsbury, pp. 63-64.

[3]Wessel, p. 688. Cf. Gundry, p. 402.

[4]Bruce, "The Synoptic …," 1:394.

(himala). At yun nga, nagbigay na Siya ng napakaraming mga himala na magpapalakas ng kanilang pananampalataya sa Kanya. At dahil rito, hindi na Siya magbibigay ng tanda sa mga taong sarado naman ang pag-iisip. Masasayang lang ang tanda na ito. At sa lagay ng mga mambabasa ni Marcos, kanilang matututunan na ang mga himala ni Jesus ay sapat ng patunay sa Kanyang pagkaDiyos.

Marahil sa talatang ito, ang dahilan kung bakit hindi na inilagay ni Marcos ang detalyeng may kinalaman sa tanda ni Jonas (Mat. 12:39-41) ay dahil sa ang kanyang mga mambabasa ay mga Romano. Maari silang malito sa gayong detalye kung ilalagay niya sapagkat hindi naman sila pamilyar sa kwento ni Jonas.

8:13 Dito ay minsan pa nating makikita na iniiwan ni Jesus ang mga taong hindi sumasampalataya sa Kanya (ikumpara. 4:35; 7:24). Siya ay umalis patungo sa hilagang-silangang baybayin ng lawa. At simula sa tagpong ito, ang Kanyang ministeryo ay higit ng matutuon sa Kanyang mga alagad sa halip na sa publiko.

Ang pangyayaring ito ay naghatid ng aral sa mga alagad na dapat nilang tanggapin at isapuso ang mga supernatural na katibayan tungkol sa katauhan ni Jesus.

4. Ang Turo ni Jesus tungkol sa Lebadura ng mga Pariseo at ni Herodes 8:14-21 (ikumpara. Mat. 16:5-12)

Ang bahaging ito ay nakakahawig o kaya'y nagpapaalala sa turo ni Jesus tungkol sa tinapay na kinakain ng mga bata; yun ay, sa tagpong pinalayas Niya ang demonyong sumapi sa anak ng babaeng taga-Phoenicia (7:24-30). Sa dalawang tagpo na ito, ang tinapay na may lebadura ay kumakatawan sa turo o doktrina. Sa unang tagpo, ang babaeng Hentil ay nagnais na pagharian ng turo ni Jesus, at dahil rito ay nagsilbi siyang positibong halimbawa para sa mga alagad. Subalit ang mga pinuno ng relihiyong Judaismo ay tumanggi sa turo ni Jesus; pinalaganap nila ang kanilang maling katuruan (lebadura) na kung saan ayon sa babala ni Jesus, ito ay dapat na iwasan.

8:14 Ang nag-iisang tinapay na dala ng mga alagad sa bangka ay naging daan para mapag-usapan nilang muli ang tungkol sa dalawang mahimalang pagpapakain sa libo-libong mga tao. Gayunpaman, hindi na sana dapat pang maging usapin at problema para sa mga alagad ang kakulangan sa tinapay yamang naranasan na nila ang supernatural na kapangyarihan ni Jesus pagdating sa pagkakaloob ng pangangailangan ng mga tao.

8:15 Dito ay ginamit ni Jesus ang lebadura ng tinapay bilang Kanyang ilustrasyon para sa namamayaning bulaang turo at pananaw ng mga Pariseo at ni Herodes. Noong panahong iyon, ang lebadura ay karaniwang ilustrasyon at paghahambing na ginagamit para sa hindi nakikitang impluwensya ng isang mali at korap na turo.[1] At yun nga, ayon sa malebadurang turo ng mga Pariseo, ang kapangyarihan at awtoridad raw ni Jesus ay galing kay Satanas, sa halip na galing sa Banal na Diyos (3:22; ikumpara. 7:8-13). Ang ganitong pananaw ng mga Pariseo ay isang pangahas at napakatigas na pagtanggi sa katotohanan ng pagka-Messias ni Jesus – ang Dakilang Lingkod na hinirang ng Diyos.

Gayundin naman, pagdating sa pananaw at pahayag ni Herodes Antipas, hindi siya naniniwalang si Jesus ay Messias. Sa halip, kung mayroon man siyang matayog na pananaw kay Jesus, yun ay, ang paniwalaan lang na si Jesus ay si Juan Bautista na muling nabuhay (6:14-16). Kaya nga, bagamat ang mga Pariseo at si Herodes ay may malayong pagkakaiba sa isa't isa, sila'y nagkakaisa naman sa bulaang pananaw; nagkakaisa sila sa sigaw na si Jesus ay hindi Messias, hindi Sugo ng Diyos, at hindi Anak ng Diyos. Sa madaling salita, ang 'lebadura' na tinutukoy ni Jesus ay walang iba kundi ang pag-aalinlangan at kawalan ng pananampalataya sa Kanya. At ang ganitong pag-uugali at pananaw tungkol sa Kanya ang siyang nangingibabaw sa Masa.

Sa kabilang banda, ang 'lebadura' ng mga Pariseo ay tumutukoy rin sa kanilang kapaimbabawan at tradisyong may mataas na pagtingin sa sarili bilang relihiyoso. Samantala, ang lebadura ni Herodes ay tumutukoy sa kanyang imperyal na kapangyarihan bilang isang pulitiko.[2] Ngunit dagdag pa sa mga ito, may iba ring naniniwala na ang lebadura ng mga Pariseo ay tumutukoy sa kanilang huwad, pakitang-tao, at kontradiksyong pamumuhay. Samantala ang lebadura ni Herodes ay tumutukoy sa kanyang masamang pamumuhay.[3]

> "Ang lebadura ni Herodes ay ang kanyang kawalang pananampalataya na praktikal na bumubukal sa kanyang

[1]Lane, p. 280; *The Nelson …,* p. 1658.

[2]Bailey, p. 80.

[3]E.g., Cranfield, p. 261.

> kamunduhan at hilig sa kalayawan na usong-uso sa kanyang panahon."[1]

8:16 Kakatwa rito na ang iniisip ng mga alagad tungkol sa kakulangan ng pagkain ay ibang-iba sa masigasig na puntong itinuturo sa kanila ni Jesus tungkol sa seryosong epekto ng kawalang pananampalataya (ikumpara. vv. 12, 15). Hindi makapasok sa kanilang puso ang espirituwal na aral ni Jesus sapagkat ang kanilang isip ay sarado pa rin sa mga ito (v. 17).

8:17-20 Mariing sinaway ni Jesus ang Kanyang mga alagad sa kanilang kakulangan ng espirituwal na pang-unawa (ikumpara. Isa. 6:9-10; Jer. 5:21; Ezek. 12:2). Ang kanilang malapitan at napaka personal na karanasan at pagkasaksi sa dalawang pambihirang himala ng pagpapakain (at maging sa mga natirang pagkain matapos nito) ay dapat sanang magsilbing sapat ng katibayan at batayan upang kanilang makilala ang tunay at makapangyarihang katauhan ni Jesus. At Oo, pwede nating masabi na natandaan nila ang 'facts' o ang nangyari (vv. 19-20), subalit hindi pumasok sa kanilang puso ang kapangyarihan ng aral nito (v. 21). Kung paanong ang Diyos ay nagkaloob ng tinapay sa mga Israelita doon sa ilang, si Jesus rin naman ay nagkaloob ng isa pang masaganang pagkain sa ilang para sa mga taong sumusunod sa Kanya. Kaya nga, ang mahimalang pangyayaring iyon ay dapat na magbigay sa kanila ng malinaw na konklusyon: si Jesus ang dakilang Propeta na prinopesiya mismo ni Moises na darating upang maging kahalili niya (Deut. 18:18). Siya ang banal na Messias.

> "Ang Kanyang saway sa mga alagad ay hindi dahil sa kanilang kabiguang maunawaan ang Kanyang babala (v. 15), kundi sa kanilang kabiguan na maunawaan ang kahulugan at kapangyarihan ng Kanyang presensya na kasa-kasama nila."[2]

Lubhang mahalaga na maunawaan ng mga alagad kung sino talaga si Jesus. At yun nga, sa literaryong punto, kumpara sa ibang manunulat ng Ebanghelyo, si Marcos ay nagbigay ng detalye para sa mahalagang aral na ito (mula v. 17 hanggang v. 21). Gustong palabasin ni Marcos sa kanyang salaysay na hangga't ang mga alagad ay walang maayos na

---

[1]Swete, p. 170.

[2]Grassmick, p. 138.

pagkakakilanlan kay Jesus, hindi rin sila magkakaroon ng maayos na relasyon sa Kanya. Ang mga tanong na ginamit rito ni Jesus ay mapanghamon sa kanilang isipan upang sila'y mag-isip ng maayos tungkol sa mga bagay na kanilang napakinggan at nakita.

> "Sa tagpong ito, malinaw na ipinapakita ni Marcos na hindi purket ang isang tao ay kasama o alagad ni Jesus ('insider' kumbaga) ay garantiya na iyon na mauunawaan na niya ang diwa at kapangyarihan ng persona at ministeryo ni Jesus."[1]

8:21 Ang tagpong ito ay nagwakas sa panapos na tanong na walang kasagutan. Kung uulitin ko ang tanong rito ni Jesus, para bang gusto Niyang sabihin ang ganito: 'Ano ba? Wala pa rin ba kayong pang-unawa kung sino talaga ako, sa kabila ng lahat ng katibayang ipinakita ko sa inyo?' At sa tingin ko, kahit na sa punto ng panghuling tanong, tila gustong palabasin ni Marcos na hindi pa rin ito nasagot ng mga alagad sa tagpong iyon. Para bang sinadya ni Marcos na bitinin o iwan sa ere ang kanyang mga mambabasa upang sila man ay mag-isip at magbulay sa tanong ni Jesus. At syempre, ang sagot natin sa tanong na ito ng ating Panginoon ay lubhang napakahalaga. Sa talatang 29 ay mababasa natin ang pahayag o kumpisal ni Pedro tungkol sa tanong na ito. Sa kabilang banda, ang mga mambabasa ng Ebanghelyo ni Marcos ay mayroon na ring malinaw na sagot sapagkat sa umpisa pa lang ng aklat ay isinulat na niya ang tamang sagot para sa tanong na ito.

5. Ang Pagpapagaling sa Bulag na Malapit sa Bethsaida 8:22-26

Si Marcos lamang ang ebanghelista na nagtala ng himalang ito. Ito ay pwedeng iugnay sa pagpapagaling sa lalaking bingi na may problema sa pagsasalita (7:31-36). Minsan pa, si Marcos lamang ang nagtala ng mga himalang ito. Mapapansin rin na kumpara sa ibang himala, ang pagpapagaling na nangyari dito ay hindi agaran kundi unti-unti. Tuloy, mayroong itinuturo rito na may kinalaman sa 'paningin' bilang larawan ng kaunawaan. Sa tagpong ito, tila ipinapakita na ang mga alagad ay dapat na may matutunang aral mula sa mga pagpapagaling ni Jesus. Halimbawa, ang pagpapagaling sa bingi ay sumasalamin sa kanilang kalagayan na nahihirapang unawain (mapakinggan) ang sinasabi ni Jesus. Samantala, ang pagpapagaling sa bulag ay sumasalamin naman sa

[1]Guelich, p. 427.

kanilang kawalang kakayahan na maunawaan (makita) ang ipinapakita sa kanila ni Jesus (ikumpara. v. 21). At syempre, minsan pang ipinapakita sa mga himalang ito na si Jesus ay may dakilang kakayahan upang sila'y pagalingin at pahusayin, gaya mismo ng Kanyang ginawa para sa bingi at bulag.

8:22 Gaya ng ating nabanggit, ang Bethsaida Julius ay matatagpuan sa hilagang-silangan ng baybayin ng Lawa ng Galilea (ikumpara. 6:45). Sa tagpong ito, ang 'ilang tao' na naghatid sa bulag kay Jesus ay tiyak na ang kanyang mga kaibigan.

> "Narito ang isang magandang halimbawa ng pagmamalasakit at pananalangin para sa ibang tao."[1]

8:23 "Ang kilos ng ating Panginoon rito ay makahulugan. Kanya ng hinayaan ang napakatigas na ulong Bethsaida na mapasailalim ng kahatulan (Mt. 11:21-24). Hindi na Niya ibig na gumawa pa ng pagpapagaling sa lugar na iyon, o kaya'y patuloy na mangaral sa lugar na iyon (v. 26). Ang palugit na Kanyang ibinigay sa Bethsaida bilang isang bayan ay naubos na. Gayunpaman, Siya'y patuloy na nagpapadama ng habag sa mga indibidwal."[2]

Kapansin-pansin na 'inakay' ni Jesus ang bulag palabas sa Bethsaida. Marahil ay ginawa Niya ito upang magkaroon ng personal at malapitang pagkakilala sa bulag (ikumpara. 5:35-43; 7:31-37). O kaya, siguro ay upang iwasan ang publisidad o pansin ng Masa (ikumpara. v. 26). Ang pagkukusa ng bulag na sumunod o paakay kay Jesus ay nagpapakita rin ng kanyang pananampalataya. Ang pagpapagaling na magaganap rito ay isa sa tatlong himala na ginawa ni Jesus sa pribado, ayon sa pagkakatala ni Marcos. Sa tatlong pribadong pagpapagaling, ang mga alagad ni Jesus ang siyang naging mga saksi.

Sa wikang Tagalog, may makikita tayong pagkakasalin na kung saan 'niluraan' ni Jesus ang mata ng bulag. Hindi ito magandang pagkakasalin at hindi magandang pakinggan. Sa katunayan, iba ang aksyon na ipinapahiwatig sa wikang Griego. Ang pagkakalarawan ay dapat na ganito: pinahiran ni Jesus ng kaunting dura ang mga mata ng bulag sa pamamagitan ng kanyang daliri. Hindi Niya direktang dinuraan ang mga

---

[1]Cole, p. 132.

[2]*The New Scofield Reference Bible*, p. 1059.

mata ng bulag. Ginawa ni Jesus ang pagpahid sa mata upang iparamdam sa bulag ang mangyayaring pagpapagaling sa kanyang mata. Sa madaling salita, ginamit ni Jesus ang kaunting dura o laway at ipinahid Niya ito sa mga mata ng bulag upang tulungan ito sa kanyang pananampalataya. Pero walang kapangyarihan o kagalingan na nagmumula sa dura.[1] Marahil, ang dura na ipinahid sa mata ay magpapaliwanag sa bulag na ang kanyang kagalingan ay mula sa bibig ni Jesus (ikumpara. Gen. 1:3, 6, et al.). Ayon sa iskolar na si Edersheim:

> "Ang paggamit ng dura o laway ay karaniwang sangkap sa panggagamot ng mga Judio para sa karamdaman sa mata."[2]

Ang tanong ni Jesus sa bulag: “May nakikita ka na bang anuman?” ay para sa kapakinabangan ng mga alagad. Ito’y para sila’y turuan.

8:24 Ang pagkabulag ng lalaki ay hindi mula sa kapanganakan. Alam niya ang itsura ng puno. Sa Middle East, ang pagkabulag ay karaniwang dulot ng alikabok na dala ng hangin.

8:25 Dito ay maari nating itanong: bakit hindi agarang pinagaling ni Jesus ang bulag? Bakit paunti-unti ang Kanyang ginawang paraan? Siguro ay upang ipakita na pwede Siyang magpagaling sa anumang paraan na piliin o ibigin Niya.[3] O kaya, siguro ay takot na takot ang bulag, kaya para pakalmahin siya ay paunti-unti ang paraang ginawa ni Jesus.[4] Pwede rin na dahilan na ang paraang ito’y ilustrasyon para sa mga alagad; na ang pagbibigay ni Jesus ng espirituwal na pagkakita o pagkaunawa ay ginagawa Niya ng paunti-unti. Dagdag pa, siguro ay nais ipakilala ni Jesus ang Kanyang sarili bilang ang Dakilang Manggagamot. Marahil, ang himala na ito ay medyo nangangailangan ng proseso, kaya kinailangan ni Jesus na gawin ang gayong paraan upang higit na mahayag ang Kanyang kapangyarihan.[5] O kaya, pwede rin nating isipin na may mga personal na dahilan si Jesus sa gayong pamamaraan, ngunit hindi ito itinala para sa atin ni Marcos, sapagkat hindi iyon ang kanyang gustong bigyan ng pansin.

---

[1]Burdick, p. 1005.

[2]Edersheim, 2:48.

[3]Calvin, 2:285.

[4]Alexander Maclaren, "St. Mark," in *Expositions of Holy Scripture*, 8:326.

[5]Gundry, p. 418.

> "Ang himala ba na ito ay isang pragmatikong pagpapakita ng katiyagaan ni Jesus sa Kanyang mga alagad? At gamit ito bilang ilustrayon, pwede ba nating sabihin na ang ministeryo ni Jesus noong Siya ay nasa lupa pa ang siyang 'unang paraan ng kagalingan' na Kanyang ginawa para sa mga alagad? Hindi ba't sa umpisa ay komited sa Kanya ang mga alagad, ngunit madalas na nahihirapang Siya'y maunawaan? At maari ba nating isipin na ang Araw ng Pagkabuhay ang siyang 'ikalawang paraan ng kagalingan' na tuluyang naghatid sa mga alagad sa isang maayos at malinaw na pagkakita o pagkaunawa kay Jesus?"[1]

Ang kagalingang ginawa sa bulag ay karaniwan ring makikita sa kagalingang ginawa ni Jesus sa buhay ng mga mananampalataya nang sila'y Kanyang pinalaya mula sa espirituwal na pagkabulag. Tatlong bagay ang pwede nating pansinin: Una, noong ang mga Kristyano ay hindi pa tumanggap sa Panginoon, sila'y mga bulag sa espirituwal. Ikalawa, nang sila'y nagkaroon na ng relasyon sa Panginoon, sila'y nagkaroon na ng paningin, ngunit ang kanilang nakikita sa kasalukuyang kalagayan ayon kay Pablo ay "malabong larawan" (1 Cor. 13:12). Subalit sa ikatlong yugto, ang paningin ng Kristyano ay magiging ganap at malinaw sapagkat "darating ang araw na makikita natin Siya ng mukhaan" (1 Cor. 13:12).[2]

Sa salaysay ni Marcos, mababasa natin na inilarawan niya na sa proseso ng kagalingan ang bulag ay "tuminging mabuti." Sa madaling salita, gustong ituro sa atin na ang tao ay may bahaging ginampanan sa kagalingan na ito; at syempre ganito rin ang mayroon sa pagtamo ng espirituwal na kaunawaan. Ngunit sa lahat ng ito ang Diyos pa rin ang Siyang may ganap na hawak at pagkilos para makamit ng bulag ang kagalingan o pagkakita. Marahil sa unang paghipo ay agad na pinagaling ni Jesus ang tinatawag na 'optic nerve' sa mata ng lalaki. Gayunpaman, tulad ng sa mga bata, ang lalaking bulag ay dapat na matuto na mai-pokus ang kanyang paningin sa isang bagay. At yun nga, sa ikalawang pagkakataon na hinipo ni Jesus ang mata ng bulag, siya'y nagkaroon ng malinaw na paningin.[3]

---

[1]Kingsbury, p. 102.

[2]McGee, 4:195-96.

[3]Pentecost, *The Words …,* p. 248.

> "Ang primaryong pokus sa tagpong ito ay sa ganap na kagalingan ng lalaki. Ang mga alagad sa tagpong ito ay maituturing rin na nangangailangan ng ikalawang paghipo sa kanilang paningin upang tuluyan silang makakita ng malinaw. At sa patuloy na pag-usad ng kwento, makikita natin na sa wakas ay nagkaroon rin sila ng maayos na pananaw kung sino si Jesus. At syempre, darating ang isa pang itinakdang araw na mauunawaan nila ang lahat ng bagay sa natatanging paraan."[1]

8:26 Minsan pa, pwede nating isipin na ang utos ni Jesus sa lalaki na umuwi na at hindi na dumaan sa bayan ay para ingatan ang Kanyang misyon (ikumpara. 1:44-45; 5:43; 7:36). Ipinapahiwatig rin sa utos na ang bahay ng lalaki ay hindi sa Bethsaida.

> "Ang sinasabi sa 8:26 ay hindi nagpapakita na ang himala ay dapat na i-sekreto. Hindi rin dito ipinapakita ang paglilihim sa pagka-Messias ni Jesus sapagkat ang usaping ito ay hindi pa pinag-uusapan rito. Sa halip, ang gusto lang sabihin o ipakita sa talatang ito ay ang ganap na kagalingan na natanggap ng lalaking bulag. Ngayon ay kaya na niyang umuwi patungo sa kanyang bahay na hindi nangangailangan ng pag-akay ng kanyang mga kaibigan (v. 22)."[2]

Gamit ang himalang ito, tinupad ni Jesus ang isang aspeto ng Kanyang pagka-Messias: yun ay, ang buksan ang paningin ng mga bulag (Isa. 35:5-6). Sinasabi sa Lumang Tipan na ang Diyos lang ang nagbibigay ng paningin sa mga bulag (Awit 146:8; Isa. 29:18). Sa madaling salita, gustong ipakita sa tagpong ito na si Jesus ay Anak ng Diyos; ang Diyos na nagkatawang tao.

MGA BULAG NA PINAGALING NI JESUS (SA KRONOLOHIKAL NA PAGKAKASUNOD-SUNOD)	
Napakaraming bulag sa Galilea	Lukas 7:21

[1]Guelich, p. 436.

[2]Gundry, p. 419.

Isang lalaking nasa sinagoga sa Galilea na sinasapian ng demonyo, bulag, at pipi.	Mat. 12:22
Dalawang bulag na lalaki sa Galilea	Mat. 9:27-34
Marami pang bulag sa Galilea	Mat. 15:30-31
Ang bulag sa Bethsaida	Marcos 8:22-23
Ang lalaking isinilang na bulag sa Jerusalem	Juan 9:1-41; cf. 11:37
Dalawang namamalimos na bulag sa Jericho, ang pangalan ng isa Bartimeo	Mat. 20:29-34; Marcos 10:46-52; Lukas 18:35-43
Ilang bulag na nasa templo	Mateo 21:14

6. Ang Konpesyon ng Pananampalataya ni Pedro 8:27-30 (ikumpara. Mat. 16:13-20; Lukas 9:18-21)

Ang kagalingang tinamo ng lalaking bingi at utal sa pagsasalita ay nagbunga ng konpesyon mula sa mga tao hinggil sa kadakilaan ni Jesus; ngunit ang konpesyon na ito ay kulang pa rin sa pagkilala na Siya ay Diyos (7:37). Sa kabilang banda, ang kagalingang naipagkaloob para sa bulag ang siyang nagbukas ng pananaw ng mga alagad tungkol sa biblikal na katauhan ni Jesus bilang Messias. Ito ang katotohanang ipinahayag ni Pedro.

Kung papansinin mo sa iyong pagbabasa, binibigyang pansin ni Marcos ang ‘sanhi at bunga’ na ugnayan (cause and effect) sa dalawang tagpo na ito. Ginawa niya ito sa pamamagitan ng paglalagay ng parehas na istraktura. Halimbawa: Una ay inilatag niya ang kalagayan o circumstansya ng tagpo (vv. 22, 27). Ikalawa ay ipinapakita niya ang isang kalagayan ng paningin o pang-unawa na hindi pa malinaw (vv. 23-24, 28). Ikatlo ay binibigyang pansin niya ang kaloob na paningin at pang-unawa (vv. 25, 29). Ikaapat, parehas na makikita sa dalawang tagpo ang utos ni Jesus na huwag ipagsabi ang himala (vv. 26, 30).[1]

> "Sentrong paksa sa naratibo ni Marcos ang pagkilala sa pagka-Messias ni Jesus. Ang kahalagahan ng paksa at tagpo na ito ay makikita sa unang talata pa lang ng kanyang Ebanghelyo. Gayunpaman, dapat na pakaisipin na sa pagitan ng Kabanatang 1:1 at Kabanatang 8:29, walang makikita sa salaysay na ang katotohanang ito ay kinikilala ng mga tao, bagamat

[1]Wessel, p. 692.

sunod-sunod na mababasa sa salaysay ang mga kahangahangang tagpo na tumatawag sa isipan ng mga tao na magdesisyon hinggil sa kung sino nga ba si Jesus.[1]

"Ang rekognisyon o pagkilala na si Jesus ay Messias ang siyang interseksyon o tagpuan ng lahat ng theolohikal na paksa na nagkalat sa unang bahagi pa lang ng aklat ng Ebanghelyo ni Marcos. Ito rin mismo ang dinamikong lakas na pagkukunan ng ikalawang bahagi ng naratibo ng Ebanghelyo. Sa tagpong ito, malinaw at mariing itinala ni Marcos ang historikal at theolohikal na kapangyarihang naipahayag sa usapang naganap sa nayon ng Cesarea Filipo."[2]

8:27 Dito ay makikita na natin na si Jesus at ang Kanyang mga alagad ay nagpatuloy sa kanilang paglalakbay patungo sa hilaga Cesarea Filipo. Sila'y mula sa Bethsaida. Ang pagitan ng dalawang lugar na ito ay 25 milya na layo. Dito tumira si Herodes Filipo. Magandang malaman na ang konpesyon ng mga alagad tungkol sa pagkaDiyos ni Jesus ("ang Cristo ") ay naganap sa lugar na kung saan ipinapahayag ng mga paganong Romano na si Cesar ay isang "diyos."

Ang unang tanong ni Jesus ay paghahanda para sa ikalawang tanong sa talatang 29. Kung iyong papansinin, sa Ebanghelyo ni Marcos, ang mga tanong ni Jesus ay madalas na naghahatid ng bagong katuruan o doktrina (ikumpara. 9:33; 12:24, 35).

8:28 Sa talatang ito, makikita na ang mga popular na sagot sa unang tanong ay karaniwang repleksyon ng salat at malabong pananaw ng mga tao tungkol kay Jesus. Maaaring kagalang-galang ang mga sagot na ibinigay tungkol sa Kanya, subalit lahat ng ito ay kapos sa pagkilalang Siya'y Diyos. Sa madaling salita, noon pa lang, iilan lamang talaga ang naniniwala na si Jesus ang siyang Messias. Sa katunayan, kahit rin ang mga alagad ay may malabo at kapos na pananaw tungkol sa Kanya. Hindi sumagi sa kanilang isip ang posibilidad na Siya ay Diyos.

Ang paniniwala ng mga tao na si Jesus ay si Juan Bautista na muling nabuhay o kaya'y si Elias na isa sa mga propeta sa Lumang Tipan, ay nagpapakita na sila ay naniniwala sa muling pagkabuhay ng katawan.[3]

---

[1]Lane, p. 288.

[2]Ibid., p. 289. Cf. Cranfield, p. 271.

[3]Lenski, p. 334.

Gayunpaman, kakatwa na may ilang mga mag-aaral ng Biblia na nagsasabi na ang Hebreong Biblia ay hindi raw nagtuturo ng muling pagkabuhay ng katawan (subalit tingnan mismo ang mga talatang ito Isaias 26:19 at Daniel 12:2).

8:29 Sa tekstong Griego, binigyang diin ni Jesus ang salitang “kayo” sa Kanyang tanong. Kahit sa salin sa wikang Tagalog ay makikita natin ang pagbibigay diin na ito. Ang ibig sabihin, nais ni Jesus na maging naiiba ang paniniwala ng Kanyang mga alagad sa pananaw ng Masa. At yun nga, sa tagpong ito ay si Pedro ang siyang naging tinig o tagapagsalita para sa grupo. At syempre, ang ibang mga alagad ay sumang-ayon sa kanyang naging konpesyon. Walang sinuman sa mga manunulat ng Ebanghelyo na nagsabi na may hindi sumang-ayon sa ipinahayag ni Pedro, bagamat pwedeng paghinalaan ng iba ang pananaw ni Judas Iscariote. Ito ang kauna-unahang tagpo sa Ebanghelyo ni Marcos na si Pedro ay tumindig bilang tagapagsalita para sa Labing-Dalawa. Gayunpaman, simula sa tagpong ito, si Pedro ang magiging kinatawan para sa iba pang mga alagad. Kapansin-pansin na ang pangalan ni Pedro ay dalawang beses lang na nabanggit sa aklat ni Marcos bago ang tagpong ito. Subalit pagkatapos ng tagpo ng konpesyon, ang pangalan niya ay lumabas ng 16 na ulit. Samantalata kung ikukumpara ito sa iba pang Ebanghelyong-aklat, makikita na sa Mateo ay limang ulit na lumabas ang pangalan ni Pedro bago ang tagpong ito. At pagkatapos ay 18 na ulit na lumabas matapos ang tagpo ng konpesyon. Sa Lukas, apat na beses lang sa umpisa, subalit pagkatapos ng tagpo ay 16 na ulit na. At sa Juan, sa umpisa ay apat na beses lang, ngunit pagkatapos ng tagpo ng konpesyon ay 29 na ulit na.[1]

> "Ang kahulugan ng pangalan ni Pedro ay ‘Bato.’ Siguro ay naging palagay niya sa sarili na siya’y tulad ng bato. Gayunpaman, may mga pangyayaring dumating sa kanyang buhay na ang tugon o reaksyon niya ay kabaligtaran sa diwa ng kanyang pangalan. Madalas na siya’y antukin at sa isang hinala lang ng isang babaeng katulong ng punong saserdote ay muntik na siyang bumigay at mahuli."[2]

[1]Hiebert, p. 203, footnote 3.

[2]Sina Rhoads at Michie, p. 60.

Ang salitang "Cristo" ay transliterasyon ng salitang Griego na *christos*. Ito ay katumbas ng salitang *masiah* sa wikang Hebreo na kung saan ang ibig sabihin ay, “ang pinahiran” o “ang hinirang.” Sa umpisa, ang salitang ito sa wikang Griego ay may malawak na pagkakagamit. Ito ay ginagamit para sa sinumang ‘pinahiran ng langis’ o hinirang ng Diyos – gaya ng mga pari, mga hari, at mga propeta. Subalit sa paglipas ng panahon sa Lumang Tipan, ang salitang ito ay nagkaroon ng isang teknikal na kahulugan na kung saan ay tumutukoy sa isang banal na Hari na magmumula sa lipi ni haring David. Siya ay darating upang iligtas ang Israel, muling itatag ang kaharian ni David, at palawakin ang nasasakupan nito sa buong mundo (Awit 110:1; Dan. 9:25-26). Sa aklat ni Marcos, madalang na gamitin ni Jesus para sa Kanyang sarili ang titulong “Cristo” (Messias) (ikumpara. 9:41; 12:35; 13:21). Hindi Niya ito ginamit para ipangalandakan na Siya ang Messias. Marahil ay iniwasan Niya ang pulitikal na kahulugan ng titulo, lalo na’t maraming tao ang may maling pagkakaintindi rito. Gayunpaman, tinanggap ni Jesus ang diwa at kapangyarihan ng titulong ito kapag ito ay ginagamit at ipinapahayag sa Kanya ng mga tao (ikumpara. 14:6-62; Juan 4:25-26).

> "Ang titulo na ito ay partiktular na angkop at nararapat para ipahayag ang Kanyang tunay na kaugnayan sa Lumang Tipan at maging sa bayan ng Diyos. Ang aplikasyon ng titulong ito kay Jesus ay katuparan mismo ng napakahabang linya ng mga hinirang na hari, pari, at propeta. Sa Kanya matatagpuan ang tunay na kahulugan nito. Siya ang dakilang Hari, Pari at Propeta na binasbasan at hinirang ng Espiritu ng Diyos upang tuparin ang napakahabang linya ng mga nagdaang propeta. Siya ang Buhay ng bayang Israel, ang pinagmumulan ng kanilang kahulugan at katuparan. Siya rin ang dahilan kung bakit ang ‘bagong Israel’ (ang Iglesia) ay isa na ring bayang hinirang."[1]

Yung tiempo ng tanong rito ni Jesus pagdating sa lagay ng Kanyang ministeryo ay napakahalaga. Bagamat ang mga alagad sa una pa lang na makilala nila si Jesus ay naniwala na Siya ay Messias (Juan 1:41, 51), ang kanilang kaunawaan sa Kanyang messianikong katauhan ay

[1]Cranfield, pp. 270-71. Tingnan ang sinasabi ni Bateman, pp. 537-59.

impluwensyado pa rin ng tradisyon ng kanilang panahon. Ang tingin nila kay Jesus ay isang pulitikal na lider. At gayundin naman, ang Masa ay wala ring maayos na pagkakaunawa sa Kanya; tingin nila'y si Jesus ay isa ring pulitiko. Dagdag pa, patindi ng patindi na rin ang galit at pangongontra ng mga relihiyosong pinuno. At dito nga ay tatanggap na ang mga alagad ng panibagong rebelasyon na kung saan ay may matinding epekto sa kanilang buhay. Hinihingi na ng sitwasyon na sila'y magkaroon ng isang maayos, malinaw, at mapanindigang konpesyon kung sino nga ba talaga si Jesus. Hindi na sila dapat pang magpatumpik-tumpik, mag-agam-agam at magkamali sa kanilang konpesyon sapagkat nakataya na rito ang kanilang buhay.

Sa talatang ito ay maaaring maitanong: Bakit ang itinala lang ni Marcos na pangungusap ni Pedro ay, "Ikaw ang Cristo," sa halip na ang kumpletong pangungusap sa ibang tala na "Ikaw ang Cristo, ang Anak ng Diyos na buhay!" (Mat. 16:16)? Ang pangunahing dahilan – gaya ng ating nasabi na – ay dahil sa ang binibigyang pansin o 'emphasis' ni Marcos ay ang pagkatao ni Jesus. Gayunpaman, ang hindi kumpletong pangungusap rito ni Pedro ay hindi nangangahulugan na nabigo siya na kilanlin ang pagkaDiyos ni Jesus. Sa katunayan, malinaw na ipinahayag ni Pedro ang pagkaDiyos ni Jesus gamit mismo ang simple at maiksing pangungusap na ito. Sa aklat kasi ni Marcos, taglay na sa titulong "Cristo" ang pagkaDiyos, bagay na alinsunod na rin mismo sa ipinapakita ng Lumang Tipan. Noong una, bago ang mga alagad ay tinawag ni Jesus at may ilan sa kanila na nagsabi na natagpuan nila "ang Messias," ang pagkakagamit nila sa titulo ay sa popular na gamit (Juan 1:41). Subalit hindi ginamit ni Marcos ang popular na kahulugan ng Masa para sa Messias. Sa halip, para sa kapakanan ng kanyang mga mambabasang Hentil, ginamit niya ang titulong "Cristo" ayon sa tunay nitong biblikal na kahulugan sa Lumang Tipan.

> "Para sa mga mambabasang Kristyano ni Marcos na nasa Roma, ang konpesyon na 'Ikaw ang Cristo' ay mismong ang malinaw nilang pananampalataya na si Jesus ay Diyos."[1]

Ang konpesyon na ipinahayag rito ni Pedro ay masasabi nating isang mataas na marka na sumasalamin sa antas ng pang-unawa at komitment

[1]Lane, p. 292, n. 67. Cf. 1 John 5:1.

na narating ng mga alagad sa tagpong ito. Syempre, marami pa rin silang dapat matutunan tungkol sa diwa at katotohanan ng messianikong konpesyon na ito ayon sa biblikal nitong kahulugan at pangako. Gayunpaman, mayroon ng batayan na magagamit si Jesus upang palaguin ang kanilang pananampalataya at komitment.

> "Kung sa punto de vista ng mambabasa ang titingnan, ang katotohanan ng katauhan ni Jesus ay unti-unting nilalantad na may tatlong yugto ng pagpapakilala. Ang unang yugto sa progreso ng pagpapakilala ay matatagpuan sa konpesyon ni Pedro na siyang tinig at kinatawan ng mga alagad (8:27-30)."[1]

8:30 Tatlong bagay ang maaaring dahilan kung bakit hindi pinayagan ni Jesus ang mga alagad na ipagsabi ang bagay na kanilang napakinggan sa konpesyon: Una, ang pagsasabi o pamamahayag nito ay maaaring makahadlang sa Kanyang misyon sapagkat iba ang popular na konsepto ng Masa tungkol sa Messias.[2] Ikalawa, hindi pa handa ang mga alagad na humarap sa mga tanong at opinyon na maaaring ibunga ng gayong pangangaral. Ang kanilang isipan ay puno pa rin ng mga popular na pananaw tungkol sa Messias. Marami pang dapat ituwid si Jesus sa kanilang mga pag-aakala. Ikatlo, kailangan mismo ni Jesus na maging pribado muna ang konpesyon na ito upang magbigay ng daan para sa Kanyang daranasin na kahirapan, kamatayan, at muling pagkabuhay.

"Mismong sa sentro ng kanyang Ebanghelyong aklat ay inilagay ni Marcos ang konpesyon ni Pedro na 'si Jesus ang Messias.' Sa simula pa lang ng aklat, ang nangingibabaw ng tanong ay: "Sino si Jesus?" Subalit matapos ipahayag ng mga alagad sa pangunguna ni Pedro ang messianikong konpesyon, ang salaysay ay nakatuon na sa darating na Krus at sa Muling Pagkabuhay. Pagkatapos ng konpesyon, ang tanong na ay naging ganito: 'Anong uri Siya ng Messias at anong ibig sabihin ng pagsunod sa Kanya?' Minsan pa, ang tagpong ito ng konpesyon sa aklat ni Marcos ang siyang

---

[1]Kingsbury, p. 43. Inalis ang dibisyon sa paragrap. Ikumpara. 10:46—11:11 (at sa 12:35-37); at 11:12—15:39.

[2]Taylor, p. 377.

> naging hantungan ng mga naunang salaysay at ang magiging batayan ng mga susunod pang pangyayari."[1]

V. ANG PAGLALAKBAY NG LINGKOD NG DIYOS TUNGO SA JERUSALEM 8:31—10:52

Ngayong naunawaan na ng mga alagad ang messianikong katauhan ni Jesus, si Jesus at ang Kanyang mga alagad ay maglalakbay na patungo sa Jerusalem mula sa Ceserea Filipo. Ang bahaging ito sa Ebanghelyo ni Marcos ay sumusubaybay sa paglalakbay na ito. Binibigyang pansin rin dito ang ginawang paghahanda ni Jesus para sa Kanyang mga alagad hinggil sa paparating Niyang kamatayan at muling pagkabuhay.

> "Hindi nagkataon ang pagsasaayos rito na ginawa ng tagapagsalaysay pagdating sa tagpo ng paglalakbay ni Jesus at ng Kanyang mga alagad tungo sa Jerusalem. Hindi rin nagkataon na sa kwento ay mayroong dalawang tagpo ng pagpapagaling sa bulag [8:22-26; 10:46-52]. Nais ipakita ni Marcos sa kanyang salaysay na ang paglalakbay na ito ay naglalaman ng masikap na hangarin ni Jesus na imulat ang Kanyang mga alagad tungkol sa mga bagay ng Diyos."[2]

Isinaayos ni Marcos ang kanyang naratibo na umiikot sa tatlong prediksyon tungkol sa magaganap na kamatayan ni Jesus. Sinabi ni Jesus ang prediksyon ng krus sa Kanyang mga alagad. Bawat pagsasabi ay sinusundan ng aral tungkol sa pagiging isang tunay na disipulo. Sa umpisa, madalas itala ni Marcos ang pangungusap ni Jesus sa paraang malalim at matalinghaga (ikumpara. 2:20; 4:33-34). Ngunit ngayon, Siya ay nagsasalita na sa mga alagad at maging sa mga tao sa malinaw na paraan.

> "Ang kabukasan na ito ay theolohikal na makabuluhan pagdating sa malawakang konteksto na ipinapahayag ni Marcos tungkol sa messianikong kapahayagan ni Jesus. Sa kabilang banda ay lihim ito, ngunit sa isang banda ay nahayag at humantong sa tagpo ng krus at nagtapos sa maluwalhating pahayag. Ang krus at ang muling pagkabuhay ay maituturing na lihim ng messianikong Kaharian. Ito ay nagdulot ng matinding palaisipan, ngunit sa kabilang banda'y isang maluwalhatiang pahayag. Ito mismo ang tensyon na ipinapakita ni Marcos sa kanyang salaysay, bagay na likas na katangian ng kanyang Ebanghelyo. Ito rin ay nahahayag sa nahihiwagaang reaksyon ng mga alagad at sa mataimtim na

[1]Grassmick, pp. 138-39.

[2]Rhoads and Michie, pp. 126-27.

pagtuturo sa kanila ni Jesus tungkol sa mga bagay na ito (Kabanatang 8:31—10:52)."[1]

A. Ang Unang Pagpapahayag ni Jesus tungkol sa Kanyang Kamatayan at ang Taglay nitong Aral 8:31—9:29

Sa bahaging ito ng Ebanghelyo ni Marcos, kanyang itinala ang unang malinaw na prediksyon ni Jesus tungkol sa Kanyang daranasing pagtitiis at kamatayan (8:31). Kaugnay na rin dito ang naging reaksyon ng mga alagad (8:32-33), at ang ilang kalakip na aral tungkol sa pagiging isang tunay na disipulo (8:34—9:29). Sa pag-aaral ni Kenneth Hanna, naglatag siya ng pitong pangungusap ng prediksyon tungkol sa mangyayaring kamatayan ni Jesus. Narito ang mga talata: Mark: 8:30-33; 9:30-32; 10:32-34, 45; 12:1-12; 14:3-9, and 22-31.[2]

1. Ang Unang Propesiya ni Jesus tungkol sa Kanyang Kamatayan 8:31-33 (ikumpara. Mat. 16:21-23; Lukas 9:22)

8:31 Ang maliwanag na pahayag ni Jesus tungkol sa Kanyang darating na pagtitiis, kamatayan, at muling pagkabuhay ay bunsod ng konpesyon ng pananampalataya ni Pedro. Sa madaling salita, ang mga alagad ngayon ay kaya ng tumanggap ng bagong pahayag na sa umpisa ay mahirap nilang maunawaan sapagkat ang pananaw nila sa pagka-Messias ni Jesus ay sa pulitikal lang na paraan.

Tinukoy rito ni Jesus ang Kanyang sarili na “Anak ng Tao.” Ang katagang ito ay isang biblikal na messianikong titulo (Daniel 7:13-14; ikumpara. Marcos 2:10, 28). Kung ikaw ay magbabasa ng mga Ebanghelyong aklat, matutunghayan mo na ito ang titulo na paboritong gamitin ni Jesus para sa Kanyang sarili. Ito ay lumabas ng 81 ulit. Sa Lumang Tipan, ang titulong ito ay ginamit upang ilarawan ang maluwalhating Messias na darating, bagamat ipinahiwatig rin na ang Messias ay daranas ng paghihirap at kamatayan. Ang titulo na ito ay hindi masyadong popular na gaya ng salitang “Messias.” Kaya ng ginamit ito ni Jesus, ang mga taong walang kaalaman sa sinasabi ng Lumang Tipan ay walang kaunawaan sa ibig Niyang sabihin. Dagdag pa, ang titulong “Anak ng Tao” ay isang idyoma (idiom) noong panahon ni Jesus. Kumbaga ay, ito ay isang palaisipan o

[1]Lane, p. 294.

[2]Hanna, pp. 41, 46.

isang paraan ng paligoy-ligoy (circumlocution) na pananalita para sa salitang “Ako.” At dahil rito, kapag ito ay ginagamit ni Jesus, mas lalong natatawag ang pansin ng tao sa kung ano ang ibig Niyang sabihin.[1]

Dito nga sa talata ay sinasabi na “Mula noon, ipinaalam na ni Jesus” sa Kanyang mga alagad na ang Anak ng Tao ay “dapat” (Gr. *dei*) na magbata ng maraming kahirapan. Ang kahirapan na ito ay para sa kaligtasan ng makasalanang sangkatauhan. Subalit noong panahon ni Jesus, halos lahat ng mga Judio ay naniniwala na ang Messias ay hindi daraan sa anumang kahirapan kundi agad na itatatag ang Kanyang kaharian sa daigdig.

> "’Dapat’ at kinakailangan na maganap ang kamatayan ni Jesus sapagkat: Una, ang tao ay marahas at masama. Ikalawa, sapagkat ang katangian ng misyon ni Jesus ay isang espirituwal na gawain. Hindi dahas ang paraan ng pagliligtas na Kanyang gagawin. Ikatlo, ito ay dulot mismo ng probidensiyal na panukala ng Diyos na Siyang naglagay sa kamatayan ni Jesus bilang sentral na bagay sa laang kaligtasan [Isa. 52:13—53:12]."[2]

Sa talatang ito ay makikita rin ang tatlong grupo na kontrabida sa buhay ni Jesus. Kapansin-pansin na ang tatlong grupo na ito ang siyang bumubuo sa tinatawag na ‘Sanhedrin.’ Ang unang grupo ay ang “mga matatanda ng bayan.” Ang mga ito ang siyang mayayaman sa lipunan at ang mga pinuno ng mga aristokratikong pamilya. Ang ikalawang grupo ay ang “mga punong saserdote.” Sila ang mga pari na may matataas na ranggo at marami sa kanila ay mga Saduceo. Ang kanilang katungkulan ay karaniwang pamana sa kanila at sila ang nangangasiwa sa templo at sa sistema ng mga paghahandog rito. Kabilang sa ‘mga punong saserdote’ sina Annas, Caiaphas, at ang mga lider ng 24 na hanay o ‘division’ na bumubuo sa Kaparian. Ang ikatlong grupo ay ang “mga eskriba.” Marami sa kanila ang mga ‘theologian’ at ‘lawyer’ ng Judaismo at inaasahang eksperto pagdating sa pagpapaliwanag ng Kautusan ni Moises. Kapansin-pansin na ang mga makakapangyarihan at matatalinong ito ay nagkaisa upang hadlangan at ipapatay si Jesus.

---

[1]Lane, p. 297. Tingnan ang pag-aaral ni Cranfield, pp. 272-77, para sa isang diskusyon tungkol sa mga pananaw hinggil sa kahulugan nito at mayroon ring bibliography na ibinigay.

[2]Gould, p. 153.

Subalit matapos ang prediksyon ng kamatayan, sinabi rin naman ni Jesus na “sa ikatlong araw” Siya ay muling mabubuhay (ikumpara. Hos. 6:1-2; Mat. 16:21; Lukas 9:22). Sa bawat kapahayagan ng Kanyang daranasing kamatayan, hindi nawawala ang pangako ng muling pagkabuhay, bagamat nahihirapan ang mga alagad na Siya’y maunawaan.

> "Ang talatang 31 ay partikular na mahalaga sapagkat ito lamang ang natatanging eksplanasyon sa sekreto ng Messias o sa ‘messianikong lihim’ na matatagpuan natin sa Ebanghelyo ni Marcos. Hindi nais ni Jesus na ihayag sa madla ang Kanyang pagka-Messias sapagkat ang tunay na diwa nito ay nangangahulugan ng pagtitiis, ang tanggihan ng mga tao, at ang dumanas ng kamatayan. Ang popular na konsepto at ang inaasahan ng Masa tungkol sa Messias ay maaaring maging hadlang – o kaya’y maging dahilan upang hindi papangyarihin – ang misyon ng Messias ayon mismo sa banal na panukala ng Diyos (*dei*, 'dapat')."[1]

8:32 Sa umpisa at sa mga nakalipas na pangyayari, si Jesus ay madalas na nagpapahiwatig lamang ng Kanyang daranasing mga kahirapan (ikumpara. 2:20; 4:33-34; 7:14-15, 17-23). Ngunit ngayon sa tagpong ito ay napakalinaw na ng Kanyang sinabi. Mapapansin na hindi handa ang mga alagad sa narinig nilang napakalinaw na pangungusap na ang Messias ay dapat na maghirap, mamatay, at muling mabuhay. Naunawaan ito ni Pedro subalit hindi niya ito matanggap. Hindi niya kayang iugnay ang sinabi ni Jesus sa popular na pananaw ng mga tao. Sa salitang Griego, ang ginamit ni Marcos para sa salitang “pagsabihan” ay isang matinding salita (Gr. *epitimao*). Ito rin mismo ang salita na ginamit nang sinaway ni Jesus ang mga demonyo (ikumpara. 1:25; 3:12). Tila kumilos si Pedro rito ng “may tahasang superioridad."[2] Maaaring niyaya niya si Jesus sa isang tabi upang iwasang sawayin ito na nakikita at naririnig ng ibang mga alagad (ikumpara. Mat. 16:22).[3]

> "Madalas ipalagay na si Pedro ay nagulat o kaya’y sinaway niya si Jesus ng dahil sa ideya (o ‘suggestion’) na ang

---

[1]Wessel, p. 696. Para sa higit pang diskusyon sa usapin ng “messianikong lihim” tingnan ang pag-aaral ni Lowery, pp. 74-76.

[2]Swete, p. 180.

[3]Cranfield, p. 279.

> Messias ay daranas ng kahirapan. Ngunit siguro ang hindi niya matanggap ay yaong ideya na ang Messias ay maghihirap sapagkat tatanggihan Siya ng mga pinuno ng Israel. Ito ang dahilan ng kanyang saway kay Jesus. Ngunit kung ang ideya na ang Messias ay daraan ng mga kahirapan o kaya'y magiging martir sa kamay ng kaaway ng Israel, ito ay hindi nakakagulat sa kanya"[1]

8:33 Ang saway na ginawa ni Jesus ay hindi lamang kay Pedro kundi pati na rin sa iba pang mga alagad. Ito ay indikasyon na si Pedro ay naging tagapagsalita lamang ng grupo. At dito sa talata, tinawag ni Jesus si Pedro na "Satanas" sapagkat nakikita Niya na ang ideya, saway, at mungkahi na sinabi ni Pedro ay galing mismo sa Diyablo. (ikumpara. Mat. 4:10). Ang ideya, salita, at mungkahi ni Pedro ay laban sa kalooban ng Diyos ngunit pumapabor sa popular na ideya at nais ng Masa. Para sa ilang komentarista, hindi si Pedro ang direktang pinagwikan rito ni Jesus ng 'Satanas' kundi mismong si Satanas.[2]

2. Ang Kinakailangan para sa Isang Disipulo 8:34—9:1 (ikumpara. Mat. 16:24-28; Lukas 9:23-27)

Ngayon ay nagpatuloy si Jesus sa pagpapaliwanag sa Kanyang mga alagad na ang kahirapan ay hindi lang Niya tadhana kundi kanila rin namang kapalaran.

> "Ang katotohanan na ang kahirapan at pagtitiis ay inaasahang katangian ng pagiging isang tagasunod ni Cristo ay nangingibabaw na tema sa mga aklat ng Ebanghelyo at kahit na rin sa buong Bagong Tipan. At dito sa aklat ni Marcos, maaari itong makita sa ating nabanggit na sentral na tagpo sa aklat – ang messianikong konpesyon; na kung saan mula rito ay paulit-ulit ng mahahayag ang nakatadhanang kamatayan ni Jesus na may kalakip na aral tungkol sa pagiging isang tunay na disipulo. Gayunma'y sangkap sa paulit-ulit na pahayag na ito ang madalas na maling pagkakaintindi ng mga alagad."[3]

---

[1]Ibid., p. 280.

[2]E.g., Wuest, 1:1:169-70.

[3]Mark L. Bailey, "A Biblical Theology of Suffering in the Gospels," in *Why, O God? Suffering and Disability in the Bible and the Church*, p. 163.

8:34 Dito ay kinakausap na ni Jesus ang mga tao at pati na rin ang Kanyang mga alagad. Ang pangungusap ay pangkalahatan sapagkat ang ‘requirements,’ hinihingi o kinakailangan para sa sinumang nagnanais na sumunod kay Jesus ay parehas. Maaaring may ilan sa mga tao na naroroon na nag-iisip ng sumunod kay Jesus subalit hindi pa rin sila makapagpasya kung dapat ba nila itong gawin.

> "May sinabi si Jesus na dalawang kinakailangan na parang tambalan ng mga salitang ‘magsisi at manampalataya’ (ikumpara. 1:15)."[1]

Ang unang kinakailangan ay ang ‘paglimot sa sarili,’ yun ay, ang talikuran ang mga sariling pagnanasa at yakapin ang plano, prayoridad, at programa ng kalooban ng Diyos.[2]

> "Ang paglimot sa sarili ay ang pagtanggi sa sarili; hindi lamang pagtanggi sa mga nakagawiang kasalanan ng sarili, kundi pagtalikod sa idolatria ng labis na pagpapahalaga at pagmamahal sa sarili."[3]

May dalawang uri ng krus dito. Ang una ay ang krus ng paglimot sa sarili. Ang ikalawa ay ang krus ng iba’t ibang kahirapan na pagdaraanan ng mga tagasunod ni Cristo sapagkat ito’y ipinahintulot ng Diyos na dumating sa kanila (ikumpara. Santiago 1:3-5; 1 Ped. 1:6-7).

Ang ikalawang kinakailangan ay ang katangian ng matapat na pagsunod kay Jesus. Ang pagsunod na ito ay dapat na nakikita sa publiko at handang humarap sa hamon ng kahihiyan, pagdurusa, at pati na rin ng kamatayan (ikumpara. 1:17-18; 2:14; 10:21, 52).

Pagkatapos ng pangungusap sa talatang ito, mababasa natin sa susunod na mga talata ang apat na klaripikasyon ng pagpapaliwanag. Sa wikang Ingles ay madali natin itong makita sapagkat ang bawat pangungusap o paliwanag ay nagsisimula sa salitang "For" (Gr. *gar*, vv. 35-38) at tinapos sa pangungusap ng pagpapalakas-loob (v. 38). Ngunit sa salin sa Tagalog ay hindi natin ito makikita – yun ay, ang salin sa salitang “For” o ‘gar.’

---

[1]Grassmick, p. 140.

[2]Tingnan ang pag-aaral ni Michael P. Green, "The Meaning of Cross-Bearing," *Bibliotheca Sacra* 140:558 (April-June 1983):117-33.

[3]Cranfield, p. 281.

Gayunpaman, mababasa pa rin natin ang punto ng klaripikasyon. At yun nga, ang mga klaripikasyon na ito ay mahalagang pagpapaunawa at babala sa mga tagasunod na ni Jesus at sa kanilang nag-iisip pa lang na sumunod sa Kanya. Para sa mga Mananampalataya ang mga klaripikasyon na ito ay nakaugnay sa kanilang gantimpala. Subalit para sa mga Di-mananampalataya, ang mga klaripikasyon na ito ay nakaugnay sa pagtanggap nila ng buhay na walang hanggan. Ito ang dalawang klase ng mga tao na kinakausap ni Jesus sa tagpong ito nang sinabi Niya ang mga klaripikasyong pangungusap.

8:35 Ginamit ni Jesus ang salitang “buhay” (Gr. *psyche*) sa talatang ito sa dalawang kaparaanan. Sa ibang salin sa Ingles, ang ginamit ay ‘kaluluwa’ at dahil rito ay nagkaroon ng paniniwala ang iba na si Jesus raw ay nagbibigay ng babala rito tungkol sa pagkawala ng kaligtasan. Subalit hindi. Ang unang banggit ng ‘buhay’ ay tumutukoy sa pisikal at ang ikalawa ay tungkol sa mahalagang sangkap sa buhay ng tao. Gayundin naman, ang salitang “mawawalan” ay may dalawang kahulugan. Una, ang kahulugan nito ay may kinalaman sa pagkawala ng gantimpala para sa mga mananampalataya, at ikalawa ay tungkol pagkawala ng kaligtasan para sa mga di-mananampalataya. Sa ikalawang banggit, ang ‘buhay’ ay tumutukoy sa pisikal; kasali na rito ang pisikal na paghihirap, pagkawala ng kalusugan o kaya ay kamatayan.

Sa madaling salita, gustong sabihin ni Jesus na kung lubos na pahahalagahan ng tao ang kanyang sarili ngayon, hindi niya makakamit ang bagay na lubos na mahalaga sa hinaharap o sa darating na panahon. Sa kabaligtaran, kung ihahandog ng isang tao ang kanyang buhay ngayon para sa paglilingkod sa Panginoon, magkakamit siya ng bagay na dakila at lubos na mahalaga sa itinakdang panahon ng paghahari ng Messias.[1]

> "Ang katagang “alang-alang sa akin” ay kararamdaman ng payapa ngunit soberanong pangungusap na humihingi at humahamon sa mga alagad ng isang ganap na pagsuko sa Panginoong Jesus. Sa tala lamang ni Marcos mababasa ang dagdag na katagang “at sa Mabuting Balita” (ikumpara. 10:29). Ito ang mensahe na dapat tanggapin ng sinumang sumasampalataya at ito ang dapat niyang palaganapin na

[1]Tingnan ang pagsusuri ni Narry F. Santos, "Jesus' Paradoxical Teaching in Mark 8:35; 9:35; and 10:43-44," *Bibliotheca Sacra* 157:625 (January-March 2000):15-25.

> may ganap na pagtatalaga ng sarili anuman ang hingin ng pangyayari. Ang dalawang kataga na ito: “alang-alang sa akin” at “sa Mabuting Balita” ay dalawang dakilang magkadikit na realidad. Nakilala natin si Jesus sa pamamagitan lamang ng ebanghelyo at ang ating katapatan sa ebanghelyo ay nangangahulugan rin ng ating katapatan kay Cristo."[1]
>
> "Sa ikalawang bahagi ng aklat ni Marcos, ang “Mabuting Balita” ay laging tungkol na sa mensahe na ipapangaral ng Iglesia. Si Jesus ang Siyang nilalaman nito (Kab. 8:35; 10:29; 13:10; 14:9), gaya mismo ng sinasabi na sa Kab. 1:1."[2]

8:36 Sa talatang ito, ang *psyche*, "buhay," ay tumutukoy sa mahalagang sangkap sa buhay ng tao. Gustong sabihin rito na isang kahangalan na gawing prayoridad sa kasalukuyang buhay ang kaaliwan at kalayawan. Ang pagsasagawa nito ay makakasakit at makakaapekto sa tao na makamit ang pinakamahalagang bagay na nais ng Diyos na ibigay sa kanya. Sa katagang “buong daigdig” kasama na ritong tinutukoy ang material na kayamanan, kalayawan, kapangyarihan – o anumang layaw na pwedeng ibigay ng mundo.

8:37 Binibigyang pansin sa talatang ito ang kahalagahan ng tamang desisyon – ang piliin ang tama.

8:38 Ang salitang “sinuman” dito sa talata ay parehas na tumutukoy sa mga Di-mananampalataya at Mananampalataya (ikumpara. v. 34). Tungkol sa mga Di-mananampalataya, ikakahiya sila ng Panginoong Jesus sa araw na itatatag Niya ang Kanyang kaharian sa daigdig sapagkat sila’y namuhay na walang pagpapahalaga sa Kanya. Sa madaling salita, sila’y mapapahamak. Samantala, tungkol sa mga Mananampalataya, kung sila ay hindi namuhay ng matapat na paglilingkod sa Kanya, wala silang matatanggap na gantimpala sa Messias. Sa talatang ito rin makikita ang unang maliwanag na pagsasalita ni Jesus tungkol sa Kanyang pagbabalik “taglay ang dakilang kapangyarihan” (ito’y ang Kanyang ‘Ikalawang Pagbabalik’—bagamat ang 4:21 at 22, at 30 hanggang 32, ay may pagpapahiwatig tungkol sa ganitong pagbabalik). Nais bigyang diin sa talatang ito na ang

---

[1]Hiebert, p. 209.

[2]Lane, p. 309.

ikahiya si Jesus; ang hindi manindigan at magtiwala sa Kanyang mga salita ay mayroong hatid o bungang seryosong konsekwensya.

> "Ang pagkakaibang namamagitan kay Jesus at sa Kanyang mga alagad habang sila ay patungo sa Jersusalem ay nagpapakita sa atin ng isang tunggalian sa pagitan ng mga pagpapahalaga (values) – yun ay, pagpapahalaga ni Jesus kontra sa pagpapahalaga ng Kanyang mga alagad."[1]
>
> "Heto ang tanong: bakit mo dapat limutin ang iyong sarili, ang pasanin ang iyong krus, at ang sumunod kay Jesus? Sagot: (1) Sapagkat makakamit mo ang buhay na walang hanggan bagamat sa kasalukuyang buhay ay lugi ka muna sa paningin ng mundo. Sa madaling salita, para itong isang pag-iimpok na kung saan ang balik na pakinabang sa iyo ay hindi mo kayang bilangin at hindi mo kayang arukin (v 35). (2) Sapagkat ang buhay mo ay higit na mahalaga kaysa sa 'buong daigdig.' At dahil rito, hindi ka dapat patangay sa pang-aakit ng mundo (v 36). (3) Sapagkat sa oras na pumanaw ka na o mamatay, hindi mo kayang ibalik o bilhin ang buhay mo gaano ka man kayaman. Kaya nga, ang oportunidad na mag-impok para sa maluwalhating hinaharap ay ngayon na. Huwag ka ng magpatumpik-tumpik pa. (v 37). (4) Sapagkat sa oras na ang mundong ito ay hahatulan na ng Anak ng Diyos kasama ang Kanyang mga banal na anghel, dapat mong tiyakin na nasa panig ka Niya at hindi sa panig ng mundo [v. 38]."[2]

9:1 Kung gagamitin natin ang positibo at negatibong punto, pwede nating sabihin na ang talatang ito ang siyang positibong punto pagdating sa itatatag na kaharian ng Messias. Samantala, ang nagdaang talata, ang 8:38, ang siyang negatibong punto. Ang 9:1 ang siyang masiglang konklusyon ni Jesus para sa mga nagdaang seryosong mga babala. Kapansin-pansin rito ang pangungusap na mayroon raw mga tao na naroroon sa sandaling iyon na hindi makakaranas ng kamatayan hangga't hindi nila nakikita na 'naghahari ang Diyos nang may buong

[1]Rhoads and Michie, p. 91.

[2]Gundry, pp. 439-40.

> kapangyarihan.’ (8:38; ikumpara. 2 Ped. 1:16-19). Para sa akin ang mga indibidwal na iyon ay sina Pedro, Santiago, at Juan (vv. 2-8).
>
> Ngunit para sa iba, naniniwala sila – bagamat tingin ko ay mahina ang pananaw na ito – na ang tinutukoy rito ni Jesus ay tungkol sa Kanyang kamatayan at muling pagkabuhay.[1] Subalit may iba na naniniwala naman – bagamat para sa akin ay malabo rin ang pananaw na ito – na ang tinutukoy rito ni Jesus ay ang “pagdating ng Banal na Espiritu at ang kapangyarihang kalakip nito sa buhay ng mga mananampalataya na naging matagumpay sa pagsusulong ng Mabuting Balita sa buong emperyo ng Roma kahit na may ilan sa mga Apostol ay namatay na"[2]

Ang mga naunang bahagi at mga talata ay parehas na nagbibigay sa mga Mananampalataya at Di-mananampalataya ng seryosong babala. Gayunpaman, ito ay may sangkap rin ng napakagandang pagpapalakas ng loob para sa isang tao na maging tagasunod ni Jesus at maglingkod sa Kanya ng matapat. Ang kapasyahan na gagawin ng tao ay may konsekwensya – ito man ay walang hanggang pakinabang o walang hanggang parusa. Minsan pa, ang bahaging ito sa aklat ni Marcos ay nagsilbing espesyal na kaaliwan para sa mga orihinal na mambabasa ng kanyang aklat. Ang mga orihinal na mambabasang ito ay humarap mismo sa isang seryosong kapasyahan – yun ay, kung susunod ba sila kay Jesus ng matapat o tatalikuran Siya. Maliwanag na sinabi ni Jesus na mayroong kahirapan at pansamantalang kalugihan na mararanasan Siya at ang Kanyang mga tagasunod. Gayunpaman, tiniyak rin Niya na sa takdang panahon, ang Kanyang mga matapat na tagasunod ay magtatamo ng napakayamang kaluwalhatian at pagpapala kung paanong Siya man ay nagtamo nito.

3. Ang Pagbabagong-Anyo 9:2-8 (ikumpara. Mat. 17:1-8; Lukas 9:28-36)

Ang tagpong ito ay hindi lamang katuparan ng sinasabi ni Jesus sa talatang 1, kundi konpirmasyon o pagpapatibay sa konpesyon ni Pedro sa 8:29. Bagamat ang kamatayan ni Jesus ay tiyak na magaganap (8:31-32), tiniyak rin naman Niya na ang Kanyang mga alagad ay mayroong paparating na matinding kaluwalhatian sa itinakdang panahon (8:38). At yun nga, nang matapos ng kausapin ni Jesus ang karamihan (8:34), Siya ngayon ay magsasalita na sa ilang pili na indibidwal (v. 2).

---

[1]Cole, p. 140.

[2]Swete, p. 186.

> "Ang isang kakaibang sandali sa salaysay ni Marcos – na pwede nating masabi na 'krisis' – ay nangyari nang ipahayag ni Jesus ang Kanyang darating na kahirapan at kamatayan. At karaniwang pananaw ng marami na ang usapin ng kamatayan ay nangangahulugan ng pagkabigo at pagkatalo. Ngunit para magbago ang pananaw na ito, kailangan na mayroong isang dramatiko at napakatibay na ebidensya na nagpapakita na si Jesus ay nananatili pa ring daluyan ng pagliligtas ng Diyos. At yun nga, ang tagpo ng pagbabagong-anyo ang siyang katibayan para rito. Layunin nito na paalabin ang katiyakan ng mga mambabasa ni Marcos na ang kamatayan na mararanasan ni Jesus ay kinakailangan at hindi nangangahulugan ng kabiguan o kaya'y paglayo ng basbas ng Langit."[1]
>
> "Ang tagpo ng pagbabagong-anyo ay nagsisilbing 'theopania' ng isang bagong 'Sinai' ng pagpapakita ng Diyos sa pamamagitan ni Jesus na Siyang sentro nito."[2]

Angkop na angkop sa tagpong ito na ang pagbabagong-anyo ay naganap sa isang 'mataas na bundok.' Ang nangyari rito ay tila silip sa kaluwalhatian ng kaharian ng Messias sa daigdig. Ang 'mataas na bundok' ay sagisag ng darating na kaharian ng Diyos ayon sa pangitain na nakita ni Daniel (Dan. 2:35, 44).[3]

9:2 Ang tala rito ni Marcos ay halos kaparehas ng naitala ni Mateo. At siguro ang pagbanggit sa 'anim na araw' na sinundan ng naganap na rebelasyon ay nagsisilbing pagbabalik tanaw sa Exodo 24:15-16. Dito ay mababasa na si Moises man ay anim na araw na nasa tuktok ng Bundok Sinai at pagdating ng ikapitong araw, ang Diyos ay nagpahayag sa Kanya. Dagdag pa, ang tala na ito ni Marcos ang siyang pinaka tumpak na pagtatala ng araw (timeline) na naisulat niya sa kanyang aklat. Ito ay naganap bago ang tagpo ng krus. Ito ay naka-konekta rin sa talatang 1 bilang katuparan ng prediksyon ni Jesus.

Maaari mong itanong: Bakit kaya pinili ni Jesus sina Pedro, Santiago at Juan upang maging saksi sa Kanyang pagbabagong-anyo? Siguro ay dahil sa sinasanay Niya sila para sa liderato sa Iglesia. O kaya, siguro kasi sila

---

[1]Evans, p. 38.

[2]Lane, p. 317.

[3]Mershon, 1:177.

ang siyang pinaka mahina sa mga alagad at nangangailangan ng espesyal na pagpapatibay ng loob.[1]

9:3 Ayon kay Marcos, ang damit ni Jesus ay 'naging puting-puti anupa't walang sinumang makapagpapaputi ng gayon.' Para bang gustong sabihin ni Marcos rito na sinumang mahusay na labandera ay hindi makapagpaputi ng gayong damit. Ang detalye na ito ay nagpapahiwatig ng patotoo ng isang personal na saksi – si Pedro. Ang salitang Griego na *stilbo*, na isinaling "nagningning" ay ginagamit na paglalarawan sa sekular na mga literatura para sa kumikislap na espada at sa sinag ng araw na nagpapakislap sa mga makintab na kalasag o panangga.[2] Sa Lumang Tipan, ang kaluwalhatian ng Diyos ay madalas na nahahayag bilang isang maluningning na liwanag.

9:4 Sa wikang Ingles, makikita na inilagay ni Marcos si Elias sa isang prominenteng posisyon kumpara kay Moises (v. 4). Marahil ang dahilan ay si Elias kasi ang kumatawan bilang tagapagpauna o tagapaghanda ng daraanan ng Messias (Mal. 3:1; 4:5).

9:5 Minsan pa, nais hadlangan ni Pedro ang daranasing kahirapan at kamatayan ni Jesus, bagamat hindi niya nalalaman ang kanyang sinasabi at ginagawa (ikumpara. 8:32). Gayunpaman, alam ni Pedro (at nina Santiago at Juan) ang kahanga-hangang karanasan na kanilang nasasaksihan sa sandaling iyon ("mabuti pa'y dumito na tayo "). Ngunit ang kanyang alok na gumawa ng tatlong kubo para sa bawat propeta ay kakatwa at hindi maganda. Parang inilagay niya si Jesus – na tinawag niya rito na Rabbi – na kapantay lang nina Elias at Moises. Inakala ni Pedro na mananatili na roon sina Elias at Moises upang agad na itatag ang pinakahihintay na kaharian ng Messias. Ang pagdating kasi ni Elias ay itinuturing na pasimula na ng kaharian ng Langit (Mal. 4:5; ikumpara. Gawa 1:6).

Maganda ring pag-isipan rito: Paano nakilala ni Pedro sina Moises at Elias? Kumbaga ay, wala namang nakasabit na pangalan sa kanilang mga damit? Kaya paano?

> "Marahil ang pinaka mainam na sagot ay ito: ang mga mananampalataya na nasa langit ay hindi na kailangan na

[1]Morgan, *The Gospel …*, p. 196; McGee, 4:198.

[2]Wuest, 1:1:175.

> ipakilala o banggitin sa atin ang pangalan. Agad natin silang nakikilala sa pamamagitan ng isang kutob o 'intuition' na gawa ng Diyos sa ating puso at isipan."[1]

9:6 Higit na ipinaliwanag ni Marcos ang pagkakamali ni Pedro kumpara sa tala ni Lukas. Minsan pa, ito ay isang indikasyon na impluwensiyado ni Pedro ang pagsusulat ni Marcos. Walang makikita sa tala ni Mateo tungkol sa dahilan ng pananalita ni Pedro. At yun nga, si Pedro yung tipo ng tao na magsasalita na lang ng mga bagay-bagay kapag hindi na niya alam ang kanyang sasabihin.

9:7 Sa Lumang Tipan, ang ulap ay madalas na larawan ng presensya at proteksyon ng Diyos (gaya sa Exo. 16:10; 19:9; 24:15-16; 33:1; 40:34-38; Blg. 9:15-22; 1 Hari s 8:10-11; Isa. 4:5). Siguro, sa halip na 'nililiman' ng ulap, maganda sigurong paglalarawan na sina Jesus, Elias, at Moises ay tinakpan ng ulap.[2] At pagkatapos nito, isang tinig mula sa langit ang nagsalita sa mga alagad at nagbigay ng katiyakan na bagamat si Jesus ay tatanggihan ng mga Judio at mamamatay sa kamay ng mga Romano, Siya ay nananatili pa ring kalugod-lugod sa Diyos Ama (ikumpara. 1:11).[3] Sa pamamagitan ng tinig ay naunawaan rin ng mga alagad na si Jesus ay 'superior' o lubos na dakila kumpara sa mga naunang dakilang lingkod ng Diyos (ikumpara. Deut. 18:15; Awit. 2:7; Isa. 42:1). Dagdag pa, ipinapakita sa tagpong ito na ang pakikinig kay Jesus sa tunay at dalisay na diwa nito ay nangangahulugan ng pagtalima sa Kanya.

9:8 Nang mawala na ang ulap, hindi na rin nakita sina Elias at Moises. Ngunit si Jesus ang natirang nanatili. Ito ay pagpapahiwatig na ang ministeryo nina Elias at Moises ay nagtapos, ngunit ang ministeryo ni Jesus ay mananatili.

Ang rebelasyon na ito ay dapat na magbigay ng lakas ng loob sa bawat tagasunod ni Jesus. Ang pagpapakumbaba ng Anak ng Diyos ay magtatapos sa Kanyang kaluwalhatian. Siya ay tiyak na darating upang itatag ang Kanyang kaharian sa daigdig ayon na rin sa propesiya ng mga propeta sa Lumang Tipan. Kaya nga, ang mga matapat na mananampalataya ay makakaasa sa isang maluwalhatiang kinabukasan na kasama si

---

[1]Lenski, p. 363.

[2]Cranfield, p. 292.

[3]Plummer, p. 215.

Jesus; kung paanong si Jesus rin ay naghihintay sa itinakdang panahon na itatatag Niya ang Kanyang maluwalhatiang kaharian dito sa lupa (ikumpara. 8:35).

4. Ang Pagdating ni Elias 9:9-13 (ikumpara. Mat. 17:9-13)

Ang paglitaw ni Elias doon sa bundok ay naghatid ng isang diskusyon tungkol sa kanyang gampaning papel bilang tagapaghanda ng daan ng Messias. At mas tinalakay ang paksang ito nang si Jesus – kasama sina Pedro, Santiago, at Juan – ay bumaba na mula sa bundok – maaaring ang Bundok Hermon.

9:9 Minsan pa, inutusan ni Jesus ang tatlong alagad na ilihim ang kanilang nasaksihan sa bundok; marahil ay para maiwasan na pagkaguluhan Siya ng mga tao (ikumpara. vv. 15, 25; 1:34, 43-44; 3:11-12; 5:43; 7:36; 8:30).

Isang kritiko na si William Wrede ay bumuo ng isang teorya o pananaw na nagsasabing hindi daw kaylanman sinabi ni Jesus na Siya ang Messias. Ang pananaw raw na ito ay gawa-gawa lamang daw ng mga tagapagturo sa sinaunang Iglesia.[1] Katwiran niya, itong si Marcos raw ay nag-imbento ng isang ideya at mga pangyayari na kung saan palalabasin niya sa kwento na nais ilihim ni Jesus na Siya ang Messias. Syempre, ang ganitong teorya ay mariiing tinatanggihan ng ating mga konserbatibong mga iskolar sapagkat kalat na kalat sa mga pahina ng mga Ebanghelyong aklat ang mga katibayan tungkol sa pagkaMessias ni Jesus.[2]

Kung malalaman agad ng karamihan o ng Masa ang demonstrasyon ng kaluwalhatian ni Jesus na naganap doon sa bundok, ito ay magpapaliyab lamang ng kanilang interes at popular na pananaw tungkol sa Messias; na kung saan, kapag nangyari ito, maaaring mahadlangan nila si Jesus na tuparin ang kalooban ng Diyos pagdating sa dapat Niyang daan na krus. Gayunpaman, ito ang huling utos ni Jesus na mababasa natin sa Marcos pagdating sa paglilihim ng Kanyang nahayag na kaluwalhatian. Ito rin ang lihim na mayroong takdang oras; yun ay, sasabihin lamang ito ng tatlong alagad kapag naganap na ang Kanyang muling pagkabuhay. Kapag naganap na ang muling pagkabuhay, mas higit nilang maiitindihan, paniniwalaan, at aasamahin ang Kanyang pagbabalik upang itatag ang Kaharian ng Langit sa daigdig.

---

[1]William Wrede, *The Messianic Secret*.

[2]Tingnan ang pag-aaral ni Cranfield, pp. 78-79, para makita kung paano niya sinira at pinabulaanan ang teorya ni Wrede.

9:10 Ang Lumang Tipan ay nagtuturo ng pagkabuhay na mag-uli (Awit 16; Isa. 26:19; Dan. 12:2; ikumpara. Juan 11:24), subalit hindi maunawaan ng mga alagad ang ibig sabihin ni Jesus na Siya'y muling mabubuhay sa ikatlong araw matapos ang Kanyang kamatayan (8:31). Tuloy, masasabi natin na hindi nauunawaan nina Pedro, Santiago, at Juan ang talagang ibig sabihin ni Jesus tungkol sa Kanyang muling pagkabuhay. Ang salita ba ni Jesus ay isang metapora o talinghaga lang, o literal mismo ito? Agad ba itong mangyayari paglipas ng tatlong araw? Nahihirapan silang unawain ito sapagkat yung ideya na ang Messias ay mamamatay at muling mabubuhay ay nakakalitong pahayag para sa kanila.

9:11 Sa halip na humingi ng klaripikasyon tungkol sa kamatayan at muling pagkabuhay ni Jesus, ang tanong nina Pedro, Santiago, at Juan ay natuon tungkol kay Elias na katatapos lang nilang makita (v. 4). Kung si Jesus nga ang Messias ngunit Siya'y mamatay, ano ang ibig sabihin ng mga eskriba kapag kanilang itinuturo na si Elias ang maghahanda ng daan ng Messias (Mal. 3:1-4; 4:5-6)? Ayon sa propesiya ni Malakas, panunumbalikin ni Elias ang puso ng bayan ng Diyos tungo sa Panginoon (ikumpara. Mal. 4:6), subalit tila hindi ito ang nangyayari.

9:12 Sumang-ayon si Jesus sa intepretasyon ng mga eskriba tungkol sa propesiyang may kinalaman kay Elias. Totoo na mauuna si Elias sa Messias "upang ihanda ang lahat ng bagay." Ang 'paghahanda ng lahat ng bagay' na tinutukoy rito ay tungkol sa 'pagtatatag ng kaharian ng Israel' (Gawa 1:6). Subalit patuloy na paliwanag ni Jesus, ang gayong interpretasyon ng mga eskriba ay hindi nagpapawalang bisa sa Kanyang prediksyon at dapat na danasing pagtitiis, kahihiyan, at kamatayan (Awit 22; Isa. 52:13—53:12).

9:13 Sa tagpong ito ay nakita nga nina Pedro, Santiago, at Juan si Elias, gayunma'y wala siyang ginawa upang panumbalikin ang Israel sa Diyos at ihanda ang pagtatatag ng kaharian ng Israel. Subalit sinabi ni Jesus na si Elias ay talagang dumating subalit hindi sa bundok ng Pagbabagong-Anyo (transfiguration). At yun nga, ang tinutukoy na ni Jesus na Elias ay walang iba kundi si Juan Bautista. (Mat. 17:13). Sa talatang ito, ang kasulatan sa Lumang Tipan na tinutukoy ni Jesus ay matatagpuan sa 1 Hari 19:1—10. Sa talatang ito ay matatagpuan na si Ahab, lalo na si Jezebel ay namata na talagang papatayin nila si Elias. At pagdating sa buhay at sinapit na kapalaran ni Juan Bautista, ito mismo ang siyang ginawa ni "haring"

Herodes Antipas, lalo na ng babaeng si Herodias laban sa kanya. Pinatay nila si Juan Bautista. At ngayon nga ay mauunawaan na natin ang dahilan kung bakit isinalaysay ni Marcos ang kamatayan ni Juan (6:17-29). Ito'y upang ipakita na tinupad ni Juan Bautista ang mga propesiya na may kinalaman sa pagdating ni Elias.

> "Sa kasong ito, ang hula ng Banal na Kasulatan tungkol sa bagay na mangyayari ay hindi sa pamamagitan ng salita ng propesiya kundi sa pamamagitan ng paglalarawan. Sa madaling salita, ang kapalaran na dapat sanang danasin ni Elias (I Hari 19:2, 10) ay nangyari kay Juan. Natagpuan ni Juan ang isang kontrabidang Jezebel sa katauhan ni Herodias."[1]

Gayunpaman, hindi binanggit ni Marcos na si Juan Bautista mismo ang katuparan ng propesiya na ito, na gaya ng sinasabi ni Mateo. Ito ay dahil sa si Elias at Juan ay magkaibang tao. Sa kabilang banda, bagamat hindi pa rin kompleto ang propesiya, ngunit malinaw na sinasabi na mayroong darating na tagapaghanda ng daan ng Messias na ang diwa at kapangyarihan ay katulad ng kay Elias. Ang tagapaghanda na ito ay darating upang ihanda ang unang pagdating ng Messias, hindi ang Kanyang ikalawang pagdating (Mal. 4:5; cf. Rev. 11).[2]

Ang diskusyon na ito ay nagbigay ng linaw para kina Pedro, Santiago, at Juan – at pati na rin sa mga orihinal na mambabasa ni Marcos. Naging malinaw dito kung paanong ang pagkaMessias ni Jesus ay hindi kontradiksyon sa propesiya ng Lumang Tipan. At yun nga, binibigyang tibay rito na ang mga tagasunod ni Jesus ay hindi dapat na magkaroon ng pagdududa sa Kanya bilang ang 'Anak ng Tao.' Mahalaga ang katiyakan lalo na't alam nilang ang kanilang pananampalataya ay daraan sa mga pag-uusig at pagsubok. At sa susunod na salaysay ni Marcos, matutunghayan natin ang kahalagahan ng pagkakaroon ng isang malakas na pananampalataya.

5. Ang Pagpapalayas sa Masamang Espiritu na nasa Batang may Epilepsiya 9:14-29 (ikumpara. Mat. 17:14-20; Lukas 9:37-43a)

Ito ang huling tagpo ng pagpapalayas sa masamang espiritu (exorcism) na itinala ni Marcos. Ang salaysay niya sa tagpong ito ay higit na detalyado kumpara kina Mateo at

---

[1]Swete, p. 194.

[2]Tingnan ang pag-aaral ni J. Dwight Pentecost, *Things to Come*, pp. 309-13.

Lukas. At minsan pa sa tagpong ito, makikita ang malaking pagkakaiba sa pagitan ng mga alagad at ni Jesus. Si Jesus ay puno ng sariwang kapangyarihang nahayag sa bundok ngunit ang mga alagad ay pinangingibabawan ng kahinaan.

9:14 Nang sina Jesus, Pedro, Santiago, at Juan ay bumalik na sa kinaroroonan ng iba pang alagad, natunghayan nila ang maraming tao na nakapaligid sa mga ito at may ilang eskriba na nakikipagtalo sa kanila.

9:15 Hindi ipinaliwanag ni Marcos ang matinding pagkagulat (Gr. *exethambethesan*) ng mga tao nang makita nila si Jesus. At dahil pinagbawalan ni Jesus sina Pedro, Santiago, at Juan na sabihin ang nangyari sa bundok, wala silang impormasyon sa pagbabagong-anyo. Gayunpaman, pwede nating isipin na mayroong nanatiling kaunting luningning kay Jesus na nagpamangha sa mga tao. O kaya naman, siguro ang pagkagulat ng mga tao ay maaaring dulot ng kabiguan ng siyam na naiwang alagad na palayasin ang masamang espiritu at sa biglang pagdating ni Jesus sa gayong scenario (ikumpara. 10:32).

9:16 Maaaring si Marcos lamang ang nagtala ng tanong na ito upang bigyang diin ang pagkatao ni Jesus. Maaaring tinanong rin ni Jesus ang mga eskriba kung bakit sila nakikipagtalo sa Kanyang mga alagad.

9:17 Siguro, bago pa lang makasagot ang mga eskriba, isang lalaki mula sa karamihan ang biglang lumapit at nakipag-usap kay Jesus. Ayon sa lalaki, dinala niya ang kanyang anak na sinasapian ng demonyo upang pagaling ni Jesus mula sa pagkapipi nito (at pati na rin pagkabingi, v. 25). Subalit dahil wala si Jesus, umasa siya na mapapagaling ng Kanyang mga alagad ang kanyang anak.

9:18 Minsan pa, makikita natin sa talatang ito ang resulta ng pagsapi ng masamang espiritu; ito ay mapanira sa buhay ng tao (ikumpara. 5:1-5). Ang bata ay kakikitaan ng sintomas ng epilepsya na dulot mismo ng masamang espiritu. At kung iyong matatandaan, pinagkalooban ni Jesus ang Kanyang mga alagad ng kapangyarihang magpalayas ng mga demonyo (3:15), at nagawa naman nila ito ng walang kahirap-hirap kamakailan lang (6:13). Subalit sa kasong ito, ang masamang espiritu na ito ay mahirap palayasin.

9:19 Sa talatang ito, ang “lahing walang pananampalataya” ay tumutukoy sa ama ng bata, sa mga taong nakapaligid at maaaring pati na rin sa mga alagad. Sinasabi rito na hindi nagawang palayasin ng siyam na alagad ang

masamang espiritu sapagkat mahina ang kanilang pananampalataya (ikumpara. v. 29). Ang unang retorikal na tanong ni Jesus ay ekspresyon ng Kanyang pagkadismaya sapagkat ang Kanyang presensya na laging kasama ng mga alagad ay hindi man lang nagdagdag ng kalakasan sa kanilang pananampalataya (ikumpara. 4:40; 6:50, 52; 8:17-21). Samantala, ang Kanyang ikalawang tanong ay nagpapakita ng Kanyang labis na nabibigatang kalooban ng dahil sa kanilang kawalang pananampalataya sa Kanya (ikumpara. 3:5; 8:12). Ayon kay Gundry, ang pagpapabatid ni Jesus tungkol sa Kanyang darating na kamatayan ang siyang nagpahina sa pananampalataya ng mga alagad.

> "Marahil ay nais ipakita ni Marcos sa kanyang mga mambabasa ang babala at kaseryosohan ng kawalang-pananampalataya kay Jesus; yun ay, kawalang-pananampalataya na dulot ng iskandalo o kahihiyang hatid ng kamatayan sa Krus."[1]

Ang utos ni Jesus sa ama ng bata na dalhin ang kanyang anak ay nagpasigla minsan pa ng kanyang pag-asa.

9:20 Dinala ng ama at ng kanyang mga kaibigan ang bata sa harapan ni Jesus. At nang si Jesus ay makita ng masamang espiritu bigla na naman nitong pinahirapan ang bata.

9:21 Ang ikatlong ulit na tanong rito ni Jesus na “Kailan pa” ay isang natatanging tala ni Marcos na nagpapatingkad sa habag at pagmamalasakit ni Jesus (ikumpara. v. 19). Ayon sa ama ng bata, matagal ng mga taon pinapahirapan ng masamang espiritu ang bata, yun ay, “mula pa po sa kanyang pagkabata.”

9:22 Ayon sa kwento ng ama, napakarahas ng masamang espiritu sa buhay ng bata. At makikita rito na ang kabiguan ng siyam na alagad na palayasin ang demonyo ay nakaimpluwensya rin sa ama ng bata na hindi lubusang magtiwala kay Jesus.

9:23 Tingnan mo rito ang sinabi ng ama ng bata, “kung may magagawa kayo” (v. 22). Subalit sumagot si Jesus na hindi usapin kung kaya ba Niyang tulungan ang bata, kundi, nananalig ba ang ama na kayang-kaya ni Jesus na pagalingin ang kanyang anak. Yan ang punto. Iyan ang hamon sa pang-

[1]Gundry, p. 489.

unawa ng ama ng bata na mapaghinuha niya ang kadakilaan ng katauhan ni Jesus (ikumpara. 1:40). Hindi isyu sa tagpong ito kung gaano kalakas ang pananalig ng ama na mapapagaling ni Jesus ang kanyang anak.[1] Ito ang distinksyon o kaibahan na dapat nating makita sa tagpong ito. Ang mga tinaguriang 'faith healers' ng ating panahon ay karaniwang nagbibigay diin sa sukat at lakas ng pananampalataya na dapat ay taglayin ng isang tao na humihingi ng tulong sa Diyos. Nakatuon sila sa pananampalataya ng tao (subjective) sa halip na sa objekto (object) ng pananampalataya – walang iba kundi si Jesus. Sa kabilang banda, pagkatapos ng scenaryong ito, ipinaunawa rin ni Jesus sa Kanyang mga alagad na ang dahilan kung bakit hindi nila nagawang palayasin ang masamang espiritu ay dahil sa kakulangan ng kanilang pananalig sa Kanya (v. 29).

> "Ang taong may pananalig ay hindi kaylanman magbibigay ng limitasyon sa kapangyarihan ng Diyos."[2]

> "Subalit ang pananampalataya na nagbubunga ng mga dakilang bagay ay nagpapasakop sa kalooban ng Diyos sa anumang kanyang hinihingi. Ang panalanging bunsod ng pananampalataya ay humihiling ng mga bagay na ayon sa kalooban ng Diyos."[3]

9:24 Matapos mapakinggan si Jesus, agad na ipinahayag ng ama ang kanyang pagtitiwala kay Jesus. Bagamat aminado siyang imperpekto pa rin ang kanyang pananalig, hiniling niya na alalayan ni Jesus ang kanyang pananalig.

> "Sinabi niya na siya ay *nananalig* gayunma'y inamin niyang *kulang* ito at mahina. Sa unang tingin ay tila kontradiksyon ang pananalitang ito, subalit alam natin sa karanasan na madalas na ganito ang lagay ng ating pananampalataya sa Diyos."[4]

---

[1]Cranfield, p. 303.

[2]Rawlinson, p. 124. Tingnan rin ang sinabi ni Ryrie, p. 133.

[3]Hiebert, p. 223. Ikumpara sa mga talatang ito: Juan 14:13-14; 15:16; 16:23-24; at 1 Juan 5:11-15.

[4]Calvin, 2:325.

Kumbaga sa laro ng salita, ang lalaking ito ay isang mananampalataya na kulang sa pananampalataya. Ang ibig sabihin, may mahinang pananampalataya.

> "Ang pangungusap rito ng ama ng bata ang siyang pinakamainam na ilustrayon na nakita ko para sa doktrina na pag-aaring ganap (justification)."[1]

Sa sipi na ito, tila nais sabihin ni Cole na ang pagpapawalang-sala o pag-aaring ganap ng Diyos ay hindi nakadepende sa laki o kadakilaan ng pananalig kundi sa 'pagkakaroon' ng pananalig kay Jesus.

9:25 Para iwasan na makita ng maraming paparating na tao ang kanyang gagawin, agad na pinalayas ni Jesus ang masamang espiritu mula sa bata.

> "Ang pagtawag sa masamang espiritu na 'espiritung nagpapapipi at nagpapabingi' ay tila pahiwatig na mahirap talagang palayasin ang demonyo na ito. Siguro ay maaaring hindi marinig ng demonyo ang utos ni Jesus na lumayas, ngunit hindi siya makakatakas sa utos ni Jesus. Magagawa ni Jesus na iparinig sa 'espiritung nagpapapabingi' ang utos."[2]

9:26-27 Pinangisay ng matindi ng demonyo ang bata at inakala ng mga taong nakatingin na patay na ito. Subalit maingat si Marcos sa kanyang pagsasalaysay na hindi patay ang bata. Ang himala rito ay hindi pagbuhay ng patay kundi pagpapalayas ng masamang espiritu (exorcism). Hindi lamang pinagaling ni Jesus ang bata mula sa pagpapahirap ng masamang espiritu, ito'y tinulungan niya na makabawi ng lakas.

> "Ang mga naiipong mga kataga o bokabularyo tungkol sa kamatayan at muling pagkabuhay na mababasa sa talatang 26-27, at ang pagkakahawig nito sa tagpo ng pagpapagaling sa anak na babae ni Jairo [5:39-42] ay tila nagbibigay sa atin ng ideya na nakaturo sa paksa ng kamatayan at muling pagkabuhay. At syempre, ang paggapi kay Satanas ay nangangahulugan ng paghahari ng buhay."[3]

---

[1]Cole, p. 147.

[2]Gundry, p. 491.

[3]Lane, p. 334.

9:28-29 Akala siguro ng mga alagad ay mapapalayas nila ang masamang espiritu na ito sapagkat tinanggap na nila noong una pa ang kapangyarihan tatalo sa mga demonyo. Akala siguro nila ay likas na nilang taglay ang kapangyarihan. Subalit hindi. Kapangyarihan pa rin ng Diyos ang makapagpapalayas ng demonyo at dahil rito'y dapat silang kumilala at umasa sa Diyos sa pamamagitan ng panalangin. Kailangan nilang lumapit at manalangin sa Diyos upang sila ay magkaroon ng kapangyarihan at magtagumpay laban sa mga demonyo.

> "Totoo na ang karanasan ay pwedeng magturo subalit wala itong kakayahan upang magpalakas."[1]

Mismong sa buhay ni Jesus, Siya ay palaging nananalangin sa Diyos. Lagi Siyang humihingi ng tulong sa Ama. Alam Niya na may mga kalaban at kalagayan na higit na nangangailangan ng espirituwal na kapangyarihan; at may mga demonyo na higit na malakas kaysa sa iba (Mat. 12:45).

Sa Ingles, mayroong mababasa na 'at ng pag-aayuno' sa talatang 29. Kumbaga ang dapat na mababasa ay: "kundi sa pamamagitan ng panalangin at ng pag-aayuno." Subalit pinaniniwalaan na ang katagang ito ay idinagdag na lang ng mga 'copyists' sa manuskrito sapagkat noong sinaunang Iglesia at kahit sa kultura ng Israel, ang 'pag-aayuno' ay madalas na sangkap ng matinding pananalangin.[2]

Ang tagpong ito ay nagturo sa mga alagad na kinakailangan nilang maglingkod sa Diyos sa paraang laging lumalapit sa Kanya sa pamamagitan ng panalangin. Ang panalangin ay paalala sa mga alagad na kailangan nilang laging dumipende sa Diyos; ito ay kapahayagan ng kanilang pagdepende sa Panginoon. Dagdag pa, ang tagpong ito ay nagpalakas sa pananampalataya ng mga alagad na si Jesus talaga ang ipinangakong Messias na gagapi kay Satanas. Si Jesus ay karapat-dapat na kaluwalhatian ayon na rin mismo sa nasaksihang pagbabagong-anyo sa bundok.

B. Ang Ikalawang Propesiya ni Jesus tungkol sa Kanyang Kamatayan at ang Taglay nitong mga Aral 9:30—10:31

Sa ikalawang pagkakataon ay muling ipinahayag ni Jesus ang Kanyang paparating na kamatayan at muling pagkabuhay (ikumpara. 8:31), ngunit minsan pa, bigo na naman

---

[1]Ryrie, p. 134.

[2]Cranfield, p. 305.

ang mga alagad na ito'y maunawaan (ikumpara. 8:32-33). Kaugnay rito ay nagturo si Jesus ng mga karagdagang aralin tungkol sa pagiging isang tunay na disipulo (ikumpara. 8:34—9:29).

1. Ang Ikalawang Propesiya ni Jesus tungkol sa Kanyang Kamatayan 9:30-32 (ikumpara. Mat. 17:22-23; Lukas 9:43-45)

Sa tagpong ito, malamang na umalis na si Jesus at ang Kanyang mga alagad mula sa rehiyon ng Cesarea Filipo at sa Bundok Hermon o sa kung saan man lugar sila naroroon rito. Sila ngayon ay patuloy na maglalakbay patungo sa timog na kung saan ay babagtasin nila ang Galilea papuntang Jerusalem. At syempre, habang papalapit sila sa Jerusalem, patuloy na hinanda ni Jesus ang Kanyang mga alagad hinggil sa katotohanang pagdaraanan Niya – ang mamatay at muling mabuhay.

9:30 Tapos na ang publikong ministeryo ni Jesus sa Galilea. Gusto Niyang dumaan lang sa lugar na ito at iwasan ang distraksyon na maaring ihatid ng napakaraming tao.

9:31 Sa yugtong ito ng ministeryo ni Jesus, ang Kanyang konsentrasyon ay nakatuon na sa pagtuturo sa Kanyang mga alagad. At dito nga sa unang pagkakataon ay may ipinahayag Siyang bagong informasyon na may kinalaman sa Kanyang kamatayan – yun ay, mayroong magkakanulo sa Kanya (Gr. *paradidotai*) upang ibigay Siya sa kamay ng Kanyang mga kaaway. Syempre, sa ultimatong punto, Diyos mismo ang nagpahintulot nito; subalit si Judas ang kinasangkapan upang ito ay mangyari sa kamay ng mga tao. Kaugnay rito, sa wikang Ingles ay tila mayroong pagkakaiba na ipinapakita sa pagitan ng mga katagang "Anak ng Tao" at "kamay ng mga tao."

> "Sa makasalanang mundong ito, ang 'mga tao' ay naging palaaway sa Diyos na anupa't nang sinugo ng Diyos ang 'Anak ng Tao' na magiging Tagapagligtas at dapat nilang tularan, ang 'mga tao' sa mundong ito ay mabangis na tumanggi sa 'Taong' ito. Sa madaling salita, pagdating sa eskatolohikal na digmaang isinusulong ng Diyos laban sa kampon ng kadiliman, ang 'mga tao' at ang 'Anak ng Tao' ay naging malupit na magkalaban."[1]

[1]Plummer, p. 222.

Sa wikang Griego, itinala ni Marcos na ang pagkabuhay ni Jesus ay mismong gawa ng Kanyang sariling kapangyarihan (nasa 'active voice' ang pangungusap). Ngunit sa tala ni Mateo (passive voice ang pangungusap, Mat. 17:23), ang pagkabuhay ni Jesus ay gawa ng Ama. Marahil ang 'active' at 'passive' na punto ng pangungusap ni Jesus ay parehas Niyang sinabi habang patuloy Siyang nagtuturo. At maaaring ang talatang ito ay buod lang ng Kanyang pagtuturo sa mga alagad habang sila ay naglalakbay.[1]

9:32 Hindi nakaunawa ang mga alagad sapagkat hindi ito ipinagkaloob ng Diyos sa kanila (Lukas 9:45). Bagamat ang Diyos ay nagpapahayag sa pamamagitan ni Jesus, may lihim na hindi pa rin kayang maunawaan ng mga alagad sapagkat ito'y hindi pa ipinagkakaloob ng Diyos sa kanila. Ngunit maaari nating isipin na ang Diyos ay maaaring kumikilos na sa puso at isipan ng mga alagad kung paanong Siya ay kumikilos sa puso at isipan ng Masa sa pamamagitan ng mga talinghaga. Kung ganito nga, pwede nating masabi na ang kamangmangan ng mga alagad ay resulta ng kanilang espirituwal na pagkabulag na bunga na rin ng kanilang kapos na pananampalataya. At isa pa, ang kanilang kapasyahan na manatili sa kanilang kamangmangan at hindi magtanong kay Jesus upang maliwanagan ay patunay na sila'y kulang pa rin sa pananampalataya. Sa kabilang banda, siguro ang dahilan kung bakit hindi sila makaunawa at hindi nagnais na magtanong kay Jesus ay dahil sa naalala nila ang nakaraang pagsaway ni Jesus kay Pedro nang tawagin Niya ito na "Satanas" (8:33). Marahil ay natakot sila na muling mapagsabihan ng ganitong masakit na salita; at dahil rito'y takot na silang magtanong. Ngunit sa punto ng salaysay ni Mateo, ipinapakita niya na ikinalulungkot ng mga alagad ang rebelasyon ni Jesus tungkol sa Kanyang kamatayan (Mat. 17:23). Kumbaga ay, ayaw nila itong pagusapan.

> "Ang takot na nadama ng mga alagad ay katanggap-tanggap. Hindi nila ikinatutuwa ang nalalapit na kamatayan ng kanilang Guro sapagkat maaaring isunod sila na patayin. Maliwanag na sinabi ito ni Jesus sa 8:34-37. Ngunit siguro

[1]Bruce, "The Synoptic …," 1:404.

> ang higit na ikinatatakot nila ay ang napipintong kamatayan ng kanilang mahal na Guro."[1]
>
> "Ang isipan ng tao ay may kahanga-hanga ngunit kakatwang kakayahan. Kaya nitong alisin ang mga bagay na hindi niya nais makita. At pagdating sa Ebanghelyo, natutuwa ang mga tao na tanggapin ang mga bagay na gusto nilang marinig, ngunit isasarado ang kanilang pandinig sa mga bagay na hindi nila gustong malaman."[2]

2. Ang mga Maaaring Ikabagsak ng mga Disipulo 9:33-50

Sa bahaging ito ay matatagpuan natin na tinuruan ni Jesus ang Kanyang mga alagad tungkol sa panganib ng isang hindi kaaya-ayang pag-uugali. Pag-uugali na maaaring sumira o magpahina ng kanilang pagiging epektibo bilang mga alagad ni Jesus. Ang mga ito ay mga sumusunod: ang pagnanasa na maging dakila, ang kahalangan ng pagiging isang sectarian, at ang kabiguan na disiplinahin ang sarili.

> "Nagbigay ng babala si Jesus laban sa ugaling elitismo – ito yung pag-uugali na kayo lang ang tama, ang magaling, at naiiba. Ang ugaling elitismo ay maaaring makita sa loob ng isang ministeryong grupo o kaya'y sa pagitan ng mga ministeryong grupo. Ang sagot sa elitismo na nasa loob ng isang grupo ay ang pagkakaroon ng isang pusong mapaglingkod. Ang sagot sa elitismo sa pagitan ng mga ministeryong grupo ay ang kilanlin ang pagkakaisa sa pamilya ng Diyos; at syempre ang isipin na ang pagkilos ng Diyos ay hindi nakakulong sa isa o ilang maliliit na grupo ng ministeryo."[3]

Ang Pagnanasang maging Dakila 9:33-37 (ikumpara. Mat. 18:1-5; Lukas 9:46-48)

9:33 Matapos ang ilang buwan ng paglalakbay, si Jesus ay bumalik na sa Capernaum. Ito ang siyang huling naitalang gawain Niya sa lugar na ito. At kung ang Pagbabagong-Anyo sa bundok ay naganap sa Bundok Hermon – na mismong siyang aking pinaniniwalaan – lahat ng itinala ni Marcos s amula 9:9 hanggang talatang 32 ay maaaring naganap habang si Jesus at

---

[1]Evans, pp. 57-58.

[2]Barclay, pp. 227-28.

[3]Bailey, "Mark," p. 84.

ang Kanyang mga alagad ay naglalakbay sa patimog patungong Jerusalem. Madaraanan nila ang Capernaum.

9:34 Sa halip na kanilang pag-usapan ang nalalait na kamatayan at muling pagkabuhay ni Jesus, ang mga alagad ay abala sa pagtatalo kung sino sa kanila ang pinakadakila sa itatatag na kaharian ng Diyos.

> "'Ang pabor ba na ipinakita kina Pedro, Santiago, at Juan – na kung saan sila ay napili na masilip ang patikim na kaluwalhatian ng darating ng Kaharian – ay nagpapahiwatig ba ng sila ang siyang magiging mga dakilang pinuno kumpara sa ibang mga alagad? Maaaring inisip ng tatlo ng gayon nga. Subalit tiyak na hindi ito ibig mangyari ng iba. At dahil rito, nagsimula sa kanila ang pagtatalo."[1]

9:35 Tulad ng isang 'rabbi' o iginagalang na guro sa Israel, si Jesus ay naupo upang turuan ang Kanyang mga alagad. Ayon sa Kanya, ang kadakilaan sa loob ng Kanyang kaharian ay nakadepende sa isang sakripisyong paglilingkod. At kapansin-pansin na lahat ng Sinoptikong manunulat (Mateo, Marcos, at Lukas) ay nagtala ng tagpong ito; bagay na nagpapakita na mahalaga ang mga aral na itinuro rito ni Jesus.

> "Ang diwa ng paglilingkod ang siyang batayan ng kadakilaan sa Kaharian ng Diyos sapagkat ito mismo ang siyang diwa ng ating Panginoon na naging *diakonos panton* ["lingkod ng lahat"]."[2]

Ang salitang Griego na *diakonos* ("lingkod") ay lumalarawan sa isang tao na kusang-loob na naglilingkod. Iba ito sa lagay ng isang alipin – sa Griego ay *doulos* – na naglilingkod sapagkat pag-aari siya ng isang tao. Mahalagang linawin na hindi masama ang maging mahusay o dakila sa isang bagay (ikumpara. 1 Tim. 3:1), subalit kailangan na ito ay nasasangkapan ng pagkukusa na maglingkod sa ikabubuti ng kapwa. Ang ating pagiging mahusay ay hindi dapat na maging makasarili.[3]

---

[1]Bruce, *The Training …,* p. 200.

[2]Swete, p. 205.

[3]See Santos, pp. 20-23, 25.

9:36 Sa Judio at Greco-Romanong kultura, ang isang bata ay hindi pa itinuturing na kapakipakinabang at importanteng tao sa lipunan.[1]

> "Kung sa pamamagitan ng pag-upo ay ipinakita ni Jesus ang Kanyang awtoridad bilang isang guro, ang Kanyang pagpapatayo sa bata ay nagpapakita ng paggalang at pagpapasakop na dapat tularan ng lahat ng mga nananalig sa Kanya (tingnan ang v. 42 …)."[2]

Sa pamamagitan ng pagkalong Niya sa isang maliit na bata, ipinakita ni Jesus ang kahalagahan ng mga bata. Sa pamamagitan ng paglalarawan na gamit ang isang maliit na bata, itinuro ni Jesus na ang paglilingkod ay kinapapalooban ng pagmamalasakit sa mga tao – maging sa mga itinuturing ng lipunan na hindi kapakipakinabang at walang katatayuan na gaya ng mga bata. Sa wikang Aramaiko, ang mga salitang ginamit rito ay katumbas rin ng salitang “bata” at “lingkod."[3]

> "Si Jesus ay isa sa mga naunang nakakita ng kahalagahan ng bawat tao – partikular ng isang bata. Ang pagmamalasakit sa mga bata ay hindi imbento ng ‘welfare state’ na gobyerno; ito ay bumabalik sa katuruan ni Jesus."[4]

9:37 Ang punto rito ni Jesus ay: dapat na tratuhin ng Kanyang mga alagad ang isang taong itinuturing ng iba o ng lipunan na walang halaga o walang pakinabang. At kapag ganito ang kanilang ginagawa tila ba tinatanggap rin nila si Jesus sa katauhan ng taong iyon at gayundin ang Ama na nagsugo kay Jesus. Ibig sabihin, sa halip na mapuno ang isang tao ng pansin at pagpapahalaga sa kanyang sariling kadakilaan, ang isang tagasunod ni Jesus ay dapat na matuon sa pagmamalasakit sa iba, maging sa mga taong itinuturing na hindi mahalaga.

Sa katagang “tulad nito,” ang ibig bang sabihin ni Jesus ay ‘batang tulad nito’ o gaya ng ‘pagtanggap ko sa batang tulad nito’? Sa tingin ko, dahil kinalong ni Jesus ang bata, mas maiging isipin na ang ibig sabihin ng

---

[1]*Theological Dictionary of the New Testament*, s.v. "*pais*," by Albrecht Oepke, 5(1967):636-54.

[2]Gundry, p. 509.

[3]Lane, p. 340.

[4]Moule, p. 75.

katagang “tulad nito” ay gaya ng pagtanggap ni Jesus sa bata; isang mapagmalasakit na pagtanggap.

Ang Kahangalan ng Sectarian na Pag-uugali 9:38-42 (ikumpara. Mat. 18:6-7; Lukas 9:49-50)

Ang tagpo o pag-uusap na ito ay nangyari rin sa parehas na bahay doon sa Capernaum (ikumpara. v. 33).

9:38 Sa Sinoptiko, dito lamang makikita na si Juan ay binanggit na mag-isang nagsalita kay Jesus. “Guro” ang katawagan na karaniwang ginamit niya para kay Jesus, kahit na noong dumating na siya sa kaunawaan na si Jesus ang Messias.

Maliwanag na ang ‘exorcist’ o tagapagpalayas ng masamang espiritu sa balitang ito ay isang mananampalataya ni Jesus, gayunma’y hindi kabilang sa Labing-Dalawa. Maari rin na ang taong iyon ay hindi palaging sumasama sa mga paglalakbay ni Jesus. Gayunpaman, maliwanag na pinalayas niya ang mga demonyo na nagpapahirap sa mga tao gamit ang pangalan ni Jesus. At para sa mga alagad, ayos lang sa kanila na mabalitaan na ginagamit ng taong ito ang pangalan ni Jesus upang palayasin ang mga demonyo. Subalit ang hindi nila nagugustuhan ay ang ginagawa niya ito na hindi sumailalim ng komisyon o atas na mula kay Jesus – na gaya mismo nila (3:14-15). At siguro, ang kanyang tagumpay na palayasin ang mga demonyo ay nagpapaalala sa kabiguang kararanas palang ng ibang mga alagad pagdating sa pagpapalayas ng demonyo. Ito ay nakakaasar sa kanila. At kaugnay sa katatapos pa lang na aral na sinabi ni Jesus gamit ang “isang maliit na bata,” inisip ni Juan kung tama ba ang ginawa ng kanyang mga kasama na pagbawalan ang taong iyon na nagpapalayas ng demonyo sa ngalan ni Jesus. Siguro para sa kanila ay nais lang nilang protektahan ang reputasyon ni Jesus kaya nila ito pinagbawalan (ikumpara. Blg. 11:26-29).

> "Talagang nakakatawag pansin na matapos ang bawat pahayag ni Jesus tungkol sa Kanyang kamatayan, isinisingit ni Marcos ang tugon ng isa sa mga tatlong malalapit na alagad ni Jesus: si Pedro (Kab. 8:32f.), si Juan (Kab. 9:38), at si Santiago, kasama si Juan (Kab. 10:35-37). Gustong ipakita sa atin ni Marcos na maging ang mga alagad na malalapit kay Jesus ay nabigong maunawaan ang

> kahulugan ng Kanyang kamatayan at ang epekto nito sa kanilang buhay at misyon."[1]
>
> "Si Juan sa tagpong ito ay bubot pa. Dito ay ibang-iba pa siya sa kanyang panghinaharap na sarili (future self). Kumbaga ay, katulad ng isang saging, si Juan dito ay kulay berde pa; hindi pa hinog. Gayunpaman, ang bunga ng Banal na Espiritu sa takdang panahon ay magiging masarap at matamis sa kanyang buhay. Ngunit sa kasalukuyan, si Juan rito ay isa pang bubot at mapaklang bunga na hindi pa matamis sa panlasa."[2]

9:39 Hindi minasama ni Jesus ang ginagawa ng lalaking nagpapalayas ng demonyo sa pamamagitan ng Kanyang pangalan. Ayon sa Kanya, yamang ang lalaki ay may respeto sa Kanya, hindi ito magsasabi ng laban sa Kanya. Ang pagpapalayas niya ng mga demonyo ay nagpapakita na hindi siya laban kay Jesus.

9:40 Sa Mateo 12:30 ay may ibang pagdidiin ang pangungusap ni Jesus. Ang sabi Niya, “Ang hindi panig sa akin ay laban sa akin.” Para kay Jesus, walang neutralidad pagdating sa iyong pananaw sa Kanya – yun ay, kung hindi ka panig sa Kanya, ikaw ay laban sa Kanya. At dito nga, nais ipunto ni Jesus na hindi dapat ituring ng mga alagad ang lalaking nagpapalayas ng demonyo na kanilang kalaban ng dahil lang sa hindi ito kabilang sa kanilang grupo. Ang lalaking iyon ay gumagawa ng kalooban ng Diyos at hindi nila kalaban.

> "Salungat sa damdamin at pananaw ng maraming mga Kristyano na madalas ay may mahigpit na doktrinal na mga pananaw at paninindigan, si Jesus ay lumilitaw na isang ‘ekumenikal’ at bukas ang pananaw."[3]
>
> "Hindi minamadali ni Jesus ang mga tao na gumawa ng pinal na desisyon tungkol sa Kanya. Sa halip, tinuruan Niya ang mga tao sa paraang may sapat silang panahon na makapag-isip ng maayos at makapagpasya sa dapat at nais nilang gawin. Gayunpaman, ang kritikal na punto ng

---

[1]Lane, p. 342.

[2]Bruce, *The Training …*, p. 231.

[3]Evans, p. 66.

> Marcos 9:40 ay hindi dapat mabali. At ang mga alagad ay dapat na magkaroon ng uri ng pagtanaw na ang isang kasalukuyang Di-mananampalataya ay maaaring maging Mananampalataya sa kinabukasan."[1]

9:41 Ang talata na ito ay kumukonekta sa ideya ng “pangalan.” Ang ibig sabihin, hindi lamang tumanggap ng pagpapala ng Diyos ang lalaking nagpalayas ng mga demonyo, kundi gusto ring sabihin rito na sinumang magpapadama ng pagmamalasakit sa kanyang kapwa – kahit na gamit lang ang pangalan ng isang taong tagasunod ni Jesus – ay tiyak na tatanggap ng gantimpala ni Jesus. At yun nga, ang pagmamalasakit na ito ay pwedeng maipadama kahit na sa simple at munting pagbibigay ng isang basong tubig sa taong nauuhaw. Syempre, ang pagbibigay ng isang basong tubig ay walang sinabi sa napakalaking tulong na nagagawa ng pagpapalayas ng masamang espiritu mula sa buhay ng isang tao. Gayunpaman, ayon sa Panginoon, ito pa rin ay mahalaga at may gantimpala.

Ito ang isa sa mga madalang na okasyon na kung saan ginamit ni Jesus para sa Kanyang sarili ang titulong “Cristo.” Ang paglabas nito rito ay higit na nagpapatindi sa aral na itinuturo ni Jesus. Maaaring ang isang tao na magbibigay ng isang basong tubig ay may mababaw na pananaw at pagkakilala kay Jesus. Subalit kung ang taong iyon ay nagbigay ng simpleng tulong sa isang tagasunod ni Jesus – at dahil si Jesus ang Messias – ang taong iyon ay tatanggap ng pagpapala ng Diyos.

Kung titingnan, inulit lang ni Jesus ang parehas na punto na Kanyang sinabi sa talatang 37. Kaya nga, sa halip na isipin ng mga alagad na sila ay nakakataas sa ibang tao (“ang pinakadakila,” v. 34), dapat isipin ng mga tagasunod ni Jesus na sila’y mga abang lingkod.

9:42 Ang talatang ito ay nagbibigay ng ‘kabilang panig’ para sa katuturo pa lang na ideya. Kumbagay ay, sa kabilang banda, sinumang tagasunod ni Jesus na magiging sanhi ng pagkakasala ng isang mananampalataya ay dapat umasang paparusahan siya ng Diyos. Maaaring ginamit rito ni Jesus minsan pa ang bata upang maging ilustrasyon para sa isang mahinang mananampalataya (vv. 36-37; ikumpara. Mat. 18:3-14).

---

[1]Cranfield, p. 311.

> "Ang isang Kristyano na may kamalayan sa kanyang kahinaan at kasalanan ay dapat na lumapit sa Diyos na gaya ng isang bata. Gaya ng isang bata, madali lang siyang maniwala at magtiwala sa sinasabi ng isang napakatalino at napakabuting Diyos. At sa pamamagitan nito ay naisasagawa niya ang pinakamataas na antas ng talino."[1]

Ang "malaking gilingang- bato" na tinutukoy rito ni Jesus (Gr. *mylos onikos*) ay hindi maliit na kaya lang itaob o buhatin ng isang kamay (Gr. *mylos*). Maraming mga nilunod na rebelde ang mga Romano gamit ang ganitong 'malaking gilingang-bato' (ikumpara. Gawa 5:37). May kilusan rin na mula sa Galilea na ganito rin ang ginawa sa mga taga-suporta ni Herodes.[2] Maaaring napakinggan ng mga alagad ang ganitong balita.

"Sa maiksing tagpo na ito ay natunghayan natin ang malakas na saway laban sa ugali sa sektarianismo. Hinatulan rito ang pag-uugali na ipinaggigiitan na tanging ang mga bagay na alinsunod sa pananaw at praktis ng isang grupo ang siyang karapat-dapat sa Diyos. Kung ang isang Gawain ay para sa Diyos at lumalaban kay Satanas, kahit na ang kanilang mga pananaw ay imperpekto, hindi natin sila dapat hatulan o kaya'y ituring na ating kalaban."[3]

"Kung susumahin ang aral, ang isang independenteng 'exorcist' ay hindi dapat na pigilan: (1) Sapagkat may mga mananampalataya na tapat kay Jesus na labas sa grupo na iyong kinabibilangan, kaya huwag kang mabilis humatol (v 39b). (2) Sapagkat ang ugali ng pakikipag-kompetensya ay hadlang sa mga mananampalataya na makita ang kanilang mga kaibigan (v 40). (3) Sapagkat ang pagtanggap sa tagapaghatid ng Mabuting Balita ay maaaring maghahatid ng kaligtasan sa isang taong sa ngayon ay isang Di-mananampalataya (v 41). Dagdag pa, matisod mo lang sa pagkakasala ang isang maliit na bata na sumasampalataya kay Jesus ay tiyak na hahatulan ka (v 42)."[4]

"Kung paanong ang pagtanggap at pagmamalasakit sa isang bata o mahinang mananampalataya ay makakatulong sa Labing-Dalawang alagad

---

[1]Hodge, 1:55.

[2]Lane, p. 346; Suetonius, *De Vita Caesarum* 1:67; Josephus, *Antiquities of …,* 14:15:10.

[3]Hiebert, p. 231.

[4]Gundry, p. 513.

> na maging mapagpakumbaba, gayundin naman, ang hayaan at bigyan ng kalayaan ang isang independenteng mananampalataya (na labas sa kanilang grupo) na magpatuloy sa kanyang gawain ay tutulong sa kanila na laging suriin at bantayan ang kanilang kayabangan."[1]

Ang aral na ito ay mainam na natutunan ni Juan. Ang konsepto ng 'pagibig sa isa't isa' ay madalas na mababasa kanyang mga sulat.

Kabiguan na Disiplinahin ang Sarili 9:43-50 (ikumpara. Matt. 18:8-14)

Nagpatuloy si Jesus sa pagpapaliwanag hinggil sa importansya ng radikal na pagsupil sa kasalanang nasa buhay ng mga mananampalataya (v. 42). Sinabi na Niya ang babala na maging katitisuran ng ibang mananampalataya, at ngayon naman ay nagbibigay Siya ng babala laban sa paghahatid sa sarili na magkasala.

> "Madaling akitin at akayin ang mga mangmang na kaluluwa tungo sa pagkakasala, subalit mas napakadaling akayin ang sarili na magkasala; mas madaling ipailalim ang espiritu sa pagnanasa ng laman."[2]

9:43-48 Ikinumpara ni Jesus ang mga sangkap ng katawan ng tao sa isang 'ahente' o daluyan ng masamang mga gawa. Syempre, hindi Siya nagsasalita rito ng literal at pisikal na pagpuputol kundi espirituwal na operasyon na mag-aalis ng mga kasalanan sa ating kalooban. Ang pananalita rito ay tinatawag na 'hyperbolic' – yun ay, eksaheradong paraan ng paglalarawan. Gayunpaman, totoo ang mga kasalanan na pinupuntirya ni Jesus. Dagdag pa, ang tatlong beses na pag-uulit ng utos ay nagpapakita na ang babalang ito ay seryosong-seryoso at napakahalaga (ikumpara. Rom. 6:12-13).

> "Hindi nakaugalian o nakasanayan ng mga Judio na tukuyin ang isyung ito sa abstraktong paraan, kundi ang ituro mismo ang isang partikular na bahagi ng katawan na pinagmumulan at salarin ng pagkakasala. Dahil rito, mababasa natin na si Jesus ay nagsasalita tungkol makasalanang kamay, paa, at mata – mga bahagi ng katawan na may mahalagang gampanin."[3]

---

[1]Ibid., p. 510.

[2]Plummer, p. 226.

[3]Lane, pp. 347-48.

Maliwanag na hindi literal o pisikal na pagpuputol ng bahagi ng katawan ang sinasabi rito ni Jesus. Isipin mo: kung ang kamay ko ang siyang dahilan ng aking pagkakasala at pinutol ko ito, kinabukasan siguradong ang paa ko naman ang maghahatid sa akin sa pagkakasala, at sa susunod na bukas ay ang aking mata. Kung araw-araw akong magpuputol, anong bahagi na ng katawan ko ang matitira? Patay na ako niyan.

> "Kung paanong ang isang 'surgeon' ay hindi nag-aatubili na alisin ang bahagi ng katawan na may kanser upang iligtas ang buhay ng isang tao, gayundin naman, ang masama at mapanirang mga gawi sa buhay ay dapat na alisin kahit na ang mga ito ay naging kinagigiliwan ng bisyo sa ating buhay. Kailangan natin itong isakripisyo upang mailigtas ang ating kaluluwa."[1]

> "Dapat nating tanggihan ang ating sarili upang ito ay hindi masira."[2]

Ang salitang "impyerno" rito ay mula sa wikang Griego na *gehenna*. Samantala, ang *gehenna* ay transliterasyon naman ng katagang Hebreo na *ge hinnom* (sa literal ay, "Lambak ng Hinnom"). Ang lambak na ito ay matatagpuan sa babang timog ng Jerusalem. Noong unang panahon, ito ang siyang lugar na kung saan pinaghandugan ng mga pasaway na mga Judio ng mga taong iaalay ng buhay para sa diyus-diyusang si Molech (ikumpara. Jer. 7:31; 19:5-6; 32:35). Winakasan ni Haring Josias ang karimarimarim na gawaing ito at ginawa niyang tambakan ng basura ang nasabing lambak. Ito ang siyang naging 'smokey mountain' ng mga basura ng lungsod (2 Hari 23:10). Walang humpay ang usok, laging may sinusunog na mga basura sa lugar na ito, at ang mga uod na nagkalat sa mga basura ay laging buhay at busog.

Kaya ng ginamit ni Jesus ang katagang "hindi mamamatay ang apoy" bumabalik Siya sa larawan ng tambakang ito upang magsilbing larawan para sa walang hanggang kaparusahan.[3] At sa Lumang Tipan, ang "apoy" at "uod" larawan ng pagkawasak (ikumpara. Isa. 66:24). Kaya nga, ang *gehenna* ay naging larawan ng lugar ng walang hanggang kaparusahan

---

[1]Hiebert, p. 232.

[2]Henry, p. 1387.

[3]Lenski, p. 408.

(Enoch 27:2; 90:26), hindi anihilasyon o paglaho.[1] Dito kasi sa ating bayan, ang mga 'Saksi ni Jova' (Jehovah's Witnesses) at ang mga 'Sabadista' (Seventh-Day Adventists) ay naniniwala na ang mga di-mananampalataya ay hindi paparusahang walang katapusan, kundi sila raw ay maglalaho lang na parang bula.[2] Ang pananaw na ito ay kabulaanan. Ang salitang *gehenna* ay lumabas ng 12 beses sa Bagong Tipan; liban sa isa (yun ay, sa Santiago 3:6) lahat ng paglabas nito ay mula sa bibig ni Jesus.

Gusto sabihin ni Jesus na ang Kanyang mga alagad ay dapat na magkaroon ng maagap at determinadong aksyon laban sa anumang bagay na aalis at maglalayo ng kanilang katapatan kay Jesus. Ang pisikal na tukso ay primaryong dumarating sa atin sa pamamagitan ng ating mga kamay (ating ginagawa), ng ating mga paa (ating pinupuntahan), at ng ating mga mata (ating nakikita). Kaya kung ang isang disipulo ay hindi magkakaroon ng disiplina sa kanyang sarili, mawawala niya ang gantimpalang hatid ng kaharian ng Messias. Samantala, ang mga tagasunod na maitituring pa rin na Di-mananampalataya ay makakaranas ng walang hanggang kahatulan kung sila ay patuloy na mag-aalangan kay Jesus at hindi susundin ang Kanyang turo ng disiplina sa sarili.

Idagdag lang natin na impormasyon rito na ang mga talatang 44 at 46 ay hindi makikita sa mga sinaunang mahalagang manuskrito. Iyan ang dahilan kung bakit sa Tagalog, ang mga ito ay naka-bracket o panaklong. Marahil ay idinagdag na lang ito ng mga eskriba upang punan ang paralelismo sa mga talata.

9:49 Ang talatang ito ay nakaugnay sa Levitico 2:13 (ikumpara. Exod. 30:35; Ezek. 43:24). Ang katagang "bawat isa" rito ay may tatlong interpretasyon. Una, ang "bawat isa" ay tinitingnan ng iba na tumutukoy raw sa mga taong napunta sa impyerno. Ang mga di-mananampalataya raw ang tinutukoy sa usapin rito. Kumbaga ay, kung paanong prini-preserba ng asin ang pagkain, papanatilihin rin ng Diyos ang mga di-mananampalataya sa impyerno ng walang hanggan; hindi sila makakaalis roon.[3] Ngunit isang naiibang pananaw tungkol rito ay nagsasabi na ang mga di-

---

[1]Para sa usaping ito, tingnan ang pag-aaral ni Robert A. Peterson, "Does the Bible Teach Annihilationism?" *Bibliotheca Sacra* 156:621 (January-March 1999):13-27.

[2]Tingnan ang sinasabi ni John H. Gerstner, *The Theology of the Major Sects*, pp. 172, 177' Jan Karel Van Baalen, *The Chaos of Cults*, pp. 207-8, 244-46.

[3]Burdick, p. 1008.

mananampalataya raw ay daraan sa tinatawag na ‘puripikasyon’ upang maihatid sa kaligtasan.[1] Sa pananaw na ito, ang paniniwala sa purgatoryo ay maaring lumabas, bagamat pwede rin namang itanggi.

Ang ikalawang interpretasyon para sa katagang “bawat isa” ay tumutukoy sa mga mananampalataya na nabubuhay sa gitna ng makasalanang lipunan. Ang pinag-uusapan dito kung gayon ay ang mga alagad ni Jesus. Kung paanong mga hayop na hinahandog sa Lumang Tipan ay inaasinan ng mga saserdote, aasinan rin naman ng Diyos ang Kanyang mga buhay na handog sa pamamagitan ng mga matitinding pagsubok upang dalisayin ang kanilang pananampalataya (ikumpara. 1 Ped. 1:7; 4:12).[2] Para kay Arno Gaebelein, ang “asin” raw dito ay tumutukoy sa Banal na Espiritu na mag-iingat sa mga mananampalataya mula sa karumihan ng mundo. Ang Banal na Espiritu rin ang magbubunga rin ng kabanalan sa puso ng isang Kristyano.[3] Samantala, kay Richard Lenski naman, siya ay naniniwala na ang “asin” ay sumasagisag sa Salita ng Diyos, yun ay, “sa kapangyarihan nito na sunugin ang mga masasamang nasa na nasa ating puso na nakakatisod sa iba upang magkasala (v. 42). Sinusunog rin nito ang ating mga masamang pagnanasa na umaakit sa atin upang magkasala (v. 43-48)."[4]

Ang ikatlong interpretasyon ay: ang “bawat isa” ay tumutukoy sa ‘bawat tao,’ Di-mananampalataya o Mananampalataya man.[5] Sa madaling salita, ihahatid ng Diyos ang bawat isa sa matinding pagsubok. At ito ay mangyayari sa mga Di-mananampalataya at Mananampalataya habang sila ay nasa mundong ito (Santiago 1:1-18). Gayundin naman, ang mga gawa ng mga mananampalataya ay daraan sa apoy ng pagsusuri kapag sila’y humarap na hukuman ni Cristo (ikumpara. Mat. 25:14-46; 1 Cor. 3:10-15). At pagdating sa mga gawa ng mga di-mananampalataya, ipagsusulit nila ang kanilang mga ginawa doon sa harapan ng ‘Puting Trono’ na hukuman ni Cristo (Pah. 20:11-15). Sa tingin ko, ang ikatlong interpretasyon ang siyang mas maganda. Literal na tinitingnan nito ang katagang “bawat isa” na tumutukoy sa lahat. Ito rin ay suporta ng iba

---

[1]Cf. Evans, p. 73.

[2]Hiebert, p. 234; Lane, p. 349; Cranfield, pp. 315-16; Taylor, p. 413; Cole, p. 224.

[3]Arno C. Gaebelein, *The Annotated Bible*, 3:1:90.

[4]Lenski, p. 411.

[5]E.g., Bock, p. 242; *The Nelson …,* p. 1661.

pang talata sa Biblia. Ngayon, ang punto lang sa talata ay: dapat na maunawaan ng 'bawat isa' na sila ay daraan sa pagsubok at pagsusuri ng Diyos. Hindi nila ito maiiwasan sa buhay.[1]

Yamang ang talatang ito ay makikita lamang kay Marcos, marahil ay may espesyal na dating o kahalagahan ito sa mga orihinal na mambabasa. Kung sila ay mga Romanong mga Kristyano, magbibigay sa kanila ng kaaliwan at lakas na loob na malaman na ang mga apoy ng pag-uusig na kanilang pinagdaraanan ay bahagi ng kanilang panawagan. Gayunpaman, alam natin na bawat isa ay makakaranas ng mga pagsubok sa buhay (ikumpara. Santiago 1:1-18). May kasabihan tayong mga Pilipino, "Ang buhay ay parang gulong; minsan ay nasa ibabaw, minsan ay nasa ilalim." Dumarating talaga ang mga suliranin. Sadyang ganyan. Pero yun nga, hawak ng Diyos ang gulong na iyan. At ang pagsubok ay ginagamit Niyang 'asin' upang tayo'y patibayin at pabanalin.

9:50 Patuloy na ginamit ni Jesus ang 'asin' bilang larawan ng pagsubok. Ayon sa Kanya, ang mga pagsubok na mula sa Diyos, gaya ng asin sa pagkain, ay mabuti para sa atin. Ang asin ay nakakatulong upang mapreserba, hindi mapanis, at mapasarap ang lasa ng pagkain. Sa ganito ring paraan, ang mga pagsubok na pinapahintulot ng Diyos na dumating sa atin ay gayunding epekto at pakinabang (ikumpara. Santiago 1:2-4). Subalit kung ang asin ay mawalan ng lasa, hindi nito magagawa ang gayong mga resulta (cf. Matt. 5:13).

Gayundin naman, kung ang mga pagsubok ng Diyos ay "mawalan ng lasa," yun ay, kung ang mga alagad ay mawalan ng gana at hindi magkaroon ng maayos na tugon sa disiplina sa sarili na nais ituro ng Diyos sa kanila, ito ay hindi nila mapapakinabang. Kung ang puso nila ay maging matigas, ang kapakinabangang hatid ng mga pagsubok na pahintulot ng Diyos ay hindi makakabuti sa kanila. Kaya nga, tayong mga tagasunod ng Panginoon ay dapat na magtaglay ng "katangian ng asin," yun ay, taus-pusong tanggapin ang mga pagsubok na pahintulot ng Diyos na huhubog ng ating disiplina sa ating sarili. Hindi natin ito dapat tanggihan. Dagdag pa rito, itinuturo rin sa atin na tayo ay dapat na mamuhay ng payapa sa isa't isa at hindi

[1]H. A. W. Meyer, "Critical and Exegetical Hand-Book to the Gospels of Mark and Luke," in *Meyer's Critical and Exegetical Commentary on the New Testament*, pp. 120-23. Sa pag-aaral na ito ay may inilagay na 15 na magkakaibang mga interpretasyon para lang sa talatang ito.

dapat na magkaroon ng sektarianistikong pag-uugali na parang tayo lang ang tama (v. 38) o kaya'y laging nakatingin sa ating mga sarili (v. 34).

Subalit isa pang pananaw na siguro ay sinasagisag ng 'asin' ay medyo malayo dito sa konteksto.

> "Tila ang alat ng asin ay tumutukoy sa bagay na dapat handang pag-alayan ng buhay ng mga alagad (8:35), at bagay na hindi dapat nilang ikahiya (8:38), yun ay walang iba kundi ang ebanghelyo, ang salita ni Cristo, at si Jesus mismo."[1]

Ang utos na ito ni Jesus (v. 50b) ang siyang nagbigay ng konklusyon sa seksyon na ito ng Kanyang katuruan tungkol sa mga panganib na makakasira sa katapatan ng mga alagad (9:33-50).

3. Mga Aral tungkol sa Pagsasakripisyo 10:1-31

Ang serye ng mga aral na makikita sa bahaging ito ay itinuro ni Jesus doon sa lugar ng Perea at Judea, hindi sa Galilea. Kumpara sa nagdaang tagpo at naunang mga katuruan na ipinangaral ni Jesus sa loob ng isang bahay, sa tagpong ito, Siya ay makikita nating nangangaral sa labas – sa publiko.

Isang Transisyon mula sa Galilea tungo sa Judea 10:1 (ikumpara. Mat. 19:1-2)

Bagamat hindi itinala ni Marcos, si Jesus ay nagturo pa ng mga karagdagang tuntunin at aral para sa Kanyang mga alagad habang sila ay naglalakbay mula sa Capernaum doon sa Galilea papuntang Jerusalem (ikumpara. Mat. 8:19-22; 18:15-35; Lukas 9:51—18:14; Juan 7:2—11:54). Mula Capernaum, si Jesus ay nagpunta sa Samaria at mula rito ay nagtungo naman sa Jerusalem. Pagkatapos ay nagpatuloy Siya sa pasilangan doon sa kabila ng Ilog Jordan patungo sa Perea. Ang lugar na ito ay nasa hilaga at silangang bahagi ng Patay na Dagat (Dead Sea). Mula rito ay nagbalik Siya muli sa Jerusalem. At sa Kanyang pag-alis sa Jerusalem, bumisita Siya Ephraim at naglakbay pa ng malayo pahilaga patungo sa Samaria at muling naglakbay pasilangan pabalik sa Perea. At minsan pa, mula sa Perea ay bumalik Siya sa Jerusalem sa ikatlong pagkakataon. Ang tagpo ng ministeryo na ating makikita ay naganap sa huling dalaw Niya sa Perea at Judea.[2] Kapansin-pansin na ang primaryong gawain ni Jesus ay pagtuturo.

---

[1]Cranfield, p. 316.

[2]Hoehner, *Chronological Aspects …*, pp. 62-63.

Ang Turo ni Jesus tungkol sa Pag-aasawa 10:2-12 (Ikumpara. Mat. 19:3-12)

10:2 Ang katuruang ito ay bunsod ng pagtatangka ng mga Pariseo na siluin si Jesus. Ang tagpo ay nangyari sa Perea ("sa ibayo ng Ilog Jordan," v.1), sa teritoryo ni Herodes Antipas. Marahil ay inasam ng mga Pariseo na maipaliwanag ni Jesus ang Kanyang pananaw tungkol sa diborsyo sapagkat inisip nilang ito'y katulad rin ng kay Juan Bautista. Ang pananaw ni Juan pagdating sa usapin ng pag-aasawa ay naghatid sa kanya ng kamatayan. Sa ganito ring paraan, inisip ng mga kritiko ni Jesus na aapoy sa galit ang mga Romano kapag marinig nila ang pananaw ni Jesus tungkol sa usaping ito. Naipapahiwatig sa kanilang pagtatanong na si Jesus sa anumang kadahilanan ay laban sa diborsyo.

Naniniwala ang mga Pariseo na ang Lumang Tipan ay may pahintulot raw na pwedeng hiwalayan (diborsyo) ng isang lalaki ang kanyang asawa at pwede raw uling mag-asawa (Deut. 24:1-4). Subalit ang mga asawang babaeng Judio ay hindi pwedeng maghain ng paghihiwalay sa ilalim na rin ng tuntunin ng mga Judio. Sa usaping ito, ang mga Pariseo ay may pagtatalo sa kani-kanilang sa kung ano ang mga batayan para sa diborsyo. Para sa mga tagasunod ni Rabbi Shammai, naniniwala sila na si Moises raw ay nagtuturo na ang tanging batayan ng diborsyo ay pangangalunya: yun ay, anumang ekstramarital na pagkakasalang sekswal. Samantala, para sa mga tagasunod ni Rabbi Hillel, anumang pagkakamali ng asawang babae na hindi nagustuhan ng kanyang asawa ay maaaring maging lehitimong batayan para hiwalayan siya.[1]

10:3 Dito ay makikita natin na si Jesus ay tumugon sa rabbinikong pamamaraan gamit ang isa pang tanong. Tinanong Niya an gmga Pariseo kung ano ang sinasabi ni Moises – yun ay, kung ano mismo ang turo ng kanilang kinikilalang awtoridad. Sa madaling salita, ibinalik sila ni Jesus sa sinasabi ng Salita ng Diyos at hindi sa kung ano ang pinagtatalunang tradisyunal na interpretasyon, na para sa mga Pariseo ay awtoritatibong pagpapaliwanag.

10:4-5 Tama at tumpak ang sinabi ng mga Pariseo na ipinahintulot nga ni Moises ang diborsyo. Subalit tiningnan nila ang pahintulot na ito na para bang sang-ayon na sang-ayon ang Diyos sa diborsyo. Subalit hindi ganito ang

[1]Tingnan ang pag-aaral ni Mann, pp. 386-87, para sa mga sumaryo (buod) ng mga interpretasyon sa usaping ito mula sa katuruan ng Roman Catholic, Orthodox, Anglican, Episcopalian, at Protestant.

pananaw ni Jesus; tiningnan ni Jesus ang pahintulot ni Moises bilang pagpapahinuhod ng Diyos o pag-unawa sa makasalanang kalagayan ng tao.

> "Dapat na unawain ang malinaw na pagkakaiba sa pagitan ng ganap at solidong (absolute) kalooban ng Diyos at yaong mga probisyong tuntunin na isinasaalang-alang ang aktuwal na pagkakasala ng tao; na kung saan ang mga probisyon na ito ay dinisensyo o ipinahintulot para limitahan at kontrolin ang epekto ng kasalanang nagmumula sa puso ng tao. Ang sinasabi sa Sampung Utos (partikular ang Exodo 20:14) at sa mga siniping talata sa v.6-8 ay nagpapahayag ng ganap na kalooban ng Diyos. Hindi ito matitibag. Subalit, ang probisyong kaloob ng Diyos sa Deuteronomio 24:1 ay tuntunin na nagsasaalang-alang sa mga sitwasyon na hinatid ng *sklerokardia* ["katigasan ng ulo"] ng tao. Ang probisyon na ito ay para protektahan ang mga taong maghihirap dulot ng kasalanan o katigasang ito. (Maraming mga sitwasyon sa Lumang Tipan na napapaloob sa kategorya ng ganitong uri ng probisyon.)"[1]

10:6-8 Binigyan ni Jesus ng malaking pagkakaiba ang pananaw ng mga Pariseo sa pananaw ng Diyos tungkol sa diborsyo. Bumalik si Jesus sa pasimula na kung saan itinatag ng Diyos ang pag-aasawa doon pa lang sa Hardin ng Eden. Dito matatagpuan ang primaryong kapahayagan ng kalooban ng Diyos tungkol sa pag-aasawa.

> "Ang katagang “ito ang dahilan” na mababasa sa Genesis 2:24 ay hindi tumutukoy sa ginawang paglalang ng Diyos sa unang ‘lalaki at babae,’ kundi sa paglalang ng Diyos kay Eba mula sa tadyang ni Adan. Ang dahilan kung bakit iiwan ng lalaki ang kanyang ama at ina at sasama sa kanyang asawa at maging kaisa niya ay hindi sa kadahilanang sekswal. Sa halip, ito ay may kinalaman sa pinagmulan (origin) ni Eba mula kay Adan. Sa madaling salita, yamang ang babae ay nagmula sa lalaki, dapat na makipag-buklod ang lalaki sa

[1]Cranfield, p. 319.

> kanyang asawa upang maipahayag nila ang kanilang orihinal na pag-iisa ayon mismo sa ipinahayag ng Diyos."[1]

Nakapaloob sa pag-aasawa ang pisikal na pag-uugnay ng lalaki at babae na humahantong sa isang natatanging relasyon o “isang laman” na ugnayan (Gen. 2:24). Ang katagang "isang laman” o “sila’y magiging isa” ay Semitikong ekspresyon na simpleng nangangahulugan ng “isa.”[2] Subalit ang ‘pagiging isa’ na tinataglay ng mag-asawa ay higit pa sa ugnayan na mayroon ang ina at ang kanyang anak. Dagdag pa, ang ‘pagiging isa’ na ito ay magpapatuloy habambuhay.

> "Sinipi ni Jesus ang mga talata sa paraang ang mga ito ay mga pangungusap mismo ng Diyos."[3]
>
> "Ang bigat na nais iparating ng mga talatang ito ay nagpapakita na ang pag-aasawa sa kanyang tunay na kalikasan at bilang itinatag mismo ng Diyos ay hindi mismo malulusaw. Hindi ito kontrata ng isang temporaryong pag-aaliw at hindi isang pag-uugnay na basta-basta na lamang pwedeng buwagin kapag hindi na gusto at wala ng gana."[4]
>
> "Bagamat ang espirituwal na ugnayan ay napakahalaga sap ag-aasawa, ang binibigyang-diin rito ay ang *pisikal* na ugnayan ng mag-asawa – yun ay, ang dalawa ay magiging isang *laman,* hindi isang espiritu. At dahil ang pag-aasawa ay isang pisikal na pag-iisa, tanging ang pisikal na sanhi lamang ang pwedeng sumira dito—ito man ay kamatayan (Rom. 7:1-3) o pangangalunya (Mat. 5:32; 19:9)."[5]

Bagamat ang “isang laman” ay ‘metaphor’ para sa salitang “isa,” ito pa rin ay kinapapalooban ng pisikal na relasyon. Syempre, ang pag-iisa sa laman ay hindi nangangahulugan na ang laman nila ay laging magkadikit. Hindi gayon. Sa halip, ito ay nangangahulugan na magkasalo na sila sa kanilang

---

[1]Gundry, pp. 531-32.

[2]Wessel, p. 711.

[3]Mann, p. 391.

[4]John Murray, *Divorce*, p. 29.

[5]Wiersbe, 1:144.

buhay: magkasama na silang kakain, magkasamang matutulog, magkasama sa hirap at ginhawa, at marami pang iba.

10:9 Si Jesus ay nagbigay ng konklusyon ayon mismo sa ipinapahayag ng Kanyang mga siniping talata. Sa madaling salita, isang napakalaking pagkakamali para sa isang lalaki na sirain ang bigkis na inilagay mismo ng Diyos sa pag-aasawa. Sa konklusyon na ito ay hindi pinanigan ni Jesus ang isa man sa rabinikong interpretasyon ng mga Pariseo. Kanya mismong ipinahayag ang pamantayan ng Diyos sa pag-aasawa, yun ay, walang diborsyo.

10:10-11 Nais ng mga alagad ng isang klaripikasyon sa usaping ito kaya kinausap nila si Jesus ng pribado. Agad at prangka ang sagot ni Jesus sa usaping ito, batay mismo sa tala ni Marcos. Walang sinuman sa asawang lalaki o babae ang dapat na makipaghiwalay sa kanyang asawa at mag-asawa ng iba. Ang pagsasagawa ng diborsyo at pag-aasawa ng iba ay isang pangangalunya. Bagamat ang diborsyo ay hindi nangangahulugan ng pangangalunya, subalit ang pag-aasawa ng iba matapos ang diborsyo ay isang pangangalunya.

10:12 Ang talatang ito ay natatangi kay Marcos. Sa ilalim ng Romanong batas, ang isang asawang babae ay pwede makipag diborsyo sa kanyang asawa, subalit sa ilalim ng Batas ng mga Judio, ang babawe ay walang karapatan upang gawin ito.[1] Gayunpaman, mayroong mga kaganapan na eksepsyon, gaya mismo sa kas oni Herodias na nakipag diborsyo kay Felipe upang makipag-asawa kay Antipas (6:17-18).[2] Maging ang kapatid na babae ng Dakilang Herodes ay nakipag diborsyo rin sa kanyang asawa.[3] Subalit tiningnan ni Jesus ang diborsyo na sinusundan ng muling pag-aasawa ng isang pangangalunya, sinuman ang nagsimula nito. Syempre, ang diborsyo ay mali, subalit isang napakalaking kamalian ang muling mag-asawa pagkatapos nito; ito'y isang pangangalunya.

> "Ang isang bagong elemento o sangkap sa katuruan na hindi binibigyang pansin sa korte ng mga rabbi ay ang konsepto na ang asawang lalaki ay nagkakasala rin ng pangangalunya laban sa kanyang hiniwalayang asawa.

---

[1]Nineham, p. 266, footnote.

[2]See Lenski, p. 422.

[3]Josephus, *Antiquities of …*, 15:7:10.

> Ayon sa rabbinikong batas, ang isang lalaki ay maaaring makagawa ng pangangalunya kapag inakit niya ang asawa ng isang lalaki na makipagtalik sa kanya (Deut. 22:13-29). Samantala, ang isang asawang babae ay pwedeng makagawa ng pangangalunya sa pamamagitan lamang ng isyu ng kawalang-katapatan, ngunit tila walang malinaw na batas para rito tungkol sa lalaki. Ngunit sa turo ni Jesus, inilagay Niya ang kalagayan ng babae na pantay sa lalaki. Sila'y may pantay na dignidad, at ang lalaki ay ipinasailalim rin sa obligasyon na maging tapat sa kanyang asawa."[1]

Kumpara sa tala ni Mateo, yung pag-alis ni Marcos ng katagang "malibang kung ito ay nakikiapid" ay dulot na rin ng kanyang puntiryang (target) mga mambabasa (ikumpara. Mat. 5:32; 19:9). Hindi nais ni Marcos na makatawag pa ng pansin ang gayong 'maliban' na kataga sapagkat papahinain nito ang pinakapunto ni Jesus pagdating sa usapin ng diborsyo. Minsan pa, ang diborsyo ay laganap at karaniwan sa Greco-Romanong lipunan. Sa lagay ng salaysay ni Mateo, inilagay niya ang 'maliban' na kataga hinggil sa kaso ng pangangalunya sapagkat ang kanyang primaryong mga mambabasa ay Judio. Interesado sila sa usaping ito.

Aral Tungkol sa Pagiging Katulad ng Bata 10:13-16 (ikumpara. Mat. 19:13-15; Lukas 18:15-17)

Sa bahaging ito, matutunghayan ang malaking kaibahan ng simpleng pagtitiwala na matatagpuan sa mga bata kumpara sa katigasan ng puso ng mga Pariseo – na ipinakita sa atin sa nakaraang tagpo. nahahayag sa pagkatao ng mga Pariseo. Isa ring dapat pansinin rito ay ang koneksyon ng usapin mula sa paksa ng pag-aasawa tungo paksang may kinalaman sa mga bata.

10:13-14 Ang salaysay ni Marcos sa tagpong ito ay halos kahalintulad ng kay Mateo. Subalit si Marcos lang ang nagtala ng paglalarawan na si Jesus ay "nagalit" (Gr. *eganaktesen*) nang makita Niya na pinagbabawalan ng mga alagad na lumapit sa Kanya ang "mga bata" (Gr. *paidia*). Kapansin-pansin na ito lamang ang tagpo na kung saan ang mga may-akda ng Ebanghelyo ay gumamit ng napakatinding salita sa Griego na isinalin rito na "nagalit" ang Panginoon (ikumpara. Mat. 20:24; 21:15; 26:8; Marcos 10:41; 14:4; Lukas

[1]Lane, p. 357.

13:14; 2 Cor. 7:11). Minsan pa, makikita sa paglalarawan na ito na Marcos ay interesado na ipakita sa atin ang pagkatao ni Jesus (ikumpara. 1:25, 41, 43; 3:5; 7:34; 8:12; 9:19). Tandaan na pinagsabihan ni Jesus ang Kanyang mga alagad na huwag pagbawalan yung lalaking nagpapalayas ng demonyo na gamitin ang Kanyang pangalan sa gawain na ito (9:39). Inabuso kasi ng mga alagad ang kanilang awtoridad sa pamamagitan ng pagbabawal o paghahadlang sa iba na lumapit kay Jesus, partikular lalo na yung mga taong hindi kabilang sa kanilang grupo, o kaya'y sila na itinuturing ng lipunan na walang silbi o walang pakinabang.

> "Ang salitang Griego na *paidia* ay maaaring tumutukoy sa sinumang bata – yun ay, mula sa pagkasanggol tungo sa edad na labing-dalawang taon."[1]
>
> "May mga magulang na mananagot sa harapan ng Diyos ng dahil sa kanilang paghadlang sa kanilang mga anak na lumapit kay Jesus."[2]
>
> "Ang Kaharian ng Diyos ay 'para' sa mga bata o "sa mga tulad nila" ito naghahari sa punto na sa mata kasi ng isang bata, ang isang regalo ay hindi niya pinaghirapan."[3]
>
> "Isang mainam na paniniwala na kung hindi raw naitala ang mga salita at pag-uugali rito ni Jesus, ang Simbahang Kristyano ay hindi magiging kakaiba."[4]

10:15 Ang salita ni Jesus sa talatang ito ay lumabas rin sa Lukas 18:17, subalit si Mateo ay muling nagtala ng parehas na pangungusap sa isang panibagong tagpo (Mat. 18:3). Ngunit sa talatang ito, pinalawak pa ni Jesus ang Kanyang punto sa talatang 14. At yun nga, ang punto rito ni Jesus ay: dapat tanggapin ng mga tao ang mga bagay na may kinalaman sa Kaharian ng Diyos na tulad ng pagtanggap ng isang bata – yun ay, sa diwa ng pagtitiwala, kapakumbabaan, pagsunod, at pag-uumasa sa Diyos. Ang personal na abilidad at pagsisikap ay hindi batayan para matatanggap ng

---

[1]Mann, p. 396.

[2]Robertson, 1:350.

[3]Mann, p. 396.

[4]Lenski, p. 425.

isang tao ang mga mainam na kaloob ng Diyos. Sa halip, ang maayos na pagtingin kay Jesus ang siyang maghahatid ng mga ito sa isang tao.

> "Ang pagtanggap sa Kaharian ng Diyos na gaya ng sa bata ay yung hayaan mo ito na dumating sa iyong buhay na isang regalo; hindi dulot ng iyong pagsisikap, karapatan, o gantimpala."[1]

> "Sinasabihan natin ang mga bata na umastang gaya ng mga matanda, subalit sinasabi rito ni Jesus na tularan ng mga matanda ang mga bata!"[2]

10:16 Sa talatang ito, sinabi ni Marcos na kinalong ni Jesus ang mga bata at sila'y mainam na pinagpala (Gr. *kateulogei*). Ang ganitong kilos ay katulad ng isang ama sa tahanan ng mga Judio (ikumpara. Gen. 27:38). Minsan pa, ang salitang Griego na ginamit rito ay dito lamang makikita sa Bagong Tipan. At sa salin sa Tagalog, hindi natin mapapansin ang maarugang diwa ng salitang ito.

> "Hindi lamang hinawakan ni Jesus ang mga bata, ayon sa sinasabi ng v. 13, kundi kanya rin silang niyakap. Sa 9:36, kinalong o kaya'y kinarga ni Jesus ang isang bata. Ang pagyakap ni Jesus sa mga bata ay isang publikong demontrasyon ng kanilang pagtanggap at kahalagahan sa Kaharian ng Diyos."[3]

> "Nahahayag rito ang nag-uumapaw na banal na pagibig ni Jesus para sa mga bata. Ngunit dahil sa pagiging insensitibo ng mga alagad, nahadlangan nila ang mga bata na matanggap ang karanasang ito. Kaya naman hindi nakapagtataka na nagalit si Jesus sa kanila."[4]

Tiningnan ng mga alagad ang mga bata na mga indibidwal na hindi karapat-dapat ng atensyon ni Jesus. Subalit tiningnan sila ni Jesus na may halaga at nagtataglay ng mga katangiang karapat-dapat tularan at ipamuhay ng mga matatanda. Walong beses na itinala ni Marcos na si

---

[1]Cranfield, p. 324. Cf. Matt. 5:3.

[2]Wiersbe, 1:145.

[3]Evans, p. 94.

[4]Wessel, p. 714.

Jesus ay may hinawakan at sa bawat pagkakataon, ang hawak ni Jesus ay may hatid na pagpapala (ikumpara. 1:41; 3:10; 5:28, 41; 6:56; 7:32; 8:22; 10:13).

Ang Turo ni Jesus tungkol sa Kayamanan 10:17-31

Isang tanong mula sa isang lalaki na mula sa karamihan ang nagpasimula ng tagpong ito. Mula sa kanyang tanong ay ibinigay ni Jesus ang Kanyang turo tungkol sa kayamanan. Ngunit dapat muna nating pansin na ang kinalalagyan ng tagpong ito sa aklat ni Marcos ay makahulugan. Ito ay nangyari matapos na ituro ni Jesus ang kahalagahan ng pagtanggap sa messianikong kaharian sa dwai ng pagtitiwala at pagpapakumbaba (vv. 13-16). Samantala, ito ay nauuna sa tagpo ng ikatlong beses na pagpaphayag ni Jesus ng Kanyang daranasing paghihirap (vv. 32-34). Inakala ng binatang lalaki sa tagpong ito na pwede siyang makapasok sa kaharian ng Diyos sa pamamagitan ng kanyang gawa at sariling paninindigan. Hindi niya nais tularan ang ugali ng isang bata. At minsan pa, ang panawagan ni Jesus ng komitment sa tagpong ito ay humantong sa isa namang pahayag ng Kanyang daranasing paghihirap.

Pakikipag-usap sa Binatang Lalaking Mayaman 10:17-22 (ikumpara. Mat. 19:16-22; Lukas 18:18-23)

10:17 Kumpara sa ibang may-akda ng Ebanghelyo, mainam na itinali ni Marcos ang tagpong ito sa susunod na tagpo. Syempre, nais niyang ipakita sa salaysay na ito na ang binatang lalaki ay nagtataglay ng maling akala at ng pananaw na taliwas sa itinuro ni Jesus sa Kanyang mga alagad. Ang lalaking ito ay inilarawan bilang isang mayaman (v. 22) binata pa (Mat. 19:20) at isang pinuno (Lukas 18:18). Gayunpaman, ang kanyang ipinakitang paglapit kay Jesus ay may kakaibang sigasig at paggalang. Yun nga lang, iniisip niya na magagawa niyang pagsikapan ang buhay na walang hanggan.

> "Madalang o kaya'y hindi karaniwan ang ganitong pagtawag [“Mabuting Guro”] sa kulturang Judaismo noong panahong ni Jesus. Syempre, ang paggamit ng salitang “mabuti” na itinatawag sa Diyos ay karaniwang pahayag sa Lumang Tipan (ikumpara. Aw. 118:1, 1 Kron. 16:34, 2 Kron. 5:13). At para sa mga Judio, ang Diyos lamang ang Siyang

> karapat-dapat na sabihan ng “mabuti” sapagkat walang sinumang tao na mabuti (ikumpara. Rom 7:18)."[1]

Sa salaysay ni Mateo, isinulat niya na ang binatang lalaki na ito ay nagtanong kung ano ang dapat niyang gawin upang “makamtan” (Gr. *scho*) ang buhay na walang hanggan. Subalit si Marcos at Lukas ay ginamit ang salitang “manahin” (Gr. *kleponomeo*). Sa ibang salin ng Biblia sa Tagalog (gaya sa ‘Ang Biblia, 2001’) ay “manahin” ang ginamit na salita.

> “Ang salitang Griego na ‘*kleponomeso’* ["manahin"] ay sumasalamin sa katutubong gamit ng mga Judio na may kinalaman sa pagmana ng buhay na walang hanggan."[2]

Aminado sa tanong ng binatang lalaki na hindi niya tinataglay ang buhay na walang hanggan, at nais niyang matutunan ang paraan kung paano niya ito makakamtan. Dapat nating tandaan na maraming Judio ang naniniwala na ‘mamanahin’ nila ang buhay na walang hanggan sapagkat sila’y mga likas na lahi ni Abraham. Pagdating siguro sa paggamit ng salita, marahil ay ginamit ni Mateo yung talagang salita na ginamit ng binata (*ipisissima verba*) at ginamit naman nina Marcos at Lukas yung salita na ibig sabihin ng binata (*ipisissima vox*). Mahalaga para kay Mateo na linawin para sa kanyang mga mambabasang Judio na ang binatang lalaki na ito ay may bagay na nais makamtan sapagkat hindi niya ito tinataglay.

Samantala, sina Marcos at Lukas ay sumulat para sa kanilang mga Hentil na mambabasa, na kung saan ang paggamit ng salitang “manahin” ay magpapaunawa kung ano talaga ang nasa isipan ng pinunong binatang mayaman. Kumbaga, ang binatang ito ay nagtatanong kay Jesus ng isang bagay na karapatan niyang makamtan. Hindi niya tiyak kung siya ay may buhay na walang hanggan subalit inisip niya na yamang siya ay kabilang sa lahi ni Abraham ay karapatan niyang makamit ito.

> "Sa isipan ng pinunong binatang mayaman, ang pagpasok sa Langit, ang pagmana ng buhay na walang hanggan at ang pagkakaroon ng buhay na walang ay parehas lang. Kumbaga, lahat ng ito ay simpleng nangangahulugan ng: ‘pagpunta sa langit kapag ako’y namatay na.’ Di sinang-ayunan at di rin tinanggihan ni Jesus ang mga pagkakatulad

[1]Mann, p. 399.

[2]Cranfield, p. 327.

> na ito. Gayunpaman, alam Niya na ang binatang lalaking ito ay nagnanais na makaalam kung paano makapasok sa buhay na walang o ang magkaroon ng buhay na walang hanggan."[1]

10:18 Ang lalaking ito ay may mababaw na pang-unawa sa kung ano ang ibig sabihin ng kabutihan. Ngunit ang tugon sa kanya ni Jesus ay nagbigay sa kanya ng linaw sa kung ano ang implikasyon ng pananaw na pagsumikapan na makamtan ang buhay na walang hanggan sa pamamagitan ng mabubuting gawa (ang maging mabuti). Ito rin ay nagbigay sa kanya ng linaw sa kung ano ang ibig sabihin ng pagtawag kay Jesus na “mabuti.” At yamang sinabi niya na si Jesus ay “mabuti” at “walang ibang mabuti kundi ang Diyos,” nangangahulugan bai to na si Jesus ay Diyos? Sa kabilang banda ay sinusubukan rin ni Jesus ang binatang mayaman kung siya ba ay tutugon sa sinasabi ni Jesus bilang Salita ng Diyos.

10:19 Itinuturo sa Lumang Tipan na kung susundin ng isang tao ang Kautusan ni Moises siya ay magkakaroon ng buhay o ng mahabang buhay (Deut. 30:15-16). Sa theoretikal na punto ay posible ito subalit sa praktikal na punto ay imposible gawa ng makasalanang likas ng tao. Ipinaalala ni Jesus sa binatang lalaki ang hinihingi ng Kautusan gamit ang limang utos na mababasa sa ikalawang tapyas ng bato ng Sampung Utos (Decalogue). Syempre, ang mga utos na nabanggit rito ni Jesus ay pwedeng mapatunayan sa pamamagitan ng gawa. Si Marcos lamang ang nagtala ng pagbabawal tungkol sa pandaraya – yun ay, tungkol sa isang partikular na pagnanakaw na ginagawa ng mga mayaman.[2]

10:20 Ang mababaw na pang-unawa ng binatang lalaki tungkol sa pamantayan ng Diyos ay higit na nahalata nang sinabi niya na natupad na raw niya ang lahat ng mga utos na sinabi ni Jesus simula pa lang sa kanyang pagkabata. Sa madaling salita, tiningnan niya ang pagsunod sa utos ng Diyos sa panlabas na paraan sa halip na sa panloob (ikumpara. Fil. 3:6). Ito ang siyang karaniwang implikasyon at epektong hatid ng turo ng mga Pariseo. Sa edad na 12, ang isang batang Judio ay itinuturing ng “anak ng tipan” (Heb. *bar miswah*, kung saan nagmula ang bansag na "Bar Mitzvah"). At

---

[1]Joseph C. Dillow, *The Reign of the Servant Kings*, p. 65. Cf. William E. Brown, "The New Testament Concept of the Believer's Inheritance" (Th.D. dissertation, Dallas Theological Seminary, 1984).

[2]Plummer, p. 239.

simula sa ganitong edad, itinuturing na ng mga Judio ang kanilang sarili na responsable sa pagsunod sa Kautusan.[1] Kaya maaaring ng sinabi ng binatang lalaki na tinupad na niya simula pagkabata ang Kautusan, ang tinutukoy niyang edad ay simula noong siya'y 12 pa lang. Ito ang edad na siya'y nagkaroon na ng personal na pananagutan sa kanyang mga aksyon.

> "Lubos na naniniwala ang mga Rabbi na magagawa ng Binatang mayaman na iyon na matupad ang Kautusan ng Diyos. Sa katunayan, seryoso sila sa pananaw na may mga taong may kakayahan na tuparin ang lahat ng bahagi ng Kautusan."[2]

10:21 Si Marcos lamang ang nagtala na 'magiliw na tinitigan' ni Jesus ang pinunong binatang mayaman sa kanyang naging tugon. Ipinapakita rito na ang binata ay seryoso sa kanyang pagsusumikap na makamit ang buhay na walang hanggan sa pamamagitan ng pagtupad sa Kautusan. Masasabi natin na ang kanyang mababaw na pagkakaunaw sa pamantayan ng Diyos ay masasabing higit na pagkakasala ng mga nagtuturo sa kanya kaysa sa sarili niya. At kadalasan, kapag may napapakinggan o nakikita tayong mga tao na gaya nito – yun ay, mga taong mataas ang pagtingin sa sariling katuwiran – ang agad nating tugon ay ang ayawan o layuan sila. Subalit si Jesus ay nagpakita ng halimbawa ng pagtugon na dapat tularan ng Kanyang mga alagad.

Gayunpaman, pinuntirya ni Jesus ang isang bagay na naglalayo sa binatang mayaman na ito na matanggap ang buhay na walang hanggan. Ginamit ni Jesus ang sariling kataga o pananaw ng binatang mayaman upang makita niya ang kanyang kahinaan – yun ay, ang pag-aakalang mayroon siyang dapat gawin. Ang mayaman na ito ay nagtitiwala sa kanyang kayamanan, na marahil ay kanya na ring itinuturing na ebidensya ng pabor ng Diyos sa kanyang mabubuting gawa sa buhay. Ayon mismo sa Lumang Tipan, pinagpapala ng Diyos ng materyal na kaunlaran ang mga matutuwid (halimbawa, Job 1:10; 42:10; Aw. 128:1-2; Isa. 3:10).

Dapat na talikuran ng binatang mayaman na ito ang gayong uri ng pagtitiwala sa sarili. Ang kailangan niya ay ang magtiwala at sumunod kay Jesus. Dito ay makikita natin na ang kanyang kayamanan ang kanyang

---

[1]Mishnah *Berachoth* 2:2.

[2]Strack and Billerbeck, 1:814, quoted by Cranfield, p. 329.

naging diyos sa halip na si Yahweh. Ang kanyang pag-aalangan at panghihinayang na ipamigay ito sa mga dukkha ay nagpapakita ng kanyang idolatria. Sa pamamagitan ng pagtugon sa hamon na ipagbili ang kanyang mga ari-arian at ibigay sa mga dukha ang pinagbilhan nito at sumunod kay Jesus, maipapakita niya na hindi siya nagtitiwala sa kanyang sariling katuwiran at kayamanan; sa halip, mapapatunayan niya na ang tiwala niya ay kay Jesus. At kapag ganito nga ang kanyang ginawa, siya ay magkakaroon ng kayamanan sa langit – isang kayamanan na mananatili magpakailanman.

> "Sa tagpong ito ay pwedeng nakita at nadama ni Jesus—marahil ay dulot ng halatang magarang damit ng lalaki—na mayroong napakatinding hadlang sa buhay ng binatang mayaman na nakakabit sa kanyang pagmamahal sa kanyang kayamanan."[1]

Sa ating panahon, mayroong mga tao na itinuturing ang kanilang sarili na mabuti sapagkat namumuhay naman daw sila ng moral at walang ginagawang nakakahiyang kasalanan. May iba sa kanila na naniniwala na kung gagawin nila ang ganitong mabuting bagay ay tiyak na makakamit nila ang pabor ng Diyos; sila ay mayroong kaligtasan. Ang kanilang malaking pagkakamali ay yung hindi nila makita na sila'y napaka pobre sa espirituwal at ang kanilang mga ipinagmamalaking mabuting gawa ay katulad lamang ng maruming basahan sa paningin ng Diyos. At dapat sana nilang gawin ay ang iwaksi ang kanilang matuwid na pagtingin sa sarili at ang dumulog at magmakaawa sa habag ng Diyos; ang magtiwala sa sakripisyong ginawa ni Cristo para sa kanila; ang sumunod kay Jesus na Siyang umibig at ang nag-alay ng Kanyang buhay para sa kanila. Ito sana ang gustong makita ni Jesus sa lagay ng pinunong binatang mayaman.

10:22 Subalit makikita natin dito sa talata na ang hamon ni Jesus sa binate na iwan at ipamigay ang kanyang mga kayamanan at ang magtiwala kay Jesus ay isang napakatinding kalugihan para sa kanya. At dahil rito, ang kayamanan ng lalaking ito ang siyang naghatid sa kanya ng kalungkutan sa halip na kaligayahan. Sa katunayan, ito lamang ang tagpo sa mga aklat ng Ebanghelyo na kung saan ang panawagan ni Jesus sa isang tao na sumunod sa Kanya ay tinanggihan. At ito lamang din ang tagpo na kung

[1]Mann, p. 401.

saan ang isang tao ay umalis ng malungkot mula sa presensya ng Panginoon.[1]

Ang Turo ni Jesus tungkol sa Kayamanan 10:23-31 (ikumpara. Mat. 19:23-30; Lukas 18:24-30)

Ginamit ni Jesus ang katatapos na tagpo upang turuan ang Kanyang mga alagad ng tungkol sa kayamanan. Mas mayaman ang pagsasalaysay ni Mateo sa paksang ito.

10:23 Ang kasong ito tungkol sa di-mananampalatayang mayaman ay napakahalagang turo na dapat matutunan ng mga alagad. Sa halip na tingnan ang materyal na kayamanan na patikim lamang ng darating na walang hanggang pagpapala – na karaniwang pananaw ng maraming Judio (Gr. *kremata*) – ito ay maaaring maging hadlang upang makamit ang walang hanggang kayamanan ng Diyos. Hindi kinainggitan ni Jesus ang mga mayayaman, di gaya ng mga taong nasa paligid Niya, sa halip, naaawa siya sa kanila.[2] Hindi sinasaraduhan ng kayamanan ang pinto ng kaharian ng Messias, subalit maaari nitong pahirapin o hadlangan ang puso ng tao na pumasok rito.

> "Sa Lumang Tipan, may dalawang pananaw at pag-uugali ang mga tao pagdating sa kayamanan: una ay ang tingnan ito bilang tanda ng pabor ng Diyos sa buhay ng isang tao, yun ay, gantimpala sa kanyang kabutihan. Ang ikalawa ay ang tingnan ang mga mahihirap bilang mga nagpapakabanal at ang mga mayaman ay masama. Gayunpaman, ang pagtingin ni Jesus sa usaping ito ay naiiba. Hindi Niya kinainisan at kinainggitan ang mga mayayaman. Sa halip, Siya'y naaawa sa kanila. Bakit? Sapagkat ang mayaman ay nagtataglay ng bagay na pinagmumulan ng matinding tukso at malaking hadlang upang siya ay makapasok sa kaharian ng Diyos. Napakadali para sa isang mayaman na makadama ng kapanatagan at seguridad na dulot ng kanyang kayamanan at dahil rito'y malimutan niya kung ano ba talaga ang pinakamahalaga sa buhay, yung mananatili magpakailanman."[3]

---

[1]Cole, p. 163.

[2]Hiebert, p. 249.

[3]Cranfield, p. 331.

10:24 Ang talatang ito ay natatangi kay Marcos. Ang pagkamangha rito ng mga alagad ay bunsod ng popular na paniniwala na ang kayamanan ay laging resulta ng pagpapala ng Diyos sa matuwid na asal at pamumuhay (halimbawa, sinaAbraham, David, at Job ay mga taong matuwid at mayaman). Karaniwang akala ng mga Judio na ang kayamanan ay malaking kapakinabangan (advantage), di nila naisip na ito'y maaaring maging hadlang sa relasyon ng isang tao sa Diyos. Dito lamang sa tagpo na ito (kung babasahin ang mga aklat ng Ebanghelyo) tinawag ni Jesus ang mga alagad na "mga anak" (Gr. *tekna*). Gustong ipahiwatig rito na ang kanilang pagkamangha sa sinabi ni Jesus ay pagpapakita lang na sila'y musmos pa rin sa kanilang espirituwal na kalagayan.

Sa talatang 24, yung kataga na "para sa mayayaman na" ang siyang punto ni Jesus sa Kanyang pangungusap. Subalit ang katagang ito ay maaaring wala sa orihinal na tala ni Marcos. Ito ang dahilan kung bakit sa Tagalog ang kataga na ito ay nasa loob ng panaklong. Gayunpaman, kahit na hindi ilagay ang kataga na ito sa talata, malinaw pa rin ang punto na sinasabi sa talata na kung saan ay nakadagdag mismo sa pagtataka ng mga alagad (v. 26). Yung pangungusap ni Jesus sa talatang 25 ay makakatulong sa atin upang maunawaan ang kanilang 'lalong pagtataka.'

10:25 Ang sinabi na ito ni Jesus ay isinalin ng isang manunulat sa ganitong paraan:

> "Mas madali mo pang isiksik ang kalabaw sa butas ng karayom kaysa sa isang mayaman na nag-uumapaw ang bulsa sa kwarta."[1]

Sa Palestina, ang kamelyo ang siyang pinakamalaking kargador na hayop. Yung 'butas ng karayom' (Gr. *hraphis*) na kataga ni Jesus rito ay isang 'hyperbole'—yun ay, eksaheradong paraan ng paglalarawan. Hindi ito dapat isiping literal.

10:26 Ang pagtataka ng mga alagad ay dulot ng pag-aakala na ang kayamanan ay indikasyon na ikaw ay mabuti at matuwid sa harapan ng Diyos.

10:27 Tinawag ni Jesus ang atensyon at pokus ng Kanyang mga alagad sa pamamagitan ng 'pagtingin' sa kanila. Ang punto lamang ni Jesus rito ay: ang kaligtasan ay ganap at sadyang gawa lamang ng Diyos (ikumpara.

---

[1]Moule, p. 80.

Jonas 2:9; Efe. 2:8-9). Imposible para sa tao na makamit ang kaligtasan sa pamamagitan ng kanyang sariling talino at lakas. Subalit magagawa ng Diyos na taus-pusong ipaunawa sa isang tao ang kanyang ganap na pananangan lang sa Kanya at bunga nito'y matatamo niya ang kaligtasan.

10:28 Dito ay nagsalita si Pedro bilang tinig ng iba pang mga alagad ("namin" at "kami"). Ngunit ang kanyang sinasabi rito ay nakatuon pa rin sa pisikal sa halip na sa espirituwal na pananaw. Ibinalik niya rito ang usapin sa paksa ng pagtalikod sa lahat ng bagay upang sumunod kay Jesus (v. 22). Sa lagay ng pinunong binatang mayaman, tinalikuran at tinanggihan niya ang hamon ng pagsunod kay Jesus. Subalit silang mga alagad ay kinalimutan ang lahat at sumunod sa Panginoon. Ang salitang "kami" ay empatiko sa tekstong Griego. Kumpara kay Mateo, hindi na itinala ni Marcos ang tanong ni Pedro: "Ano naman po ang para sa amin?" Syempre, hindi na kailangan pang ilagay ang tanong na ito sapagkat sapat na ang pangungusap na sinabi ni Pedro para malaman ang kanyang ibig sabihin.

10:29-30 Hindi sinaway ni Jesus si Pedro sa kanyang tila makasariling pahayag, sa halip, ginantimpalan Niya ang sakripisyong ginawa ni Pedro sa pamamagitan ng isang pangako. Ang mga tagasunod ni Jesus na taus-pusong sumusunod sa Kanya ay makakaasa ng tatlong bagay: Una, sila ay masaganang bibiyayaan ng Diyos ng mga espirituwal na pagpapala na higit na marami at dakila kumpara sa kanilang pisikal na isinakripisyo. Ikalawa, haharap sila ng mga pag-uusig bilang mga disipulo o tagasunod ni Jesus. Kapansin-pansin na si Marcos lamang ang bumanggit ng ikalawang bagay na ito, at siguro ay para sa kapakanan ng kanyang mga orihinal na mambabasa – na siguradong inaasahan o dili kaya'y dumaraan na sa pag-uusig. Ang komitment sa pagiging isang disipulo ni Jesus ay nangangahulugan ng pag-uusig at pati na rin ng gantimpala. At ikatlo, ang mga matapat na tagasunod ni Jesus ay tiyak na magkakaroon ng lubos na kaligayahan sa kanilang tatamuhin na buhay na walang hanggan kumpara sa mga tagasunod na walang katapatan (ikumpara. Juan 10:10; 17:3; 1 Juan 2:28).[1]

> "Ang Diyos ay walang inaalis sa sinumang tao na hindi Niya ibabalik ng bago at lubhang napakaluwalhati."[2]

---

[1]Tingnan ang sinasabi ni Dillow, pp. 135-36.

[2]Lane, p. 372.

Ang katagang “sa buhay na ito” ay tumutukoy sa panahon simula nang si Jesus ay pumunta dito sa daigdig at hanggang sa araw na Siya’y bumalik. Samantala, ang katagang “sa kabilang buhay” ay tumutukoy sa panahon na itatatag ni Cristo ang Kanyang kaharian dito sa lupa.

10:31 Sa madaling salita, yaong nasa mataas at nauunang ranggo sa mundong ito; yun ay, silang may mga mahahalaga at hinahangaang posisyon na gaya mismo ng pinunong binatang mayaman, sila ay magiging huli o lugi sa bandang huli. Sa kabilang banda, sila naman na sa kasalukuyan ay nahuhuli, na gaya mismo ng Labing-Dalawang Alagad, sila mismo ang siyang magiging una sa itinakdang panahon. Ang kasabihan na ito ay ginamit rin ni Jesus sa iba pang okasyon ng Kanyang ministeryo (ikumpara. Mat. 20:16: Lukas 13:30). Ang kasabihang ito ay nagsisilbi ring babala kay Pedro na huwag maghanap ng panandaliang pisikal na mga gantimpala para sa kanyang mga sakripisyo. At syempre, ito rin ay nagpapaalala sa kanya na mayroong maluwalhating hinaharap na naghihintay para sa kanya (ikumpara. Mat. 20:1-16). Dagdag pa, ang pananalitang ito ang siyang nagsilbing buod para sa turo ni Jesus tungkol sa pagiging isang disipulo kaugnay mismo sa tagpong iyon at sa seksyon na ito ng Ebanghelyo ni Marcosl (vv. 1-31).

Ang tatlong aralin tungkol sa pagiging isang disipulo na itinala ni Marcos sa seksyon na ito ng kanyang Ebanghelyo ay tumatalakay lahat sa paksa ng pagsasakripisyo (10:1-31). Matapos ipahayag ni Jesus ang propesiya tungkol sa Kanyang daranasing kahirapan, ang mga aral Niya ay natuon sa kaluwalhating darating (8:31—9:29). At pagkatapos ng Kanyang ikalawang pagpapahayag ng kamatayan, ang mga aral Niya ay natuon naman sa kasalukuyang kahirapan (9:30—10:31).

C. Ang Ikatlong Pagpapahayag ni Jesus tungkol sa Kanyang Kamatayan at ang Taglay nitong mga Aral 10:32-52

Ito ang huling pagkakataon ng pagbanggit ni Jesus sa Kanyang mga alagad na Siya’y mamamatay subalit muling mabubuhay. At sa bawat pagkakataon na binabanggit ito ni Jesus sa kanila, sila’y Kanyang binibigyan ng mga dagdag na impormasyon. Sa unang pagkakataon ay masyadong naging mainit ang reaksyon ng mga alagad (8:32). Sa ikalawang pagkakataon ay hindi nila naunawaan ang Kanyang ibig sabihin at natatakot naman sila na humingi ng eksplanasyon (9:32). At ngayon, sa ikatlong pagkakataong ito, walang naitala si Marcos na reaksyon sa pagbanggit na ginawa ni Jesus, liban nga lang sa sumunod na tagpo na mayroong nagaganap na argumento tungkol sa kung sino ang

pinakadakila sa kaharian ng Diyos na maitatatag dito sa lupa. Maliwanag na naman rito na hindi na naman nauunawaan ng mga alagad ang paparating na mangyayari; nakatuon kasi ang kanilang pansin sa pinaniniwalaan nilang kaharian ng Langit na itatatag sa lupa; at syempre, bawat isa sa kanila ay may mahalagang papel na gagampanan rito. Iyan ang laman ng kanilang isip. Subalit nagpatuloy si Jesus sa Kanyang pagtuturo at dito nga ay matutunghayan natin ang Kanyang mga aralin na kinakailangang malaman ng mga alagad tungkol sa pagiging isang tunay na disipulo.

1. Ang Ikatlong Propesiya ni Jesus tungkol sa Kanyang Kamatayan 10:32-34 (ikumpara. Mat. 20:17-19; Lukas 18:31-34)

10:32 Si Jesus at ang Kanyang mga alagad ay naglakbay patungong Jerusalem; sila'y galing sa Perea o sa silangang bahagi ng Judea. Hindi pa sila nakakadaan sa Jericho (vv. 46-52). Yung katagang "nauuna sa kanila si Jesus" ay tipikal na asta ng isang Rabbi o guro. Nagpapakita ito na si Jesus ay determinadong pumunta sa Jerusalem sa kabila ng mapait na kamatayan na naghihintay sa Kanay roon (ikumpara. 14:28; 16:7). At siguro, ang Kanyang ipinamalas na pag-uugaling ito ang siyang nagdagdag sa pagtataka at pangangamba ng mga alagad. Samantala, yung iba pang 'mga taong sumusunod' sa Kanya ay natatakot naman sapagkat nasa isip pa nila yung mga bagay na sinabi ni Jesus tungkol sa kahirapan na Kanyang pagdaraanan doon. At sa tagpo nga na ito, 'ibinukod' ni Jesus ang LabingDalawa upang kausapin at bigyan pa ng dagdag na impormasyon tungkol sa Kanyang nalalapit ng pagtitiis.

10:33-34 Ang tsart sa ibaba ay nagbibigay ng higit na detalye tungkol sa propesiya at katuparan ng kamataya ni Jesus—inihahambing ito sa dalawang nagdaang mga propesiya.[1]

		Unang Propesisya 8:31—9:29	Ikalawang Propesiya 9:30—10:31	Ikatlong Propesiya 10:32-52	Tagpong Salaysay sa Kamatayan ni Jesus 14:1—15:47
1.	Ibibigay sa Sanhedrin		9:31	10:33	14:53

[1]Hinango mula sa pag-aaral ni Taylor, p. 436.

2.	Hahatulan ng Sanhedrin	8:31		10:33	14:64
3.	Ibibigay sa mga Romano			10:33	15:1
4.	Tutuyain, luluran, at hahagupitin	(9:12)		10:34	14:64; 15:15, 16-20
5.	Papatayin	8:31	9:31	10:34	15:24, 37
6.	Muling Mabubuhay	8:31; 9:9	9:31	10:34	16:1-8

Dahil mayroong malapit na ugnayan na makikita sa pagitan ng mga propesiya at mga katuparan sa tagpo ng kamayan ni Jesus, may mga komentaristang naniniwala na imposibleng mahulaan ni Jesus ang mga pangyayaring ito.[1] Gayunpaman, kahit na hindi natin pag-usapan ang propetikong kakayahan ni Jesus, may mga pwede Siyang asahan na mangyayari sa Kanya sa Jerusalem. Alam ni Jesus ang malalim na galit na nananaig sa puso ng mga relihiyosong pinuno na kontrabida sa Kanya, at alam rin Niya ang mga propesiyang nasusulat sa Lumang Tipan tungkol sa magiging misyon ng Messias (ikumpara. Aw. 22:6-8; Isa. 50:6; 52:13—53:12).

> Sa aklat ni Marcos, ang “Jerusalem” ay lugar ng panganib at hatol ng kamatayan. Ito ang tahanan at balwarte ng mga kaaway ni Jesus. Dito nagmula ang mga Pariseo at Eskriba na pumunta sa Kanya sa Galilea upang usigin Siya at ang Kanyang mga alagad. At ang ‘Templo’ na siyang itinuturing na tahanan ng Diyos at pinagmumulan ng relihiyosong awtoridad at lakas ng mga Pariseo at Eskriba ay laging lugar na matinding sagupaan. Dito naganap ang pinakamatinding enkwentro sa pagitan ni Jesus at ng mga

[1]E.g., Nineham, p. 278.

relihiyosong pinuno – na sa bandang huli'y humantong sa Kanyang kamatayan."[1]

2. Ang Turo ni Jesus tungkol sa Paglilingkod 10:35-45 (ikumpara. Mat. 20:20-28)

Ang bahaging ito ay may pagkakahawig sa 9:30—37. Bawat seksyon na ito ay tumatalakay sa tunay na diwa ng kadakilaan. Ang mga aral na ito ay nakaugnay sa prediksyon ni Jesus tungkol sa Kanyang kamatayan. At dito nga sa tagpong ito, ang mga alagad ay kulang pa rin sa espirituwal na pang-unawa. Sila'y pinangingibabawan pa rin ng pagkamakasarili na higit pa sa damdaming naipahayag nila sa unang tagpo na kung sino sa kanila ang pinakadakila. Subalit bago natin husgahan ang mga alagad sa kanilang kahangalan, dapat nating tandaan ang kultura na kanilang kinalalagyan. Sa kanilang kultura, ang kaganapan ay higit na mahalaga kaysa sa oras o panahon; likas ito sa kultura ng mga taga-Silangan gaya nating Pilipino. At yun nga, higit na natuon ang mga alagad sa darating na kaganapan tungkol sa itatatag na kaharian ng Langit sa lupa. Ito ang kanilang inaasahan at nananabik sila sa mga pwede nilang maging katungkulan sa kahariang ito. At yun nga, dahil rito, nawala sa kanilang pansin ang kababanggit pa lang ni Jesus na propesiya tungkol sa mangyayaring pag-aresto sa Kanya, kamatayan, at muling pagkabuhay. Hindi nila gusto ang kaganapan na ito; hindi ito nakakasabik sa kanila.

10:35-37 Hindi kapani-paniwala ang kahilingan rito nina Santiago at Juan. Gusto nilang ibigay sa kanila ni Jesus ang kanilang 'hinihingi.' Kung babasahin mo ang tagpong ito, makikita mo na nang sila'y tinanong ni Jesus kung ano ang kanilang kahilingan, hiniling nila ang pinakamataas na posisyon sa kaharian ng Messias. Sa kanilang kultura, ang taong nakaupo sa kanang bahagi ang siyang mayroong pinakamataas na posisyon, at ang nakaupo sa kaliwang bahagi ang siyang ikalawang may mataas na posisyon.[2] Syempre, walang dud ana naniniwala ang dalawang magkapatid na ito na si Jesus ang Messias at kanilang ipinalagay na Kanya ng itatatag ang kaharian ng Langit sa lupa kapag sila'y napunta na sa Jerusalem.

Sa salaysay ni Mateo, si Salome na kanilang ina – kapatid ito ng ina ni Jesus – ang siyang nagpahayag ng kanilang kahilingan kay Jesus (Mat. 20:20). Subalit sa salaysay ni Marcos, kanyang itinala na sila mismo ang nagsabi nito sapagkat ang kahilingan ay nagmula naman sa laman ng

[1]Kingsbury, p. 4.

[2]Josephus, *Antiquities of …*, 6:11:9. Cf. 1 Kings 2:19; and Ps. 110:1.

kanilang puso – bagamat si Salome na kanilang ina ang bumanggit nito. Siguro inisip nila na ang kanilang koneksyon sa pamilya ni Jesus ay magpapaging dapat sa kanilang kahilingan. Sina Santiago at Juan ay mga pinsan ni Jesus (ikumpara. Mat. 27:55-56; Marcos 15:40; Juan 19:25). At noong panahong iyon, madalas at karaniwan na inilalagay ng mga pinuno sa mga mahahalagang posisyon ang kanilang mga kamag-anak o kapamilya.

> "Ang tagpong ito ay naglalaman ng isang napakaliwanag na kapahayagan ng kahangalan ng tao. Bakit? Sapagkat ipinapakita rito na kahit na ang taong may relihiyosong kasigasigan ay pwedeng maging ambisyoso. Sila na hindi kontento kay Jesus, sa Kanyang presensya at mga pangako ay tiyak na maliligaw ng landas."[1]

10:38 Silang makakabahagi sa karangalan ni Jesus sa panahong itatatag ang kaharian ng Langit sa daigdig ay dapat na makibahagi rin sa Kanyang mga paghihirap sa kasalukuyang panahon. Sa ibang salin sa Tagalog ay maaaring hindi makita ang salitang “saro,” subalit ito ay nasa wikang Griego. At sa Lumang Tipan, ang “saro” ay madalas na sumasagisag sa mga paghihirap (Aw. 75:8; Isa. 51:17; Jer. 25:15-28; 49:12; 51:7; Ezek. 23:31-34; Hab. 2:16; Zech. 12:2; ikumpara. Pah. 14:10; 16:19; 17:4; 18:6), bagamat minsan ito rin ay ginagamit bilang simbolo ng kaligayahan (Aw. 23:5; 116:13). Gayundin naman, ang bautismo – ang mapasailalim ng tubig – ay sagisag rin ng pagdaan sa kahirapan (Job 22:11; Aw. 18:16; 69:1-2, 15; Isa. 43:2).

10:39 Siguradong hindi pinag-isipan ng mabuti nina Santiago at Juan ang kanilang sagot. Sinabi nilang magagawa rin nilang batahin at danasin ang lahat ng pagsubok at paghihirap na pagdaraanan ni Jesus. Nasabi nila ito sapagkat hindi nila nauunawaan o pinakinggang mabuti ang propesiya ni Jesus tungkol sa Kanyang kamatayan. Nang dahil sa kanilang hangarin na maging sikat at angat at pinadakila, may pagmamalaki silang nangako kay Jesus na mapagtatagumpayan nila ang lahat ng bagay. Gayunpaman, ang hindi nila alam, talaga namang pagdaraanan rin naman nila ang ilang paghihirap na babatahin ni Jesus. At yun nga, si Santiago ang naging

[1]Calvin, 2:417.

kauna-unang martir sa mga apostol (Gawa 12:2), at si Juan naman ay maaaring ang pinakahuli sa LabingDalawa na namatay.[1]

10:40 "Ipinapakita sa salin sa Tagalog na tila ang pagbibigay ng gantimpala sa kaharian ng Messias ay wala mismo sa kamay ni Jesus. Gayunpaman, hindi ito ang ibig sabihin ni Jesus. Sa halip, nais Niya lang sabihin na bagamat may karapatan o prerogatibo Siya na magtalaga ng mga katatayuan sa Kanyang kaharian, ngunit ang kapangyarihan na mag-alis o maglagay ng mga taong dapat maupo sa ganito at ganyan ay hatid mismo ng makatarungan at soberanong pagtatalaga ng Kanyang Ama."[2]

"Ang sagot ni Jesus ay minsan pang nagpapakita ng Kanyang supernatural na kaalaman."[3]

10:41 Ang inggit na reaksyon ng iba pang mga alagad ay nagpapakita rin na sila man ay may makasariling ambisyon.[4] At minsan pa, sa tagpong ito, kailangang ulitin ni Jesus ang Kanyang katuruan tungkol sa tunay na kadakilaan. Ito'y dahil sa hindi pa rin natutunan ng mga alagad ang mga aral na hatid nito sa kanilang buhay (9:33-37).[5]

10:42-43 Ang karapatang mamahala at awtoridad pagdating sa kaharian ng Langit na itatatag sa lupa ay bunga ng matapat at mapagpakumbabang paglilingkod sa kasalukuyan.[6] Sa madaling salita, dapat na matuon ang mga alagad sa kanilang kasalukuyang paglilingkod sa halip na sa panghinaharap na karangalan at kaluwalhatian. Ang mga tao sa mundo ay nakapokus sa pagkakaroon ng posisyon, subalit ang mga tagasunod ni Jesus ay dapat na matuon sa katangiang magpapaging dapat sa kanila na tumanggap ng karangalan. Ang mga pagano at di-mananampalataya (yun ay, "ang pinuno ng mga Hentil") ay nagpapamalas ng kanyang awtoridad sa pamamagitan ng pagpapakita na siya ang dapat masunod at kilalaning panginoon. Subalit ang mga alagad ay hindi dapat na gayon. Sa halip,

---

[1]See Lane, p. 381, footnote 87; and Mann, pp. 412-13.

[2]Bruce, *The Training …,* p. 286.

[3]Gundry, p. 577.

[4]Cf. Cole, p. 170.

[5]See Santos, pp. 23-25.

[6]See idem, "The Paradox of Authority and Servanthood in the Gospel of Mark," *Bibliotheca Sacra* 154:616 (October-December 1997):452-60.

dapat nilang inilalagay ang sarili sa kusang-paglilingkod at pagtulong sa iba.

10:44 Ang salitang “alipin” (Gr. *doulos*) rito ay siya na isinakripisyo ang karapatan upang paglingkuran ang tao o amo na nagmamay-ari sa kanya (ikumpara. Lukas 22:24-30). Hindi lahat ng mga alipin ay kusang-loob na naglilingkod. Ang salitang Griego sa puntong ito ay nagpapahiwatig ng ‘pagpapasailalim,’ hindi pagpapaalipin.

Pansinin mo na hindi sinaway ni Jesus ang Kanyang mga alagad na maging dakila o asaming maging dakila sa Kanyang kaharian sa lupa. Ang ambisyon na ito ay mabuti. Subalit, itinuwid Niya ang kanilang pokus sa makasariling mga hangarin. Nilinaw Niya sa kanila ang paraan kung paano makamtam ang tunay na kadakilaan sa Kanyang kaharian.

> "Parang gustong sabihin ni Jesus ay ganito: ang mga kaharian dito sa daigdig ay pinaghaharian ng mga taong nagmana ng ranggo at mataas na katatayuan – yun ay, ang mga aristokrasya, mga maharlika, at ang mga prinsipe. Silang kabilang sa klase ng mga taong ipinanganak para mamuno, ang kanilang pagmamalaki ay hindi kaylanman para maglingkod sa kapwa. Ang gusto nila ay ang paglingkuran sila. Subalit sa aking kaharian, ang isang tao ay nagiging isang dakila at pinuno kapag pinaglilingkuran niya ang mga taong kanyang pamumunuan."[1]
>
> "Ang ‘paradox’ o kakaibang-kabaligtaran sa Kaharian ng Diyos ay ito: sa halip na umastang mga amo at panginoon, ang mga dakila ang siyang nagiging alipin; at ang pinaka dakila ang siyang nagiging alipin ng lahat."[2]

10:45 Kapansin-pansin na maging ang Anak ng Tao ay kailangang sumunod sa prinsipyong Kanyang itinuro. Siya mismo ang dakilang halimbawa nito. Ang Kanyang pagkakatawang-tao ay hindi upang maging isang pinuno na paglilingkuran ng iba, kundi isang lingkod na magmamalasakit at tutugon sa pangangailangan ng iba.

---

[1]Bruce, *The Training …,* pp. 290-91.

[2]Gould, p. 202.

Ang paglilingkod na ginawa ni Jesus ay humantong sa pag-aalay ng Kanyang buhay para "ikatutubos" ng marami (Gr. *lytron*, ikumpara. Mat. 20:28). Sa *koine* na uri ng wika sa Griego (ang karaniwang wikang Griego na ginamit sa Bagong Tipan) ang salitang *lytron* ito ay karaniwang ginagamit para sa perang pambayad sa mga aliping nais palayain. At sa Bagong Tipan, ito ay nagkaroon ng theolohikal na kahulugan na simpleng tumutukoy sa kalayaan o katubusan. Ngunit lumabas lang ang salitang ito sa Bagong Tipan sa Mateo 20:28 at Marcos 10:45. Ang kwento ng pagpapalaya sa aklat ng Exodo ang siyang napakagandang halimbawa sa Lumang Tipan para sa diwa at ng salitang bilang kaligtasan at pagpapalaya.

Sa Griego, mayroong salita ng ginamit, *anti*. Ito ay ginamit lamang dito kay Marcos at nangangahulugang "sa halip na," "para sa kapakanan" o "para." Sa isang salin sa Tagalog, ang mababasa lang kasi ay "ibigay ang kanyang buhay sa ikatutubos." Ang dapat na pagkakasalin ay, "ibigay ang kanyang buhay para sa ikatutubos." Sa madaling salita, ang salitang ito ay nangangahulugan ng 'substitution' o pagiging kahalili (ikumpara. Mat. 2:22; Lukas 11:11; 1 Ped. 3:9).[1]

Samantala, ang salitang "marami" rito ay naglalatag ng pagkakaiba sa isang "buhay" (Gr. *psychen*) ni Jesus na iaalay bilang pambayad o pantubos sa buhay ng marami (ikumpara. 14:24). Ang punto ay, ang gawa ng isang tao ay nakaapekto sa buhay ng marmai (ikumpara. Isa. 53:11-12). Subalit ang salitang "marami" ay hindi nagbibigay ng pagkakaiba sa "lahat." Sa isang punto ang kamatayan ni Jesus ay nagbigay ng pakinabang sa lahat at sa kabilang punto ay tinanggap lamang ng mga hinirang, subalit hindi ito ang punto na nais sabihin ni Jesus talatang ito. Ang punto rito ay, si Jesus ang Siyang naging kahalili para sa makasalanang kalagayan ng marami. Siya ang pumasan at nagbayad ng ating mga kasalanan (Juan 3:16; Tit. 2:11; 1 Juan 2:2; atbp.).

Ang talatang ito ay hindi lamang 'climax' o sukdulang bahagi ng seksyong ito (vv. 35-41), ito ang siyang pinaka susing talata sa Ebanghelyo ni Marcos.[2] Binubuod rito ang ministeryo ni Jesus bilang Lingkod ng Diyos na maghihirap para sa atin; ito mismo ang paksa na siyang binibigyang

[1]Moulton and Milligan, p. 46; Cranfield, p. 343.

[2]Morgan, *The Gospel …*, p. 240; et al.

pansin ni Marcos.[1] Ang talatang ito ay nagsisilbi ring kapahayagan ng darating na kamatayan ni Jesus, bagamat sinasaad na rito ang layunin ng Kanyang kamatayan – bagay na hindi pa Niya sinabi sa mga nakaraang pahayag.

> "Kumpara sa anumang talata na mababasa sa Ebanghelyo, ang talatang ito ang siyang nagpapakita ng pinaka malinaw na dahilan at layunin ng pagdating ni Cristo. Gayunpaman, ang theolohikal na katotohanang ito ay ipinahayag upang palakasin at pasiglahin ang praktikal na pamumuhay sa araw-araw."[2]

Sa paglipas ng panahon ay naunawaan na rin ni Juan ang kahalagahan ng kapakumbabaan. Ito ay mababasa natin sa kanyang isinulat sa 1 Juan 3:16. Ang sabi niya, "Inialay ni Cristo ang Kanyang buhay dahil sa atin. Dapat din nating ialay ang ating buhay dahil sa mga kapatid."

PAGKAKAIBA SA PAGITAN NG KATULONG AT LINGKOD

Katulong	Lingkod
Ang katulong ay tutulong kapag maginhawa sa pakiramdam.	Ang lingkod ay maglilingkod kahit na hindi maganda sa pakiramdam.
Ang katulong ay tutulong lang sa mga taong gusto niya.	Ang lingkod ay maglilingkod kahit na hindi niya nagugustuhan ang mga tao.
Ang katulong ay tutulong kapag gusto niya ang trabaho.	Ang lingkod ay maglilingkod kahit na hindi niya gusto ang trabaho.
Ang katulong ay tutulong sapagkat gusto niyang may maramdamang personal na lugod.	Ang lingkod ay maglilingkod kahit na hindi siya makadama ng personal na lugod.
Ang katulong ay tutulong bilang alalay lang ng isang tao.	Ang lingkod ay maglilingkod para palakasin ang kanyang tinutulungan.

[1]See John C. Hutchison, "Servanthood: Jesus' Countercultural Call to Christian Leaders," *Bibliotheca Sacra* 166:661 (January-March 2009):53-69.

[2]Hiebert, p. 261.

3. Ang Pagpapagaling sa Isang Bulag na malapit sa Jericho 10:46-52 (ikumpara. Mat. 20:29-34; Lukas 18:35-43)

Siguro ay isinama ni Marcos ang tagpong ito sa kanyang Ebanghelyo sapagkat nais niyang bigyan ng paglalarawan kung paano bubuksan ni Jesus ang espirituwal na paningin ng Kanyang mga alagad na nananatili pa ring nakasarado (ikumpara. 8:22-26). Ito ang huling himala ng pagpapagaling na itinala ni Marcos sa kanyang aklat.

> "Itong ikalawang salaysay tungkol sa pagpapagaling sa isang bulag (tingnan ang 8:22-26 para sa unang salaysay) ay nagsisilbing konklusyon o panapos para sentral na seksyon na ito sa Marcos (8:27—10:52). Ito ay nagsisilbi ring 'sandalan' ng seksyong ito. Itinala ang mga ito upang ipahiwatig ang kalagayan ng mga alagad na sarado ang espirituwal na paningin. Nahihirapan silang maunawaan ang dahilan kung bakit kinakailangan ng mamatay si Jesus at ang magkaroon sila ng paninindigan na maging tapat kay Cristo sa gitna ng mga pag-uusig. Ito lamang ang tagpo sa aklat ni Marcos na si Jesus ay tinawag na 'Anak ni David.' Ang di pagtanggi ni Jesus sa titulong ito kaalisabay ng Kanyang ginawang pagpapagaling sa bulag ay nagsisilbing ebidensya na Siya nga ang Messias."[1]

10:46 Ang Jericho ay matatagpuan ng limang milya sa kanlurang bahagi ng Ilog Jordan at anim na milya sa hilaga ng Patay na Dagat (Dead Sea).

May mga iskolar na sinusubukang iugnay ang salaysay na ito sa iba pang dalawang kaparehas na tagpo sa Sinoptiko – yun ay, sa iba pang Ebanghelyong aklat. May ibang naniniwala na ang mga salaysay tungkol ay nagpapakita ng tatlong magkakaibang tagpo. May ibang naniniwala na may dalawang pagpapagaling na naganap, ang isa ay sa pagpasok ni Jesus sa Jericho (Lukas 18:35), at ang ikalawa ay nang paalis na Siya ng Jericho (Mat. 20:29; Marcos 10:46). Gayunpaman, may iba ring naniniwala na may isa lamang na pagpapagaling rito, at ito ay nangyari sa pagitan ng tinatawag na 'Luma' at 'Bagong Jericho' na ipinatayo ng Dakilang Herodes isang milya sa timog-kanluran ng lumang lungsod.[2] Ito ang pananaw na

---

[1]Bailey, "Mark," p. 87. Paragraph division omitted.

[2]E.g., Zane C. Hodges, "The Blind Men at Jericho," *Bibliotheca Sacra* 122:488 (October-December 1965):319-30.

mas nagugustuhan ko yamang ang tatlong pagsasalaysay ay may pagkakatulad.

> "Ang lumang lungsod ay wasak na sa unang siglo pa lang. Subalit ang bagong lungsod na muling ipinatayo ng tinaguriang Dakilang Herodes ay nagsilbing kanyang palasyo sa taglamig. Kaya sa panahong naganap ang tagpo na ito, ang bagong lungsod ay isang napakagandang lugar."[1]

Subalit may isa pang pananaw na nagsasabi na may mga pulubing lumapit kay Jesus upang sila'y pagalingin. Pinagaling naman Siya sila habang Siya'y papaalis. Gayunpaman, ang mga paglalarawang naganap sa tagpong ito ay kumukontra sa teoryang ito.

Si Marcos lamang ang ebanghelista na nagtala ng pangalan ng isa sa dalawang pulubi. Ito minsan pa ay nagpapakita ng kanyang interes sa mga indibidwal sa tauhan sa kanyang salaysay; si Marcos ay madetalye. Siguro ay kilala ng mga orihinal na mambabasa ni Marcos ang pulubing si Bartimeo.

10:47-48 Ang dalawang pagsasalarawan kay Jesus sa mga talatang ito ay nagpapakita ng pananalig ni Bartimeo. Si Jesus ay tinawag lang ng mga tao na "taga-Nazaret." Subalit si Bartimeo, simula nang mabalitaan niya ang tungkol kay Jesus, siya'y naniwala na si Jesus ang Messias. Ang katagang "Anak ni David" ay isang messianikong titulo (ikumpara. 11:9-10; 12:35-37; 2 Sam. 7:8-16; Isa. 11:1, 10; Jer. 23:5-6; Ezek. 34:23-24). Isipin mo ito: bagamat si Bartimeo ay bulag, higit niya pang nakita si Jesus sa kung sino talaga Siya, kumpara sa pagkakakita ng mga tao. Ang kanyang iyak ng paghingi ng tulong at habag ay nagpapakita ng kanyang ugali ng pagtitiwala, kapakumbabaan, at pananangan kay Jesus – ito ang mga pag-uugali na itinuturo mismo ni Jesus sa Kanyang mga alagad na hirap na hirap sa pagsasabuhay ng mga ito.

> "Marahil, hindi na pinatahimik ni Jesus ang bulag na pulubi (kumpara sa tagpong nasa Kab. 8:30) sapagkat Siya ay malapit na sa Jerusalem kung saan ang Kanyang messianikong panawagan ay matutupad na. Ang

[1]Mann, p. 421.

> ‘messianikong lihim’ ay isinantabi na sapagkat dapat ng maging malinaw sa mga tao na si Jesus ay pupunta sa Jerusalem at mamatay roon bilang ang pinangakong Messias."[1]

10:49-50 Minsan pa, makikita natin dito na si Jesus ay tumugon na naman sa pananalig na isang mananampalataya. Ang tugon ni Bartimeo ay nagpatibay sa kanyang paniniwala na magagawa siyang tulungan ni Jesus. Dagdag pa, ang mga detalye o paglalarawan na ginawa ni Marcos sa tagpong ito ay nagbibigay pansin sa habag ni Jesus at sa matibay na paniniwala ng pulubing si Bartimeo.

10:51 Ang tanong ni Jesus ang tumulong kay Bartimeo na maipahayag ang kanyang pananampalataya. At sa pamamagitan nito ay personal na kinatagpo siya ni Jesus. Ang salitang “Guro” na ginamit rito ay "Rabboni." Ito ay empatikong personal na porma ng “rabbi.” Ito ay simpleng nangangahulugan ng “aking Panginoon at Maestro” (ikumpara sa Juan 20:16). Ito ay matatagpuan lamang dito sa Marcos.

10:52 Si Bartimeo ay agad na pinagaling ni Jesus sa pamamagitan lamang ng salita. Sinabi Niya na ang kagalingan ni Bartimeo ay bunga ng kanyang pananalig; ito ang siyang naging paraan at daluyan, bagamat hindi ang dahilan o pinagmulan. Sa wikang Griego, kapansin-pansin na yung katagang “magaling ka na” ay *sesoken*. Ang salitang ito ay nangangahulugan ng kaligtasan, kumbaga ay parang sinabi ni Jesus, “ligtas ka na.”

> "Sa aking palagay, pwede nating isipin na ang kagalingan na nangyayari sa katawan ni Bartimeo (ver. 47, 48) ay panlabas na larawan lamang ng nangyayari sa kanyang kaluluwa."[2]

> "Ang ikalawang yugto sa progresibong paghahayag ng katauhan ni Jesus (sa punto ng isang magbabasa) ay sumentro sa Kanyang pagiging Anak ni David (10:46—11:11; 12:35-37) … Ang bagay na kapansin-pansin sa tagpong ito ay itong si Bartimeo – ang pulubing may matinding pananampalataya – ay tumawag kay Jesus

[1]Lane, p. 387.

[2]Morison, p. 301.

> bilang ang Anak ni David. At nang ibigay ni Jesus ang hinihiling ni Bartimeo, Kanya ring tinanggap at pinatunayan sa pamamagitan nito na taglay Niya ang titulo at katauhan ng pagiging Anak ni David. At sa kabilang banda, Kanya ring tinupad ang bagay na inaasahan tungkol rito; ngunit hindi Niya muna ito ginawa sa pamamagitan ng pagiging isang haring mandirigma kundi sa pamamagitan ng paggamit ng Kanyang kapangyarihan na magpagaling at sa pamamagitan ito ay magsagawa rin ng pagliligtas."[1]

Ang tugon ni Bartimeo ay angkop at nararapat. Siya'y agad rin na sumunod kay Jesus doon mismo sa daan patungo sa Jerusalem, o kaya'y naging isa sa mga masugid na disipulo.

> "Mula sa pagiging isang kaawa-awang tao na walang patutunguhan, si Bartimeo ay binigyan ng bagong buhay na handang sumunod kay Jesus bilang isang masugid na disipulo."[2]

> "Nagsimula si Bartimeo sa kamalayan na mayroon siyang pangangailangan; tapos ay napuspos siya ng utang na loob ng dahil sa habag na kanyang tinanggap; at namuhay siya ng may katapatan hanggang sa katapusan—iyan mismo ang buod ng diwa ng pagiging isang tunay na disipulo ni Cristo."[3]

> "Si Bartimeo ay isang napakalinaw na larawan ng pagiging isang disipulo. Naunawaan niya ang kanyang kawalang kakayahan. At dahil rito'y umasa at nagtiwala siya kay Jesus na tanging makapagbibigay sa kanya ng habag ng Diyos. At nang makatanggap na siya ng isang malinaw na paningin, siya'y taus-pusong sumunod kay Jesus."[4]

Gaya ng ating nasabi, ang tagpong ito ang siyang naglatag ng 'climax' sa salaysay ni Marcos. Dito'y tapos na ang paglalakbay ni Jesus sa Galilea at ngayo'y patungo na Siya sa Jerusalem. Gaya ni Bartimeo, may ilang mga tao na naniniwala at sumusunod kay

---

[1]Kingsbury, p. 45. Inalis ang dibisyon sa paragrap. Ikumpara. 8:27-30; a 11:12—15:39.

[2]Evans, p. 134.

[3]Barclay, p. 272.

[4]Grassmick, p. 155.

Jesus, subalit mayroon din namang iba, na gaya ng mga relihiyosong pinuno, na galit sa Kanya. Ang labanan kung gayon na magaganap sa Jerusalem ay malapit na at hindi na maiiwasan.

VI. ANG MINISTERYO NG LINGKOD NG DIYOS SA JERUSALEM KAB. 11—13

Ang natitirang bahagi sa ministeryo ni Jesus, gamit ang salaysay ni Marcos, ay nangyaring lahat sa Jerusalem. Ang kabanatang 11—13 ay nagsasalaysay ng ministeryo ni Jesus sa lungsod na ito bago maganap ang Kanyang kahirapan at kamatayan. Mababasa rito ang Kanyang pormal na pagpapakilala sa bansang Israel (11:1-26), ang Kanyang pagtuturo sa Templo (11:27—12:44), at ang mga talakaying itinuro Niya sa Kanyang mga alagad na may kinalaman sa eskatolohikal o mga kaganapang mangyayari sa mga huling araw (kab. 13).

Kakaiba na prinisenta ni Marcos ang mga kaganapan rito na tila nangyari sa loob ng tatlong araw. Tuwing umaga ay pumapasok si Jesus sa Jerusalem at kapag gagabi na ay aalis papuntang Betania (ikumpara. 11:11-12, 19-20). Mayroong nagmungkahi na maaaring pinaikli ni Marcos ang panahon ng mga kaganapang ito, kahit na ang mga ito ay maaaring naganap ng ilang mga buwan, yun ay sa pagitan ng Pista ng Tabernakulo at ng Paskuwa.[1] Subalit ang apat na mananalaysay na ebanghelista ay nagbibigay ng impresyon at pahiwatig na ang mga kaganapang ito ay nangyari lamang sa loob ng isang linggo (ikumpara. Juan 12:1, 12-15), at ito rin ang siyang naging interpretasyon ng Iglesia simula pa noong ika-apat na siglo.[2]

A. ANG PORMAL NA PAGPAPAKILALA NI JESUS SA ISRAEL 11:1-26

Apat na kaganapan ang pinili ni Marcos na isalaysay: ang Matagumpay na Pagpasok sa Jerusalem (11:1-11), ang Pagsumpa sa Puno ng Igos (11:12-14), ang Paglilinis sa Templo (11:15-19), at ang Aral na Matutunanan sa Sinumpang Puno ng Igos (11:20-25). Ang mga tagpong ito ay sunod-sunod na nangyari sa loob ng tatlong araw (yun ay, Lunes hanggang Miyerkules).

---

[1]Lane, pp. 390-91.

[2]See Appendix 1, "A Harmony of the Gospels," at the end of my notes on Matthew for the events of Holy Week in chronological order.

1. Ang Matagumpay na Pagpasok sa Jerusalem 11:1-11 (ikumpara. Mat. 21:1-17; Lukas 19:29-44; Juan 12:12-19)

Ito ang ikalawang tagpo na kung saan ay itinala ng apat na ebanghelista; ang unang tagpo, kung iyong matandaan, ay ang tagpo ng pagpapakain sa 5,000 mga tao (ikumpara. 6:30-44). At syempre, ang bagay na ito ay nagpapahiwatig ng kahalagahan. Ang salaysay ni Marcos sa tagpong ito ay madetalye, bagay na nagpapakita na ito'y nagmula sa isang nakasaksi ng pangyayri – si Pedro. Gayunpaman, ang kanyang salaysay sa tagpong ito ay hindi nagbibigay ng malaking pansin sa kadakilaan ni Jesus bilang Messias at Hari ng Israel, kundi sa Kanyang pagiging isang mapagpakumbabang lingkod ng Diyos at lingkod ng mga tao.

> "Kahanga-hanga ang pagpunta ni Jesus sa Jerusalem. 1. Ipinakita Niya sa pamamagitan nito na hindi Siya takot sa kapangyarihan at kabagsikan ng Kanyang mga kaaway sa Jerusalem. Hindi Siya pumasok rito ng *incognito* o palihim kundi hayagan. 2. Ipinakita Niya na hindi Siya nababagabag sa paparating na kahirapan at kamatayan na daranasin Niya. Hindi lamang Siya dumating sa lugar ng Kanyang kamatayan na nakikita ng publiko, kundi taus sa Kanyang puso."[1]
>
> "Ito ay isa sa mga okasyon sa buhay ni Jesus na kung saan malinaw nating makikita na tinanggap Niyang walang pasubali ang posisyon at papuri sa Kanya ng mga tao bilang ang ipinangakong Hari."[2]

11:1a Mula sa Jericho, si Jesus ay malapit na sa Jerusalem. Daraan Siya sa bayan ng Betania (yun ay, "Lugar ng mga Hilaw na Igos") at pagkatapos ay sa bayan ng Betfage ("Lugar ng mga Bubot na Igos "). Ang mga bayang ito ay matatagpuan sa timog-silangan na bahagi ng Bundok Olibo, na humigit-kumulang ay dalawang milya ang layo sa silangan ng Jerusalem. Ang Bundok ng Olibo ay may 2,600 talampakan ang taas sa 'level' ng dagat, at nasa hilagang bahagi ng Jerusalem. Samantala ang tinatawag na 'Kidron Valley' ang siyang naghihiwalay sa bundok na ito mula sa lungsod. Ang taas ng Bundok Olibo ang siyang nagbibigay ng napakagandang tanawin para sa kinatatayuan ng templo.

11:1b-2 Ang "susunod na nayon" na binabanggit rito ay tiyak na ang Betfage. Ito lamang ang bayan na mapupuntahan ng mga alagad kapag sila ay aalis ng Betania. Ang "bisirong asno" ay nangangahulugan ng isang batang asno.

---

[1]Henry, p. 1391.

[2]Morgan, *An Exposition …,* p. 428.

Ayon sa Kautusan ni Moises, ang isang hayop na gagamitin para sa isang banal na layunin ay kailangang yung hindi pa nagamit sa anumang karaniwang gawain (Blg. 19:2; Deut. 21:3). Ipinakuha ni Jesus sa Kanyang mga alagad ang batang asno kasama ang inahing asno (Mat. 21:2).

11:3 Ang salitang “Panginoon” bagamat nasa malaking letra sa Tagalog ay isang simpleng katawagan lang ng paggalang – na pwedeng gamitin ng may-ari ng asno tungkol kay Jesus na maaaring personal niyang nakilala o nabalitaan lang. Pero kung ang may-ari ng asno ay isang mananampalataya, maaaring ang salitang ito ay may malalim pang kahulugan, yun ay, si Jesus ay ‘Panginoon’ ng kanyang buhay. Subalit may ibang naniniwala na ang salitang ‘Panginoon’ sa tagpo na ito ay tumutukoy daw sa ‘Diyos,’ o sa mismong may-ari ng hayop.[1] Subalit hindi ginamit ni Marcos sa kanyang Ebanghelyo ang salitang “Panginoon” bilang titulo para kay Jesus.

11:4-6 Maaaring kasama sa “ilan sa mga nakatayo roon” ang may-ari ng asno (Lukas 19:33). At siguro, ang detalye sa tagpo na ito ay itinala ng mga Sinoptikong manunulat (ebanghelista) sapagkat ang ‘pagkalag’ nila sa asno ay nagpapahiwatig ng isang messianikong tanda (ikumpara. Gen. 49:8-12). Bago pa lang dumating si Cristo sa Israel, ang mga Judio ay mayroon ng interpretasyon sa Genesis 49:10 na messianiko[2]: "Sentrong sagisag ng lakas at kapangyarihan sa kanya kailanma’y hindi lilisan; mga bansa sa kanya’y magkakaloob, mga angkan sa kanya’y maglilingkod."

11:7 Gumawa ng komportableng sapin sa likod ng bisiro ang mga alagad upang ito’y masakyan ni Jesus. Ang paglalagay ng damit na balabal sa likod ng isang hayop ay nagpapahiwatig ng isang koronasyon. Ang bisirong asno ay itinalaga para kay Jesus at komportable Siya ritong sumakay. Siya ang Banal na tumupad ng Tipan kay Adan (Adamic Covenant) na pamahalaan maging ang mga hayop (Gen. 1:28; ikumpara. Mat. 17:27).

Ang desisyon ni Jesus na pumasok sa Jerusalem ay tumupad sa messianikong propesiya na nakasulat sa Zacarias 9:9, "O Zion, magdiwang ka sa kagalakan! O Jerusalem, ilakas mo ang awitan! Pagkat dumarating na ang iyong hari na mapagtagumpay at mapagwagi. Dumarating siyang may kapakumbabaan, batang asno ang kanyang sinasakyan.” Ang

---

[1]Cranfield, pp. 349-50; Taylor, p. 455.

[2]Lane, p. 395.

ganitong paraan ng pagpasok ay nagpapahiwatig ng Kanyang kapakumbabaan bilang isang pinunong-lingkod, hindi bilang isang pulitikal na mananakop. Kapag nais ipakita ng mga pinuno ng Israel ang kanilang mga sarili na lingcod ng taong-bayan, sila'y sumasakay sa asno (yun ay sa, Huk. 10:4; 12:14). Subalit kapag nais nilang ipamalas ang kanilang sarili bilang mga lider-militar, sila'y sumasakay ng kabayo. Dagdag pa, nakaugalian na ang mga manlalakbay na nais pumunta sa Jerusalem ay pumapasok ng nakapaa lang sa lungsod.[1]

11:8 Ang paglalatag ng kasuotan sa daraanan ng isang tao ay tanda ng paggalang at pagpupugay sa isang maharlika (ikumpara. 1 Hari 1:38-40; 2 Hari 9:12-13; 1 Mac. 13:51).[2]

> "Ang makikita sa tagpong ito ay isang kusang pagpapahayag ng paggalang."[3]
>
> "Sina Mateo, Marcos, at Juan ay gumamit ng magkakaibang paglalarawan para sa salitang "sanga." 'Sariwang sanga' ang ginamit ni Mateo, 'madahong sanga' naman ang kay Marcos at dahon ng palma naman ang kay Juan."[4]

Syempre, lahat ng paglalarawan na ito sa uri ng sanga na ginamit ay pawang makikitang lahat sa tagpong iyon ng pagsalubong ng mga tao kay Jesus.

11:9 Ang mga tao ay umaasa na si Jesus ang kanilang magiging Messias. Maliwanag ito sa kanilang sigaw: "Hosanna." Ang salitang ito ay transliterasyon sa Griego ng Hebreo na *hosi ah na* (ibig sabihin ay, "O iligtas mo na kami ngayon," Aw. 118:25). Ito ay sigaw ng papuri na tumatawag ng pagpapalaya at kaligtasan.

Ang katagang "Pagpalain ang dumarating sa pangalan ng Panginoon (ni Yahweh)" ay isang sipi mula sa Awit 118:26, na bahagi ng liturhiya ng mga Judio sa tuwing pista ng Paskuwa. Ito rin ang siyang naging karaniwang

---

[1]Ibid., p. 393.

[2]Evans, p. 143.

[3]Cranfield, p. 350.

[4]Wuest, 1:1:218.

pagbati sa mga panauhing manlalakbay sa.[1] Subalit dito sa tagpong ito, ang salitang ito ay nagkaroon ng bagong kahulugan (ikumpara. Gen. 49:10). May ilang komentarista na naniniwala na hindi nagbibigay pugay ang mga tao sapagkat si Jesus ang ipinangakong Messias.[2] Subalit para sa iba, ang mga kataga at paglalarawan na makikita sa tagpong ito ay malinaw na indikasyon na ipinapakilala ni Jesus sa mga tao na Siya mismo ang ipinangakong Messias.[3]

11:10 Yung sinabi ng mga tao rito tungkol sa kaharian ni David na muling itatatag sa lupa ("Pagpalain nawa ang kaharian ng ating amang si David, na muling itinatatag") ay nagpapakita lang na ito'y inaasahan nilang mangyari agad (2 Sam. 7:16; Amos 9:11-12). Gayunpaman, ang isang magandang makita rito ay ang pagkilala ng maraming tao kay Jesus bilang Anak ni David (Mat. 21:9).

Ang katagang "Hosana sa kaitasan" ay nagpapahayag ng ganito: "Oh, Ikaw na nananahan sa kalangitan, nawa'y sagipin Mo na kami ngayon!" Ito ay isang panawagan sa Diyos na iligtas ang Kanyang bayan. Yung 'chiastic' na istraktura ng mga pangungusap rito ng mga tao ay nagpapakita na sila ay umaawit sa 'antipona' na pamamaraan – yun ay, salitang pag-awit ng dalawang grupo at ito'y karaniwang ginagawa tuwing pista ng Paskuwa.

Sa tagpong iyon, maaaring isipin ng mga taong walang kaalaman tungkol kay Jesus na ang prosisyun na ito ay bahagi lang ng isang tradisyunal na pagdiriwang ng Paskuwa. Kapag ang mga manlalakbay na bisita kasi na nagmula sa silangan ng Bundok Olibo ay nasulyapan na sa kauna-unahang pagkakatoan ang templo, sila'y napapatalon sa galak at pagpupuri.[4] Ang gayong sigla at maingay na pagdiriwang ay hindi naman nakakatawag ng pansin ng mga sundalong Romano. Gayunpaman, ang pagdiriwang na naganap sa tagpong ito ng pagpasok ni Jesus sa Jerusalem ay halatang isang espesyal na pagdiriwang.

11:11 Dito ay makikita natin na si Jesus ay nakapasok na sa Jerusalem. Tila mabilis Niya ring napauwi ang napakaraming taong sumalubong sa Kanya sapagkat parang di na Niya sila kasama sa "pagpasok sa templo" (Gr.

---

[1]Wessel, p. 725.

[2]Cranfield, p. 351.

[3]E.g., Pentecost, *The Words …,* p. 373.

[4]Lane, p. 397.

hieron). Marami na Siyang beses na napunta sa looban ng Templo; kapansin-pansin ang Kanyang pagtingin-tingin sa paligid nito at naisip Niyang kailangan itong linisin minsan pa (ikumpara. Juan 2:13-22). At dahil sa “gumagabi na”—ang pintuan ng lungsod ay magsasara na—Siya muna ay umalis patungong Betania kasama ang Kanyang mga alagad upang doon ay magpalipas ng gabi.

> "Walang mainit na pagtanggap ang mga pinuno ng lungsod ng Jerusalem kay Jesus na isang propeta—Messias kung tutuusin—hindi gaya ng mainit na pagtanggap na mayroon Siya sa Galiliea. Nang si Jesus ay nakapasok na sa loob ng lungsod at ng templo, wala man lang bumuluga na pagbati mula sa mga relihiyosong pinuno. Sa madaling salita, si Jesus ay binalewala. At ang tangi Niya lamang magagawa sa sandalling iyon ay ang magpalipas ng gabi sa labas ng lungsod doon sa Betania kasama ang Kanyang mga alagad."[1]

"Sa kabuoan, tila maaari nating sabihin na ang pagpasok ng ating Panginoon sa Jerusalem sa gayong natatanging paraan ay Kanyang sinadya. Ito ay sinadyang magpahiwatig na Siya nga ang Messias, ang ‘Anak ni David,’ gayunpaman sa puntong ito, ang pagka-Messias na nais Niyang iparating ay espirituwal at hindi pulitikal. Ito ay dapat na intindihan muna sa punto ng propesiya ni Zacarias at hindi terminolohiya ng katagang ‘Anak ni David’ na may bahid na ng kontemporaryong ekspektasyon (gaya mismo ng nakasaad sa Mga Psalmo ni Solomon). Ngunit sa tagpong ito, dumating na ang panahon para ihayag ng Panginoon ang Kanyang katauhan bilang Messias doon mismo sa Jerusalem. Ginawa Niya ito sa paraan ng pagpapahiwatig sa halip na prangkahan upang hindi naman maging garapal ang Kanyang pagpapakila."[2]

"Naniniwala kami na ang ginawang aksyon ni Jesus na pagpasok sa Jerusalem ay parehas na hindi halata at di-malabong pamamahayag ng Kanyang pagka-Messias. Ang mga alagad at ang mga tao man ay walang kamalayan sa talagang messianikong kahulugan nito. Syempre, malinaw

---

[1]Evans, p. 147.

[2]Rawlinson, p. 151.

> na sa pagsasagawa nito ay tinutupad ni Jesus ang propesiya sa Zacarias 9:9, subalit ginawa Niya ito sa paraang 'paradoxical' o kabalintunaan; yun ay, ang kahulugan ng Kanyang aksyon ay nakatago. Sa madaling salita, ito ay parang natatabingang pahayag ng Kanyang pagka-Messias sa tagpong iyon – bagamat magiging malinaw naman sa Kanyang mga alagad sa paglipas ng panahon. Sa mga alagad, ito ay magiging kumpirmasyon ng katotohanan ng Kanyang pagka-Messias; malalaman nila sa pamamagitan nito na ang kasulatan ay natupad, bagamat ang bagay na ito ay hindi nila naunawaan sa umpisa. Subalit sa sandaling ito'y kanilang maunawaan, makikita nila na ang tunay na Messias ay dumating na nga sa Jerusalem. Dagdag pa, ang pagdating na iyon ay magiging sagisag rin ng pagka-Messias ni Jesus alinsunod sa sinasabi ng propesiya ni Zacarias, na kung saan mayroong Hari na darating na magpapahayag ng 'pagkakasundo ng mga bansa,' hindi bilang isang nasyonalistang Mananakop. Ang Kanyang ginawang maharlikang pagpasok sa Jerusalem ay piraso lamang na bahagi ng kung sino talaga Siya; ang Kanyang kadakilaan ay itinago Niya sa pamamagitan ng isang panlabas na anyo na hindi mo sasabihing pang-maharlika."[1]

2. Ang Hatol ni Jesus sa Mapag-alinlangang Israel 11:12-26

Ang pangyayaring ito ay unang bahagi sa isa na namang 'ipinalaman' mga kwento ni Marcos sa kanyang salaysay (ikumpara. 3:20-35; 5:21-43; 6:7-31). Ang istraktura nito ang siyang nagbibigay ng susi para sa interpretasyon nito. Una ay makikita rito na sinumpa ni Jesus ang puno ng igos, pagkatapos ay nilinis Niya ang templo at ikatlo ay muli siyang bumalik sa tagpo ng sinumpang igos upang magbigay ng aral para sa kanyang mga alagad. Mayroong pagkakaisa sa paksang itinuturo sa buong seksyon na ito. Yung 'chiastic' na pagkaka-ayos na makikita rito ay nagpapatingkad sa sentral na elementong nais ipakita at ituro.

Ang Pagsumpa sa Puno ng Igos 11:12-14 (ikumpara. Mat. 21:18-19)

Sa salaysay na ito, si Marcos ay mas nagbigay ng tumpak na agwat ng oras kaysa kay Mateo. Kay Mateo kasi, mababasa mo na parang sa isang tagpo lang nangyari ang pagsumpa sa puno ng igos (Mat. 21:18-19) at ang aral na matutunanan rito ng mga alagad (Mat. 21:20-22).

---

[1]Cranfield, pp. 353-54.

11:12 Ang sumunod na araw dito ay Martes, na ayon sa petsa ni Hoehner ay Marso 31, A.D. 33.[1] Kung ganito nga, ang 'Palm Sunday' o Linggo ng Palaspas ay naganap ng Lunes. At yun nga, ang tagpo na kasunod na isinalaysay ni Marcos, simula sa talatang 12 ay nangyari noong si Jesus at ang Kanyang mga alagad mula Betania patungong Jerusalem; ito'y umaga ng Martes (Matt. 21:18). At ayon sa salaysay ni Marcos, si Jesus raw ay nagutom.

11:13 Karaniwang mayroong maliliit na usbong ng igos na pwede ng makain ang lumilitaw sa puno ng igos kapag buwan ng Marso, bago pa lang lumabas ang mga dahon nito sa buwan ng Abril.[2] At yamang ang punong igos na nakita ni Jesus ay madahon, inasahan Niyang may makikita siyang bunga ng igos rito. Subalit wala Siyang nakita. At para maunawaan ito ng mga Hentil na mambabasa ni Marcos, ipinaliwanag niya na, "sapagkat hindi pa panahon ng igos noon." Subalit yun nga, kahit na hindi pa panahon ng igos, ang punong ito ay nagbigay ng impresyon na mayroon na siyang bunga sapagkat siya'y madahon.

11:14 Nakita ni Jesus na ito ay magandang pagkakataon upang turuan ang Kanyang mga alagad ng isang mahalagang katotohanan. Ginamit Niya ang punong ito bilang isang paglalarawan o 'object lesson.' Bilang isang propeta, si Jesus ay gumawa ng mga simbolikong pagkilos (ikumpara. Isa. 20:1-6; Jer. 13:1-11; 19:1-13; Ezek. 4:1-15). Sinumpa Niya ang puno ng igos upang turuan ang Kanyang mga alagad ng isang aral. Hindi niya ito sinumpa sapagkat ito ay may moral na pagkakamali.

Ang puno ay isang magandang ilustrasyon para sa namamayaning kawalang-pananampalataya sa Israel. Ang Diyos ay naghahanap sa henerasyong iyon ng mga Israelita ng espirituwal na bunga, kung paanong si Jesus ay naghanap rin ng bunga mula sa puno ng igos (Mat. 3:8; ikumpara. Jer. 8:13; Hos. 9:10; Mic. 7:1; Nah. 3:12; Zac. 10:2). Ang Israel ay mahusay at masigla pagdating sa panlabas na relihiyon. Sila'y gaya ng madahong puno ng igos, subalit walang espirituwal na bunga ng katuwiran. Ang kanilang relihiyon ay kapaimbabawan; sila'y mga hipokrito (7:6; 11:15-19, 27—12:40). Sila'y nagsasabing mga matuwid, ngunit hindi naman totoo.

---

[1]Hoehner, *Chronological Aspects …*, pp. 91, 143.

[2]Edersheim, 2:374; Evans, pp. 154-55; cf. *The Nelson …,* pp. 1666-67.

> "Ang ibang mga puno (ang mga Hentil) ay walang bunga, subalit hindi sila nagkukunwari sa kalagayang ito. Ang punong ito ay walang kabunga-bunga ngunit nagkukunwaring maraming bunga. Parehas na walang bunga ang mga Hentil at ang mga Judio. Inaamin ng mga Hentil na wala silang bunga ng katuwiran, subalit ang mga Judio ay mariing tumatanggi na wala silang bunga."[1]
>
> "Si Jesus ngayon ay nasa gitna na ng matinding laban sa isang bansang ang pangunahin at tumatak na kasalanan ay kaimbabawan. At sa tagpong ito ay nakita Niya ang isang puno na parehas sa makasalanang kalagayan ng Israel. Ito ay nagbigay sa Kanya ng pagkakataon, na hindi tuwirang makasakit ng kalooban ninuman, na makapagpahayag ng kahatulan laban sa gayong kasalanan."[2]
>
> "Sa aklat ni Marcos, ang kapaimbabawan ay umiiral kapag mayroong salungatang nangingibabaw sa pagitan ng itsura at panloob na katotohanan."[3]

Sa aking palagay, ang isa pang interpretasyon sa tagpong ito ay, ang madahong puno ng igos ay sumisimbolo sa kalagayan ng templo.[4]

Sa salaysay ng mga Ebanghelista, ito lamang ang destruktibong himala na ginawa ni Jesus – ang pagsumpa sa isang puno. Syempre, pwede nating sabihin na ang pagpapagaling sa lalaking Gadareno na sinapian ng demonyo ay naghatid sa kamatayan ng napakaraming baboy (5:13), gayunpaman, ang himala na iyon ay positibo pa rin sapagkat pinagaling at pinalaya ni Jesus ang lalaking sinapian ng demonyo. Dagdag pa, bilang Panginoon na sannilikha, si Jesus ay mayroong karapatan na gawin sa punong iyon ay nais Niyang maibigan.

Ang Paglilinis sa Templo 11:15-19 (ikumpara. Mat. 21:12-13; Lukas 19:45-48)

Ito ang ikalawang messianikong pagkilos ni Jesus na naging mahalagang bahagi ng Kanyang pormal na pagpapakilala at presentasyon sa Israel. Ang unang messianikong pagkilos ay ang matagumpay na pagpapasok sa Jerusalem (vv. 1-11).

---

[1]Trench, *Notes on the Miracles …,* p. 474.

[2]Gould, pp. 211-12.

[3]Kingsbury, p. 15.

[4]Evans, pp. 158-60, 182.

11:15 Ang lugar panambahan ng mga Hentil ay mukhang palengke, sapagkat nasa tabi lang nito ang mga pamilihan (Gr. *hieron*, cf. v. 17). Sa lagay ng templo sa Israel, sa tuwing pista ng Paskuwa, ang mga manlalakbay na bumibista sa Jerusalem ay maaari namang makabili ng mga handog at pwede silang makapagpalit ng kanilang pera sa isang lugar doon sa Bundok Olibo. Kaya hindi na kinakailangan pa na magtayo ng pamilihan sa tabi at looban ng templo. Subalit ang templo noong panahon ni Jesus ay naging mukhang pamilihan ng dahil sa kagagawan ng punong saserdote na si Caipas.[1]

> "Sa 'mesa ng mga mamamalit ng salapi' ginagawa ang palitan ng salapi mula sa salaping Romano o ng mga Griego tungo sa salapi ng mga Judio. Ito ang tinawag na 'Tyrian currency.' Dito rin nagbabayad ng buwis ('6 na gramo') ang mga tao para sa templo (ikumpara. Exo 30:13-16)."[2]

11:16 Ang ginawa ni Jesus na "paglilinis sa templo" ay nagpapahiwatig ng Kanyang messianikong awtoridad na linisin ang korap na bansang Israel. Natatangi ang pagkakatala ni Marcos sa tagpong ito. Ipinapakita rito ang abot ng pwedeng gawin ni Jesus para linisin ang templo. Sa pamamagitan nito ay ipinahayag Niya ang sarili bilang matapat na lingkod ng Panginoon at ipinamalas Niya ang sigasig na para sa karangalan ng Diyos.

> "Ang bulwagan ng templo na para sa mga Hentil ay dapat sanang maging lugar panalanginan, subalit ito'y ginawang palengke na talamak sa panggagantso sa kapwa."[3]

Kapansin-pansin na hindi hinayaan ni Jesus na pumasok sa loob ng templo ang sinumang may "dala-dalahan." Ang "dala-dalahan" na ito sa wikang Griego ay *skeuos* (o 'sisidlan') na ginagamit para dalhin ang isang bagay. Maaaring kasama sa mga 'dala-dalahan' na ito ang mga sisidlan na ginagamit sa templo. Ang ibig sabihin, hindi lang ipinagbawal ni Jesus ang komersiyo sa loob ng templo, kundi ipinatigil Niya rin ang mga pan-relihiyong rituwal sa templo. Sa katunayan, pinatigil Niya sa mga sandaling iyon ang mga paghahandog sa Israel. Ang paghahandog na

---

[1]Lane, pp. 403-4. See also V. Eppstein, "The Historicity of the Gospel Account of the Cleansing of the Temple," *Zeitschrift für die Neutestamentliche Wissenschaft* 55 (1964):42-58.

[2]Mann, p. 448.

[3]Wiersbe, 1:151.

Kanyang gagawin bilang sakripisyo para sa ating mga kasalanan ang siyang magpapawalang bisa ng tuluyan sa mga rituwal na handog ng Israel.[1]

11:17 Ang propesiya sa Isaias 56:7, na sinipi ni Jesus sa tagpong ito, ay pahayag na hindi pa natutupad. Ngunit sinasabi rito ang malawak at matatag na layunin ng Diyos para sa Kanyang templo. At mula sa bibig ni Jesus, ito ay naging propesiya rin para sa magiging kalagayan ng Kanyang messianikong kaharian sa daigdig (ikumpara. Zac. 14:21).

Sa tala ni Marcos ay inilagay niya ang katagang “ng lahat ng mga bansa,” bagay na hindi makikita sa tala ni Mateo nang sinipi niya ang Isaias 56:7. Syempre, ang katagang ito ay may espesyal na pansin para sa mga Hentil na mambabasa ni Marcos. Nais ng Diyos na ang mga Hentil ay dumulog at sumamba rin sa Kanya doon sa bulwagan ng templo para sa mga Hentil. Nais Niya na magkaroon ang mga Hentil na kaugnayan sa Kanya.

Subalit ang layuning ito ay ginagawang praktikal na imposible ng mga pinunong Judio. Hinayaan nilang maging palengke ang bulwagan na dapat sana’y lugar dalanginan at sambahan ng mga Hentil. Lumaganap sa bulwagang ito ang pandaraya sa halip na pananalangin (ikumpara. Jer. 7:11). Kumbaga ay, pinalayas nila ang mga mananambahang Hentil upang papasukin ang mga “magnanakaw” na Judio (Gr. *lestes*). Ang salitang Griego para sa “magnanakaw” na ginamit rito ay tumutukoy sa gawain ng panloloko at paninikil na nangyayari sa templo.

Nang ganap na nilinis ni Jesus ang Templo, malinaw Niyang ipinahayag na ito ay Kanyang pagmamay-ari at hindi ng mga relihiyosong pinuno. Ang talata na Kanyang sinipi mula sa Isaias ay nagsasabi na ang templo ay bahay ng Diyos. Sa madaling salita, ipinapahayag rito ni Jesus ang Kanyang pagkaDiyos.

> "Ang ikatlong yugto sa progresibong paghahayag ng katauhan ni Jesus (sa isipan ng mambabasa ni Marcos) ay nakapokus sa paglalantad ng lihim ng Siya ay Anak ng Diyos."[2]
>
> "May mga taong ipinagkakait sa isang mangangaral ang karapatang tumuligsa sa mga pang-aabusong nagaganap sa

[1]Ray C. Stedman, *What on Earth Is Happening?* p. 22.

[2]Kingsbury, p. 46. Cf. 8:27-30; 10:46—11:11 and 12:35-37.

> mundo ng negosyo, ekonomiya, at pulitika kahit na ang mga taong ito ay lumalabag na sa mga moral at panrelihiyong usapin at pananagutan. Subalit si Jesus ay hindi nag-alangan na gawin iyon. Tinuligsa Niya ang mga negosyante at pulitiko ng Kanyang panahon."[1]
>
> "Kung ang ating Panginoong Jesus ay pupunta sa ating mga simbahan, ano kaya ang mga paglilinis at pagbabago na Kanyang gagawin?"[2]

11:18 Ang ginawa at mga sinabi ni Jesus ay nakaapekto ng matindi sa reputasyon at pinagkukunang-yaman ng mga miyembro ng Sanhedrin. Nagplano silang patayin Siya (ikumpara. 3:6). Yung tindi ng kanilang galit ay mas lalong naging halata at mabagsik sa bawat araw na lumilipas (11:27—12:37). Subalit si Marcos lamang ang nagtala na sila'y natakot kay Jesus. At ang dahilan ng kanilang pagtakot ay dulot ng epekto ng turo at awtoridad ni Jesus sa napakaraming tao na mula pa sa iba't ibang lugar na nagkatipon sa Jerusalem para sa pista ng Paskuwa (ikumpara. 1:22; 6:2; 7:37; 10:26). Ang ginawa ni Jesus ay kilos ng isang Hari at Punong Saserdote.

> "Ngayon nga ay narating na natin ang pinaka pangunahing punto ni Marcos: ang kahanga-hangang turo ni Jesus na puspos ng inspirasyon at kapangyarihan, at pinapagtibay ng Kanyang matapang na aksyon. Maging ang mga mataas na kinauukulan na nagnanais na Siya'y patayin ay natatakot sa Kanya. Ang totoo, nais nila Siyang patayin *sapagkat* sila'y natatakot sa Kanya *sapagkat* Siya'y may malakas na kapit sa Masa. Sa madaling salita, si Jesus ay maipapako sa krus hindi dahil sa Siya ay mahina, kundi ng dahil sa Siya ay makapangyarihan! Dagdag pa, ang kapangyarihan na siyang dahilan kung bakit Siya ipapako sa krus ay ang kapangyarihan rin na magiging pagpapala sa mga bansa, Judio at Hentil man. At sa pagsasalaysay ni Marcos, ang pagpapakita na si Jesus ay makapangyarihan ay para na rin sa kapakanan ng kanyang mga mambabasa. Kaya nga, hindi

[1]Robertson, 1:360.

[2]Wiersbe, 1:151.

> natin dapat maliitin ang pagkapako kay Jesus; ito ay nararapat ng ating paggalang at pagsamba, hindi ng pagtuya o pangmamaliit."[1]

11:19 Nang maggagabi na, si Jesus at ang Kanyang mga alagad ay umalis na naman ng Jerusalem at nagpalipas ng gabi sa Bundok ng mga Olibo (Lukas 21:37), marahil doon sa Betania (v. 11).

Ang Aral mula sa Sinumpang Puno ng Igos 11:20-26 (ikumpara. Mat. 21:19-22)

Ito ang ikatlong bahagi ng tagpo na nakasentro sa paglilinis ng templo (ikumpara. vv. 12-14).

11:20 Ang tagpong ito ay naganap umaga ng Miyerkules. Ang nangyari sa puno ng igos na inilarawang “tuyo hanggang sa ugat” ay nangangahulugan na ang kamatayan nito ay mula sa kanyang pinagmumulan ng buhay at sustansya, ang ugat. At yun nga, ang ugat ng puno ay sumisimbolo sa mga relihiyosong pinuno ng Israel. Ang sumpa ng espirituwal na kamatayan ay magmumula sa kanila at kakalat patungo sa buong mamamayan ng Israel na hindi naniniwala kay Jesus. Kung ano ang sumpang nangyari sa puno ng igos, ganun din ang mangyayari sa mapag-alinlangang henerasyon na ito ng mga Judio.

11:21 Iniugnay ni Pedro ang kahatulan sa puno sa salita ni Jesus. Nang ginamit ni Pedro rito ang salitang “Rabbi,” hindi nangangahulugan na tumigil na siyang maniwala na si Jesus ang Cristo. Ang ‘Rabbi’ ay karaniwang bansag ng respeto na ginagamit ni Pedro kay Jesus bilang isa sa Kanyang mga alagad.

11:22 Sa halip na ipaliwanag ang simbolikong kahulugan ng sinumpang puno ng igos, ibinaling ni Jesus ang Kanyang pansin sa paraan kung bakit mahimalang natuyo ang puno ng igos. Ipinapakita rito ang isang mahalagang aral tungkol sa pagiging isang tunay na disipulo ni Jesus, na Kanya na ring itinuro sa nakaraan (ikumpara. Mat. 6:13-14; 7:7; 17:20; 18:19; Lukas 11:9; 17:6). Subalit ang tala ni Marcos ay natatangi tungkol sa bagay na ito. Ang punto ng aral ay ito: ang pagdepende at pagtitiwala sa Diyos ay may kakayahang magsakatuparan ng mga bagay na imposibleng gawin ng tao (ikumpara. Santiago 1:6).[2]

---

[1]Gundry, p. 641.

[2]See Taylor, p. 467.

11:23 Ang Diyos ang Siyang pinagmumulan ng kapangyarihan upang maghatid ng pagbabago. Ang katagang 'pagpapagalaw sa bundok' ay sagisag ng pagsasakatuparan ng isang bagay na mukhang imposibleng mangyari (ikumpara. Zac. 4:7). Ang soberanong kalooban ng Diyos ang siyang paraan upang mapagtagumpayan ang anumang kahirapan at hadlang na imposible sa paningin ng tao. Ngunit syempre, ang panalangin ng isang tunay na disipulo ay laging nakaugnay sa kalooban ng Diyos (Mat. 6:10). At ang taong nananalangin ayon sa kalooban ng Diyos ay makakatiyak na ang kanyang hinihiling ay mangyayari sapagkat ito ay kalooban ng Diyos. Hindi niya pagdududahan ang abilidad ng Diyos na gawin at ibigay ang kanyang kahilingan sapagkat ito ay kalooban ng Diyos. At dahil nga sa ang hinihiling niya ay ayon sa kalooban ng Diyos, hindi nag-aalinlangan ang kanyang puso.[1]

> "Ang nais lamang gustong sabihin sa 'hyperbole' na pangungusap rito ay, ang isang tao ay pwedeng magkaroon ng ganap na kapanatagan na ang Diyos ay laging hand ana tumugon sa kanyang pananalig."[2]

Ayon sa pananaw ni Evans, maaaring ang bundok na tinutukoy rito ni Jesus ay ang 'Temple Mount'.[3] Ngunit maaaring ang bundok na itinuro ni Jesus ay maaaring tumutukoy sa anumang bundok.

Ngunit maaari nating itanong, bakit sa tala ni Marcos ay hindi ipinaliwanag ni Marcos ang punto ni Jesus na ang isang disipulo ay dapat na manalangin ayon sa kalooban ng Diyos? Bakit hindi niya binigyang linaw na tayo ay dapat na manalangin na nagpapasakop sa soberanong awtoridad ng Diyos na magbigay o magkait ng ating hinihingi ayon sa ikinalulugod ng Kanyang kalooban? Ang sagot ay, yung ideya kasi na ang isang disipulo ni Cristo ay walang ibang hihilingin kundi ang mangyari ang kalooban ng Diyos ay medyo alanganin, lalo't kapag ikaw ay nasa mundo na kung saan ang pagiging isang Kristyano ay nangangahulugan ng pag-uusig at kamatayan. Dagdag pa, ang mga pangako para sa panalanging sasagutin ay laging nakadepende sa soberanong kontrol ng Diyos sa lahat

---

[1]See David DeGraaf, "Some Doubts about Doubt: The New Testament Use of *Diakrino*," *Journal of the Evangelical Theological Society* 48:8 (December 2005):744-49.

[2]Cranfield, p. 361.

[3]See Evans, p. 188.

ng bagay. Ang kalooban ng tao ay hindi dapat na manaig sa kalooban ng Diyos.

11:24 Ang paghingi ay isang partikular na anyo ng pananalangin. Bilang mga alagad, maaaring manalig ang mga Kristyano na matatanggap natin ang ating kahilingan sa panalangin kapag hinihiling rin natin na ang kalooban ng Diyos ang siyang mangyari (14:36; Mat. 6:10; 7:7), sapagkat isasakatuparan ng Diyos ang Kanyang kalooban.

11:25 Ang pananampalataya sa Diyos ay hindi lamang kondisyon para sa sagutin ang panalangin. Dapat rin nating patawarin ang ating kapwa kung nais nating maging mabisa ang ating panalangin. Karaniwan sa mga Judio ang manalanging nakatayo (ikumpara. 1 Sam. 1:26; Lukas 18:11, 13). Ang pagpapatawad sa kapatid sa Panginoon ay kondisyon para makatamtan ang pagpapatawad ng Diyos sa konteksto ng isang pamilya (Mat. 6:14-15). Ito ang tanging lugar sa aklat ni Marcos na kung saan binanggit ni Jesus sa Kanyang mga alagad ang katagang “Amang nasa langit.” Maaaring pagpapaalala ito sa Kanyang itinuro sa kanila tungkol sa ‘Ama Namin’ na panalangin (Mat. 6:9-15; Lukas 11:2-4).

> "Ito lamang ang lugar sa aklat ni Marcos na kung saan ang pagpapatawad sa kapwa ay kinakailangan para maging mabisa ang isang bagay."[1]

11:26 Ang talatang ito ay hindi matatagpuan sa ibang mahahalagang matandang manuskrito ng Ebanghelyo ni Marcos. Iyan ang dahilan kung bakit sa iyong Bibliang Tagalog ay may panaklong na nakalagay sa talata. Marahil ay inilagay ito ng eskriba sapagkat gusto niyang iugnay ito sa Mateo 6:14.

B. ANG PAGTUTURO NI JESUS SA TEMPLO 11:27—12:44

Ang seksyon na ito sa Ebanghelyo ni Marcos ay naglalaman ng katuruan ni Jesus sa looban ng templo noong araw ng Miyerkules. Una, kwenestyun ng mga relihiyosong pinuno ang awtoridad ni Jesus (11:12—12:12), at pagkatapos nito ay ang Kanyang katuruan (12:13-37). Subalit hinatulan ni Jesus ang kanilang kapaimbabawan, at Kanyang kinilala at pinuri ang gawa ng isang balo na nagpapahiwatig ng isang realidad (12:38-44). Ipinakita ni Jesus ang Kanyang sarili sa tagpong ito bilang isang propeta at matapat na lingkod ng Panginoon.

---

[1]Ibid., p.192.

1. Ang Kontrobersya tungkol sa Awtoridad ni Jesus 11:27—12:12

Nilalaman sa kontrobersya na ito ang diskusyon sa mga relihiyosong pinuno tungkol sa awtoridad ni Juan Bautista (11:27-33). Ito'y sinundan ng isang talinghaga na naglalarawan sa pagiging iresponsable ng mga relihiyosong pinuno (12:1-12).

Ang Awtoridad ni Juan Bautista 11:27-33 (ikumpara. Mat. 21:23-27; Lukas 20:1-8)

11:27 Ang mga "punong saserdote," "eskriba" (tagapagturo), at mga "matatanda ng bayan" ang siyang tatlong bumubuo sa Sanhedrin. Ang naganap rito ay isang opisyal na pagsisiyasat na uydok mismo ng presensya ni Jesus. Ang Kanyang ginawang paglilinis sa templo ay tumawag ng kanilang pansin.

11:28 Nais malaman ng mga opisyal na pinuno ng Israel kung anong karapatan ni Jesus para gawin ang bagay na Kanyang ginawa. Parehas nilang tinanong at binatikos ang kalikasan at pinagmulan ng Kanyang awtoridad. Syempre, ang kanilang pagtatanong na ginawa rito ay lehitimo sapagkat sila ang mga nangangahalaga at namamahala sa relihiyosong buhay ng Israel. Gayunpaman, ang kanilang kwestyon ay hamon sa karangalan ni Jesus.[1]

> "Ang essensya ng paglalarawan sa mga kalaban ni Jesus dito sa aklat ni Marcos ay nakatitig sa kanilang pagtataaas ng sariling bangko. Ang mga relihiyosong pinuno na ito ay abalang nakatuon sa pagpapanatili ng kanilang kapangyarihan, kahalagahan, kayamanan, at sariling buhay."[2]

11:29 Sinabi ni Jesus sa mga relihiyosong pinuno na ito na kung sasagutin nila ang Kanyang tanong, sasagutin rin Niya ang kanilang mga tanong. Sa pamamagitan nito ay kinontrol Niya ang tutunguhin ng kanilang pag-uusap. Ngunit ang pagtugon Niya sa mga opisyal na ito sa pamamagitan ng isang tanong ay hindi nangangahulugan na iniiwasan Niya ang kanilang katanungan. Sa halip, gumagamit Siya rito ng isang pamamaraan o teknik

---

[1]Tingnan ang pag-aaral ni Joseph H. Hellerman, "Challenging the Authority of Jesus: Mark 11:27-33 and Mediterranean Notions of Honor and Shame," *Journal of the Evangelical Theological Society* 43:2 (June 2000):213-28.

[2]Rhoads and Michie, p. 121.

na kung saan magagawa Niyang sabihin ng Kanyang mga kalaban ang mga bagay na hindi nila gustong sabihin o aminin.[1]

11:30 Ang pinaka punto ng tanong ni Jesus sa mga lider na ito ay kung naniniwala ba talaga sila na ang ministeryo ni Juan Bautista ay galing sa Diyos. Ayon kay Juan Bautista, ang ministeryo ni Jesus ay mula sa Diyos. Kaya kung sasabihin at pinaniniwalaan ng mga kritikong ito na ang ministeryo ni Juan Bautista ay galing sa Diyos, dapat rin silang sumang-ayon na ang ministeryo ni Jesus ay galing sa Diyos. Hinamon sila ni Jesus na sagutin ang tanong at isyu na ito. Sa salin sa Tagalog ay hindi natin mababasa ang ganitong kataga, subalit sa orihinal ay binibigyang pansin ang hamon ni Jesus na tila nagsasabing, “Sige, sagutin n’yo nga ako, kanino galing ang awtoridad ni Juan?” Sa pamamagitan ng ganitong kataga at pagtatanong ay gustong ipakita ni Jesus na Siya’y nakahihigit sa mga lider na ito.

> "Gaya ng sa naunang usapin at katanungan tungkol sa Sabbath (2:23—3:6), ang pangontrang-tanong rito ni Jesus ay nagpapakita na Siya ay nakahihigit sa Sanhedrin. Ang Kanyang pagtatanong ay pagpapakita na higit ang Kanyang awtoridad kaysa sa kanilang bumabatikos sa Kanya."[2]

11:31-32 Syempre, halata rito na ang pakay naman talaga ng mga kritikong ito ay hindi ang paghahanap ng katotohanan, kundi ang pangangalaga sa kanilang posisyon. Masyado silang halata, ayaw nilang sagutin ang tanong ni Jesus. Hindi nila kayang tanggapin na sila Juan Bautista at Jesus ay mga awtorisadong mga propeta o sugo ng Diyos. Siguro, ang pag-uusap ng mga lider na naitala sa talatang ito ay nagmula mismo sa patotoo ni Nicodemus o ni Jose na taga-Arimatea.

11:33 At yun nga, tumanggi rin si Jesus na magbigay ng sagot sa Kanyang mga kritiko, yamang ang kanilang pagtatanong ay hindi udyok ng tapat na pagsisiyasat kundi isang paninira (ikumpara. 1 Ped. 2:15). At ang kabiguan ng mga kritikong ito na sagutin ang Kanyang katanungan ang siyang nagpalaya rin kay Jesus sa Kanyang sinabi na sasagutin ang kanilang tanong kung sasagutin ang Kanyang tanong (v. 29). Kaya nga, patas lang. Hindi Siya nila sinagot, kung gayon, hindi rin Niya sila sasagutin. Sa

---

[1]Mann, p. 457.

[2]Edwards, p. 226.

madaling salita, ang pagtanggi sa isang kapahayagan ay magsasarado sa pinto para sa isa pang kapahayagan.

> "Sa Kanyang ginawang pagpapalayas ng mga demonyo, pagpapatawad ng mga kasalanan, kahigitan kaysa Torah at sa templo, ang sabihing ang Diyos ay Kanyang Ama, at sa pagbibigay ng mga kapahayagang Diyos lamang ang Siyang may awtoridad, ipinakita ni Jesus ang Kanyang awtoridad na prerogatibo o katangian at karapatang Diyos lamang ang Siyang may kakayahang gumawa. Ngunit para sa Kanyang mga kaaway, Siya'y isang nahihibang. Subalit kung paanong ang Torah at ang templo ay taus-pusong ginagalang ng isang debotong Judio, gayundin naman ang pagtingin ng mga aklat ng Ebanghelyo kay Jesus. Dito'y ipinapakita na si Jesus ang Siyang kaganapan at kapalit ng Torah at ng templo bilang tinaguriang *locus Dei* [dakong para sa Diyos]. Nang si Jesus ay kwenestyun ng Kanyang mga katunggali tungkol sa Kanyang awtoridad, ginamit Niya ang bautismo ni Juan at kung paanong sa pamamagitan nito ay nahayag ang tinig sa langit na nagsasabing Siya ang Anak ng Diyos at kasabay nito ang pagbaba ng Espiritu sa anyo ng isang kalapati. Dito'y binasbasan Siya bilang lingkod ng Diyos na nagtataglay ng *exousia* [awtoridad] na mula sa Diyos. Kaya pagdating sa Ebanghelyo ni Marcos, gaya rin kay Juan, si Jesus ay ipinapakilalang Diyos na nagkatawang-tao at ito'y makikita sa Kanyang asal, pananalita, at mga ginagawa. At syempre, ang katauhan at gawain ni Jesus ay naghatid ng pagtataka, pagkalito, at pati na rin pagkainis sa mga taong nakikinig at nakakakita sa Kanya, mula sa Kanyang pinakamalapit na kasamahan hanggang sa mga pasaway na kontrabida sa Kanyang buhay. Para sa mga relihiyosong pinuno na mortal Niyang kalaban, ang Kanyang pahayag ng pagtuturing sa sarili na isang Anak ng Diyos ang siyang pinakamatinding kasalanan at kalapastangan na kanilang narinig. Subalit pinatunayan ni Jesus na hindi Siya lumalapastangan sa

> Diyos kundi ipinapahayag lamang ang bagay na likas
> Niyang karapatan at tinataglay."[1]

Ang Talinghaga tungkol sa mga Masasamang Magsasaka (ikumpara. Mat. 21:33-46; Lukas 20:9-19)

> "Ang isa pang pangunahing halimbawa ng konsentriko[chiastic] na balangkas sa salaysay ni Marcos [maliban sa 2:1—3:6] ay ang serye ng pakikipag-tunggali ni Jesus sa mga pinuno ng Jerusalem [kab. 12], na binubuo ng pitong bahagi o 'episode.' Ang episode A at A^1 ay may kinalaman sa kahatulan ni Jesus laban sa mga pamunuan (ipinapahiwatig ito sa kwento na kung saan mayroong mga masasamang nangungupahan, at kaugnay na rin ang babala laban sa mga eskriba). Ang episodes B at B^1 ay naglalaman ng siniping talata mula sa mga awit na sinundan ng isang reaksyon tungkol sa gayong sitas o talata (ang mga siniping talata ay tungkol sa batong panulukan at sa anak ni David). Ang episode C at C^1 ay parehas na diskursyong legal tungkol sa pagibig sa Diyos at sa kapwa (si Caesar at ang Diyos at pagibig sa Diyos at sa kapwa). At ang episode D ay nagpapakita ng isang sentral na episode; ang paksa nito ay tungkol sa muling pagkabuhay at ang tema na ito ang siyang tumatanglaw sa lahat ng mga episode – yun ay, ang kabiguan ng mga relihiyosong pinuno na maunawaan ang Kasulatan at ang kapangyarihan ng Diyos."[2]

Ang salaysay ni Mateo para sa talinghaga na ito ay higit na mayaman kumpara sa salaysay ni Marcos; yun ay dahil sa pakay o layunin ni Mateo na ipakita sa mga Judio ang kasamaan ng kanilang mga tagapamuno. Gayunpaman, maaaring isinama ni Marcos ang tagpong ito sa kanyang salaysay sapagkat nais niyang bigyan ng malaking pagkakaiba ang ugali at pamumuno ng mga opisyales ng Israel kumpara sa Lingkod ng Diyos na si Jesus.

> "Ayon sa pag-aaral ng Zenon papyri at ng mga rabinikong mga talinghaga, ipinapakita na mayroong mga sitwasyon na nangyari na halos katulad ng binabanggit at nilalarawan sa talinghaga. Sa madaling salita, ang gayong sitwasyon sa talinghaga ay totoong naganap mga 280 mga taon bago magsimula ang ministeryo ni Jesus at maging pagkatapos nito."[3]

---

[1]Edwards, pp. 232-33. Inalis ang dibisyon sa paragrap.

[2]Rhoads at Michie, p. 53.

[3]Lane, p. 416.

12:1 Inukol ni Jesus ang talinghagang ito para sa lahat ng mga tao na naroroon at nakikinig sa Kanya (Lukas 20:9) subalit ito ay may partikular na patama para sa mga relihiyosong pinuno. Ang “isang taong nagtanim ng ubusan” rito ay tumutukoy sa Diyos. Ang “ubusan” ay tumutukoy sa “Israel” (Aw. 80:8-19; Jer. 2:21), at ang mga “kasama” o ‘tagapangalaga ng ubas’ ay tumutukoy sa mga lider ng Israel.

> "Ang ubasan ay madalas sinasaka na pang-komersyo. At kung isasaalang-alang natin ang konteksto ng templo sa talinghaga, maging ang garapal at gahamang ugali ng mga tagapangalaga, pwede nating tingnan na ang *georgoi* [“mga kasama”] na pinapakilala sa talinghaga ay mga mayamang komersyong magsasaka."[1]

Kapansin-pansin na ang talinghaga rito ay sinalaysay sa paraang sumasalamin sa tagpong makikita sa Isaias 5:1 at 2, na bahagi ng propesiya na may kinalaman sa hatol ng Diyos sa Israel (ikumpara Aw. 80:8-16). Sa talinghaga na ito ay di ipinapakita na ang Diyos ng anumang kaparaanan upang maging hirang ang Israel. Sa halip, sinasabi sa tagpo na ito ay Kanyang iniwan (“siya’y nagtungo sa ibang lupain”) matapos na ito ay Kanyang itatag. Hinayaan Niya itong mabuhay sa kanyang sarili.

> "Ang gayong gawain ay karaniwan sapagkat ang buong itaas na bahagi ng Jordan at ang malaking bahagi ng mga kabundukan sa Galilea ay nasa kamay ng mga dayuhan."[2]

12:2-5 Ang “panahon ng pitasan” ay tumutukoy sa panahon na kung saan ay inaasahan ng Diyos na mayroon Siyang bunga o pakinabang na makukuha mula sa Israel, partikular syempre ay bunga ng katuwiran at matuwid na pamumuhay. Samantala, ang “mga utusan” na binabanggit sa talinghaga ay tumutukoy sa mga propeta na itinaboy, inusig, o kaya’y pinatay ng mga pinuno ng Israel (ikumpara. 1 Hari 18:13; 22:27; 2 Kro. 24:20-22; 36:15; Neh. 9:26; Jer. 37:15). Ang pinaka punto ng talinghaga na ito ay ipakita ang masamang trato na ginawa ng mga pinuno ng Israel laban sa mga lingkod ng Diyos na Kanyang sinugo sa kanila.

12:6-7 Ang pagsugo ng may-ari sa kanya mismong anak ang siyang pinaka matinding pamamaraan na ginawa ng may-ari para sa mga

---

[1]Evans, pp. 232-33.

[2]Lane, p. 417.

nangungupahang mga magsasaka. Subalit maaaring inisip ng mga nangungupahang magsasaka sa talinghaga ito na ang may-ari ay patay na, kung kaya ang anak niya na lamang ang pumunta sa ubasan – siya na mismong tagapagmana. At yun nga, ikinatuwiran nila na kung papatayin nila ang anak, mapapanatili nila ang kontrol at pakinabang sa ubasan.

12:8 Pinatay nga ng mga nangungupahang magsasaka ang anak doon sa labas ng ubasan (Mat. 21:39; Lukas 20:15; ikumpara. 1 Hari 21:2-3, 16). Ang pagkaka-ayos ng mga pangyayari ni Marcos sa kanyang salaysay ay nagpapakita na ang ginawang pagpaslang ay isang marahas na pagtanggi. At yun nga, nang si Jesus ay namatay, Siya ay "namatay sa labas ng pintong bayan" (Heb. 13:12). Gayunpaman, maaaring ang talinghaga na ito ay hindi nangungusap tungkol sa gayong mangyayari sa hinaharap, sapagkat sa talinghaga, ang ubasan ay tumutukoy sa Israel at hindi sa Jerusalem.

> "Sa paglalarawan ni Marcos, inihuli niya ang pinakamasamang kilos; ang punto ay: hindi lamang pinatay ng mga nangungupahang ito ang anak na tagapagmana, kundi tinataboy rin nila siya sa labas ng ubasan habang ginagawa ang pagpatay at nang magawa na ay itinapon na lang siya ng basta-basta."[1]

Ang napakasamang asta, ugali, at paraan ng pagtrato at pagpatay ng mga relihiyosong pinuno sa Anak ng Diyos ay para bang nagsasabing 'walang Diyos, Siya'y patay na.' Subalit tunay nga, ang Diyos ay mayroon lamang kaisa-isang Anak na pinakamamahal Niya (ikumpara. 1:11; 9:7).

12:9 Ang pag-ayaw at di pagpapasakop ng mga nangungupahang magsasaka sa mismong anak ng may-ari at pagtanggi at paghihimagsik mismo sa may-ari. At syempre, ang inaasahang reaksyon na gagawin ng may-ari ay ang lipulin ang mga mapaghimasik na iyon at ibigay ang kanyang ubasan sa ibang masunurin at maasahang tagapangalaga. At yun nga, gaya ng inilalarawan sa talinghaga na ito, ganito rin mismo ang gagawin ng Diyos sa bansang Israel. Aalisin ng Diyos ang mga pinuno ng Israel at papalitan sila; at ang ipinalit na nga sa kanila ngayon ay walang iba kundi ang mga pinuno ng Iglesia.

---

[1]Lenski, p. 512.

> "Ang prediksyon na ito ay natupad sa Iglesia kung saan ang espirituwal na pamumuno ay pangunahing ipinagkatiwala sa mga Hentil. Ang pagtatalaga sa kanila ay hindi nakabatay sa kanilang nasyonalidad, kundi sa kanilang katapatan sa Diyos."[1]

12:10-11 Higit pang pinatingkad ni Jesus ang Kanyang pahayag tungkol sa sasapitin ng Anak ng sinipi Niya ang Awit 118 kaugnay rito. Kapansin-pansin na ito mismo ang parehas na Awit na siyang isinigaw ng mga tao noong Siya ay sinalubong nila sa Jerusalem (11:9; ikumpara. Awit 118:22-23). Ang “batong panulukan” na tinutukoy rito ay napakahalaga sa gusaling itinatayo ng Diyos – ang Kanyang bayan. Sa Awit, ang ‘bato’ na ito ay tumutukoy sa bansang Israel, ngunit ito ay ginamit ni Jesus para sa Kanyang sarili, Siya mismo ang Bato (ikumpara. Acts 4:11; 1 Pet. 2:7). Bagamat mapait ang sinapit na kapalaran ng Anak, subalit ito’y inihatid ng Kanyang Ama sa hindi inaasahang pangyayari na naghahayag ng soberanong kapangyarihan ng Diyos.

Malinaw sa talinghaga na ito na tinanggihan ng mga pinuno ng Israel ang batong panulukan na magpapaging ganap sa Israel; ito ang kukumpleto sana sa kanila bilang templo ng Diyos na hindi gawa ng kamay ng tao kundi ng kamay ng Diyos, ang Kanyang magiging daluyan ng pagpapala sa mga bansa (Gen. 12:3). Ipinakita sa talinghaga na ang Bato na tinanggihan at dinusta, ang Siyang naging pinakamahalagang Bato (ang Batong Panulukan) sa mismong bagong templo na itinatag ng Diyos – ang Iglesia (Mat. 16:18; Ef. 2:20; 1 Ped. 2:4-10).

Gayunpaman, matapos na alisi ng Diyos ang Iglesia mula sa planetang ito (1 Tes. 4:13-18), ang Bato ng Diyos ay magbabalik sa daigdig (ikumpara. Dan. 2:34-35, 44-45; Pah. 19:11-16), at tatanggapin naman Siya ng Israel (Zech. 12:10). Kukumpletuhin o gaganapin ng Batong ito ang Israel (Isa. 59:20), at ang Israel sa panahon ng Milenyo ay magiging templo ayon mismo sa naisin ng Diyos para sa kanya (Dan. 7:22). Siya ay magiging daluyan ng pagpapala ng Diyos sa mundong ito sa panahong iyon.

12:12 Ang kahulugan ng talinghaga ni Jesus ay naunawaan ng mga relihiyosong pinuno. Inilantad ni Jesus ang kanilang masamang balak na paslangin Siya. Gayunpaman, sa pagkakataong ito, ang pabor ng mga tao ay na kay Jesus.

---

[1]Hiebert, p. 290.

Ito ang siyang naging temporaryong panangga ni Jesus laban sa kanilang mapamuksang poot.

> "Ang talinghaga tungkol sa mga Masasamang Katiwala ng Ubasan ay nagtapos sa isang hindi inaasahang pangyayari, gayunma'y mayroon itong diwa ng kabalintunaan o irony. Ang mapamaslang na balak ng mga relihiyosong pinuno na kontrabida kay Jesus ay nahayag mismo sa talinghaga."[1]

Sa tagpong ito ay makikita na ang pahayag ni Jesus tungkol sa Kanyang sarili bilang ang "minamahal na anak" (v.6) ng Diyos ay higit na nagiging malinaw sa pandinig ng lahat. Subalit habang ang katotohanang ito ay nagiging malinaw, ang oposisyon naman mula sa mga pinuno ng Israel ay mas lalong tumitindi.

2. Ang Kontrobersya tungkol sa Katuruan ni Jesus 12:13-37

Ang kontrobersya tungkol sa awtoridad ni Jesus ay humantong sa kontrobersya tungkol sa Kanyang katuruan. Tatlong beses Siyang inatake ng mga relihiyosong pinuno na kung saan nakatutok ang mga atake laban sa Kanyang kredibilidad at popularidad. Idinikdik nila sa Kanya ang mga katanungan tungkol sa buwis (vv. 13-17), muling pagkabuhay (vv. 18-27), at sa pinakadakilang utos (vv. 28-34). Ngunit matapos ito'y si Jesus naman ang gumawa ng inisyatibo; sila'y Kanyang tinanong tungkol sa katauhan ng Messias, kung kanino Siyang Anak (vv. 35-37). Ito ang siyang tumapos sa kanilang mga atake. Ang buong enkwentro na ito ay nangyari ng araw ng Miyerkules matapos ang mga naitalang kaganapan. Ito'y nagbabalik-tanaw sa mga naunang pakikipagtunggali nila kay Jesus noong Siya ay nasa Galilea pa (ikumpara. 2:1—3:6)

Ang Turo ni Jesus tungkol sa Pagbabayad ng Buwis 12:13-17 (cf. Matt. 22:15-22; Luke 20:20-26)

12:13 Ang mga miyembro ng Sanhedrin ang nanguna sa pagsusugo ng ilang mga Pariseo at mga tagasunod ni Herodes upang siluin si Jesus sa Kanyang pananalita. Ang dalawang magkalabang partido na ito ay nagkaisa laban kay Jesus na nakita nilang banta sa kanilang kapangyarihan. Isang pulitikal na isyu ang kanilang itinanong kay Jesus; ito mismo ang katanungang gumawa ng malaking paghihiwalay sa pagitan ng dalawang partidong ito.

---

[1]Evans, p. 239.

12:14a Ang pambungad na pananalita ng mga kritikong ito ay isa lamang pambobola (ikumpara. Mat. 22:18; Lukas 20:22).[1] Gayunpaman, ang mga salita mismong sinabi nila kay Jesus ay totoo. Subalit sa likod ng mga salitang ito ay ang kanilang intensyon na ilagay si Jesus sa tila nag-uumpugang bato.[2]

> "Ang mga salita ng pambobola ay para sa layuning gipitin si Jesus, yun ay, ng dahil sa panganib na hatid ng Kanyang pagiging prangka."[3]
>
> "Ang mabulaklaking pambobola na ito ay siguradong maghahatid kay Jesus sa kalagayang inilarawan ng mga salita ng pambobola sa Kanya. Wala Siyang kinikilangang tao, maging ang emperador pa ng Roma na si Ceasar. At ito ang hinihintay na marinig sa sagot na ibibigay Niya sa katanungang ilalatag sa Kanya."[4]

12:14b-15a Nang ang Judea ay maging isang Romanong lalawigan, iniutos ng mga Romano noong A.D. 6 na ang mga Judio ay magbayad ng taunang buwis para sa kabang-yaman ng emperador. Hindi ito ikinalugod at ginawa ng mga Judiong Makabayan sapagkat para sa kanila ang pagbabayad ng buwis sa emperador ay tanda na tinatanggap ng Israel ang pamamahala nito sa kanya. Hindi rin ito gusto ng mga Pariseo, subalit nagbayad pa rin sila. Subalit pagdating sa mga tagasunod ni Herodes, ang pagbabayad nila rito ay kusang-loob sapagkat suportado nila ang pamamahala ng Roma sa Israel.

At dito nga sa tagpong ito, tinanong si Jesus na Kanyang mga kritiko kung ano ang marapat nilang gawin. Para sa kanila, hindi kaylanman hahayaan ng Messias ang dayuhang pamamahala. Subalit kung hayagan namang salungatin ni Jesus sa publiko ang pamamahala ng Roma, tiyak na malalagay Siya panganib. Kaya nga, inisip nila na anuman ang sagot ni Jesus ay wala Siyang lusot; parehas Siyang malalagay sa panganib.

12:15b-16 Subalit inilantad ni Jesus ang kanilang tanong ayon sa tunay nitong saloobin: ito'y isang paninilo sa halip na matapat na pagtatanong. Ang

---

[1]Mann, pp. 469, 470.

[2]Hunter, p. 116.

[3]Evans, p. 245.

[4]Lenski, p. 518.

maliit na pilak na denaryo ang tanging salaping pilak na tinatanggap ng mga Romano bilang buwis.[1] Ang mga imahe na makikita sa salapi na ito ay nagpapakita ng pulitikal na awtoridad ng mga Romano sa mga bansa o mamamayang gumagamit nito.

> "Sa salaping pilak ni Tiberius ay mababasa na ang emperador ay kinikila bilang isang diyos; anak ng diyos na si Augustus at ng diyusang si Livia. Sa harapang bahagi ay mababasa ang inskripyon na 'Tiberius Caesar Augustus, Anak ng Diyos na si Augustus. Samantala sa likuran nito ay mababasa ang ganitong kataga, 'Pontifex Maximus' [yun ay, Punong Saserdote]. Ang mga representasyon at inskripsyon na ito ay hango sa paniniwalang ang emperador ay diyos at dapat sambahin."[2]

Bakit kaya hiniling ni Jesus na bigyan Siya ng kanyang mga manunuligsang kritiko ng isang denaryo o salaping pilak? Siguro ay dahil sa wala Siya nito sa Kanyang bulsa.[3] At kung ganito nga, ito ay maaaring magpahiwatig sa atin ng lubos na pagdepende ni Jesus sa Diyos at sa tulong ng mga tao para matugunan ang Kanyang mga pangangailangan. Sa tingin ko ay ginawa Niya ito upang makabahagi ang Kanyang sa isang aktibong pagtuklas o pagkakaunawa sa isang aral na nais Niyang ibahagi. Higit na natututo ang isang tao kapag may partisipasyon siya. At kung iyong mapapansin, ito ang siyang madalas na pamamaraan ni Jesus sa Kanyang mga pagtuturo (ikumpara. 6:38; 8:5; atbp.).

12:17 Iniwasan ni Jesus ang problema ng pagpili ng isa sa dalawa (yun ay, 'either or') kundi tinugon ang kanilang tanong sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang mismo sa dalawa (yun ay, 'both and'), na kung saan mapapasang-ayon Niya mismo ang lahat ng Kanyang mga kritiko. Ang Diyos ay may awtoridad sa sinumang nagtataglay ng Kanyang imahe. At dahil rito, dapat na ibigay ng mga Judio sa Diyos ang bagay na nararapat sa Kanya, walang iba kundi ang personal na pagpapasakop sa Diyos. Si Caesar man ay mayroong awtoridad sa mga taong nagdadala ng kanyang wangis gamit

---

[1]Grassmick, p. 162.

[2]Lane, p. 424.

[3]McGee, 4:213.

ang salaping pilak, At dahil rito, ang mga Judio ay dapat na magbayad ng kanilang mga buwis.

> "Bagamat ang obligasyon ng pagbibigay ng buwis kay Cesar ay nagpapahayag ng pagkilala sa kanyang pamamahala, hindi naman ito nangangahulugan ng pagtanggap sa idolatriyang nakaukit sa salaping pilak. Ang karapatan ng Diyos ay dapat na kilanlin. Hindi sinasabi rito ni Jesus na mayroong dalawang independenteng kalagayan, yun ay, ang kay Cesar at ang sa Diyos. Dapat nating tandaan na maging ang paghahari at pag-aari ni Cesar ay galing sa Diyos. Ang sinasabi rito ni Jesus ay may mga obligasyon na dapat ibigay kay Cesar na hindi mapanghimasok sa karapatang ukol sa Diyos sapagkat mismong ang Diyos ang nagtalaga ng mga obligasyong ito na dapat ibigay ng tao kay Cesar."[1]

Gaya ng ating mababasa, ang sagot na ito ay naghatid ng 'labis na pagkamangha' (Gr. *exethaumazon*) sa mga kritiko ni Jesus. Matagumpay na naiwasan ni Jesus ang patibong na kanilang buong katusuhang inilatag laban sa Kanya. Simple ang sagot Niya sa kanilang katanungan subalit makahugan at malalim.

Ang turo na ito ay tiyak na nakapagbigay ng partikular na tulong sa mga orihinal na mambabasa ni Marcos na mismong mga Romano. Ito'y nakatulong sa kanila at maging sa mga sumunod pang lahi ng mga mananampalataya, na si Jesus ay hindi nagtuturo at nagsusulong ng paghihimagsik o kawalang-katapatan sa gobyerno (ikumpara. Rom. 13:1-7; 1 Tim. 2:1-6; 1 Ped. 2:13-17). Ang pananagutan sa Diyos ay hindi nagwawalang bahala sa ating pananagutan sa gobyerno. Sa kabilang banda, ang ating pananagutan sa gobyerno ay hindi nangangahulugan na dapat nating maliitin at hindi pahalagahan ang ating pananagutan sa Diyos na Siyang kataas-taasang sa lahat.

Ang Turo ni Jesus tungkol sa Muling Pagkabuhay 12:18-27 (ikumpara. Mat. 22:23-33; Lukas 20:27-40)

12:18 Ang mga Saducea ay silang mga edukado at nagtatamasa ng yaman sa lungsod. Iilan lamang sila subalit ang ang kanilang impluwensya ay malawak. Sila'y may mga mahahalagang katungkulan, at marami sa kanila

[1]Cranfield, p. 372. Tingnan rin ang sinasabi ni Taylor, p. 480.

ang kabilang sa grupo ng mga kaparian. Bagamat maliit lamang kanilang bilang, napakalakas naman ng impluwensya nila sa Judaismo. Kapansin-pansin na ito lamang ang tagpo na kung saan ay binanggit sila ni Marcos. Sinasabi nila na naniniwala lamang sila sa turo ng Lumang Tipan. Hindi sila tagasunod ng mga tradisyong ipinamana, na mismong sinusunod ng mga Pariseo. Gaya ng ating mababasa, hindi sila naniniwala sa muling pagkabuhay sapagkat para sa kanila ay wala raw malinaw na turo o pahayag ang Bibliang Hebreo tungkol sa bagay na ito.

> "Maaaring ang partido ng mga Saduceo ay nagsimula bilang isang pulitikal na grupo na sumusuporta sa mga Herodes bilang lehitimong may karapatan sa trono; ito ang tinaguriang 'Hasmonean throne.' Kalaban sila ng mga partidong nagsusulong ng separasyon ng mga karapatan at kapangyarihan ng kaparian at ng kaharian. Hindi rin nila nagugustuhan ang muling pagbuhay sa kaharian ni David."[1]

12:19-23 Makikita natin rito na prinisenta ng mga Saduceo ang kanilang 'hypothethical' o gawa-gawang kaso upang palabasin na anumang pananaw tungkol sa pagkabuhay na muli ay kakatwa.[2]

12:24-25 Malinaw na ipinamukha rito ni Jesus na ang mga Saduceo ay mangmang sa biblikal na pahayag tungkol sa muling pagkabuhay. Ang kanilang matinding pagkakamali ay ang kanilang kamangmangan sa kapangyarihan ng Diyos na kayang-kayang bumuhay ng mga patay. Dagdag pa rito, nilinaw rin dito na ang pag-aasawa ay hindi na iiral kapag natanggap na natin ang ating imortal na katawan sapagkat hindi na kinakailangan na magparami ng lahi kapag tayo ay nasa gayong kalagayan na. Liban pa rito, hindi rin naniniwala ang mga Saduceo sa mga anghel (Gawa 23:8), bagay na itinuwid rin ni Jesus. Itinuturing nila ang kanilang mga sarili na edukado at may malawak na kaalaman, subalit ang sabi ng Panginoong Jesus, sila'y mga mangmang na nangangailangan ng liwanag.[3] Sa kabilang banda, sa mga talatang ito ay hindi sinabi ni Jesus na kapag ang tao ay namatay ay magiging anghel siya o kaya'y magiging kagaya ng anghel sa anumang kaparaanan. Walang anumang biblikal na pahayag na sumusuporta sa paniniwalang ito. Ngunit ang mga Mormons, sila'y

---

[1]Lane, p. 426.

[2]Swete, p. 278.

[3]See Mann, p. 475.

naniniwala na ang tao ay nagiging anghel kapag siya'y namatay; at di lang iyan, sinasabi rin nilang nagiging isang 'diyos' ang taong iyon.[1]

12:26 Dahil pinangibabawan ang mga Saduceo ng pananaw na ang Lumang Tipan raw ay hindi nagtuturo ng tungkol sa muling pagkabuhay, hindi nila napansin ang isang napakahalagang talata sa Torah (Pentateuch) na magpapatunay ng kanilang matinding pagkakamali. Sa Exodo 3:6 ay mababasa ang katotohanan na mayroong ikalawang buhay matapos ang kamatayan. Sa madaling salita, sina Abraham, Isaac, at Jacob ay patuloy pa ring nabubuhay noong panahon ni Moises, bagamat sila ay hindi matatagpuang nabubuhay sa lupa. Kaya nga, hindi lamang tinanggihan ng mga Saduceo ang paniniwala sa muling pagkabuhay kundi mismong ang ikalawang buhay, ito man ay sa kalagayang nasa langit o nasa impyerno.[2] Ang mga Judio ay may buong pagtingin sa katauhan ng tao kumpara sa modernong pananaw ng mga taga-Kanluran (ikumpara. Gen. 2:7). Para sa mga Saduceo, kapag namatay na ang materyal o pisikal na bahagi ng isang tao, ang buong katauhan ay patay na rin o hindi na umiiral. Sa kabilang banda, si Jesus rin ay may buong pananaw na pagtingin sa katauhan ng tao, subalit aniya, kung ang immateryal o di-pisikal na bahagi ng isang tao ay magpapatuloy na mabuhay o umiral, ang buong katauhan ng isang tao ay magpapatuloy rin.

12:27 Ang seryoso at napakalaking kamalian ng mga Saduceo ay nasa kanilang kamangmangan sa talagang sinasabi ng Banal na Kasulatan. Ito mismo ang tono ng saway ni Jesus na mababasa natin sa talatang ito, ng kung saan ay natatangi sa tala ni Marcos.

> "Kung ang kamatayan ng mga patriarka ang siyang huling pag-iral nila sa kasaysayan at buhay, lalabas na ang mga pangako ng Diyo sa kanila ay hindi natupad, na mismong nakasaad sa tipan ng Diyos kay Abraham (yung tinatawag na 'Abrahamic covenant'). Ang tipan ng Diyos sa mga patriarka ay sinasagisag ng pormula o ng katagang 'Ang Diyos ni Abraham, Diyos ni Isaac, at Diyos ni Jacob.' Kaya

[1]See Van Baalen, p. 179; Gerstner, p. 156.

[2]Josephus, *Antiquities of …*, 18:1:4; idem, *The Wars …*, 2:8:14. See the *Zondervan Pictorial Encyclopedia of the Bible*, s.v. "Sadducees," by D. A. Hagner, 5:214-15.

> nga, ang muling pagbuhay sa mga patay ay kapahayagan at katibayan ng katapatan ng Diyos sa Kanyang tipan."[1]

Kaugnay pa rito, alalahanin natin na ang tipan ay mayroon lamang bisa o epekto hangga't ang dalawang nagkasundo ay buhay. Subalit kung ang isa sa kanila ay mamatay, ang bisa ng pangako ay hindi na mapanghahawakan o may epekto (ikumpara. Rom. 7:2; 1 Cor. 7:39). Kaya nga, para manatiling may bisa ang tipan ng Diyos sa mga patriarka, kailangan na ang mga patriarka ay nabubuhay pa rin.

> "Ang mga pahayag na mababasa sa Isaias 26:19, Daniel 12:2, Awit 16:9-11, o kaya'y sa Job 19:26 ay mga malinaw at matitibay na pahayag na sumusuporta sa doktrina na muling pagkabuhay. Subalit kapansin-pansin na ang ginamit na argumento ni Jesus ay nakatuon sa karakter o katangian ng Diyos. Sa madaling salita, Siya ay Diyos ng mga buhay at hindi ng mga patay. At kung Siya nga ang Diyos ni Abraham, Isaac, at Jacob—gaya mismo ng Kanyang sinabi kay Moises na siyang dakilang lingcod ng Diyos na naghatid ng Kautusan—napakadali lang isipin na ang mga taong iyon ay patuloy pa ring nabubuhay. Subalit kung ang tinaguriang bayan ng Diyos ay hahantong lang naman pala sa kapahamakan o hindi na pag-iral pagkatapos ng pisikal na kamatayan, ano pa ang kabuluhan na sabihin ng Diyos na Siya'y Diyos ng mga buhay?"[2]

Ang Turo ni Jesus tungkol sa Pinaka Dakilang Utos 12:28-34 (ikumpara. Mat. 22:34-40)

Ang ikatlong atake na ibinato ng mga kritiko at kaaway ni Jesus laban sa Kanya ay tungkol sa usapin ng kung ano ang pinaka dakilang utos ng Diyos sa Kautusan ni Moises (ikumpara. Lukas 10:25-28).

12:28 Ang mga rabbis o dalubhasang tagapagturo ng Kautusan ay mayroong binilang na 613 na utos sa Kautusan ni Moises. Ayon sa kanilang pagtatala, mayroong 365 na utos na negatibo ('huwag') at mayroong 248 na utos na positibo ('dapat'). Ayon sa kanilang pagsusuri, ang lahat ng mga utos ay hindi pare-parehas sa kahalagahan at pundasyunal na na katangian. At dahil rito, naging usapin ng kanilang debate kung ano ang

[1]Lane, p. 430.

[2]Evans, pp. 257-58.

“mabigat” na mga utos at kung ano ang mga “magaan” na utos. Sinubukan rin nilang gumawa ng mga pormulang-prinsipyo na bubuod sa kabuoan ng Kautusan.[1] Ito mismo ang usapin na itinanong nila kay Jesus, kung ano ang uri (Gr. *poia*) ng utos ang pwedeng ituring na una at “pinakamahalaga” sa lahat.

> "Nais ng mga eskriba na magbigay si Jesus ng isang prinsipyo ng klasipikasyon."[2]

Sa tala ni Mateo, ang tanong ay tiningnan niya na nagmula sa isang eskriba na naging tagapagsalita ng mga Pariseo. Subalit kay Marcos, tiningnan niya ito na personal na tanong mismo ng isang naghahanap ng kasagutan. Ang pagkakaibang ito ay nagpapakita na ang pagsasalaysay ni Marcos ay nakatuon sa mga indibidwal.

12:29 Mababasa sa tala ni Marcos ang Deuteronomio 6:4, ngunit hindi ito makikita sa tala ni Mateo. Ang talatang ito, na siyang unang pangungusap sa *Shema* (ito’y ang konpesyon ng pananampalataya at panalangin ng mga Judio; Deut. 6:4-5; ikumpara. Deut. 11:13-21; Blg. 15:37-41), ang siyang dalawang beses na binabanggit ng mga Judio sa araw-araw. Ito ang naglalatag ng batayan para sa Deuteronomio 6:5 (v. 30). Ang salitang *Shema* ang unang salita sa Hebreo na mababasa sa pahayag na ito. Ang salitang ito ay nangangahulugan ng “Pakinggan.” Ang mga Judiong mambabasa ni Mateo ay tiyak na mauunawaan ang mga salitang ito, subalit ang mga mambabasang Hentil ni Marcos ay maaaring hindi. Nasasaad sa Deuteronomio 6:4 ang paniniwala sa iisang Diyos (yun ay, monotheismo). Marami sa mga orihinal na mambabasa ni Marcos ay mga politheismo (sumasamba sa mga diyus-diyusan) sa dati nilang buhay.

12:30

> "Ang Diyos ay dapat na pakamalin na lubos at buong-buo (v. 30) sapagkat Siya at Siya lamang ang Diyos. Siya ang Diyos na gumawa ng tipan ng pagibig sa Kanyang bayan. At sa tipang ito, ibinigay ng Diyos ang Kanyang sarili ng may pagmamahal sa Kanyang bayan. At dahil rito, inaasahan rin naman Niya ang Kanyang bayan na tutugon ng may buong pagmamahal ('puso, kaluluwa, isip, at lakas’)."[3]

---

[1]Wessel, p. 737.

[2]Hiebert, p. 303.

[3]Wessel, p. 737.

Ang "puso" ay kumakatawan sa sentrong-kumokontrol sa personalidad ng isang tao. Ang “kaluluwa” ay kumakatawan sa kamalayan sa sarili. Ang “isip” ay sa kapasidad na mag-isip. At ang “lakas” ay may kinalaman sa pisikal na kakayahan at magagawa.[1] Ang mga ito ang siyang dapat na pagmulan ng daloy ng ating pagibig sa Diyos. Dapat nating mahalin ang Diyos na buo nating kalooban (kapasyahan), damdamin (pagnanasa), kaisipan (pananaw), at katawan (aksyon).

> "Kung ikukumpara natin ang pagkaka-ayos ng mga sangkap, makikita natin ang ganito: Kay Mateo ay—puso, kaluluwa, at isipan. Kay Marcos ay, puso, kaluluwa, isip, at lakas. Kay Lukas ay, puso, kaluluwa, lakas, at isipan. Sa Masoretikong Teksto ay, puso, kaluluwa, at lakas. Sa Septuagint ay, isipan, kaluluwa, at lakas. Kung susuriin ang pormula na ito, makikita na idinagdag nina Marcos at Lukas ang “isipan” sa Hebreo at Septuagint na pormula. Samantala, pinalitan naman ni Mateo ng “isipan” ang “lakas.”[2]

12:31 Ang eskriba ay humingi lamang ng isang utos kay Jesus, subalit dalawa ang ibinigay sa kanya. Ang ikalawang pinaka mahalagang utos ay ang pagibig sa kapwa. Sa Levitico 19:18, ang pagmamahal sa kapwa ay nag-uugat sa pagibig sa Diyos at sa prinsipyo ng Deuteronomio 6:5. Ang pagibig sa kapwa ay hindi pwedeng ihiwalay sa dalawang puntong ito. Para sa mga Judio, ang itinuturing nilang kapwa ay ang kanilang kababayan at ang mga taong ganap na naakay sa kanilang relihiyon. Subalit para kay Jesus, ang kapwa ay sinumang iyong kausap, pinakikitunguhan, kapit-bahay – sa madaling salita, isang kapwa-tao, yun ay, tao ring gaya mo (ikumpara. Lukas 10:25-27). Ang salitang "kapwa" (Gr. *plesion*, literal na kahulugan ay, ‘siya na nariyan o malapit sa iyo) kung gayon ay isang kataga na pangkalahatang tumutukoy sa isang kapwa-tao.

Kapansin-pansin na ang pagmamahal natin sa ibang tao ay dapat na kagaya ng ating pagmamahal sa ating sarili. Kinikilala ng Kautusan na ang tao ay mayroong pundamentong pagmamahal sa kanyang sarili. Ipinapakita natin ito sa pamamagitan ng pangangalaga sa ating sarili sa

---

[1]Grassmick, p. 164.

[2]Eugene H. Merrill, "Deuteronomy, New Testament Faith, and the Christian Life," in *Integrity of Heart, Skillfulness of Hands*, p. 26.

iba't ibang kaparaanan.[1] Gayunpaman, dapat na linawin na ang pagmamahal natin sa ating kapwa ay hindi nangangahulugan na ang pera mo na kailangan mo para sa iyong sariling ikabubuhay ay ibibigay mo para tugunan ang pangangailangan ng iba. Syempre, hindi natin kayang tugunan ang pangangailangan ng iba kung hindi muna natin tinutugunan ang pangangailangan ng ating sarili.

Ang Deuteronomio 6:5 at Levitico 19:18 kung gayon ang siyang pinaka mahalagang utos sa Kautusan ni Moises. Ito ang bumubuod sa lahat ng mga utos – ang pagibig sa Diyos at ang pagibig sa kapwa. Maraming mga utos sa Lumang Tipan na nagdidikta ng pamumuhay ng mga Judio ay magwawakas, ayon mismo na ipinapahiwatig ni Jesus sa 7:19. Subalit ang dalawang dakilang utos na ito ay walang katapusan. Ito ay umiiral na at pangunahin na sa buhay simula pa lang ng paglalang. Ito ay magpapatuloy magpakailanman ng dahil sa relasyon ng tao sa Diyos at dahil na rin sa pagkakaisa ng sangkatauhan sa isa't isa bilang tao. Ito ang siyang pinagtibay ni Jesus sa tagpong ito.

12:32-33 Si Marcos lamang ang nagtala ng tugon ng eskriba at ng komento ni Jesus (v. 34). Ang mga ito ang higit na nagbigay tingkad sa kahalagahan ng turo ni Jesus. Naniniwala ang eskriba na ang sagot ni Jesus ay tama. At siya man ay naniniwala na ang pagibig ay higit na mahalaga kaysa anumang handog na susunugin (ikumpara. 1 Sam. 15:22; Hos. 6:6). Ang ganito sagot ay hindi tipikal o karaniwan sa mga Pariseo na ipinapakilala sa atin sa aklat na ito. Sa halip, marami sa mga Pariseo ang naniniwala na ang pagsasagawa ng mga rituwal ay higit na mahalaga kaysa pag-uugali; ang seremonya ay higit na mahalaga kaysa moralidad.

> "Malinaw na binigyang pagkakaiba ng 'mabuting eskriba' ang turo ni Jesus at ng mga relihiyosong pinuno hinggil sa usapin ng kahulugan ng pagtupad sa kalooban ng Diyos. Para kay Jesus, ang pinakamahalagang bagay ay ang pagmamahal sa Diyos at sa kapwa. Ngunit para sa mga relihiyosong nasa awtoridad, ang mahigpit na pagtalima sa

[1]Para sa pagpapabulaan ng pananaw na ang utos na ito ay nagpapahiwatig na dapat muna nating matutunan na ibigin ang ating sarili bago natin magawang ibigin ang ating kapwa, hanapin ang pag-aaral ni Robert L. Thomas, *Evangelical Hermeneutics*, pp. 130-31.

> kautusan at tradisyon ang siyang pinaka mahalaga at ang nagbibigay sa kanila ng kabuluhan.[1]
>
> "Sa salaysay na ito ay ginamit ni Marcos ang mabuting eskriba upang ipakita ang dalawang magkaiba at magkalabang pananaw tungkol sa pagsasabuhay ng kalooban ng Diyos – ang pananaw ni Jesus at ang pananaw ng mga pinuno ng relihiyon."[2]

12:34 Gustong sabihin ni Jesus sa talatang ito na ang ‘mabuting eskriba’ ay “malapit ng mapabilang” sa kaharian ng Messias. Ang kanyang pagiging bukas sa pahayag ng Banal na Kasulatan at ang kanyang positibong ugali kay Jesus ay maaaring maghatid sa kanya sa pananampalataya sa Panginoon, at sa bandang huli’y mapapabilang sa itatatag na kaharian ng Messias sa daigdig.

Ang mahusay na sagot ni Jesus ang nagpahina ng loob ng Kanyang mga kalaban at kritiko na muling magtanong ng mga patibong na tanong. Mula noo’y huminto na sila sa pagtatanong sa Kanya.

Maliwanag kung gayon na kinukuha ni Jesus ang Kanyang awtoridad mula sa Salita ng Diyos (ikumpara. 11:28). Lahat ng Kanyang mga sagot ay hinuhugot Niya mula sa mga talata ng Hebreong Biblia. Ito rin ang awtoridad na kinikilala ng mga relihiyosong pinuno, bagamat hindi naman talaga nila ginagawa. Makikita natin sa tagpong ito na nabigo silang sirain si Jesus.

Ang Tanong ni Jesus kung kaninong Anak ang Messias (ikumpara. Mat. 22:41-46; Lukas 20:41-44)

Hanggang sa tagpong ito, ang mga relihiyosong pinuno ang siyang laging nangingibabaw sa pagtatanong kay Jesus, lalo’t tungkol sa Kanyang katuruan. Subalit sa pagkakataong ito, Siya naman ang magtatanong tungkol sa kanilang turo at awtoridad (Mat. 22:41). Ang salaysay ni Mateo para tagpong ito ang siyang pinakamahaba.

12:35 Ngayon ay si Jesus naman ang uusisa sa turo ng mga kritiko Niya. Dito ay nais Niyang malaman kung bakit naniniwala ang mga tagapagturo ng Kautusan na ang Messias ay anak ni David. Syempre, maliwanag namang sinasabi sa Lumang Tipan na ang Messias ay magmumula sa lipi ni David, at dahil rito’y maituturing na “anak’ ni David (2 Sam. 7:8-16; atbp.). Ito

---

[1]Kingsbury, p. 17

[2]Ibid., p. 124, endnote 52.

ang siyang pinaniniwalaan ng mga lider ng Israel, subalit ang kanilang pagkakaunawa sa relasyon ng Messias kay David ay nakatuon lamang sa katauhan ng isang mananagumpay na hari ng mga Judio na mula sa dinastiya ni David.

12:36-37a Itinuon ni Marcos ang atensyon ng kanyang mambabasa sa awtoritatibong katuruan ni Jesus sa pamamagitan ng hindi pagbibigay ng sagot ng mga Pariseo, bagay na itinala naman ni Mateo sa layuning ipakita ang kanilang kamalian (Mat. 22:42). Dito lamang sa pagkakataong ito binanggit ni Jesus ang awtoridad ng Lumang Tipan na bumabalik sa banal na inspirasyon nito. Syempre, kahit hindi banggitin ni Jesus ang salitang “kinasihan”, alam Niyang ito’y nakapaloob na sa katangian ng Banal na Kasulatan sa tuwing sinisipi Niya ang mga talata nito. Kaya nga, ang tanong Niya rito: paanong ang Messias ay pwedeng maging sabay na anak ni David at kanyang panginoon? Walang sinumang tatay na tinatawag ang kanyang anak na panginoon. Sa kabilang banda, pwedeng tawagin ng anak ang kanyang ama na panginoon.[1]

> "May isa lamang sagot sa palaisipang ito. Ang Messias ay naging ‘anak’ ni David sa punto na ito ay nagmula sa kanyang lipi. Sa kabilang banda, ang Messias ang ‘Panginoon’ na nakahihigit kay David sapagkat ang Messias ang Siya mismong Hari ng kaharian, at si David ay isa lamang nasasakupan, hindi ang soberano."[2]

Sa Awit 110:1, ipinapakita na ang Messias ay hindi lamang nakababata kay David sa gulang o ang kanyang ‘junior’, kundi ang Messias ay nakatatanda rin sa kanya sa punto ng kapamahalaan, at dahil rito’y kanyang ‘senior.’[3] Ang Messias ay Anak ng Diyos; Diyos at Tao.

> "Sa pamamagitan lamang ng Pagdadalang-tao ng Birhen tataglayin ni Jesus ang dalawang uri ng kalikasan na kung saan Siya ay pwedeng maging Anak ni David at Panginoon ni David."[4]

---

[1]Cranfield, pp. 382-83.

[2]Jamieson, et al., p. 976.

[3]Moule, p. 99. Cf. Evans, pp. 272-76.

[4]Bailey, "Mark," p. 90.

> "Ginamit ni Jesus ang Kanyang mayamang kaalaman sa legal legal [Deut. 6:5; Lev. 19:18] at propetikong [Aw. 110:1] mga kasulatan upang itatag ang Kanyang mga aksyon at ipagtanggol ang Kanyang sarili laban sa mga mapaminsalang mga akusasyon."[1]

12:37b Ang pagbanggit ni Marcos sa naging positibong tugon ng mga tao o ng Masa sa turo ni Jesus ay higit na nagpatingkad sa awtoridad nito. Ito'y laging hinahamon at tinatanggihan ng mga relihiyosong pinuno, subalit kinikilala at tinatanggap ito ng Masa.

3. Ang Hatol ni Jesus laban sa Kapaimbabawan at ang Papuri Niya sa Katapatang-Loob 12:38-44

Nagpatuloy pa si Jesus sa Kanyang pagtuturo sa pamamagitan ng kahatulang pinahayag Niya laban sa mga kritiko at umaakusa sa Kanya. Siya'y binatikos at kinondena ng mga umaakusa sa Kanya sapagkat Siya'y hindi pasado sa uri ng Messias na kanilang hinihintay at inaasam. At dagdag pa, Siya'y naging banta laban sa kanilang kapangyarihan at posisyon. Gayunpaman, ipinakita Niya na ang Hebreong Biblia ay may ipinapakilalang Messias na salungat sa kanilang iniibig. At ngayon, hinatulan naman Niya ang mga tagapagturong ito ng dahil sa kanilang kabiguan na umayon sa hinihingi sa kanila ng Banal na Kasulatan. Sa seksyon na ito nagtapos ang pagtatala ni Marcos sa publikong ministeryo ni Jesus at ibinalik niya ang pansin sa pagtuturo ni Jesus sa Kanyang mga disipulo.

Ang Hatol ni Jesus laban sa Kapaimbabawan 12:38-40 (ikumpara. Mat. 23:1-39; Lukas 20:45-47)

Kumpara sa napakahaba at napakayamang tala ni Mateo, pinaikli o binuod ni Marcos ang komento ni Jesus laban sa mga mapagpaimbabaw. Ang mga pananalita rito ni Jesus ang siyang naging hudyat o 'signal' ng Kanyang ganap na paghiwalay sa mga opisyal na lider ng Israel. Ito rin ay nagsisilbing marka para ganap na Niyang tanggihan ang Israel bilang isang pasaway na bansa (hindi sa puntong indibidwal at pansamantala lamang, ikumpara. Rom. 9—11) na ayaw kumilala at tumanggap sa Kanya bilang kanilang Messias.

12:38-39 Hinatulan ni Jesus ang mga relihiyosong pinuno ng dahil sa kanilang pag-uugali bilang mga panginoon sa halip na mga tagapaglingkod. Ang

---

[1]Rhoads and Michie, p. 85.

pahayag Niya laban sa kanila ay sa pangkalahatang punto, hindi sa indibidwal na paraan – yamang may ibang mga tulad nila na may maayos na ugali (gaya nina Nicodemo at ni Jose na taga-Arimatea). Noong panahong iyon, napakaraming mga Israelita ang may mataas na paggalang sa mga eskriba.[1]

> "Ang 'tanging luklukan' na tinutukoy rito ay isang bangko na malapit sa kaban na kinalalagyan ng mga aklat ng Banal na Kasulatan. Ang bangko na ito ay nasa harap ng entablado na kitang-kita ng lahat. Sa madaling salita, ito'y isang natatanging lokasyon na makita ka ng lahat."[2]

12:40 Sa talatang ito makikita ang daloy ng kanilang mapagmataas na ugali tungo sa pagiging isang tiwali.[3] Ang mga tagapagturo ng Kautusan ay hindi tumatanggap ng kanilang sahod mula sa pamahalaan kundi sa kusang-loob na kontribusyon ng mga tao.[4] Dahil rito, may iba sa kanila na sinamantala ang simpatya ng ibang tao, maging ang tanging ikabubuhay ng mga balo. Ang pagbanggit sa 'balo' rito ang naglatag ng tagpo para sa susunod na pangyayari (vv. 41-44).

Ang kanilang panalangin ay karaniwang mahaba ay magpa-impres o magpasikat sa mga tao na sila'y mga banal at makaDiyos. Subalit ang kanilang mahabang panalangin ay maskara lamang ng kanilang kasakiman. Nagkukunwari silang may malaking pagmamahal sa Diyos, ngunit ang totoo'y ang gusto lang nilang makuha ay ang pansin at paghanga ng mga tao. At dahil rito, ito ay maghahatid sa kanila ng 'mabigat na parusa' sa harapan ng hukuman ng Diyos. Ang katagang 'lalo pang bibigat ang parusa' ay nagpapahiwatig na mayroong antas ng kaparusahan (ikumpara. Mat. 11:20-24; Santiago 3:1; atbp.).

> "Madalas na iniiwan ng mga tao ang kanilang buong kayamanan sa Templo at ang malaking bahagi ng pera nito ay nauuwi sa mga eskriba at Pariseo. Ang mga eskriba ay gumagawa ng mga pamamaraan upang ang mga tao ay gumawa ng mga habilin ng kayamanan at pagbibigay ng

---

[1]See Lane, pp. 339-40, for some examples.

[2]Mann, p. 491.

[3]Hiebert, p. 310.

[4]Wessel, p. 740.

> mga ari-arian para sa Templo. Isang halimbawa nito ay ang paghihikayat nila sa mga balo na ibigay o ibenta ang kanilang mga bahay para sa Templo. Para magawa nila ang panghihikayat, madalas silang maghandog ng mahabang panalangin para sa mga balo at para sa kanilang bahay. Sa pamamagitan ng ganitong panalangin ay nahihikayat nila ang loob ng mga balo na sumunod sa kanila. Ito ang uri ng panalangin na sinabi ng Panginoon na pakunwari. Hindi ito kaylanman magiging tunay na panalangin sapagkat mayroong itinatagong masama o gahamang balak."[1]

Ang Papuri ni Jesus sa Katapatang-Loob 12:41-44 (ikumpara. Lukas 21:1-4)

Sa tagpong ito ay makikita natin ang malaking pagkakaiba sa pagitan ng mga eskriba at ng isang partikular na balo. Ang mga eskriba ay may pisikal na prosperidad ngunit nararatay sa espirituwal na kasalatan o kahirapan. Samantala, ang balot ay nasa pisikal na kahirapan ngunit mayaman sa espirituwal. Makikita rin dito ang malaking pagkakaiba sa pagitan ng kasakiman ng mga eskriba at ng mapagbigay na puso ng balo. Sa tagpong ito ay bumalik na ang pansin ng salaysay sa pagtuturo ni Jesus sa Kanyang mga alagad (12:41—13:37). Sa bahaging ito matutunghayan ang 'climax' ng paksa tungkol sa tunay na kabanalan (ng isang babae) at sa matigas na puso (ng mga eskriba) na walang pananampalataya.[2]

12:41 Mayroong 13 mga sisidlan na hugis trumpeta (Heb. *shofar*) na inilagay ng mga pari sa hilaga, silangan, at sa timog na bahagi ng Lugar para sa mga Kababaihan; dito rin tinatanggap ang handog ng mga Judio.[3] Ang lugar na ito para sa mga kababaihan (na naroon rin ang Hulugan ng mga Kaloob) ay nakapaloob sa Lugar para sa mga Hentil, na siyang labasang bahagi ng templo. Mayroong isang mababang harang na naghihiwalay sa lugar na para sa mga Hentil mula sa loobang bahagi ng templo. Ngunit kumpara sa Lugar ng Israel, na mga lalaki lamang ang makakapasok, ang lugar para sa mga kababaihan ay malayo sa gusali ng templo. Ito rin ay malayo sa Lugar ng mga Pari, na kung saan ang mga pari lamang ang makakapasok. Ang mga nagdaang turo ni Jesus ay sinabi Niya doon sa Lugar na para sa mga

---

[1]Wuest, 1:1:241.

[2]Tingnan ang pag-aaral ni Geoffrey Smith, "A Closer Look at the Widow's Offering: Mark 12:41-44," *Journal of the Evangelical Theological Society* 40:1 (March 1997)27-36.

[3]Mishnah *Shekalim* 6:5. See also Alfred Edersheim, *The Temple*, pp. 48-49.

Hentil, sa labasang bahagi. Ngunit sa tagpong ito na may nakita Siyang balo, Siya ay nasa looban na ng Lugar para sa mga Kababaihan.



Habang Siya ay naroroon, pinagmamasdan ni Jesus kung "paano" (Gr. *pos*) hinuhulog ng mga Judio, babae man o lalaki, ang kanilang mga boluntaryong handog doon sa hulugan ng mga kaloob. Ang mga taong ito ay pumunta roon upang ipagdiwang ang pista ng Paskuwa. Marami sa kanila ay mayaman at nakapagbigay ng napakalaking halaga ng salapi.

12:42 Ang babaing pinagmasdan ni Jesus ay hindi lamang isang balo, kundi isang mahirap na balo. Marahil ay madaling mahalata na siya ay isang mahirap ng dahil sa damit na suot niya. Kitang-kita ang kanyang pagkakaiba mula sa maraming mayayaman na naroroon. Ang 'dalawang kusing' (Gr. *lepta*) na kanyang hinandog ay kapiraso lamang ng halaga kung ikukumpara sa isang denaryo. Ang isang 'denaryo' ay katumbas ng arawang-sahod ng isang manggagawang Israelita. Ang 'isang pera' na ating mababasa sa ating Tagalog na Biblia ay tumutukoy sa 'sentimo ng mga Romano' (sa Griego ay *kodrantes*, transliterasyon ng salitang Latin na *quadrans*). Ipinaliwanag ni Marcos ang katumbas na halaga upang maunawaan ng kanyang mga Romanong mambabasa.

> "Ang dalawang *lepta* ay pwedeng makabili lang ng isang dakot na harina. Para ka lang bumili ng isang maliit na miryenda."[1]

12:43-44 Ipinakita ni Marcos ang kahalagahan ng aral na ituturo ni Jesus sa pamamagitan ng pagbibigay pansin sa pagtawag ni Jesus sa Kanyang mga alagad na lumapit sa Kanya. Bago simula ni Jesus ang aral na Kanyang sasabihin, binanggit Niya muna ang katagang, “Sinasab ko sa inyo,” o sa ibang salin ay “Katotohanang sinasabi ko sa inyo.” Ang sabi rito ni Jesus, ang munting handog ng isang mahirap na babaeng balo ay higit na naging mahalaga sa paningin ng Diyos kumpara sa mayamang kaloob ng iba sapagkat ang handog niya ay kung ano na ang lahat na mayroon siya. At higit sa lahat, hinandog niya ang lahat ng natitirang mayroon siya ng kusang-loob. Dalawang kusing ang mayroon siya; pwede naman sana niyang itira ang isa para sa kanyang sarili. Gayunma’y hinandog pa niya ang dalawa. Sa madaling salita, ang sakripisyong ginawa niya ay ekspresyon ng kanyang pagmamahal sa Diyos, maging ng kanyang pagtitiwala sa Panginoon na tutustusan ang kanyang mga pangangailangan (ikumpara. 1 Hari 17:8-16).

> "Ipinadama niya ang kanyang pagibig sa Diyos at sa kapwa."[2]

> "Ang sukatan ng tunay na pagbibigay ay ang paraan at motibo ng nagbibigay."[3]

> "Ang sukatan ng pagiging mapagbigay ay hindi sa kung ano at magkano ang ibinigay, kundi sa kung ilan na lamang ang natira."[4]

Paano nalaman ni Jesus na ibinigay na ng babaeng balo ang lahat ng kanyang pag-aari at ikabubuhay? Marahil ay alam niya ito sapagkat Siya ay isang propeta; o kaya, maaaring napansin niya ito sa itsura. O siguro, si Jesus ay nagsasalita lamang dito sa paraang hayperboliko.[5]

---

[1]Evans, p. 283.

[2]Morgan, *The Gospel …*, p. 269.

[3]Plummer, p. 290.

[4]William Kelly, *An Exposition of the Gospel of Mark*, p. 179. Cf. Cole, p. 196.

[5]Evans, p. 284.

Narito ang isa pang halimbawa ng isang taong may puso ng isang lingkod; na ibinigay ang lahat para sa Panginoon, bagamat maituturing na kakaunti lamang ang bagay na iyon sa paningin ng tao (ikumpara. 10:45). Sa tagpo na ito ay itinuturo sa atin ni Jesus at maging ng salaysay ni Marcos kung paano pinahahalagahan ng Diyos ang taus-pusong komitment para sa Kanya.

C. ANG TURO NI JESUS SA BUNDOK NG OLIBO, KAB. 13

Ang mga turo ni Jesus doon sa Bundok Olibo o ang tinaguriang 'The Olivet Discourse' ang siyang pinaka mahabang seksyon ng pagtuturo ni Jesus na itinala ni Marcos sa kanyang aklat (ikumpara. 4:1-34; 7:1-23). Ginamit ni Marcos ang diskursong ito upang magsilbing tulay sa pagitan ng kontrobersya ni Jesus laban sa mga pinuno ng Israel (11:27—12:44) at sa magaganap na tagpo ng Kanyang paghihirap at kamatayan (kab. 14—15). Ito ay naghahatid ng katiyakan na ang mga lider at nasa katungkulan na nagplano ng kamatayan ni Jesus ay tiyak na magdurusa ng kahatulan ng Diyos.

> "Sa kabanatang 13 ay higit na pinatingkad ang paglalarawan kay Jesus bilang isang propeta na nagpapahayag ng mga bagay na tiyak na mangyayari."[1]

> "Ang kabanatang 13 ng Marcos ay isa sa pinaka mahirap na kabanata sa Bagong Tipan na hindi madaling maunawaan ng mga modernong mambabasa. Ito ay dahil sa ang Marcos 13, sa buong Biblia, ang siyang naglalaman ng mayamang sangkap ng kaisipang Judio. Mula umpisa hanggang katapusan, ang kaisipan nito ay alinsunod sa mga kataga at termino ng kasaysayan at ideyang maka-Judio."[2]

Parehas na binigyang diin ni Mateo at Marcos ang turo ni Jesus na nakatuon sa Kanyang ikalawang pagbabalik. Matthew and Mark both stressed Jesus' teaching that focused on His second coming. Higit ring itinala nina Mateo at Marcos ang sagot ni Jesus sa ikalawang tanong ng Kanyang mga alagad: "Kaylan po ba mangyayari ang mga bagay na ito at ano ang palatandaang magaganap na ang lahat ng iyan?" (13:4b). Si Lukas ay higit na natuon sa unang tanong: "Kaylan po ba mangyayari ang mga bagay na ito?" (13:4a). Ang pagtatala ng kasagutan na ginawa ni Mateo ay para sagutin ang tanong ng Di-mananampalataya Judio. Samantala, ang pagtatala na ginawa ni Marcos ay pangunahing nakatauon para tumugon sa katanungan ng mga Kristyanong Hentil na nabubuhay sa ilalim ng pamamahala ng Roma at nasa gitna ng isang magulong mundo. Binigyang diin

[1]Gundry, p. 734.

[2]Barclay, p. 317.

ni Marcos ang pahayag ni Jesus tungkol sa pagiging handa at mapagbantay. Nais Niyang maging handa ang Kanyang mga tagasunod sa darating na panahon ng kahirapan.

> "Ang pahayag sa Bundok ng Olibo ay maituturing na isang 'Munting Aklat ng Pahayag.' Ito ay nagbibigay ng babala sa mga disipulo na maging mapagmatyag sa apat na malalaking espirituwal na panganib. Ang unang panganib ay ang pananangan at pagkagiliw sa mga panlabas kaugalian o gawain ng relihiyon. Ang ikalawang panganib (talatang, 5, 6) ay pandaraya na hatid ng huwad na mga Messias; ang ikatlo (talatang 7, 8) ay distraksyon o pagkagambala na hatid ng mga kaguluhang nangyayari sa ating paligid at sa daigdig; at ang ikaapat (talatang 9ss.) ay ang matisod o panghinaan ng loob ng dahil sa mga hindi inaasahang mga pag-uusig na darating laban sa ating pananampalataya. Kaya nga, ang maagang babala ay para sa maagap na paghahanda."[1]

1. Ang Tagpo 13:1-4 (cf. Matt. 24:1-3; Luke 21:5-7)

13:1 Ang pangangaral o diskursyong ito ay tiyak na naganap matapos na si Jesus ay umalis sa lugar ng Templo kasama ang Kanyang mga alagad noong araw ng Miyerkules. Ang mga "naglalakihang bato" na nakatawag ng pansin ng mga alagad ay maaaring yaong nasa taas na bahagi ng Templo.

Pinalawak ng Dakilang Herodes ang kapaligiran ng templo at sinuportahan ito gamit ang mga naglalakihang pundasyong bato. Sa timog-silangang bahagi ng templo, ang mga gusali at istraktura ay pinataas niya ng 170 talampakan na higit ang taas sa Kidron Valley sa baba nito.[2] Ilan sa mga batong ito ay nananatili pa rin hanggang ngayon.

Subalit kung iuugnay natin ito sa mga bagay na prinopesiya ni Jesus na mangyayari, masasabi natin na ang tinutukoy rito ng mga alagad na naglalakihang mga bato ay yaong sa mga gusali at portiko, hindi mismo sa mga pundasyong bato. Yung mga haligi na sumusuporta sa bubungan ng templo ay napakaganda ring tingnan. Ang kabuoang mga gusali sa templo ay talagang kahanga-hangang pagmasdan noong panahong iyon.[3] At kaya

---

[1]Cole, p. 197.

[2]Finegan, pp. 323-27.

[3]Tingnan ang sulat ni Josephus, *Antiquities of …*, 15:11:3-7; at ang aklat ni Edersheim, *The Temple*, ch. 2.

siguro binanggit rito ni Marcos ang tungkol sa mga bato ay ng dahil na rin mismo sa sasabihin ni Jesus tungkol rito (v. 2).

13:2 Dito ay mababasa natin na prinopesiya ni Jesus ang ganap na pagkawasak ng mga gusali ng templo (ikumpara. Jer. 7:11-14). At ito nga ay naganap noong A.D. 70 nang sinakop at winasak ng Romanong si Tito ang lungsod ng Jerusalem, mula Abril 11 hanggang Setyempre 7.[1] Talagang lubusan niyang iginuho ang mga naggagandahan at naglalakihang mga gusali at portiko ng templo na anupa't anumang bakas nito ay hindi na mahagilap at malalaman.

> "Sa Kanyang ministeryo, si Jesus ay isang mangangaral ng Salita ng Diyos na laging ipinapahayag ang pagsasabuhay nito sa kasalukuyang pamumuhay ng mga tao. Subalit sa puntong ito, Siya ay isang propeta na nagpapahayag ng mga bagay na mangyayari sa hinaharap."[2]

Subalit dapat nating tandaan na ang propesiyang ito ay hindi pa ganap na natutupad; wala pa itong kumpletong katuparan. Ang totoo niyan, marami pa ring mga bato na matatagpuan sa templo, lalo't sa pundasyon nito. Sa pagpapatuloy ng propesiya ni Jesus, matutunghayan natin na ang kumpletong katuparan nito ay magaganap sa hinaharap (yun ay, sa panahon ng Matinding Kapighatian o sa Ingles ay, 'seven-year Tribulation'; ikumpara. Jer. 30:7).

13:3 Ang Bundok ng mga Olibo at ang Templo ay pinapagitnaan ng Kidron Valley. At tiyak na habang naglalakad ang mga disipulo sa lambak na ito, pinag-isipan nilang mabuti ang sinabing propesiya ni Jesus. At nang sila ay naupo na nga sa bundok ng Olibo habang nakatapat na nakatangin sa templo, ang unang apat na disipulo ni Jesus (1:16-20) ay lumapit sa Kanya at nagtanong ng dalawang tanong.

13:4 Ang unang tanong ay may kinalaman sa pagkawasak ng templo. Samantala, sa salaysay ni Mateo, ang kanilang ikalawang tanong ay may dalawang bahagi: Una ay kung ano ang tanda ng pagbabalik ni Jesus at ang katapusan ng presenteng panahon. Ngunit pinag-ugnay ni Marcos ang dalawang tanong na ito sa iisang pangungusap na tanong na may kaugnayan sa katuparan ng katagang "mga bagay na ito." Tinitingnan ng

---

[1]W. M. Thomson, *The Land and the Book*, 2:595.

[2]Hiebert, pp. 315-16.

mga alagad ang pagkawasak ng templo at ang katapusan ng presenteng panahon na sabay na mangyayari. Gayunpaman, sa Kanyang sagot, sinabi ni Jesus na ang mga kaganapan na ito ay hindi sabay na mangyayari. Ngunit minsan pa, dito ay makikita natin na ang isang tanong ng mga alagad ay humantong sa isang sesyon ng pagtuturo (ikumpara. 4:10-32; 7:17-23; 9:11-13, 28-29; 10:10-12).

2. Mga Babala Laban sa mga Panlilinlang 13:5-8 (Mat. 24:4-8; Lukas 21:8-11)

Una munang sinagot ni Jesus ang ikalawang tanong ng mga alagad na patungkol sa tanda ng pagtatapos ng presenteng panahon. Sa negatibong pamamaraan, binigyan Niya muna ng babala ang mga alagad tungkol sa mga maling palatandaan – kumbaga ay, ang mga pangyayaring ito ay maikukumpara pa lang sa paghilab ng tiyan ng isang babaeng manganganak (v. 8; vv. 5-13). Pagkatapos nito, ibinigay Niya ang positibong impormasyon tungkol sa isang pangyayaring huhudyat sa pagdating ng matinding “kapighatian” (v. 19), na susundan ng Kanyang ikalawang pagdating (vv. 14-27). At pagkatapos nito, sinagot ni Jesus ang kanilang unang tanong tungkol sa pagkawasak ng Jerusalem. Ang sagot Niya ay sa pamamagitan ng isang talinghaga (vv. 28-32). Ang sentral na bahagi ng pahayag na ito ay eskatolohikal (vv. 14-27), na may kalakip na mga moral na pangangaral. Sa wikang Griego, ang mga talatang 5 hanggang 37 ay naglalaman ng 19 imperatibong pandiwa (imperative verbs). Ang ibig sabihin, ang biblikal na propesiya ay may praktikal na katangian. Ito ay dapat na umapekto sa pag-uugali at asal ng isang tagasunod ni Jesus.

> "Ang mga kondisyon na nakaugnay sa napipintong lokal na krisis at pagbagsak ng Jerusalem ay nagsisilbing larawan sa krisis na mangyayari sa buong daigdig sa katapusan ng panahon. Sa madaling salita, ang mga sinabi rito ni Jesus para sa Kanyang mga naunang alagad ay nananatiling napapanahon at kapaki-pakinabang sa ating mga mananampalataya ngayon na humaharap sa parehas na hamon ng sitwasyon."[1]

13:5-6 Ang unang salita na binanggit ni Jesus sa Kanyang sagot ay ang katagang, “Mag-ingat kayo,” na pwede ring sabihin na, “Masdan ninyong mabuti” (Gr. *blepete*). Ang salitang ito ay apat na beses na lumabas sa mga susunod na mga talata. Nagbibigay ito ng diin at halaga sa konsepto ng ‘babala’ hinggil sa mga bagay na ipapabatid sa kanila ni Jesus (vv. 9, 23, 33). Halimbawa, sa talatang 5 at 6, ay binabalaan ni Jesus ang Kanyang

[1]Grassmick, p. 167.

mga alagad tungkol sa mga taong magsasabi na sila ang ‘Messias’ at sasabihing ‘Ako Siya.’ Maraming mga pekeng messias ang lalabas bago dumating si Jesus. Ang katagang ‘Ako nga’ sa salaysay at pagkakagamit ni Marcos ay tumutukoy sa banal na pangalan ng Diyos (ikumpara. Exod. 3:14; John 8:58). Ang sabi ni Jesus, ang mga huwad na messias na ito ay magsasabing sila ay Diyos at ang hinihintay na Messias. Gagamitin nila ang pangalan ni Jesus at sasabihing taglay nila ang Kanyang awtoridad.[1]

13:7-8 Mayroong mga alingawngaw ng labanan, mga balita ng digmaan, lindol, at taggutom na mangyayari, gayunpaman, ang mga ito ay hindi palatandaan na malapit na ang wakas. Maraming mga ganito ang mangyayari at kinakailangang mangyari bago dumating ang katapusan. Ang kaharian ni Jesus ay darating sa kasaysayan at lalabas sa daigdig na katulad ng isang sanggol na isinisilang mula sa isang napakasakit na karanasan ng panganganak (ikumpara. Isa. 66:8; Jer. 22:23; Hos. 13:13; Mik. 4:9-10): sa madaling salita, hirap at sakit ang siya munang mararanasan bago ang kasiyahan. Ikinumpara ni Jesus ang mga labanan, digmaan, mga lindol at mga taggutom na magaganap bilang ‘pasimula pa lamang ng paghihirap.’

Ang mga kaganapan na ito ay magpapahiwatig na malapit ng dumating ang kaharian ng Diyos, gayunpaman, hindi ito magbibigay ng eksaktong petsa ng pagdating nito. Sila’y bahagi ng programa ng Diyos para sa kasalukuyang panahon na parehas na kinabibilangan ng kahatulan at kaligtasan. Hindi ito nangangahulugan na ang panahon ng Matinding Kapighatian ay dumating na. Subalit, ang mga bagay na ito ay magiging marka para sa unang bahagi ng Pitong-Taong Kapighatian (ikumpara. Pah. 6). Marahil sa talatang 5 hanggang 8 ay inilalarawan kung ano ang magiging kalagayan bago o kapag nasa panahon na ng Matinding Kapighatian, yun ay, sa unang bahagi nito. Samantala, sa talatang 9 hanggang 23 ay ipinapakita ang magiging kalagayan kapag nasa ikalawang bahagi na ng panahon ng Matinding Kapighatian.[2]

---

[1]Evans, p. 305.

[2]Ikumpara. Bailey, "Mark," p. 91.

3. Babala tungkol sa Personal na Panganib na hatid ng Panlilinlang 13:9-13 (ikumpara. Mat. 24:9-13; Lukas 21:12-19)

Ang mga babalang ito ay makikita rin sa ibang konteksto ng ministeryo ni Jesus (ikumpara. Mat. 10:17-22; Lukas 12:11-12). At syempre maraming beses silang binigyan ni Jesus ng mga babala.

Binigyang diin ni Marcos ang ideya ng pag-uusig sa pamamagitan ng tatlong beses na paggamit ng salitang Griego na *paradidomi* sa bahaging ito. Ito ay makikita sa talatang 9, 11, at 12. Ito ay isinalin sa Tagalog na, “ihaharap” (v.9) “dinakip” (v.11) at “ipagkakanulo” (v.12).

13:9 Dapat na umasa ang mga alagad na mayroong darating na pag-uusig sa kanila mula sa mga Judio at sa mga Hentil; mula sa korte ng pamahalaan at ng relihiyon. Gayunpaman, ang gayong pangyayari ay magbibigay sa kanila ng pagkakataon na makapagpatotoo para kay Jesus. Syempre, ang babala na ito ay napapanahon sa lahat ng mga mananampalataya, anumang panahon ang kanilang kinapapalooban, kasama na syempre ang mga babala sa huling araw na ipinahayag ni Jesus sa tagpong ito.

13:10 Ang katagang “sa lahat ng mga bansa” dito sa talata ay empatiko sa Griego. Ang ibig sabihin, ito ay nasa unahan ng pangungusap; ito ang siyang binibigyang diin at pansin. Ang lahat ng mga bansa ay dapat na makarinig ng ebanghelyo bago magtapos ang presenteng panahong ito (ikumpara. Mat. 24:14). Ang pamamahayag ng Mabuting Balita ay responsibilidad ng bawat disipulo ni Cristo sa bawat henerasyon (Mat. 28:19). Ang henerasyon ng mga mananampalataya na mabubuhay sa panahon ng Matinding Kapighatian, bago magbalik si Jesus sa daigdig, ay gagawin ang tungkulin na ito sa kanilang panahon (Pah. 7). Ang salitang “Dapat” (Gr. *dei*) ay nagpapahiwatig na ito ay kinakailangang gawin ayon sa utos ng Diyos: nais Niya itong mangyari at ito nga ay mangyayari.

> "Bahagi ng eskatolohikal na panukala ng Diyos na bago ang Katapusan ng kasalukuyang panahon, lahat ng mga bansa ay magkakaroon ng pagkakataon na tumanggap sa ebanghelyo."[1]

Ang talatang ito ay hindi nangangako na kung ang mga disipulo ni Cristo sa isang partikular na henerasyon ay mangangaral ng ebanghelyo sa

[1]Cranfield, p. 399.

buong mundo ay darating si Cristo, gaya mismo ng pinaniniwalaan ng grupo na kung tawagin ay ‘postmillennialist.' Ang mga ‘Postmillennialist’ ay naniniwala na ang Milenyo ay hindi ang 1,000 taon ng paghahari ni Cristo sa daigdig, kundi ang kasalukuyang panahong ito ay magtatapos sa tagumpay ng Kristyanismo sa mundo. At kapag ito nga ay nangyari, si Cristo ay darating na upang itatag ang mga bagong langit at lupa. Subalit ang tao ay walang kakayahan na ihatid ang kaharian ng Langit sa daigdig sa pamamagitan ng pandaigdigang pangangaral ng ebanghelyo. Tanging ang Diyos lamang ang makapaghahatid nito sa daigdig sa Kanyang itinakdang panahon. Dagdag pa, walang ipinapangako rito na ang lahat ng tao ay magiging mananampalataya ni Jesus.

13:11 Si Jesus ay nangako na ang Diyos ay magbibigay ng espesyal na biyaya (tulong) sa mga mananampalataya na nagnanais na makapagbigay ng mabuting patotoo kapag sila ay dinakip at pinahirapan ng dahil sa kanilang pananampalataya (v. 9). Ang Banal na Espiritu ay magkakaloob sa gayong mga disipulo ni Cristo ng mga nararapat na pananalita na dapat nilang sabihin (ikumpara. Exo. 4:12; Blg. 22:35; Jer. 1:9). Syempre, hindi pinipigilan ni Jesus ang isang maingat na pag-iisip at paghahanda ng mga sasabihin, gayunpaman, hindi Niya ibig na tayo ay magkaroon ng balisang kalooban (ikumpara. Lukas 21:15).[1] Ang pangakong ito ay dapat na magbigay sa mga mananampalataya na nasa ganitong sitwasyon ng isang panatag na kalooban at hindi mabahala. Gayunpaman, mapapansin na hindi nangako si Jesus na ang isang tao ay mapapalaya sa kahirapang kanyang nararanasan.

> "Ang kasaysayan ay nagpapatotoo na kapag ang mga Kristyano ay nasa ilalim ng pag-uusig ng dahil sa kanilang pananampalataya, nagugulat na lamang sila sa kaangkupan at kahusayan ng sagot at pangungusap na dumarating sa kanilang isipan sa gayong natatanging pagkakataon."[2]

13:12-13 Ang isa pang pasanin at pagpapahirap na maaring pagdaanan ng mga mananampalataya ay ang pagkakanulo na gagawin mismo ng kanilang pamilya o mahal sa buhay (ikumpara. Mik. 7:2-6; Lukas 12:51-53). Tunay na ang pag-uusig ay darating mula sa kamay ng mga taong nasa

---

[1]Taylor, p. 508.

[2]Hiebert, p. 321.

kapangyarihan, subalit dapat ring asahan na ito ay pwedeng magmula rin sa kamay ng mga taong kapamilya o kamag-anak mo. Dito nga ay makikita natin na iba't ibang uri ng mga tao ang pwedeng magalit sa mga tagasunod ni Cristo ng dahil sa kanilang patotoo.

> "Ang ebanghelyo ay naghahatid ng malalim na pagibig kapag ito'y tinanggap ng buong unawa. Subalit isang malalim ng galit ang nagaganap kapag ang isang tao'y tinatanggihan ito ng buong saklap."[1]

Ang huling bahagi ng talatang 13 ay nangungusap ng isang pangkalahatang prinsipyo: ang matapat at matatag na pagtitiis sa mga pag-uusig hanggang sa katapusan nito ay magbubunga ng kaligtasan mula rito. Ang mga mananampalataya na matapat na pinagtiisan ang mga pag-uusig ay makakaranas ng kaligtasan mula sa mga ito. At silang matapat na pinagtiisan ang mga pag-uusig hanggang sa huling sandali ng kanilang buhay ay mapapalaya sa mga ito sa pamamagitan ng kanilang kamatayan. Samantala, ang mga matapat na mananampalataya na inuusig sa panahong iyon, habang di pa bumabalik si Cristo at habang di pa natatapos ang presenteng panahon, ay makakaranas ng kaligtasan kapag bumalik na ang Panginoon(ikumpara. v. 7).

> "Ang mga bagay na dapat pagtiisan rito ay ang mga kahirapan na magaganap sa panahon ng Matinding Kapighatian. Ang 'wakas' na tinutukoy rito ay ang katapusang yugto ng panahong iyon. Ang kaligtasan rito ay hindi tungkol sa espirituwal sapagkat ang kaligtasan ay hindi nakabatay sa ating pagtitiis. Sa halip, ang kaligtasan na pinag-uusapan rito ay pisikal, yun ay, pisikal na proteksyon at pangangalaga para sa mga mananampalatayang daraanan at magtitiis sa matinding panahong iyon ng kahirapan. Sila ang ililigtas upang ihanda at masaksihan ang pagpasok sa Milenyo na Kaharian."[2]

Ang isang matapat na pagtitiis sa mga pagdaraanang pag-uusig ay magbubunga ng pagkakatiwala o pribilehiyo na magharing kasama si Jesus sa Kanyang kaharian dito sa lupa (ikumpara. 2 Tim. 2:12).

---

[1]Morison, p. 359.

[2]Wuest, 1:1:248-49.

Gayunpaman, pansinin mo na hindi sinabi ni Jesus na lahat ay magtitiis ng tapat hanggang wakas. Isang malungkot na balitang malaman na may ilang mga mananampalataya na hindi magiging tapat (ikumpara. 2 Tim. 2:17-18). Subalit ang ating kaligtasan ay hindi naka-depende sa ating matapat na pagtitiis ng mga kahirapan at pag-uusig kundi mismong sa katapatan ng Diyos sa Kanyang pangako na tayo ay Kanyang pangangalagaan (2 Tim. 2:13; ikumpara. Juan 10:27-28; Rom. 8:31-39; atbp.).

Ang bahaging ito sa aklat ni Marcos ay espesyal na kalakasang loob para isang mananampalataya na dumaraan sa kahirapan ng dahil sa pang-uusig sa kanyang pananampalataya. Syempre, ito ay lalong kapaki-pakinabang sa mga orihinal na mambabasa ni Marcos na dumaraan sa pag-uusig noong panahong iyon. Mas nagiging madali para sa atin na magtiis ng pag-uusig ng dahil sa ating pananampalataya kapag tinitingnan natin ang kahirapan na ating nararanasan sa konteksto ng plano ng Diyos para sa atin sa hinaharap. Ang perspektiba na natutuhan natin sa bahaging ito ay nagpapaningas ng ating pag-asa.

4. Ang Darating na Krisis 13:14-23 (ikumpara. Mat. 24:14-28)

Ngayong natunghayan na natin kung ano ang 'hindi dapat asahan' pagdating sa tanda ng darating katapusan o kawasakan, ngayon ay ipapaliwanag na sa atin ni Jesus kung ano ito. Parehas na inilarawan nina Mateo at Marcos ang mangyayaring kawasakan o kaguluhan na magaganap bago bumalik ang Panginoong Jesus. Samantala, itinala ni Lukas ang turo ni Jesus tungkol sa mangyayaring pagbagsak ng Jerusalem noong A.D. 70 (Lukas 21:20-24).

13:14 Dito ay ipinapakita ang pagkakaiba sa pagitan ng huwad at tunay na mga tanda. Ang tunay na tanda ay ang pagdating ng tinatawag na "Kalapastanganang walang pangalawa" (ikumpara. Dan. 9:27; 11:31; 12:11; Mat. 24:15).

Ang "kalapastanganang walang pangalawa" na tinutukoy rito ay nakaugnay sa idolatria o isang lapastangang pagsamba sa diyus-diyusan na nakakarumi sa karangalan ng Templo, na kung saan dahil rito ay lilisanin ito ng mga banal o matapat na mananampalataya.[1] Syempre, ang pinaka ultimato o kalapastangang walang pangalawa ay isasakatuparan ng Anti-Cristo; ito mismo ang kalapastangang tinitingnan sa tala nila Mateo

[1]Ikumpara. C. E. B. Cranfield, "St. Mark 13," *Scottish Journal of Theology* 6 (July 1953):298-99.

at Marcos. Gayunpaman, sa kasaysayan, ang kalapastangan na naganap sa Templo ay naranasan ng Israel noong winasak at sinira ng mga Romano ang templo noong A.D. 70; ito ang siyang binibigyang pansin sa tala ni Lukas. Subalit bago ito, winalang hiya rin ng Syriano na si Antiochus Epiphanes ang Templo noong nagtayo siya rito ng isang paganong altar sa ibabaw mismo ng banal na dambana ng templo at naghandog rito ng isang baboy para kay Zeus. Ito'y naganap noong167 B.C. (1 Macabeo 1:41-64; 6:7).[1]

May ilang dalubhasang komentarista na naniniwala na ang templo ni Zues na ginawa ng mga Romano, matapos ang pag-aalsang Bar Cochba sa Jerusalem noong A.D. 135 Bar Cochba, na tinawag ring "Aelia Capitolina"—ay isa pang kalapastangan na tinutukoy rito.[2]

Pansin rin sa talata na ang abominasyon o ang 'kalapastangang walang pangalawa' na tinutukoy rito ay 'tatayo sa dakong di dapat kalagyan nito.' Isipin mo itong mabuti: inilarawan ni Marcos ang pangungusap ni Jesus na sinasabing ang 'Kalapastanganang Walang Pangalawa' (sa Griego, ito ay *bdelygma*, isang 'neuter noun') na "nakatayo" (*estekota*, isang masculine participle) ay isa pa lang persona o isang tao. Kanyang ituturing at ilalagay ang kanyang sarili bilang Diyos—doon sa templo. Kaya nga, nang ginamit ni Jesus sa Kanyang pangungusap ang 'masculine participle' o panukoy sa lalake para sa isang 'noun' o pandiwa na neuter, Kanyang ipinahiwatig sa atin na ang 'Kalapastangan' na darating ay ay isang tao, isang lalake.

Kapansin-pansin na iniwasan ni Marcos sa kanyang salaysay ang partikular na pagbanggit sa templo, bagamat ito ang siyang ginawa ni Mateo (Mat. 24:15). Marahil ay nais iwasan ni Marcos ang paglalagay ng anumang ideya sa isipan ng kanyang mga Romanong mambabasa hinggil sa usapin ng paglapastangan sa templo. Syempre, ito'y mainit na usapin sa mga Romano. At dahil rito, naglagay siya ng katagang "Unawain ito ng bumabasa!) upang hikayating mismo ang mga Romanong Kristyano na tingnan para sa kanilang sarili ang propesiya na pinahayag ni Daniel (Dan. 9:25-27; 12:5-13).

Nang sakupin ng kilusang Makabayan (Zealots) ang templo noong A.D. 67-68 at nagluklok ng isang pinuno, si Phanni, na siyang magiging punong

---

[1]Ikumpara. Josephus, *Antiquities of …*, 12:5:4.

[2]Gaya halimbawa, Cole, p. 202.

saserdote, ang mga Judiong Kristyano ay tumakas mula sa Jerusalem patungo sa Pella, isang bayan sa kabundukang nasa ibayo ng Jordan.[1] Ang pagtakas na ito ay magiging anyo ng bagay na mangyayari sa hinaharap (yun ay, sa panahon ng Matinding Kapighatian o Tribulation Period). Si Evans ay nagtala ng apat na pinaniniwalaang katuparan ng 'kalapastanganan' ngunit kanya rin mismong pinabulaanan bilang katuparan ng propesiya na ito: sina Pontio Pilato, Caligula, Phanni, at Tito.[2]

13:15-18 Ang punto lang na nais palabasin sa mga tagubiling ito ay: ang pagdating ng 'Kalapastanganan' ay dapat na umudyok ng agaran, listo, at mabilis na pagtakas mula sa Jerusalem kapag naganap na ang mga ito.

13:19 Binibigyang linaw sa talatang ito na ang pagdating ng 'Kalapastangang Walang Pangalawa' ay magiging panahon ng "napakalaking kapighatiang hindi pa nararanasan" (Gr. *thlipsis*, Dan. 12:1; Jer. 30:7). Sa madaling salita, ang tanaw ni Jesus ay tumingin na lampas pa sa magaganap ng pagkawasak ng Templo, kundi sa panghinaharap ng Matinding Kapighatian na darating.[3]

13:20 Ang panahon ng Matinding Kapighatian ay pitong taon, at hindi na ito paiikliin ng Diyos sapagkat ito ay Kanya ng ipinahayag (Dan. 9:26-27). Ito na mismo ang maikling panahon na Kanyang pinili – pitong taon.[4] At kung hindi Niya nilimitahan ang panahon ng Matinding Kapighatian sa pitong taon, walang sinuman ang mabubuhay. Ang espesyal na pagmamahal ng Diyos para sa Kanyang mga hinirang ang siyang dahilan kung bakit ang Kanyang gagawing kahatulan sa daigdig ay isasakatuparan Niya sa loob ng pitong taon lamang.

Para sa mga Calvinista, ang "mga hinirang" ng Diyos ay silang pinili ng Diyos bago pa lang itatag ang pundasyon ng daigdig. Sila ay Kanyang pinili ayon lamang sa Kanyang biyaya at hindi dahil sa anumang gawa, kapasyahan at gantimpala na mula sa kanilang mga sarili. Samantala, ang

---

[1]Josephus, *The Wars …*, 4:3:7-10; 4:6:3; Eusebius, 3:5:85-87.

[2]Tingnan ang sinasabi ni Evans, pp. 318-19.

[3]Ikumpara. Taylor, p. 514.

[4]Tingnan ang pag-aarla ni Renald E. Showers, *Maranatha: Our Lord, Come! A Definitive Study of the Rapture of the Church*, pp. 50-54.

mga ‘hindi-hinirang’ ay silang hindi pinili para sa kaligtasan. Sa palagay ko ay tama ito. Ang mga Arminianista ay naniniwala na:

> "Ang mga hinirang ay pinili sapagkat ang biyaya ng Diyos ay nagtagumpay na dalhin sila sa pananampalataya at maging sa kalangitan. Samantala, ang mga di-hinirang ay hindi pinili sapagkat buong tigas ng ulo nilang tinatanggihan ang biyaya ng Diyos at tinatanggihan nila ito hanggang sa katapusan ng kanilang buhay. Ang Diyos ay nagnanais na ibilang ang lahat ng tao sa mga hinirang, subalit napakaraming mga tao ang tumatanggi na ibilang ang kanilang mga sarili sa mga hinirang."[1]

13:21-23 Inulit rito ni Jesus ang Kanyang babala tungkol sa mga taong magsasabing sila ang Messias (ikumpara. vv. 5-6) upang maging mapagmatyag at maingat ang Kanyang mga tagasunod. Ang katagang “kung maaari” (v. 22) ay hindi nagpapahiwatig na ang mga hinirang ay talagang magpapatuloy na maniniwala kay Jesus at laging susunod sa Kanya ng matapat. Kung ganyan ang lagay, magiging walang kabuluhan ang Kanyang mga babala at maging kataga na Kanyang ginamit – “kung maaari, pati ang mga hinirang ng Diyos.’ Sa halip, ang katagang ito ay nagpapahiwatig na ang mga kababalaghan at himala na gagawin ng mga bulaang messias ay para sa layuning iligaw mismo ang mga hinirang ng Diyos, sa abot ng kanilang makakaya (ikumpara. 2 Tim 3:1-15).[2] At dahil sa posibilidad na ito, ang mga tagasunod ni Jesus ay kinakailangang maging mapagmatyag at mapanuri ("maingat kayo," Gr. *blepete*, v. 23; ikumpara. 1 Cor. 12:10).

> "Kaya para sa atin, ang katuparan ng mga talatang ito [vv. 14-20] ay mayroon sa nakaraan, kasalukuyan, at sa hinaharap. Tamang sabihin na ang mga ito ay ‘Mga Tanda ng Katapusan’ o kaya’y ‘Mga Katangian ng Huling Kapanahunan.’ Ang susi para maunawaan ang mga pahayag rito ay ang unawain na mayroong dalawa ritong tinutukoy. Ang una ay may kinalaman sa nalalapit na kahatulan at pagkawasak na darating sa Jerusalem, at ang ikalawa ay ang tingnan ang mga bagay na magaganap

[1]Lenski, pp. 578-79.

[2]Tingnan ang pag-aaral ni Unger, *Demons in …,* pp. 125-44.

rito – yun ay, sa pagbagsak ng Jerusalem – bilang mga anino ng mangyayari sa hinaharap o sa katapusan ng panahon."[1]

5. Ang Ikalawang Pagdating ng Anak ng Tao 13:24-27 (ikumpara. Mat. 24:29-31; Lukas 21:25-28)

Hindi sinasabi sa mga talatang ito ang pagbagsak ng Jerusalem noong A.D. 70, kundi ang deskripsiyon ng Panahon ng Matinding Kapighatian na magaganap sa katapusan ng kasalukuyang panahon, at gayun na rin ang Ikalawang Pagdating na susunod pagkatapos nito. Ang Ikalawang Pagdating ang siyang 'climax' ng turo ni Jesus sa Bundok Olibo. Sa katunayan, ito rin ang siyang 'climax' ng Aklat ng Pahayag, lalo na ang nasasaad sa mga kabanatang 6 hanggang 19, na maituturing na pinahabang pahayag ng Turo sa Bundok Olibo.

13:24-25 Kumpara sa paglitaw ng mga huwad na messias, ang tunay na Messias ay darating pagkatapos ng prinopesiyang Panahon ng Matinding Kapighatian.[2] Syempre, ito ay tumutukoy sa Ikalawang Pagdating ni Jesus at sa tinatawag nating 'rapture' o pagkuha sa Iglesia. Ang 'rapture' ang siyang magbibigay ng katapusan sa Panahon ng Iglesia – ito'y yugto ng panahon sa pagitan ng tinatawag nating Una at Ikalawang Pagdating ni Jesu-Cristo. Ang Turo sa Bundok ng Olibo ay tumuturo sa isang malawak na kapanahunan, maging sa 'panahong-pagitan' ng Una at Ikalawang Pagdating ni Cristo o yaong tinatawag sa Ingles na 'inter-advent age.' Ito ang kapanahunan na kinapapalooba ng Iglesia ngayon.

Ang Aklat ng Pahayag ay higit pang nagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga kaganapan sa langit na mahahayag (Pah. 6—18; ikumpara. 2 Ped. 3:10). Subalit prinopesiya rin ang mga bagay na ito ng mga propeta sa Lumang Tipan (Isa. 13:10; 24:23; 34:4; Ezek. 32:7-8; Joel 2:10, 30-31; 3:15; Amos 8:9). At kung titingnan natin ng literal ang mga digmaan, lindol, at mga taggutom na sinasabi sa talatang 7 at 8—na dapat nga nating gawin—marahil ay pwede nating maunawaan ang mga pangyayari rito sa literal na punto.

13:26 Inilarawan ni Jesus ang Kanyang pagbabalik sa daigdig sa pamamagitan ng paggamit ng mga propesiya sa Lumang Tipan (Dan. 7:13; Deut. 30:4; Zac. 2:6). Ang kapahayagan at tagumpay ni Jesus ang siyang pangunahing

---

[1]Cranfield, *The Gospel …,* pp. 404-5.

[2]Bruce, "The Synoptic …," 1:431.

binibigyang diin (ikumpara. Pah. 19:11-16).[1] Sa panahong iyon, si Jesus ay hindi na lilitaw bilang Lingkod na Magtitiis kundi isang maluwalhating Anak ng Tao na dumarating sa “alapaap na may dakilang kapangyarihan at kaluwalhatian."

13:27 Maliwanag sa talatang ito na titipunin ni Jesus ang lahat ng mga hinirang. At syempre, ipinapahiwatig rin dito na ang mga banal sa Lumang Tipan ay muling mabubuhay (Dan. 12:2) at gayundin ang mga mananampalataya na namatay sa Panahon ng Matinding Kapighatian (Pah. 6:9-11). At marahil, ang mga Kristyano, ang mga mananampalataya sa Panahon ng Iglesia na nasa langit na sa pamamagitan ng ‘rapture’ o ng kamatayan, ay makikitang magbabalik na kasama Siya (1 Tes. 4:17). Sa kabilang banda, ang mga mananampalataya na nasa lupa na madadatnan ng Panginoong Jesus sa Kanyang pagbabalik ay titipunin tungo sa Kanya (ikumpara. Mat. 25). Dito’y inilarawan ni Jesus ang pagkakatipon ng lahat ng mga mananampalataya sa Kanyang Ikalawang Pagdating – ang mga mananampalataya man ay patay o buhay, nasa lupa man o nasa langit, sila’y Kanyang titipunin. Siya ang maging sentro ng kanilang mga atensyon at pagkatapos nito ay magsisimula Siyang maghari. Gayunpaman, ang mga di-mananampalataya ay hindi muna makakaranas ng pagkabuhay hangga’t hindi natatapos ang milenyal na paghahari ni Jesus sa daigdig (Pah. 20:7-15).

6. Ang Araw ng Pagbabalik ni Jesus 13:28-32 (ikumpara. Mat. 24:32-41; Lukas 21:29-33)

Pinasimulan ni Jesus ang Kanyang mga sinabi rito sa pamamagitan ng isang aral (vv. 4-13), na kung saan ay tinapos Niya rin sa pamamagitan ng parehas na aral (vv. 28-37).

13:28-29 Ang talinghaga ng puno ng igos ay makikita sa lahat ng sinoptikong bersyon ng Turo sa Bundok ng Olibo. Dati nang ginamit ni Jesus ang puno ng igos upang ilarawan ang lahi ng mga Israel na nabigong maniwala sa Kanya sa Kanyang unang pagdating (11:14). Sa tagpong ito ay ginamit ni Jesus ang puno ng igos upang ilarawan ang bagay na magaganap sa hinaharap, na kung saan ang mga tanda ay magagawang maunawaan ng mga marunong. Ang pag-uusig (vv. 9-13) na hahantong sa Panahon ng

[1]Wessel, p. 750.

Matinding Kapighatian (vv. 14-25), ay magtatapos sa pagsisimula ng pagtatatag ng kaharian ni Jesus sa lupa (vv. 26-27; ikumpara. Lukas 21:31).

13:30 Marahil nais ipakahulugan ni Jesus na ang katuparan ng katagang "lahat ng ito" (ikumpara. v. 4b) ay magsisimula sa henerasyon mismo ng kanyang mga kasalukuyang mga disipulo, subalit magkakaroon ng ganap na katuparan sa itinakdang panahon sa hinaharap.[1] Gayunpaman, ang ganitong pagkakaiba ay hindi makikita sa pangungusap ni Jesus. Samantala, para sa isang pananaw, maaaring ang tinutukoy rito ni Jesus ay isang partikular na henerasyon sa hinaharap na siyang makakapansin o makakasaksi ng mga tandang sinabi Niya rito.[2] Ito ang pananaw na nagugustuhan ko. Ngunit sa ikatlong pananaw, may mga naniniwala na ang kakontemporaryo mismo ni Jesus, yun ay, yung mga taong kasabay Niyang nabuhay sa panahong iyon ang siyang makakasaksi sa mga bagay na ito.[3] Subalit hindi po ganyan ang nangyari. Samantala, sa ikaapat na pananaw, pinapaliwanag ang salitang "salinlahi" na tumutukoy sa kabuoang lahi ng mga Judio.[4] Ngunit kahit na ang lahing Judio ay magpapatuloy hanggang sa mga bagay na ito ay matupad, ang ganitong pagpapakahulugan sa salitang "salinlahi" ay medyo tagilid. Sa ikalimang pananaw, pinaniniwalaan na ang salinlahi na tinutukoy rito ay ang uri ng mga Judio na nakipagtunggali sa Kanya araw ng Miyerkules bago ang Kanyang pagkapako sa krus.[5] Minsan pa, medyo alangin na ituring ang "salinlahi" rito na tumutukoy sa pasaway o mga di-mananampalataya Judio.

Ang katagang "ang lahat ng ito" ay nagsimula sa henerasyon ng mga disipulo ni Jesus noong unang siglo; yun ay, kung ipapaliwanag "ang lahat ng ito" bilang mga tanda sa kabuoan (vv. 9-25). Ang salitang Griego na *genetai,* na isinalin na "magaganap" ay nangangahulugan ng "pagkakaroon ng katuparan," ito'y pabor sa interpretasyong ito. Sa gramatikang punto, maaring isalin ang pandiwa na ito sa Griego na "nagsimulang magkaroon ng katuparan."

---

[1]E.g., C. E. Stowe, "The Eschatology of Christ, With Special Reference to the Discourse in Matt. XXIV. and XXV.," *Bibliotheca Sacra* 7 (July 1850):471.

[2]Mershon, 1:203.

[3]Swete, p. 315; Gundry, p. 747; Cole, p. 205; Burdick, p. 1017.

[4]E.g., Wuest, 1:1:253; Wiersbe, 1:158.

[5]Lenski, p. 588.

13:31 Ang katagang “langit at lupa” ay tinatawag na merismong (merism) paraan ng pananalita; nais lang ipahiwatig sa katagang ito ang buong sannilikha (ikumpara. Gen. 1:1).[1] Subalit yun nga, sinasabi sa atin sa talatang ito na ang sansinukob na ating nakikita at nalalaman ngayon ay magtatapos sa itinakdang araw (Pah. 21:1), subalit ang mga salita ni Jesus ay hindi maglalaho at magmamaliw. At sa kabanatang ito, ang mga salitang particular na tinutukoy ni Jesus ay ang Kanyang mga propesiya. Sa kabilang banda, ito rin ay tumutukoy sa lahat ng Kanyang mga sinabi; sa lahat ng Kanyang mga salita at turo. At syempre, sa pagsasabi ng ganitong pangungusap, minsan pang ipinahiwatig ni Jesus na Siya ay Diyos (ikumpara. Aw. 102:25-27; Isa. 40:6-8; 51:6). Sa pamamagitan ng pangungusap na ito, nais lang sabihin ni Jesus na ang katuparan ng propesiyang ito ay tiyak.

13:32 Ang katagang “ng araw na iyon” ay tumutukoy sa pagbabalik ni Jesus (v. 26), na iba sa “mga araw na iyon” na sinabi Niya sa mga naunang talata (vv. 17, 19, 24). Dito ay binibigyang pagkakaiba ni Jesus ang pagkakaalam sa kaganapang darating (ikumpara. vv. 28-29), sa eksaktong pagkakaalam ng oras at araw ng pagdating. Tanging ang Diyos Ama lamang ang Siyang nakakaalam ng araw at ng oras ng ikalawang pagdating ng Anak ng Diyos (ikumpara. Gawa 1:7). Gayunpaman, mahalagang isaisip natin na ang hindi pagkakaalam ni Jesus sa partikular na impormasyon hinggil sa araw o oras ng Kanyang pagbabalik ay dulot mismo ng Kanyang inilagay na limitasyon sa Kanyang Sarili noong Siya ay nagkatawang-tao (incarnation) (Fil. 2:6-8).[2]

> "Bahagi ng essensya ng pagiging isang tao ay hindi natin nalalaman ang lahat ng bagay. Sa madaling salita, ang di-pagkakalaman sa lahat ng bagay ay hindi natin maiiwasan bilang isang tao. Subalit ang hindi di-pagkakaalam sa lahat ng bagay ay hindi nangangahulugan ng pagiging mali. Bilang tao, masasabi natin na hindi alam ni Jesus ang lahat

[1]See Appendix 7 "Some Figures of Speech" at the end of my notes on Matthew for a list of some of the more frequently used figures and their meanings.

[2]Tingnan ang pag-aaral ni Lenski, p. 590; Harold F. Carl, "Only the Father Knows: Historical and Evangelical Responses to Jesus' Eschatological Ignorance in Mark 13:32." Ito ay isang pag-aaral na prinisenta sa Annual Meeting of the Evangelical Theological Society, noong Nov. 16, 2000, Nashville, Tenn.

> ng bagay, subalit hindi ito nangangahulugan na Siya ay mali."[1]
>
> "Bilang Diyos, alam ni Cristo ang lahat ng bagay. Subalit ang pakikipag-ugnayan ng karunungan ng Diyos na nananahan sa katauhan ng ating Tagapagligtas ay kumikilos ayon sa banal na ibig nito. Dahil rito, may mga pagkakataon na ang pagkataong-likas ng ating Panginoon ay may hindi nalalaman tungkol sa ilang mga bagay. At iyan din ang dahilan kung bakit sinabi na si Cristo ay 'lumago' sa karunungan (Lukas 2:52)."[2]

7. Ang Panapos na Pananalita 13:33-37 (ikumpara. Mat. 24:42; Lukas 21:34-36)

Si Mateo ay may higit pang itinala na pagtuturo ni Jesus sa mga alagad matapos na itala ni Marcos ang sinasabi sa talatang 32. Higit ang tala ni Mateo hinggil rito kumpara kina Marcos at Lukas; inilagay lamang nila ang buod ng aral ni Jesus mula sa Kanyang mga propesiya, na maging mapagbantay at maingat – na mismong sinasabi sa susunod na talata…

13:33 Pansinin mo, sa ikaapat na beses ay pinakiusapan ni Jesus ang Kanyang mga alagad na "mag-ingat" o 'magbantay' (Gr. *blepete*, vv. 5, 9, 23). At idinagdag pa Niya sa salitang "mag-ingat" ang "maging handa" (Gr. *agrypneite*). Sa madaling salita, ang pagiging mapagbantay ay kinakailangan sapagkat hindi natin alam ang eksaktong araw at oras ng pagbabalik ni Jesus.

> Sa liwanag ng rebelasyon ng Diyos hinggil sa tinatawag nating 'Rapture,' Panahon ng Matinding Kapighatian (Tribulation) at ng Ikalawang Pagdating ni Cristo, pwede ba nating sabihin na ang babala at aral ni Cristo na tayo'y maging maingat at maging handa ay di natin kinakailangan ngayon? Alam ng mga Kristyanong nagbabasa ng kanilang Biblia na marami munang mga kaganapan ang mangyayari bago dumating ang Ikalawang Pagdating ni Jesus. Kaya't isa bang realistikong pananaw o

[1]Leon Morris, *The Lord from Heaven*, pp. 46, 47, 48. Inalis ang dibisyon sa paragraph.

[2]Henry, p. 1398.

isang kinakailangang bagay na mamuhay tayo ngayon na para bang si Jesus ay darating anumang oras?

Kung sa dispensasyong usapan, ang pagbabalik sana ni Jesus ay di aabot o kaya'y pitong taon matapos ang Kanyang pag-alis sa lupa, sapagkat ayon na rin sa propesiya ng Lumang Tipan, magkakaroon muna ng pitong taong kapighatian bago itatag ang messianikong kaharian sa daigdig (Dan. 9:24-27). At dahil rito, kung tutuusin sana, ang labingdalawang alagad na binigyan ni Jesus ng ganitong turo at aral ay may ilang taon lamang na hihintayin bago ang pagbabalik ng Panginoon. At dahil riyan, kailangan nilang maging maingat at maging handa.

Gayunpaman, yaong henerasyon ng mga disipulo at ang mga sumunod pang mga henerasyon ng mga mananampalataya, ay nagkaroon ng kaunawaan na si Jesus ay magbabalik pala para sa Kanyang mga tinawag sa araw ng Pagkuha tungo sa Himpapawid (Rapture); ito'y bago mangyari ang Kanyang Ikalawang Pagdating para sa milenyal na kaharian (1 Cor. 15:51-58; 1 Tes. 4:13-18). Kaya, bagamat ang Kanyang ikalawang pagdating ay pitong taon ang layo kung susukatin gamit ang Panahon ng Matinding Kapighatian, ang Kanyang pagdating para sa 'Rapture' ng Iglesia ay maaaring dumating ng mas mabilis o kahit anong oras. At iyan mismo ang paniniwala ng mga tinatawag nating 'Pretribulationists,' naniniwala sila na ang Rapture ay pwedeng mangyari anumang oras (syempre bago maganap o dumating ang Panahon ng Matinding Kapighatian). At dahil rito, lahat ng mga sinabi ni Jesus tungkol sa kahalagahan ng pagiging maingat at handa hinggil sa paghihintay sa Kanyang pagdating ay napapanahon at dapat na ipamuhay natin ngayon.

13:34-36 Para bigyang larawan ang Kanyang aral, si Jesus ay nagbigay ng isa pang talinghaga tungkol sa tanod na tagapagbantay. Si Marcos lamang ang ebanghelista na nagtala ng talinghagang ito. Ito ay nakakaparehas sa 'Talinghaga tungkol sa Tatlong Alipin' (Mat. 25:14-30) at sa 'Talinghaga ng Salaping Ginto' (Lukas 19:12-27), bagamat ang talinghaga ritong inilagay ni Marcos ay napakaikli.

Sa talinghagang ito, ang pokus ay nakatuon sa tanod na tagapagbantay. Ang tanod na ito ang siyang may pananagutan o responsable sa pagbabantay ng tarangkahan o pasukan sa bahay ng kanyang amo. Pinagkatiwalaan siya ng kanyang amo na ingatan ang kanyang mga ari-arian, ngunit wala siyang alam kung kaylan magbabalik ang kanyang amo.

> Gayunpaman, anuman ang oras na dumating ang kanyang amo, siya ay dapat na maging handa at makikitang naghihintay at nagbabantay sa tarangkahang pinto ng bahay, upang doon ay salubungin ang kanyang amo sa pagbabalik nito. Hinati at tinawag ng mga Romano ang mga oras ng gabi at pagbabantay sa gabi sa apat na pangalan; ito'y nasa ating talata: takipsilim, hatinggabi, madaling-araw at umaga.[1]
>
> Ang tagapagbantay ay dapat na manatiling alerto o nagmamatyag (Gr. *gregore*) sa gabi, sa mga araw na ang kanyang amo ay wala sa bahay. Ang kabaligtaran ng ugali ng pagbabantay ay ang insensitibidad, walang pakialam, at katamaran, na kung saan dito ay inilalarawan sa isang salita na "natutulog" (ikumpara. Rom. 13:11; 1 Tes. 5:1-11). Sa kabilang banda, ang mga alagad ni Jesus ay dapat na laging nagbabantay sapagkat ang araw o oras ng pagdatng ng Panginoon ay hindi nila nalalaman.
>
> > "Ang elemento ng surpresa ay hindi maaalis sa katangian ng 'parousia' o ng pagdating ng Panginoon. Ito ay sangkap ng katangian ng paghihintay sa Kanya."[2]

13:37 Kapansin-pansin na tinapos ni Jesus rito ang Kanyang turo at pahayag gamit mismo ang parehas na panawagan na Kanyang sinabi sa pasimula: ang panawagan na maging maingat at mapagbantay (Gr. *gregoreite*). Ang "inyo" rito sa talata ay maaaring particular na tumutukoy sa apat na alagad na nagtanong sa Kanya (vv. 3-4), o mismong sa LabingDalawa. Ang "lahat" ay maaaring tumukoy sa lahat ng mga alagad na naroroon o kaya'y sa pati na rin sa mga wala roon sa tagpong iyon. Mapaanupaman, malinaw sa pangungusap na ito na lahat at bawat disipulo ni Cristo ay dapat na makinig ng mabuti at mag-ingat. Ang sinasabi Niya rito ay dapat na ipamuhay ng sinumang sumusunod sa Kanya. Kailangan nating maging alerto gaya ng tagapagbantay sa talinghaga na naghihintay sa pagdating ng kanyang amo, na pwedeng dumating anumang oras.

Ang naunang talinghaga tungkol sa puno ng igos (vv. 28-32) ay nagtuturo sa mga alagad na dapat nilang unawain ang mga tanda ng nalalapit na pagdating ng Panginoon. Samantala, sa talinghaga tungkol sa tagapagbantay ng bahay (vv. 33-37), sinasabi ng Panginoon na ang eksaktong araw at oras ng Kanyang pagdating ay isang lihim. Bagamat partikular na sinabi ng propesiya ni Daniel ang pitong taong haba na itatagal ng Panahon

---

[1]Wessel, p. 753.

[2]G. R. Beasley-Murray, *A Commentary on Mark Thirteen*, p. 117.

ng Matinding Kapighatian (Dan. 9:24-27), yung eksaktong araw at oras ng pagdating ni Cristo ay mananatili pa ring hiwaga (ikumpara. Mat. 24:50).

Sa kabuoan, ang pinaka binibigyang pansin sa talang ito ni Marcos tungkol sa Turo ni Jesus doon sa Bundok Olibo ay walang iba kundi ito: ang mga Mananampalataya ay dapat na maging maingat (Gr. *blepo*, paulit-ulit na sinasabi ang salitang “mag-ingat” vv. 2, 5, 9, 23, 33) at maging handa (Gr. *agrupneo*, "manatiling alerto"; v. 33; Gr. *gregoreo*, "laging magbantay"; vv. 34, 35, 37), sapagkat ang pagdating ni Cristo ay tiyak na mangyayari.

VII. ANG MINISTERYO NG PAGTITIIS NA DINANAS NG LINGKOD NG DIYOS KAB. 14—15

Itong seksyon sa Ebanghelyo ni Marcos ay nagtatala ng mga ‘climax’ o mga sukdulang tagpo na pauna ng itinala ng may-akda sa mga nagdaang salaysay. Sa paraan ng kanyang salaysay, pinili ni Marcos na matuon sa pagtitiis (passion) na dinanas ni Jesus kaysa sa ang itala ang tagpong nangyari sa huling linggo ng Kanyang buhay. Mula sa 661 mga talata sa aklat ni Marcos, 242 (37 na porsyento) ay nakatuon sa isang linggo, yun ay mula sa matagumpay na pagpasok sa Jerusalem tungo sa muling pagkabuhay. 128 na mga talata rito ay nakatuon sa paghihirap at pagkabuhay ni Jesus.[1] Dagdag pa, higit sa kalahati sa mga kaganapan na itinala ni Marcos sa linggong ito (53 percent) ay nakatuon sa paghihirap ni Jesus at sa Kanyang maluwalhating tagumpay. Ito ang dalawang pangunahing tema na tinutukan ni Marcos sa tatlong huling kabanata ng kanyang aklat.

A. HINARAP NG LINGKOD NG DIYOS ANG KANYANG TATAHAKING KAHIRAPAN 14:1-52

Ilang mga tema ang pinatingkad sa seksyong ito ng Ebanghelyo ni Marcos. Dito ay matutunghayan natin ang pinakamalinaw na ebidensya na si Jesus ang Messias at ang Anak ng Diyos (ikumpara. 1:1; 8:29). Pumailanlang rito ang salpukan sa pagitan ni Jesus at ng mga relihiyosong pinuno ng Israel (ikumpara. 3:1, 6; 11:18; 12:12). Samantala, ang kamangmangan at pagkamakasarili ng mga alagad ay tumingkad rin dito (ikumpara. 3:19; 6:1-6; 8:31—10:52). At sa bandang huli, ang ministeryo ni Jesus bilang Lingkod ng Diyos ay humantong na rin sa sukdulan nang dumating na Siya sa tagpo na ibinigay Niya ang Kanyang buhay para sa ikapagpapatawad ng ating mga kasalanan (ikumpara. 10:45).[2]

---

[1]Wessel, p. 754.

[2]Tingnan ang pag-aaral ni J. P. Heil, "Mark 14, 1-52: Narrative Structure and Reader Response," *Biblica* 71:3 (1990):305-32.

1. Ang Paghihirap ni Jesus na dulot ng isang Pagtataksil 14:1-11

Ito ay isa pang bahagi ng Ebanghelyo na maituturing nating 'chiastic' o 'sandwich' sa istraktura; ang ibig sabihin, parang ipinalaman sa gitna ang bahaging ito (ikumpara. 3:20-35; 5:21-43; 6:7-31; 11:12-26; 14:27-52). Sa tala ni Marcos, ang sabwatan ng mga relihiyosong pinuno na ipapatay si Jesus (vv. 1-2, 10-11) ang siyang masamang hangin na umihip sa tagpong si Jesus ay binuhusan ng pabango doon sa Bethania (vv. 3-9).

Ang Planong Dakpin si Jesus 14:1-2 (ikumpara. Mat. 26:1-5; Lukas 22:1-2)

Ang mga talatang ito ang siyang naglatag ng salaysay para sa tagpo ng kahirapang pinagdaanan ni Jesus.

14:1 Ang Paskuwa ay isang pagdiriwang na kung saan ay inaalala ng mga Israelita ang pagtubos sa kanila ng Diyos mula sa kanilang pagkakaalipin sa Ehipto sa pamamagitan ng Exodo (Exo. 12:1—13:16). Inaasahan rin dito ang higit pang kalayaan mula sa pang-aalipin ng kasalanan. Sinisimulang ipagdiwang ng mga Judio ang Paskuwa sa ikalabing-apat ng buwan ng Nisan, at sinusundan ito ng Pista ng Tinapay na Walang Lebadura sa ikalabing-lima hanggang ikadalawangpu at isa ng buwan ng Nisan. Mababasa natin sa talata ang petsa na nilagay ni Marcos, yun ay, dalawang araw bago Pista ng Paskuwa at ng Tinapay na Walang Lebadura. Ito ay maaaring Miyerkules ng Abril 1, A.D. 33.[1]

Ang Paskuwa, gaya ng pista ng Tabernakulo at Pentecostes, ay isang pista na dinurumog ng mga manlalakbay. Napakaraming mga Judio sa iba't ibang panig ng mundo ang maglalakbay patungo sa Jerusalem upang makipista sa mga pagdiriwang ito, ayon na rin sa iniuutos ni Kautusan ni Moises (Deut. 16:16). Ang mga Judio ay naniniwala na sa Jerusalem lamang nila dapat ipagdiwang ang Paskuwa (Deut. 16:5-6). Bunga nito, napakaraming mga tao ang siyang pumupuno sa lungsod. Ayon sa isang manunulat, sa ganitong mga pagkakataon, yaong karaniwang 5,000 na populasyon ng Jerusalem ay umaabot sa 250,000.[2]

14:2 Naging kapakinabangan para kay Jesus ang napakalaking bilang ng mga taong sumusunod sa Kanya. At dahil rito, ibig iwasan ng mga relihiyosong pinuno ang napakalaking bilang ng mga tao sapagkat tiyak na magkakaroon ng napakatinding gulo. Minabuti nilang dakpin si Jesus ng

[1]Hoehner, *Chronological Aspects …*, pp. 92, 143.

[2]Lane, p. 490.

palihim. At dahil rito, nais muna nilang ipagpaliban ang pagdakip kay Jesus, hangga't ang kapistahan ay hindi natatapos at ang mga manlalakbay ay hindi pa nakakauwi sa kani-kanilang tahanan. Subalit, nalagay sila sa tagpo na kung saan ang alok ni Judas na pagtaksilan si Jesus (vv. 10-11) ay hindi nila mahindian.

Binuhusan ng Pabango si Jesus sa Bethania 14:3-9 (ikumpara. Mat. 26:6-13; Juan 12:1-8)

14:3 Marahil sa tematikong kadahilan ay inilagay nila Mateo at Marcos ang tagpong ito sa loob mismo ng kwento na kung saan makikita natin na ang mga kaaway ni Jesus ay mabangis ng papalapit sa Kanya. Kung sa kronolohikal na punto ay hindi ito umaalinsunod sa takbo ng mga nangyari (ikumpara. Juan 12:1). Subalit isinaayos ng may-akda ang materyales na ito sa ganitong pagkakasunod upang ipakita o bigyan ng matinding pagkakaiba ang mabangis na galit na nadarama ng mga Di-mananampalataya kumpara sa malalim na pagibig na nadarama ng mga Mananampalataya ni Jesus. Ang tagpong ito ay maaaring nangyari noong nakaraang gabi ng Sabado.[1]

Ayon sa salaysay ni Juan, ang babaeng nagbuhos ng pabango kay Jesus ay si Maria, ang kapatid na babae ni Lazaro at ni Martha. Binuhusan niya ng pabango ang paa at ulo ni Jesus (Juan 12:3). Ang pagbuhos ng langis na pabango sa ulo ng isang panauhin ay isang karaniwang pamamaraan ng pagbibigay parangal sa isang tao kapag may kapistahan (ikumpara. Aw. 23:5; Lukas 7:46). Si Maria ay tatlong beses na lumabas sa salaysay ng Ebanghelyo, at sa bawat tagpo, siya ay ipinapakitang laging nasa paanan ni Jesus (ikumpara. Lukas 10:38-42; Juan 11:31-32). At dahil rito, si Maria ay naging magandang halimbawa para tularan ng lahat ng mga mananampalataya. Yung mamahaling halaga ng pabango na pag-aari niya ay maaaring isang napakahalagahang pamana na ipinasa sa bawat henerasyon.[2]

> "Minsan, ang takip ng bote ng pabango ay natatanggal. Sa kasong ito, ang 'pagkabasag ng sisidlan' ng pabango ay

[1]Hoehner, *Chronological Aspects …*, p. 91.

[2]Lane, p. 492.

> nangangahulugan na lahat ng laman ng pabango ay ibinuhos sa ulo ni Jesus."[1]

Ngunit isa pang dahilan kung bakit binasag ang pabango ay dahil sa ito ay inilaan lang gamitin para sa banal na layunin, at hindi na pwede pang gamitin uli.[2]

14:4-5 Sa tagpong ito, masasabi natin na si Judas Iscariote ang siyang nagpahayag ng galit na reaksyon (Gr. *embrimaomai*, ikumpara. 10:14) sa ginawang napakahalagang sakripisyo ni Maria (Mat. 26:8; Juan 12:4-5). Kinaugalian na ng mga Judio na magbigay ng mga kaloob sa mga mahihirap tuwing gabi ng Paskuwa.[3] Subalit ng gabing iyon, ang kaloob ni Maria ay nagkakahalaga ng isang taong sahod ng isang manggagawa; iyon ay isang napakalaking halaga. Subalit para sa mga alagad, hindi nila makita ang matinong dahilan upang “aksayahin” ang gayong napakamamahaling pabango para kay Jesus. Iyon ay dahil sa hindi rin nila nalalaman ang nalalapit na kamatayan ng kanilang Panginoon. Para sa kanila, dapat daw na ginamit ang mamahaling pabango para sa mga mahihirap; hindi nila nakita ang taus-pusong paghahandog ni Maria na ibigay ang lahat ng ito para kay Jesus.

14:6 Dito ay makikita natin na ipinagtanggol ni Jesus ang ginawa ni Maria at ipinaliwanag kung bakit ito mahalaga at nararapat. Ito ay handog ng debosyon para sa Kanya; ito’y pabangong langis para sa Kanyang nalalapit na kamatayan at pagkakalibing. Hindi natin alam kung gaano lubos na nauunawaan ni Maria ang dapat na mangyaring kamatayan ni Jesus, bagamat pwede nating masabi na siguro’y mas higit niya itong naunawaan kumpara sa LabingDalawa.[4] O kaya, siguro ay ginawa niya ang pagbuhos ng pabango kay Jesus bilang kilos ng pagmamahal kay Jesus.

14:7 Hindi natin dapat ipaliwanag ang sinabi ni Jesus – yun ay, ‘habang panaho’y kasama ninyo ang mga dukha – na para bang walang pakialam si Jesus sa mga mahihirap. Alam natin sa pamamagitan ng Kanyang mga turo at gawa na si Jesus ay may malaking habag para sa mga mahihirap (ikumpara. Mat. 5:3; 6:2-4; 19:21; Lukas 6:20, 36-38; 21:1-4; Juan 13:29).

---

[1]Evans, p. 360.

[2]Bruce, "The Synoptic …," 1:434.

[3]Wessel, p. 756.

[4]Burdick, p. 1018; Lenski, p. 605.

14:8 Ginawa ni Maria ay bagay na pwede niyang magawa at maibigay upang parangalan si Jesus. Ang sinabi rito ni Jesus ay dapat na magsilbing kalakasan ng loob para sa lahat ng Kanyang mga disipulo. Hindi umaasa ang Panginoon na gumawa tayo ng isang bagay na hindi natin kaya. Kapag ginagawa natin ang bagay na kaya nating gawin para sa Kanya, Siya ay nalulugod at hindi Niya tayo pinupuna kung wala na tayong maibibigay pa.

14:9 Ang pangungusap rito ni Jesus ay higit pang pagpapakita sa kadakilaan ng ginawa ni Maria. Dito pa lang ay ipinapahiwatig na ang pagpapatuloy ng pamamahayag ng ebanghelyo na ihahatid sa buong mundo, matapos ang kaganapan ng kamatayan at muling pagkabuhay ni Jesus.

> "Ang Panginoon ay nagtatag ng paggunita kay Maria na mananatili sa bawat panahon, sapagkat ibinigay niya ang kanyang pinakamainam na parangal para sa Kanya."[1]

> "Saanman na ang ebanghelyo ay tunay na ipinapangaral, ang kwento ng pagbuhos ni Maria na pabangong Langis kay Jesus ay tiyak na laging magiging pinakamainam na ilustrasyon hinggil sa diwa ng ginawang paghahandog ni Jesus ng Kanyang sarili para sa atin; at syempre, ito rin ang siyang diwa ng Kristyanismo na nahahayag sa buhay ng mga masisigasig na mananampalataya."[2]

Ang Pagtataksil ni Judas kay Jesus 14:10-11 (ikumpara. Mat. 26:14-16; Lukas 22:3-6)

14:10 Kung ang mga naunang tagpo ay nangyari nang gabi ng Sabado, at ang araw ng pagtataksil ni Judas ay naganap ng Miyerkules, pwede nating masabi na hindi agad pinagtaksilan ni Judas si Jesus. Gayundin naman, walang ibinigay na maliwanag na paliwanag at mga dahilan ang mga manunulat ng Ebanghelyo kung bakit pinagtaksilan ni Judas si Jesus.

14:11 Ang alok mismo ni Judas na pagtaksilan si Jesus ang siyang nag-udyok sa mga punong saserdote na paagahin ang kanilang plano na ipapatay si Jesus. Syempre, kung magagawa ni Judas na ibigay sa kanila si Jesus sa palihim na pamamaraan, magagawa nilang maiwasan ang galit at pagtutol ng Masa (ikumpara. v. 2; Lukas 22:6).

---

[1]Swete, p. 326.

[2]Bruce, *The Training …,* pp. 299-300.

Bagamat ang napakagandang debosyon ni Maria ang siyang binibigyang tingkad sa seksyon na ito, na mismong nagbibigay ng napakagandang halimbawa para sa mga mananampalataya, madarama at makikita pa rin ang papalapit na kadiliman na ihahatid sa pamamagitan ng isang pagtataksil. Sa katunayan, ang pag-uugali ng mga relihiyosong pinuno, ni Judas, at maging mga alagad ay pare-parehas na nagpapahayag ng pagtangging luwalhatiin si Jesus. At ang ganitong pag-uugali ang siyang nagpapahirap sa puso ni Jesus bilang Lingkod ng Diyos.

> "Naghanap ang mga kaaway ni Jesus ng oportunidad na Siya'y dakpin; samantala, naghanap naman si Judas ng pagkakataon na pwedeng mapakinabangan niya ang pagkakanulo sa isang kaibigan."[1]

2. Ang Paghihirap ni Jesus na Dulot ng Paglisan ng Kanyang mga Kasama 14:12-52

Ang paghihirap ni Jesus bilang Lingkod ng Diyos ay nagpatuloy sa bahaging ito ng ating teksto. Hinihintay na Niya ang Kanyang malapit na kamatayan at habang paparating ito, dalawang tagpo ang atin munang makikita: ang pagdiriwang ni Jesus ng Paskuwa kasama ang Kanyang mga alagad at ang matinding paghihirap ng Kanyang kalooban doon sa Hardin ng Gethsemane habang Siya'y nagsusumamo sa Kanyang Ama.[2]

Ang Pamamaalam ni Jesus sa Kanyang mga Alagad doon sa kanilang Huling Hapunan 14:12-26

Ang salaysay ni Marcos tungkol sa anong nangyari sa tagpo ng huling hapunan ay pwede nating hatiin sa tatlong bahagi: mga paghahanda para sa huling hapunan, ang pagpapahayag na mayroong taksil sa gitna nila, at ang pagtatatag ng Banal na Hapunan.

Mga Paghahanda para sa Huling Hapunan 14:12-16 (ikumpara. Mat. 26:17-19; Lukas 22:7-13)

Ang pangunahing tinatampok sa bahaging ito ay ang kakaibang pamamaraan ng direkta ni Jesus para sa Kanyang mga alagad. Ipinapakita rito na kontrolado Niya ang mga kaganapang mangyayari na maghahatid sa Kanyang pagkakadakip at kamatayan sa krus.

14:12 Ang unang araw ng Paskuwa at ng Pista ng Tinapay na Walang Lebadura ay karaniwang tinatawag na lang ng mga Judio na 'Pista ng Tinapay na

---

[1]Swete, p. 328.

[2]Tingnan ang sinasabi ni Harold W. Hoehner, "Jesus' Last Supper," in *Essays in Honor of J. Dwight Pentecost*, pp. 63-74.

Walang Lebadura.'[1] Binigyang linaw ni Marcos sa kanyang mga Hentil na mambabasa na sa unang araw na ito hinahain ang 'korderong pampaskuwa,' yun ay, sa ikalabing-apat na araw ng Nisan, na maaaring Huwebes, Abril 2. Kaya naman, pwedeng sabihin ni Marcos na noong araw ng Miyerkules, ang pista ng Paskuwa ay dalawang araw na lamang na nalalapit (v. 1) sapagkat kinakain ng mga Judio ang korderong pampaskuwa sa pagitan ng paglubog ng araw at ng hating-gabi, sa gabi mismo na kinatay nila ang kordero. Para sa mga Judio, ito ay paglipas na mismo ng dalawang araw, yamang ang simula ng bawat araw sa kanilang pananaw ay kapag lumubog na ang araw.

> "Ayon sa kinaugalian ng mga Judio, dapat na gilitan ni Jesus ang leeg ng isang hayop, at ang sumisirit na dugo rito ay patutuluin niya sa ginto o pilak na planggana na hawak ng isang pari. Dadalhin ng pari ang planggana na ito at iwiwisik sa paanan ng altar ang dugo nito."[2]

Sa madaling salita, dapat na ihanda ng mga alagad ang hapunang pampaskuwa ng gabing iyon doon mismo sa Jerusalem (Deut. 16:5-6).

14:13-14 Ang dalawang alagad na binanggit rito ni Marcos ay sina Pedro at Juan (Lukas 22:8). Sa lipunang iyon, karaniwan na ang mga babae ang siyang makikita na may buhat-buhat o dalang banga ng tubig, kaya't isang madaling palatandaan at madaling hanapin ang isang lalaking may dala-dalang banga. Pero minsan kasi, ang tubig na dala ng isang lalaki ay nakalagay sa isang sisidlang balat.[3] Pero siguro, sa pagkakataong ito, ang lalaking may dala-dalang banga ay isang itinakdang senyales na di pwedeng pasubalian.[4]

> "Kapansin-pansin na Siyang ipinanganak sa isang 'bahay-panuluyan'—*Katalyma*—ay kontentong gugulin ang Kanyang natitirang sandali at huling hapunan sa isa ring *Katalyma*."[5]

---

[1]Josephus, *Antiquities of …*, 2:15:1.

[2]Evans, p. 373.

[3]Mann, p. 565.

[4]Evans, p. 374.

[5]Edersheim, *The Life …,* 2:483.

14:15-16 Marahil ay nauna ng ihanda ni Jesus ang lugar at mga kagamitan na kakailanganin ng Kanyang mga alagad para sa pagdiriwang ng pista, gayunpaman, may mga bagay pa ring dapat ihanda ang Kanyang mga alagad, walang iba kundi ang preparasyon ng kanilang hapunan.

Sa simpleng tala na ito ay ipinapakita na kontrolado ni Jesus ang patutunguhan Niya at maging ng Kanyang mga alagad. Kahit na nalalapit na Niyang pasanin ang krus, si Jesus ay nagmamalasakit pa rin sa pangangailangan ng Kanyang mga alagad. Gayunpaman, mayroon pa rin silang mga responsibilidad na dapat gampanan. Ang tagpong ito ay naghahatid ng mahahalagang aral para sa mga mambabasang mananampalataya na bukas ang isipan.

Ipinahayag ni Jesus ang Magaganap na Pagtataksil 14:17-21 (ikumpara. Mat. 26:20-25; Lukas 22:14, 21-23; Juan 13:21-30)

Hindi itinala ni Marcos ang mga usapan at pangyayari sa “malaking silid sa itaas” (v. 15). Siya ay higit na natuon sa ipinahayag ni Jesus tungkol sa magkakanulo sa Kanya at sa pagpapaliwanag ng kahalagahan ng tinapay at ng kopa.

14:17 Ito ay maaaring gabi ng Huwebes. At dahil ang simula ng araw para sa mga Judio ay sa paglubog ng araw, ang tagpong ito ay maaaring nangyari sa bungad ng ikalabing-limang araw ng Nisan. Kasama ni Jesus ang LabingDalawa sa lugar na ito. Sa Lukas 22:15 at 16, 24 hanggang 30, at sa Juan 13:1 hanggang 20 ay mababasa ang mga tala ng mga sumunod na nangyari.

Talatakdaan ng Dinanas na Paghihirap ni Jesus			
Miyerkules	**Huwebes**	**Biyernes**	
Abril 1	**Abril 2**	**Abril 3**	
6:00 a.m.[1]	6:00 a.m.	6:00 a.m.	Sa harap ni Pilato
9:00 a.m.	9:00 a.m.	9:00 a.m.	Pinako si Jesus

[1]All times indicated are approximate.

Tanghali 3:00 p.m.	Noon 3:00 p.m.	Kakatayin ang korderong Pampaskuwa	Noon 3:00 p.m.	Kadiliman hanggang 3:00 Namatay si Jesus
14 Nisan 6:00 p.m. 9:00 p.m. Hating-gabi	**15 Nisan** 6:00 p.m. 9:00 p.m. Hating-gabi	Kakainin ang korderong Pampaskuwa Huling Hapunan Geth-semane Dinakip si Jesus	**16 Nisan** 6:00 p.m.	Nilibing si Jesus

14:18 Sa umpisa ay nakatayo ang mga Judio kapag kinakain nila ang korderong pampaskuwa (ikumpara. Exod. 12:11). Subalit noong panahon ni Jesus, nakaugalian na nilang maupo kapag ito ay kanilang pinagsasaluhan.[1] At sa tagpong ito, sa kauna-unahang pagkakataon ay narinig ng mga alagad na may isa sa kanila na taksil. Sa salaysay ni Marcos ay binibigyan ng diin na ang traydor ay isa sa LabingDalawa (v. 20).

> "Upang mas higit nating maunawaan ang damdamin ng tagpong ito, dapat nating malaman na sa sinaunang kultura ng mga Judio o sa mga taga-silangan, ang makasalo ang isang tao sa hapag-kainan ay tanda ng sagradong pagtitiwala bilang magkaibigan."[2]

[1]Mishnah *Pesachim* 10:1.

[2]Gundry, p. 827.

> "Ang traydurin ang isang kaibigan matapos mong makasalo siya sa pagkain ay itinuturing pa ring pinaka masahol na anyo ng kataksilan sa Middle East [ikumpara. Aw. 41:9]."[1]
>
> "Ang naghatid kay Jesus sa krus ay ang pagtitiwala sa isang malapit na kaibigan."[2]

14:19 Dahil sa presensya ng isang taksil, ang kalungkutan ng mga alagad ay nahaluan pagtataka, pagkadismaya, at dalamhati. Ang pagtatanong nila ay pahiwatig na wala silang malay, bagamat may bahid ng kawalan-ng-tiwala sa sarili. Bagamat inaasahan na negatibo ang sagot sa kanilang tanong, gayunma'y isa pa rin itong malakas na tanong. Gayunpaman, syempre, alam na natin na ang motibo ng tanong ni Judas ay iba sa motibo ng tanong ng iba.

14:20 Ang sagot ni Jesus ay higit na nagpaliwanag na may taksil sa gitna nila. Gayunpaman, dahil hindi Niya pinangalanan ang taksil, nagpapahiwatig ito na nagbigay pa rin Siya ng pagkakataon na ito ay magsisi sa kanyang gagawin.

14:21 Sa kabilang banda, pinaliwanag ni Jesus na ang taksil na ito ay bahagi ng plano ng Diyos na prinopesiya na sa Lumang Tipan (yun ay sa Aw. 22; Isa. 53). Subalit ang taksil na ito ay mayroon pa ring pananagutan sa kanyang gagawin at tiyak na pagbabayaran niya ito ng labis.

> "Di purket kayang ihatid ng Diyos ang poot ng tao tungo sa bagay na magbibigay ng kapurihan sa Kanya ay nangangahulugan ito na ang tao ay may dahilan na para sa kanyang poot."[3]

Ang bigat at kaseryosohan ng kasalanan ni Judas ay direkta mismong kabaligtaran sa kainosentehan ni Jesus na kanyang pinagtaksilan (ikumpara. v. 9). Sa ibang salin sa Tagalog ay ganito ang mababasa, "sa pamamagitan niya ay ipinagkakanulo ang Anak ng tao." Ito ay nagpapahiwatig na si Judas ay kasangkapan lamang ni Satanas.

Kung ang kahahantungan lamang ng mga masasama ay anihilasyon o burahin ang kanilang pag-aral matapos ang kanilang kamatayan, sa halip

---

[1]Wessel, p. 759. Cf. Evans, p. 375.

[2]Gundry, p. 832.

[3]Cranfield, *The Gospel …*, p. 424.

na ang dumanas ng walang hanggang kaparusahan, magiging walang saysay o mahirap unawain ang sinabi ni Jesus na 'mabuti pa sa taong iyon ang hindi na siya ipinanganak.'

Ang Pagtatatag ng Banal na Hapunan 14:22-26 (ikumpara. Mat. 26:26-30; Lukas 22:17-20; 1 Cor. 11:23-26)

Ang tala ni Mateo at Marcos sa tagpong ito ay magkahawig, subalit ang tala ni Pablo ay nakakahawig ng itinala ni Lukas.

14:22 Ang tinapay na kinain rito ni Jesus ay ang tinapay na walang lebadura na siyang ginagamit ng mga Judio kapag ipinagdiriwang ang Paskuwa. Ang basbas o panalangin ng pagpapala na Kanyang sinambit rito ay panalangin ng pasasalamat sa Diyos para sa tinapay; hindi ito panalangin para pabanalin ang tinapay at gawing ito pambihira para sa isang espesyal na paggagamitan. Sa Biblia, ang Tao ang siyang pinag-uukulan ng pagpapala, hindi ang mga bagay o lugar. Ang pamamahagi ni Jesus ng tinapay sa mga alagad ay higit na nakakatawag pansin kaysa sa ang pagpira-piraso Niya ng mga ito. Sa pamamagitan nito ay simbolikal Niyang ipinapakita ang pagbabahagi ng Kanyang sarili sa kanila. Nang sinabi ni Jesus, "Ito ang aking katawan," gusto Niyang sabihin na ang tinapay ay sumasagisag sa Kanyang katawan (ikumpara. Lukas 12:1; Juan 6:32-35).

> "Ang pinaka mainam na pagkakaunawa sa katagang 'Kunin ninyo ito: ito ang aking katawan' ay 'Kunin ninyo ito, ito'y nangangahulugan ng aking katawan.'"[1]

Syempre, imposibleng kainin ng mga alagad ang literal na katawan ni Cristo, yamang Siya'y nasa gitna nila. Dagdag pa, isang nakapandidiring bagay para sa mga Judio ang kumain ng laman ng tao, hindi sila kumakain ng dugo ng hayop, gaano pa kaya kung dugo ng tao (ikumpara. Lev. 3:17; 7:26-27; 17:10-14).[2]

> "Ang mga mapait na halamang gamot ay paalala tungkol sa pait ng pagkakaalipin sa Ehipto. Ang mga nilagang prutas na kahawig ng kulay putik ay nagpapaalala ng kanilang malupit na pagtratrabaho bilang mga alipin. Subalit ang korderong pampaskuwa ay sumasagisag sa mapagbiyayang

[1]Mann, p. 577.

[2]Riddle, p. 194.

> pagliligtas ng Diyos sa Israel noong ang salot ng kamatayan
> ang siyang bumalot sa buong lupain ng Ehipto."[1]

14:23 Ang isang kopa ay sumisimbolo sa pagbabahagi ni Jesus ng Kanyang buhay at sa pagkakaisa ng mga alagad sa Kanya (ikumpara. 10:38-39). Tiyak na si Judas ay wala na sa tagpong ito; bago pa lang itatag ni Jesus ang Banal na Hapunan ay umalis na si Judas. Ipinahayag dito ni Jesus na ang Kanyang dugo ang siyang nagpatibay ng Bagong Tipan (ikumpara. Jer. 31:31-34), kung paanong pinatitibay ng dugo ng mga hayop ang Lumang Tipan (Exo. 24:8). Ang salitang Griego para sa 'tipan' ay *diatheke* na tumutukoy sa ginawang kasunduan para sa kapakanan ng isang tao. Samantala, ang salitang *syntheke* ay tumutukoy naman sa kasunduan na ginawa sa pagitan ng dalawang tao. Bawat isa ay may obligasyon na tuparin ang napagkasunduan ng bawat isa.

14:24 Ang alak na nasa kopa ay nagpapaalala rin ng tipan.[2] Ang dugo ni Jesus na "mabubuhos" ay malinaw na paglalarawan sa Kanyang kamatayan. Ang mga salitang ginamit ni Jesus para sa Kanyang katawan (v. 22) at dugo (v. 24) ay tumutukoy sa Kanyang gagawing sakripisyo.[3] Ang salitang "para" ay ang salitang Griego na *hyper,* sa wikang Ingles ay 'preposition' ito. Ito ay nangangahulugan ng "sa kapakanan ng" o "sa halip na" o "para sa." Ang katagang ito ay malinaw na tumutukoy sa doktrina ng 'vicarious atonement,' yun ay, sa halip na tayo ang hatulan at mamatay, inako at pinasan ni Jesus ang ating mga kasalanan para sa ating kaligtasan (ikumpara. Mat. 26:28). Ang salitang "marami" ay tumutukoy sa lahat (ikumpara. 10:45; Isa. 53:11-12).

> "Sa salitang *marami*, hindi lamang bahagi ng sanlibutan
> ang Kanyang tinutukoy, kundi ang buong sangkatauhan."[4]

14:25 Ang katagang "katas ng ubas" ay maaaring isang liturhikal na pormula o kataga na tumutukoy sa alak na ginagamit para sa pista.[5] Anuman ang 'katas ng ubas' na tinutukoy rito, nais lang sabihin ni Jesus na hindi na Siya iinom ng alak minsan pa hangga't hindi Niya naitatatag ang kaharian ng

---

[1]Lane, p. 505.

[2]Taylor, p. 546.

[3]Ibid., p. 544.

[4]Calvin, 3:214.

[5]Wessel, p. 761.

langit sa daigdig. Sa madaling salita, inaasahan ni Jesus na magkakaroon Siya ng pista o salo-salo sa Kanyang kaharian sa lupa (ikumpara. Isa. 25:6). Sa madaling salita, sinasabi rito ni Jesus ang isang pangako matapos na ipahayag Niya ang nalalapit Niyang kamatayan.

> "Ang alak sa kopa na tinanggihan ng inumin ni Jesus ay ang ikaapat, na karaniwang hudyat na sa pagtatapos ng salo-salo sa Paskuwa. Makabulahan ang sinasagisag ng apat na kopa ng alak sapagkat ito ay tumutukoy sa apat-na-bahagi ng pangako ng kaligtasan na sinasabi sa Exo. 6:6-7, yun ay: 'Ililigtas ko kayo…Kayo'y palalayain ko mula sa pagkaalipin … Ituturing ko kayong aking sariling bayan … Ako ang magiging Diyos ninyo' (TJ *Pesachim* X. 37b)."[1]

> "Madalang na ipinapahayag ni Jesus ang Kanyang kamatayan na hindi sinasabi ang Kanyang muling pagkabuhay (8:31; 9:31; 10:34)."[2]

Ang salitang "panibago" dito sa talata ay nangangahulugan ng kwalitatibong pamamaraan (Gr. *kainon*). Sa presenteng tagpo, si Jesus at ang Kanyang mga alagad ay dapat na umasa sa paparating na paghihirap at kamatayan, gayunma'y hindi dito magtatapos ang lahat sapagkat dapat rin nilang asahan ang kaligayahan at kaluwalhatian sa darating na kaharian ng langit sa lupa.

14:26 Ang himno na inawit ni Jesus at ng Kanyang mga alagad ay maaaring ang ikaapat na bahagi ng *Hallel* (ang ibig sabhin ay Papuri, Aw. 115—118). Ito ay sabay-sabay na inaawit ng mga Judio sa pagtatapos ng Paskuwa.[3] Sa ibang manunulat na Ebanghelista, marami pa silang mga itinalang bagay na sinabi at ginawa ni Jesus sa pagtitipon nila sa malaking silid na ito (gaya ng mababasa sa Juan 13—16). Nang si Jesus ang LabingIsang mga alagad ay umalis sa lugar, maaaring gabing-gabi na.

> "Nang si Jesus ay pumunta sa Gethsemane, ang Awit 118 ang Kanyang sinasambit. Ito ang nagbigay ng mainam na paglalarawan sa kung paano gagabayan ng Diyos ang

[1]Lane, p. 508.

[2]Hiebert, p. 355.

[3]Mann, p. 581.

> Kanyang Messias sa oras ng kapighatian at kahirapan na magtatapos sa kaluwalhatian."[1]

Ang Paghihirap ni Jesus sa Hardin 14:27-52

Nakadama si Jesus ng paghihirap habang Siya'y nagpapaalam sa Kanyang mga tagasunod doon sa Jerusalem (vv. 12-26). Subalit ang paghihirap na ito ay higit pang tumindi sapagkat doon sa Bundok Olibo ay inaasahan na Niya ang paparating na Krus (vv. 27-52).

Ang Prediksyon tungkol sa Pagkakaila ni Pedro 14:27-31 (ikumpara. Mat. 26:31-35; Lukas 22:31-34; Juan 13:36-38)

Ang prediksyon na ito ay ipinahayag na ni Jesus kay Pedro noong sila ay nagkakatipon pa lang sa malaking silid at bago itatag ang Banal na Hapunan (ihambing mo ito sa mga kaparehas na talata sa itaas). Ngunit maaaring isiningit ni Marcos ang tagpong ito sa puntong ito ng dahil sa lohikal na koneksyon nito sa magaganap na tagpo ng pagdakip kay Jesus sa Gethsemane.

14:27 Dapat nating unawain ang kahulugan ng "iiwan" sa tagpong ito (o kaya'y "kakulangan ng pananampalataya" na ipinapahiwatig ng salin sa Ingles NASB, at sa Griego na *skandalisthesesthe*, ikumpara. 4:17; 6:3; 9:42-47) sa punto ng propesiya na mismong sinipi at ginamit ni Jesus (Zac. 13:7). Hindi nais sabihin ni Zacarias na tuluyang pababayaan o lilimutin ng mga tupa ang Pastol, na para bang hihinto na sila bilang Kanyang mga tagasunod. Sa halip, ang paglalarawan ni Zacarias ay may kinalaman sa pagtatakbuhan ng mga tupa sapagkat may sumalakay sa kanilang Pastol. At iyan mismo ang ginawa ng mga alagad nang makita nilang dinakip ng mga awtoridad at hinatulang mamatay ang kanilang Pastol, si Jesus.

Sa talata, kahit sa ating wikang Tagalog ay mababasa natin na itinuro mismo ni Jesus sa Diyos ang dahilan ng kamatayan ng Pastol. Bahagya Niyang binago ang pangungusap ni Zacarias. Ngunit sa pangungusap na ito, maliwanag na sinasabi ni Jesus na Siya mismo ang Lingkod ng Diyos na daranas ng pagtitiis para sa ating mga kasalanan (Isa. 53:4-6). Dagdag pa, ang pangungusap na ito ay makakatulong sa mga alagad na tanggapin ang sasapiting kamatayan ni Jesus.

14:28 Sa kabila ng naunang malungkot na pangungusap, tiniyak ni Jesus na ang mga tupa ay titipunin ng Pastol. Sila ay Kanyang titipunin at kakatagpuin

[1]Lane, p. 509.

sa Galilea. Minsan pa, mababasa natin sa talatang ito na matapos Niyang ipahayag ang Kanyang kamatayan, agad Niyang binanggit ang Kanyang muling pagkabuhay (ikumpara. v. 25).

14:29 Matibay ang loob ni Pedro na hindi niya raw iiwan si Jesus; na bagamat gawin ito ng ibang mga alagad, hindi niya papangyarihan ang ganitong posibilidad (ikumpara. Juan 21:15).

14:30 Subalit laking gulat ni Pedro nang sinabi ni Jesus na higit pa ang pagbagsak na mangyayari sa kanya kumpara sa ibang mga alagad. Gamit ang nakagawian Niyang taimtim na pananalita, sinabi Niya kay Pedro na ang pagkakaila na gagawin ni Pedro ay hindi lamang tiyak, kundi malapit na niyang gawin. Dagdag pa, gagawin ito ni Pedro ng tatlong ulit kahit na marinig niya ang tilaok ng manok na magiging sinyales ng kanyang pagkakaila. Sa talang ito, si Marcos lamang ang nagsabi ng impormasyong “bago tumilaok ang manok nang makalawa,” na syempre ay galing sa alaala ni Pedro sa tagpong iyon. Ang salitang ginamit ni Jesus para sa salitang “ikakaila” ay isang matinding salita (Gr. *aparnese*); ito’y nangangahulugan ng matinding pagkakaila.

> "Ang salitang *makalawa* (sa Griego ay *dis*) ay higit na nagpapakita ng katumpakan sa mangyayari; kumbaga ay, ang ipagkaila ni Pedro si Jesus ng tatlong beses bago tumilaok ang manok ng dalawang beses, o kaya’y ang tatlong pagkakaila ay magaganap bago ang hudyat ng *gallicinium* (= 'tinalok ng manok') na sinyales na ng pagbubukang-liwayway ayon sa Romanong pagtatakda ng oras—yun ay, sa pasimula ng ikaapat na bahagi ng pagbabantay (fourth watch)."[1]

> "Ang mga manok ay maagang tumitilaok (ikumpara. *m. Yoma* 1:8; *m. Tamid* 1:2) kahit na hindi pa sumisikat ang araw. Kaya’t ang propesiya ni Jesus, kung binibigyang pansin nito ang tumpak na oras ay napakalapit ng matupad sa tagpo at mga sandaling iyon."[2]

14:31 Ang tugon ni Pedro kay Jesus ay dapat sanang magpaunawa ng kanyang kahinaan at pangangailangan ng tulong. Subalit sa halip na aminin at

---

[1]Mann, p. 586.

[2]Evans, p. 402.

> tanggapin ang kanyang kahinaan, ipinagiitan ni Pedro na mali ang sinasabi ni Jesus. Ipinagdiinan niya na siya'y maninindigan (Gr. *ekperissos*, ang salitang ito ay dito lamang ginamit sa Bagong Tipan); hindi niya ikakaila ang Panginoon. Hindi magawang tanggapin ni Pedro ang kanyang kahinaan, bagay na naging problema rin ng iba pang mga alagad. Subalit naranasan ni Pedro ang ganitong katotohanan sa napakasakit na pamamaraan. Hinayag ng kanyang kabiguan ang kanyang karanasan. At ang ganitong pag-uugali ni Pedro ang siya ring naghatid sa iba pang mga alagad na sabihing hindi rin nila ipagkaila si Jesus, ngunit lahat sila'y nabigo.[1] At sa paglipas ng mga oras, kung paanong buong sigasig niyang sinabi sa harapan ni Jesus na hindi niya Siya ikakaila, ganundin ang sigasig ng pagkakaila na kanyang sinabi sa mga umuusisa sa kanya.

Ang bahaging ito ay naglalaman ng isang matinding babala para sa lahat ng mga sumusunod kay Jesus. Kapag tayo ay humaharap ng pag-uusig ng dahil sa ating kaugnayan kay Jesus, hindi tayo dapat magtiwala sa sarili nating lakas para pagtagumpayan ito. Sa halip, dapat na magtiwala tayo sa Diyos na Siyang magbibigay sa atin ng biyaya upang manatiling tapat sa Panginoon (ikumpara. 9:14-29).

Ang Paghihirap ni Jesus sa Gethsemane 14:32-42 (ikumpara. Mat. 26:36-46; Lukas 22:40-46)

Sa tagpong ito ay makikita ang kaibahan ng kapakumbabaan ni Jesus at laging pagdepende sa Kanyang Ama kumpara sa ugali ni Pedro na mapagtiwala sa sarili (vv. 27-31). Dito ay ipinapakita ang kakaibang pahayag tungkol sa pagkatao ni Jesus.

> "Hindi siya yung tipo ng inisip ng iba na para bang hindi naaapektuhan ng Kanyang pagsubok, dito ay makikita natin na halos mamatay na Siya sa hirap ng kaloobang Kanyang nadarama."[2]

Ito ang ikatlong pagkakataon na binanggit ni Marcos na si Jesus ay nananalangin (ikumpara. 1:35; 6:46). Sa bawat tagpo na si Jesus ay nananalangin, laging makikita ang Kanyang komitment na sundin ang kalooban ng Ama, bagay na laging sinusubukang yugyugin ni Satanas.

14:32-34 Isinama ni Jesus sa hardin ang tatlong alagad na malapit sa Kanya (ikumpara. 5:37; 9:2); ito'y upang turuan sila tungkol sa kahirapan, ang humingi ng tulong sa Diyos, at ang tulungan si Jesus sa pananalangin

---

[1]W. N. Clarke, "Commentary on the Gospel of Mark," in *An American Commentary*, p. 214.

[2]Moule, p. 117.

(ikumpara. Mat. 26:38). Ang ibang mga alagad ay dapat ring manalangin (Lukas 22:40). Siguro ay kinailangan rin nilang magbantay upang lubos na maibigay ni Jesus ang Kanyang sarili sa pananalangin.[1]

> "Yamang sa kulurang iyon, ang pananalangin ay nakasanayang nakabukas ang mata, ang utos na manalangin ay nangangahulugan rin na manatiling mulat o nagbabantay."[2]

Maituturing natin na ang Gethsemane ang paboritong lugar na puntahan ni Jesus at ng Kanyang mga alagad para manalangin (ikumpara. Lukas 22:39; Juan 18:2).

Ang mga salitang “mabagabag” (Gr. *ekthambeisthai*) at “maghirap” (Gr. *ademonein*, v. 33) ay magkaugnay na naglalarawan ng “isang matinding damdamin, na parang pinaghalong takot, pagkalito, kawalan ng katiyakan, at pagkablisa. Walang anumang tatapat sa ganitong matinding damdamin na dito lamang sa tagpong ito nahayag at naramdaman."[3] Yung punto na papasanin mo ang lahat ng poot ng Diyos para sa lahat ng kasalanan ng tao ay napakahirap sa kalooban ni Jesus (Gr. *perilypos*, v. 34; cf. 6:26). Ito’y higit pa sa anumang hirap na tiniis ng sinumang martir.

14:35 Sa unang tagpo ng pananalangin, si Jesus ay maaaring nanalangin ng aabot sa isang oras (v. 37), bagamat itinala lamang ni Marcos ang buod ng Kanyang panalangin o kahilingan (ikumpara. Heb. 5:7). Sa kultura at panahong iyon, halos nakagawian ng lahat na manalangin ng malakas, at maaaring ito ang siyang naging paraan ng pananalangin ni Jesus.[4] Ang mga Judio ay karaniwang nakatayo kapag nananalangin. Yung paglalarawan na si Jesus ay “nagpatirapa” ay nagpapahiwatig na ang Kanyang kalooban ay talagang nabibigatan. Ito’y nagpapahiwatig rin ng Kanyang pagpapasakop sa Ama.

14:36 Hindi tinatawag ng mga Judio ang Diyos na "Abba" (literal ay ‘Daddy’ o ‘Papa’), sapagkat para sa kanila ang gayong kalapitan o intimasyon sa Diyos ay kawalang-galang. Gayunpaman, ginamit ni Jesus ang ganitong katawagan sa Diyos sapagkat Siya bilang Anak ng Diyos ay napakalapit sa

---

[1]Gundry, p. 854.

[2]Ibid., p. 856.

[3]R. G. Bratcher and E. A. Nida, *Translator's Handbook on Mark*, p. 446.

[4]Lane, p. 515.

Kanyang Ama (ikumpara. Rom. 8:15; Gal. 4:6). Yung katawagan rito ni Jesus ay tila nagbabalik-tanaw sa Genesis 22:7, kung saan ay tinawag ni Isaac ang kanyang amang si Abraham na “Ama ko,” na halos mismong nasa parehas na sitwasyon na malapit rin sa lugar na ito ng Gethsemane.[1]

Ipinahayag ni Jesus ang Kanyang pananampalataya sa Diyos; na sa Kanya ang lahat ng bagay, alinsunod sa Kanyang kalikasan at panukala, ay posible ang lahat (ikumpara. 9:23). Sa tagpong ito, ang hindi malinaw na isyu sa Anak ng Diyos na nagkatawang-tao, na kusang-loob na nilimitahan ang Kanyang kaalaman, ay hindi ang kakayahan ng Diyos kundi ang Kanyang kalooban.

> "Ang ganap na pagtitiwala sa Diyos…ang siyang bukal na pinagmumulan ng tapang at lakas ng loob ni Jesus upang limutin ang Kanyang sarili, ang magpakumbaba, at ang ibigay ang Kanyang buhay para sa atin."[2]
>
> "Para bang gustong sabihin rito ni Jesus, ‘Naniniwala akong magagawa mo ang lahat ng bagay, maging ang gawing possible na ako’y hindi dumaan sa nakakasindak na paghihirap na dulot ng krus.'"[3]

Binanggit na ni Jesus na ang Krus ay ang Kanyang “oras” at ang Kanyang “kopa.” Ang “oras” ay yaong mga bagay na may kinalaman sa Krus (ikumpara. v. 41; Juan 2:4; 7:6, 30; 8:20; atbp.). Samantala, ang kopa ay partikular na sumasagisag sa hatol ng Diyos na ibubuhos sa krus, bagay na dapat ay ubusin ni Jesus (ikumpara. v. 46; 10:38-39). Si Jesus ay mayroon sariling kalooban, gayunma’y ito’y hindi kaylanman naging kontra sa kalooban ng Kanyang Diyos Ama.

> "Bagamat sa Kanyang panalangin ang Panginoong Jesus ay nagpahayag ng papuri sa Diyos (Lukas 10:21) at nagpasalamat sa Kanyang Ama (8:6, 7), ang mga naitalang

---

[1]Tingnan ang pag-aaral ni Joseph A. Grassi, "*Abba*, Father (Mark 14:36): Another Approach," *Journal of the American Academy of Religion* 50:3 (September 1982):449-58.

[2]Rhoads and Michie, p. 108.

[3]Evans, p. 413.

> panalangin Niya ay mga kahilingan at intersesyon para sa iba."[1]

14:37 Marahil ay partikular na kinausap ni Jesus si Pedro sapagkat ipinagyabang nito na hindi niya ipagkakaila si Jesus (vv. 29, 31). Ang pagbanggit ni Jesus ng pangalang "Simon," na siyang orihinal na pangalan ni Pedro ay nagpapahiwatig na kanyang likas na kahinaan. Sa madaling salita, hindi namumuhay si Pedro ayon sa kahulugan ng kanyang pangalan; hindi siya nag-uugaling gaya ng isang matibay na bato.

> "Si Pedro na nagsabing handa siyang mamatay para sa Kanyang Maestro ay sa tagpong ito ay hindi man lang magawang makipagpuyat at bantayan Siya sa pananalangin."[2]

> "Ang tunay na diwa ng pagkakaibigan—yung ugnayan ng kaisipan, ugnayan ng damdamin, pag-asa, kalungkutan, at kagalakan—ay bagay na tila ay hindi naranasan ni Jesus sa namamalaging paraan sa LabingDalawa."[3]

14:38 Dito ay kinausap ni Jesus ang tatlong alagad. Inutusan Niya sila na patuloy na magbantay (Gr. *gregoreite*, ikumpara. 13:34, 35, 37) at manalangin (Gr. *proseuchesthe*, ito ang karaniwang salita na ginagamit para sa panalangin). Ang mga bagay na ito ay kinakailangan upang mapaglabanan ang tukso. Ang salitang “laman” na ginamit rito ay maaaring tumutukoy sa literal, yun ay sa katawan, sa halip na sa metaporikal na paraan, yun ay, bilang panukoy sa makasalanang likas ng tao – na kontra sa espirituwal na kalikasan at kakayahan ng tao (ikumpara. Aw. 51:12).

Tatlong beses na itinala ni Marcos na si Pedro ay natutulog (vv. 37, 40, 41), matapos ito ay itinala rin niya ng tatlong beses ang pagkakaila ni Pedro (vv. 68, 70, 71). Dapat sana na manalangin ang mga alagad para sa kanilang mga sarili at para kay Jesus, lalo na’t mayroong paparating na bagay na hindi nila magugustuhan.

> "Sa kwento ng dinanas na kahirapan ni Jesus, ang mga alagad ay tumatayong mga kabaligtaran. Yun ay ng dahil sa

---

[1]*The Nelson …,* p. 1674.

[2]Darby, 3:267.

[3]Lane, p. 518.

> kanilang kahinaang umunawa, nagiging mali ang kanilang palagay sa tunay na katangian ng mga bagay-bagay. Akala nila ay matalino sila, matapang at matapat, gayunma'y ang totoo, sila'y mahina umunawa, duwag, at kapos sa pananampalataya. At ngayong sila'y nasa tagpo na si Jesus ay daranas ng kahirapan, ang kanilang komitment kay Jesus ay masusubukan. At sa paglipas nga ng pangyayari, matutunghayan natin na kanilang isinuko ang kanilang komitment at pananampalataya sa pamamagitan ng kanilang mga salita at gawa."[1]
>
> "Ang espirituwal na pagkagising at panalanging puspos ng pagdepende sa tulong ng Diyos ang siyang tanging sapat na paghahanda para sa anumang haharaping krisis (ikumpara. 13:11)."[2]

14:39 Mula sa Kanyang mga alagad na natagpuan Niyang hindi nagbigay ng suporta sa Kanya, si Jesus ay bumalik sa Kanyang Ama na Siyang Kanyang agapay.

14:40 Hindi alam ng mga alagad kung ano ang kanilang sasabihin noong sila ay nagising sapagkat maaaring hiyang-hiya sila. Nagmayabang sila ng espirituwal na kalakasan at kakayahan (v. 31), subalit dito'y matatagpuan ang kanilang malaking kahinaan. Tila ay mayroong baliktad na ugnayan sa pagitan ng ating pagtitiwala sa sarili at kung gaano tayo kadalas manalangin.

14:41 Si Marcos lamang ang nagtala ng tatlong beses na pagpunta ni Jesus sa liblib ng hardin upang manalangin. Mark alone recorded that Jesus made three separate trips into the depths of the garden to pray.

> "Ang Tukso sa Hardin ay nahahati rin sa tatlong bahagi, gaya mismo ng naranasan Niyang tukso sa Ilang."[3]

Ang pagpupursige ni Jesus sa panalangin ay nagpapakita ng lalim ng Kanyang pananangan sa Kanyang Ama. Ang tanong ni Jesus na "Natutulog pa ba kayo at namamahinga?" ay sumugat minsan pa sa kalooban ng mga

---

[1]Kingsbury, p. 111.

[2]Lane, p. 520.

[3]G. F. Maclear, "The Gospel According to St. Mark," in *Cambridge Bible for Schools and Colleges*, p. 163.

alagad. Ngayon ay oras na para talagang gumising sila sapagkat ang taksil ay paparating na.

Hindi masyadong malinaw ang ibig sabihin ng katagang "tama na."[1] Ito ay maaaring nangangahulugan na natanggap na ni Judas mula sa mga punong pari ang salaping bayad para sa kanyang pagtataksil, yamang ang salitang Griego na ginamit ay *apechei,* at maaring mangahulugan ng "natanggap na niya." Ang isa pang posibilidad ay, malinaw na Niyang nakita na ang krus ay hindi na Niya maiiwasan. Gayunpaman, siguro ang ibig sabihin lang ng salitang ito – gaya mismo ng pagkakagamit sa ating salin sa Tagalog – ay sapat na ang naitulog ng mga alagad, oras na upang gumising sila.[2] O kaya, may ikaapat na pwedeng kahulugan ang katagang ito, yun ay, 'tapos na o sapat na' ang Kanyang pananalangin. Para sa akin, gusto ko ang ikatlo at ikaapat na pananaw, sapagkat sila'y nagbibigay ng simpleng paliwanag at nababagay sa tagpong pinag-uusapan.

Ang 'oras' na dumating ay ang oras ng pagdakip at pagkakanulo kay Jesus. Ito rin ay maaring mangahulugan na "ang oras ng Messianikong ministeryo ni Jesus ay dumating na sa sukdulan o 'climax.'"[3] (ikumpara. v. 35). Ang "mga makasalanan" na tinutukoy rito ay walang iba kundi ang mga kampon o lingcod ni Satanas na siyang maghahatid kay Jesus sa kamatayan.

14:42 Yung maikling pangungusap rito ni Jesus ay tila nagpapahiwatig ng tensyon o sitwasyon na kailangan mo ng magmadali.[4] Sa tingin ko ay nalaman ni Jesus na malapit na si Judas sapagkat nakikita na niya sa di kalayuan ang ningas ng mga sulo na bitbit ng mga taong pinangungunahan ni Judas, na makikita mong naglalakad sa kapatagan ng Kidron at papunta na sa hardin ng Gethsemane.

Tila pinapakita ni Marcos ang kilos rito ni Jesus sa 'chiastic' na porma, yun ay: si Jesus ay pumunta sa hardin na kasama ang Kanyang mga alagad, iniwan ang iba sa kanila sa bandang bungad ng hardin, isinama ang tatlo sa kanila tungo sa looban ng hardin, at mag-isang pumunta sa liblib na bahagi pa nito. Sa bahaging ito naglabas-pasok si Jesus. Dito sa liblib na bahagi ng hardin ay kinausap Niya ang Kanyang Ama. Ang liblib na

---

[1]Cranfield, *The Gospel …*, pp. 435-36, siya ay nagbigay ng walong magkakaibang intepretasyon.

[2]Ibid., p. 435.

[3]Taylor, p. 557.

[4]Hiebert, p. 362.

bahagi ng hardin at ang sentrong tagpong ito ay nagpapakita ng lalim at bigat ng Kanyang espirituwal na pakikipaglaban. Ang paglalarawan na ito ay tumutulong sa mambabasa na makita na ang pananalangin ni Jesus ang siyang pinaka-puso ng Kanyang personal na paghahanda para harapin ang Krus. Ang preparasyon ni Jesus sa pamamagitan ng panalangin ang siyang nagbigay sa Kanya ng katatagan at kakaibang kontrol sa sarili sa sandali at sitwasyon ng kahirapan at pagtitiis na Kanyang pinagdaanan.

> "Marahil ang pinaka nakikita at nakikilalang ayos at gawi ng pagsasalaysay ni Marcos ay yaong tatlong beses na pag-uulit ng magkakatulad na aksyon at kaganapan. May ilang mga serye na nahahalata sapagkat sila'y lumabas bilang direktang kasunod ng nangyari: sa Gethsemane, si Jesus ay matatagpuang tatlong beses na umalis sa Kanyang pananalangin at natutulog ang Kanyang mga alagad; pagkatapos nito, tatlong beses na ipinagkaila ni Pedro si Jesus; pagkatapos nito, si Pilato ay nagtanong ng tatlong mahahalagang tanong sa mga tao, ngunit bawat isa sa mga ito ay tinanggihan; at dagdag pa rito, inilatag ng may-akdang mananalaysay ang kaganapan ng pagpako kay Cristo sa krus pamamagitan ng tatlong pagitang mga oras (yun ay, alas-nuebe ng umaga, tanghali, at alas-tres ng hapon). … At heto pa, ang tatlong-bahaging-anyo ng pagsasalaysay na ginamit sa seksyon na ito ay nagbibigay tingkad sa klarong kabiguan ng mga alagad."[1]

Ang Pagkakanulo kay Jesus, Pagdakip, at Pag-iwan 14:43-52 (ikumpara. Mat. 26:47-56; Lukas 22:47-53; Juan 18:2-12)

14:43 Lahat ng mga sinoptikong may-akda ay paulit-ulit sa pagbanggit na si Judas ay bahagi sa LabingDalawa, bagamat halatang alam naman na ito ng mga mambabasa. Gayunpaman, ang paulit-ulit na siya'y kabilang sa LabingDalawa ay para patingkarin ang trahedya ng pagtataksil kay Jesus.[2] Si Judas ang naghatid sa 'maraming tao' na may taglay na awtoridad mula sa Sanhedrin upang dakpin si Jesus (Gawa 1:16). Bahagi sa 'maraming tao' na ito ang kapulisang nasa Templo (Lukas 22:52) at pati na rin mga sundalong Romano (Juan 18:12). Ang mga pulis ay may dalang pamalo, samantalang ang mga Romano ay may dalang tabak.

---

[1]Rhoads and Michie, p. 54. Paragraph divisions omitted.

[2]Gould, p. 273.

14:44-45 Karaniwang pagbati na ginagawa ng mga disipulo sa kanilang maestro ay ang paghalik sa kamay nito.[1] Itong planadong hudyat ng paghalik ni Judas kay Jesus ay mabisa upang ipakilala niya sa mga dadakip kung sino ang dapat nilang dakpin na hindi tumatawag ng pagkakagulo, suspetsya, at pagsalungat mula sa mga alagad. Ang hudyat na ito ay mabisa rin para higit na makilala sa kadiliman ng gabi kung sino nga ba si Jesus na dapat nilang dakpin.

> "Ayon sa nakaugalian, hindi pinahihintulutan ang isang disipulo na unang bumati sa kanyang maestro sapagkat ito ay magpapahiwatig na sila'y pantay sa karangalan. Ang hudyat kung gayon ni Judas ay hindi lamang pagtanggi sa awtoridad ni Jesus at hudyat sa mga taong dadakip, ito'y nagpapahiwatig rin ng pinagplanuhang insult. Posible na ang tagpong naganap sa Juan 18:4-7, bagamat walang binabanggit tungkol sa halik, ngunit sinasabi rito na, "Nang sabihin ni Jesus na 'Ako iyon,' napaurong sila at bumagsak sa lupa.' Itinuturing na maaaring ang pagbagsak nila sa lupa ay dulot na rin ng matinding kataksilan na ginawa ni Judas; hindi nila kinaya ang kaseryosohan nito."[2]
>
> "Nang sinabi ni Judas, "Kung sino ang hahalikan ko, siya iyon," ginamit niya ang salitang *philein* na ordinaryong salita para sa halik. Subalit nang siya ay lumapit na at hinalikan si Jesus, ang salitang ginamit ay *kataphilein*. Sa salitang ito, ang *kata* ay nagbibigay ng diin at lalim, kaya't ang salitang *kataphilein* ay naging isang uri ng halik sa pagitan ng dalawang taong nagmamahalan. Sa madaling salita, ang hudyat ng kataksilan ay hindi lamang basta-bastang halik, o isang pormal na halik ng pagbati; sa halip, ang hudyat ng kataksilan ay ipinakita sa pamamagitan ng halik na ginagawa ng isang nagmamahal. Kaya't ang tagpong ito ang siyang pinakamasahol at pinakamalalang

[1]Bishop, p. 246.

[2]Mann, p. 596. See my note on John 18:6, in my notes on John, for other views as to why the soldiers fell down.

> kasamaan na mababasa sa aklat at kwento ng ebanghelyo."[1]

14:46 Ang mga taong dumakip rito ay walang iba kundi ang mga sundalong kasama ni Judas.

14:47 Marahil ang kahihiyang nadama ni Pedro ang siyang dahilan kung bakit hindi niya sinabi na si Pedro mismo ang tumaga sa tainga ni Malchus. Marahil ay medyo nakailag si Malchus kaya tainga lang ang nataga sa kanya at hindi ang kanyang ulo (ikumpara. Juan 18:10). Ang kakulangan ni Pedro ng panalangin ang siyang naghatid sa kanya ng kawalang pagpipigil sa sarili, bagay na ibang-iba sa kalmadong sarili ni Jesus. Hindi lamang siya nagmayabang ng labis (vv. 29, 31), at nanalangin ng kaunti (vv. 37, 40, 41), kundi agad-agad rin siyang kumilos na hindi nag-iisip at marahas.

> "Siguro sa tagpong, maaaring nais patunayan pa rin ni Pedro na yung prediksyon ni Jesus na ipagkakaila niya siya ng tatlong beses ay hindi totoo. Nais patunay ni Pedro na siya'y tapat at handang mamatay na kasama siya (ikumpara. 14:31)."[2]

14:48-50 Sinabi ni Jesus sa maraming mga tao na dumarakip sa Kanya na Siya'y hindi mapanganib na criminal. Ang hakbang at aksyon na ginawa rito ng Sanhedrin ay walang batayan at hindi makatuwiran. Gayunpaman, ang tagpong ito ay katuparan ng propesiya. Kabilang sa mga talata ng Banal na Kasulatan na tinutukoy ni Jesus ay ang Isaias 53:3, 7 hanggang 9, 12 at Zacarias 13:7 (ikumpara. v. 27). Samantala, dito sa talatang 50, nilalahad ang kabiguan ng mga alagad, maging ni Pedro; ang kanilang pag-iwan kay Jesus upang tiyakin ang kanilang sariling kaligtasan. Binibigyang diin ng may-akda sa puntong ito ang aksyon ng mga alagad, sa halip na ang aksyon ng 'maraming tao' na kasama ni Judas.

> "Kung ang isang tao ay nakakaranas ng kahirapan ng dahil kay Cristo, huwag niyang ipagtaka kung siya man ay pabayaan at iwan ng mga tao. Madalas na iwan ng karamihan ang isang sugatan."[3]

---

[1]Barclay, p. 363.

[2]Evans, p. 425.

[3]Henry, p. 1402.

14:51-52 Ang talang ito ay kakaiba; si Marcos lamang ang nag-ulat nito. Inilarawan niya ang "binata" (Gr. *neaniskos*, sa pagitan ng 24 at 40 na edad) na sumusunod kay Jesus. At batay sa paglalarawan, maaaring ang binata na ito ay isa sa LabingDalawa o siguro'y isang masugid na tagasunod ni Jesus. Ang kanyang balabal na lino ay isang mamahaling balabal (Gr. *sindon*), ngunit siya'y walang panloob na dami (Gr. *chiton*). Marahil ito lang ang damit na suot niya sa pagtulog, at siguro nang mabalitaan niya doon sa Jerusalem na si Jesus ay dadakpin, dali-dali siyang bumangon at sumunod sa karamihan.

Subalit, nang siya'y matagpuan at sinubukang dakpin ng mga sundalo, ang binatang ito ay pumalag ng husto na anupa't sa kanyang kagustuhan na makatakas at iwanan rin si Jesus ay iniwan niya ang kanyang balabal sa kamay ng sundalong dumadakip sa kanya. Siya'y tumakbong nakahubad papalayo. Ang pagtakas ng binatang ito ay nagsisilbing ilustrasyon rin sa kagustuhan ng tao na iligtas ang kanyang sarili kahit na ang kapalit ay ang pabayaan niya si Jesus. Ang kanyang hubad na kalagayan ay higit na nagpapakita ng kanyang takot at kahihiyan (ikumpara. Amos 2:16).

Bahagya lang ang inaambag ng insidenteng ito sa kwento ng pagkakadakip kay Jesus, liban lang sa punto na si Jesus ay iniwan ng lahat ng mga sumusunod sa Kanya. Ngunit para sa mga 'church fathers' at maging sa mga modernong komentarista, itinuring nila na ang binata rito ay si Marcos raw, ang mismong may-akda ng Ebanghelyo na ito. Gayunpaman, walang solidong ebidensya na nagpapatunay ng pagkakakilanlang ito.[1]

B. Ang Katatagan ng Lingkod ng Diyos sa Oras ng Pagtitiis 14:53—15:47

Ang paghihirap na naranasan ni Jesus sa mga nakaraang tagpo ay sa punto na mayroon Siyang paghihirap na hinihintay, at dahil rito'y sikolohikal. Subalit simula sa tagpong ito, mararanasan na Niya ang pisikal na paghihirap na dulot ng paglilitis at pagpako sa krus. At bilang Lingkod ng Diyos na dumating upang isakatuparan ang kalooban ng Kanyang Ama, ang Kanyang paghihirap na mararanasan ay patindi ng patindi.

---

[1]Tingnan ang pag-aaral ni Abraham Kuruvilla, "The Naked Runaway and the Enrobed Reporter of Mark 14 and 16: What Is the Author Doing with What He Is Saying? *Journal of the Evangelical Theological Society* 54:3 (September 2011):527-45.

Dalawang paglilitis ang pinagdaanan ni Jesus: relihiyosong paglilitis sa harapan ng mga relihiyosong pinuno at sibil na paglilitis sa harapan ng gobyernong Romano. Ang dalawang ito ay kinakailangan sapagkat sa ilalim ng pamamahalang Romano, ang Sanhedrin ay walang awtoridad na magbigay ng parusang kamatayan sa krus (Juan 18:31). Bawat paglilitis ay may tatlong bahagi.

PAGLILITIS KAY JESUS NG MGA RELIHIYOSONG PINUNO	
Sa Harapan ni Annas	Juan 18:12-14, 19-24
Sa Harapan ni Caiaphas	Mat. 26:57-68; Marcos 14:53-65; Lukas 22:54, 63-65
Sa Harapan ng Sanhedrin	Mat. 27:1; Marcos 15:1; Lukas 22:66-71
SIBIL NA PAGLILITIS KAY JESUS	
Sa Harapan ni Pilate	Mat. 27:2, 11-14; Marcos 15:1-5; Lukas 23:1-5; Juan 18:28-38
Sa Harapan ni Herodes Antipas	Lukas 23:6-12
Sa Harapan ni Pilato muli	Mat. 27:15-26; Marcos 15:6-15; Lukas 23:13-25; Juan 18:39—19:16

1. Ang Paglilitis ng mga Judio kay Jesus 14:53—15:1

Inalis ni Marcos ang paunang pagdinig na hinarap ni Jesus sa harapan ni Annas (Juan 18:12-14, 19-24).

Ang Pagdinig sa harapan ni Caiaphas 14:53-65 (ikumpara. Mat. 26:57-68; Lukas 22:54, 63-65; Juan 18:24)

14:53 Ang ‘pinakapunong pari’ na tinutukoy rito ay si Caiaphas. Kapansin-pansin na hindi binanggit ni Marcos ang kanyang pangalan, bagamat ang pangalan niya ay lumabas ng siyam na beses kay Mateo, Lukas, Juan, at sa aklat ng Gawa. Siya ang pinakapunong pari na itinalaga ng mga Romano noong A.D. 18, at siya’y naglingkod hanggang taong A.D. 36. Tila siya mismo ang pasimuno ng balaking ipapatay si Jesus.

Di-opisyal at wala sa iskedyul ang pagpupulong na ito sa Sanhedrin, sapagkat ayon sa hinihingi ng batas ng mga Judio, ang opisyal na pagpupulong ay dapat na ganapin sa araw. Ang pagpupulong na ito ay naganap bago ang pagbubukang-liwayway ng Biyernes, ikalabing-limang araw ng Nisan, na isa mismong kapistahan. Hindi karaniwan para sa Sanhedrin na magdaos ng ganitong uri pagdinig tuwing kapistahan. Marahil ay minabuti ng mga pinunong Judio na magpulong sa ganitong oras sapagkat ginaganap ng mga Romano ang kanilang mga pagpupulong agad matapos na sumikat ang araw. Nais na ihatid ng Sanhedrin si Jesus sa kamay ni Pilato para sa isang madaliang paglilitis bago ang damdamin ng Masa ay mabuo ng may pabor kay Jesus.

Ang Sanhedrin ay hindi karaniwang nagbibigay ng sentensya sa isang akusadong nagkasala hanggang sa araw pagkatapos ng kanyang paglilitis. Subalit hindi ganito ang ginawa nila kay Jesus. Dagdag pa, karaniwang ring nagpupulong ang Sanhedrin sa isang bulwagan na naroron sa kanluranga bahagi ng templo.[1] Subalit sa kasong ito, sila'y nagpulong sa bahay ni Caiaphas o sa malapalasyong bahay nito (Lukas 22:54). Ang "lahat" ng mga punong pari, mga pinuno ng bayan, at mga tagapagturo ng Kautusan ay maaaring tumutuky sa 71 na miyembro ng Sanhedrin, o kaya'y sa sapat na bilang ng mga kaanib na kinakailangan para magkaroon ng korum, na hindi bababa sa 23.[2] At marahil, ang mga miyembro ng Sanhedrin na may malasakit kay Jesus, gaya nina Nicodemo (ikumpara. Juan 7:50-52; 19:39) at Jose na taga-Arimathea (ikumpara. 15:43-46; Lukas 23:51-53; Juan 19:38), ay hindi inimbitahan sa pagpupulong na ito.[3]

14:54 Sa tagpong ito, makikita ng bumabasa na si Pedro pala ay nasa lugar na tinitirhan ng pinakapunong pari; siya'y naroroon sa buong oras ng paglilitis kay Jesus. Ang tagpong ito ang siyang maghahanda sa atin sa mangyayaring pagkakaila ni Pedro (vv. 66-72), habang si Jesus ay nililitis ng Sanhedrin. Sa kabilang banda, nakakatulong rin ito sa atin na maunawaan na ang pag-iwan ni Pedro kay Jesus ay temporaryo lang, siya'y bumalik agad. Hindi binanggit ng mga sinoptikong ebanghelista yaong isang alagad na sinamahan si Pedro at tinulungang makapasok sa patyo ng bahay ng pinakapunong pari (Juan 18:15). Ang 'mga bantay' na

[1]Ibid., 5:4:2.

[2]Mishnah *Sanhedrin* 1:1.

[3]Swete, p. 360.

katabi niya sa tabi ng gatungan ng apoy ay maaaring ang mga pulis sa templo, yamang hindi pwedeng bantayan ng mga Romanong sundalo ang palasyo ng pinakapunong pari.

14:55-56 Bagamat ang pandinig na ito—na katumbas na rin ng imbestigasyon ng mga naglalakihang hurado—ay nangyari sa gabi, ang Sanhedrin ay agad na nakahanap ng dalawang saksi na kusang-loob na magbibigay ng patotoo laban kay Jesus (Mat. 26:60). Dito'y makikita na talagang pinagplanuhan ng mabuti at maaga ng prosekusyon ang kanilang kaso laban kay Jesus. Subalit lumabas sa mga hiwalay na pagdinig sa mga saksing ito na ang kanilang mga sinasabi ay nagkokontrahan. At dahil rito, naging walang kabuluhan ang kanilang mga pahayag at testimonya (ikumpara. Blg. 35:30; Deut. 17:6; 19:15).

> "Syempre, napakahirap humabi ng pagkakaisa sa mga pahayag ng kasinungalingan. Ang pagkakaisa ay nasa simpleng katotohanan"[1]

14:57-59 Sa talatang ito ay ipinapakita ang isang halimbawa ng patotoong laban kay Jesus. Syempre, dapat asahan na hindi naunawaan ng nakarinig o nakasaksi ng pangungusap na ito kung ano ang ibig sabihin ni Jesus tungkol sa pagkawasak ng templo (Gr. *naos*, yun ay, 'gusali ng templo'), o kaya'y yaong tungkol sa Kanyang katawan (Juan 2:19), at marahil pati na rin sa ipinahayag Niya tungkol sa panghinaharap na pagkasawak ng templo sa Jerusalem (13:2).[2] Ang sabi ni Jesus, "Gibain [ninyo] ang templong ito, at sa loob ng tatlong araw ay muli ko itong itatayo." Subalit, ang iniulat nilang sinabi raw Niya ay "Gigibain ko ang templong ito na gawa ng kamay ng tao at sa loob ng tatlong araw ay magtatayo ako ng iba na di gawa ng tao." Maling-mali ang kanilang pagkakasabi sa sinabi ni Jesus. At syempre noong panahong iyon, sinumang sumira sa templo ay mapapasailalim sa parusang kamatayan (ikumpara. Jer. 26:1-19).[3] At ito ang kanilang pangunahing ginamit na akusa laban kay Jesus (ikumpara. v. 61; 15:29).

---

[1]Cole, p. 226.

[2]Tingnan ang pag-aaral ni Elton L. Hollon and Samuel M. Frost, "Jesus's Temple Prophecy in Mark 14:58," *Bibliotheca Sacra* 180:718 (April-June 2023):202-27.

[3]Josephus, *Antiquities of …*, 10:6:2.

14:60-61 Sa puntong ito ay nagpasyang tanungin ni Caiaphas si Jesus, sa pag-asang sasagot ito ng bagay na magpapahamak sa Kanya, yamang wala silang matagpuang maayos na pahayag mula sa mga nagsasabing saksi laban kay Jesus. Subalit, hindi sumagot si Jesus sa unang tanong ng pinakapunong pari. At wala rin sinumang nakapagbigay ng solidong katibayan laban sa Kanya.

> "Ang Kanyang makahulugang katahimikan ang siyang Kanyang naging maingay na kapahayagan laban sa kanilang matinding kasinungalingan na paratangan Siya."[1]

Ngunit pagkatapos nito ay naisipan ni Caiaphas ang isang estratehiya; tinanong niya mismo si Jesus kung Siya ang Messias. Ang katagang "Kapuri-puri" na ginamit sa ating salin sa Tagalog ay katumbas mismo ng salita para sa 'Diyos.' Ang salitang ito ang ginagamit ng mga Judio upang hindi nila banggitin ang banal na pangalan ng Diyos.[2] Isang popular na konsepto sa mga Judio na ang Messias ay magmumula sa lipi ni David. Hindi itinatanong rito ni Caiaphas kung sinasabi ba ni Jesus na Siya'y Diyos, kundi kung sinasabi ba Niya na Siya ang Messias na hinihintay ng mga Judio.

> "Sa katagang "ang Cristo, ang Anak ng Kapuri-puri," ang una at ikalawang mga salita ay essensiyal na magkatumbas sa kahulugan. At sa mga kakontemporaryong pananaw na sabay sa panahon ng pagkakasulat ng Bagong Tipan, ang katagang "anak ng Diyos" ay essensiyal na nauunawaan sa messianikong pananaw. Ang hinihintay na pag-asa ng mga Judio ay nakabatay sa Messias, na isang tao."[3]

> "Ang Messias na matatagpuang nasa bilangguan, iniwan ng Kanyang mga tagasunod, at walang labang dinakip ng Kanyang mga kaaway ay isang napakalaking kabaligtaran sa konsepto ng mga Judio. Ito'y isang impossibleng konsepto para sa kanila! Sinumang ipinapahayag ang kanyang sarili bilang Messias ay tiyak na isang lapastangang nilalang na

---

[1]Hiebert, p. 371. Cf. Evans, p. 448.

[2]Mishnah *Berachoth* 7:3.

[3]Lane, p. 535.

> nangahas na hamakin ang mga pangako ng Diyos na ibinigay Niya sa Kanyang bayan."[1]

14:62 Noong una, inililihim ni Jesus ang Kanyang pagkaMessias sapagkat ang publikong pamamahayag nito ay maghahatid ng di pa napapanahong krisis (ikumpara. 1:43-44; 8:29-30; 9:9; 11:28-33; 12:12). Subalit ngayon, hayagan na Niyang inamin na Siya ang Messias sapagkat ang itinakdang krisis na hinihintay Niya ay dumating na. Sa puntong ito, maaaring ang tala ni Mateo ang siyang naglalaman ng eksaktong sinabi ni Jesus (Mat. 26:64); substansiya lamang ng pangungusap ang itinala rito para sa atin ni Marcos. At sa pangungusap na ito, mababasa natin na hindi lamang sinabi ni Jesus na Siya ang Messias – ang Tao na hinihintay ng mga Judio – kundi Siya rin ang banal na "Anak ng Tao."

Dagdag pa, ang talatang ginamit rito ni Jesus ay propesiyang may kinalaman sa Kanyang pag-akyat sa langit matapos ang Kanyang muling pagkabuhay (Aw. 110:1), at maging sa Kanyang muling pagdating upang itatag ang Kanyang kaharian sa buong daigdig (Dan. 7:13-14; cf. 8:38; 13:24, 26; Pah. 1:7). Kaya't sa pangungusap na ito, malinaw Niyang sinasabi na Siya mismo ang Hukom na hahatol sa huradong humahatol sa Kanya![2] Alam ni Jesus na ang pangungusap na ito ay magiging matibay na dahilan upang hatulan Siya. Ang katagang "Ako nga" na sinabi Niya rito ay maaaring simpleng sagot sa tanong ni Caiphas at hindi tungkol sa banal na pangalan ng Diyos. Samantala yung salitang "Makapangyarihan" (yun ay, 'nakaupo sa kanan ng Makapangyarihan') ay tumutukoy mismo sa Diyos; ang salitang ito ay ginagamit na bansag sa Diyos.[3]

14:63-64 Ang pagpunit ng damit ay kapahayagan ng galit o kalungkutan (ikumpara. Gen. 37:29; Huk. 14:19; 2 Hari 18:37). Ito ang siyang naging kinagawian o tradisyunal na tugon ng pinakapunong pari kapag nakakarinig siya ng kalapastangan (ikumpara. Gawa 14:14).[4] Gayunpaman, illegal para sa pinakapunong pari na punitin ang kanyang damit (Lev. 21:10; ikumpara. Lev. 10:6). Napakalinaw ng kapaimbabawan ng mga relihiyosong pinuno sa buong oras ng paglilitis nila kay Jesus. Ang kalapastanganan ay anumang bagay na itinuturing ng mga Judio na seryosong paghamak sa

---

[1]Ibid., p. 536.

[2]See Bock and Del Rosario, pp. 359-61.

[3]Lane, p. 537.

[4]Mishnah *Sanhedrin* 7:5.

Diyos, hindi lamang mga salitang lumalait sa Kanya (ikumpara. 2:7: 3:28-29; Juan 5:18; 10:33). Ngunit sa puntong ito, ang kalapastangan sa Diyos na itinuturing ay yaong pagsasabing ang isang tao ay may natatanging kaugnayan sa Diyos, yung nakaupo sa Kanyang kanang kamay, at hindi lamang sa basta o sa maling paggamit sa pangalan ng Diyos.[1]

Itinuring ng Sanhedrin ang tila pahiwatig na banta ng kahatulan na ihahatid ni Jesus bilang kalapastangan laban sa pinakapunong pari, at dahil rito'y laban rin sa Diyos.[2] Ayon sa Kautusan ni Moises, ang mga lapastangan ay dapat na parusahan ng kamatayan sa pamamagitan ng pagbato (Lev. 24:14). Subalit para sa Sanhedrin, ang parusang ito ay hindi sapat para kay Jesus. Gayunma'y nakita na ito ni Jesus at Kanya ng naging prediksyon; alam Niyang Siya'y ibibigay sa kamay ng mga Hentil kung paanong gayon din sa mga Judio (10:33).

14:65 Yamang hinatulan nila ng parusang kamatayan, may ilan sa miyembro ng Sanhedrin na ibinunton ang kanilang galit kay Jesus at pisikal Siyang inatake. Maging ang mga bantay na naroroon ay nakiisa sa pagbugbog kay Jesus. Ang pagdura at panununtok ay tradisyunal na pamamaraan ng mga Judio upang ipahayag nila ang kanilang pagkasuklam (ikumpara. Blg. 12:14; Deut. 25:9; Job 30:10; Isa. 50:6). Maging sa panahong ito, ang pagdura sa mukha ng isang tao ay nananatili pa ring pinakamasahol na pagpapahayag ng pagkasuklam sa isang tao. Mababasa rin natin na piniringan ng mga antagonistang ito si Jesus at hinamon nila Siya na hulaan kung sino ang sumuntok sa Kanya; ito'y dahil sa mayroong paniniwala na kayang hulaan o makilala ng Messias ang katauhan ng isang tao sa pamamagitan lamang ng kanyang amoy (Isa. 11:2-4).[3] Gayunpaman, prinopesiya na sa Lumang Tipan ang ganitong uri ng pag-abuso at pananakit sa Messias (Isa. 53:5, 7-8, 10).[4] Itinala rin Pedro na sa lahat ng pagpapahirap na ito, si Jesus ay hindi nagprotesta o gumanti man (1 Ped. 2:21-23; ikumpara. Isa. 53:7).

---

[1]Tingnan ang pag-aaral ni Darrell L. Bock, *Blasphemy and Exaltation in Judaism and the Final Examination of Jesus*, pp. 30-183.

[2]Evans, p. 456.

[3]Lane, p. 540.

[4]Tingnan ang pag-aaral ni Laurna L. Berg, "The Illegalities of Jesus' Religious and Civil Trials," *Bibliotheca Sacra* 161:643 (July-September 2004):330-42.

Ang Pagkakaila ni Pedro kay Jesus 14:66-72 (ikumpara. Mat. 26:69-75; Lukas 22:55-62; Juan 18:16-18, 25-27)

Ang tagpong ito ay naganap sa 'patyo sa ibaba' habang nangyayari ang pagdinig o paglilitis kay Jesus doon sa itaas. Sa mga talatang ito muling ipinagpatuloy ni Marcos ang bagay na kanyang sinimulang sabihin sa talatang 54. Ang mga nangyayari rito ay sabay sa nangyayari sa tagpo sa itaas ng patyo, habang si Jesus ay nililits ng Sanhedrin (vv. 55-65).

> "Makikita mo ang kakaibang nangyayari sa sitwasyong ito kapag pinag-ugnay mo ang pinapakita sa talatang 65 at sa talatang 66-72. Mismong sa sandaling si Jesus ay ginugulpi at nilalait ng mga lumilitis sa Kanya – ng dahil sa Kanyang pahayag na Siya'y Messias – ang propesiya naman na tungkol sa pagkakaila ni Pedro ay kasabay na nagaganap doon sa ibaba ng patyo."[1]

> "Isang nakatatawag pansing kabaligtaran ang nangyayari rito: si Jesus ay nasa harap mismo ng pinaka makapangyarihang Judio sa Israel, samantalang si Pedro ay nakikipagtalo sa isang babaeng tagapaglingkod na walang anumang kapangyarihan sa lipunan."[2]

14:66-68 Ang presensya ni Pedro doon sa palasyong-bahay ng pinakapunong pari ay testimonya mismo sa kanyang pagmamahal kay Jesus. Ngunit sa kasamaang palad, hindi nagawang maging matatag ng kanyang pagibig sa oras ng pagsubok at takot.[3] Yung mapanghamak na paglalarawan ng katulong na babae tungkol kay Jesus bilang "taga-Nazareth" ay naglantad na si Pedro man ay kabilang sa kanilang kaaway. Subalit, kung susuriin wala namang akusasyon o kaya'y pananakot na makikita sa kanyang sinabi. Marahil ang nakita niya noon si Pedro nang siya'y kasama ni Jesus sa templo o kaya'y sa lungsod, at dahil rito'y naisip niya na si Pedro ay kabilang sa mga alagad ni Jesus. Subalit heto na, ipinagkaila ni Pedro ang sinasabi ng babae. Sa kanyang pagkakaila, ginamit ni Pedro ang karaniwang rabinikal, legal, at pormal na paraan ng pagpapahayag ng pagtanggi."[4] Pagkatapos ng kanyang pagtanggi ay iniwan niya ang masarap na kinauupuan niya sa tabi ng apoy at pumunta sa labasan na malapit sa kalye.

---

[1]Lane, p. 541.

[2]Evans, p. 467.

[3]Wessel, p. 771.

[4]Lane, p. 542.

> "Dahil ang bahay-palasyo ng pinakapunong pari ay itinayo sa gilid ng isang burol, ito ay may dalawang palapag at bawat isa ay ginawan ng patyo sa harapan. Ito ang dahilan kung bakit sinasabi na si Pedro ay “nasa patyo sa ibaba” ng palasyong-bahay ni Caiphas.'"[1]

Dito sa talatang 68, mababasa sa ibang mga huling manuskristo ang idinagdag na mga salita, “at tumilaok ang manok.” Siguro ay idinagdag ito ng mga eskriba upang iugnay sa prediksyon ni Jesus sa talatang 30 at sa katuparan nito sa talatang 72.

14:69-70a Minsan pa, isa na namang katulong na babae ang kumonpronta kay Pedro sa pagkakataong ito; iba ito sa naunang katulong na babae (v. 66; ikumpara. Mat. 26:71). Subalit sa halip na harapang akusahan ng babaeng ito si Pedro, ibinulong niya sa mga taong nakatayo roon ang kanyang hinala kay Pedro bilang isa sa mga alagad ni Jesus. Subalit napakinggan pa rin ito ni Pedro at minsan na namang ipinagkaila ang sinasabi tungkol sa kanya. Ngunit kumpara sa una, ang pagkakaila na ginawa rito ni Pedro ay paulit-ulit; ito mismo ang siyang ipinapahiwatig ng ‘imperfect tense’ na salita, ayon sa Grammar ng Griego.

14:70b-71 Samantala, dito ay makikita naman natin ang ikatlong hamon na kinaharap ni Pedro tungkol sa kanyang katauhan bilang alagad ni Jesus. Ito’y nagmula sa ‘mga nakatayo’ roon, sa halip na sa isang tao lang. Ang pangingilatis na ito na ginawa sa kanya ay maaaring nangyari paglipas ng ilang sandali bago mag-isang oras (Lukas 22:59). Sa pagkakataong ito, sila’y nakakatiyak na si Pedro nga ay talagang kabilang sa mga alagad ni Jesus sapagkat napaghahalatang siya’y taga-Galilea rin. At iyon nga, nang marinig ito ni Pedro, mas matindi pang pagkakaila ang kanyang ginawa; sinabi niya na hindi niya nakikilala si Jesus (ikumpara. 8:29). Tinawag pa niya ang hatol ng Diyos para lang patunayan na hindi raw siya nagsisinungaling sa kanyang sinasabi. Siya’y sumumpa rin na hindi niya raw kilala si Jesus. Dalawang bagay ang ginawa niya rito, para mapaniwala ang mga nakikinig sa kanya. Una, isinailalim niya ang kanyang sarili sa sumpa ng Diyos sakaling siya’y nagsisinungaling. Ikalawa, nangako siya na ang kanyang sinasabi ay pawang katotohanan.

---

[1]Edersheim, *The Temple*, p. 34.

14:72 Si Marcos lamang ang nagtala na ito ang siyang ikalawang pagtilaok ng manok (ikumpara. v. 68). Tiyak na narinig ni Pedro ang babalang tilaok ng manok sa kanyang unang pagkakaila, ngunit maaaring hindi niya ito pinansin. Subalit sa pagkakataong ito, sa pagtilaok ng manok, naalala niya mismo ang prediksyon ni Jesus, at siya nga'y nanlumo at labis na tumangis (Gr. *epibalon*, ikumpara. Lukas 22:61). Ngayon ay naalala na niya ang babala ni Jesus, subalit huli na ang lahat, siya'y bumagsak na.

Mula sa tagpong ito ay hindi na natin makikita si Pedro sa scenario hangga't hindi muling nabubuhay si Jesus. Ngayon ay lubos na niyang napagtanto at naranasan ang kanyang kahinaan at bunga nito'y hindi na niya kaya pang humarap sa mga tao at makilalang siya'y isa sa mga kasamahan ni Jesus.

Sa tagpong ito, ang paghahambing at pagkakaiba sa pagitan ng pag-uugali ni Pedro at ng pag-uugali ni Jesus ay napakalinaw na makikita. Bawat isa sa kanila ay humarap ng tatlong magkaka-ugnay na tukso. Yung isa ay naging matagumpay, samantalang ang ikalawa ay naging talunan. Habang si Jesus ay matapat na naninindigan para sa Diyos doon sa taas ng patyo, si Pedro naman ay nabigong maging tapat doon sa babang patyo. At syempre, ang dahilan ng malaking pagkakaibang ito ay bumabalik doon sa hardin ng Gethsemane. Kaya nga, tayong mga mananampalataya ay dapat na kapuwa matuto mula sa kabiguan ni Pedro at sa tagumpay ni Jesus. Ang intensiyunal na pagdepende sa Diyos na isinasakatuparan sa pamamagitan ng panalangin ang siyang maghahatid sa atin ng tagumpay. Ang kabiguang gawin ito ay magbubunga lamang ng pagkatalo.

> "Ang importansiya at aral na hatid ng kabiguan ni Pedro ay malinaw na kinakailangang matutunan ng Iglesia, na siya mismong sinusulatan ni Marcos. Sa sinaunang Iglesia noon na dumaraan sa matinding pag-uusig, ang pangyayari sa buhay ni Pedro ay magsisilbing babala. Ipinapakita rito na kung ang isa mismo sa mga piniling apostol at isa sa mga haligi ng LabingDalawa ay bumagsak mismo sa ganitong pagkakasala ng pagkakaila kay Jesus, gaano pa kaya ang mga karaniwang mananampalataya? Ito kung gayon ay nagtuturo sa atin na dapat tayong maging mapagbantay sapagkat kung hindi'y ipagkakaila rin natin si Jesus. Gayunpaman, sa kabila nito, ang kwento ng kabiguan ni Pedro ay nagpapakita rin na sinumang mabigong manindigan para kay Jesus sa oras ng pag-uusig, ngunit taus-pusong magsisi ay makakaasang papatawarin at ibabangon siya ng Diyos (ikumpara. 16:7)."[1]

[1]Wessel, pp. 771-72.

Ang Hatol ng Sanhedrin 15:1 (ikumpara. Mat. 27:1-2; Lukas 22:66-71)

Inilarawan ni Mateo at Marcos ang pagpupulong na ito na parang iba o hiwalay sa naunang binanggit na pagpupulong (14:53-65). Marahil ay nais lang nilang ibalik ang mambabasa doon sa taas ng patyo ng palasyong-bahay ni Caiaphas. Subalit, tila ang desisyon na ginawa ng Sanhedrin sa puntong ito ay naiiba sa paratang ng kalapastangan na ipinaggigiitan nila sa naunang tagpo. Hindi uusigin ng pamahalaang Romano si Jesus ng dahil lang sa paratang ng kalapastanganan. At dahil rito, ang Sanhedrin o ang "Kataas-taasang Kapulungan ng mga Judio," na ngayon ay may matindi ng kapangyarihan, ay ay nagpasyang akusahan si Jesus ng pagtataksil at paghihimagsik laban sa gobyerno ng Roma. Hindi ipinaliwanag sa talatang ito ang dahilan ng desisyong ito ng Sanhedrin laban kay Jesus; ang makikita lang natin ay iginapos nila si Jesus upang palabasin na isang mapanganib na kriminal (ikumpara. 9:31; 10:33), na hindi dapat makatakas.

> "Sa espirituwal na diwa, si Jesus ay tunay na Hari ng mga Judio, ngunit hindi Niya pinangunahan ang Kanyang bayan sa kanilang nais na pulitikal na pag-aaklas laban sa Roma. Subalit Siya'y hinatulan sa salang kalapastangan ng dahil sa Kanyang mga espirituwal na pahayag tungkol sa Kanyang sarili. Sa harapan ni Pilato ay inakusan si Jesus tungkol sa bagay na nabigong makuha sa Kanya ng mga Judio – ang pagiging isang insurekto o pulitikal na pinuno ng himagsikan."[1]

Hindi ipinakilala ni Marcos si Pilato sa paraan ng pagpapakilala na ginawa ni Mateo sa kanyang salaysay. Syempre, ito'y dahil sa kilala na ng mga Romanong mambabasa ni Marcos kung sino si Pilato.

> "Si Pilato ay nabibilang sa espesyal na grupo ng imperyal na mga administrador na binubuo ng mga kalalakihang nasasailalim ng mga Senador. Ang mga tulad ni Pilato ay itinuturing na 'equestrian' o Romanong kabalyero. Sila ay nagmamay-ari ng katamtamang ari-arian at itinalagang mamahala sa isang maliit na nasasakupan na nangangailangan ng maingat at malapitang pangangasiwa. Ang kanilang opisyal na titulo bago dumating si Claudius ay hindi 'procurator' kundi 'prefect' *(praefectus).* Si Pilato ay dumating sa Judea noong A.D. 26. Siya ang naging ikalimang prefect sa lalawigan na iyon at nanatili siya sa kanyang katungkulan sa loob ng sampung taon. Ipinakita niya ang kanyang sarili

[1]Moule, p. 124.

> bilang isang malupit na administrador na may pagkamuhi sa mga Judio, lalo't sa kanilang mga partikular na kaugalian."[1]

Nang si Pilato ay dumalaw sa Jerusalem galing sa kanyang kapital na lalawigan sa Caesarea, karaniwan siyang namamalagi sa malaki at magandang palasyo ni Herodes na nasa hilagang-kanlurang bahagi ng lungsod, o kaya'y nasa 'Fortress of Antonia' siya, na nasa hilagang-kanluran ng templo.[2] Sa isa sa mga lugar na ito dinala ng mga bantay si Jesus nang madaling araw ng Biyernes, ikalabing-limang araw ng Nisan (Abril 3). Kung tradisyon ang pag-uusapan, pinaniniwalaan na si Jesus ay dinala sa 'Fortress of Antonia,' ngunit para sa mga modernong komentarista, mas naniniwala silang dinala si Jesus mismo sa palasyo ni Herodes.[3] Gayunpaman, para kay Vincent Taylor, "walang maliwanag na pagkakakilanlan ng lugar ang pwedeng masabi."[4] Subalit para sa akin, mas pinapaboran ko ang 'Antonia Fortress' bilang lugar na pinagganapan ng paglilitis kay Jesus sa harapan ni Pilato at pati na rin ang tinaguriang 'Hasmonean palace' bilang lugar na pinaglitisan sa Kanya sa harapan ni Herodes Antipas. Sa pagtatala ni Lukas, pinadala ni Pilato si Jesus tungo kay Herodes (Lukas 23:7), ngunit nang nandun na ay pinabalik naman ni Herodes si Jesus tungo kay Pilato (Lukas 23:11). Para sa akin, ang ganitong pagpapapunta at pagpapabalik ay nagpapakita na ang dalawang tanggapan na ito ay nasa magkahiwalay na lugar, sa halip na dalawang tanggapan na nasa isang lugar.

> "Habang papalapit ang umaga ng Biyernes, ang kamatayan ni Jesus ay nalalapit na rin; at sa puntong ito, tila ang oras ay bumabagal sa paraan ng pagsasalaysay ni Marcos. At syempre, ang ganitong tila pagpapabagal ng oras ay paraan ng pagbibigay pansin at diin sa napakahalagang kaganapan ng kamatayan ni Jesus."[5]

Isinali ng Sanhedrin ang mga Romano sa paglilitis sapagkat kahit na ang Konseho ng mga Judio ay may kakayahan na maglagda ng parusang kamatayan subalit wala silang kapangyarihan na ito'y ipatupad na walang pahintulot ng pamahalaang Romano.

2. Ang Paglilitis ng mga Romano kay Jesus 15:2-20

Nang si Jesus ay nililitis ng mga Judio, Kanyang ipinahayag ang Kanyang messianikong katauhan at dahil rito'y hinatulan Siya ng Sanhedrin sa salang kalapastanganan. At nang

---

[1]Lane, pp. 548-49.

[2]Hiebert, p. 379.

[3]Cranfield, *The Gospel …,* p. 449, mas naiibigan niya ang Antonia Fortress.

[4]Taylor, p. 579.

[5]Kingsbury, p. 49.

Siya ay nilitis ng mga Romano, Kanya namang ipinahayag ang Kanyang katauhan bilang hari at dahil rito'y hinatulan Siya ni Pilato sa salang pagtataksil sa gobyerno ng Roma. Ang paglilitis ng korteng Romano gaya ng sa korte ng mga Judio ay may tatlong bahagi: pagsagot sa mga paratang, interogasyon o pagsusuri sa harapan ni Pilato (at sana'y sa harapan din sana ni Herodes), at sentensyang ibibigay ni Pilato.[1]

Ang Unang Pagharap ni Jesus kay Pilato 15:2-5 (ikumpara. Mat. 27:11-14; Lukas 23:1-5; Juan 18:28-38)

> "Dito nga ay nagsimula na ang paglilitis, subalit hindi paglilitis sa *harapan* ni Pilato kundi paglilitis *ni* Pilato. Bakit? Sapagkat ginawa niya ito hindi naman para suriin ang isyu, kundi iwasan ito at magbigay ng desisyong hindi niya gustong panagutan."[2]

15:2 Sa ilalim ng batas ng Roma, si Pilato ay mayroong ganap na awtoridad sa kahihinatnan ni Jesus. Karaniwan na ang ganitong paglilitis ay ginaganap sa publiko.[3] At ito ay "kaagad na nangyari sa pagbubukang liwayway pa lang sapagkat ang oras ng pagtratrabaho para sa mga opisyal ng Roma ay nagsisimula sa pagsikat pa lang ng araw."[4] Sa umpisa ay inilalatag muna ng mga tagapagakusa ang kanilang mga paratang sa nasasakdal. Pagkatapos nito ay susuriin ng mahistrado o ng hukom (si Pilato) ang nasasakdal. Ang nasasakdal ay pwedeng magsalita upang ipagtanggol ang kanyang sarili at papakinggan rin ang patotoo ng mga saksi. Kasunod nito, kokunsultahin ng mahistrado ang kanyang mga legal na tagapayo, at pagkatapos ay ipapahayag niya ang kanyang sentensya, na kaagad namang isasakatuparan.[5] Iyan ang pagkakasunod-sunod ng proseso ng paglilitis. Subalit sa lagay ng paglilitis kay Jesus, ang mga tao ang siyang tumayong mga tagapag-akusa, at walang sinuman na tumayong saksi para ipagtanggol si Jesus.

Ipinapahiwatig sa tanong ni Pilato ang paratang ng mga Judio laban kay Jesus hinggil sa pahayag nito bilang isang hari. Ngunit ang pahayag ng pagiging hari ay hindi banta kay Caesar yamang may mga kinikilala siyang

---

[1]Para sa higit pang kaalaman tungkol sa batas ng mga Romano na may kaugnayan sa paglilitis kay Jesus, tingnan ang pag-aaral ni R. Larry Overstreet, "Roman Law and the Trial of Christ," *Bibliotheca Sacra* 135:540 (October-December 1978):323-32.

[2]Cole, p. 232. Nilagyan ng *italiko* para ipakita ang binibigyang pansin.

[3]Grassmick, p. 185.

[4]Lane, p. 549.

[5]Grassmick, p. 185.

mga hari na nasasailalim ng kanyang kapangyarihan. Gayunpaman, ang tawaging hari ay nangangahulugan pa rin ng awtoridad. Inamin ni Jesus na Siya nga "ang Hari ng mga Judio", gayunma'y ipinahiwatig Niya na ang Kanyang paghahari ay ibang-iba sa inaakala ni Pilato (ikumpara. Mat. 27:11). Ang paraan ng tugon ni Jesus kay Pilato ay nagpapahiwatig na ang sinabi ni Pilato ay totoo, subalit ang katawagang "Hari ng mga Judio" ay hindi Niya sana ibig na bansag.[1] Sa tala ni Juan, mababasa roon na nilinaw ni Pilato ang katangian ng pagiging hari at kaharian ni Jesus at nagbigay pa ng konklusyon na ang paratang kay Jesus tungkol sa di-umano'y pagtataksil sa Roma ay wala namang matibay na saligan (Juan 18:34-38).

15:3-5 Ang mga punong pari, bilang kinatawan ng Sadherin, ay nagharap pa ng maraming paratang laban kay Jesus; may ilan sa mga ito ay binanggit ni Lukas (ikumpara. Lukas 23:2). Subalit ang pagtanggi ni Jesus na ipagtanggol ang Kanyang sarili sa gitna ng maraming mga akusasyon na ito ay nagpamangha kay Pilato (ikumpara. Isa. 53:7).

Sa nakapagtatakang paraan, mismong idineklara ni Pilato si Jesus sa pamamagitan ng inskripyon sa taas ng Kanyang krus na si Jesus ay: "Ang Hari ng mga Judio" (v. 26). Kaya't sa tagpong ito, hindi na kinailangan pa ni Jesus na sabihin kay Pilato kung sino Siya sapagkat ibibigay mismo ni Pilato ang nararapat na titulo para sa Kanya. Ang tagpong ito ay nagpapahiwatig ng kapamahalaan ni Jesus maging sa pulitikal na mundo.[2]

Gumamit si Marcos ng tinatawag na 'double negative' sa teksto ng Griego (*ouketi ouden*) upang ilarawan niya ang ganap na katahimikan ni Jesus (sa Tagalog ay "hindi pa rin sumagot si Jesus "). Sa salin sa Tagalog na ginagamit natin, "ang hindi pa rin" na kataga ay nagpapakita na si Jesus ay hindi lamang isang beses na nanahimik, kundi nanatiling tahimik sa kabila ng maraming paratang. At sa wikang Griego, yung 'double negative' ay higit na nagpapalakas sa puwersa ng salitang 'hindi.' Sa tala ni Marcos, ang mga naging sagot ni Jesus kina Caiaphas (14:62) at Pilato ay kaunti at maiksi lang. At sa binibigyang diin ng salaysay ni Marcos, ang ganitong pananahimik ni Jesus ay nababagay sa Kanyang katauhan at gawain bilang Lingkod ng Panginoon.

---

[1]Evans, p. 478.

[2]Edwards, p. 224.

Pagkatapos ng tagpong ito, si Lukas lamang ang nagtala ng pagsusugo ni Pilato kay Jesus tungo kay Herodes Antipas, na naroroon rin sa Jerusalem para sa pista ng Paskuwa. Si Jesus ay pinapunta sa kanya sapagkat si Jesus ay taga-Galilea at ang lalawigan ng Galilea ay nasa ilalim ng kanyang pamamahala (Lukas 23:6-12). Gayunpaman, pinabalik ni Herodes si Jesus patungo kay Pilato.

Ang Ikalawang Pagharap ni Jesus kay Pilato 15:6-15 (ikumpara. Mat. 27:15-26; Lukas 23:13-25; Juan 18:39—19:16)

Sa talang ito, mas higit na pinagtuunan ni Marcos ang alok ni Pilato na pumili ng papalayain: si Jesus o si Barabas?

15:6 Ang kaugalian ng pagpapalaya ng mga bilanggo ay nagsisilbing paraan upang mabuti ang relasyon sa pagitan ng tagapamunong Romano at ng kanyang mga nasasakupan.[1] Ang mga diktador na gobyerno na gaya ng Roma ay nagtataglay minsan ng mga popular na lider ng rebelyon. Maging ang Romanong gobernador na nangangasiwa sa Ehipto ay may ganito ring kaugalian.[2]

> "Ang pagkakaloob ng amnestiya tuwing kapistahan ay ginagawa rin sa ibang panig ng mundo at maging sa ibang kapanahuna."[3]
>
> "Dalawang uri ng amnestiya ang mayroon sa batas ng mga Romano: ang *abolitio* o ang pagpapawalang-sala sa isang bilanggo na hindi pa nahatulan, at ang *indulgentia* o ang pagpapatawad sa isang taong nahatulan na. Ang ginawa ni Pilato sa lagay ni Jesus ay *abolitio*."[4]
>
> "Ang historisidad ng amnestiya tuwing paskuwa ay madalas pagtalunan sapagkat ang mananalaysay na Judio na si Josephus ay walang itinatalang ebidensya tungkol sa ganitong kaugalian. Gayunpaman, mayroong nahahawig na batas sa mga Romano na nagsasabing ang isang imperial

[1]Evans, p. 480.

[2]Adolf Deissmann, *Light from the Ancient East*, p. 269.

[3]S. E. Johnson, *A Commentary on the Gospel According to St. Mark*, p. 249.

[4]Lane, p. 552.

> na mahistrado ay pwedeng magkaloob ng kapatawaran sa isang indibidwal bilang tugon sa sigaw ng Masa."[1]

15:7 Ang talatang ito ang mga sumusunod pa ang siyang magbibigay sa atin ng impormasyon. Si Barabas ay isa sa kilalang pinuno ng himagsikan laban sa Roma na nadakip at ikinulong ng mga Romano. Sa paglipas ng panahon, ang mga rebolusyunaryong ito ay bumuo ng isang organisyon at nakilala sa katawagang 'Makabayan.'Sinasabi na si Barabas ay nakagawa ng pagpaslang at pagnanakaw, na maaaring bahagi ng kanyang insureksyon o paglabana sa gobyernong Roma (Juan 18:40). Sa teksto ay gumamit si Marcos ng tinatawag na 'definite article' sa harap ng pangalan ni Barabas ("ang pangalan ay Barabas") na kung saan ay nagpapahiwatig na kilala ng kanyang mga orihinal na mambabasa ang taong ito. Sa kabilang banda, ang pangalang Barabas ay isa ring karaniwang pangalan nang panahong iyon.[2]

> "Ang katauhan ni Barabas sa tagpong ito ay nagkaroon ng mahalagang papel sa layunin ng salaysay ni Marcos. Nais ipakita ni Marcos ang kawalang hustisya ng pagpako kay Jesus. At ito nga ay pinatingkad nang pinili ng mga tao si Barabas."[3]

15:8 Malinaw sa tagpong ito na mayroong maraming tao na nagkatipon upang hingin kay Pilato ang nakaugaliang amnestiya. Walang indikasyon sa talata na ang paglapit ng mga tao ay dahil sa alam nila ang ginawang pag-aresto kay Jesus o kaya'y dahil lang sa gusto nilang malaman kung ano ang kahihinatnan ng paglilitis sa Kanya. Ngunit parang naroroon sila na walang kinalaman kay Jesus.

> "Hindi ikinatakot ni Pilato ang paglapit ng napakaraming tao, kundi ang kanilang sigawan."[4]

15:9-10 Tumugon si Pilato sa hiling ng mga tao sa pamamagitan ng tanong na kung nais ba nilang palayain niya si Jesus, na hinahamak nilang tawaging "Ang Hari ng mga Judio" (ikumpara. v. 2). Kapansin-pansin na nahalata ni Pilato ang motibo ng mga punong pari sa pagdakip kay Jesus na bunsod

---

[1]Ibid., pp. 552-53. Cf. Mann, p. 638.

[2]See Gundry, p. 926.

[3]Ibid., p. 927.

[4]ISwete, p. 371.

lamang inggit sa halip na katapatan sa Roma. Nais sanang biguin ni Pilato ang naisin ng mga makakapangyarihang pari na ito, kaya't tinanong niya ang Masa na naroroon kung nais ba nilang palayain ang sa tingin niya'y inosente o walang sala – si Jesus. Sa pamamagitan nito ay pwede niyang mapanatili sa kulungan ang isang kriminal na gaya ni Barabas. Sa tala ni Mateo ay ipinakita niya na si Pilato ay nagbigay sa mga tao ng napakaliwanag na pagpipilian na dapat palayain, yun ay, si Jesus ba o si Barabas (Mat. 27:17). Naniniwala si Pilato na si Jesus ang pipiliin ng mga tao sapagkat ito ay sikat sa mga tao.

15:11 Syempre sa tagpong iyon, maraming mga tao na naroroon ay taga-Jerusalem, at ang ibang karamihan ay mga manlalakbay na bisita lang mula sa malalayong lugar. Dahil rito, nagawa ng mga punong pari na sulsulan "ang mga tao" na tagaroon, na ang palayain nila ay si Barabas at si Jesus. Ang pagkakasabi sa talata ay: "sinulsulan ng mga punong pari ang mga tao…" At ganun na nga, pinakinggan ng mga taong ito ang panunulsol ng kanilang mga pinuno sapagkat si Barabas ay may karanasan na sa pamumuno ng rebelyon, samantalang si Jesus ay hindi. At isa pa, hindi karaniwan para sa mga tao na kumampi sa gusto ni Pilato kaysa sa sinasabi ng kanilang mga pinuno.

> "Sa Judea, naging kaugalian na harapin ang awtoridad ng Roma sa pamamagitan ng marami at maingay na bilang ng mga taong may iisang hiling (ikumpara. Gawa 24:1; Josephus, *Antiquities* XVIII. viii. 4)."[1]

15:12-14 Ang naging kapasyahan ng mga tao ay naging problema kay Pilato: ano ang gagawin niya sa inosenteng si Jesus? Binabalaan na si Pilato ng kanyang asawa na huwag makialam at managot sa buhay ng isang taong matuwid (Matt. 27:19). Kaya't tinanong niya ang mga tao sa dapat niyang gawin. Pero ang ginawa niyang ito ay kakatwa; sinong matinong hukom ang magtatanong sa mga umaakusa sa dapat niyang gawin sa kanilang inaakusahan? Ngunit sa puntong ito, maaaring pinasimulan na ng mga punong pari ang hiyaw ng panawagan na ipako si Jesus. Ito'y agad na kumalat sa karamihan ng mga tao na anupa't hindi na pinakinggan ng mga tao konsiderasyon na sinabi ni Pilato. Ang nangibabaw sa mga sandaling

[1]Lane, p. 555.

iyon ay sama-samang boses na humihiyaw, sumisigaw, at tila umaawit na nagsasabing ipako si Jesus sa krus.

15:15 Dapat malaman na si Pilato ay mayroon ng mga naunang problema ng pakikitungo at pangangasiwa sa mga Judio na nasasakupan niya (ikumpara. Lukas 13:1-2). Ngunit sa tagpong ito ay nakahanap siya ng magandang pagkakataon upang makakuha ng popularidad mula sa mga tao. At dahil rito, winalang bahala niya ang hustisya at maging ang babala ng kanyang asawa.

Pinahagupit ni Pilato si Jesus sa harapan ng maraming tao sa pag-asang lumubag ang kanilang loob. Maaaring ginawa niya rin ito upang makagawa ng isang kompromiso.[1] Ayon sa tala ni Juan, matapos na ipahagupit si Jesus, sinubukan pa rin ni Pilato na kumbinsihin ang mga tao na huwag ipako si Jesus (Juan 19:1-7). Ang paghahagupit ay hindi kinakailangang paghahanda para maipako ang isang tao sa krus. Sa katunayan, pinapabilis nito ang kamatayan ng isang tao, upang maiwasan ang isang mabagal na kamatayan sa krus.[2] Para maisagawa ang paghahagupit, maaaring may dalawang sundalo na humubad ng damit ni Jesus at itinali ang kanyang mga kamay sa isang poste. Pagkatapos nito ay hinagupit nila Siya ng isang latigo na sa dulo nito ay mayroong mga nakapalibot na mga piraso ng buto at metal. Madalas na maiulat na ang mga biktima ng paghahagupit ng mga Romano ay madalang na mabuhay.[3]

> "Ang latigong ginamit ay mabigat at ito ang siyang paulit-ulit na humagupit sa likod, balikat, at hita ni Jesus. Sa umpisa, yung mabigat na hagupit ng latigo na binabalutan ng mga di-kanais-nais na bagay ang siyang hihiwa at susugat sa balat ng hinahagupit. At sa pagpapatuloy ng paghahagupit, ang sugatang likod ay mas lalo pang susugatin na anupa't bubulwak ang dugo at ang mga laman ay tila nagkakapunit-punit. Sa katapusan ng hagupit

[1]Swete, p. 373.

[2]Wessel, p. 775.

[3]Ibid.

> ang likod at laman ng isang tao ay duguang luray-luray na anupa't hindi mo na ito kaya pang ilarawan at tingnan."[1]

Maaaring ang katagang ginamit ni Marcos na "ibinigay sa kanila" ay maaaring pagpapahiwatig sa sinasabi ng Isaias 53:6 at 12, kung saan mababasa na parehas na kataga ang ginamit sa bersyon ng Septuagint. Minsan pa, binibigyang pansin ni Marcos sa Kanyang salaysay na si Jesus ang Lingkod ng Diyos na maghihirap para sa ating mga kasalanan. At sa tagpong ito ng pagpapahirap kay Jesus ay malinaw niyang itinala ang katotohanang ito.

Ang Insulto at Panglalait ng mga Sundalong Romano kay Jesus 15:16-20 (ikumpara. Mat. 27:27-31; Juan 19:16-17a)

15:16 Ang salitang "Praetorium" ay mula sa wikang Latin na tumutukoy sa opisyal na residensya ng gobernador Romano (ikumpara. Mat. 27:27; Juan 18:28, 33; 19:9; Gawa 23:35). Sa Tagalog, ito isinaling sa katagang "bakuran ng palasyo ng gobernador." Dito dinala si Jesus ng mga sundalong Romano (sa Griego ay *aule*, 14:54 at 66, translated here "palace"). Minsan pa, ito ay maaaring nasa Antonia Fortress o kaya'y nasa palasyo ni Herodes.

> "Sa makabagong tradisyon, ang Praetorium ay kinikilalang matatagpuan sa Antonia Fortress."[2]

Sa bakurang ito, isang grupo ng mga sundalo ang pumalibot kay Jesus; maaaring ang mga sundalong ito ang siyang malapit lang roon at wala masyadong ginagawa. Ang "buong batalyon" ng mga Romano (Gr. *speira*) ay karaniwang binubuo ng 600 kalalakihan. Subalit sa sitwasyong ito, maaaring ang ibig sabihin ni Marcos na "buong batalyon" ay yaong bilang ng mga sundalo nasa bakurang iyon o 'praetorium' (ikumpara. Mat. 27:27; Juan 18:3, 12; Gawa 10:1; 21:31; 27:1).[3]

15:17-19 Syempre, ang "balabal na kulay ube" at ang koronang tinik na isinuot nila kay Jesus ay isang paraan ng panglalait bilang Hari ng mga Judio. Ang salitang Griego na *porphyran*, na isinalin sa Tagalog na "kulay ube" ay

---

[1]C. Truman Davis, "The Crucifixion of Jesus. The Passion of Christ from a Medical Point of View," *Arizona Medicine* 22:3 (March 1965):185. See also Jim Bishop, *The Day Christ Died*, pp. 290-93.

[2]Finegan, p. 320.

[3]Mann, p. 642. Cf. Evans, p. 490.

inilalarawan rin sa ibang pagkakataon na medyo maliwanag na pula o kaya'y matingkad na asul.[1] Siguro ang balabal na ito ay pag-aari ng isang Romanong sundalo, na ayon sa paglalarawan ng tagapagsalin ng tala ni Mateo ay kulay pula (Mat. 27:28). Ang koronong tinik ay isang paraan ng pananakit kay Jesus (ikumpara. Mat. 27:30) at bahagi na rin ng panlalait sa Kanya habang sinusuotan ng kunyari'y damit ng hari.

> "Maaring ang korona ay gawang kamay upang gayahin ang isang makinang na korona na sumasagisag sa banal at dakilang karangalan ng isang hari. Ang larawan ng korona ng hari ay makikita sa mga salaping-barya noong panahong iyon."[2]

> "Sa pamamagitan ng 'koronang tinik,' di sinasadyang nailarawan ng mga sundalo ang sumpa ng Diyos laban sa makasalanang sangkatauhan na pinasan ni Jesus para sa atin (ikumpara. Gen. 3:17-18)."[3]

Hindi nabanggit ni Marcos ang tungkod na inilagay ng mga sundalo sa kamay ni Jesus upang magsilbing kunwari o kakatwang setro (Mat. 27:29). Ang katagang "Mabuhay ang Hari ng mga Judio" ay ginaya mula sa pagpupugay na "Mabuhay si Caesar." Subalit syempre, sa lagay ni Jesus, ang ganitong pagpupugay ay isang uri ng pangungutya. Subalit dagdag pa rito, mababasa rin natin na ang mga sundalo ay paulit-ulit na sinaktan si Jesus: hinampas sa ulo, dinuruan, at pakutyang niluluhuran; kumbaga ay isang pakutyang pagsamba na ang layunin ay para maghatid pa ng matinding pamamahiya at pagpapahirap kay Jesus.

> "Maaaring nagdula-dulaan rito ang mga Romanong sundalo na kung saan ay ginagaya nila ang isang pagpupugay para sa isang Romanong Emperador na kakauwi pa lamang mula sa isang matagumpay na pananakop. Ngunit syempre, ang pagsasagawa nila nito kay Jesus ay para dustain Siya."[4]

---

[1]J. A. Alexander, *The Gospel According to Mark*, p. 418.

[2]Lane, pp. 559-60.

[3]Grassmick, p. 187.

[4]Evans, p. 491.

> "Ang nangingibabaw na katangian sa kwento at pagsasalaysay ni Marcos ay 'irony' o kabalintunaan. Ito ay makikita sa paraang verbal o pananalita kapag ang isang tagapagsalita ay may sinasabing isang bagay ngunit iba naman ang kanyang ibig ipakahulugan. Ang salitang 'irony' kung gayon sa Ingles ay pwede rin nating tawagin ng 'pagbabaliktad.'"[1]
>
> "Sa pagiging isang kritiko, hindi nakaugalian na ang kanyang pang-iinsulto sa hindi pinapanigang bagay o pananaw ay hahaluan ng pananakit o panghahambalos. Hindi ito kailanman ginawa ninuman. Subalit ang ginawang pang-iinsulto kay Jesus ay kakaiba sa lahat sapagkat ito'y pang-aalipustang humahambalos."[2]

15:20 Karaniwan na pinipuwersa ng mga Romano ang mga hinatulang kriminal na pasanin ang kanilang krus patungo sa lugar na pagpapakuan sa kanila. Sila'y nakahubad na pasan ang krus habang hinahagupit pa.[3] Ngunit sa lagay ni Jesus, tila nakita ng mga sundalo na maaaring hindi na kayanin ni Jesus ang gayong pagpapahirap sapagkat napakarami na Niyang hambalos at kahihiyang tinanggap mula sa kanila. At dahil rito, muli nilang isinuot sa Kanya ang Kanyang damit.

Ang mga orihinal na mambabasa ni Marcos ay nahaharap rin sa insulto at abusong hatid ng mga paganong awtoridad. Maaari nilang iugnay ang kanilang kalagayan sa tagpong ito. Ito ay magbibigay sa kanila ng lakas ng loob at ng pagtuturo na manatiling tapat kay Jesus. Bilang Lingkod, ipinahintulot ni Jesus na tratuhin Siya ng mga mapang-alipusta na ito na parang isang kriminal yamang ito'y bahagi ng Kanyang pagsunod sa Kanyang Ama (ikumpara. Fil. 2:5-8; 1 Ped. 5:6-7).

3. Ang Pagpako, Kamatayan, at Paglilibing kay Jesus 15:21-47

Ang paghihirap ni Jesus ay mas lalong tumitindi habang Siya'y papalapit sa Krus.

---

[1]Rhoads at Michie, pp. 59-60.

[2]Lenski, p. 694.

[3]Josephus, *Antiquities of …*, 19:4:5.

Ang Pagpako kay Jesus 15:21-32 (ikumpara. Mat. 27:32-44; Lukas 23:26-43; Juan 19:17b-27)

15:21 Sa talang ito, maaaring binanggit ni Marcos ang mga anak ni Simon na sina Alejandro at Rufo sapagkat kilala ng mga Kristyano sa Roma ang mga taong ito (ikumpara. Rom. 16:13). Pwede nating masabi na dahil sa pangyayaring ito, si Simon ay naging mananampalataya ni Jesus. Dapat nating malaman na bibihira lang bumanggit ng mga pangalan si Marcos liban lang sa LabingDalawa. Itinuturing na si Simon ay isang North African na Judio na bumisita sa Jerusalem para ipagdiwang ang Paskuwa. At yamang mayroong malaking populasyon ng mga Judio sa Cirine, maaaring ang lahi ni Simon ay isang Semita, sapagkat ang kanyang pangalan rin naman ay pang-Judio. May ibang nagsasabi na si Simon raw ay isang negro sapagkat galing siya sa Africa, Subalit walang ebidensya na magpapatibay nito.[1]

> "Ayon kay Irenaeus (*Adversus Haereses* 1.24.4), ginamit ng mga Gnostic ang tagpong ito upang sabihin na hindi si Jesus ang namatay sa krus kundi si Simon."[2]

Syempre, pinasan ni Simon rito sa literal na paraan ang dapat pasanin ng mga tagasunod ni Jesus sa 'figurative' na paraan – yun ay, ang pasanin ang krus ni Jesus (ikumpara. 8:34; Lukas 23:26). Gaya ng ating nasabi na, karaniwang pinapasan ng isang nakondenang tao ang piraso ng kanyang krus tungo sa lugar na pagpapakuan sa kanya.[3] Subalit sa tagpong ito, yung hindi ito pasanin ni Jesus o yung hindi na Niya kaya pa itong pasanin ay nagpapahiwatig lang na napakarami ng pasa at pagpapaghirap ang Kanyang tinamo.[4] Sa kabilang banda, ito ay nag-aangat ng dangal ni Jesus: yun ay, hindi Niya dapat pasanin ang Kanyang sariling krus.[5]

> "Ating alalahanin na karaniwan lamang na pangyayari na ang mga biktima ng hagupit ng mga Romano ay agad na namamatay."[6]

---

[1]Hiebert, p. 389; Wessel, p. 778.

[2]Mann, p. 645.

[3]Taylor, p. 587; Cranfield, *The Gospel …,* p. 454.

[4]Ibid.

[5]Gundry, p. 944.

[6]Mann, p. 645.

15:22-23 Ang salitang "Golgotha" ay transliterasyon ng salitang Aramaico para sa “bungo.” Siguro ang lugar na ito ay parang mukhang bungo kung titingnan sa malayo o kaya’y ng lugar na ito ay may anumang kinalaman sa bungo o kamatayan. Ayon sa tradisyon na mismong binanggit ni Jerome, ang lugar na ito raw ang siyang naging tradisyunal na libingan ni Adan; dito matatagpuan ang kanyang mga kalansay o bungo. At kung mapapabisita ka sa tinatawag na ‘Church of the Holy Sepulcher’ sa Jerusalem, pinaniniwalaan ng mga awtoridad doon na ang tradisyunal mismo na libingan na ito ni Adan ang siya ring naging lugar ng krusipiksyon o pagpako kay Jesus. Para sa ibang mag-aaral ng lugar na pinagpakuan kay Jesus, may gusto nila ang burol na tinatawag ngayong ‘Gordon's Calvary,’ na malapit sa "Garden Tomb," bilang ang lugar na tinatawag na Golgotha.[1]

> "Ayon sa matagal ng tradisyon, ang mga kagalang-galang na kababaihan sa Jerusalem ay naghahanda ng narkotikong inumin para sa mga hinatulan ng kamatayan; ito’y para bawasan ang hapdi at kirot na kanilang nararamdaman (TB [Babylonian Talmud] *Sanhedrin* 43a)."[2]

Subalit ang salitang “nila” rito sa talata ay maaaring tumutukoy sa mga sundalo at hindi sa mga kababaihan ng Jerusalem.

> "Ang alak na pampamanhid na inalok ng mga berdugong sundalo ay hindi dahil naawa sila kundi ito ay magpapadali ng kanilang trabaho. Ang taong nilasing ng ganitong uri ng alak ay mas madaling ipako sa krus."[3]

Subalit bakit tinanggihan ni Jesus ang inuming magpapabawas ng Kanyang kahirapan? Marahil ay dahil sa hindi lamang kalooban ng Kanyang Ama na Siya’y mamatay kundi ang mismong danasin ang pasakit o ‘agony’ ng pag-ako at pagpasan sa kasalanan ng sangkatauhan. Ang kasalanan ay naghahatid ng pahirap at pasakit, at sa pamamagitan ng pagtitiis sa hirap at sakit, pinasan rin ni Jesus ang konsekwensya at parusang hatid ng kasalanan.

---

[1]E.g., Lenski, pp. 702-3, 734-35.

[2]Lane, p. 564.

[3]Lenski, p. 703.

15:24 Marahil ay binanggit lamang ni Marcos ang aktuwal na kaganapan ng pagpako kay Jesus sa krus at hindi ang detalyadong paglalarawan ng kaganapang ito sapagkat batid at pamilyar na ang kanyang mga Romanong mambabasa sa nakahihindik na pasakit na hatid nito. Subalit para sa ating mga modernong mambabasa, tiyak na makakatulong ang ilang pagpapaliwanag. Ang pag-aaral ni Davis ay nagbibigay sa atin ng ilang paglalarawan. Isinalin natin sa Tagalog ang kanyang mga sinabi sa paraang madali nating maunawaan.

> "Si Simon ay tiyak na inutusan na ilagay ang 'patibulum' [piraso ng krus] sa lupa at si Jesus naman ay agad na pinahiga sa ibabaw nito, na kung saan ang Kanyang balikat at mga braso ay nakalapat rito. Pagkatapos nito ay ilalapat ng sundalo ang pulso at kamay sa dulong bahagi ng krus at sisimulang ipako rito ang isang mabigat na bakal na pako sa pulso ni Jesus hanggang sa bumaon ito ng malalim sa kahoy. Ganito rin ang agad niyang gagawin sa kabilang kamay. Ang paraan ng pagpako sa mga kamay ay dapat na nagbibigay ng puwang para kahit papaano'y maigagalaw ni Jesus ang Kanyang mga braso. Pagkatapos nito, ang 'patibulum' ay ipapatong na sa pahabang piraso ng krus.
>
> "Kapag ipapako na ang mga paa, ang kaliwang paa ay ipapasailalim sa kanang paa. Sila'y isasaayos sa paraang pwedeng makakilos ang hita at tuhod. Pagkatapos nito, ipapako na ang mga paa. At sa puntong ito, si Jesus ay naipako na ng tuluyan sa krus. Subalit habang Siya ay nakabayubay sa krus, napakatinding kahirapan ang Kanyang nararamdaman kapag Siya ay nahihirapang bitbitin ang Kanyang ipinakong katawan. Minsan ay hinihila Siya ng bigat ng Kanyang katawan at ito ay naghahatid ng napakatinding kirot sa Kanyang mga pulso na komokonekta sa Kanyang utak. Ang mga pako sa pulso at sa paa ay naghahatid ng matinding 'pressure' sa mga ugat. At habang Kanyang tinutulak ang sarili paitaas upang maiwasan ang kirot ng pagkalaylay, ginagamit Niya ang puwersa mula sa Kanyang naipakong mga paa upang maingat Niya ang Kanyang sarili. Ito ay napakasakit rin. Ito'y damang-dama

sa mga buto ng kamay at paa, at sa mga ugat sa iba't ibang bahagi ng katawan.

"Kapag ang mga braso ay napagod at nangalay na, matinding pamumulikat na may halong sakit ang mararamdaman sa mga kalamnan. Ito ang siyang magpapahirap kay Jesus upang iangat ang Kanyang sarili pataas. Makalalanghap pa rin Siya ng hangin, ngunit mahihirapan Siyang ito'y ilabas. Puno ng carbon dioxide ang Kanyang baga, ngunit wala siyang maipasok na oxygen. Dahil rito, matinding pagpupumilit ang gagawin ni Jesus para iangat ang Kanyang katawan upang makahinga man lang ng maayos kahit saglit.

"Ngayon isipin mo ang ganitong kalagayan na mararanasan ni Jesus ng ilang oras doon sa krus. Dama Niya ang hindi maipaliwanag na kirot, mga tila nababali o nag-uumpugang mga buto, hirap at kapos na paghinga, hapdi at sakit na dulot ng mga latay at sugat sa Kanyang katawan at dagdagan pa ng pahirap na pagkilos na baba at pag-angat ng Kanyang duguang katawan habang naisasadsad Niya ito sa magaspang na kahoy ng krus. Di magtatagal mararamdaman ni Jesus ang isa pang pahirap sa loob ng Kanyang katawan na parang may dumidikdik sa Kanyang puso at magpapakirot dito.

"Halos malapit na ang kamay ng kamatayan. Yung pagkawala ng maraming 'tissue fluids sa Kanyang katawan ay dumating na sa kritikal na kalagayan. Ang puso Niya na naiipit ay hirap ng tumibok at magbomba ng dugo sapagkat ito nagiging mabigat at malapot na. Dagdag pa, ang Kanyang baga ay hirap na hirap na at hindi na kayang magbigay sa Kanya na maayos na paghinga.

"At sa wakas, ang katawan ni Jesus ay nasa sukdulan na ng kahirapan at nararamdaman na Niya ang malamig na kamatayan na bumabalot sa mga tisyu ng Kanyang duguan at bugbog na katawan.

> "Ang Kanyang misyon ng pag-aalay ng sarili para sa ikatutubos ng ating mga kasalanan ay natapos na. Sa wakas, maaari na Niyang hayaan ang Kanyang katawan na mamatay."[1]

Ipinahiwatig ni Marcos ang katuparan ng Awit 22:18. Ang Psalmo na ito ay naglalaman ng detalyadong prediksyon tungkol sa paghihirap ng Messias kumpara sa anumang talata. Sa pamamagitan ng talatang ito ay binigyan ni Marcos ng matinding kontras o pagkakaiba ang manhid na masamang kilos ng mga sundalo at ang paghihirap ni Jesus.

> "Naging usapin at alinlangan kung ang paggamit ng pako para ibitin ang katawan ng isang tao sa krus ay totoo. Subalit noong Hunyo ng 1968, natuklasan ng isang grupo ng mga Israeli iskolar sa Giv'at ha-Mivtar, sa hilagang-silangan ng Jerusalem ang isang libingan ng mga Judio na kung saan ay kinakitaan ng kauna-unahang ebidensya ng pagpako sa krus noong sinaunang panahon. Kasama sa mga labi na natuklasan nila sa isang kahon o lagayan ay ang mga buto, na gamit ang 'carbon dating' ay bumabalik na mas maaga pa sa taong A.D. 70. Ang mga buto ay kakikitaan ng mga nabaling mga tuhod at binti, at ang mga sakong ng paa ay kakikitaan ng butas na gawa ng isang bakal na pako.[2]

15:25 Ang paggamit ng oras na ito ay natatangi sa tala ni Marcos: "ikasiyam ng umaga" nang ipako si Jesus sa krus.

15:26 Minsan pa, tipikal o karaniwan sa Ebanghely oni Marcos na itala lamang yung essensya o buod ng paratang laban kay Jesus. Isinulat ito ni Pilato at ipinakabit sa bandang ulunan ni Jesus doon sa krus. Maaaring ang mga letra rito ay nakasulat sa itim o pulang tinta at pinturado ng puti ang pinagsulatan.[3]

15:27 Yung pagkaka-posisyon kay Jesus sa gitna ng dalawang rebelde na ipinako ring kasama Niya – na maaaring mga kasamahan ni Barabas – ay nagpapakita na Siya ang may matinding kasalanan. Maaaring inilagay ng

---

[1]Davis, pp. 186-87.

[2]Lane, pp. 564-65.

[3]Ibid., p. 568.

mga sundalo si Jesus sa ganitong pwesto upang higit pa Siyang insultuhin at gayundin ang mga Judio.

> "Siya mismo na luminis ng Templo ay ipinakong kasama ng mga bandido at pinalabas na parang isang lapastangan sa Templo."[1]

[15:28] Marami sa mga matandang manuskrito para sa Ebanghelyo ni Marcos ay hindi kakikitaan ng talatang ito. Ngunit para sa maraming mga eksperto sa teksto, ito daw ay 'interpolation' o pagsisingit ng talatang mula sa Lukas 22:37. Gayunpaman, madalas na bumanggit si Marcos ng katagang katuparan ng mga propesiya sa Lumang Tipan.[2]

15:29-30 Maliwanag dito na yung prediksyon ni Jesus tungkol sa pagwasak at muling pagtatayo ng templo ay naging sikat na usap-usapan ng mga tao (ikumpara. 14:58-60). Ito marahil ang ginamit ng mga Di-mananampalataya Judio upang tanggihan si Jesus bilang kanilang Messias. Napakataas ng kanilang paggalang at paniniwala sa templo.

> "Ang panlilibak ang siyang mas mahirap sigurong tiisin rito sapagkat ito ay humahamon sa kaloobang nagtataglay ng napakatinding kapangyarihan na hindi lamang nahahayag ng dahil sa pagpipigil sa sarili na dulot ng pagsasakripisyo ng kalooban."[3]

Ang publikong pang-aabuso na ito ay tiyak na nagdagdag ng pahirap sa kalooban ni Jesus – ang Naghihirap na Lingkod ng Diyos. Ang salitang Griego na ginamit ni Marcos upang ilarawan ang pang-aabuso ng mga tao ay *eblasphemoun*. Ang salitang ito ay nangangahulugan hindi lamang ng pang-iinsulto kundi 'mga salita ng kalapastanganan.' Si Jesus ay pinaratangan ng mga pinakapunong pari ng kalapastanganan, bagay na inosente Siya (14:64). Subalit ngayon, ang mga tao na mismo ang siyang nagpapahayag ng kalapastangan, bagay na talagang mayroon silang sala. Ang mga sinasabi nila rito ay naging katuparan ng Awit 22:7 at Panaghoy 2:15.

---

[1]Gundry, p. 946.

[2]Plummer, p. 355.

[3]Swete, p. 383.

15:31-32 Ang mga punongpari at mga eskriba ay nagpahayag rin ng kalapastangan sa pamamagitan ng panlalait kay Jesus. Ang kanilang panlalait ay tiyak na nakasugat ng malalim sa puso ni Jesus sapagkat sila'y mga lider ng Israel. Syempre, kung pisikal na usapan lang, kayang iligtas ni Jesus ang Kanyang sarili mula sa krus. Gayunpaman, sa moral at espirituwal na punto, ito ay imposible Niyang gawin. Kung dadamhin mo sa talata, napaka sarkastik o mapanlait ang paraan ng pagkakabanggit ng mga lider na ito sa titulo ni Jesus. Ang sabi nila, "Hari daw ng Israel." Hindi nila kinikilala si Jesus na 'Hari,' kundi ang kanilang mga sarili. At isa pa, yung katotohanan mismo na si Jesus ay nakikita nilang nakabayubay sa krus ay napakatinding paliwanag mismo para sa kanilang pananaw na si Jesus ay hindi nila Messias. Para sa kanila, ang Messias ay Siyang laging 'may kontrol,' hindi matatalo, hindi magagapi. Ang tagpo ng kanilang panghahamak at panlalait rito ang siyang pinaka 'climax' ng kanilang oposisyon laban kay Jesus (ikumpara. 3:6; 11:18; 12:12; 14:1, 64; 15:1, 11-13).

> "Ang nangyari sa tagpong ito ay tinatawag sa Ingles na 'Situational irony.' Ito ay nangyayari kapag mayroong pagkakaiba sa pagitan ng inaasahan ng isang karakter na dapat mangyari at sa kung ano talaga ang aktuwal na nangyari. Yung may iniisip ang isang karakter na akala niya'y totoo subalit ibang-iba yun sa tunay na sitwasyon. Sa 'situational irony' ang tauhan sa kwento na nagsasalita ay may tiwala sa sarili na ang kanyang sinasabi ay totoo o inaasahan niyang totoo; wala siyang kamalayan sa talagang tunay na sitwasyon. Tiwala siyang tama siya, subalit kabaligtaran pala. Ang mga tauhan sa kwento ay bulag na mga biktima ng 'situational irony.' Iba ang kanilang nakikita kumpara sa nakikita ng mambabasa ng kwento. Alam ng bumabasa ang malaking pagkakaiba ng sinasabi ng mga tauhan sa kwento kumpara sa talagang nagyayari."[1]

Mababasa rin na nakiisa ang mga rebeldeng ipinako na kasama ni Jesus sa panlalait sa Kanya. Pagtanggi, abuso, at panlalait, iyan ang mga pumalibot kay Jesus noong Siya'y nasa krus. Mula sa pinakamakapangyarihang tao sa lipunan tungo sa pinakamababa at pusakal, Siya ininsulto nila. Pero hindi binanggit rito ni Marcos ang pakikipag-usap ni Jesus sa isa sa mga

[1]Rhoads at Michie, p. 60. Inalis ang dibisyon sa paragraph.

> rebeldeng ipinako (Lukas 23:39-43), at maging Kanyang mga sinabi sa Kanyang ina at kay Juan (Juan 19:25-27). Marahil ay hindi niya binanggit ang mga detalyeng ito upang mapokus lamang sa panlalait na tinanggap at dinanas ni Jesus.

Ang lahat ng kahihiyan at panlalait na tinanggap rito ni Jesus ay pagpri-presenta na Siya ang mapagpasakop na Lingkod ng Diyos, maging kahit na ito'y kamatayan pa sa krus. Siya ay nagsisilbing wagas na halimbawa para sa lahat ng tinawag ng Diyos na Kanyang maging lingkod.

Ang Kamatayan ni Jesus 15:33-41 (ikumpara. Mat. 27:45-56; Lukas 23:44-49; Juan 19:28-30)

Ang salaysay ni Marcos tungkol sa kamatayan ni Jesus ay may limang klimaktikong kaganapanan: ang kadiliman, dalawang sigaw ni Jesus, ang pagkahati ng tabing templo, at ang konpesyon ng senturiong Romano. Lahat ng kaganapang ito ay nangyari sa huling tatlong oras ng kabuoang anim na oras na paghihirap ni Jesus sa krus.

> Sa umaga, ang naunang tatlong oras ng paghihirap ni Jesus sa krus ay mula sa kamay ng tao (15:21-32). Subalit nang sumapit ang kadiliman, ang ikalawang tatlong oras ng Kanyang paghihirap ay mula na sa kamay ng Diyos."[1]

15:33 Itinala ng tatlong sinoptikong ebanghelista ang supernatural na kadiliman na bumalot sa buong Juda simula ng alas-12 ng tanghali hanggang alas-3 ng hapon. Gayunpaman, walang sinuman sa kanila ang nagpaliwanag ng kahulugan ng pangyayaring iyon. Maaaring tiningnan nila ang kadilimang iyon bilang tanda ng pagbuhos ng hatol ng Diyos kay Jesus (ikumpara. Isa. 5:25-30; 59:9-10; Joel 2:31; 3:14-15; Amos 8:9-10; Mikas 3:5-7; Zefanias 1:14-15).

> "Ang kadiliman na ito ay hindi bunga ng 'eclipse' ng araw. Hindi ito maipapaliwanag sa anumang astronomikal o siyentipkong pamamaraan. Karaniwan na ang buwan ay bilog na bilog kapag pista ng Paskuwa. Ang kadiliman na ito ay mismong kagagawan ng Diyos, kung paanong niyanig Niya ang lupa at biniyak ang mga bato."[2]

---

[1]Bailey, "Mark," p. 96.

[2]Lenski, p. 713.

Inalis ng Diyos Ama mula sa Kanyang Anak na si Jesus ang liwanag ng Kanyang presensya. Ito'y dahil sa mga oras na iyon, pinasan ni Jesus ang buong kasalanan ng mundo at kasama na rin dito ang poot ng Diyos dahil sa kasalanan (Isa. 53:5-6; 2 Cor. 5:21). Sa kabilang banda, ang kadiliman na bumalot sa buong lupain (ng Israel) ay maaaring tanda rin ng hatol ng Diyos laban sa pasaway na bansang ito ng dahil sa kanilang pagtanggi sa Kanyang Anak.[1] Kapansin-pansin na ang ikasiyam na salot na bumalot sa Ehipto ay pusikit na kadiliman, at sinundan ng kamatayan ng mga panganay (Exo. 10:22—11:9). May ibang mga komentarista at mag-aaral na naniniwalang ang kadiliman ay naganap sa buong mundo.[2]

> "Ang kadiliman sa tanghaling tapat ay isang kabalintunaan (paradox). Isang naaangkop na paglalarawan para sa Omnipontensiya o kapangyarihan ng Diyos na maghatid ng kahatulan sa bayan at mga taong tumanggi sa liwanag."[3]

> "Dagdag sa kadiliman na naganap noong panahon ng Exodo, isang naging karaniwang paniniwala noong sinaunang panahon na ang pagbalot ng kadiliman sa isang lupain ay may kaugnayan sa kamatayan ng dakilang tao."[4]

15:34 Gaya ng ating mababasa, ang sigaw ay naganap ng alas-3 ng hapon. Ang sigaw ni Jesus ay kapahayagan ng kahulugan ng kadiliman. Ang sigaw ni Jesus ay malakas, hindi mahina, kundi pagbubuhos ng lahat ng Kanyang natitirang enerhiya. Ang labis na paghihirap ng Kanyang kaluluwa ang siyang dahilan ng malakas at naghihirap na sigaw na ito. Itinala ni Marcos ang sinabi ni Jesus sa wikang Aramaiko, sapagkat maaaring ito'y ipinahayag ni Jesus sa wikang ito. At ito ay mahahalata sa naging reaksyon ng mga tao sapagkat naunawaan nila ang wikang ito (ikumpara. Mat. 27:46-47).

> "Ang diwa ng Kanyang sinigaw ay napakalalim para maunawaang lubos. Subalit ang karaniwang interpretasyon (na mababaw pa rin kung tutuusin) ay yaong tingnan ang sigaw at pangungusap ni Jesus bilang paglayo ng presensya

---

[1]Grassmick, p. 189.

[2]Gaya halimbawa ng kay Lenski, pp. 713-14.

[3]Cole, p. 242.

[4]Mann, p. 650.

> ng Ama. Sa mga oras na iyon, nadama ni Jesus ang bagay na hindi pa Niya kaylanman nadarama – ang pabayaan ng Ama, ang matakpan at maharangan ang kanilang napakalapit na komonyun sa isa't isa. Ito'y kahindik-hindik sa kalooban ni Jesus."[1]

Sa sigaw na ito ay sinipi ni Jesus ang talata sa Awit 22:1: "Oh Diyos ko! Diyos ko! Bakit mo ako pinabayaan?" Ipinahayag Niya ang kahirapang nararanasan ng Kanyang kalooban sa pamamagitan ng isang tanong. Hindi nagtanong si Jesus para malaman ang sagot; ang tanong Niya ay retorikal – alam Niya ang sagot. Sa pamamagitan ng talatang ito sa Lumang Tipan, ipinahayag at ipinakita ni Jesus na Siya nga ay mayroong natatanging relasyon sa Diyos Ama, sapagkat hindi Niya mararamdaman ang pag-iwan ng Ama kung wala naman silang bukod-tanging relasyon. Ginamit ni Jesus ang mga salita ni David upang ipahayag ang nilalaman ng Kanyang naghihirap na kalooban. Sa puntong ito, si Jesus ay tunay na pinabayaan ng Diyos sa 'judicial' na pamamaraan – yun ay, dahil sa sandaling ito, ipinokus Niya ang pagbuhos ng Kanyang galit sa Kanyang Anak (ikumpara. 14:36). Subalit sa isang banda, dahil sa si Jesus ay Diyos, hindi literal na iniwan ng Ama ang Kanyang Anak. Ang mga miyembro ng Banal na Trinidad ay hindi kaylanman maipaghihiwalay o mabubuwag. Sila ay walang hanggang nagkakaisa.

> "Si Cristo ay '**pinabayaan'** ng Ama sa punto na inalis ng Ama ang Kanyang komonyon o pakikipagniig sa Kanyang Anak. Sa tagpong ito ay hindi Niya maipadama ang Kanyang pagmamahal kundi poot, sapagkat pinasan at kinuha ni Cristo ang lahat ng kasalanan ng sangkatauhan. Siya'y naging Kapalit ng makasalanan at 'naging kasalanan para sa atin' (2 Cor 5:21). Ang banal na Diyos ay hindi kayang tumingin ng may pagkalugod sa kasalanan."[2]

Ibinuhos ng Diyos Ama ang Kanyang poot sa Kanyang Anak na pumasan ng lahat ng kasalanan ng sanlibutan doon sa Krus. Parehas at sabay na pinasan ni Jesus sa sandaling ito ang sumpa at hatol ng Diyos sa kasalanan (ikumpara. Deut. 21:22-23; 2 Cor. 5:21; Gal. 3:13). Hindi kayang tingnan

---

[1]Taylor, p. 594.

[2]Burdick, p. 1024. Ang 'bold font' ay sa may-akda mismo.

ng banal na Diyos ang kasalanan (Hab. 1:13), at dahil rito, Siya'y tumalikod sa Kanyang Anak na tadtad ng kasalanan ng sangkatauhan doon sa Krus. At bunga nito, naranasan ni Jesus ang pagkakahiwalay sa Diyos, sapagkat Siya'y naging Kapalit ng mga makasalanan (10:45; Rom. 5:8; 1 Ped. 2:24; 3:18). Gayunpaman, dapat linawin na ang paghihiwalay na ito ay hindi literal at permanente, subalit totoong kaganapan na naranasan at naitala sa panahon at kasaysayan. Dagdag pa, ito'y suportado ng panalangin ni Jesus sa Kanyang Ama (v. 37; cf. Mat. 27:50; Lukas 23:46).

> "Ang kabigatan ng kasalanan ng sanlibutan at ang Kanyang pagiging Kapalit ng makasalanan ay hindi lamang isang pakiramdam sa loob, kundi isang totoong pag-abandona sa Kanya ng Ama. Ang sigaw na ito ay sigaw ng pinabayaan na naghahayag ng kahindik-hindik na anyo at katangian ng kasalanan sa buhay ng tao. Ngunit ang sigaw ay nagpapahiwatig rin ng kalalimang tinahak ng Anak ng Diyos na kung saan mula rito ay bumukal ang makapangyarihan at matagumpay na pahayag na *tetelestai* ["Naganap na", Juan 19:30]. Ito ang siyang tunay na interpretasyon ng sigaw. Nang ang kalaliman ng kilabot at kapangyarihan ng kasalanan ay naabot na, ang tagumpay ay naganap na."[1]

> "May mga komentarista na inuugnay ang ginawang 'pag-iwan' sa 'kamatayan,' ngunit ang dalawang ito ay magkaiba. Ang pagtalikod ng Ama ay natapos na nang ang kamatayan ay kumakapit na kay Jesus. Nang si Jesus ay mamamatay na, Kanyang ipinagkatiwala ang Kanyang kaluluwa sa kamay ng Ama at dahil rito'y hindi na pinabayaan, kundi nasa kandungan na ng Ama."[2]

Bagamat ang pisikal na kahirapang dinanas ni Jesus ay hindi mailalarawan, ang Kanyang espirituwal na pagtitiis (agony) bilang Kordero ng Diyos na pumasan ng ating mga kasalanan ang siyang pinakamasakit na kahirapan na Kanyang pinagdaanan. Ito ang dapat na alalahanin ng Kristyano kapag pinagbubulayan natin ang kamatayan ng ating Panginoon; isang halimbawa ay kapag ginaganap natin ang Banal na Hapunan.

---

[1]Cranfield, *The Gospel …,* pp. 458-59.

[2]Lenski, p. 718.

15:35 Si Elias ay mayroong mga sinagip sa kahirapan sa panahon ng kanyang ministeryo.

> "Isang popular na paniniwala noong panahong iyon na si Elias ay darating upang maghatid ng tulong (ikumpara. Strack-Billerbeck, Vol. 1, p. 1042)."[1]

Hindi malinaw kung ang sinabi ng 'ilang mga nakatayo roon' ay dahil mismo hindi nila naunawaan si Jesus o maaaring mas nais pa nilang saktan at pagmalupitan si Jesus sa pamamagitan ng pagbaliko sa mga salita Niya. Anuman sa dalawang ito, ang kanilang mga salita ay naghatid ng malalim na sugat sa puso ni Jesus.

15:36 Mayroong nakatayo roon na binigyan si Jesus ng "maasim na alak" (Gr. *oxos*) sa pag-asang mapapanatili pa nila ng saglit ang Kanyang buhay at ng makita nila kung darating nga si Elias upang iligtas Siya.[2] Subalit,

> "Ayon kay Dr. Jerome Webster ng Presbyterian Hospital, sa New York; siya ay isang dalubhasa pagdating sa pag-aaral ng kamatayan sa krus, yamang ang nakapako sa krus ay hirap huminga at patang-pata sa kapaguran, anumang inumin na ibigay sa kanya ay magpapabilis ng kanyang kamatayan."[3]

15:37 Ang malakas na sigaw ni Jesus ay nagpapahiwatig na ito ay hindi sigaw ng isang hindi makahinga o kaya'y pagod na pagod, winalang hiya, at talunan. Sa halip, ang malakas na sigaw ni Jesus ay nagpapahiwatig ng tagumpay; ito'y sigaw ng tagumpay. Matagumpay Niyang ipinahayag: "Naganap na!" (Juan 19:30). Pinalaya Niya ang Kanyang espiritu (Mat. 27:50; Lukas 23:46; Juan 19:30) at Siya'y namatay (o 'nalagot ang hininga'). Maaaring ang sigaw ni Jesus at ang pag-alis ng Kanyang espiritu ay sabay na nangyari. Maaaring pinalaya Niya ang Kanyang espiritu na may sigaw ng tagumpay.[4]

> "Saan napunta ang *pneuma* ["espiritu"] ni Jesus matapos ang Kanyang kamatayan? Syempre sa kamay ng Kanyang

---

[1]Mann, p. 652.

[2]Gould, p. 295.

[3]Mann, pp. 652-53.

[4]Gundry, p. 948; Evans, p. 508.

> Ama (Lukas 23:46), sa Paraiso kasama ang nagbalik loob na bandido sa krus (Luke 23:43), at sa kaluwalhatian na taglay ng Anak sa pasimulang walang-hanggan (Juan 17:5)."[1]

Ang katawan ni Jesus ay napunta sa libingan. Mayroong sinasabi sa Ingles na bersyon ng 'Apostles Creed' o 'Sumasampalataya ako' na si Jesus araw ay 'descended into hell.' Ang salitang "hell" o 'impyerno" sa Tagalog ay mali. Ang dapat na salin para sa "hades" ay hindi dapat na "impyerno" kundi ayon sa Tagalog na pagkakasalin natin sa Apostles Creed, ang dapat na sabihin ay: "Siya'y nanaog sa karoroonan ng mga yumao." Isa pa, ang espiritu ni Jesus ay hindi napunta sa impyerno kundi sa langit.[2]

Karaniwan na dalawa o tatlong araw ang itinatagal ng isang taong ipinako sa krus bago mamatay.[3] Dahil rito, ipinagtaka ni Pilato ang mabilis na kamatayan ni Jesus (v. 44).

> "Ang Kanyang mabilis na kamatayan sa krus ay hindi lang dahil sa pisikal na mga sugat, sakit, at kahirapan na Kanyang tinamo. Isang pagkakamali na matuon lamang sa pisikal na paghihirap ng ating Panginoon para ipaliwanag ang Kanyang mabilis na kamatayan."[4]

15:38 Itinala ng mga sinoptikong manunulat ang masagisag na pagkakapunit ng tabing ng templo, mula sa itaas hanggang sa ibaba nito. Hindi nila ipinaliwanag ang kahulugan nito subalit ipinaliwanag ito ng may-akda ng Hebreo (Heb. 6:19-20; 9:1-14; 10:19-22). Ito ay nagpapakita na ang Diyos ay nagbigay ng bukas na daan tungo sa Kanyang presensya sa pamamagitan ng kamatayan ng Kanyang Anak. Maaaring ang tabing na napunit ay ang malaking tabing na naghihiwalay sa 'banal na dako' mula sa patyo o 'courtyard' ng templo.[5] Kung ganito nga, ang pagkakapunit na ito ay nasaksihan ng maraming tao. Maaaring ang mga pari ay naghahanda ng pang-gabing mga paghahandog sa patyo ng templo nang maganap ang bagay na ito mga mag-aalas-tres ng hapon.

---

[1]Lenski, p. 722.

[2]Tingnan ang sinasabi ni William G. T. Shedd, *Dogmatic Theology*, 2:604.

[3]Grassmick, p. 190.

[4]Hiebert, p. 397. Cf. Clarke, p. 246.

[5]Lane, p. 574-75.

15:39 Ang katagang “opisyal ng mga kawal” ay mula sa wikang Griego na *kentyrion*. Sa wikang Ingles ay isinalin ito na ‘centurion’ bilang transliterasyon ng Latin na *centurio*. Ito ang salitang ginamit ni Marcos. Kaya sa talatang ito, ang sundalong nakatayo sa harap ng krus ay ang ‘centurion’ (ikumpara. v. 44). Sa isang dako sa Bagong Tipan ang salitang Griego na *hekatontarchos* ay isinalin sa Ingles na "centurion." Ang pagpili ng salita ni Marcos ay indikasyon minsan pa na siya’y nagsulat para sa mga Romano. Ang senturyon na ito ay nagpahayag ng katotohanang hindi pa niya gaanong nauunawaan. Totoo ang kanyang sinabi na si Jesus ay “inosente” (Lukas 23:47) at hindi makatuwiran na danasin Niya ang ganitong matinding kahirapan. Ang kanyang sinabi habang tinitingnan ang namatay na si Jesus ay literal na totoo. Maituturing na ang kanyang sinabi na “Tunay ngang Anak ng Diyos ang taong ito!” ang siyang naging ‘climax’ ng ipinapahayag ni Marcos sa aklat na ito na si Jesus ay ang banal na Anak ng Diyos (ikumpara. 1:1; 8:29-30).

> "Palibhasa’y namangha siya sa paraan ng kamatayan ni Jesus at sa mga tandang kalakip nito, naipahayag ng senturyon ang bagay na dapat niya lamang ipahayag para sa Romanong Emperador. Natunghayan niya sa tagpong ito na hindi si Ceasar ang ‘anak ng Diyos’ kundi ang Messias na naipako sa krus, si Jesus."[1]

> "Walang dud ana sinadya ni Marcos ang talatang ito na maiugnay sa pasimulang talata ng kanyang ebanghelyong aklat, yun ay, “Ito ang simula ng Magandang Balita tungkol kay Jesu-Cristo, ang Anak ng Diyos.”[2]

Ang senturyon na ito ay hindi tagasunod ni Jesus, kundi isang sundalong Romano na maaaring nakasaksi na ng maraming kahatulan ng pagpako sa krus. Ang napunit na tabing ay nagsisilbing testimonya para sa katauhan ni Jesus at ang pahayag ng senturyon ay nagsisilbing testimonya naman para sa mga Hentil. Ang dalawang ito ay matibay na dobleng patotoo na si Jesus ay Anak ng Diyos.

---

[1]Evans, p. 510.

[2]Mann, p. 654.

> "Sa tagpong ito, ang Judaismo at ang mundo ng mga Hentil ay sabay na nagpapatotoo at kumikilala sa soberanong dangal ni Jesus."[1]

15:40 Ipinakilala nila Mateo at Marcos sa kanilang tala ang tatlong kababaihan na nakatanaw sa malayo habang sinusubaybayan ang kamatayan ni Jesus. Hindi sila partikular na binanggit ni Lukas sa kanyang tala. Ang 'nakababatang Santiago' na binabanggit rito ay maaaring ang anak ni Alfeo na binabanggit sa 3:18; kabilang siya sa LabingDalawa. Samantala, si 'Salome' ay ang ina ng mga anak ni Zebedeo: sina Santiago at Juan – mga pinsan ni Jesus. Dito'y makikita natin na ang halimbawa ng pagibig na ipinakita ng mga kababaihang ito ay ibang-iba sa panlalait at galit ng mga kaaway ni Jesus. Binanggit rin ni Juan na siya'y naroroon sa tagpong iyon (Juan 19:26-27), bagamat ang ibang kalalakihang mga alagad ay tila wala roon.

15:41 Ang talatang ito ay natatangi kay Marcos. Ito ay dapat na maghatid ng espesyal na kalakasan at kaaliwan sa lahat ng mga babaeng naglilingkod sa Panginoon.[2]

Maraming mga kababihan ang sumunod kay Jesus at naglingkod sa Kanya sa buong panahon ng Kanyang ministeryo. Ipinapakita rito na ang mga kababaihan ay maaari ring makapaglingkod kay Jesus gaya ng mga kalalakihan. Maaaring ang paraan ng kanilang paglilingkod ay naiiba sa mga kalalakihan, subalit ang kanilang ministeryo ay may pantay na kahalagahan. Ang pagpapakilala ni Marcos sa mga kababaihang nabanggit rito ay naghahanda sa mambabasa na makita ang kanilang gagampanang papel bilang mga saksi sa kamatayan at paglilibing kay Jesus (v. 47) at sa Kanyang pagkabuhay (16:1-8).

ILANG MGA KABABAIHAN NA NAKASAKSI SA PAGPAKO KAY JESUS

Mateo 27:56	**Marcos 15:40**	**Juan 19:25**
Maria Magdalena	Maria Magdalena	Maria Magdalena

[1]Lane, p. 488.

[2]Tingnan ang pag-aaral ni Nicoletta Gatti, "Women as 'Model Readers' in Marks Gospel," *Bibliotheca Sacra* 176:702 (April-June 2019):188-202.

		Ina ni Jesus (Maria)
Si Maria na Ina ng nakababatang si Santiago at ni Jose =	Si Maria na Ina ng nakababatang si Santiago at ni Jose =	Si Maria na asawa ni Clopas
Ina ng mga anak ni Zebedeo =	Salome =	Kapatid na babae ng ina ni Jesus

Ang Paglilibing kay Jesus 15:42-47 (Ikumpara. Mat. 27:57-66; Lukas 23:50-56; Juan 19:31-42)

Ang paglilibing kay Jesus ay isang mahalagang bahagi ng pangangaral noong sinaunang Iglesia (ikumpara. 1 Cor. 15:3-4). Ito ay gumagawa ng tulay at pag-uugnay sa pagitan ng kamatayan at muling pagkabuhay ni Jesus. Higit sa lahat, pinapatunayan nito na si Jesus ay talagang namatay.

15:42 "Nang dumidilim na" yun ay, mga "4:30 P.M."[1] Ang araw ng Biyernes (o "araw ng paghahanda") ang siyang araw na nagsisimula ang mga Judio para sa pangingilin ng araw ng Sabbath, na magsisimula sa paglubog ng araw ng Biyernes. Ipinaliwanag ni Marcos ang bagay na ito para sa kanyang mga Hentil na mambabasa.

15:43 Ang maikling oras sa pagitan ng kamatayan ni Jesus at ng pagsisimula ng Sabbath ay tiyak na nagtulak kay Jose na taga-Arimatea na agad kumilos para asikasuhin ang bangkay ni Jesus (ikumpara. Deut. 21:23). Hindi tiyak kung saang lugar ang Arimatea, ngunit maaaring ito ay ang lugar ng Ramah (o Ramathaim), na siyang lugar kapanganakan ni Samuel, mga 5 milyang pahilaga ang layo sa Jerusalem.[2] Ayon kay Marcos, si Jose ay isang iginagalang miyembro ng Kapulungan o ng Sanhedrin. Yung paglalarawan ni Marcos na si Jose ay "naghihintay sa pagdating ng kaharian ng Diyos" ay pagpapakilala na siya ay isang debotong Judio na naging mananampalataya ni Jesus (Juan 19:38).

Binigyang diin ni Marcos rito na nilakasan ni Jose ang kanyang loob na ipaabot ang isang kahilingan kay Pilato. Ang kilos na ito ay tiyak na magsisilbing inspirasyon sa mga mambabasa ni Marcos na magkaroon rin ng lakas ng loob na manindigan para kay Jesus. Kailangan na lakasan ni

[1]Mann, p. 656.

[2]*The New Bible Dictionary*, s.v. "Arimathaea," by J. W. Meiklejohn, p. 81.

Jose ang kanyang loob sapagkat humarap na siya ng matinding oposisyon mula sa Kapulungan. At gayundin naman, ang mga mambabasa ni Marcos ay dapat na mag-ipon rin ng lakas ng loob na tumindig para kay Jesus laban sa mga makakapangyarihang opisyal na sumalungat sa Kanya.

> "Upang burahin ang kahihiyan ng Krus, pinatingkad ni Marcos ang dangal ni Jesus, ito man ay sa kamatayan o sa libingan. Marangal ang kanyang pagbibigay pansin kay Jesus na anupa't kahit na sa kabila ng dinudustang kamatayan na Kanyang sinapit, ang isang dakila at marangal na tao na gaya ni Jose na taga-Arimatea ay handang sumuong sa panganib at oposisyon para lamang maayos na mailibing ang bangkay ni Jesus."[1]

15:44-45 Hindi karaniwan para sa isang ipinako sa krus na mamatay ng mabilis na gaya ng nangyari kay Jesus. Kaya naman, kinailangang tiyakin ni Pilato na si Jesus ay patay nan ga. At sa talatang ito, itinala sa atin ni Marcos na ang kamatayan ni Jesus ay pinatunayang totoo ng isang Romanong senturyon; upang sa gayo'y maipaunawa rin ni Marcos sa kanyang mga Romanong mambabasa gamit ang patotoo ng senturyon na namatay nga si Jesus. Marahil, may ilang mga Romano na hindi agad makapaniwala na patay na si Jesus sapagkat nakasanayan na nilang marinig na ang mga kriminal na ipinapako sa krus ay hindi agad namamatay, kundi nananatili pang buhay ng ilang araw.

Gayundin naman, hindi karaniwang ibinibigay ang labi ng isang pinarusahang mamatay sa krus o sa sala ng paghihimagsik laban sa gobyerno ng Roma sa sinumang tao, kundi sa kanilang malapit na kamag-anak o pamilya lamang.[2] Kaya naman, yung payagan ni Pilato na ibigay ang bangkay ni Jesus kay Jose ay nagpapahiwatig na hindi talaga siya naniniwala na si Jesus ay nagkasala ng paghihimagsik o pagtataksil sa Roma (ikumpara. vv. 14-15). Dagdag pa rito, gusto ko ring malaman natin na sa buong Bagong Tipan, dito lamang binanggit ang salitang "bangkay" (Gr. *ptoma*, v. 45) upang tukuyin ang patay na katawan ni Jesus. At

[1]Gundry, p. 980.

[2]Wessel, p. 785.

syempre, ang ganitong paggamit ni Marcos ng salita ay para mas bigyang diin at patunayan pa ang realidad ng kamatayan ni Jesus.[1]

15:46 Tinulungan ni Nicodemo si Jose na taga-Arimatea sa mga bagay na dapat ihanda at sa gawain ng paglilibing kay Jesus (ikumpara. Juan 19:39); at siguro ay kasama rin nila ang kanilang mga lingkod para tulungan sila na matapos ito. Ngunit dito, itinala lamang ni Marcos ang simpleng pagbabalot sa katawan ni Jesus gamit ang 'telang lino' (Gr. *sindon*). Minsan pa, maaaring ang impormasyon na ito ay para bigyang patunay pa rin sa kanyang mga orihinal na mambabasa na talagang namatay si Jesus.

> "Ang telang lino na binili ni Jose upang ibalot sa katawan ni Jesus ay isang paraan ng pagbibigay karangalan."[2]
>
> "Nang si Jose na taga- Arimatea ay pumunta kay Pilato, siya ay naging marumi ayon sa kinaugaliang tuntunin at dahil rito, hindi na siya pwedeng makibahagi sa papalapit na pista. Ngunit higit pa riyan, ang ganyang karumihan ay mas lalong pinalala nang dahil sa kanilang paglapit at paghawak sa patay. Gayunpaman, mas minatamis pa ng dalawang sekretong mga alagad – sina Jose at Nicodemo – na maging madumi ayon sa seremonyal na tuntunin, upang mahawakan nila ng may pagkalinga ang katawan ng isang Banal ng Diyos na hindi kailanman nabahiran ng korapsyon ng kasalanan."[3]

15:47 Binanggit rito ni Marcos ang presensya ng dalawang Maria na nagmamasid sa libingan; ito'y upang ihanda ang kanyang sasabihin paglaon na sila'y naroon din sa lugar na iyon nang ang libingan ay natagpuang walang laman (16:1, 5). Nakita nilang namatay si Jesus (v. 40), at nakita na rin nila dito na Siya'y inilibing. Walang duda kung gayon na alam nila kung nasaan ang libingan ni Jesus nang pinuntahan nila ito ng umaga ng Linggo, yamang naroon sila noong hapon ng Biyernes. Minsan pa, makikita natin sa talang ito na maingat si Marcos sa kanyang salaysay. Maingat siya laban sa anumang maling konklusyon na ang mga disipulo ni

---

[1]Cf. Nineham, p. 435.

[2]Gundry, p. 981.

[3]Morgan, *An Exposition …,* p. 430.

Jesus ay napunta sa maling libingan noong umaga ng Linggo at dahil rito'y magiging kwestyunable ang Kanyang muling pagkabuhay.

Binayaran ng Lingkod ng Diyos ang matinding presyo o ultimatong kabayaran sa kasalanan ng sangkatauhan, walang iba kundi ang Kanyang buhay. Binigyang diin ni Marcos sa kanyang salaysay ang kahanga-hangang serbisyo na ginawa ni Jesus na dapat nating tularan at pati na rin ang realidad ng Kanyang kamatayan at pagkakalibing.

VIII. ANG MULING PAGKABUHAY NG LINGKOD NG DIYOS KAB. 16

Ang muling pagkabuhay ni Jesu-Cristo ang siyang 'climax' ng Ebanghelyo ni Marcos, kung paanong ito rin ang siyang sukdulang yugto sa iba pang Ebanghelyong aklat. Pinatunayan at pinatibay ni Jesus ang Kanyang pahayag bilang banal na Anak ng Diyos, na hindi lang basta isang taong messias, sa pamamagitan ng Kanyang muling pagkabuhay mula sa mga patay.

> "Prinisenta ni Marcos ang muling pagkabuhay bilang kapaliwanagan at layunin ng buhay ni Jesus."[1]

A. ANG PAGPAPAHAYAG SA MULING PAGKABUHAY NI JESUS 16:1-8 (IKUMPARA. MAT. 28:1-8; LUKAS 24:1-8; JUAN 20:1)

16:1 Ang Sabbath ay nagtatapos sa paglubog ng araw ng Sabado ng gabi, ngunit ang mga kababaihang ito ay hindi nagpunta sa libingan hangga't di sumasapit ang Linggo ng umaga (v. 2, ikumpara. Mat. 28:1). Ngunit bakit binanggit ni Marcos ang 'Araw ng Pamamahinga' o Sabbath? Marahil ay para klaruhin pa ng husto na si Jesus ay nasa libingan na iyon sa mahaba-haba na ring mga oras o mga araw.

Kung iyong mapapansin, ang mga kababaihan na binanggit rito ni Marcos na pumasok sa libingan ay ang mga kababaihan rin na nagmamasid kay Jesus noong Siya ay nasa krus (15:40-41). Dalawa sa kanila ay bumisita na sa libingan ni Jesus noong hapon ng Biyernes (15:47). Ngunit dito, may ilan ng mga kababaihan na sumama sa kanila upang pumunta sa libingan (ikumpara. Lukas 24:10).

[1]Merrill C. Tenney, *The Reality of the Resurrection*, p. 56.

MGA KABABAIHAN NA BUMISITA SA LIBINGAN NG UMAGA NG LINGGO

Mateo 28:1	**Marcos 16:1**	**Lukas 24:10**	**Juan 20:1**
Maria Magdalena	Maria Magdalena	Maria Magdalena	Maria Magdalena
Ang isa pang nagngangalang Maria =	Si Maria na in ani Santiago	Si Maria na in ani Santiago	
	Salome		
		Joanna	
		Iba pa	

Ang mga kababaihan ay pumunta sa libingan ni Jesus upang lagyan ng pabango ang Kanyang bangkay. Ang mga Judio noong panahong iyon ay hindi nagsasagawa ng pag-i-embalsamo.[1] Nais ng mga kababaihang ito na bigyan ng parangal ang bangkay ni Jesus sa pamamagitan ng mga mahahalimuyak na pabango. Marahil ang ipinakitang halimbawa ni Maria na taga-Bethania ay nagbigay sa kanila ng inspirasyon na gawin ang ganitong anyo ng sakripisyo o handog sa Panginoon (ikumpara. 14:3-9). At siguro, ito'y maaaring bunsod ng kanilang di pagkakaunawa na si Jesus ay muling mabubuhay.

> "Sa mga huling tagpo roon sa Jerusalem, yaong mga karaniwang tauhan sa kwento ni Marcos ay nagpakita ng halimbawa kungo ano ang ibig sabihin ng "pagiging lingkod ng lahat." May mga tagpo na makikita natin na si Jesus ang naglilingkod sa iba, ngunit sa oras ng Kanyang pangangailangan, Siya naman ang pinaglilingkuran ng iba: halimbawa, Siya'y pinatuloy sa bahay ng dating ketongin na si Simon; binuhusan Siya ng mamahaling pabango na katumbas ng isang taong sahod; pinasan naman para sa Kanya ni Simon na taga-Cirine; kinuha ni Jose ang Kanyang bankay mula sa krus at inilibing, at may mga kababaihan na pupunta sa Kanyang libingan upang balutin ng mga pabango ang Kanyang bangkay. Ang mga aksyong ito ng

[1]Hiebert, p. 408.

> paglilingkod na ginawa para kay Jesus ay ginawa ng mga taong lakas-loob na humarap sa mga posibleng panganib at sakripisyo – ito man ay sap era, ang arestuhin ng kinauukulan, o kaya'y ang mawalan ng reputasyon. Ginawa nila itong lahat para kay Jesus. Kaya nga, ang mga karaniwang taong ito o silang mga nasa likuran lamang ng scenario ang siyang gumawa ng mga bagay na dapat sana'y gawin ng mga alagad ni Jesus. Si Juan Bautista ay inilibing ng kanyang mga alagad at inaasahan rin naman na ang bangkay ni Jesus ay aasikasuhin at ililibing rin ng Kanyang mga alagad. Subalit hindi ito ang nangyari, sa halip, ang mga taong ito na nasa karaniwan at laylayang tagpo lamang ng kwento ang siyang gumawa ng mga bagay na nabigong gawin ng mga alagad."[1]

16:2 Malinaw ang pagkakalgay ni Marcos ng oras ng pagbisita ng mga kababaihan.[2] Nangangahulugan ito na sila ay umalis sa kanilang mga tahanan bago pa lamang magbubukang-liwayway at nakarating sa libingan nang sumikat na ang araw (Mat. 28:1; Lukas 24:1; Juan 20:1).

16:3 Dito ay inalala nila kung paano nila matatanggal ang malaki at mabigat na bato na nakaharang sa pasukan ng libingan. Nangangahulugan ito na wala silang alam na ang pinto ng libingan ay tinatakan upang at pinabantayan sa mga sundalo (Matt. 27:62-66).

16:4 Ang pagkakabanggit ni Marcos sa detalyeng ito ay nagsasaad lang ng karaniwang pangyayari, subalit sa tala ng ibang Ebanghelista, nagpapahiwatig sila ng isang 'supernatural' na elemento na nangyari. Ang tanong ng mga babae sa isa't isa at ang pagkakita nila sa bukas na libingan ay nagpapahiwatig na sinumang gumulong ng bato ay tiyak na napakalakas.

16:5 Pagpasok ng mga kababaihan sa pintuan ng libingan, nakita nila sa loob ang isang "binata" (Gr. *neaniskos*) na nakaupo roon. Marahil ay napaisip sila: sino kaya ang binatang ito? Ayon kay Mateo, ang binatang ito ay

---

[1]Rhoads at Michie, pp. 132-33. Inalis ang dibisyon sa paragraph.

[2]Tingnan ang pag-aaral ni Zane C. Hodges, "The Women and the Empty Tomb," *Bibliotheca Sacra* 123:492 (October-December 1966):301-9.

isang anghel (Matt. 28:5). Nakasuot siya ng mahaba at maputing damit (cf. 9:3) at ang mga kababaihan ay “natakot” nang makita siya.

Sa tala ni Lukas, dalawang anghel ang naroroon sa libingan (Lukas 24:4, 23), subalit maaaring ito’y karagdagan sa anghel na nakita ng mga babae doon sa loob ng libingan nang pumunta sila.

> "Maaari nating imungkahi rito na ang layunin ng presensya ng anghel sa libingang ito ay para maging tagapag-ugnay sa pagitan ng aktuwal na kaganapan ng Muling Pagkabuhay at ng mga kababaihan na napabisita roon. Hindi ipinahintulot na makita ng paningin ng tao kung paano nagaganap ang Muling Pagkabuhay. Subalit ang mga anghel na laging nakatunghay sa pagkilos ng Diyos, sila ang siyang nakakita nito. At dahil rito, naging pahayag ng anghel sa mga kababaihan, “Siya’y binuhay ng Diyos!” Ito’y pahayag na tila nagsisilbing salamin para sa magaganap na muling pagkabuhay sa hinaharap."[1]

> "Yaong mga iginuhit na paglalarawan na ipinapakitang ang ating maluwalhati at muling nabuhay na Tagapagligtas ay lumalabas mula sa libingan habang mga bantay ay gulat na gulat at takot na takot sa kanilang nakita ay hindi ayon sa tunay na kaganapan. Sa halip, ang muling pagkabuhay ay naganap ng tahimik, lihim, kahanga-hanga, at ang katawan ni Jesus ay maluwalhating lumagos sa mga bato ng libingan."[2]

16:6 Pinapayapa muna ng “binata” ang takot ng mga kababaihan. Dapat na itigil nila ang kanilang pagtataka sapagkat predikta na mismo ni Jesus ang Kanyang muling pagkabuhay, at ngayon nga ay naganap na ito. At nagpatuloy nga ang “binata” sa pagpapaliwanag na si “Jesus na taga-Nazareth” na kanilang hinahanap, na ipinako sa krus, ay wala na sa libingan, kundi muling nabuhay na. At para patunayan ang kanyang sinasabi, itinuro ng binata ang “pinaglagyan” ng bangkay ni Jesus; wala na Siya roon. Siya na ipinako ay muling nabuhay!

---

[1]Cranfield, *The Gospel …*, pp. 465-66.

[2]Lenski, p. 741.

> "Ang katotohanang ito ay napakaliwanag sa mga sinaunang polemista o tagapagtanggol ng Pananampalataya."[1]

16:7 Dagdag pa ng “binata,” dapat na ipabatid ng mga kababaihan sa mga alagad ni Jesus na sila’y Kanyang kakatagpuin sa Galilea, gaya mismo ng Kanyang paunang sinabi (ikumpara. 14:28; Mat. 26:32). Partikular na kailangan ni Pedro ang mabuting balitang ito, lalo’t tatlong beses niyang ipinagkaila si Jesus at dahil rito’y naging kaawa-awa ang kanyang naging kalagayan. Si Marcos lamang ang nagtala ng katagang “sabihin ninyo sa Kanyang mga alagad at kay Pedro.” May partikular na pagbanggit kay Pedro sapagkat ito ay naging napakahalaga at hindi malilimutang sandali para sa kanya. At marahil ang katagang ito ay impluwensya rin ni Pedro kay Marcos na itala. Dagdag pa, sa pangungusap na ito ay makikita natin na si Pedro ay itinuturing pa rin na isa sa mga tagapamunong alagad, sa kabila ng kanyang kabiguan.

Ang Galilea ang siyang magandang lugar upang makapaglunsad ng isang pandaigdigang misyon tungo sa mga Hentil at pati na rin sa mga Judio. Kung paanong tinawag ni Jesus ang Kanyang mga alagad na maging mangingisda ng mga tao doon sa Galilea (1:17), ngayon naman ay tinatawag Niya sila na pastulan ang mga tupa na naroroon (Juan 21:15-19).

> "Napakaraming mga prediksyon ni Jesus ang natupad sa aklat ni Marcos na anupa’t napakahirap pag-alinlanganan na magaganap rin ang bagay na ito."[2]

> "Ang huling tagpo ay bumabalik sa Galilea, pabalik sa naging simula ng kwento. Ang utos ng “binata” na nadatnan doon sa libingan ay nagsasabi sa mga alagad na humayo patungo sa Galilea, marahil ay para sa muling pagsisimula. Ang sariwang simula na ito ay para rin sa sinuman sa hinaharap na nagnanais na sumunod kay Jesus. Subalit syempre, ang sariwang pagsisimula na ito ay nangangahulugan at magbubunga rin ng parehas na komplikasyon at hamon na naranasan ni Juan Bautista at ni Jesus. Dagdag pa rito, ang Galilea ay malayo sa Jerusalem

[1]Lane, p. 588.

[2]Gundry, p. 1009.

> na siyang sentro ng Judaismo, ngunit ito'y patungo sa mga bansang Hentil, na kung saan ang sabi ni Jesus, ang Mabuting Balita ay dapat na ipangaral bago dumating ang wakas ng panahon."[1]

Ang mga alagad ay hindi agad pumunta ng Galilea. Kinailangan pa nila ng maraming mga katibayan para sa muling pagkabuhay ni Jesus, na ibinigay naman ni Jesus ng paunti-unti sa kanila, bago sila pumunta roon.

> "Maaaring mahirap unawain ng mga alagad ang dahilan kung bakit ang muling pagkikita-kita sa Galilea ay kinakailangan madalian yamang si Jesus ay nanatili muna sa Jerusalem ng halos isang Linggo matapos ang Kanyang muling pagkabuhay (Juan 20:26). Marahil ang dahilan ay para linawin na ang pagtatatag ng Kaharian ng Diyos sa Jerusalem ay hindi agad mangyayari (ikumpara. Gawa 1:6)."[2]

16:8 Dito ay kapansin-pansin ang tagpo na ang mga kababaihan, matapos ang kanilang nasaksihan, ay "patakbong umalis na nanginginig at litung-lito." Hindi nila sinabi sa kaninuman ang kanilang nasaksihan—yun ay, sa umpisa. Subalit sa paglaon, kanilang ipinahayag at pinalaganap ang Mabuting Balita na si Jesus ay muling nabuhay (Mat. 28:8; Lukas 24:9).

> "Ang katapusan ng aklat ng Marcos, na itinuturing na nagtapos sa talatang 8, ay tila nagsisilbing panusok sa mataas na pagtingin ng tao sa kanyang sarili. Ito ay bumubutas sa konpidente at superioridad na pananaw na maaaring taglay ng isang mambabasa sa kanyang sarili. Ang pagtatapos ng aklat ay bumabalik na may paghamon sa mambabasa. Sa bawat kabanata ng pagsasalaysay ni Marcos, nang pinagbawalan ni Jesus ang mga tao na huwag ipagkaingay ang Kanyang ginawa, ito'y kanilang ipinagkakaingay. Subalit sa katapusan ng kwento, nang sinabi ng 'binata' sa mga kababaihan na ipamalita nila ang napakahalagang mensahe na dapat ay malaman ng lahat, baliktad ang nangyari, sila'y nanahimik. Ang takot ng mga

[1]Rhoads and Michie, p. 71.

[2]Swete, p. 398.

> kababaihan ang siyang nanaig sa katapusan ng kwento. At ang nangibabaw na takot na ito ang siya ring humahamon sa mambabasa na harapin ang kanyang sariling takot. Gaano man ang 'nalalaman' o 'nakikita' ng isang mambabasa, siya ay haharap pa rin sa hindi niya maiiwasang matinding kapasyahan—yun ay, ang manahimik na gaya ng mga kababaihan o ang ipahayag ang mabuting balita sa gitna ng pag-uusig at maging panganib ng kamatayan."[1]
>
> "Kung ipagpapalagay natin na ang Ebanghelyo ni Marcos ay nagtapos sa talatang 8, tila gustong ipahiwatig ni Marcos na "ang ebanghelyo ni Jesus na Messias" (kab. 1:1) ay isang kaganapan na hindi kayang arukin ng unawa ng tao at dahil rito'y kahangahanga at nakakatakot rin. At dahil rito, masasabi natin na ang punto na "dahil sa matinding takot, wala silang sinabi kaninuman" ang siyang pinaka akma na katapusan o konklusyon para sa Ebanghelyo, bagamat ito'y hindi sikat na pananaw na tinitingnan ng marami. Yung biglaang pagtatapos na ginawa rito ni Marcos ay tumutugma rin sa kanyang pambungad sa aklat, na kung saan ay sa paunang salita pa lang ay iniharap na niya ang kanyang mga mambabasa sa kapahayagang hatid ni Juan Bautista at ni Jesus (Kab. 1:1-13)."[2]

B. Ang mga Pagpapakita ni Jesus at ang Kanyang Pag-akyat sa Langit 16:9-20

Maraming mga iskolar ng Biblia ang naniniwala na ang aklat ng Marcos ay nagtapos sa talatang 8.[3] Ang ganitong pananaw ay hindi kapani-paniwala sa iba sapagkat hindi magandang halimbawa na ang mga alagad ay takot na takot na ipamalita na si Jesus ay muling nabuhay. Ang halimbawa ng mga kababaihan ay hindi magandang tularan at dahil rito'y hindi magandang pagtatapos sa aklat ni Marcos. Sa buong aklat ng Ebanghelyong ito, natunghayan natin ang maraming mga natatanging tagpo na kung saan ay

---

[1]Rhoads at Michie, pp. 61-62. Tinang rin ang kay Bock, *Jesus according …,* p. 396.

[2]Lane, p. 592.

[3]Gaya ng kay Henry Alford, *The Greek Testament*, 1:438; Bruce, "The Synoptic …," 1:454; Mann, pp. 659-70; Carson and Moo, pp. 187-90; Cranfield, *The Gospel …,* pp. 470-72; Cole, pp. 257-59; et al.

humihikayat sa mga alagad na paglingkuran ang Diyos sa pamamagitan ng matapang na pamamahayag kay Jesus kahit na ang kapalit pa nito ay pag-uusig at kahirapan.

Ang katapusan ng Ebanghelyo ni Marcos ay isa sa masalimoot na pag-aaral sa Bagong Tipan – tinatawag sa Ingles na 'textual problem.' Ang pangunahing dahilan kung bakit may ilang mga dalubhasa na itinuturing ang talatang 9 hanggang 20 na wala sa orihinal ay ito: Ang dalawang pinakamatandang 'Greek uncial manuscripts' (ito yung mga manuskrito na nasusulat sa mga malalaking letra) ng Bagong Tipan, ang Codex Sinaiticus ("*Aleph*") at ang Codex Vaticanus ("B"), na bumabalik ang pagkakagawa noong ikaapat na siglo, at ang iba pang maraming mga matatandang manuskrito, ay hindi naglalaman ng mga talatang ito – yun ay, v. 9-20. Dagdag pa, wala ring matatagpuan sa sulat ng mga 'church fathers' na gaya nina Justin Martyr (A.D. 155), Tatian (A.D. 170), at Irenaeus (A.D. 180) na binabanggit ang mga talatang ito.[1] Dagdag pa, may ilang mga dalubhasa na nakikita na ang bokabularyo, estilo, at nilalaman ng mga talata ay naiiba sa katangian ng pagsusulat ni Marcos bilang isang may-akda.[2] At dahil rito, naging konklusyon ng maraming modernistang iskolar na ang talatang 9-20 ay hindi bahagi ng orihinal na Ebanghelyo ni Marcos.[3]

Subalit kung hindi sila bahagi sa orihinal na aklat ni Marcos, saan sila nanggaling? Masasabi ba natin na sila'y bahagi ng inspiradong Salita ng Diyos o hindi sila maituturing na inspirado?

Sa kabilang banda, ang talatang 9 hanggang 20 ay maaaring bahagi ng orihinal na aklat ni Marcos ngunit dahil sa anumang kadahilanan na hindi natin alam ngayon, ang mga talatang ito ay hindi nating makikita sa mga matatandang kopya ng manuskrito. Kung ganito nga, maituturing natin na ang mga talatang ito ay awtoritado o inspirado rin na gaya ng iba pang bahagi ng Ebanghelyo.[4] Ang "*Aleph*" at "B" ay nag-iiwan ng puwang para sa lahat o ilan sa mga talatang ito.[5]

---

[1]Para sa higit pang detalye, tingnan ang pag-aaral ni Bruce M. Metzger, *A Textual Commentary on the Greek New Testament*, pp. 122-26.

[2]Gaya ng kay Alford, 1:438; Wessel, p. 792; Bratcher and Nida, pp. 517-22; Mann, pp. 673-74; et al.

[3]Gaya ng kay Swete, pp. ciii-cxiii; A. F. Hort, *The Gospel According to St. Mark*, p. 199; B. B. Warfield, *An Introduction to the Textual Criticism of the New Testament*, p. 203; Joel F. Williams, "Literary Approaches to the End of Mark's Gospel," *Journal of the Evangelical Theological Society* 42:1 (March 1999):21-35; *The NET2 Bible* note on 16:9; Lane, pp. 591, 601-5; et al.

[4]John W. Burgon, *The Last Twelve Verses of the Gospel According to S. Mark*; Morison, pp. 446-49, 463-70; Lenski, pp. 750-55.

[5]*The Nelson …,* p. 1680.

Ang isa pang pananaw ay yaong paniniwala na may ibang nagdagdag ng mga talatang ito sa Ebanghelyo ni Marcos, upang magbigay ng positibong pagtatapos sa aklat. Maaaring ang pagsasagawa niya nito ay wala sa ilalim ng inspirasyon ng Diyos, at dahil rito'y maituturing natin na hindi nagtataglay ng banal na awtoridad na gaya ng ibang Kasulatan. Ngunit sa kabilang banda, pwede rin naman na liban kay Marcos ay mayroong nagdagdag ng talatang 9 hanggang 20 na nasa ilalim ng patnubay ng Banal na Espiritu at dahil rito ay pwede nating masabi na ang mga talatang ito ay nagtataglay ng pantay na awtoridad na gaya ng ibang mga talata o kasulatan sa Ebanghelyong ito.[1]

Mayroong mga talata na tila naisulat sa kalaunan matapos na maisulat ang pangunahing nilalaman ng isang aklat. At kahit na gayon, itinuturing pa rin ng mga Judio at maging ng mga Kristyano ang mga inilagay na mga talatang ito na bahagi ng mga inspiradong talata o Kasulatan. Halimbawa, ang tala ng kamatayan ni Moises ay matatagpuan sa huling bahagi ng Deuteronomio; ito ay pinaniniwalaan ng mga konserbatibo na isinulat pa rin daw ni Moises (ikumpara. Deut. 34:5-12). Isa pang halimbawa ay may kinalaman sa bayan ng Dan sa aklat ng Genesis (Gen. 14:14), na maaaring hindi pa gayon ang pangalan noong hindi pa nabubuhay si Moises. Marahil ay mayroong bumago (update) ng pangalan ng bayang ito at ginawang 'Dan' noong panahon na ni Moises. At yun nga, mayroon pang ibang mga talata sa Biblia na maaari nating sipiin na ganito ang kaso.

> "Ako ay naniniwala na ang mga apostol ay nagkaroon ng kani-kanilang sariling *pagtatala* ng mga sinabi at ginawa ni Jesus. Hinggil sa talatang 8 na itinuturing na naging katapusan ng aklat ni Marcos, masasabi ko na dito nagtapos ang lahat ng pagtatala na ginawa ni Pedro. Samantala, ang mga sumunod na mga talata ay pagtatala na mismo ni Marcos bilang isang mabilis na pagbubuod. Ang estilo na ginawa niya ay tugma sa mga naunang salaysay; yun nga lang ay mas mabilis ang 'transition' o paglilipat ng mga tagpo kumpara sa mga nauna. Gayunpaman, ang mga ito ay mainam na naiugnay sa mga nagdaang tagpo. Kaya gamit ang ganitong pananaw, pwede nating masabi na ito marahil ang dahilan kung bakit sa ilang matandang mga kopya ng aklat ni Marcos ay hindi makikita o siguro'y inalis ang talatang 8 hanggang 20. O kaya naman, maaaring sa paglaon ay idinagdag na ito mismo ni Marcos matapos na maipamahagi niya ang naunang aklat na kanyang sinulat. At ito ang dahilan kung bakit

[1]Grassmick, p. 194.

> hindi ito makikita sa mga kopya ng unang aklat ngunit matatagpuan sa ibang kopya."[1]

Ang karaniwang pananaw ng mga ebanghelikal, kasama na ako, ay kahit na hindi natin magagawang patunayan na ang talatang 9 hanggang 20 ay orihinal na bahagi ng Ebanghelyo ni Marcos – bagamat pwedeng sila'y bahagi – ay lumalabas pa rin na ang mga talatang ito ay itinuturing na inspirado at awtoratibo noong panahon ng sinaunang Iglesia.

Dagdag pa rito, mayroong dalawang maikling pagtatapos na sumunod sa talatang 8 na makikita sa ilang matandang mga kopya o manuskrito. Gayunpaman, halos lahat ng mga daluhasa sa pag-aaral ng teksto ay tumatanggi sa lehitimong katangian ng mga ito.[2]

1. Tatlong Ulit na Pagpapakita Matapos ang Muling Pagkabuhay 16:9-18

Mayroong tatlong salaysay na nagbibigay diin sa kahalagahan ng paniniwala ng mga alagad sa mga itinuro ni Jesus, partikular sa turo at pahayag na Siya'y muling mabubuhay. Binibigyang pansin rito sa diwa ng tumitindi at agarang panawagan ang halaga ng kanilang pananalig sa katotohanang ito.

Ang Pagpapakita ni Jesus kay Maria Magdalena 16:9-11 (ikumpara. Juan 20:11-18)

16:9 Sa salin sa Tagalog, mababasa natin na ang salitang "siya" ay tumutukoy kay Jesus – yun ay, sa katagang "matapos na siya'y muling mabuhay." Subalit may mga dalubhasa na nakikita na ang hindi paggamit ng pangalang 'Jesus' sa talatang ito ay nagpapahiwatig ng malaking pagkakaiba sa daloy ng pangyayari na tinutukoy sa talatang 8. Gayunpaman, maaaring hindi na pinangalanan ng sumulat nito na si 'Jesus' ang muling nabuhay sapagkat sino pa ba ang pwedeng makagawa ng himalang ito kundi Siya lamang; si Jesus lamang ang maliwanag na tinutukoy rito.[3]

Maaaring ganito ang paglalarawan kay Maria na ginawa ng sumulat upang ipakita kung bakit siya naroroon sa libingan. Isang napakadakilang bagay ang ginawa ni Jesus para kay Maria Magdalena; at bilang tugon, ang pagibig niya kay Jesus ay napakalaki. Ang aklat ni Marcos at Lukas ay

---

[1]Baxter, 5:224.

[2]See Mann, pp. 677-79.

[3]Morison, p. 450.

parehas na nagsasaad na pitong demonyo ang pinalaya ni Jesus mula kay Magdalena. (ikumpara. Lukas 8:2). Siguro ay ganito ang pagkakalarawan sa kanya ng sumulat upang mas higit siyang makilala, yamang siya ay isang mahalagang tauhan at ito ang unang pagkakataon na binigyang diin siya sa aklat ni Marcos (ikumpara. Mat. 27:56; Juan 20:11-18). Ipinapahiwatig rito na si Maria Magdalena ay bumalik sa libingan matapos na sila'y umalis ng mga kababaihan mula rito ng dahil sa takot (vv. 1-8).

16:10 Hindi na isinalaysay ni Marcos o ng sumulat ang tagpo sa hardin na kung saan ay nagpakita si Jesus kay Magdalena (Juan 20:11-18). Gayunpaman, matapos ang tagpong iyon sa hardin, ibinalita ni Maria sa mga alagad na si Jesus ay muling nabuhay (ikumpara. v. 7). Subalit habang ang mga Judio ay nagdiriwang ng Paskuwa, ang mga alagad naman ni Jesus ay nagluluksa.

16:11 Hindi makapaniwala ang mga alagad (yun ay, silang mga nakasama ni Jesus) sa testimonya ni Magdalena. Subalit ang ganitong tagpo ay magsisilbing kaaliwan at lakas ng loob para sa ibang mga tagasunod ni Jesus na ipapamalita ang Kanyang muling pagkabuhay. May mga tao talagang mahihirapang maniwala na muling nabuhay si Jesus.

Ang Pagpapakita ni Jesus sa Dalawang Lalaki 16:12-13 (ikumpara. Lukas 24:13-32)

Ito ay buod na bersyon ng ginawang pagpapakita ni Jesus sa dalawang lalaki doon sa daang papunta sa Emaus – na itinala ni Lukas sa detalyadong pamamaraan.

16:12 Sa iba't ibang anyo ng pagpapakita na ginawa ni Jesus, Siya'y hindi agad nakikilala ng mga tao. Tila hirap silang makilala ang Kanyang katauhan liban lang na ihayag na Niya mismo ang Kanyang sarili sa kanila (ikumpara. Lukas 24:16, 31).[1]

16:13 Tila sa punto ng manunulat, ang dahilan kung bakit hindi agad nakikilala ng mga alagad si Jesus ay dahil sa kanilang kawalang pananampalataya (ikumpara. v. 11). Kapansin-pansin na ang personal na pagkasaksi ng isang babae sa pagkabuhay ni Jesus, at kahit na ang personal na pagpapakita ni Jesus sa dalawang lalaki ay hindi nakapagbukas ng paningin ng puso ng mga alagad. Ang Diyos ay kailangang kumilos sa supernatural na

[1]Andrews, p. 590.

pamamaraan para mangyari ito; at ito pa rin ang Kanyang ginagawa hanggang ngayon sa puso ng mga tao.

Ang Pagpapakita ni Jesus sa Labing-Isa 16:14-18 (ikumpara. Lukas 24:36-43; Juan 20:19-23)

16:14 Sinabi ng manunulat rito na si Jesus ay nagpakita sa Labing-Isa "pagkatapos" ng mga ito. Gayunpaman, may isa sa Labing-Isa na wala nang si Jesus ay nagpakita sa kanila, yun ay si Tomas (Juan 20:24). Ginamit ng may akda ang salitang "Labing-Isa" bilang panukoy sa grupo at hindi sa bawat indibidwal. Ang tagpong ito ay tiyak na nangyari nang gabi ng Linggo ng Pagkabuhay.

Ito ang pinakamatinding saway na ibinigay ni Jesus sa Kanyang mga alagad na naitala sa mga aklat ng Ebanghelyo.[1] Hindi lamang nila pinagdudahan ang mga balita ng Kanyang muling pagkabuhay (vv. 11, 13), kundi pinatigas rin nila ang kanilang puso sa posibilidad mismo na Siya ay muling nabuhay. Ngunit ang ganyang katigasan ng kanilang ulo at ang kanilang pag-aalinlangan ang siyang tutulong sa kanila upang maunawaan rin ang kawalang pananampalataya ng maraming mga taong makikinig sa kanilang patotoo at pangangaral ng Ebanghelyo.

> "Maaaring ipinahintulot ng Diyos na mabalitaan muna ng mga Apostol ang Muling Pagkabuhay bago nila makita na si Jesus ay muling nabuhay, upang malaman nila sa personal na karanasan kung ano ang pakiramdam ng manangan sa patotoo ng iba, na siya mismong magiging lagay ng mga taong maaakay nila sa pananampalataya."[2]

16:15 Maaaring ang atas rito ng paghayo at pangangaral – ang tinaguring 'Great Commission' – ay naunang sinabi kumpara sa naitala ni Mateo (Mat. 28:19-20). Dito sa tala ni Marcos, ang binibigyang diin ng atas ng paghayo ay sa pangkahalatan (ikumpara. 14:9). Ang ibig sabihin, responsibilidad ng mga alagad na ipangaral sa "buong mundo" at "sa lahat ng tao" ang Mabuting Balita. Sa wikang Griego ay napakatindi ng pinapahiwatig ng katagang ito; ang salitang "lahat" ay *hapanta*; yun ay, sa bawat at lahat ng bahagi ng mundo na nangangailangang makapakinig ng ebanghelyo.

---

[1]Swete, p. 403.

[2]Plummer, p. 372.

16:16 Ito ang talata na pinanghahawakan ng iba sa paniniwalang ang bautismo sa tubig raw ay kinakailangan para sa kaligtasan.[1] Subalit ang bautismo na ipinapakita sa Bagong Tipan ay laging nangangahulugan ng panlabas na konpesyon ng pananampalataya kay Jesus. At ito rin ang lagay na makikita natin rito sa talata. Sa ikalawang bahagi ng talata ay malinaw na makikita na ang kawalang-pananalig lang ang siyang dahilan kung bakit ang isang tao ay nahatulan o 'paparusahan' (ikumpara. 9:43-48); hindi sinabing sa paniniwala o kabiguang dumaan sa bautismo sa tubig.

Sa grammar sa Ingles, makikita sa unang bahagi ng talata yung 'article' na pumapaibabaw sa mga 'participles' – yun ay, "*Ang* sinumang sumampalataya at mabautismuhan ay maliligtas." Syempre, ipinapakita rito na may malapit na ugnayan ang pananampalataya at baustimo, subalit ang sila'y pag-isahin ay maling pananaw (ikumpara. Rom. 3:21-28; 1 Cor. 1:17; Eph. 2:8-9). Ang bautismo ay hindi kondisyon o kinakailangan para sa kaligtasan, kundi isang mahalagang hakbang para sa pagsunod ng isang sumasampalatayang disipulo ni Cristo.

16:17-18 Ang mga talatang ito ay sumusuporta sa primaryong kahalagahan ng pananampalataya. Silang mga sumasampalataya – hindi lamang ang Labing-Isa – ay magpapatuloy na gumawa ng mga supernatural na mga gawa. Sa buong Kasulatan, ang gayong mga 'tanda' o "himala" ay laging tumutukoy sa isang supernatural na pangyayari na gawa ng Diyos na nagpapatibay sa mensahe ng ebanghelyo na ipinahayag (ikumpara. v. 20).

> "Ang mga 'tanda' o 'himala' ay nagpapatibay sa Pananampalataya o mensahe na ipinangaral ng mga sinaunang mananampalataya, hindi sa kanilang personal na pananampalataya."[2]

Naranasan na ng LabingDalawa na magpalayas ng mga demonyo at magpagaling ng mga maysakit sa ngalan ni Jesus (6:7, 12-13). Dito ay sinasabi na maipagpapatuloy nila ang ganitong mga kakayahan (ikumpara. Gawa 5:16; 8:7; 16:18; 19:12; 28:8). Ngunit sa buong aklat ng Ebanghelyo, sa talatang ito lamang binabanggit na ang mga disipulo ay magsasalita "ng iba't ibang wika" (yun ay, mga wika na hindi pa pinag-aralan) (ikumpara. Gawa 2:4; 10:46; 19:6; 1 Cor. 12:10, 28, 30; 13:1; 14:2, 18-19).

---

[1]Gaya ng kay Lenski, p. 766.

[2]Grassmick, p. 196.

> "Yung kawalan ng pagbanggit at prediksyon sa mga aklat ng Ebanghelyo na mayroong mangyayaring pagsasalita sa iba't ibang wika ay nakatatawag pansin. Oo, mayroong mga taong napuspos ng Espiritu subalit hindi naman nagsalita ng iba't ibang wika. Maging ang prediksyon tungkol sa mangyayaring bautismo sa Espiritu Santo ay hindi kinapapalooban ng ganitong uri ng pangyayari – pagsasalita sa iba't ibang wika. Dagdag pa, walang nabanggit si Jesus tungkol sa gawain ng Banal na Espiritu na may kinalaman sa pagsasalita sa iba't ibang wika. Sa katunayan, hindi nais ni Jesus na ang pananalangin sa Diyos ay parang sirang plaka, hindi maintindihan at ingay lang. Kaya't gamit ang mga puntong ito sa mga aklat ng Ebanghelyo, pwede nating masabi na ang tinatawag na pagsasalita sa iba't ibang wika na hindi maintindihan at parang walang kabuluhang tunog ng dila lamang ay hindi alinsunod sa pagsasalita sa iba't ibang wika na inilalarawan na nangyari sa Kasulatan, lalo't sa Bagong Tipan."[1]

Kaya nga, walang tekstuwal na ebidensya para sabihin na ang 'iba't ibang wika' na sinasabi sa aklat ng Mga Gawa ay yaong ginagawa ngayon sa ibang mga simbahan na walang kahulugang tunog ng dila. Sa Bagong Tipan, ang 'pagsasalita sa iba't ibang wika' ay laging tungkol sa tunay na wika.[2] Dagdag pa sa mga ito, ang 'immunidad' o ang hindi tablan ng kamandag ng ahas ay isa ring tanda na mararanasan ng mga alagad (ikumpara. Gawa 28:3-6). Subalit walang anumang halimbawa sa Aklat ng mga Gawa na ang mga alagad at ang mga mananampalataya ay kusang uminom ng lason at hindi namatay. Walang ganyang halimbawa na itinala.

Hindi sinabi ni Jesus kung hanggang kaylan mararanasan o isasakatuparan ng mga alagad ang mga bagay na ito. Yaong yugto ng mga himala sa nakaraang panahon ay maikli lamang (ikumpara. Exo. 7—14; 1 Hari 17—2 Hari 10). Kaya naman, ganyan din naman siguro ang dapat na asahan ng mga alagad (ikumpara. 1 Cor. 13:8). Dagdag pa, pinapatunayan rin sa kasaysayan ng Iglesia na ang yugto ng paggawa ng mga himala noong

---

[1]Robert G. Gromacki, *The Modern Tongues Movement*, p. 78.

[2]Tingnan ang pag-aaral ni S. Lewis Johnson Jr., "The Gift of Tongues and the Book of Acts," *Bibliotheca Sacra* 120:480 (October-December 1963):309-11; Gromacki, pp. 53-68.

unang siglo ay lumipas rin nang ang 'canon' o awtoritatibong mga aklat sa Bagong Tipan ay nakumpleto na (ikumpara. 2 Cor. 12:12; Heb. 2:3-4). Ngunit may ilang mga Kristyano na nagsasabi na ang mga pangakong ito ay napapanahon at kagamit-gamit o 'valid' pa rin daw ngayon – halimbawa ay ang sekta ng Appalachia na nagsasagawa ng paghawak ng ahas at pag-inom ng lason. Subalit ang mga pangakong ito ay may kinalaman sa proteksyon ng Diyos sa mga mananampalataya na pipilitin ng kanilang mga mang-uusig na gumawa ng mga mapanganib na bagay na gayon.

Syempre, ang Diyos ay kumikilos pa rin minsan na kumbinsihin ang mga tao tungkol sa katotohanan ng ebanghelyo o kaya'y ang pagtibayin ang katotohanan ng Kanyang salita sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mga supernatural na karanasan. Ngunit dapat natin ring malaman na may ilang mga kulto na nakapagsasakatuparan ng mga himala o kababalaghang bagay sa pamamagitan ng kapangyarihan ng demonyo.[1] Mapaanupaman, naiiba ang mga karanasang ito sa ipinangako rito ni Jesus. Totoo na may ilang mga sinaunang Kristyano na may kakayahang gumawa ng mga himala kapag kanilang naiibigan—bagamat alinsunod pa rin sa kalooban ng Diyos (gaya ng sa Gawa 3:6; 16:18). Subalit hindi na ito ang siyang kalagayan ngayon, bagamat ang Diyos ay gumagawa pa rin ng mga himala sa panahong ito.

2. Ang Pag-Akyat ni Jesus sa Langit 16:19-20 (ikumpara. Lukas 24:50-53; Gawa 1:9-12)

16:19 Ang tagpong ito ay naganap 40 mga araw matapos ang pagpapakita ni Jesus ayon sa pagtatala na ginawa ng may-akda (ikumpara. Gawa 1:3). Kapansin-pansin ang pagbanggit niya na si Jesus "ay iniakyat sa langit at umupo sa kanan ng Diyos" (isang posisyon ng kapangyarihan at awtoridad) ngunit hindi na niya pinahaba pa ang pagpapaliwanag sa bagay na ito. Dagdag pa, sa mga Ebanghelyong aklat, ang titulong "Panginoong Jesus" ay dito lamang sa talatang ito at sa Lukas 24:3 makikita. Si Jesus ng Nazaret ay naging Panginoon sa Kanyang mga alagad at disipulo sa punto ng isang soberanong Panginoon; ito'y matapos ang Kanyang muling pagkabuhay. Syempre, si Jesus ay Panginoon sa likas na punto, subalit sa pamamagitan ng katotohanan ng Kanyang Muling

[1]Tingnan ang pag-aaral ni Raphael Gasson, *The Challenging Counterfeit*, pp. 66-72.

Pagkabuhay, ang Kanyang likas na pagkaPanginoon ay nakita ng tunay at wagas ng Kanyang mga alagad.

Naging bahagi ng prediksyon ni Jesus ang Kanyang pag-akyat sa langit, subalit ito'y sa pamamagitan ng mga salitang matalinghaga (14:7). Nasaksihan ng mga alagad ang pangyayaring ito. Syempre, hindi nila nakita ng mukhaan ang Kanyang pag-upo sa kanan ng Diyos sa langit. Gayunpaman, inaasahan na sa Lumang Tipan na ang Messias ay mauupo sa langit bago ang Kanyang pagbabalik upang pagharian ang daigdig (Aw. 110:1). Natutunan ng mga alagad na itong aspeto ng ministeryo ni Jesus ay malalagay sa pagitan ng dalawang 'advent' o pagdating ni Jesus (ikumpara. Gawa 2:33-35; 7:56). Sa madaling salita, ang kasalukuyang kalagayan ni Jesus ngayon sa kanan ng Diyos Ama ay nagpapakita ng Kanyang sinakatuparan na gawain ng pagtubos sa daigdig at sa Kanyang awtoridad na ipatupad ang kalooban ng Diyos sa panahong ito. Subalit dapat unawain na ang kasalukuyang pamamahala ni Jesus ngayon sa Iglesia habang nakaupo Siya doon sa kanan ng Diyos Ama sa langit ay hindi pareho sa Kanyang panghinaharap na paghahari sa daigdig, na kung saan sa Kanyang Ikalawang Pagdating ay itatatag Niya ang kaharian ni David at mauupo sa trono ni David dito sa daigdig.[1]

16:20 Ang gawain ni Jesus sa daigdig ay ipinagpatuloy ng mga sinaunang mga mananampalataya. At Oo, ito ay tunay na pagpapatuloy ng Kanyang gawain sa daigdig sapagkat Siya'y kumikilos sa pamamagitan nila at binigyang tibay at patunay ang kanilang mga pangangaral sa pamamagitan ng mga tanda at himala (ikumpara. Gawa 1:1-2).

> "Ang buong aklat ng Mga Gawa ay binubuod dito sa talatang dalawangpu."[2]

Ang mga sinaunang mananampalataya ay nagbigay ng positibong halimbawa na tutularan ng mga susunod na henerasyon ng mga mananampalataya. Sa pamamagitan nito, ang Ebanghelyo ni Marcos ay nagkaroon ng positibong pagtatapos.

May ilang mga sumunod na manuskrito at mga matandang bersyon ng manuskrito na katatagpuan ng paragraph sa katapusan ng talatang 20. Sa ibang manuskrito, ang

---

[1]Tingnan ang sinasabi ni Cleon L. Rogers Jr., "The Davidic Covenant in Acts-Revelation," *Bibliotheca Sacra* 151:601 (January-March 1994):81-82.

[2]Cole, p. 263.

paragraph na ito ng ilang dagdag na impormasyon ay inilagay sa baba ng talatang 8. Gayunpaman, walang malakas na tekstuwal na ebidensya na nagsasabing ang dagdag na paragraph na ito ay 'authentic' o bahagi ng orihinal na aklat ni Marcos. Para sa akin, hindi ko maituturing na ang dagdag na paragraph na ito ay bahagi ng inspiradong Ebanghelyong aklat na sinulat ni Marcos o kaya'y bahagi ng inspiradong 'appendix' – yun ay, ang talatang 9-20.

Ang 17 na Ulit na Pagpapakita ni Jesus Matapos ang Kanyang Muling Pagkabuhay
Kay Maria Magdalena (Marcos 16:9-11; Juan 20:11-17)
Sa iba pang mga kababaihan na bumalik sa libingan sa ikalawang pagkakataon (Mat. 28:8-10)
Kay Pedro (Lukas 24:34; 1 Cor. 15:5)
Sa dalawang disipulo na naglalakad sa daan patungo sa Emaus (Marcos 16:12-13; Lukas 24:13-35)
Sa sampung alagad, si Tomas ay hindi nila kasama (Marcos 16:14; Lukas 24:36-43; Juan 20:19-23)
Sa labing-isang mga alagad paglipas ng isang linggo, naroroon na si Tomas (John 20:26-29)
Sa pitong alagad na nasa tabi ng Lawa ng Galilea (Juan 21:1-14)
Sa mahigit limang-daang mga mananampalataya (1 Cor. 15:6)
Kay Santiago, na kapatid ng Panginoon (1 Cor. 15:7)
Sa labing-isang mga alagad doon sa Galilea (Mat. 28:16-20)
Sa labing-isang mga alagad noong Siya ay paakyat na sa langit (Marcos 16:19-20; Lukas 24:50-53; Gawa 1:3-9)
Kay Esteban, ng malapit na siyang mamatay (Gawa 7:55-56)
Kay Saul, doon sa daan patungo sa Damasco (Gawa 9:3-7)
Kay Pablo doon sa Arabia (Gal. 1:12)
Kay Pablo doon sa templo sa Jerusalem (Gawa 22:17-21)
Kay Pablo doon sa bilangguan sa Caesarea (Gawa 23:11)

Kay Apostol Juan (Pah. 1:12-20)

Ang gawain ng pagbabahagi ng ebanghelyo ay nagpatuloy sa Roma sa pamamagitan ng mga sinaunang disipulo na tumanggap ng Ebanghelyong aklat na ito. Ang salaysay na ito ng mabuting balita tungkol kay Jesu-Cristo (1:1) ay tiyak na nagbigay ng partikular na kaaliwan at lakas ng loob sa mga Romanong kristyano. Sa pamamagitan ng aklat na ito ay nabigyang linaw sa kanila ang kapasyahan na kung sila ba ay maninindigan sa publiko na sila'y mga Kristyano o ang maging Kristyano lang sa sekreto. Magagawa ba nilang manindigan bilang isang Kristyano kahit na ang kahulugan pa nito ay ang pagkawala ng kanilang mga lupain, ari-arian, trabaho, at maging ng kanilang buhay. Bilang mga Romano, sila ay inuutusan ng batas ng Roma na mag-alay ng insenso para kay Caesar bilang pagkilala na siya'y isang 'diyos.' Ngunit ang pagsasagawa nito ay tiyak na magko-kompromiso ng kanilang komitment na para lang sana kay Jesus na kanilang Panginoon. Gayunpaman, ang talikurang sambahin si Caesar ay magdudulot sa kanila ng matinding kawalan at pagtitiis. Kaya nga, ang Ebanghelyo na ito ay partikular na nakakatulong sa mga disipulong dumaraan rin sa parehas na hamon, anuman ang panahon at lugar na kanilang kinalalagyan.

Ayon kay Wiersbe, ang Ebanghelyo ni Marcos ay nakakahawig sa mga talatang binanggit ni Pablo sa Filipos 2 na kung saan ay ipinapakita ang katauhan ng isang dakilang lingkod – si Jesus. Si Jesus ay dumating bilang isang lingkod (Marcos 1—13; Fil. 2:1-7); Siya'y namatay sa krus (Marcos 14—15; Fil. 2:8), at itinaas ng Diyos sa kaluwalhatian (Marcos 16; Fil. 2:9). Parehas na binigyang diin nina Marcos at Pablo ang kahalagahan na maipangaral ng mga disipulo ni Jesus ang ebanghelyo sa lahat ng mga bansa (Marcos 16:15-16; Fil 2:10-11). Kapuwa sila nagbigay ng katiyakan na ang Diyos ay kumikilos sa buhay at sa pamamagitan ng mga sumasampalataya sa Kanya (Marcos 16:19-20; Fil. 2:12-13).[1]

[1]Wiersbe, 1:168.

Appendix 1

THE KINGDOMS OF GOD



Appendix 2

Mga Pananaw tungkol sa Messianikong Kaharian

Pananaw	**Ito ba'y nagsimula na?**	**Ilang yugto mayroon ang mga ito?**	**Kinalalagyan ni Jesus**	**Ang kinakasangkapan ni Jesus**
Non-millennial	Oo	Isa	Sa Langit o sa Bagong Lupa	Iglesia
Covenant Premillennial	Oo	Dalawa	Sa Langit (nangyayari na) at sa Lupa (hindi pa)	Iglesia at Iglesia
Progressive Dispensational	Oo	Dalawa	Sa Langit (nangyayari na) at sa Lupa (hindi pa)	Iglesia at Israel
Traditional Dispensational	Hindi	Isa	Sa Lupa	Israel


PLACES MENTIONED IN MARK'S GOSPEL
Sidon
Tyre
PHOENICIA
Caesarea Philippi
GALILEE
Capernaum
Bethsaida Julias
Magdala
Tiberias
Gersa
Nazareth
Gadara
SAMARIA
DECAPOLIS
PEREA
Arimathea
Jericho
Bethany
Jerusalem
Bethphage
JUDEA
Masada
IDUMEA

Bibliography

Adams, J. McKee. *Biblical Backgrounds*. Nashville: Broadman Press, 1965.

Albright, William Foxwell. *The Archaeology of Palestine*. 1949. Revised ed. Pelican Archaeology series. Harmondsworth, Middlesex, England: Penguin Books, 1956.

Alexander, Joseph Addison. *The Gospel According to Mark*. 1881. Reprint ed. London: Banner of Truth, 1960.

Alexander, William M. *Demonic Possession in the New Testament: Its Relations Historical, Medical, and Theological*. Edinburgh: T. & T. Clark, 1902.

Alford, Henry. *The Greek Testament*. 4 vols. New ed. Cambridge: Deighton, Bell, and Co., 1883, 1881, 1880, 1884.

Anderson, Hugh. *The Gospel of Mark*. New Century Bible series. Greenwood, S.C.: Attic Press, 1976.

Andrews, Samuel J. *The Life of Our Lord Upon the Earth*. 1862; revised ed. New York: Charles Scribner's Sons, 1891; reprint ed. Grand Rapids: Zondervan Publishing House, 1954.

Archer, Gleason L., Jr. *Encyclopedia of Bible Difficulties*. Grand Rapids: Zondervan Publishing House, 1982.

Bailey, Mark L. "A Biblical Theology of Suffering in the Gospels." In *Why, O God? Suffering and Disability in the Bible and the Church*, pp. 161-81. Edited by Larry J. Waters and Roy B. Zuck. Wheaton: Crossway, 2011.

Bailey, Mark L., and Thomas L Constable. *The New Testament Explorer*. Nashville: Word Publishing, 1999. Reissued as *Nelson's New Testament Survey*. Nashville: Thomas Nelson Publishers, 1999.

Barclay, William. *The Gospel of Mark*. The Daily Study Bible series. 2nd ed. Edinburgh: St. Andrews Press, 1964.

Bateman, Herbert W., IV. "Defining the Titles 'Christ' and 'Son of God' in Mark's Narrative Presentation of Jesus." *Journal of the Evangelical Theological Society* 50:3 (September 2007):537-59.

Baxter, J. Sidlow. *Explore the Book*. 1960. One vol. ed. Grand Rapids: Zondervan Publishing House, 1980.

Beasley-Murray, G. R. *A Commentary on Mark Thirteen*. London: Macmillan, 1957.

Berg, Laurna L. "The Illegalities of Jesus' Religious and Civil Trials." *Bibliotheca Sacra* 161:643 (July-September 2004):330-42.

Best, E. *The Temptation and the Passion*. Cambridge: Cambridge University Press, 1965.

Bishop, Eric F. F. *Jesus of Palestine: The Local Background to the Gospel Documents*. London: Lutterworth, 1955.

Bishop, Jim. *The Day Christ Died*. New York: Harper and Brothers, 1957.

Blunt, A. W. F. *The Gospel According to Saint Mark*. The Clarendon Bible series. Oxford: Clarendon Press, 1929.

Bock, Darrell L. *Blasphemy and Exaltation in Judaism and the Final Examination of Jesus: A Philological-Historical Study of the Key Jewish Themes Impacting Mark 14:61-64.* Wissenschaftliche Untersuchungen zum Neuen Testament, number 106. Tübingen, Germ.: Mohr Siebeck, 1998.

_____. *Jesus according to Scripture: Restoring the Portrait from the Gospels*. Grand Rapids: Baker Book House; and Leicester, England: Apollos, 2002.

Bock, Darrell L., and Mikel Del Rosario. "The Table Briefing: Did the Historical Jesus Claim to Be Divine?" *Bibliotheca Sacra* 173:691 (July-September 2016):352-61.

Boobyer, G. H. "Mark II, 10a and the Interpretation of the Healing of the Paralytic." *Harvard Theological Review* 47 (1954):115-20.

Bratcher, R. G., and E. A Nida. *Translator's Handbook on Mark*. Leiden, Netherlands: E. J. Brill, 1961.

Brown, William E. "The New Testament Concept of the Believer's Inheritance." Th.D. dissertation, Dallas Theological Seminary, 1984.

Bruce, Alexander Balmain. "The Synoptic Gospels." In *The Expositor's Greek Testament*. 1 (1912):3-651. 7th ed. Edited by W. Robertson Nicoll. London: 5 vols. Hodder and Stoughton, 1900-12.

_____. *The Training of the Twelve*. 8th ed. N. c.: A. C. Armstrong and Son, 1894; reprint ed. Grand Rapids: Kregel Publications, 1971.

Bruce, F. F. *The Spreading Flame*. Reprint ed. Grand Rapids: Wm. B. Eerdmans Publishing Co., 1958, 1961.

Burdick, Donald W. "The Gospel According to Mark." In *The Wycliffe Bible Commentary*, pp. 987-1026. Edited by Charles F. Pfeiffer and Everett F. Harrison. Chicago: Moody Press, 1962.

Burgon, John W. *The Last Twelve Verses of the Gospel According to S. Mark*. 1871. Reprint ed. N. c.: Sovereign Grace Book Club, 1959.

Calvin, John. *Commentary on a Harmony of the Evangelists*. 3 vols. Grand Rapids: Baker Book House, 1979.

Carl, Harold F. "Only the Father Knows: Historical and Evangelical Responses to Jesus' Eschatological Ignorance in Mark 13:32." A paper presented at the Annual Meeting of the Evangelical Theological Society, Nov. 16, 2000, Nashville, Tenn.

Carrington, P. *According to Mark*. Cambridge: Cambridge University Press, 1960.

Carson, Donald A., and Douglas J. Moo. *An Introduction to the New Testament*. 2nd ed. Grand Rapids: Zondervan, 2005.

Chantry, Walter J. "Does the New Testament Teach the Fourth Commandment?" *The Banner of Truth* 325 (October 1990):18-23.

Clarke, W. N. "Commentary on the Gospel of Mark." In *An American Commentary*. 1881. Reprint ed. Philadelphia: American Baptist Publication Society, n. d.

Cole, R. A *The Gospel According to Mark*. Tyndale New Testament Commentaries series. 2nd ed. Leicester, England: Inter-Varsity Press, and Grand Rapids: Wm. B. Eerdmans Publishing Co., 1989.

Cranfield, C. E. B. *The Gospel According to Saint Mark*. Cambridge Greek Testament Commentary series. Cambridge: Cambridge University Press, 1959.

_____. "St. Mark 13." *Scottish Journal of Theology* 6 (April 1953):165-96; (July 1953):287-303; 7 (April 1954):284-303.

Darby, John Nelson. *Synopsis of the Books of the Bible*. 5 vols. Revised ed. New York: Loizeaux Brothers Publishers, 1942.

Davis, C. Truman. "The Crucifixion of Jesus. The Passion of Christ from a Medical Point of View," *Arizona Medicine* 22:3 (March 1965):185-87.

Decker, Rodney J. "The Use of *euthys* ('immediately') in Mark." *Journal of Ministry and Theology* 1:1 (Spring 1997):90-121.

DeGraaf, David. "Some Doubts about Doubt: The New Testament Use of *Diakrino*." *Journal of the Evangelical Theological Society* 48:8 (December 2005):733-55.

Deissmann, Adolf. *Light from the Ancient East*. 4th ed. Translated by Lionel R. M. Strachen. Grand Rapids: Baker Book House, 1965.

Dillow, Joseph C. *The Reign of the Servant Kings*. Miami Springs, Fla.: Schoettle Publishing Co., 1992.

Donahue, J. R. "Tax Collectors and Sinners: An Attempt at Identification." *Catholic Biblical Quarterly* 33 (1971):39-61.

Doriani, Daniel. "The Deity of Christ in the Synoptic Gospels." *Journal of the Evangelical Theological Society* 37:3 (September 1994):333-50.

Dyer, Charles H. "The Purpose for the Gospel of Mark." In *Essays in Honor of J. Dwight Pentecost*, pp. 49-62. Edited by Stanley D. Toussaint and Charles H. Dyer. Chicago: Moody Press, 1986.

Earle, Ralph. *The Gospel According to Mark*. The Evangelical Commentary on the Bible series. Grand Rapids: Zondervan Publishing House, 1957.

Edersheim, Alfred. *The Life and Times of Jesus the Messiah*. 2 vols. Grand Rapids: Wm. B. Eerdmans Publishing Co., 1971.

_____. *The Temple: Its Ministry and Services As They Were at the Time of Jesus Christ.* Reprint ed. Grand Rapids: Wm. B. Eerdmans Publishing Co., 1972.

Edwards, James R. "The Authority of Jesus in the Gospel of Mark." *Journal of the Evangelical Theological Society* 37:2 (June 1994):217-33.

Ehrman, Bart D. *A Brief Introduction to the New Testament*. New York and Oxford, U.K.: Oxford University Press, 2004.

_____. *The New Testament: A Historical Introduction to the Early Christian Writings*. 3rd ed. New York and Oxford, U.K.: Oxford University Press, 2000, 2004.

Ellenburg, B. Dale. "A Review of Selected Narrative-Critical Conventions in Mark's Use of Miracle Material." *Journal of the Evangelical Theological Society* 38:2 (June 1995):171-80.

English, E. Schuyler. "A Neglected Miracle." *Bibliotheca Sacra* 126:504 (October-December 1969):300-5.

Eppstein, V. "The Historicity of the Gospel Account of the Cleansing of the Temple." *Zeitschrift für die Neutestamentliche Wissenschaft* 55 (1964):42-58.

Eusebius. *The Ecclesiastical History of Eusebius Pamphilus*. Twin Brooks series. Popular ed. Grand Rapids: Baker Book House, 1974.

Evans, Craig A. *Mark 8:27—16:20*. Word Biblical Commentary series. Nashville: Thomas Nelson, 2000.

Farmer, William Reuben. *The Synoptic Problem*. New York: Macmillan, 1964.

Finegan, Jack. *Light from the Ancient Past: The Archeological Background of Judaism and Christianity.* 2nd edition. Princeton University Press. London: Oxford University Press, 1959.

Gaebelein, Arno C. *The Annotated Bible*. 4 vols. Reprint ed. Chicago: Moody Press, and New York: Loizeaux Brothers, 1970.

Garlington, Don B. "Jesus, the Unique Son of God: Tested and Faithful." *Bibliotheca Sacra* 151:603 (July-September 1994):284-308.

Gasson, Raphael. *The Challenging Counterfeit*. Plainfield, N.J.: Logos International, 1966, 1969.

Gatti, Nicoletta. "Women as 'Model Readers' in Marks Gospel." *Bibliotheca Sacra* 176:702 (April-June 2019):188-202.

Gerstner, John H. *The Theology of the Major Sects*. Grand Rapids: Baker Book House, 1960.

Gianoulis, George C. "Did Jesus' Disciples Fast?" *Bibliotheca Sacra* 168:672 (October-December 2011):413-25.

Glasscock, Ed. "Mark." In *Surveying the Gospels and Acts*, pp. 71-105. Edited by Paul D. Weaver. [Schroon Lake, N.Y.]: Word of Life, 2017.

Gould, Ezra P. *A Critical and Exegetical Commentary on the Gospel According to St. Mark*. International Critical Commentary series. Edinburgh: T. & T. Clark, 1896.

Grant, F. W. *The Crowned Christ*. Reprint ed. New York: Loizeaux Brothers, 1945.

Grassi, Joseph A. "*Abba*, Father (Mark 14:36): Another Approach." *Journal of the American Academy of Religion* 50:3 (September 1982):449-58.

Grassmick, John D. "Mark." In *The Bible Knowledge Commentary: New Testament*, pp. 95-197. Edited by John F. Walvoord and Roy B. Zuck. Wheaton: Scripture Press Publications, Victor Books, 1983.

A Greek-English Lexicon of the New Testament. By C. G. Wilke. Revised by C. L. Wilibald Grimm. Translated, revised and enlarged by Joseph Henry Thayer, 1889.

Green, Michael P. "The Meaning of Cross-Bearing." *Bibliotheca Sacra* 140:558 (April-June 1983):117-33.

Gromacki, Robert G. *The Modern Tongues Movement*. Philadelphia: Presbyterian and Reformed Publishing Co., 1967; reprint ed., Grand Rapids: Baker Book House, n.d.

Guelich, Robert A. *Mark 1—8:26*. Word Biblical Commentary series. Dallas: Word Books, 1989.

Gundry, Robert H. *Mark: A Commentary on His Apology for the Cross*. Grand Rapids: Wm. B. Eerdmans Publishing Co., 1993.

Guthrie, Donald. *New Testament Introduction: The Gospels and Acts*. Reprint ed. London: Tyndale Press, 1965, 1966.

Hanna, Kenneth G. *From Gospels to Glory: Exploring the New Testament*. Bloomington, Ind.: CrossBooks, 2014.

Heil, John Paul. "Mark 14, 1-52: Narrative Structure and Reader Response." *Biblica* 71:3 (1990):305-32.

Hellerman, Joseph H. "Challenging the Authority of Jesus: Mark 11:27-33 and Mediterranean Notions of Honor and Shame." *Journal of the Evangelical Theological Society* 43:2 (June 2000):213-28.

Hendricks, Howard G. *Standing Together: Impacting Your Generation*. Gresham, Oreg.: Vision House Publishing, 1995.

Hengel, Martin. *Studies in the Gospel of Mark*. Philadelphia: Fortress Press, 1985.

Henry, Matthew. *Commentary on the Whole Bible*. One volume ed. Edited by Leslie F. Church. Grand Rapids: Zondervan Publishing Co., 1961.

Hiebert, D. Edmond *Mark: A Portrait of the Servant*. Chicago: Moody Press, 1974.

Hodge, Charles. *Systematic Theology*. 3 vols. New York: Charles Scribner's Sons, 1887.

Hodges, Zane C. "The Blind Men at Jericho." *Bibliotheca Sacra* 122:488 (October-December 1965):319-30.

_____. "The Women and the Empty Tomb." *Bibliotheca Sacra* 123:492 (October-December 1966):301-9.

Hoehner, Harold W. *Chronological Aspects of the Life of Christ*. Contemporary Evangelical Perspectives series. Grand Rapids: Zondervan Publishing House, 1977.

_____. *Herod Antipas*. Society for New Testament Studies Monograph Series 17. Cambridge: Cambridge University Press, 1972.

_____. "Jesus' Last Supper." In *Essays in Honor of J. Dwight Pentecost*, pp. 63-74. Edited by Stanley D. Toussaint and Charles H. Dyer. Chicago: Moody Press, 1986.

Hollon, Elton L., and Samuel M. Frost. "Jesus's Temple Prophecy in Mark 14:58." *Bibliotheca Sacra* 180:718 (April-June 2023):202-27.

The Holy Bible: Authorized King James Version. Cambridge, U.K.: Cambridge University Press, n.d.

The Holy Bible: English Standard Version. Wheaton: Good News Publishers, 2001.

The Holy Bible: Holman Christian Standard Bible. Nashville: Holman Bible Publishers, 2004.

The Holy Bible: New International Version. Colorado Springs, et al.: International Bible Society, 1984.

The Holy Bible: New King James Version. Nashville: Thomas Nelson Publishers, 1982.

The Holy Bible: Revised Standard Version. New York: Thomas Nelson & Sons, 1952.

Hort, A. F. *The Gospel According to St. Mark*. 1902. Reprint ed. Cambridge: Cambridge University Press, 1928.

Hunter, A. M. *The Gospel According to Saint Mark*. Torch Bible Commentary series. London: SCM, 1967.

Hutchison, John C. "Servanthood: Jesus' Countercultural Call to Christian Leaders." *Bibliotheca Sacra* 166:661 (January-March 2009):53-69.

Jamieson, Robert; A. R. Fausset; and David Brown. *Commentary Practical and Explanatory on the Whole Bible*. Reprint ed. Grand Rapids: Zondervan Publishing House, 1961.

Jeremias, Joachim *The Eucharistic Words of Jesus*. 2nd ed. New York: Scribners, 1966.

_____. *New Testament Theology*. New York: Scribners, 1971.

_____. *The Parables of Jesus*. Translated by S. H. Hooke. London: SCM, 1963.

Johnson, S. Lewis, Jr. "The Gift of Tongues and the Book of Acts." *Bibliotheca Sacra* 120:480 (October-December 1963):309-11.

Johnson, Sherman E. *A Commentary on the Gospel According to St. Mark*. Black's New Testament Commentaries series. London: Adam & Charles Black, 1960.

Josephus, Flavius. *The Works of Flavius Josephus*. Translated by William Whiston. London: T. Nelson and Sons, 1866; reprint ed. Peabody, Mass.: Hendrickson Publishers, 1988.

Kelly, William. *An Exposition of the Gospel of Mark*. Reprint ed. London: C. A. Hammond, 1934.

Kingsbury, J. D. *Conflict in Mark: Jesus, Authorities, Disciples*. Minneapolis: Fortress Press, 1989.

Kuruvilla, Abraham. "The Naked Runaway and the Enrobed Reporter of Mark 14 and 16: What Is the Author Doing with What He Is Saying? *Journal of the Evangelical Theological Society* 54:3 (September 2011):527-45.

Ladd, George Eldon. *A Theology of the New Testament*. Grand Rapids: Wm. B. Eerdmans Publishing Co., 1974, 1979.

Lane, William L. *The Gospel According to Mark*. New International Commentary on the New Testament series. Grand Rapids: Wm. B. Eerdmans Publishing Co., 1974.

Latourette, Kenneth Scott. *A History of Christianity*. New York: Harper & Brothers Publishers, 1953.

Lenski, Richard C. H. *The Interpretation of St. Mark's Gospel*. Minneapolis: Wartburg Press, 1946.

Lowery, David K. "A Theology of Mark." In *A Biblical Theology of the New Testament*, pp. 65-86. Edited by Roy B. Zuck. Chicago: Moody Press, 1994.

MacArthur, John A., Jr. *The Gospel According to Jesus*. Grand Rapids: Zondervan Publishing House, Academie Books, 1988.

Macaulay, J. C. *The Bible and the Roman Church*. The Moody Colportage Library series. Chicago: Moody Press, 1946.

Maclaren, Alexander. "St. Mark." In *Expositions of Holy Scripture*. Vol. 8. Reprint ed. Grand Rapids: Wm. B. Eerdmans Publishing Co., 1944.

Maclear, G. F. "The Gospel According to St. Mark." In *Cambridge Bible for Schools and Colleges*. Cambridge: Cambridge University Press, 1890.

Mann, Christopher Stephen. *Mark*. The Anchor Bible series. New York: Doubleday, 1986.

Martin, R. P. *Mark: Evangelist and Theologian*. Grand Rapids: Zondervan Publishing House, 1972.

Matera, Frank J. "The Prologue as the Interpretive Key to Mark's Gospel." *Journal for the Study of the New Testament* 34 (October 1988):3-20.

McComiskey, Douglas S. "Exile and the Purpose of Jesus' Parables (Mark 4:10-12; Matt 13:10-17; Luke 8:9-10)." *Journal of the Evangelical Theological Society* 51:1 (March 2008):59-85.

McGee, J. Vernon. *Thru the Bible with J. Vernon McGee*. 5 vols. Pasadena, Calif.: Thru The Bible Radio; and Nashville: Thomas Nelson, Inc., 1983.

Merrill, Eugene H. "Deuteronomy, New Testament Faith, and the Christian Life." In *Integrity of Heart, Skillfulness of Hands*, pp. 19-33. Edited by Charles H. Dyer and Roy B. Zuck. Grand Rapids: Baker Book House, 1994.

Mershon, Barry, Jr. "The Gospel According to Mark." In *The Grace New Testament Commentary*, 1:139-219. Edited by Robert N. Wilkin. 2 vols. Denton, Tex.: Grace Evangelical Society, 2010.

Metzger, Bruce M. *A Textual Commentary on the Greek New Testament*. London: United Bible Societies, 1971.

Meyer, Frederick Brotherton. *John the Baptist*. Condensed Christian Books series. Westchester, Ill.: Good News Publishers, 1960.

Meyer, Heinrich August Wilhelm. "Critical and Exegetical Hand-Book to the Gospels of Mark and Luke." In *Meyer's Critical and Exegetical Commentary on the New Testament*. Translated, revised, and edited by William P. Dickson. New York: Funk & Wagnalls, 1884.

Miller, Calvin. *The Christ We Knew*. Nashville: Holman Bible Publishers, 2000.

The Mishnah. Translated by Herbert Danby. London: Oxford University Press, 1933.

M'Neile, Alan Hugh. *An Introduction to the Study of the New Testamen*t. 2nd ed. revised by C. S. C. Williams. Oxford: Clarendon Press, 1927, 1953.

Morgan, G. Campbell. *The Crises of the Christ*. 1903. Reprint ed. Westwood, N.J.: Fleming H. Revell Co., 1936.

_____. *An Exposition of the Whole Bible*. Westwood, N.J.: Fleming H. Revell, 1959.

_____. *The Gospel According to Mark*. Westwood, N.J.: Fleming H. Revell Co., 1927.

_____. *Living Messages of the Books of the Bible*. 2 vols. New York: Fleming H. Revell Co., 1912.

_____. *The Unfolding Message of the Bible*. Westwood, N.J.: Fleming H. Revell Co., 1961.

Morison, James. *A Practical Commentary on the Gospel According to St. Mark*. 8th ed. London: Hodder & Stoughton, 1896.

Morris, Leon. *The Lord from Heaven*. First American ed. Pathway Books series. Grand Rapids: Wm. B. Eerdmans Publishing Co., 1958.

Moule, C. F. D. *The Gospel According to Mark*. The Cambridge Bible Commentary series. Cambridge: Cambridge University Press, 1965.

Moulton, James Hope, and George Milligan. *The Vocabulary of the Greek Testament*. Grand Rapids: Wm. B. Eerdmans Publishing Co., 1930.

Murray, John. *Divorce*. Philadelphia: Presbyterian and Reformed Publishing Co., 1974.

The Nelson Study Bible. Edited by Earl D. Radmacher. Nashville: Thomas Nelson Publishers, 1997.

The NET2 (New English Translation) Bible. N.c.: Biblical Press Foundation, 2019.

The New American Standard Bible. La Habra, Cal.: The Lockman Foundation, 2020.

The New Bible Dictionary. Edited by J. D. Douglas. 1962 ed. S.v. "Arimathaea," by J. W. Meiklejohn, p. 81.

_____. S.v. "Judas Iscariot," by R. P. Martin, pp. 673-75.

_____. S.v. "Legion," by J. A. Balchin, p. 728.

The New English Bible with the Apocrypha. N.c.: Oxford University Press and Cambridge University Press. 1970.

The New Scofield Reference Bible. Edited by Frank E. Gaebelein, William Culbertson, et al. New York: Oxford University Press, 1967.

Nineham, D. E. *Saint Mark*. Pelican Gospel Commentary series. Baltimore: Penguin Books, 1963.

Ortlund, Dane C. "History's Dawning Light: 'Morning' and 'Evening' in Mark's Gospel and Their Eschatological Significance." *Journal of the Evangelical Theological Society* 61:3 (September 2018):493-511.

_____. "Mark's Emphasis on Jesus's Teaching, Part 1: Exploring a Neglected Motif." *Bibliotheca Sacra* 174:695 (July-September 2017):327-42.

_____. "Mark's Emphasis on Jesus's Teaching, Part 2: Eschatological Significance." *Bibliotheca Sacra* 174:696 (October-December 2017):412-23.

Overstreet, R. Larry. "Roman Law and the Trial of Christ." *Bibliotheca Sacra* 135:540 (October-December 1978):323-32.

Page, Sydney H. T. "Satan: God's Servant." *Journal of the Evangelical Theological Society* 50:3 (September 2007):449-65.

Paroschi, Keldie. "Following the Crumbs: Revisiting the Authenticity of Jesus's Encounter with the Syrophoenician Woman." *Journal of the Evangelical Theological Society* 64:3 (September 2021):509-25.

Pentecost, J. Dwight. *The Parables of Jesus*. Grand Rapids: Zondervan Publishing House, 1982.

_____. *Things to Come*. Findlay, Ohio: Dunham Publishing Co., 1958, 1963.

_____. *The Words and Works of Jesus Christ: A Study of the Life of Christ*. Grand Rapids: Academie Books, Zondervan Publishing House, 1981.

Peterson, Robert A. "Does the Bible Teach Annihilationism?" *Bibliotheca Sacra* 156:621 (January-March 1999):13-27.

Pfeiffer, Robert H. *History of New Testament Times With an Introduction to the Apocrypha*. London: Adam and Charles Black, 1949, 1963.

Plummer, Alfred. "The Gospel According to St. Mark" In *The Cambridge Greek Testament*. 1914. Reprint ed. Cambridge: Cambridge University Press, 1938.

Rawlinson, A. E. J. *The Gospel According to St. Mark*. Westminster Commentaries series. London: Methuen, 1949.

Rhoads, David M., and Donald M Michie. *Mark as Story: An Introduction to the Narrative of a Gospel*. Philadelphia: Fortress Press, 1982.

Richardson, Alan. *An Introduction to the Theology of the New Testament*. New York: Harper & Row, 1958.

Riddle, Matthew B. "The Gospel According to Mark." In *International Revision Commentary on the New Testament*. New York: Scribner, 1881.

Robertson, Archibald T. *Word Pictures in the New Testament*. 6 vols. Nashville: Broadman Press, 1930.

Rogers, Cleon L., Jr. "The Davidic Covenant in Acts-Revelation." *Bibliotheca Sacra* 151:601 (January-March 1994):71-84.

Ryrie, Charles Caldwell. *Biblical Theology of the New Testament*. Chicago: Moody Press, 1959.

_____. *The Miracles of our Lord*. Dubuque, Iowa: ECS Ministries, 2005.

Santos, Narry F. "Jesus' Paradoxical Teaching in Mark 8:35; 9:35; and 10:43-44." *Bibliotheca Sacra* 157:625 (January-March 2000):15-25.

_____. "The Paradox of Authority and Servanthood in the Gospel of Mark." *Bibliotheca Sacra* 154:616 (October-December 1997):452-60.

Schweizer, Eduard. *The Good News According to Mark*. London: SPCK, 1971.

Scroggie, W. Graham. *A Guide to the Gospels*. N.c.: Pickering & Inglis Ltd., 1948. Reprint ed. Westwood, N.J.: Fleming H. Revell Co., 1962.

Shanks, Monte A. "An Alternative Solution to an Alleged Contradiction in the Gospels." *Bibliotheca Sacra* 169:675 (July-September 2012):317-27.

Shedd, William G. T. *Dogmatic Theology*. 2 vols. Edinburgh: T. & T. Clark, 1889.

Showers, Renald E. *Maranatha Our Lord, Come: A Definitive Study of the Rapture of the Church*. Bellmawr, Pa.: Friends of Israel Gospel Ministry, 1995.

_____. *There Really Is a Difference! A Comparison of Covenant and Dispensational Theology.* Bellmawr, N.J.: The Friends of Israel Gospel Ministry, Inc., 1990.

Skinner, Christopher W. "'Whom He Also Named Apostles': A Textual Problem in Mark 3:14." *Bibliotheca Sacra* 161:643 (July-September 2004):322-29.

Smith, Geoffrey. "A Closer Look at the Widow's Offering: Mark 12:41-44." *Journal of the Evangelical Theological Society* 40:1 (March 1997)27-36.

Smith, George Adam. *The Historical Geography of the Holy Land*. New York: Armstrong and Son, 1909.

Smith, M. "Zealots and Sicarri, Their Origin and Relation." *Harvard Theological Review* 64 (1971):1-19.

Stauffer, Ethelbert. *Jesus and His Story*. Translated by Richard and Clara Winston. New York: Alfred A. Knopf, 1960.

Stedman, Ray C. *What on Earth Is Happening? What Jesus Said About the End of the Age*. Edited by James Denney. Grand Rapids: Discovery House Publishers, 2003.

Steinmann, Andrew E., and Rodger C. Young. "Dating the Death of Herod and the Reigns of His Sons." *Bibliotheca Sacra* 178:712 (October-December 2021):436-54.

Stott, John R. W. *Basic Introduction to the New Testament*. 1st American ed. Grand Rapids: Wm. B. Eerdmans Publishing Co., 1964.

Strack, H. L., and P. Billerbeck. *Kommentar zum Neuen Testament aus Talmud und Midrasch*. 4 vols. Munich: Beck'sche, 1922-28.

Sugirtharajah, R. S. "The Syrophoenician Woman." *The Expository Times* 98:1 (October 1986):13-15.

Swete, Henry Barclay. *The Gospel According to St. Mark*. 1898. Second ed. London: Macmillan, 1905.

Swindoll, Charles R. *The Swindoll Study Bible*. Carol Stream, Ill.: Tyndale House Publishers, 2017.

Taylor, Vincent. *The Gospel According to St. Mark*. 2nd ed. London, et al.: Macmillan; New York: St. Martin's Press, 1966.

Tenney, Merrill C. *The New Testament: An Historical and Analytic Survey*. Grand Rapids: Wm. B. Eerdmans Publishing Co., 1953, 1957.

_____. *The Reality of the Resurrection*. New York, et al.: Harper & Row, Publishers, 1963.

Theological Dictionary of the New Testament. Edited by Gerhard Kittel and Gerhard Friedrich. Translated and edited by Geoffrey W. Bromiley. 1964-76 ed. 10 vols. S.v. "*basilikos*," by K. L. Schmidt, 1(1964):591.

_____. S.v. "*pais*," by Albrecht Oepke, 5:(1967):636-54.

Thiessen, Henry Clarence. *Introduction to the New Testament*. Grand Rapids: Wm. B. Eerdmans Publishing Co., 1943, 1962.

Thomas, Robert L. *Evangelical Hermeneutics: The New Versus the Old*. Grand Rapids: Kregel Publications, 2002.

Thomson, W. M. *The Land and the Book*. 2 vols. New York: Harper & Brothers Publishers, 1873.

Thrasher, Bill. *A Journey to Victorious Praying*. Chicago: Moody Publishers, 2003.

Trench, Richard Chenevix. *Notes on the Miracles of Our Lord*. 10th ed. revised. London: Macmillan and Co., 1874.

_____. *Notes on the Parables of Our Lord*. 11th ed. London: Macmillan and Co., 1870.

Unger, Merrill F. *Biblical Demonology: A Study of the Spiritual Forces Behind the Present World Unrest*. Wheaton: Van Kampen Press, 1952.

_____. *Demons in the World Today: A Study of Occultism in the Light of God's Word.* Wheaton, Ill.: Tyndale House Publishers, 1971.

_____. "Divine Healing." *Bibliotheca Sacra* 128:511 (July-September 1971):234-44.

Van Baalen, Jan Karel. *The Chaos of Cults: A Study in Present-Day Isms*. 2nd revised and enlarged ed. Grand Rapids: Wm. B. Eerdmans Publishing Co., 1938, 1956.

Van der Loos, H. *The Miracles of Jesus*. Supplements to Novum Testamentum series. Vol. VIIII. Leiden, Netherlands: E. J. Brill, 1965.

Vos, Howard F. *The Life of Our Divine Lord*. Grand Rapids: Zondervan Publishing House, 1958.

Warfield, Benjamin B. *An Introduction to the Textual Criticism of the New Testament*. London: Hodder & Stoughton, 1899.

Wessel, Walter W. "Mark." In *Matthew-Luke*. Vol. 8 of *The Expositor's Bible Commentary*. 12 vols. Edited by Frank E. Gaebelein and J. D. Douglas. Grand Rapids: Zondervan Publishing House, 1984.

Wiarda, Timothy. "Story-Sensitive Exegesis and Old testament Allusions in Mark." *Journal of the Evangelical Theological Society* 49:3 (September 2006):489-504.

Wiersbe, Warren W. *The Bible Exposition Commentary*. 2 vols. Wheaton: Scripture Press, Victory Books, 1989.

Williams, George. *The Student's Commentary on the Holy Scriptures*. 5th ed. London: Oliphants, 1949.

Williams, Joel F. "Discipleship and Minor Characters in Mark's Gospel." *Bibliotheca Sacra* 153:611 (July-September 1996):332-43.

_____. "Does Mark's Gospel Have an Outline?" *Journal of the Evangelical Theological Society* 49:3 (September 2006):505-26.

_____. "Literary Approaches to the End of Mark's Gospel." *Journal of the Evangelical Theological Society* 42:1 (March 1999):21-35.

Wrede, William. *The Messianic Secret*. 1901. Reprint ed. Cambridge: James Clarke, 1971.

Wuest, Kenneth S. *Word Studies in the Greek New Testament*. Reprint ed. 16 vols. in 4. Grand Rapids: Wm. B. Eerdmans Publishing Company, 1966.

Zondervan Pictorial Encyclopedia of the Bible. Edited by Merrill C. Tenney. 1975 ed. 5 vols. S.v. "Sadducees," by D. A. Hagner, 5:211-16.